# Lumang Tipan

SEMINARY



SANGGUNIANG MANWAL NG GURO

# Sangguniang Manwal ng Guro para sa Lumang Tipan

Inihanda ng
Church Educational System

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

© 2010 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 9/95
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 9/95
Pagsasalin ng *Old Testament Teacher Resource Manual*
Tagalog

# MGA NILALAMAN


**Pambungad sa *Sangguniang Manwal ng Guro para sa Lumang Tipan*** . . . . 1

**Gabay sa Bilis ng Pagtuturo para sa 36-na-Linggong Taon Panuruan** . . . . 6

**Isang Pambungad sa Lumang Tipan** . . . . 8

**Mga Tulong sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan** . . . . 11

**Ang Dakilang Plano ng Kaligayahan** . . . . 13

**Ang mga Aklat ng Genesis, Moises, at Abraham** . . . . 21
- Abraham 3 . . . . 21
- Moises 1 . . . . 22
- Genesis 1–2; Moises 2–3; Abraham 4–5 . . . . 24
- Genesis 3; Moises 4 . . . . 28
- Genesis 4; Moises 5 . . . . 32
- Genesis 5; Moises 6–7 . . . . 36
- Genesis 6–10; Moises 8 . . . . 41
- Genesis 11–17; Abraham 1–2 . . . . 45
- Genesis 18–23 . . . . 50
- Genesis 24–33 . . . . 55
- Genesis 34–41 . . . . 60
- Genesis 42–50 . . . . 66

**Ang Aklat ng Exodo** . . . . 73
- Exodo 1–4 . . . . 73
- Exodo 5–10 . . . . 78
- Exodo 11–13 . . . . 81
- Exodo 14–15 . . . . 84
- Exodo 16–17 . . . . 86
- Exodo 18–24 . . . . 88
- Exodo 25–40 . . . . 92

**Ang Aklat ng Levitico** . . . . 99
- Levitico 1–16 . . . . 99
- Levitico 17–27 . . . . 104

**Ang Aklat ng Mga Bilang** . . . . 107
- Mga Bilang 1–10 . . . . 107
- Mga Bilang 11–21 . . . . 109
- Mga Bilang 22–36 . . . . 113

**Ang Aklat ng Deuteronomio** . . . . 116
- Deuteronomio 1–34 . . . . 116

**Ang Aklat ni Josue** . . . . 122
- Josue 1–24 . . . . 122

**Ang Aklat ng Mga Hukom** . . . . 128
- Mga Hukom 1–21 . . . . 128

**Ang Aklat ni Ruth** . . . . 134
- Ruth 1–4 . . . . 134

**Ang Unang Aklat ni Samuel** . . . . 137
- I Samuel 1–11 . . . . 137
- I Samuel 12–15 . . . . 140
- I Samuel 16–17 . . . . 142
- I Samuel 18–31 . . . . 144

**Ang Ikalawang Aklat ni Samuel** . . . . 147
- II Samuel 1–10 . . . . 147
- II Samuel 11–24 . . . . 149

**Ang Unang Aklat ng Mga Hari** . . . . 153
- I Mga Hari 1–10 . . . . 153
- I Mga Hari 11–16 . . . . 155
- I Mga Hari 17–22 . . . . 156

**Ang Ikalawang Aklat ng Mga Hari** . . . . 159
- II Mga Hari 1–13 . . . . 159
- II Mga Hari 14–25 . . . . 163

**Ang Unang Aklat ng Mga Cronica** . . . . 167
- I Mga Cronica 1–29 . . . . 167

**Ang Ikalawang Aklat ng Mga Cronica** . . . . 170
- II Mga Cronica 1–36 . . . . 170

**Ang Aklat ni Ezra** . . . . 172
- Ezra 1–10 . . . . 172

**Ang Aklat ni Nehemias** . . . . 175
- Nehemias 1–13 . . . . 175

**Ang Aklat ni Esther** . . . . 177
- Esther 1–10 . . . . 177

**Ang Aklat ni Job** . . . . 179
- Job 1–42 . . . . 179

**Ang Aklat ng Mga Awit** . . . . 183
- Mga Awit 1–150 . . . . 183

**Ang mga Kawikaan** . . . . 187
- Mga Kawikaan 1–31 . . . . 187

**Eclesiastes o, ang Mangangaral** . . . . 190
- Eclesiastes 1–12 . . . . 190

**Ang Awit ng mga Awit** . . . . 191

**Ang Aklat ni Isaias** . . . . 192
- Isaias 1–12 . . . . 192
- Isaias 13–23 . . . . 196
- Isaias 24–35 . . . . 197
- Isaias 36–39 . . . . 200
- Isaias 40–47 . . . . 200
- Isaias 48–66 . . . . 202

**Ang Aklat ni Jeremias** . . . . 207
- Jeremias 1–19 . . . . 207
- Jeremias 20–29 . . . . 211
- Jeremias 30–33 . . . . 212
- Jeremias 34–52 . . . . 214

**Ang mga Panaghoy ni Jeremias** . . . . 217
- Mga Panaghoy 1–5 . . . . 217

**Ang Aklat ni Ezekiel** . . . . 219
- Ezekiel 1–3 . . . . 219
- Ezekiel 4–32 . . . . 220
- Ezekiel 33–48 . . . . 222

**Ang Aklat ni Daniel** . . . . 228
- Daniel 1–12 . . . . 228

**Ang Aklat ni Oseas** . . . . 233
- Oseas 1–14 . . . . 233

**Ang Aklat ni Joel** . . . . . . . . . . **235**
Joel 1–3 . . . . . . . . . . 235

**Ang Aklat ni Amos** . . . . . . . . . . **236**
Amos 1–9 . . . . . . . . . . 236

**Ang Aklat ni Obadias** . . . . . . . . . . **239**
Obadias 1 . . . . . . . . . . 239

**Ang Aklat ni Jonas** . . . . . . . . . . **240**
Jonas 1–4 . . . . . . . . . . 240

**Ang Aklat ni Mikas** . . . . . . . . . . **242**
Mikas 1–7 . . . . . . . . . . 242

**Ang Aklat ni Nahum** . . . . . . . . . . **244**
Nahum 1–3 . . . . . . . . . . 244

**Ang Aklat ni Habacuc** . . . . . . . . . . **245**
Habacuc 1–3 . . . . . . . . . . 245

**Ang Aklat ni Zefanias** . . . . . . . . . . **247**
Zefanias 1–3 . . . . . . . . . . 247

**Ang Aklat ni Hagai** . . . . . . . . . . **248**
Hagai 1–2 . . . . . . . . . . 248

**Ang Aklat ni Zacarias** . . . . . . . . . . **250**
Zacarias 1–14 . . . . . . . . . . 250

**Ang Aklat ni Malakias** . . . . . . . . . . **253**
Malakias 1–4 . . . . . . . . . . 253

**Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo** . . . . . . . . . . **256**

**Ang mga Hari at Propeta ng Israel at Juda** . . . . . . . . . . **257**

**Mga Larawan** . . . . . . . . . . **262**

# PAMBUNGAD SA *SANGGUNIANG MANWAL NG GURO PARA SA LUMANG TIPAN*

"Ang layon ng pag-aaral ng relihiyon sa Church Educational System ay tulungan ang bawat tao, pamilya, at mga lider ng priesthood na maisakatuparan ang misyon ng Simbahan" (*Teaching the Gospel: A Handbook for CES Teachers and Leaders* [1994], 3). Ang unang pagtutuunan para makamit ang layuning ito ay ang ituro sa mga estudyante ang ebanghelyo ni Jesucristo nang naaayon sa mga pamantayang aklat at salita ng mga propeta. Narito ang manwal para tulungan kayong isagawa iyan—anuman ang karanasan ninyo sa pagtuturo at sa anumang wika o saanmang bansa kayo nagtuturo.

Ang ikalawang pagtutuunan ay ang magturo sa pamamagitan ng tuntunin at halimbawa. Yaong mga nagtuturo sa pamamagitan ng tuntunin at halimbawa ang pinakamabisang magturo ng ebanghelyo. Para makapagturo sa pamamagitan ng tuntunin kailangan muna ninyong hangarin, "sa pamamagitan ng pag-aaral at gayon din sa pamamagitan ng pananampalataya" (D at T 88:118), na maunawaan ang mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Para makapagturo sa pamamagitan ng halimbawa kailangan ninyong personal na ipamuhay ang ebanghelyo. Itinuro ni Elder Boyd K. Packer, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Dumarating ang kapangyarihan kapag nagawa ng guro ang lahat para maihanda, hindi lamang ang aralin, kundi ang pag-ayon ng kanyang buhay sa Espiritu. Kung matututo siyang umasa sa Espiritu para sa inspirasyon, makakaharap siya sa kanyang klase … na nakatitiyak sa kaalaman na makapagtuturo siya nang may inspirasyon" (*Teach Ye Diligently* [1975], 306). Ang kapangyarihang binanggit ni Elder Packer ay kadalasang nakikita kapag nagbigay na ng personal na patotoo ang guro sa itinuturong alituntunin.

## Paano Gamitin ang Manwal na Ito

Mga banal na kasulatan ang pangunahin ninyong sanggunian sa paghahanda ng inyong mga aralin. Para matulungan kayo sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at paghahanda ng inyong mga aralin, dapat kayong magkaroon ng mga manwal na ito:

- Ang dalawang manwal ng estudyante sa institute para sa Religion 301 at 302—*Old Testament: Genesis–2 Samuel* (32489) at *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (32498)
- Ang manwal ng estudyante sa home-study seminary—*Gabay ng Estudyante sa Pag-aaral ng Lumang Tipan* (34189 893)
- *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* (32318 893)
- Ang manwal na ito—*Sangguniang Manwal ng Guro para sa Lumang Tipan*

Hindi pinapalitan ng mga manwal na ito ang pag-aaral ninyo ng mga banal na kasulatan, ni hindi nito hinahalinhan ang inspiradong patnubay ng Espiritu Santo sa paghahanda ninyong magturo sa inyong mga estudyante. Ito ay mga karagdagang sanggunian at tulong sa paghahanda ninyo ng aralin. Ang *Sangguniang Manwal ng Guro para sa Lumang Tipan* ay nagbibigay ng pambungad na impormasyon sa mga scripture block, nagbabalangkas ng ilang mahahalagang alituntunin ng ebanghelyo na hahanapin, at nagmumungkahi ng mga paraan kung paano maituturo ang marami sa mga alituntuning iyon upang maipaunawa ito sa mga estudyante at maipamuhay nila ito.

"Nagpasiya ang CES administration na sa pang araw-araw na klase sa CES, kung saan mas maraming oras para magturo, dapat ituro ang mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunud-sunod nito. Ang isa sa pinakamaiinam na paraan ng pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo ay ituro ang mga banal na kasulatan nang sunud-sunod. Ang *sunud-sunod na pagtuturo ng mga banal na kasulatan* ay pagtuturo ng mga banal na kasulatan ayon sa pagkakasunud-sunod nito sa mga pamantayang aklat" (*Teaching the Gospel,* 20; tingnan sa pahinang iyon para sa iba pang impormasyon tungkol sa sunud-sunod na pagtuturo ng mga banal na kasulatan). Sinusundan ng manwal na ito ang pagkakasunud-sunod ng mga banal na kasulatan ayon sa nararapat ninyong pagtuturo nito ngunit hindi nagbibigay ng tulong sa pagtuturo para sa lahat ng talata sa bawat scripture block. Ang mga karagdagang tulong ay matatagpuan sa mga manwal ng estudyante sa institute at sa gabay ng estudyante sa pag-aaral sa seminary.

*Ang Teaching the Gospel: A Handbook for CES Teachers and Leaders* (34829) ay nagbibigay ng detalyadong tulong sa pagtuturo sa isang klase sa CES. Dapat kayong maging pamilyar sa mga nilalaman nito. Ang sumusunod na mga pangkalahatang mungkahi ay maaaring makatulong sa paghahanda ninyo ng aralin.

### Ihanda ang Inyong Sarili na Pag-aralan at Ituro ang Ebanghelyo

- Ipamuhay ang ebanghelyo.
- Manalangin na gabayan kayo ng Espiritu sa inyong pag-aaral, paghahanda, at pagtuturo.
- Manampalataya sa Panginoon, sa kapangyarihan ng Espiritu, at sa kapangyarihan ng mga banal na kasulatan na tugunan ang mga pangangailangan ng inyong mga estudyante.

### Magpasiya Kung Ano ang Ituturo Ninyo

- Magpasiya kung aling bahagi ng mga banal na kasulatan ang nais ninyong talakayin sa inyong aralin. Ang manwal na ito ay nahahati sa mga scripture block na nagsasaad kung saan nagbabago ang daloy ng kuwento o paksa. May gabay sa bilis ng pagtuturo sa mga pahina 6–7 na makakatulong para malaman ninyo kung gaano kahaba ang materyal na ituturo ninyo sa bawat araw o linggo.
- Pag-aralang mabuti ang scripture block. Basahin ito nang ilang beses, na binibigyang-pansin ang mga doktrina, alituntunin, pangyayari, at mahihirap na salita o kataga. Ang manwal na ito, ang mga manwal ng estudyante sa institute, at ang gabay ng estudyante sa pag-aaral ay tutulong sa inyo

na maunawaan ang scripture block at magpasiya kung ano ang mahalaga para sa inyong mga estudyante. Mas magiging epektibo kayo sa pagtuturo kung *kayo* ay nakatuklas ng isang bagay sa scripture block na nagbibigay-inspirasyon. Sa gayon ay maaakay ninyo ang inyong mga estudyante na matuklasan din iyon.

- Sabi ni Elder Henry B. Eyring, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Sana'y ituro ninyo ang kasaysayan at mga kuwento sa Lumang Tipan. Sana'y malinaw ninyong ituro ang mga doktrina ng mga tipan at sakripisyong nasa mga pahina nito" (*Covenants and Sacrifice* [pananalita sa mga tagapagturo ng relihiyon, 15 Agosto 1995], 7). Piliin ang mga doktrina, alituntunin, at pangyayaring pinakamahalagang malaman ng inyong mga estudyante. Magpagabay sa mga panghihikayat ng Espiritu at pangangailangan ng inyong mga estudyante sa pagpapasiya kung ano ang ituturo.

### Magpasiya Kung Paano Kayo Magtuturo

- Pumili ng isa o mas marami pang mga pamamaraan sa pagtuturo para sa bawat pangyayari, alituntunin, o doktrinang nais ninyong ituro. Gamitin ang sarili ninyong mga pamamaraan o ang mga pamamaraang iminungkahi sa mga materyal ng kurikulum.
- Pumili ng mga pamamaraang humihikayat sa kahandaan, partisipasyon, at aplikasyon ng estudyante.

  1. Ang *kahandaan* ay nangangahulugan na ang mga estudyante ay handa ang espiritu at isipan, alerto, nakikinig, at kusang makikibahagi para matuto. "Ang kahandaan ay kundisyon ng puso at maging ng isipan" (*Teaching the Gospel*, 13). Ito ay hindi isang pakanang ginagamit para simulan ang isang aralin; ito ay patuloy na pag-alam kung nakikinig ang inyong mga estudyante.
  2. Ang *partisipasyon* ay nangangahulugan na ang mga estudyante ay kabahagi sa proseso ng pagkatuto. Ang kanilang partisipasyon ay maaaring pisikal, emosyonal, intelektuwal, at espirituwal. Kapag higit na nakilahok ang mga estudyante sa proseso ng pagkatuto, higit silang makauunawa, makatatanda at makapamumuhay nang angkop.
  3. Ang *aplikasyon* ay nangangahulugan na ang mga estudyante ay tinatanggap ang mga ideyang itinuturo, nauunawaan kung paano ipamumuhay iyon, at pagkatapos ay hinahangad na mamuhay ayon sa mga alituntuning iyon.

## Paano Isinaayos ang Manwal na Ito

Ang mga sangguniang inilalaan ng manwal na ito ay matatagpuan sa sumusunod na tatlong bahagi.

### Pambungad na Materyal

May pambungad na materyal para sa bawat aklat ng banal na kasulatan at bawat scripture block. Ang pambungad sa bawat aklat ay naglalaan ng materyal tungkol sa aralin at iba pang impormasyon para tulungan kayong maunawaan ang aklat ayon sa kasaysayan at tagpo nito sa banal na kasulatan. Mas magiging makahulugan at kapaki-pakinabang ang inyong pagbabasa kapag naunawaan ninyo ang tagpo at layunin. Ang pambungad sa bawat scripture block ay naglalaan ng karagdagang tulong sa pag-unawa sa tagpo at layunin ng mga kabanatang iyon. Kadalasan ay magbibigay ito ng mga ideyang makabubuti sa inyong pagbabasa at tutulungan kayong maunawaan ang kahalagahan ng scripture block. Ang mga manwal ng estudyante sa institute at gabay ng estudyante sa pag-aaral ay naglalaan ng karagdagang pambungad na materyal.

Magagamit ninyo ang pambungad na materyal para ilaan ang sumusunod:

- Mga tanong na hihikayat sa inyong mga estudyante at magtataguyod ng kahandaan ng mag-aaral.
- Tulong sa paunang pagbasa sa pagbibigay sa mga estudyante ng makakatulong na impormasyon tungkol sa aralin at mga bagay na hahanapin habang nagbabasa sila.
- Mga siping-banggit na ididispley o isusulat sa pisara at mga talang isusulat ng mga estudyante sa kanilang mga banal na kasulatan.

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

Maaaring marami kayong makitang mahahalagang alituntunin sa isang scripture block. Nakalista sa bahaging ito ang *ilan* sa mga maaari ninyong isiping ituro sa inyong mga estudyante. Ang sumusunod ay mga paraan ng paggamit ng mga ito sa inyong pagtuturo:

- Gamitin ang mga ito bilang pamantayan para matiyak na wastong doktrina ang itinuturo.
- Gamitin ang mga ito para tulungan kayong magpasiya kung ano ang kailangang ituro sa inyong mga estudyante.
- Isulat ang mga ito sa pisara para mabigyan ng mga alituntuning hahanapin ang mga estudyante habang pinag-aaralan nila ang scripture block.
- Magpahanap ng karagdagang mga reperensya sa banal na kasulatan sa mga estudyante na higit pang sumusuporta o nagpapaliwanag sa doktrina.

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga ideya sa pagtuturo na maaari ninyong isaalang-alang sa inyong pagpapasiya kung paano ituturo ang mga pangyayari, alituntunin, at doktrinang napili ninyo mula sa scripture block. Hindi ninyo kailangang gamitin ang mga mungkahing ito sa pagtuturo; inilaan ito bilang sanggunian habang isinasaalang-alang ninyo ang mga pangangailangan ng inyong mga estudyante sa patnubay ng Espiritu. Makakakita rin kayo ng nakakatulong na mga mungkahi sa gabay ng estudyante sa pag-aaral na maiaakmang gamitin sa silid-aralan (tingnan sa "Isang Pambungad para sa mga Guro sa *Gabay ng Estudyante sa Pag-aaral ng Lumang Tipan,*" mga pahina 3–4).

Ang mga pamuhatan para sa mga mungkahi sa pagtuturo ay kinabibilangan ng sumusunod:

- **Pagpapahayag ng Tuon.** May bahaging naka-bold type sa panimula ng bawat mungkahi, na nagsasabi kung anong scripture block at alituntunin ang pinagtutuunan ng partikular na mungkahing iyon sa pagtuturo. Ang mga ito ay kadalasang tumutugon sa mga alituntuning matatagpuan sa bahaging "Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin" ng scripture block.
- **Scripture Mastery.** Ang mga mungkahi sa pagtuturo na may mga talata ng scripture mastery ay matutukoy sa pamamagitan ng icon na makikita rito. Sabi ni Pangulong Howard W. Hunter, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, "Umaasa kami na walang sinuman sa inyong mga estudyante ang lalabas ng klase na natatakot o napahiya o nahihiya na hindi nila mahanap ang tulong na kailangan nila dahil hindi sapat ang kaalaman nila sa mga banal na kasulatan para makita ang angkop na mga talata" (*Eternal Investments* [mensahe sa mga religious educator, 10 Peb. 1989], 2).

  Ang "scripture mastery" ay isang pamamaraan ng pagtuturo sa mga estudyante kung paano maghanap ng mga talata sa banal na kasulatan, maunawaan ang kahulugan nito, at maipamuhay ito. Isandaang mga talata sa banal na kasulatan—dalawampu't lima sa bawat kurso sa pag-aaral ng banal na kasulatan—ang napiling bigyan ng espesyal na pagbibigay-diin sa seminary. Ang mga reperensyang ito ay tinatawag na "Scripture Mastery" sa mga mungkahi sa pagtuturo kung saan ito matatagpuan. Dapat ninyong tulungan ang mga estudyante na maisaulo ang mga reperensya sa scripture mastery sa pagrerepaso ng mga ito sa klase at paghihikayat sa mga estudyante na pag-aralan ito nang sarilinan. Para sa mga mungkahi kung paano maghihikayat ng scripture mastery sa mga klase ninyo, tingnan sa *Teaching the Gospel: A Handbook for CES Teachers and Leaders,* mga pahina 34–35.
- **Lingguhang Icon.** Ang ilang mungkahi sa pagtuturo ay matutukoy rin sa pamamagitan ng icon na makikita rito. Tinutukoy ng icon na ito ang mga mungkahi sa pagtuturo na inirekomenda para sa guro sa home-study program o sa isang taong gustong magpatulong sa pagtuturo ng mas mahahabang scripture block.
- **Pagtatakda ng Oras.** Sa dulo ng pamuhatan ay may tinatayang haba ng oras na kakailanganin para maituro ang mungkahing iyon. Isinama lamang ito upang tulungan kayong planuhin ang inyong pang-araw-araw na mga aralin at hindi ito pahiwatig kung ilang oras ninyo dapat ituro ang mungkahing iyon.

## Iba Pang mga Tulong sa Pagtuturo

- ***Video ng Lumang Tipan* (53058 893).** Ang media package na ito ay naglalaman ng mga pagtatanghal sa video para tulungan kayong magturo ng Lumang Tipan. Ang mga mungkahi sa pagtuturo ng mga pagtatanghal sa *Video ng Lumang Tipan* ay matatagpuan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* (32318 893). Ang mga scripture block na may kasamang pagtatanghal sa video ay nilakipan ng icon na makikita rito at ng isang paunawa sa simula ng bahaging mga mungkahi sa pagtuturo.
- **Mga estudyanteng may mga espesyal na pangangailangan.** "Mga espesyal na pangangailangan" ang karaniwang ginagamit na pantukoy sa mga estudyanteng kakaiba ang mga sitwasyon. Maaaring ibilang dito ang mga nahihirapang magbasa o matuto, may diperensya sa pag-uugali, at kapansanan sa isip. Maaari ding ibilang dito ang mga bilanggo, naka-wheelchair, nag-aaral sa mga alternatibong paaralan, namamalagi sa tahanan, mahina ang pandinig o paningin, at iba pa.

  Sabi ni Propetang Joseph Smith, "Lahat ng kaisipan at espiritung isinugo ng Diyos sa mundo ay may kakayahang umunlad" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, pinili ni Joseph Fielding Smith [1976], 354). Dapat ninyong gawin ang lahat para matugunan ang mga pangangailangan ng lahat ng estudyante ninyo para matuto, bagama't imposible sigurong tugunan ang lahat ng pangangailangan ng lahat ng estudyante sa lahat ng pagkakataon. Gayunman, maaari ninyong alamin ang mga espesyal na pangangailangan ng inyong mga estudyante at iakma ang regular na mga materyal ng kurikulum para makasali ang lahat ng estudyante at matuto kahit paano sa bawat aralin. Maaari ding bigyan ng pagkakataon ang ibang mga estudyante na tulungan ang mga estudyanteng may mga espesyal na pangangailangan. Ang gayong di-makasariling paglilingkod ay isang pagpapala kapwa sa nagbibigay at sa tumatanggap.

  Bukod pa sa mga regular na materyal ng kurikulum, may makukuha pang ibang mga materyal na makakatulong sa pagtuturo sa mga may espesyal na pangangailangan. Ang mga magasin ng Simbahan ay mainam ding pagkunan ng mga artikulo, larawan, at ideyang may kaugnayan sa mga espesyal na pangangailangan ng inyong mga estudyante.

## Isang Pambungad para sa mga Guro sa *Gabay ng Estudyante sa Pag-aaral ng Lumang Tipan*

Ang *Gabay ng Estudyante sa Pag-aaral ng Lumang Tipan* ay tumutulong sa mga estudyante na basahin ang Lumang Tipan at pagkatapos ay pag-isipan at ipamuhay ang mga turo nito. Kailangan ito sa home-study program, ngunit makakatulong ito sa karamihan ng nagtuturo araw-araw sa kanilang paghahanda at pagtuturo.

### Gamit sa Home-Study Seminary Program

Ang seminary ay isang limang-araw-sa-isang-linggong programa (o katumbas nito) sa buong taon panuruan. Dahil isang beses lang sa isang linggo nagkikita-kita ang mga klase ng home-study seminary, gagamitin ng mga estudyante rito ang gabay ng estudyante sa pag-aaral para sa natitira pang apat

na araw. Bagama't hinihikayat ang lahat ng estudyante na magbasa ng mga banal na kasulatan araw-araw, dapat unawain ng mga estudyante sa home-study na inaasahan silang mag-ukol ng mga 30–40 minuto bawat araw sa loob ng apat na araw ng pasukan bawat linggo sa paggawa ng mga aktibidad at takdang-gawain mula sa gabay sa pag-aaral.

Hindi tulad ng mga dating manwal, hindi nagsusulat ang mga estudyante sa kanilang gabay sa pag-aaral. Gamitin ang isa sa dalawang sumusunod na opsyon para maitala at maisumite ng mga estudyante ang isinulat nilang mga takdang-gawain:

- Pagamitin ang bawat estudyante ng dalawang kuwaderno at halinhinan nilang gamitin ang mga ito. Sa linggong iyon, gagamitin ng estudyante ang isang kuwaderno at isusumite ito sa inyo kapag may klase. Habang binabasa at tinitingnan ninyo ang ginawa, susulat ang estudyante sa isa pang kuwaderno. Sa susunod na klase pagpalitin ninyo ang mga kuwaderno at ulitin ang proseso.
- Ipagawa sa bawat estudyante ang nakasulat na gawain sa mga pahina sa isang kuwadernong nakapilas at isumite ang nakumpletong mga pahina bawat linggo. Kapag naibalik na ninyo ang ginawa, maibabalik na ng estudyante ang mga pahina sa kuwaderno.

Matapos ninyong kolektahin ang ginawa ng mga estudyante bawat linggo, basahin ito at sulatan ng mga puna bago ibalik sa mga estudyante. Napakainam na paraan nito para makilala ang inyong mga estudyante at higit ninyong malaman kung gaano nauunawaan ng bawat isa ang kanyang pinag-aaralan—kapwa sa loob at labas ng klase. Magaganyak ninyo ang inyong mga estudyante kung aanyayahan ninyo ang sinumang gustong magbahagi ng ilan sa mga isinulat nila sa kanilang kuwaderno bilang bahagi ng lingguhang mga aralin sa klase.

### Paglalagay ng Marka sa mga Kuwaderno ng Estudyante

Walang pahina ng mga sagot para ma-tsek ang mga aktibidad sa gabay ng estudyante sa pag-aaral. Ang ilan sa mga sagot ay matatagpuan sa mga banal na kasulatan at dapat itong maging malinaw sa inyo habang pinag-aaralan ninyo ang bawat aktibidad. Ang iba pang mga sagot ay batay sa mga ideya, karanasan, opinyon, at patotoo ng mga estudyante. Sa ganitong mga sitwasyon maaaring hindi lang iisa ang tamang sagot. Suriin at bigyan ng marka ang mga estudyante ayon sa laki ng pagsisikap batay sa kanilang mga kakayahan. Sa pagsulat ninyo ng mga puna, iwasto ang anumang maling pagkaunawa o mga sagot na malinaw na mali at purihin ang mga estudyante sa kanilang pagsisikap.

Maging sensitibo sa mga estudyanteng may mga espesyal na pangangailangan at iakma sa kanila ang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Halimbawa, kung may kapansanan ang estudyante kaya hirap siyang sumulat, mapapagamit ninyo ng tape recorder ang estudyante para irekord ang kanyang ginawa o ipasulat ito sa isang kaibigan o kapamilya para sa estudyante. Maaaring kailanganin ninyong iakma ang bilang ng mga aktibidad sa pag-aaral na nakaatas sa ilang estudyante dahil sa isang espesyal na pangangailangan. Maaaring nauuna pa sa pag-aaral ang ibang mga estudyante at dapat silang hikayating isipin na lagpasan pa ang pinakamaliit na kailangang gawin. Ipaunawa sa mga estudyante na ang "patas" gawin ay sikapin ng bawat isa ang abot-kaya nila ayon sa kani-kanilang kakayahan.

### Gamit sa Daily Seminary Program

Ang *Gabay ng Estudyante sa Pag-aaral ng Lumang Tipan* ay hindi kailangan ng mga estudyanteng nasa mga daily seminary program, ngunit dapat ninyong bigyan ng kopya nito ang bawat estudyante. Sa gayon ay mapasasangguni ninyo ang mga estudyante sa mga bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" para sa tulong sa pag-unawa sa mahihirap na salita at mga kataga at para sa mga siping-banggit at paliwanag.

Habang naghahanda ng mga aralin, tingnan ang mga pambungad sa bawat scripture block at sa mga bahaging "Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan" para sa tulong sa pagpapasiya kung ano ang ituturo at paano ito ituturo. Halimbawa, ilan sa mga pambungad ang naglalaan ng mga tanong pantalakayan na tumutulong para maging handa ang mag-aaral. Paminsan-minsan, maaari ninyong ipagawa sa mga estudyante ang isa sa mga aktibidad sa "Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan" sa klase at ipabahagi sa kanila ang kanilang isinulat—sa mga grupo man o sa buong klase. Kahit hindi eksaktong nasusunod ang mga aktibidad ayon sa iminungkahi sa gabay sa pag-aaral, makapagbibigay ito ng magagandang ideyang maiaakmang gamitin sa klase.

## Gaano Kabilis Kayong Magtuturo ng Lumang Tipan

Ang Lumang Tipan ang pinakamalaki sa mga pamantayang aklat ng Simbahan, na mahigit doble ng Aklat ni Mormon ang dami ng mga pahina. Talagang hindi ninyo kakayaning ituro ang bawat talata sa isang taon panuruan. Ang hamon ay piliin nang wasto ang ituturo ninyo at itakda ang bilis ng inyong pagtuturo, na hindi gaanong nag-uukol ng oras sa unang bahagi para makaligtaan ang mga mensahe ng susunod na mga aklat ni nagpapabilis nang husto upang maituro ang lahat kaya hindi mauunawaan at mapapahalagahan ng inyong mga estudyante ang mahahalagang bahagi ng Lumang Tipan.

Matutulungan kayo ng manwal na ito na piliin ang pinakamahahalagang bahagi ng Lumang Tipan na ituturo. Ang sumusunod na gabay sa bilis ng pagtuturo ay nagmumungkahi ng mga takdang babasahin ng mga estudyante at matutulungan kayo nitong magpasiya kung gaano karami ang kailangan ninyong ituro sa bawat araw at bawat linggo. Dahil maraming iba't ibang uri ng seminary program sa buong mundo, imposibleng isaayos ang aklat na ito nang akma sa bawat sitwasyon. Ang 36-na-linggong gabay sa bilis ng pagtuturo ay

katamtamang seminary program at may ganito ring tsart sa pagbabasa sa gabay ng estudyante sa pag-aaral. Maaaring kailanganin ninyong iakma ang gabay sa pang-araw-araw o lingguhan ninyong iskedyul at sa mga pangangailangan ng inyong mga estudyante.

Ang pagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa mga kabataan ng Simbahan ay sagradong gawain at masayang tungkulin. Pagpalain nawa kayo ng Panginoon at ang inyong mga estudyante habang magkasama ninyong pinag-aaralan ang Lumang Tipan.

# GABAY SA BILIS NG PAGTUTURO PARA SA 36-NA-LINGGONG TAON PANURUAN

Ang seminary ay itinuturo nang limang araw bawat linggo ngunit ang materyal ng aralin ay para sa apat na araw lang para may panahon pa para sa mga gambala tulad ng mga aktibidad sa paaralan at mga pagtitipon, mga espesyal na aktibidad at pagtatanghal ng seminary, scripture mastery, mahahabang pagsusulit, at maiikling pagsusulit. Maipapasiya rin ninyong mag-ukol ng mahigit pa sa isang araw para mas mabisang maituro ang isang scripture block. Ang kaluwagang ito ay para hikayatin kayong hangarin ang patnubay ng Espiritu sa pagtuturo ayon sa mga pangangailangan ng inyong mga estudyante at hindi lang ayon sa iskedyul.

Ayon sa gabay na ito, babasahin ng mga estudyante ang tinatayang 395 pahina ng Lumang Tipan—mga 11.3 pahina bawat linggo sa loob ng 35 linggo.

| Linggo | Iminungkahing Scripture Block na Ituturo | Iminungkahing Babasahin ng mga Estudyante |
|---|---|---|
| *1* | Araw 1–2: "Isang Pambungad sa Lumang Tipan" at "Mga Tulong sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan"<br>Araw 3–4: "Ang Dakilang Plano ng Kaligayahan" | |
| *2* | Araw 1: Abraham 3<br>Araw 2: Moises 1<br>Araw 3: Genesis 1–2; Moises 2–3; Abraham 4–5<br>Araw 4: Genesis 3; Moises 4 | Moises 1–4; Abraham 3 |
| *3* | Araw 1: Genesis 4; Moises 5<br>Araw 2–4: Genesis 5; Moises 6–7 | Moises 5–7 |
| *4* | Araw 1: Genesis 6; Moises 8<br>Araw 2–3: Genesis 7–10<br>Araw 4: Genesis 11 | Genesis 6–9; 11; Moises 8 |
| *5* | Araw 1: Genesis 12; Abraham 1–2<br>Araw 2: Genesis 13–14<br>Araw 3: Genesis 15–16<br>Araw 4: Genesis 17 | Genesis 13–17; Abraham 1–2 |
| *6* | Araw 1: Genesis 18–19<br>Araw 2: Genesis 20<br>Araw 3: Genesis 21–22<br>Araw 4: Genesis 23 | Genesis 18–19; 21–22 |
| *7* | Araw 1: Genesis 24<br>Araw 2: Genesis 25–27<br>Araw 3: Genesis 28–30<br>Araw 4: Genesis 31–33 | Genesis 24; 26–30; 32–33 |
| *8* | Araw 1: Genesis 34–36<br>Araw 2: Genesis 37<br>Araw 3: Genesis 38–39<br>Araw 4: Genesis 40–41 | Genesis 35; 37; 39–41 |
| *9* | Araw 1: Genesis 42–45<br>Araw 2: Genesis 46–47<br>Araw 3: Genesis 48–49<br>Araw 4: Genesis 50 | Genesis 42–46; 48–50 |
| *10* | Araw 1: Exodo 1–2<br>Araw 2: Exodo 3–4<br>Araw 3: Exodo 5–6<br>Araw 4: Exodo 7–10 | Exodo 1–10 |

| Linggo | Iminungkahing Scripture Block na Ituturo | Iminungkahing Babasahin ng mga Estudyante |
|---|---|---|
| *11* | Araw 1–2: Exodo 11–13<br>Araw 3: Exodo 14–15<br>Araw 4: Exodo 16–17 | Exodo 11–14; 16–17 |
| *12* | Araw 1: Exodo 18–19<br>Araw 2: Exodo 20:1–11<br>Araw 3: Exodo 20:12–26<br>Araw 4: Exodo 21–24 | Exodo 18–20; 24 |
| *13* | Araw 1: Exodo 25–27; 30<br>Araw 2: Exodo 28–29; 31<br>Araw 3: Exodo 32<br>Araw 4: Exodo 33–40 | Exodo 28–29; 32–34 |
| *14* | Araw 1: Levitico 1–7<br>Araw 2: Levitico 8–11<br>Araw 3: Levitico 12–18<br>Araw 4: Levitico 19–27 | Levitico 1; 10–11; 14; 16; 19; 26 |
| *15* | Araw 1: Mga Bilang 1–10<br>Araw 2: Mga Bilang 11–15<br>Araw 3: Mga Bilang 16–21<br>Araw 4: Mga Bilang 22–36 | Mga Bilang 6; 9; 11–14; 16; 22–24; 27 |
| *16* | Araw 1: Deuteronomio 1–6<br>Araw 2: Deuteronomio 7–13<br>Araw 3: Deuteronomio 14–26<br>Araw 4: Deuteronomio 27–34 | Deuteronomio 4; 6; 8–9; 18; 26; 28; 30; 32 |
| *17* | Araw 1: Josue 1<br>Araw 2: Josue 2–5<br>Araw 3: Josue 6–10<br>Araw 4: Josue 11–24 | Josue 1–7; 10; 23–24 |
| *18* | Araw 1: Mga Hukom 1–5<br>Araw 2: Mga Hukom 6–9<br>Araw 3: Mga Hukom 10–21<br>Araw 4: Ruth | Mga Hukom 2–3; 6–8; 13–16; Ruth 1–4 |
| *19* | Araw 1: I Samuel 1–2<br>Araw 2: I Samuel 3<br>Araw 3: I Samuel 4–8<br>Araw 4: I Samuel 9–11 | I Samuel 1–3; 7–10 |
| *20* | Araw 1: I Samuel 12–15<br>Araw 2: I Samuel 16–17<br>Araw 3: I Samuel 18–24<br>Araw 4: I Samuel 25–31 | I Samuel 12–13; 15–17; 24; 26 |

| Linggo | Iminungkahing Scripture Block na Ituturo | | Iminungkahing Babasahin ng mga Estudyante |
|---|---|---|---|
| *21* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | II Samuel 1–6<br>II Samuel 7–10<br>II Samuel 11–12<br>II Samuel 13–24 | II Samuel 6–7; 9; 11–14 |
| *22* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | I Mga Hari 1–10<br>I Mga Hari 11–16<br>I Mga Hari 17<br>I Mga Hari 18–22 | I Mga Hari 3; 8–9; 11–12; 17–19 |
| *23* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | II Mga Hari 1–3<br>II Mga Hari 4–13<br>II Mga Hari 14–20<br>II Mga Hari 21–25 | II Mga Hari 2; 4–6; 17–19; 22–23 |
| *24* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | I at II Mga Cronica<br>Ezra 1–6<br>Ezra 7–10<br>Nehemias | II Mga Cronica 15; 20; Ezra 9–10; Nehemias 1; 6; 8 |
| *25* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Esther<br>Job 1–18<br>Job 19–37<br>Job 38–42 | Esther 1–10; Job 1–3; 38; 42 |
| *26* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Mga Awit 1–24<br>Mga Awit 25–150<br>Mga Kawikaan<br>Eclesiastes (nagpapaliwanag tungkol sa Awit ni Salomon) | Mga Awit 22–24; Mga Kawikaan 3; 6; 22; 30–31; Eclesiastes 1–2; 4–5; 12 |
| *27* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Isaias 1–2<br>Isaias 3–5<br>Isaias 6–9<br>Isaias 10–23 | Isaias 1–2; 4–5; 11; 14 |
| *28* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Isaias 24–28<br>Isaias 29<br>Isaias 30–35<br>Isaias 36–47 | Isaias 24; 26; 29; 40; 43; 46–47 |

| Linggo | Iminungkahing Scripture Block na Ituturo | | Iminungkahing Babasahin ng mga Estudyante |
|---|---|---|---|
| *29* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Isaias 48–52<br>Isaias 53<br>Isaias 54–58<br>Isaias 59–66 | Isaias 48–50; 53; 55; 58–59 |
| *30* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Jeremias 1–6<br>Jeremias 7–15<br>Jeremias 16–22<br>Jeremias 23–29 | Jeremias 1; 7; 16; 23 |
| *31* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Jeremias 30–32<br>Jeremias 33–52<br>Mga Panaghoy<br>Ezekiel 1–3 | Jeremias 30–31; 52; Mga Panaghoy 1; 5; Ezekiel 2–3 |
| *32* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Ezekiel 4–32<br>Ezekiel 33–34<br>Ezekiel 37<br>Ezekiel 38–48 | Ezekiel 18; 33–34; 37 |
| *33* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Daniel 1<br>Daniel 2<br>Daniel 3–5<br>Daniel 6–12 | Daniel 1–3; 6 |
| *34* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Oseas<br>Joel<br>Amos<br>Obadias | Oseas 1–3; 6; Joel 2; Amos 3–4 |
| *35* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Jonas<br>Mikas<br>Nahum; Habacuc<br>Zefanias; Hagai | Jonas 1–4; Mikas 3; Zefanias 3; Hagai 1 |
| *36* | Araw 1:<br>Araw 2:<br>Araw 3:<br>Araw 4: | Zacarias<br>Malakias 1–3<br>Malakias 4<br>Patotoo; pamamaalam sa mga estudyante | Zacarias 10; 14; Malakias 3–4 |

# ISANG PAMBUNGAD SA LUMANG TIPAN

## Pambungad

Sabi ni Elder Boyd K. Packer sa mga guro ng Church Educational System:

"May malaking halaga ang paglalahad ng *maikli* ngunit maingat na isinaayos na buod ng buong kurso sa simula pa lamang….

"Ang ilang panimulang iyon, na kung tutuusin ay maikling oras lang ang gugugulin, ang nagiging daan upang malaman ng mga estudyante kung hanggang saan na sila. Napapakiramdaman nila iyon. Mas matatandaan nila ang pinag-aaralan kapag alam nila kung paano mapaglalapat nang samasama ang bawat piraso, at lalo pa silang natututo. Ang buod ang bumubuo balangkas at mas sulit ang oras at pagsisikap na ginugol dito" (*The Great Plan of Happiness* [mensahe sa mga tagapagturo ng relihiyon, 10 Agosto 1993], 2).

Pag-ukulan ng panahon ang pagbubuo at pagtuturo ng isang pambungad at buod sa Lumang Tipan. Ipaunawa sa inyong mga estudyante ang kahalagahan ng Lumang Tipan at asamin ang mga kuwento, katotohanan, at ideyang mababasa at matututuhan nila sa taon panuruan na ito. Patatagin ang pagunawa ninyo at ng inyong mga estudyante tungkol sa banal na misyon ni Jesucristo.

## Ano ang Lumang Tipan?

Ang Lumang Tipan ay isang talaan ng mga pakikitungo ng Diyos sa kanyang mga anak mula sa Paglikha hanggang mga 400 b.c. Ang salitang isinalin bilang *tipan* ay maisasalin din bilang *kasunduan.* Ang tipan [o kasunduan] ay isang espesyal na kaugnayan sa Panginoon na maaaring pasukin ng isang tao o grupo. Ang Panginoon ang nagtatakda ng mga kundisyon para makamit ang mga gantimpala (mga pagpapala, kaligtasan, kadakilaan) at kailangang pagsisikap (pagsunod sa mga patakaran at utos). Ang tipan ay natutupad kapag ang mga tao ay tumutupad sa kanilang mga pangako at nagtitiis hanggang wakas nang may pananampalataya, at ibinibigay ng Panginoon ang mga pagpapala sa mortalidad at ang kaligtasan at kadakilaan kapag naisakatuparan na ito. Ang Lumang Tipan ay naglalaman ng mga tipan at doktrinang ibinigay ng Panginoon sa kanyang mga anak upang ihanda sila sa unang pagdating ng Mesiyas at turuan sila kung paano bumalik at mamuhay sa kanyang piling.

Ang Lumang Tipan ay isang binigyang-inspirasyong tinig mula sa nakaraan na may mahahalagang mensahe para sa panahong ito. Naglalaman din ito ng mga ugat ng kasaysayan at doktrina na pinagmulan ng lahat ng iba pa nating mga banal na kasulatan at naglalatag ng pundasyon para maunawaan natin kung sino tayo ngayon at ano ang ating pinaniniwalaan. Sa tulong ng makabagong paghahayag mas tumpak nating mauunawaan at mapahahalagahan ang Lumang Tipan.

## Bakit Ba Natin Dapat Pag-aralan ang Lumang Tipan?

Sabi ni Pangulong Marion G. Romney, na noon ay Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

"Ang mensahe ng Lumang Tipan ang mensahe ni Cristo at ng kanyang pagdating at pagbabayad-sala…. Sa palagay ko wala nang mas simple o mas malinaw at angkop na paliwanag tungkol sa mensahe ng Lumang Tipan kaysa nakasulat sa [2 Nephi 25–33]. Sa tingin ko ay kailangan ng sinumang gustong maunawaan at ituro ang mensahe ng Lumang Tipan ang masusi at mapanalanging pag-aaral ng mga kabanatang ito. Sa mga kabanatang ito inihiwalay ni Nephi ang mahalaga sa hindi mahalaga. Ipinaliwanag din niya kung paano naging mahalaga ang mga turong ito sa atin na nabubuhay sa mga huling araw [tingnan sa 2 Nephi 25:23–26].

"… Ang mensahe ng Lumang Tipan ay mensahe ng kaligtasan at ng mga utos na kailangan nating sundin upang makabahagi sa handog na kaligtasan" ("The Message of the Old Testament," sa *A Symposium on the Old Testament, 1979,* 5–6).

Binigyang-diin ng mga sinauna at makabagong propeta ang kahalagahan ng Lumang Tipan sa pagtulong sa mga tao na makilala ang Diyos. Sumulat si Apostol Pablo kay Timoteo, na nagsasabing, "At mula sa pagkasanggol ay iyong nalalaman ang mga banal na kasulatan" (II Kay Timoteo 3:15). Nasa mga banal na kasulatang hawak noon ni Timoteo ang mga kasulatang nasa atin ngayon sa Lumang Tipan. Pansinin ang sinabi ni Pablo tungkol sa mga banal na kasulatang ito:

- Ang mga ito ay "makapagpa[pa]dunong sa [isang tao] sa ikaliligtas" (2 Kay Timoteo 3:15).
- Ang mga ito ay "kinasihan ng Diyos" (t. 16).
- Ang mga ito ay "mapapakinabangan din naman sa pagtuturo, sa pagsansala, sa pagsaway, sa ikatututo na nasa katuwiran" (t. 16).
- Tinutulungan nito ang mabubuti na maging sakdal at "tinuruang lubos sa lahat ng mga gawang mabuti" (t. 17).

Malaking bahagi ng Aklat ni Mormon ang naglalaman ng mga banal na kasulatan at reperensya sa Lumang Tipan. Nagturo ang propetang si Nephi ng maraming katotohanan sa kanyang mga tao mula sa mga laminang tanso. Ang mga laminang ito ay naglalaman ng mga kasulatang nasa atin ngayon sa Lumang Tipan, kabilang na ang mga isinulat nina Moises at Isaias. Ginamit daw niya ang mga kasulatang ito upang:

- Tulungan silang malaman "ang hinggil sa mga gawain ng Panginoon sa ibang lupain, sa mga tao noon" (1 Nephi 19:22).
- "Upang lubos silang mahikayat na maniwala sa Panginoon nilang Manunubos" (t. 23).

- Maihalintulad (o maipamuhay) ang mga banal na kasulatan sa kanilang sarili para sa kanilang kapakinabangan at kaalaman (tingnan sa t. 23).

Sinabi ni Elder Boyd K. Packer:

"Sa kurso ng Lumang Tipan, pag-aaralan ninyo ang paglikha at pagkahulog ng tao, na siyang pundasyon para sa endowment sa templo. Pag-aaralan ninyo kung ano ang propeta. Magiging pamilyar kayo sa mga salitang tulad ng *pagsunod, sakripisyo, tipan, Aaronic, Melchizedek,* at *priesthood.*

"Ituturo sa inyo ang buong saligan ng batas ng Judio-Kristiyano, at pati na ng Islam.

"Ipaliliwanag 'kung bakit' kailangan ang ikapu at mga handog. Mababasa ninyo ang mga propesiya tungkol sa pagdating ng Mesiyas at ng panunumbalik ng ebanghelyo. Makikita ninyo ang pagpapamalas ng kapangyarihang magbuklod ni Elijah at maririnig ang pagpopropesiya ni Malakias na isusugo si Elijah na taglay ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod.

"Sa seminary matututo kayong unawain at pahalagahan ang Lumang Tipan. Ngayong halos tinalikuran na ng mundo ng mga Kristiyano, nananatili itong isang tipan ni Jesucristo sa atin" (sa Conference Report, Mar.–Abr. 1990, 49; o *Ensign,* Mayo 1990, 37–38).

Ang sumusunod na mga ideya ay ilan sa mga dahilan kaya ang masusing pag-aaral ng Lumang Tipan ay hindi lamang makabuluhan kundi lubhang mahalaga:

- Jehova, ang Diyos ng Lumang Tipan, ang pangalan ni Jesucristo, na siyang ipinangakong Mesiyas, bago siya isinilang.
- Si Jehova (Jesucristo) ang lumikha ng langit at lupa.
- Ang Pagkahulog nina Adan at Eva ay isang tunay at kinakailangang hakbang sa pag-unlad ng buong sangkatauhan.
- Magagawa at totoong direktang namamagitan ang Diyos sa buhay ng mga tao at bansa.
- Tumatanggap tayo ng mga pagpapala mula sa Diyos sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng mga sagradong tipan.
- Ang anumang anyo ng pagsamba sa diyus-diyusan ay nakapipinsala sa espiritu.
- Nangako ang Panginoon na literal na titipunin ang Israel sa mga huling araw.
- May mga propesiya tungkol sa una at ikalawang pagparito ng Panginoon.
- Itinuturo ang plano ng kaligayahan ng Ama sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng kanyang mga propeta.

Ang mga pagkakaiba ng panahon at kultura ay nagdudulot ng mga espesyal na hamon sa pag-aaral ng Biblia, lalo na ng Lumang Tipan. Bukod dito, hindi kumpleto ang talaang nasa atin ngayon. Maraming bahagi at tipan "na malinaw at pinakamahalaga" ang inalis (1 Nephi 13:26). Marami sa mga nawala noon ang naipanumbalik ng Aklat ni Mormon, ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia, at ng iba pang makabagong paghahayag (tingnan sa 1 Nephi 13:33–41). May iba pang mga bahagi ng Biblia na tila nakakubli o nakatago sa simbolikong wika. Ang gayong pagkukubli ng propesiya ay totoong nakatulong dahil iniwang buo ng mga yaong pursigidong tanggalin ang "malinaw at mahalaga" ang mga talatang mas mahirap maunawaan. Dahil dito, maraming dakilang katotohanang naipreserba upang mabasa at maunawaan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo at ng "diwa ng propesiya" (2 Nephi 25:4) na ibinigay ng Diyos sa mga Banal sa mga huling araw.

## Paano Isinaayos ang Lumang Tipan?

Ang Biblia ay hindi lamang isang aklat kundi isang koleksyon ng mga aklat; iyan ang kahulugan ng salitang *biblia*. Ang Lumang Tipan ay naglalaman ng tatlumpu't siyam na aklat na maaaring igrupo sa apat na pangunahing kategoriya batay sa katangian ng nilalaman ng mga ito. Hindi inilagay ang lahat ng aklat sa Biblia ayon sa pagkakasunud-sunod ng pagkasulat sa mga ito.

1. **Ang Batas**—Ang grupong ito ay binubuo ng unang limang aklat, mula Genesis hanggang Deuteronomio, na isinulat ni Moises. Nakasaad dito ang kasaysayan ng mga pakikitungo ng Diyos sa tao mula sa paglikha ng mundo hanggang sa kunin ng Panginoon si Moises. Kadalasan ay tinatawag na Batas ang mga ito dahil nakatala rito ang mga paghahayag ng Diyos kay Moises na kinapapalooban ng batas ni Moises. Ang limang aklat na ito ay tinatawag ding Torah at Pentateuch, isang salitang Griyego na nangangahulugang "ang aklat na may limang bahagi" (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Pentateuch," p. 213).
2. **Ang Kasaysayan**—Ang grupong ito ay binubuo ng mga aklat mula Josue hanggang Esther. Tulad ng pahiwatig ng pangalan, pawang mga kuwento ng kasaysayan ang mga ito.
3. **Ang Tula, o mga Nakasulat**—Ang sumunod na limang aklat, mula Job hanggang sa Awit ng mga Awit [ni Salomon], ay isinulat sa makatang estilo ng Hebreo.
4. **Ang mga Propeta**—Ang natitirang mga aklat ng Lumang Tipan ay naglalaman ng mga turo ng propeta kung kanino ipinangalan ang aklat.

Para sa mas detalyadong impormasyon tungkol sa pinagmulan at kasaysayan ng Biblia, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Biblia" (mga pahina 28–29).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Kahit maraming "malinaw at mahahalagang bagay" ang inalis dito, ang Lumang Tipan ay ipinreserba ng kamay ng Diyos at naglalaman ng mahahalagang turo para sa ating panahon at sariling kapakinabangan (tingnan sa 1 Nephi 13:20–29; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:8).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 1, “Pambungad: Time Capsule,” ay maaaring gamitin sa pagtuturo ng buod ng Lumang Tipan (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Buod ng Lumang Tipan. Ang Lumang Tipan ay ipinreserba para sa ating panahon at sariling kapakinabangan.** (30–35 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na ang time capsule ay isang sisidlan ng mga talaan at bagay na kumakatawan sa kultura ng isang partikular na panahon. Ang mga time capsule ay ginagawa at ipinipreserba upang buksan balang-araw. Magpatulong sa inyong mga estudyante sa paggawa ng isang time capsule na bubuksan sa taong 2050. Magdrowing ng malaking kahon sa pisara na kumakatawan sa time capsule at maglista rito ng sampung bagay na inaakala ng mga estudyante na kakatawan sa huling limang taon ng kanilang bansa. Hayaang matalakay sandali kung ano ang ihahayag ng bawat bagay tungkol sa kanilang lipunan. Ipaunawa sa inyong mga estudyante na ang Lumang Tipan ay parang time capsule ng banal na kasulatan. Ito ay koleksyon ng maraming iba’t ibang uri ng mga nakasulat na banal na kasulatan noong unang panahon at ipinreserba para tuklasin natin.

Pabuksan sa mga estudyante ang kanilang Biblia at alamin kung ilang pahina ang Lumang Tipan (Genesis hanggang Malakias). Sabihin sa kanila na nilisan nina Eva at Adan ang Halamanan ng Eden noong mga 4000 b.c. at isinulat ang aklat ni Malakias noong mga 400 b.c. Ipabuklat sa kanila ang Lumang Tipan sa inaakala nilang kalagitnaan ng kasaysayan nito; pagkatapos ay ipabuklat sa kanila ang Genesis 12 at sabihin sa kanila na ang propetang si Abram (na kalaunan ay pinalitan ng Panginoon ng “Abraham”) ay nabuhay noong mga 2000 b.c., halos kalahatian ng panahon sa pagitan nina Adan at Malakias. Ipahambing sa mga estudyante ang bilang ng mga pahina ng unang dalawang libong taon na nasa atin sa bilang ng mga pahina sa sumunod na dalawang libong taon. (Ang pambungad na materyal sa “Ang mga Aklat ng Genesis, Moises, at Abraham” sa gabay ng estudyante sa pag-aaral ay tumatalakay sa ginawa ng Panginoon para mabigyan tayo ng karagdagang impormasyon tungkol sa unang dalawang libong taon.)

Ipabuklat sa mga estudyante ang kanilang Biblia sa listahan ng nilalaman. Tulungan silang markahan ang mga bahagi ng Lumang Tipan (ang Batas, ang Kasaysayan, ang Tula, at ang mga Propeta) at talakayin ang nilalaman ng bawat bahagi (tingnan sa “Paano Isinaayos ang Lumang Tipan?” p. 9).

Ipabanggit sa mga estudyante ang ilan sa kanilang mga paboritong kuwento sa Lumang Tipan at ipalahad kung bakit nila gusto ang mga ito.

Sabihin sa mga estudyante na pag-aaralan nila sa taong ito ang tungkol sa mga totoong tao na may totoong mga hamon at problema:

- Nahilingan na ba kayong gawin ang isang bagay na tila imposible? Kung gayon makakaugnay kayo sa ipinagawa kay Abraham noon.
- Pinakitunguhan na ba kayo nang hindi patas ng inyong mga kapatid? Kung gayon alam ninyo ang maaaring naramdaman ni Joseph noon.
- Hinamon na ba kayo ng isang siga-siga? Naranasan din iyan ni David.
- Natakot na ba kayo sa isang gawaing ipinagawa sa inyo? Ngayong taon malalaman ninyo kung paano nalusutan ni Gedeon ang gayong sitwasyon.
- Natutukso ba ang mga tao ngayon na labagin ang batas ng kalinisang-puri? Kapwa naharap sina Jose at David sa tuksong iyan ngunit magkaibang-magkaiba ang kanilang reaksyon.

Magpatotoo sa inyong mga estudyante na ang mga problemang nakaharap ng mga Banal noong unang panahon ay katulad na katulad ng mga problema natin. Ipaalala sa kanila na bagama’t nagmula sa nakaraan ang nilalaman nitong time capsule ng banal na kasulatan, malaki pa rin ang halaga ng mga doktrina, kasaysayan, at kuwento sa Lumang Tipan sa ating panahon. Ang Lumang Tipan ay isinaayos at ipinreserba para sa ating panahon at sariling kapakinabangan.

Sabihin sa mga estudyante na ang nilalaman ng mga time capsule, at ang Lumang Tipan, ay matutuklasan at mauunawaan lamang kapag nabuksan at nasuring mabuti ang sisidlan. Hingan sila ng komento tungkol sa kaugnayan ng saloobin ng mga tao sa Lumang Tipan at sa kakayahan nilang unawain ang itinuturo nitong mga alituntunin ng ebanghelyo. Hikayatin ang mga estudyante na taimtim at mapanalangin nilang pag-aralan ang Lumang Tipan.

## Mga Tulong sa Pag-aaral na nasa Triple Combination

Noong 1993 inilathala ng Simbahan ang bagong edisyon ng triple combination (Aklat ni Mormon, Doktrina at mga Tipan, at Mahalagang Perlas) na may *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* na may kasamang maraming tulong sa pag-aaral upang maging mas makabuluhan at kapaki-pakinabang ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Tingnan sa bahaging "Mga Tulong sa Pag-aaral ng Latter-day Saint Edition ng mga Banal na Kasulatan," sa *Gabay ng Estudyante sa Pag-aaral ng Lumang Tipan* para sa detalyadong paliwanag tungkol sa mga tulong sa pag-aaral na ito.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga bagong Latter-day Saint edition ng mga banal na kasulatan ay naglalaman ng mahahalagang tulong sa pag-aaral na makakatulong upang maragdagan ang ating pag-unawa sa mga banal na kasulatan.

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo



Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 2, "'Maraming Malinaw at Mahahalagang Bagay,' " ay tumutulong sa pagtuturo kung paano ipinanumbalik ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang mga katotohanang nawala sa Biblia (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Mga Tulong sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan. Ang mga tulong sa pag-aaral na nasa mga Latter-day Saint edition ng mga banal na kasulatan ay tinutulungan tayong makinabang nang husto sa pag-aaral natin ng mga banal na kasulatan.** (40–45 minuto)

Nagsama ang Simbahan ng maraming tulong sa pag-aaral sa mga banal na kasulatan. Ipinaliwanag nang detalyado ang mga ito sa bahaging "Mga Tulong sa Pag-aaral ng mga Latter-day Saint Edition ng mga Banal na Kasulatan," ng gabay ng estudyante sa pag-aaral. Ang sumusunod na mga mungkahi ay makakatulong sa pagtuturo ninyo ng mga tulong sa pag-aaral.

*Ang Pagsasalin ni Joseph Smith.* Ibahagi sa inyong mga estudyante ang impormasyon tungkol sa Pagsasalin ni Joseph Smith na matatagpuan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* (p. 259). Sabihin sa kanila na hindi lahat ng pagbabagong nasa Pagsasalin ni Joseph Smith ay kasama sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.*

Para sa mga halimbawa ng mga kontribusyon ng Pagsasalin ni Joseph Smith, patingnan sa inyong mga estudyante ang PJS sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* para sa Exodo 4:21 at Amos 7:3 at magpasiya kung anong mga pagbabago sa teksto ang ginawa ng Propeta.

*Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* ay naglalaman ng listahan ng maraming salita at paksang pinagsunud-sunod ayon sa alpabeto na may mga reperensya sa lahat ng apat na pamantayang aklat ng Simbahan. Naglalaan ito ng mga kahulugan at paliwanag para sa maraming pangalan at paksa sa Biblia.

Papiliin ang bawat estudyante ng isang paksang gusto nilang talakayin kung mahilingan silang magsalita sa isang pulong sa Simbahan. Ipagamit sa kanila ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* para alamin ang magagamit nilang mga reperensya sa mga banal na kasulatan sa paghahanda ng kanilang mensahe.

Ipabuklat sa mga estudyante ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* at pansinin ang iba't ibang pamuhatan sa mga paksa tungkol kay Jesucristo.

Ipabuklat sa klase ang unang pahina ng indeks at alamin kung ilang kalalakihan ang may pangalang Aaron at sinu-sino sila. Tandaan din na sa paghahanap ng mahahalagang salita sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* madaling makikita ng mga estudyante ang kinaroroonan ng mga reperensya sa banal na kasulatan.

*Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Magbahagi ng ilang partikular na paksa mula sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* at ituro ang sumusunod na mga bahagi:

Listahan ng cronolohiya ("cronolohiya," mga pahina 36–39)

Pagkakatugma ng apat na Ebanghelyo ("Ebanghelyo, pagkakatugma ng mga," mga pahina 49–55)

Pagsusuri ng mga sulat ni Apostol Pablo ("Sulat ni Pablo, mga," mga pahina 234–35)

*Mga Mapa at Talatuntunan ng mga Pangalan ng Lugar.* Patingnan sa mga estudyante ang simula ng bahaging "Mga Mapa at Talatuntunan ng mga Pangalan ng Lugar" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* para sa maikling paliwanag kung paano ito gamitin. Nakalista sa bahaging ito ang pangalan ng mga lugar na nasa mapa ayon sa alpabeto. Ipahanap sa mga estudyante ang kinaroroonan ng ilang iba't ibang lungsod o lupain sa mga mapa.

Patingnan din sa klase ang apat na mapa sa hulihan ng bahaging Mga Mapa sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Mas nauunawaan natin sa mga mapang ito ang lugar sa mapa kung saan nangyari ang kasaysayan ng Simbahan noong una. Patingnan sa mga estudyante kung gaano kalayo sa Kirtland, Ohio, ang sakahan ng pamilya Smith sa Manchester, New York.

**Mga Tulong sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan. Makakatulong ang paggamit ng mga tulong sa pag-aaral para maragdagan ang pag-unawa natin sa mga banal na kasulatan.** (5–10 minuto)

Ibahagi ang kuwentong ito mula kay Elder Richard G. Scott, na noon ay miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu. Inilalarawan nito ang kahalagahan ng mga tulong sa pag-aaral na nasa bagong lathalain ng mga pamantayang aklat.

"Naaalala ko noong ipakita sa Mga Kapatid ang triple combination. Si Elder McConkie ang naglahad nito. Itinaas niya ang isang aklat at binasa mula sa unang pahina ng aklat ang, 'Kay Bruce R. McConkie.' May lagda itong 'Amelia' at pinetsahan noong araw na pumasok siya sa mission home. Wika niya, 'Dala-dala ko ang mga banal na kasulatang ito sa iba't ibang panig ng mundo. Gamit na gamit ko ang mga ito. Tatlong beses nang pinalitan ang takip nito. Masasabi ko sa inyo kung saang pahina naroon ang marami sa mga banal na kasulatan sa aklat na iyon.' At sabi pa niya, 'Pero hindi ko na gagamitin ang aklat na iyon. Wala na roon ang mahahalagang tulong sa pagtuturo at mabibisang kasangkapan para mapag-igi ang pag-aaral at pag-unawa na nasa bagong tomo.' Talagang humanga ako roon. Kinabukasan nagkaroon ako ng pagkakataong makapunta sa kanyang opisina. Malaki ang kanyang mesa, at nakaupo siya roon, hawak ang aklat, may hawak na ruler at pulang lapis at minamarkahan ang bagong edisyon ng mga banal na kasulatan. Kung magiging makabuluhan sa isang katulad niya na maalam sa mga banal na kasulatan na gamitin ang bagong edisyon, nagpasiya akong gayahin iyon" ("Spiritual Communication," sa *Principles of the Gospel in Practice,* Sperry Symposium 1985 [1985], 18–19).

**Mga Tulong sa Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan. Tulungan ang mga estudyante na gamitin ang natutuhan nila tungkol sa paggamit ng mga tulong sa pag-aaral ng banal na kasulatan.** (30–35 minuto)

Matapos magturo sa mga estudyante tungkol sa mga tulong sa pag-aaral ng banal na kasulatan, ipagamit ito sa kanila sa pagkumpleto ng sumusunod na quiz bilang pagrerepaso ng natutuhan nila. Maaari ninyo silang igrupu-grupo.

1. Sagutin ang sumusunod na mga tanong tungkol sa binyag:
   a. Ano ang kahulugan ng salitang *binyag* ?
   b. Ano ang ebidensya na nagsagawa ng binyag bago isinilang si Cristo?
   c. Ano ang isinasagisag ng binyag?
   d. Ano ang apat na layunin ng binyag?
2. Maglista ng tatlong reperensya sa mga banal na kasulatan para sa bawat isa sa sumusunod na mga paksa:
   a. Mga huling araw
   b. Nawalang mga banal na kasulatan
   c. Propesiya
   d. Paghahayag
3. Basahin ang pangitain ni Lehi tungkol sa punungkahoy ng buhay sa 1 Nephi 8 at, gamit ang mga cross-reference sa mga talababa, tukuyin kung ano ang isinasagisag ng sumusunod na mga simbolo:
   a. Ilog ng tubig
   b. Gabay na bakal
   c. Abu-abo ng kadiliman
   d. Malaki at maluwang na gusali
4. Anong mga estado ang naraanan ng mga Banal sa kanilang mga pandarayuhan, mula New York hanggang Great Salt Lake?

## Pambungad

Noong 1993 sinabi ni Elder Boyd K. Packer, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa mga guro sa Church Educational System na kasabay ng maikling buod ng paksang pag-aaralan ay dapat silang magbigay ng buod ng plano ng kaligtasan sa pagsisimula ng bawat taon ng panuruan:

"Ang maikling buod ng 'plano ng kaligayahan' (na siya kong pinili, at paborito kong pamagat, kapag pinag-uusapan ang plano), kung ibibigay sa pinakasimula at muling tatalakayin paminsan-minsan, ay magiging napakahalaga sa inyong mga estudyante.

"May ipagagawa ako sa inyo…. Inaatasan ko kayong maghanda ng maikling sinopsis o buod ng plano ng kaligayahan—ang plano ng kaligtasan. Gawin itong balangkas na mapagbabatayan ng inyong mga estudyante sa pagsasaayos ng mga katotohanang ibabahagi ninyo sa kanila.

"Sa una aakalain ninyong simple lang ito. Tinitiyak ko sa inyong hindi. Ang maikli at simpleng paglalarawan ay napakahirap gawin. Sa simula matutukso kayong magsama ng sobra-sobra. Saklaw ng kabuuan ng plano ang bawat katotohanan ng ebanghelyo….

"Ito na siguro ang pinakamahirap, at tiyak na sulit na sulit, na takdang-gawain ninyo sa pagtuturo.

"Ang inyong buod ng plano ng kaligayahan ay dapat maging isang bahagyang sulyap lamang sa kabuuan ng mga katotohanan ng banal na kasulatan. At doon ay matutukoy ng inyong mga estudyante kung gaano na ang alam nila tungkol sa plano….

"Ibibigay ko sa inyo ang pinakapangunahing balangkas ng plano bilang panimula, pero kailangan ninyong gumawa ng sarili ninyong balangkas.

"Ang mahahalagang sangkap ng *dakilang plano ng kaligayahan, ng pagtubos, ng kaligtasan,* ay ang mga ito:

- "Buhay bago tayo isinilang
  - Espirituwal na paglikha
  - Kalayaan
  - Digmaan sa langit
- Pisikal na paglikha
- Ang Pagkahulog at mortalidad
  - Mga alituntunin at ordenansa ng ebanghelyo ni Jesucristo (mga unang alituntunin: pananampalataya sa Panginoong Jesucristo, pagsisisi, binyag, …)
  - Ang Pagbabayad-sala
  - Kabilang-buhay
    - Daigdig ng mga espiritu
    - Paghuhukom
    - Pagkabuhay na Mag-uli"

(*The Great Plan of Happiness,* 2–3).

Ang sumusunod na impormasyon ay isinama upang tulungan kayong higit na maunawaan ang dakilang plano ng kaligayahan at makabuo ng buod. Maaari kayong matuksong magturo ng mas marami tungkol sa plano ng kaligtasan kaysa sa maikling buod na inirekomenda ni Elder Packer. Paglabanan sana ninyo ang tuksong iyan at laging isipin na marami sa mga detalye ng plano ang tatalakayin sa kurso ng inyong pag-aaral ng Lumang Tipan. Sa buong manwal na ito ay may mga mungkahi sa pagtuturo na tutulong na maiugnay ninyo ang pinag-aaralan sa Lumang Tipan sa inyong buod ng plano ng kaligtasan.

## Ang Plano ng Kaligtasan ay Parang Tatlong-Yugtong Dula-dulaan

Sa mensahe sa mga young adult sa fireside noong 1995, sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer, Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawa:

"Ang landas ng ating buhay sa lupa, mula pagsilang hanggang kamatayan, ay umaayon sa walang hanggang batas at sumusunod sa plano sa mga paghahayag na inilarawan bilang dakilang plano ng kaligayahan. Ang isang ideya, isang katotohanang ikikintal ko sa inyong isipan, ay ito: May tatlong bahagi ang plano. Kayo ay nasa pangalawa o kalagitnaang bahagi, kung saan susubukan kayo sa tukso, sa mga pagsubok, marahil ay sa trahedya. Unawain ninyo iyan nang mas maunawaan ninyo ang kahulugan ng buhay at mapaglabanan ang pag-aalinlangan at kawalang-pag-asa at kalungkutan.

"Ang plano ng pagtubos, na may tatlong bahagi, ay maitutulad sa malaking tatlong-yugtong dula-dulaan. Ang yugto 1 ay pinamagatang 'Buhay Bago Tayo Isinilang.' Inilalarawan ito ng mga banal na kasulatan bilang una nating kalagayan (tingnan sa Judas 1:6; Abraham 3:26, 28). Ang yugto 2, mula pagsilang hanggang sa pagkabuhay na mag-uli, ang 'Ikalawang Kalagayan.' At ang yugto 3 ay tinatawag na 'Kabilang-Buhay' o 'Buhay na Walang hanggan.'

"Sa mortalidad, para tayong mga artistang pumapasok sa isang teatro pagkataas ng kurtina sa ikalawang yugto. Hindi natin naranasan ang yugto 1. Ang produksyon ay maraming plot at subplot na magkakaugnay, kaya mahirap matukoy kung sino ang may kaugnayan kanino at anong bagay ang nauugnay sa ano, sino ang mga bida at sino ang mga kontrabida. Mas kumplikado pa nga dahil hindi lang tayo manonood; kasama tayo sa mga tauhan, sa entablado, na gitna ng mga pangyayari!" (*The Play and the Plan* [mensahe sa mga young adult, 7 Mayo 1995], 1–2).

## Buhay Bago Tayo Isinilang

Bago tayo isinilang sa mundo kapiling natin ang ating Ama sa Langit (tingnan sa Job 38:4–7; Jeremias 1:5; Abraham 3:21–23). Ang Ama sa Langit ay isang niluwalhati, perpekto, selestiyal na nilalang na may katawang may laman at mga buto (tingnan sa D at T 130:22). Itinuro ni Propetang Joseph Smith: "Ang Diyos mismo dati-rati ay katulad natin ngayon,

at isang dinakilang nilalang, at nakaluklok sa napakalayong kalangitan!" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 345).

Ang Ama sa Langit ang ama ng ating mga katawang espiritu (tingnan sa Mga Bilang 16:22; Mga Gawa 17:29; Mga Hebreo 12:9; Moises 3:5). Taglay Niya ang kabuuan ng lahat ng katangian at kagalakan ng Diyos at nais niyang maging katulad niya ang kanyang mga anak (tingnan sa Mateo 5:48; 2 Nephi 9:18; Moises 1:39).

## Espirituwal na Paglikha

Nakita ni Abraham na lahat ng anak ng Ama sa Langit ay "mga katalinuhan" na binuo bago pa ang mundo (tingnan sa Abraham 3:18–23). Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: "Ang mga espiritu ng kalalakihan at kababaihan ay walang hanggan (tingnan sa D at T 93:29–31; tingnan din sa Joseph Smith, *Teachings of the Prophet Joseph Smith* … , 158, 208). Lahat ay anak ng Diyos at nabuhay bago isinilang bilang kanyang mga espiritung anak (tingnan sa Mga Bilang 16:22; Mga Hebreo 12:9; D at T 76:24). Ang espiritu ng bawat tao ay kawangis ng tao sa mortalidad, lalaki at babae (tingnan sa D at T 77:2; 132:63; Moises 6:9–10; Abraham 4:27). Lahat ay kawangis ng mga magulang sa langit" (*The Play and The Plan,* 3).

Sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," sinabi ng Unang Panguluhan: "Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan" (*Ensign,* Nob. 1995, 102; tingnan din sa D at T 29:31–32; Moises 3:5; at *Old Testament: Genesis–2 Samuel* [Religion 301 student manual], p. 32).

## Kalayaan

"1. Lahat ng nilalang ay sumasailalim sa batas ng langit, at ang pagsunod dito ay nagdudulot ng mga pagpapala. Ang pagsuway ay nagbubunga ng pagdurusa at sumpa.

"2. Bawat tao ay may banal na kaloob na kalayaang pumili ng mabuti o masama. Ang isang tao ay makasasamba kung paano, saan, o anuman ang ibig niya, ngunit tanging sa pag-aaral at pagsunod lamang sa selestiyal na mga batas siya dadakilain.

"3. Mapipili lamang ng bawat tao na kumilos para sa kanyang sarili kapag nagtamo siya ng kaalaman tungkol sa mabuti at masama at naimpluwensyahan ng isa sa mga ito" ("Basic Doctrine," *Charge to Religious Educators,* ika-3 ed. [1994], 85).

Ang wastong paggamit ng ating kalayaang moral ay mahalaga sa pagiging katulad ng Diyos (tingnan sa 2 Nephi 2:14–16). Gayunman, may ilang bunga ang pagkakaloob sa tao ng pagkakataong pumili. Dahil mahalaga ang kalayaan sa ating pag-unlad, hindi maiwasang hindi laging tama ang pipiliin ng tao. Tulad ng isinulat ni Apostol Pablo, "Ang lahat ay nangagkasala nga, at hindi nangakaabot sa kaluwalhatian ng Diyos" (Mga Taga Roma 3:23). Susumpain tayo kung sa kalayaan lang ibabatay ang hatol sa atin. Ang bungang ito ay inaasahan at inilaan sa planong inilahad ng Ama sa kanyang mga anak sa kapulungan sa langit.

## Ang Malaking Kapulungan at ang Digmaan sa Langit

Matapos tayong bigyan ng ating Ama sa Langit ng mga katawang espiritu sa mundong iyon bago tayo isinilang mas katulad niya tayo, pero marami pang mahahalagang katangian ang wala sa atin. Siya ay isang dinakila at perpektong nilalang na may niluwalhating pisikal na katawan; tayo ay hindi. Tinipon ng Ama ang kanyang mga anak sa isang malaking kapulungan sa langit at inilahad ang kanyang plano para tulungan tayong maging katulad niya (tingnan sa Moises 4:1–4; Abraham 3:22–27).

Sabi ni Pangulong Boyd K. Packer:

"Sa kapulungan ng mga Diyos, ang plano ng Amang Walang Hanggan ay sinang-ayunan (tingnan sa Alma 34:9; tingnan din sa *Teachings [of the Prophet Joseph Smith],* 349–50). Inilaan sa plano ang paglikha ng isang daigdig kung saan ang kanyang mga anak ay tatanggap ng mga pisikal na katawan at susubukan alinsunod sa kanyang mga kautusan (tingnan sa Moises 6:3–10, 22, 59; Abraham 3:24–25; 4:26–27). Bawat espiritu sa buhay bago tayo isinilang ay binigyan ng pagkakataong matuto at sumunod. Bawat isa ay binigyan ng kalayaan (tingnan sa Alma 13:3–5).

"Isang malaking kapulungan sa langit ang idinaos (tingnan sa *Teachings,* 349–50, 357). Kinailangan sa banal na plano ang isang isusugo bilang tagapagligtas at manunubos upang maipatupad ang plano ng Ama. Ang Panganay ng Amang Walang Hanggan, si Jehova, ay kusang-loob na nagboluntaryo at napili (tingnan sa Moises 4:1–2; Abraham 3:19, 22–27).

"Sinang-ayunan ng karamihan ang pagpiling ito. Ang iba ay nagrebelde, at nagkaroon ng digmaan sa langit. Si Satanas at ang mga sumunod sa kanya sa paghihimagsik laban sa plano ng Ama ay pinalayas at pinagkaitan ng mortalidad (tingnan sa Apocalipsis 12:7–13; D at T 29:36; 76:28; Moises 4:3).

"Yaong mga nakapanatili sa unang kalagayan (kabilang kayo sa kanila) ay bibigyan ng pisikal na katawan at pinahintulutang mabuhay sa daigdig sa nakaplanong pangalawang kalagayang ito (tingnan sa Abraham 3:26). Bawat isa ay binigyan ng takdang panahon at hangganan ng kanyang paninirahan (tingnan sa Deuteronomio 32:8; Mga Gawa 17:26). Ang ilan ay naorden noon pa man na maging mga propeta (tingnan sa Alma 13:7–9; Abraham 3:23; tingnan din sa *Teachings,* 365)" (*The Play and the Plan,* 3; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Digmaan sa Langit," p. 44).

## Pisikal na Paglikha

Ang pisikal na paglikha ng kalangitan, daigdig, at lahat ng bagay na naroon ay isa pang mahalagang hakbang na tutulong sa atin na maging katulad ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Moises 1:33–39; Abraham 3:24–26). Nang likhain ng Diyos ang daigdig ito ay "napakabuti" (Moises 2:31) at isang lugar ng kagandahan at kasaganaan (tingnan sa Genesis 1–2; Moises 2; 3:7–25; Abraham 4–5; tingnan din sa D at T 59:16–20; *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* mga pahina 27–36).

Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer: "At hinubog ang lupa (tingnan sa Abraham 5:4). Sina Adan at Eva, sa isang malaparaisong kalagayan, ang unang lalaki at unang babae (tingnan sa Moises 1:34; 3:7; 4:26; 6:3–10, 22, 59). Ikinasal sila sa kawalang-hanggan at binigyan ng mga kautusan (tingnan sa Moises 3:23–25). Sila ay nasa kalagayan ng kawalang-malay at hindi nakakakilala ng kasalanan (tingnan sa 2 Nephi 2:23)" (*The Play and the Plan,* 3).

## Ang Pagkahulog at Mortalidad

Ang Pagkahulog nina Adan at Eva ang sumunod na hakbang sa dakilang plano ng kaligayahan. Ang Pagkahulog ang nagsanhi ng mga kundisyon ng mortalidad, kabilang na ang espirituwal at kamatayang pisikal (tingnan sa 2 Nephi 2:19–25; Alma 42:1–10). Ang buhay sa lupa ay mahalaga sa pagiging katulad ng Diyos. Binibigyan tayo nito ng pagkakataong magkaroon ng pisikal na katawan at patuloy na umunlad at matuto sa pagkakaroon ng kalayaan na piliing sundin ang payo ng Diyos o ang mga panghihimok ni Satanas (tingnan sa Alma 42:1–12; D at T 29:36–43; Moises 5:9–12). "Napapatunayan" natin ang ating sarili sa mga pagpiling ginagawa natin (tingnan sa Abraham 3:25; tingnan din sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* mga pahina 39–43).

Patungkol sa kanyang paghahambing ng buhay sa tatlong-yugtong dula-dulaan (tingnan sa p. 13), ibinigay ni Pangulong Boyd K. Packer ang sumusunod na payo tungkol sa ating mortal na kalagayan:

"Bilang bahagi ng walang hanggang plano, ang alaala ng ating buhay bago tayo isinilang, yugto 1, ay natatabingan. Yamang pumapasok tayo sa mortalidad sa simula ng yugto 2 nang walang alaala ng yugto 1, hindi kataka-taka na mahirap maunawaan ang nangyayari.

"Ang pagkawala ng alaalang iyon ay nagbibigay sa atin ng panibagong simula. Tamang-tama ito para sa pagsubok; sinisiguro nito ang ating kani-kanyang kalayaan at binibigyan tayo ng kalayaang magpasiya. Maraming pasiyang kailangang gawin na batay lamang sa pananampalataya. Magkagayunman, mayroon tayong kaunting kaalaman tungkol sa buhay bago tayo isinilang at sa katayuan natin bilang anak ng imortal na mga magulang.

"Isinilang kayong walang malay, dahil 'bawat espiritu ng tao ay walang kasalanan sa simula' (D at T 93:38), at likas sa inyo ang pagkilala sa tama at mali, dahil sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan sa Aklat ni Mormon na tayo ay 'tinuruan nang sapat upang [ating] makilala ang mabuti sa masama' (2 Nephi 2:5)….

"Kung kaginhawahan at kapayapaan at kaligayahan lamang ang inaasahan ninyo sa yugto 2, tiyak na mabibigo kayo. Kaunti lamang ang mauunawaan ninyo sa nangyayari at kung bakit hinahayaang maging gayon ang mga bagay-bagay.

"Tandaan ninyo ito! Ang linyang 'At namuhay sila nang maligaya magpakailanman' ay hindi kailanman isinulat sa ikalawang yugto. Ang linyang ito ay nasa ikatlong yugto, kapag nalutas na ang mga hiwaga at naitama na ang lahat….

"Hangga't hindi kayo nagkakaroon ng malawak na pananaw sa kawalang-hanggan ng malaking dulang ito, hindi ninyo madaling maunawaan ang kahulugan ng mga kawalan ng katarungan sa buhay. Ang ilan ay isinisilang na dukhang-dukha at ang iba naman ay napakayaman. Ang ilan ay isinisilang sa kahirapan, may mga kapansanan, pasakit, at pagdurusa. Ang ilan ay namamatay nang wala sa oras, maging ang mga batang walang-malay. Nariyan ang malupit at walang-patawad na mga puwersa ng kalikasan at kalupitan ng tao sa kanyang kapwa. Marami na tayong nakitang ganyan nitong huli.

"Huwag ninyong ipalagay na sadyang tinutulutan ng Diyos na mangyari ang mga bagay-bagay, para sa sarili niyang mga layunin. Kapag alam ninyo ang plano at layunin ng lahat ng ito, kahit ang mga bagay na ito ay magpapatunay sa isang mapagmahal na Ama sa Langit.

"May kung anong iskrip na sinusunod ang malaking duladulaang ito, ang dula ng mga panahon….

"Ang iskrip na iyan, na dapat ay alam na ninyo, ay ang mga banal na kasulatan—ang mga paghahayag. Basahin ninyo ito. Pag-aralan ito….

"Ang mga banal na kasulatan ay nagsasabi ng katotohanan. Mula rito sapat ang matututuhan ninyo tungkol sa tatlong yugto para maunawaan ang inyong sitwasyon at magkaroon kayo ng direksyon sa buhay. Inihahayag dito na 'kayo rin sa simula ay kasama ng Ama; na yaong Espiritu, maging ang Espiritu ng katotohanan;

" 'At ang katotohanan ay kaalaman ng mga bagay sa ngayon, at sa nakalipas, at sa mga darating pa' (D at T 93:23–24).

"Act 1, act 2, at act 3" (*The Play and the Plan,* 2).

## Ang Misyon ng Simbahan at ang mga Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo

Ang Pagkahulog nina Adan at Eva ay hindi isang pagkakamali o sorpresa. Kung hindi nila piniling maging mortal, hindi sila uunlad ni ang iba pang mga anak ng Ama sa Langit upang maging katulad ng Diyos (tingnan sa 2 Nephi 2:22–25). Ang Pagkahulog ay mahalagang bahagi ng plano, ngunit may ilang negatibong bunga ito kung saan kailangan tayong mailigtas (tingnan sa komentaryo para sa Genesis 3:19 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 42).

Ang ebanghelyo ni Jesucristo ay naglalaan ng paraan para matubos ang buong sangkatauhan mula sa Pagkahulog at maibalik sa piling ng Diyos (tingnan sa 2 Nephi 31:10–21; Mosias 3:19; Alma 7:14–16; 3 Nephi 27:13–22; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4; tingnan din sa komentaryo para sa Genesis 4:1 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* mga pahina 51–52). Kung aayawan nating sundin ang plano at hindi tatanggapin natin ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, hindi tayo matutubos mula sa ating mga kasalanan at hindi magiging perpekto (tingnan sa Mosias 2:36–39; 4:1–12; Alma 11:40–41; D at T 29:43–44).

Sa bawat dispensasyon, nagsugo ng mga propeta para ituro ang ebanghelyo sa mga anak ng Diyos sa lupa. Ang Simbahan ni Jesucristo ay itinatag sa mga huling araw na ito upang anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo sa mundo, pagperpekto sa mga Banal, at pagtubos sa mga patay (tingnan sa Amos 3:7; Mga Taga Efeso 4:11–15; D at T 1:4–23; 138; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5–6).

## Ang Pagbabayad-sala

Dahil sa Pagkahulog ni Adan lahat tayo ay mamamatay (kamatayang pisikal), lahat tayo ay nawalay sa piling ng Diyos (kamatayang espirituwal) at hindi makababalik sa kanya sa sarili nating pagsisikap, at naninirahan tayo sa isang mundo ng kahirapan, kasalanan, at kalungkutan. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay nagbibigay-daan sa pagkabuhay na mag-uli ng buong sangkatauhan, taglay ang mga imortal na katawang pisikal, sa gayon ay madaraig nila ang kamatayang pisikal. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala malilinis din tayo sa ating mga kasalanan at mababago mula sa ating nahulog na kalagayan upang maging katulad ng Diyos, na nadaraig ang kamatayang espirituwal (tingnan sa 2 Nephi 2:5–10; 9:4–14, 19–27; Alma 7:11–13; 12:32–34; 34:8–16; 42:11–28; D at T 19:16–19; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3; tingnan din sa "Ang Malaking Kapulungan at ang Digmaan sa Langit," p. 14).

Walang sinumang karaniwang tao na makapagsasanhi ng pagkabuhay na mag-uli at makapagbabayad-sala para sa mga kasalanan ng buong sangkatauhan. Tanging isang taong may kapangyarihan laban sa kamatayan at kapangyarihan ng buhay na walang kasalanan ang makagagawa niyon. Sa madaling salita, kinailangan nito ang sakripisyo ng isang Diyos (tingnan sa Juan 10:17–18; Alma 34:9–14; D at T 45:4).

## Kabilang-buhay

### Ang Daigdig ng mga Espiritu

Ang kamatayang pisikal ay ang paghihiwalay ng katawan at ng espiritu. Sa oras ng kamatayan ang mga espiritu ng lahat ng anak ng Ama sa Langit ay napupunta sa daigdig ng mga espiritu upang hintayin ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay. Sa daigdig na iyon ng mga espiritu magkahiwalay ang mga taong tumanggap ng ebanghelyo at sumunod sa mga kautusan at ang mga taong hindi tumanggap nito. Tulad ng ipinaliwanag ni Pangulong Boyd K. Packer, "Ito ay kaligayahan, isang paraiso, para sa mabubuti. Ito ay kalungkutan para sa masasama (tingnan sa 2 Nephi 9:10–16; Alma 40:7–14). Sa alinmang kalagayan, patuloy tayong matututo at mananagot sa ating mga kilos o gawa (tingnan sa D at T 138:10–22)" (*The Play and the Plan,* 3). Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa daigdig ng mga espiritu, tingnan sa Doktrina at mga Tipan 138—salaysay ni Pangulong Joseph F. Smith tungkol sa pambihirang pangitaing ibinigay sa kanya hinggil sa patuloy na gawain sa daigdig ng mga espiritu.

### Paghuhukom

Nang ilahad ng Ama ang kanyang plano at imungkahi ang paglikha ng isang daigdig, ang hayag na layunin ay "subukin" ang kanyang mga anak upang makita kung susundin nila ang kanyang mga kautusan (tingnan sa Abraham 3:25). Inihayag sa pamamagitan ni Propetang Joseph na tayo ay hahatulan hindi lamang batay sa ating gawa kundi maging sa hangarin ng ating puso (tingnan sa Alma 41:3–6; D at T 137:9).

Ang paghuhukom at pagkabuhay na mag-uli ay magkaugnay at isang bahagi ng ating huling paghuhukom ang magaganap kapag tayo ay nabuhay na mag-uli. Lahat, maliban sa mga anak ng kapahamakan, ay magbabangon sa pagkabuhay na mag-uli taglay ang mga perpektong katawan, ngunit magkakaiba sila sa kaluwalhatian. Sila ay ibabangon taglay ang katawang angkop sa kaharian na kanilang mamanahin, maging iyon ay selestiyal, terestriyal, o telestiyal. Ang mga anak ng kapahamakan ay mabubuhay na mag-uli ngunit hindi bibigyan ng anumang antas ng kaluwalhatian; sila ay itatapon sa malayong kadaliman (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:35, 39–42; D at T 88:28–32).

Sinabi ni Pangulong Boyd K. Packer:

"Matapos hatulan ang lahat nang pantay-pantay, isang paghuhukom ang ibibigay (tingnan sa Mosias 3:18; tingnan din sa *Teachings*, 218–19). Bawat isa ay mabubuhay na mag-uli ayon sa sarili niyang katayuan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:21–23). Gayunman, ang kaluwalhatiang matatanggap ng isang tao ay ibabatay sa pagsunod sa mga batas at ordenansa ng plano ng ating Ama (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:40–42).

"Ang mga naging dalisay sa pamamagitan ng pagsisisi ay magtatamo ng buhay na walang hanggan at babalik sa piling ng Diyos. Sila ay dadakilain bilang 'mga tagapagmana sa Dios, at mga kasamang tagapagmana ni Cristo' (Mga Taga Roma 8:17; tingnan din sa D at T 76:94–95; 84:35; 132:19–20; tingnan din sa *Teachings,* 374).

"May nakalaan sa plano para sa mga nabuhay sa mortalidad nang walang alam tungkol sa plano: 'Kung saan walang batas na ibinigay ay walang kaparusahan; at kung walang kaparusahan ay walang paghatol … dahil sa pagbabayad-sala; sapagkat sila ay ililigtas ng kapangyarihan niya' (2 Nephi 9:25).

"Kung hindi sa sagradong gawain ng pagtubos sa mga patay, hindi sana nakumpleto at talagang hindi magiging patas ang plano. Ang mga ordenansa sa templo—ang mga endowment, ang pagbubuklod sa walang hanggang kasal—ay marapat sa lahat ng kailangang paghahanda. Huwag gumawa ng anumang bagay na magiging dahilan para hindi kayo maging karapat-dapat na tanggapin ang mga ito o ang yugto 3 ng walang hanggang dulang ito ay hindi maging kasing-inam ng malaya ninyong magagawa ngayon" (*The Play and the Plan,* 3–4).

### Pagkabuhay na Mag-uli

Lahat ng nabuhay sa mundong ito, mabuti man o hindi, ay mabubuhay na mag-uli taglay ang imortal na katawang pisikal. Ito ay isang kaloob dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:19–22; 2 Nephi 9:6–15, 19–22). Hindi lahat ay mabubuhay na mag-uli nang sabaysabay, "datapuwa't ang bawat isa'y sa kaniyang sariling katayuan" (I Mga Taga Corinto 15:23; tingnan din sa Mosias 15:20–26; Alma 40:1–2; D at T 76:15–17).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang Ama sa Langit ay niluwalhati, perpekto, selestiyal na Ama, na nagtataglay ng kaganapan ng kagalakan (tingnan sa Mosias 4:9; 3 Nephi 28:10).
- Nabuhay tayo sa piling ng Ama sa Langit bago tayo pumarito sa daigdig. Tayo ay kanyang mga espiritung anak at nais niyang magkaroon tayo ng kagalakang napasakanya sa pamamagitan ng pagiging katulad niya (tingnan sa Jeremias 1:5; Mga Taga Roma 8:16; Mga Hebreo 12:9).
- Para maging katulad ng Diyos, kailangang mabuhay na mag-uli at luwalhatiin ang ating katawang pisikal at matutuhan natin ang mga katangian ng pagkadiyos (tingnan sa Job 19:26; 3 Nephi 27:27; D at T 130:22).
- Ang ating buhay sa lupa ay nilayon upang tulungan tayong magkamit ng mga katangiang makadiyos. Binibigyan tayo nito ng pagkakataong magkaroon ng katawang pisikal at matuto ng mga aral ng pagkadiyos sa pagkakaroon ng kalayaan na piliing sundin ang payo ng Diyos o ang mga panghihimok ni Satanas (tingnan sa Genesis 2:16–17; 2 Nephi 2:25–27; Alma 34:32–34).
- Ang Paglikha ng mundo at ang Pagkahulog ni Adan ang nagsanhi ng mahahalagang kundisyon ng mortalidad, kabilang na ang kamatayang espirituwal at pisikal at isang mundo kung saan may hirap, pasakit, at kalungkutan (tingnan sa Genesis 2:17; 3:6–7; 2 Nephi 2:15–25).
- Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang nagsanhi ng pagkabuhay na mag-uli upang lahat ay tumanggap ng imortal na katawang pisikal (tingnan sa Job 19:25–27; Ezekiel 37:12–14; Alma 11:42–45). Malilinis din tayo ng Pagbabayad-sala mula sa sariling mga kasalanan at matutulungan tayong maging katulad ng Diyos (tingnan sa Isaias 1:18; Mosias 3:19; Moroni 10:32–33).
- Sa bawat dispensasyon, nagsugo si Jesucristo ng mga propeta upang ituro ang kanyang ebanghelyo sa mga anak ng Diyos sa mundo. Ang Simbahan ni Jesucristo ay itinatag sa mga huling araw na ito upang anyayahan ang lahat na lumapit kay Cristo at makibahagi sa kanyang plano ng kaligayahan (tingnan sa Amos 3:7; Alma 12:32–34; D at T 1:1–14).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ibinubuod sa *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 4, "Ang Plano ng Kaligtasan," ang mga tampok sa plano ng kaligtasan (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo). Hindi nito dapat palitan ang talakayan sa klase dahil maikling pagtalakay lamang ito ng buhay bago tayo isinilang at ng kabilang buhay. Ang pagtatanghal 3 ay makakatulong sa mga estudyante na malaman ang mga layunin ng mga nangyari sa Lumang Tipan sa plano ng kaligtasan.

*Paunawa:* Nagbabala si Elder Boyd K. Packer, "Hindi nasunod ng ilang Banal na paalis ng Nauvoo ang limitasyon sa bagahe na itinakda ng Mga Kapatid. Pinagdusahan nila ang mga bunga niyon kalaunan. Tulad nila, gugustuhin ninyong magsama ng sobra-sobra sa inyong buod [ng plano ng kaligtasan]. Malulungkot kayo kapag hindi ninyo naituro ang lahat. Pitumpung libra lamang ang puwedeng dalhin ng mga handcart pioneer. Ang buod na ito ay 'buod tungkol sa handcart'" (*The Great Plan of Happiness,* 2–3). Ituturo ninyo ang mahahalagang elemento ng plano ng kaligtasan sa maraming lugar sa buong Lumang Tipan, lalo na sa susunod na ilang linggo kapag itinuro ninyo ang mga unang kabanata sa mga aklat ng Genesis, Moises, at Abraham. Tatalakayin ninyo roon nang detalyado ang mga pangyayaring tulad ng Paglikha, Pagkahulog, at Pagbabayad-sala. Makakatulong sa inyo na rekisahin nang bahagya ang mga materyal para sa mga araling ito habang inihahanda ninyo ang araling ito para maragdagan at hindi lang paulit-ulit ang itinuturo ninyo sa inyong pagbubuod.

#### Buod ng Plano ng Kaligtasan: Mungkahi 1
(90–120 minuto)

Tulungan ang mga estudyante na ilarawan sa kanilang isipan ang plano ng kaligtasan (ang plano ng kaligayahan) sa pagkakabit ng pisi sa inyong silid-aralan mula sa isang panig ng dingding hanggang sa kabilang panig. Magsabit ng paper clip sa pisi para madali itong dumulas sa pisi. Gumupit ng dalawang magkaparehong hugis ng tao, ang isa sa malinaw na plastik at ang isa naman sa puting papel, na maikakabit sa paper clip.

Sabihin sa mga estudyante na ang pisi ay kumakatawan sa haba ng kanilang buhay at ang isang dulo ng pisi ay kumakatawan sa kanilang nakaraan at ang kabilang dulo ay sa kanilang hinaharap. Ang paper clip ay kumakatawan sa kanila bilang mga katalinuhan, ang hugis na gawa sa malinaw na plastik ay kumakatawan sa kanilang katawang espiritu, at ang hugis na gawa sa puting papel ay kumakatawan sa kanilang katawang pisikal. Iusog ang paper clip sa pisi at idagdag

ang mga hugis dito habang tinatalakay ninyo ang ating pag-unlad mula sa nakaraang buhay bago tayo isinilang hanggang sa kabilang buhay sa hinaharap. Kapag tinalakay ninyo ang kamatayan, ihiwalay ang paper clip at hugis na gawa sa malinaw na plastik mula sa hugis na gawa sa puting papel. Magtanong ng katulad ng mga nakalista sa sumusunod na mga bahagi habang itinuturo ninyo ang plano ng kaligayahan at gamitin ang impormasyon sa pambungad na bahagi kung kailangan. Karaniwan ay mas mainam na hayaang tuklasin ng mga estudyante ang pinakamaraming sagot na kaya nila sa pagsasaliksik nila sa mga iminungkahing reperensya sa mga banal na kasulatan.

**Buhay bago tayo isinilang**

- Saan nagsisimula at nagwawakas ang buhay? (tingnan sa D at T 93:29; "Espirituwal na Paglikha," p. 14). Ipaliwanag na ang haba ng ating buhay ay totoong lagpas pa sa mga dingding ng silid at nagpapatuloy magpakailanman sa magkabilang direksyon. Ang ating buhay ay walang simula at wala itong katapusan.
- Ano ang alam ninyo tungkol sa inyong Ama sa Langit at sa buhay ninyo sa piling niya bago kayo isinilang sa mundo? (tingnan sa "Buhay Bago Tayo Isinilang," p. 13).
- Ano ang kahulugan ng maging espiritung anak ng Diyos? Ano kayo bago iyon? (tingnan sa "Buhay Bago Tayo Isinilang" at "Espirituwal na Paglikha," p. 14). Isabit sa paper clip ang hugis na gawa sa plastik upang ilarawan ang hakbang na ito.
- Kung nabuhay tayo sa piling ng Ama sa Langit bago tayo isinilang at imortal tayo noon, bakit hindi na lang tayo namalagi doon? (tingnan sa "Kalayaan" at "Ang Malaking Kapulungan at ang Digmaan sa Langit," p. 14).
- Ano ang alam natin tungkol sa mga pagkakaiba ng plano ng Ama sa Langit at ng alternatibong plano ni Lucifer? (tingnan sa Moises 4:1–4; "Ang Malaking Kapulungan at ang Digmaan sa Langit," p. 14).
- Ano ang lubhang mahalaga tungkol sa kalayaang pumili (kalayaan) para hayaan ng Diyos na maghimagsik si Lucifer at ang kanyang mga kampon at magsimula ang digmaan sa langit? (tingnan sa "Kalayaan," p. 14).

**Buhay sa lupa**

- Kung sa huli ay itatapon si Satanas sa malayong kadiliman, bakit siya tinulutan ng Diyos at ang kanyang mga kampon na pumarito sa lupa at lumikha ng napakalaking gulo? (tingnan sa D at T 29:39).
- Bakit natin kinailangang mapunta sa isang pisikal na mundo at magkaroon ng katawang pisikal? (tingnan sa Moises 1:33–39; "Ang Malaking Kapulungan at ang Digmaan sa Langit" at "Pisikal na Paglikha," p. 15).
- Bakit kinailangang maganap ang Pagkahulog nina Adan at Eva? Ano ang binago ng Pagkahulog? (tingnan sa 2 Nephi 2:19–25; "Ang Pagkahulog at Mortalidad," p. 15).
- Kung kinailangan natin ang isang mundo kung saan daranas tayo ng pasakit, kalungkutan, at kamatayan, bakit pa ito nilikha ng Diyos na paraiso noong una? (tingnan sa "Ang Pagkahulog at Mortalidad," p. 15).
- Bakit kinailangan noon ang isang Manunubos upang maisakatuparan ang plano? (tingnan sa "Ang Malaking Kapulungan at ang Digmaan sa Langit," p. 14; "Ang Pagbabayad-sala," p. 16).
- Bakit kinailangang maging mortal (tao) si Jehova (isang Diyos na siya ring si Jesucristo noon) upang maisakatuparan ang plano? (tingnan sa "Ang Pagbabayad-sala," p. 16).
- Dahil napakaraming tukso sa mundo ngayon, paano natin mababago ang ating likas na pag-uugali at mapaglalabanan ang kasamaan? (tingnan sa 1 Nephi 2:16; Mosias 3:19; 4:1–3; 5:1–2; Eter 12:27).

**Kabilang-buhay**

- Ano ang pagkakaiba ng kamatayang pisikal at ng kamatayang espirituwal? Paano tayo maililigtas sa bawat isa? (tingnan sa 2 Nephi 9:6–23; Alma 40:11–14; D at T 29:40–44; "Ang Misyon ng Simbahan at ang mga Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo," "Ang Pagbabayad-sala," at "Ang Daigdig ng mga Espiritu," p. 16).
- Ano ang sitwasyon sa daigdig ng mga espiritu at ano ang gagawin natin doon? (tingnan sa Alma 40:11–14; D at T 138:11–37; "Ang Daigdig ng mga Espiritu," p. 16).
- Kailan tayo hahatulan? Hindi lang ba isang beses ang paghuhukom? (tingnan sa "Paghuhukom," p. 16).
- Ano ang pagbabatayan ng paghatol sa atin? Hahatulan ba ang lahat ayon sa iisang pamantayan? (tingnan sa Mosias 2:36–41; Alma 41:3–7; D at T 82:3; "Paghuhukom," p. 16).
- Ano ang mangyayari sa mga taong hindi kailanman nakarinig tungkol sa ebanghelyo sa buhay na ito? (tingnan sa D at T 138:1–37; "Paghuhukom," p. 16).
- Ano ang magiging anyo natin kapag nabuhay tayong maguli? (tingnan sa Alma 11:42–45; "Paghuhukom" at "Pagkabuhay na Mag-uli," mga pahina 16–17).
- Ano ang ating huling hantungan at ano ang kahihinatnan natin kung susundin natin ang "dakilang plano ng kaligayahan"? (tingnan sa D at T 76:50–70).
- Bakit hindi na lang tayo gawing mga diyos ng ating Ama sa Langit nang hindi na tayo pinadaraan pa sa mortal na buhay na ito? (tingnan sa Alma 34:32–34).

Isiping iwanan sandali ang pisi at bumaling na lang dito kung kailangan para tulungan ang mga estudyante na makita kung paano lumalapat sa plano ang pinag-aaralan nila.


Itanong sa mga estudyante kung paano nakakatulong ang kaalaman tungkol sa plano para maunawaan nila kung bakit ipinag-uutos ng Panginoon ang ilang bagay at ipinagbabawal naman ang iba. Pumili ng isang kautusang tila nahihirapang sundin ng ilang kabataan sa inyong lugar (marahil ay katapatan, moralidad, o pagpapanatiling banal sa araw ng Sabbath) at

itanong sa mga estudyante kung bakit makabuluhang sundin ang kautusang iyon kapag nauunawaan ninyo ang plano ng kaligayahan.

Magpatotoo tungkol sa kagandahan ng plano at kahalagahan ng pag-alaala kung bakit tayo narito at kung ano ang nagawa ng Panginoon para tulungan tayong makabalik sa kanya.

### Buod ng Plano ng Kaligtasan: Mungkahi 2
(90–100 minuto)


Ang isang diagram, na tulad ng sumusunod, ay magagamit upang ituro ang plano ng kaligtasan. Ang paraang ito ay mainam sa pagtuturo ng plano na gamit ang mga larawan ngunit hindi nito itinuturong mabuti ang cronolohiya na katulad ng mungkahi 1.




Magtanong ng katulad ng mga nakalista sa mungkahi 1 habang idinodrowing ninyo sa pisara ang diagram (o maaari kayong mamigay ng handout) at talakayin ang mga elemento ng plano ng kaligtasan. Magdrowing ng mga palaso para maipakita ang ating pag-unlad sa plano. Kung maaari, hayaang tuklasin ng mga estudyante ang mga sagot sa mga tanong sa pagsasaliksik sa mga iminungkahing reperensya sa banal na kasulatan. Maaari ninyong isiping idispley ang tsart sa silid-aralan para makasangguni rito sa buong taon.

### Buod ng Plano ng Kaligtasan: Mungkahi 3
(60–70 minuto)

Ang simple ngunit mabisang paraan para maibuod ang plano ng kaligtasan na nagbibigay-diin sa kahalagahan ng mortalidad ay sa paghahambing nito sa isang tulay. Maaari kayong magdrowing (sa pisara o sa poster) ng isang tulay na gaya ng nasa sumusunod na diagram. Huwag muna itong sulatan at isulat ang mga ito kapag natuklasan ng inyong mga estudyante ang mga bahagi ng plano habang sama-sama ninyong pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan.




Ipakita sa mga estudyante ang tulay at itanong: Ano ang nagagawa ng tulay na hindi kayang gawing mag-isa ng kalsada? (Tinutulungan kayo nitong tawirin ang isang bangin o puwang.) Basahin ang Abraham 3:22 sa inyong mga estudyante at ipaunawa sa kanila kung saan tayo nanggaling at pagkatapos ay basahin ang Moises 1:39 upang maipaunawa sa kanila kung saan tayo nais dalhin ng Ama sa Langit (ang ibig sabihin ng *kawalang-kamatayan* ay mabuhay magpakailanman; ang ibig sabihin ng *buhay na walang hanggan* ay makapiling ang Diyos at maging katulad niya; tingnan sa "Buhay Bago Tayo Isinilang" at "Espirituwal na Paglikha," p. 14; "Kalayaan," p. 14). Isulat ang *Buong Sangkatauhan* sa dulong ibaba ng tulay at *Buhay na Walang Hanggan,* at kahulugan nito, sa kabilang dulo.

Itanong ang mga sumusunod:

- Yamang kapiling natin ang Diyos sa mundo bago tayo isinilang, bakit pa tayo umalis?
- Anong puwang o bangin (sa madaling salita, anong pagkakaiba) ang nasa pagitan natin at ng Ama sa Langit noong kapiling natin siya bilang kanyang mga espiritung anak?

Tulungan ang mga estudyante na matuklasan na kahit kapiling natin noon ang Ama sa Langit, sa maraming paraan ay hindi pa tayo katulad niya (tingnan sa 3 Nephi 12:48; D at T 76:70; 88:41; 130:22; "Buhay Bago Tayo Isinilang," p. 13).

Sabihin sa mga estudyante na ang mga haliging sumusuporta sa tulay ay kumakatawan sa ginawa ng Ama sa langit para tulungan tayong maging katulad niya at ang bahaging nasa ibabaw ng mga haligi ay kumakatawan sa kailangan nating gawin. Ipabasa sa mga estudyante ang Abraham 3:24–27 at hanapin kung ano ang ginawa ng Ama sa Langit para sa atin at talakayin kung bakit kinailangan iyon (tingnan sa "Kalayaan," "Ang Malaking Kapulungan at ang Digmaan sa Langit,: at "Pisikal na Paglikha," mga pahina 14–15). Isulat ang *Ang Paglikha* sa unang haligi.

Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang kinakatawan ng pangalawang haligi. Pagkatapos ng pisikal na paglikha, ano ang kinailangang mangyari upang maging higit tayong katulad ng Ama sa Langit? (tingnan sa 2 Nephi 2:22–25;

"Ang Pagkahulog at Mortalidad," p. 15). Isulat ang *Ang Pagkahulog* sa pangalawang haligi at talakayin nang *maikli* kung paano binago ng Pagkahulog ang mga bagay-bagay at nagsanhi ng kamatayan at kasalanan sa mundo.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang mangyayari sa atin sa pisikal at espirituwal kung nanatili sa nahulog na kalagayan ang lahat ng bagay. Basahin ang 2 Nephi 9:6–10 at talakayin kung ano ang ginawa ng Diyos upang tulungan tayong madaig ang mga epekto ng Pagkahulog (tingnan sa "Ang Pagbabayad-sala," p. 16). Itanong sa mga estudyante kung ano ang kinakatawan ng pangatlong haligi at sulatan ito ng *Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.* Itanong: Yamang nangako si Jesucristo na tutubusin tayo mula sa ating mga kasalanan, ano ang ating responsibilidad upang personal na umangkop sa atin ang plano? (tingnan sa Alma 42:9–15).

Ipabasa sa mga estudyante ang Helaman 14:15–17 at sabihin kung aling mga pagpapala ng Pagbabayad-sala ang ibinigay sa buong sangkatauhan anuman ang uri ng kanilang pamumuhay (ang pagkabuhay na mag-uli at ang maibalik sa kinaroroonan ng Diyos para mahatulan). May iba pang mga pagpapalang ibinibigay lamang sa mga yaong taimtim na naghahangad dito. Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3–4 at ilista ang unang mga bagay na ipinagagawa sa atin ng Diyos upang mapatawad sa ating mga kasalanan at maging perpekto (tingnan din sa "Ang Misyon ng Simbahan at ang mga Alituntunin at Ordenansa ng Ebanghelyo," mga pahina 15–16).

Tapusing sulatan ang tulay katulad ng nasa diagram at itanong sa mga estudyante kung paano nakakatulong sa kanila ang pagkaunawa sa plano ng kaligtasan para maunawaan kung bakit tayo inutusang gawin ang ilang bagay at pinagbawalang gawin ang iba. Piliin ang ilang kautusan na maaaring nahihirapang sundin ng ilang kabataan sa inyong lugar at talakayin kung ano ang itinuturo sa atin ng plano kung bakit ibinigay sa atin ng Diyos ang mga kautusang iyon.

Basahin sa inyong mga estudyante ang pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer sa "Paghuhukom" (p. 16) at magpatotoo tungkol sa "dakilang plano ng kaligayahan" na inihanda ng Ama sa Langit para sa kanyang mga anak.

# Abraham 3

## Pambungad

Inutusan ni Jehova si Abraham na magpunta sa Egipto upang ipangaral ang ebanghelyo. Bago pa nakarating si Abraham sa Egipto (tingnan sa Abraham 3:15), itinuro sa kanya ng Panginoon ang mga katotohanang nasa Abraham 3–5.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga espiritu ng buong sangkatauhan ay walang hanggan. Sila ay inorganisa ng Ama sa Langit at namuhay sa piling Niya bago sila isinilang sa mundo (tingnan sa Abraham 3:18–23).
- Higit ang katalinuhan, o "liwanag at katotohanan" (D at T 93:36), ni Jesucristo kaysa lahat ng iba pang espiritung anak ng Ama sa Langit, kaya siya naging "tulad ng Diyos" (Abraham 3:24; tingnan sa mga talata 19, 22–24).
- Si Jesucristo ay napiling maging Tagapagligtas at Manunubos ng mga espiritung anak ng Ama sa Langit na sumangayong sundin ang plano ng Ama sa pagparito sa lupa (tingnan sa Abraham 3:24–28).
- Sabi ni Propetang Joseph Smith, "Bawat tao na may tungkuling mangasiwa sa mga naninirahan sa mundo ay inorden sa layuning iyon mismo sa Malaking Kapulungan sa langit bago pa itinatag ang mundong ito" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 365; tingnan sa Abraham 3:22–23; tingnan din sa D at T 138:55–56). Kailangang mapatunayan ng bawat isa sa atin na tayo ay tapat sa mga katungkulang iyon sa lupa (tingnan sa Abraham 3:25; tingnan din sa Alma 13:3–5, 8–10; D at T 121:34–40).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Abraham 3:22–28 (Scripture Mastery, Abraham 3:22–23). Ang pagkaalam kung sino tayo at bakit tayo narito ay makapagbibigay sa atin ng karagdagang lakas na harapin ang mga hamon at makasumpong ng kagalakan sa buhay.** (35–40 minuto)

*Paunawa:* Kahit tinalakay na ninyo ang buhay bago tayo isinilang nang ituro ninyo ang plano ng kaligtasan, dapat pa itong talakayin bilang bahagi ng aklat ni Abraham—lalo na ang reperensya sa scripture mastery. Ang sumusunod na pagsasanay ay isang aktibidad na tumutulong sa mga estudyante na makilala ang isa't isa at maaaring humantong sa pagtalakay ng Abraham 3.

Isulat ang *Sino Ako? Bakit Ako Narito?* sa pisara. Pasagutan sa mga estudyante ang mga tanong sa pagsulat ng pagpapakilala ng kanilang sarili sa klase. Hikayatin sila na maging malikhain at matuwa sa kanilang mga sagot. Maaari ninyong ipalista sa kanila ang masasabi nila tungkol sa kanilang sarili na sasagot sa unang tanong, tulad ng isang anak, kaibigan, estudyante, musikera, tagahugas ng pinggan, sekretarya ng Laurel class.

Matapos maipakilala ng mga estudyante ang kanilang sarili, sabihin sa kanila na natutuhan ng propetang si Abraham ang ilang napakahalagang sagot sa mga tanong na ito. Ipabasa sa mga estudyante ang Abraham 3:22–28 at maghanda ng mga sagot sa mga tanong na nasa pisara, na nagbibigay ng mga talata kung saan nila natagpuan ang kanilang mga sagot. Ilista ang mga sagot sa ilalim ng mga tanong na nasa pisara.

Itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:

- Ano ang pakiramdam ninyo tungkol sa karanasan ni Abraham?
- Paano makakaapekto sa buhay ni Abraham ang kaalamang natamo niya mula sa paghahayag na ito?
- Paano kaya makakaapekto sa ating mga desisyon sa buhay ang kaalaman na naroon tayo sa kapulungang iyon sa langit?

Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, "*Ang pinakamalaking pagsubok sa buhay* ay pagsunod sa Diyos" (sa Conference Report, Abr. 1988, 3; o *Ensign,* Mayo 1988, 4). Isulat sa pisara ang kanyang pahayag at tulungan ang mga estudyante na agad itong maisaulo. Maaari ninyong gawin itong poster at idispley sa inyong silid-aralan. Ipaunawa sa mga estudyante na kahit pinili si Abraham para sa ilang layunin (tingnan sa Abraham 3:23), kinailangan pa rin niyang "subukin" ang kanyang sarili sa pamamagitan ng pagsunod (tingnan sa t. 25).

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Benson:

> "Halos anim na libong taon kayong inireserba ng Diyos para mabuhay sa mundo sa mga huling araw bago ang Ikalawang Pagparito. Bawat naunang dispensasyon ng ebanghelyo ay nag-apostasiya, ngunit hindi natin iyon gagawin…. Inilaan ng Diyos para sa huling labanan ang ilan sa pinakamatatag niyang mga anak, na tutulong sa ikatatagumpay ng kaharian. At doon kayo pumapasok sa eksena, dahil kayo ang henerasyon na kailangang ihandang sumalubong sa inyong Diyos…. Huwag kayong magkakamali—kayo ay kakaibang henerasyon. Wala pang higit na inaasahan sa matatapat sa gayon kaikling panahon kaysa sa atin…. Bawat araw gumagawa tayo ng maraming desisyon na nagpapakita kung saan tayo susuporta. Ang huling resulta ay tiyak—mga puwersa ng kabutihan ang mananalo sa wakas. Hindi lang natin alam kung saan papanig ang bawat isa sa atin, ngayon at sa hinaharap, sa

labanang ito—at kung gaano katatag ang ating paninindigan. Magiging tapat ba tayo sa ating misyon sa mga huling araw na inorden na noon pa man?" (sinipi sa Marvin J. Ashton, sa Conference Report, Set.–Okt. 1989, 48; o *Ensign,* Nob. 1989, 36–37).

Magpatotoo na ang pagkaalam kung sino tayo at bakit tayo narito ay makapagbibigay sa atin ng lakas sa mga oras ng tukso at matutulungan tayong maging masunurin sa Diyos at mapatunayan na tapat tayo.

# Moises 1

## Pambungad

Hindi natin alam kung kailan talaga natanggap ni Moises ang paghahayag na nakatala sa Moises 1, ngunit may mga clue sa mga talata na nagpapahiwatig na nangyari iyon matapos ang karanasan niya sa nagliliyab na palumpong (tingnan sa Moises 1:17; tingnan din sa Exodo 3:1–22; 4:1–17) at bago siya nagbalik sa Egipto para tumulong na mailigtas ang mga anak ni Israel mula sa pagkaalipin (tingnan sa Moises 1:25–26). Bukod dito, nalaman natin na isinulat ni Moises ang aklat ng Genesis bunga ng mga paghahayag na nabasa natin sa Moises 1 (tingnan sa Moises 1:40–41). Ang kabanatang ito ay puno ng mga ideya sa maraming kadahilanan, ngunit lalo na dahil sinasabi nito sa atin kung paano at bakit natanggap ni Moises ang mga unang kabanata ng Genesis (tingnan sa Moises 1:30).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Hindi natin matatagalan ang presensya ng Diyos maliban kung mabago tayo ng kapangyarihan ng Espiritu Santo para mapasaatin ang kaluwalhatian ng Diyos. Ang pagbabagong ito ay tinatawag na "pagbabagong-anyo" (tingnan sa Moises 1:2, 5, 9, 11, 25, 31).
- Tayo ay mga anak ng isang niluwalhating Ama sa Langit (tingnan sa Moises 1:3–6).
- Matutulungan tayo ng pagsampalataya sa kapangyarihan ni Jesucristo, na siyang Jehova ng Lumang Tipan, pag-alaala sa ating kaugnayan sa Diyos, pagsunod sa mga kautusan, at pagdarasal para mapaglabanan ang kapangyarihan at panunukso ni Satanas (tingnan sa Moises 1:12–22; tingnan din sa Mateo 4:10–11; Santiago 4:7).
- Sa pamamagitan ng Espiritu Santo mas madali nating mahihiwatigan ang mabuti at masama (tingnan sa Moises 1:13–18; tingnan din sa D at T 93:36–37).
- Ang layunin ng mga gawa at likha ng Diyos ay tulungan ang kanyang mga anak na makatanggap ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan (Moises 1:30–39).
- Si Jesucristo ang lumikha sa mundong ito at sa marami pang mga mundong tulad nito (Moises 1:32–38; tingnan din sa Moises 7:30).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 3, "Gawain at Kaluwalhatian ng Diyos," ay magagamit para ipakita ang ating banal na potensyal (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo). Ipaalam ang video sa pagsasabi sa mga estudyante na ito ay pagsasadula ng karanasan ni Moises sa Panginoon. Ipahanap sa kanila ang mga isinagot ng Panginoon sa mga tanong ni Moises at kung bakit mahalaga ang mga sagot na iyon.

**Moises 1:1–22. Ipinapakita ng karanasan ni Moises ang payo mula kay Elder Dallin H. Oaks, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol. Sabi niya, "Ikintal sa isip ng isang kabataan ang makapangyarihang ideya na siya ay anak ng Diyos, at kung nagawa mo ito, mabibigyan mo siya ng paggalang sa sarili at mahihikayat siyang lumaban sa mga problema ng buhay" (sa Conference Report, Set.–Okt. 1995, 31; o *Ensign,* Nob. 1995, 25–).** (25–30 minuto)

Isulat ang *Sino Ako?* sa pisara. (Maaaring natalakay na ninyo ang sagot sa tanong na iyon habang pinag-aaralan ang Abraham 3.) Itanong sa mga estudyante kung paanong maaapektuhan ng paraan ng pagsagot ng mga tao sa tanong na iyan ang paraan ng kanilang pamumuhay.

Isulat ang *Ang tao ay walang kabuluhan* sa pisara at magtanong sa mga estudyante ng tulad ng sumusunod:

- Ano ang pakiramdam ninyo sa pangungusap na iyan?
- Posibleng sagot ba iyan sa tanong na Sino Ako?
- Bakit kaya madarama ng sinuman na ang tao ay walang kabuluhan?

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 1:9-11 at maghanap ng mga clue o pahiwatig para maipaliwanag kung bakit sinabi ni Moises na ang "tao ay walang kabuluhan."

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 1:1–11 at ipalista sa buong klase ang itinuturo ng mga talatang iyon tungkol sa Diyos. Itanong sa mga estudyante kung paano maihahambing ang nakalista sa sinumang mortal na nilalang. Itanong: Ito kaya ang dahilan kung bakit sinabi ni Moises na ang "tao ay walang kabuluhan"?

Ipaunawa sa mga estudyante kung sino ang nagsasalita sa Moises 1. Sabihin sa kanila na ang "Panginoong Diyos" na nakipag-usap kay Moises sa Moises 1 ay ang premortal na Jesucristo, na si Jehova, kahit na tinawag niya si Moises na "aking anak" (t. 4). Ito ay halimbawa ng prinsipyo ng banal na pagkakaloob ng karapatan, na siyang karapatan na nagpapahintulot kay Jesucristo na magsalita sa ngalan ng Ama sa Langit na para bang siya ang Ama sa Langit.

Noong pinalayas si Adan sa Halamanan ng Eden, siya ay inalis sa piling ng Ama sa Langit. Simula noon, si Jesucristo ay namagitan na sa tao at sa Ama sa Langit bilang ating Tagapagtanggol at Tagapamagitan. Si Elder James E. Talmage, na isang Apostol, ay sumulat:

> "Isang pangkalahatang pagsusuri ng katibayan ng banal na kasulatan ang nauwi sa konklusiyon na ang Diyos Amang Walang Hanggan ay nagpakita sa mga propeta o tagapaghayag sa mundo sa iilang pagkakataon lamang, at una sa lahat upang pagtibayin ang banal na awtoridad ng Kanyang Anak na si Jesucristo" (*Jesus the Christ* [1970], 39).

Patingnang muli sa mga estudyante ang Moises 1:1–11 at markahan kung ano ang nalaman ni Moises tungkol sa kanyang sarili. Itanong:

- Ano ang dapat nating madama sa pagtawag sa atin bilang anak ng Diyos?
- Ano ang ipinapakita sa atin ng kaugnayan natin kay Jesucristo tungkol sa ating potensyal?

Para ipakita ang ating potensyal, dalhin sa klase ang buto o binhi ng isang malaking puno. Habang ipinapakita ninyo ito, itanong sa mga estudyante kung magiging ano ito paglaki. Sabihin sa mga estudyante kung anong uri ng puno ang pinagmulan ng buto o binhi. Itanong:

Ano ang potensyal ng buto o binhing ito?

Paano ninyo nalaman?

Bagama't tila maliit at walang kabuluhan sa ngayon, dahil sa potensyal nito, may halaga ito na hindi masusukat sa kasalukuyan. Paano maihahambing ang buto o binhing ito sa pahayag ni Moises sa talata 11?

Paano katulad nating lahat ang buto o binhi?

Basahin ang Moises 1:12–22 sa inyong mga estudyante at ipaunawa sa kanila kung gaano kahalagang malaman kung sino tayo at ano ang maaari nating marating, na iniisip ang epekto ng kaalamang ito sa karanasan ni Moises kay Satanas. Isiping itanong ang ilan sa mga sumusunod:

- Ano ang tawag ni Satanas kay Moises?
- Paano sumagot si Moises?
- Gaano ba kapilit si Satanas?
- Paano natulungan si Moises ng kanyang kaalaman tungkol sa Diyos sa pagdaig kay Satanas?

Magpabahagi sa mga estudyante ng isang alituntuning natutuhan nila sa pag-aaral ng mga karanasang ito ni Moises.

**Moises 1:1–28. Kapag nasa atin ang Espiritu ng Panginoon, mas nahihiwatigan natin ang mabuti sa masama at nakagagawa ng matatalinong desisyon.** (20–25 minuto)

Kung maaari, padilimin ang silid-aralan para kaunti lamang ang liwanag dito. Magpakita sa mga estudyante ng dalawang bagay na magkatulad ngunit magkaiba ng kulay (tulad ng dark blue na medyas at itim na medyas) at ipalarawan sa kanila ang anumang pagkakaiba na nakikita nila sa pagitan ng dalawang bagay. Patayin ang mga ilaw at pasubukan itong muli sa kanila. Ipabasa sa kanila ang Moises 1:1–18 at ipalahad kung paano maihahambing ang aktibidad sa nangyari kay Moises. Itanong: Ano ang napag-alaman natin tungkol sa kung bakit kailangang mapasaatin ang Espiritu at mas madalas na magkaroon ng mga espirituwal na karanasan?

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 1:1, 5–9, 24–28 at ilista kung ano ang nakita at natutuhan ni Moises. Ipabasa sa kanila ang mga talata 11, 14–15 at ipahanap kung ano ang nagpahintulot kay Moises na makita at matutuhan ang lahat ng ginawa niya. Itanong sa mga estudyante kung paano sila matutulungan ng karanasang ito na makagawa ng mas mabuting paghatol sa pagitan ng mabuti at masama.

Ilista ng buong klase ang mga bagay na magagawa natin upang maanyayahan ang Espiritu Santo sa ating buhay para matanggap natin ang mga pagpapala ng personal na paghahayag at dagdag na kakayahang makahiwatig. Hikayatin ang mga estudyante na gamitin ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* ("Espiritu Santo," p. 61 at "Paghahayag," p. 179) para mahanap ang ilang sagot sa mga banal na kasulatan. Maaaring kasama sa listahan ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan (tingnan sa Helaman 3:29), pagsisisi (tingnan sa Alma 26:21–22), pagtitiwala at pamumuhay ng mga pamantayan upang tulungan tayong mamuhay nang mabuti (tingnan sa D at T 11:12–14), pag-una sa Diyos sa ating buhay (tingnan sa D at T 88:67–68), karapat-dapat na pakikibahagi ng sacrament at pagtupad sa kaugnay nitong mga tipan (tingnan sa 3 Nephi 18:1–7).

Magpaisip sa mga estudyante ng mga panahon na sinunod nila ang mga tagubilin ng Panginoon at natanggap nila ang Espiritu sa kanilang buhay. Anyayahan ang ilang estudyanteng gustong magbahagi ng kanilang mga karanasan sa klase.

**Moises 1:24–40. Nakapagbibigay ng kapanatagan at katiyakan ang malaman na ang gawain at kaluwalhatian ng Diyos ay tulungan tayo na maging katulad niya.** (15–20 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung alam nila ang gusto nilang maging trabaho o hanapbuhay. Ipapaliwanag sa kanila kung bakit nila gugustuhing gawin ang trabahong iyon. Basahin ang Moises 1:6 at alamin ang tungkol sa gawaing ipinagagawa kay Moises. Itanong sa mga estudyante ang sumusunod:

- Ano ang maradarama ninyo kung alam ninyong may ipagagawa sa inyo ang Panginoon? Alam ba niya?
- Basahin ang Moises 1:24–26 at hanapin ang gawaing ipinagagawa kay Moises. Ano sa palagay ninyo ang ipagagawa sa inyo ng Panginoon?
- Paano ninyo malalaman kung ano ang gagawin ninyo?
- Ano sa palagay ninyo ang gawain ng Ama sa Langit, ni Jesucristo, at ng Espiritu Santo?

- Basahin ang Moises 1:27–29 at alamin kung ano ang nakita ni Moises sa mga gawa ng Diyos. Kung nakita ninyo ang nakita ni Moises, ano kaya ang mga katanungan ninyo?

Ipabasa sa mga estudyante ang talata 30 at ipahanap at pamarkahan ang dalawang tanong ni Moises; ipabasa sa kanila ang mga talata 31–40 at ipahanap kung paano sinagot ng Panginoon ang mga ito.

Isulat sa pisara ang *kawalang-kamatayan* at *buhay na walang hanggan* at itanong sa mga estudyante kung ano ang kahulugan ng mga ito at paano nagkakaiba ang mga ito. Ang sumusunod na mga salita ni Pangulong Joseph Fielding Smith ay magpapaunawa sa mga estudyante sa pagkakaiba ng kawalang-kamatayan sa buhay na walang hanggan:

> "Ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ay dalawang magkahiwalay na bagay at magkaiba. Bawat tao ay makatatanggap ng imortalidad, mabuti man siya o masama, o walang interes, dahil ang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay ay darating sa lahat ng tao.
>
> "Ang buhay na walang hanggan ay higit pa riyan. Walang makatatanggap ng buhay na walang hanggan maliban sa mga taong sumusunod sa mga kautusan ng Panginoon at dahil dito ay may karapatang pumasok sa kanyang kinaroroonan….Iyan ang buhay na walang hanggan, ang mamuhay sa piling ng Ama at tumanggap ng kadakilaan mula sa kanya" (*Doctrines of Salvation,* tinipon ni Bruce R. McConkie, 3 tomo [1954–56], 2:4–5).

Basahin ang Moises 1:39; 2 Nephi 26:23–24 at itanong sa mga estudyante ang sumusunod:

- Paanong makagagawa ng kaibhan sa ating buhay ang malaman ang gawain at layunin ng Diyos?
- Ano ang itinuturo ng kaalaman na nilikha ni Jesucristo ang mundong ito at namatay para sa mga kasalanan ng sangkatauhan tungkol sa kanyang katapatan sa atin?
- Paano ito nakakatulong para magtiwala tayo sa kanya at maniwala na ang kapakanan natin ang kanyang iniisip?

Magpabahagi sa mga estudyante ng kanilang nadarama o paniniwala tungkol sa pagtitiwala sa Panginoon.

**Moises 1:39 (Scripture Mastery). Ang layunin ng mga gawa at likha ng Diyos ay tulungan ang kanyang mga anak na makatanggap ng kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan.** (15–20 minuto)

Isulat sa pisara ang buong teksto ng Moises 1:39 at tulungan ang mga estudyante na isaulo ang talata. Ang isang paraan ay ipaulit ito nang malakas sa buong klase. Matapos ulitin nang ilang beses ng mga estudyante ang talata, burahin ang ilang salita at ipaulit sa kanila ang talata. Ipagpatuloy ang prosesong ito hanggang sa mabura ang buong talata at saulado na ito ng klase.

Sabihin sa mga estudyante na ang pagbanggit sa isang banal na kasulatan ay hindi kasinghalaga ng pag-unawa sa kahulugan nito at kung paano ito isagawa sa ating buhay. Itanong sa kanila kung bakit totoo ang alituntuning ito at hikayatin silang huwag lamang isaulo ang mga salita kundi magkaroon ng mas malalim na pang-unawa sa Moises 1:39. Halimbawa, itanong:

Ano ang isinasagisag ng tinapay at tubig sa sacrament?

Paano tayo ipinauunawa sa atin ng mga sagisag na ito ng sacrament kung paano tayo tinutulungan ni Jesucristo na isakatuparan ang ating kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan?

Ano ang inaasahan ng Panginoon na gagawin natin upang tulungan siyang isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng iba? (Bilang mga halimbawa, talakayin kung paanong mahalaga ang gawaing misyonero at walang hanggang kasal sa pagsasakatuparan ng gawain ng Ama sa Langit.)

# Genesis 1–2; Moises 2–3; Abraham 4–5

## Pambungad

Ang mga banal na kasulatan ay may tatlong tala ng Paglikha (tingnan sa Genesis 1–2; Moises 2–3; Abraham 4–5; mayroon ding tala na ibinibigay sa loob ng temple). Sa bahaging ito gagamitin natin ang salaysay sa Moises 2–3 at babanggitin ang tala sa Genesis 1–2 at Abraham 4–5 kung kinakailangan.

Ang plano ng kaligayahan ay ibinigay ng isang mapagmahal na Ama sa Langit upang tulungan ang kanyang mga anak na tumanggap ng kawalang-kamatayan at magkaroon ng buhay na walang hanggan. Ang paglikha ng isang mundo—kung saan maipapadala ang kanyang mga espiritung anak upang magkaroon ng katawang pisikal, masubukan, at magkaroon ng mga banal na katangian—ay mahalaga sa planong ito. Sapat ang detalyeng ibinibigay sa atin ng mga banal na kasulatan tungkol sa Paglikha upang maipaunawa sa atin ang papel ni Jesucristo sa Paglikha at ang banal na layunin ng Paglikha.

Ang tala sa banal na kasulatan tungkol sa Paglikha ay hindi nagbibigay ng detalye ng *paano* o *kailan* nilikha ang mundo ngunit ito ay nagpapatotoo sa *bakit* ito nilikha noon at *sino* ang lumikha (tingnan sa Moises 1:31–32, 39). Ang Panginoon ay nangako na darating ang araw na ihahayag ang detalye tungkol sa paglikha ng mundong ito (tingnan sa 3 76:5–10; 101:32–34).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin


- Si Jesucristo (Jehova) ang lumikha sa langit at lupa sa utos ng Ama (tingnan sa Moises 2:1; tingnan din sa D at T 38:1–3; 76:23–24; Moises 2:31–33).
- Ang mundo ay hindi nilikha mula sa wala; ito ay binuo mula sa mga bagay na umiiral noon (tingnan sa Genesis 1; Moises 2; Abraham 4).
- Ang mga espiritu ng lahat ng nabubuhay ay nilikha sa espirituwal bago nilikha ang mga ito sa pisikal (tingnan sa Genesis 2:4–5; Moises 3:4–5).
- Si Adan ang unang tao. Sila ng kanyang asawang si Eva, ay nilikha sa literal na wangis ng Diyos at ang lahat ng tao sa mundo ay nagmula sa kanila (tingnan sa Genesis 1:26–27; Moises 2:26–27).
- Inorden ng Diyos ang isa sa pitong araw para makapagpahinga ang sangkatauhan mula sa kanilang gawain at sumamba sa kanya (tingnan sa Genesis 2:1–3; Moises 3:1–3; tingnan din sa Exodo 20:8–11).
- Mula sa simula, ibinigay ng Diyos ang kalayaan ng tao, na siyang kapangyarihan upang kumilos para sa kanyang sarili. Lahat ng pagpiling ginagawa gamit ang kalayaan sa pagpili ng isang tao ay may kaakibat na mga bunga batay sa mga walang hanggang batas (tingnan sa Moises 3:16–17; tingnan din sa 2 Nephi 2:16, 27; D at T 130:20–21).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 5, "Ang Paglikha," ay tungkol sa kinalalagyan ng Paglikha sa plano ng ating Ama sa Langit (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Genesis 1:1; Moises 2:1; Abraham 4:1. Ang layunin ng mga kuwento ng Paglikha sa banal na kasulatan ay hindi para sagutin ang mga tanong na tulad ng *paano* nilikha ang mundo, *kung gaano na katagal* nang maganap ang Paglikha, o *gaano katagal* ang proseso ng paglikha; ang layunin ng mga ito ay upang sagutin ang mas mahahalagang tanong ng *bakit* nilikha ang mundo at *sino* ang lumikha dito.** (20–25 minuto)

Ipakita ang isang larawan o gamitin ang dibuho ng isang pintor tungkol sa sansinukob (tingnan sa sumusunod na diagram; at ang p. 261) o isang mabituing kalangitan. Talakayin sa mga estudyante ang kaugnayan ng mundo at ng kilalang sansinukob at ang lawak ang mga likhang ito.




Magdala sa klase ng isang puzzle na may 200 piraso at ipaisip sa mga estudyante kung gaano kasimple at kaliit ang puzzle kung ihahambing sa buong sansinukob. Pasubukan sa isang estudyante na buuin ang puzzle sa pamamagitan ng pagkalog sa nilalaman ng kahon at hayaang bumagsak sa sahig ang mga piraso nito. Anyayahan ang mga estudyante na subukan muli, sa pagkakataong ito ay subukang mabuti na pagdugtung-dugtungin ang mga piraso nang sila lamang. Itanong: Kung ang isang simpleng bagay na tulad ng puzzle na ito ay hindi basta lamang nabuo, ano ang sinasabi sa atin nito tungkol sa isang bagay na kasinglawak ng mundo o sansinukob na ito? Talakayin kung ano ang itinuturo sa atin ng eksperimento tungkol sa pangangailangan sa isang manlilikha o isang taong tutulong sa pagbuo ng mga elemento.

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 2:1 at Abraham 4:1 at hanapin kung ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol sa Paglikha. Hikayatin ang mga estudyante na mabilis na tingnan kung ilang beses lumitaw ang salitang *Diyos* sa Moises 2–4 at Abraham 4–5 kung saan tinatalakay ang Paglikha. Itanong kung bakit sa palagay nila masyadong binigyang-diin ang salitang iyon.

Upang tulungang mabigyang-diin ang kahalagahan ng katotohanan na si Jehova—Jesucristo—ang Tagapaglikha, isiping gawin ang isa o higit pa sa sumusunod na mga aktibidad:

- Kantahin ang "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit" (Aklat ng mga Awit Pambata, p. 16) at talakayin ang mensahe nito.
- Magpaisip, magpagdala sa klase, o magpadrowing sa mga estudyante ng isang bagay na nagpapaalala sa kanila na

mayroong Diyos at mahal niya sila. Anyayahan silang ibahagi ang mga ito sa klase.

- Basahin ang Alma 30:43–44 at Moises 6:63 at talakayin kung paanong lahat ng bagay sa kalikasan ay nagpapatotoo tungkol kay Jesucristo bilang Tagapaglikha at sa kanyang misyon bilang ating Manunubos.

**Genesis 1–2; Moises 2–3; Abraham 3–4 Ang Paglikha ay isinagawa sa maayos at tumpak na paraan sang-ayon sa plano ng Ama sa Langit.** (30–35 minuto)

Para maipaunawa sa mga estudyante ang pagkakasunod ng mga panahon ng Paglikha, ipagawa sa kanila ang aktibidad A para sa Genesis 1; Moises 2:1 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Talakayin ang pagkakasunud-sunod ng Paglikha at ipabahagi sa mga estudyante kung ano ang nagustuhan nila sa aktibidad.

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 2:10, 12, 18, 21, 25, 31. Itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang ebalwasyon ng Panginoon sa bawat bahagi ng Paglikha nang matapos ito?
- Ano ang kahulugan sa inyo na gayon ang kalidad ng Paglikha? Bakit?
- Ano ang nadarama ninyo sa kaalaman na ang sangkatauhan ang pinakamainam sa lahat ng likha ng Ama sa Langit at ni Jesucristo?

Itaas ang isang Biblia at itanong sa mga estudyante kung mas mahalagang maunawaan ang pisikal na mga katangian ng aklat (tulad ng binding, papel, at estilo ng pag-type) o ang mensahe at kahulugan nito sa ating buhay. Ipaliwanag na bagama't magandang malaman ang pagkabuo, pagkalimbag, at kasaysayan ng Biblia, ang mensahe at kahulugan ng mga nilalaman nito ang pinakamahalaga. Itanong kung totoo din ito sa paglikha ng mundo.

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong:

- Paano?
- Sino?
- Gaano katagal?
- Para sa anong layunin?

Itanong sa mga estudyante ang sumusunod:

- Kung ang mga tanong sa pisara ay may kinalaman sa paglikha ng mundo, paano ninyo ililista ang mga ito ayon sa kahalagahan ng mga ito sa inyong kaligtasan? Bakit?
- Basahin ang Moises 1:39. Ano ang banal na layunin ng paglikha sa mundong ito?

Ipaliwanag na bagama't marami pa ang hindi natin alam at nauunawaan tungkol sa paglikha ng mundong ito (tingnan sa D at T 101:32–33), ang mga tala sa mga banal na kasulatan tungkol sa Paglikha ay nagbibigay sa atin ng mga sagot sa ilan sa mga pinakamahalagang tanong.

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Mark E. Petersen, na isang Apostol noon, at pag-usapan ang mga sagot ng mga estudyante sa mga itinanong niya:

> "Nauunawaan ba natin talaga ang kahalagahan ng mundong ito sa atin? Nakikita ba natin ang dahilan kung bakit ito ginawa? Nauunawaan ba natin ang layunin nito? Nakikita ba natin na walang bagay na nagkataon lang o kusa lang lumitaw? Nakikita ba natin na ang pagkalikha nito ay literal at tunay, at kumpleto at ganap, na gawa ng Diyos?" (sa Conference Report, Abr. 1983, 86; o *Ensign*, Mayo 1983, 64).

**Genesis 1:26–27 (Scripture Mastery). Tayo ay literal na mga anak ng Ama sa Langit at nilikha tayo sa kanyang wangis.** (15–20 minuto)

Ipabahagi sa ilang estudyante ang ilang pagkakatulad nila sa kanilang mga magulang, lalo na ang mga pag-uugaling natanggap o natutuhan nila mula sa kanilang mga magulang (tulad ng mga pisikal na katangian, nakaugalian, nakagawian, pinahahalagahan, at mga espirituwal na kaloob). Itanong:

- Gaano ba kakaraniwan sa isang bata na lumaki at maging tila katulad ng kanyang mga magulang?
- Basahin ang Genesis 1:26–27. Kaninong wangis tayo nilikha?
- Anong mga pag-uugali at katangian ang natanggap natin mula sa kanya?
- Paano makakatulong ang kaalaman na nilikha tayo sa wangis ng ating Ama sa Langit na malamang maaari tayong maging katulad niya?

Ipinahayag ng Unang Panguluhan noong 1909:

> "Lahat ng kalalakihan at kababaihan ay nasa wangis ng pangkalahatang Ama at Ina, at literal na mga anak ng Maykapal" (sa James R. Clark, comp., *Messages of the First Presidency of The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints*, 6 na tomo [1965–75], 4:203).

Ipinahayag ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol noong 1995:

> "Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa wangis ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. Ang kasarian ay isang mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign*, Nob. 1995, 102).

Itanong sa mga estudyante kung paano nakatulong sa dagdag na pagpapahalaga sa kanilang sarili ang kaalaman na sila ay nilikha sa wangis ng kanilang Ama sa Langit. Ipahanap sa kanila ang iba pang mga banal na kasulatan na nagtuturo na tayo ay mga anak ng Diyos at nilikha sa kanyang wangis. Hikayatin silang gamitin ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Gumawa ng listahan ng mga banal na kasulatang makikita nila at hikayatin silang isulat ang ilan sa mga reperensyang iyon sa tabi ng mga talata sa scripture mastery. Papiliin ang mga estudyante ng ilang talata mula sa kanilang listahan at ipalahad sa kanila kung paano nila magagamit ito para tulungan ang isang kaibigan na malaman pa ang tungkol sa Ama sa Langit.

Si Elder M. Russell Ballard, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagsabi:

> "Kapag tiningnan natin ang katibayan ng paglikha na nakapaligid sa atin, mula sa butil ng buhangin hanggang sa kagila-gilalas na mga planeta, natatanto natin na tayo ang pinakadakila sa lahat ng likha ng Diyos; nilikha tayo sa kanyang wangis" (sa Conference Report, Abr. 1988, 66–67; o *Ensign*, Mayo 1988, 58).

**Genesis 2:1–3. Inordena ng Diyos ang isa sa pitong araw para makapagpahinga ang sangkatauhan mula sa kanilang mga gawain at sambahin siya.** (10–15 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Aling araw ng linggo ang gustung-gusto ninyo?
- Ano ang dahilan kung bakit kaiba ito?
- Basahin ang Moises 2:31. Paano inilarawan ni Jehova ang kanyang nilikha nang matapos niya ito?
- Basahin ang Moises 3:1–3. Ano ang sinasabi ng mga banal na kasulatan na nangyari pagkatapos ng Paglikha?
- Paano naiba ang turing ng Panginoon sa ikapitong araw mula sa nalalabing anim na araw ng Paglikha?
- Paano tayo inaasahan ng Panginoon na susunod sa kanyang halimbawa?

Ipaliwanag na muling binigyang-diin ng Panginoon ang kahalagahan ng araw ng Sabbath sa Bundok ng Sinai. Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 20:8–11; 31:13, 16–17 upang malaman kung bakit natin dapat panatilihing banal at sagrado ang araw ng Sabbath. Isulat sa pisara ang sagot ng mga estudyante at talakayin ang mga ito.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang kahulugan ng ang Sabbath ay palatandaan at tipan sa Panginoon (tingnan sa Exodo 31:13, 16). Itanong kung ano ang nangyayari kapag ipinagwawalang-bahala o kinakaligtaan natin ang ating mga tipan sa Panginoon.

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 58:13–14 at Doktrina at mga Tipan 59:9–21 at hanapin ang mga pagpapalang maaari nating tanggapin sa pagsunod sa kautusan na panatilihing banal ang Sabbath. Hikayatin ang mga estudyante na lalong ipamuhay ang kautusang iyon upang matanggap nila ang malalaking pagpapala na ipinangako ng Panginoon sa kanyang pinagtipanang mga tao.

**Genesis 2:15–17; Moises 3:15–17. Ang kalayaan ay mahalaga sa salaysay tungkol kina Adan at Eva at sa ating walang hanggang pag-unlad sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit.** (15–20 minuto)

Isulat sa pisara *Hindi libre ang kalayaan*. Itanong sa mga estudyante:

- Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng mga katagang ito?
- Bakit hindi libre ang kalayaan?
- Ano ang kahulugan ng salitang libre ayon sa gamit sa pangungusap na iyon? (Walang katumbas na halaga.)

Anyayahan ang mga estudyante na magbigay ng mga halimbawa ng katumbas na halaga ng kalayaan at basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Boyd K. Packer:

> "Ang katagang '*kalayaang* pumili' ay hindi lumitaw sa banal na kasulatan. Ang tanging kalayaang binabanggit dito ay *moral na kalayaan,* 'na,' sabi ng Panginoon, 'aking ibinigay sa kanya, upang ang bawat tao ay *managot* sa kanyang sariling mga kasalanan sa araw ng paghuhukom' (D at T 101:78; idinagdag ang pagkahilig ng mga salita)" (sa Conference Report, Abr. 1992, 92; o *Ensign*, Mayo 1992, 67).

Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila hindi kailanman sinabi sa mga banal na kasulatan na libre ang kalayaan. Ipaunawa sa kanila na bagama't ang kaloob na kalayaan ay nagbibigay sa atin ng kalayaang pumili (tingnan sa 2 Nephi 2:27), na maaaring magpahiwatig kung bakit iniisip kung minsan na ito ay "libre," pananagutin tayo sa bawat "malayang" pagpiling ginagawa natin (tingnan sa D at T 101:78). Sa madaling salita, hindi tayo makagagawa ng mga pagpili at magiging malaya sa responsibilidad at mga bunga ng mga pagpiling iyon maliban kung hindi tayo panagutin dahil sa edad o kakayahan ng isipan.

Ipaliwanag na sinasabi sa atin ng Genesis 2 at Moises 3 kung paano tiniyak ng Panginoon na sina Adan at Eva ay magkakaroon ng kalayaan. Kopyahin ang sumusunod na tsart, at huwag punan ang mga kahon na "Kakain" at "Hindi Kakain". Papunan sa inyong mga estudyante ang mga kahon habang pinag-aaralan nila ang pangyayaring ito.

**Kakain o Hindi Kakain?**




Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 3:9, 15–17 at hanapin kung ano ang sinabi ng Diyos kay Adan tungkol sa pagkain ng bunga ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama. Ipabasa sa mga estudyante ang 2 Nephi 2:15–16. Itanong:

- Bakit kinailangang may pagpilian sina Adan at Eva?
- Basahin ang 2 Nephi 2:22–23. Ano sana ang nangyari kung hindi kinain nina Adan at Eva ang ipinagbabawal na bunga?
- Basahin ang 2 Nephi 2:24–29. Anong kaibhan ang ginawa para sa atin ng kanilang pagpili na kainin ang bunga?

Upang mailarawan kung ano ang kahulugan sa atin ng pagpili nina Adan at Eva, maglagay sa mesa ng isang mangkok ng isang uri ng prutas. Maglagay ng ibang uri ng napakaganda at katakam-takam na prutas sa tabi ng mangkok ng prutas. Anyayahan ang isang estudyante na tumayo sa tabi ng mesa ng prutas at maglagay ng linya o hangganan sa palibot ng mesa at ng estudyante. Sabihin sa estudyante na maaari siyang kumain hangga't gusto niya mula sa mangkok ng prutas basta sa loob lamang ng itinakdang lugar. Ang nag-iisang prutas ay maaari lamang kainin sa labas ng lugar na iyon, ngunit kapag nakatawid na nang minsan sa hangganan hindi na muling makakapasok ang estudyante. Sabihin sa estudyante na kung pipiliin niyang kunin at dalhin ang nag-iisang piraso ng prutas sa kanyang upuan at kakainin ito, nangangako kayong bibigyan ng gantimpala ang buong klase (isang prutas o kahit ano) sa susunod na pagkikita ng klase.

Repasuhin ang sitwasyon: Maaaring mamalagi ang estudyante sa limitadong lugar at kumain hangga't gusto niya mula sa mangkok ng prutas o kunin ang nag-iisang piraso ng prutas, lisanin ang lugar, at maghatid ng gantimpala para sa buong klase. Itanong:

- Sa paanong paraan may kalayaan sa situwasyong ito?
- Paano natutulad ang situwasyong ito kina Adan at Eva?

Ipaunawa sa mga estudyante na si Adan, sa paggamit ng kanyang kalayaan sa pagpili, ay kumilos para sa ating lahat nang mangyari ang Pagkahulog, at dahil dito ay naging posible ang mortalidad "upang ang tao ay maging gayon" (2 Nephi 2:25); at si Jesus ay kumilos para sa ating lahat nang isagawa niya ang Pagbabayad-sala, at dahil dito ay naging posible ang pagkabuhay na mag-uli at pagpapatawad (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22).

# Genesis 3; Moises 4

## Pambungad

Pinatototohanan ng makabagong paghahayag na ang Pagkahulog ay mabuti, kailangan, at nakaplanong hakbang sa walang hanggang pag-unlad ng lahat ng anak ng Ama sa Langit. Ipinapaliwanag ng Lumang Tipan ang nangyari sa Pagkahulog ngunit hindi nito ipinapaliwanag kung bakit ito nangyari o ano ang kahulugan nito sa atin. Ang isang dahilan dito ay maaaring ang pagkawala ng maraming malinaw at mahahalagang katotohanan mula sa Biblia (tingnan sa 1 Nephi 13:25–29). Bilang mga miyembro ng Simbahan, mas mauunawaan natin ang doktrina ng Pagkahulog dahil marami sa mga nawala ay naipanumbalik sa Aklat ni Mormon, sa Doktrina at mga Tipan, at sa Mahalagang Perlas.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ipinagpapatuloy ni Satanas ang pakikipagdigmaan sa lupa na sinimulan niya sa langit sa pamamagitan ng pagsira sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit (tingnan sa Moises 4:1–6; tingnan din sa Apocalipsis 12:7–17; D at T 76:28–30).
- Hangad ni Satanas na alipinin ang mga hindi makikinig sa mga salita ng Panginoon sa pamamagitan ng pagbulag [mula sa katotohanan] at panlilinlang sa kanila (tingnan sa Moises 4:4; tingnan din sa Joseph Smith—Mateo 1:37).
- Nagsinungaling si Satanas kay Eva, at tinukso siyang kumain ng prutas ng punungkahoy ng kaalaman ng mabuti at masama. Pinili din ni Adan na kainin ang prutas, na nagbigay-daan sa Pagkahulog—"upang ang tao ay maging gayon" (2 Nephi 2:25)—at upang isulong pa ang plano ng kaligtasan (tingnan sa Genesis 3:1–6; Moises 4:5–18).
- Sinabi ng Panginoon kina Adan at Eva ang mga resulta ng Pagkahulog, na makakaharap nila at ng sangkatauhan bilang mga mortal sa mundong ito, pati na ang kasalanan, kalungkutan, mga anak, trabaho, kamatayan, at pag-alis sa piling ng Diyos (tingnan sa Genesis 3:16–24; Moises

4:23–25; tingnan din sa Alma 42:2–10; Moises 5:1–4; 6:48–49).

- Ang mga resulta ng Pagkahulog ay para sa kapakinabangan nina Adan at Eva. Mainam at makapipili tayo sa pagitan ng mabuti at masama, daranas ng kalungkutan, magkakaroon ng mga anak, magtatrabaho, at sa huli ay lilisanin ang mortalidad sa pamamagitan ng kamatayang pisikal (tingnan sa Genesis 3:16–24; tingnan din sa Moises 5:9–11).
- Ang asawang lalaki ang mamumuno sa kanyang kabiyak at pamilya sa kabutihan at magtutustos sa kanilang mga pangangailangan (tingnan sa Genesis 3:16–20; Moises 4:22; tingnan din sa Mga Taga Efeso 5:22–31).
- Ang paggawa at mga pagsubok sa mortalidad ay kailangan at maaaring maging pagpapala (tingnan sa Genesis 3:16–19; Moises 4:22–25).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 6, “Ang Pagkahulog,” ay tumutulong na maituro kung gaano kahalaga ang Pagkahulog sa plano ng Ama sa Langit (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Moises 4:1–6. Ang digmaan na nagsimula sa langit ay hindi pa tapos; pinipilit pa rin ni Satanas na sirain ang plano ng Ama sa Langit at ang kanyang mga anak.** (5–10 minuto)

Isulat sa pisara ang *Digmaan sa Langit.* Magdrowing o ipakita sa mga estudyante ang isang larawan ng mga armas ng militar at itanong:

- Sa palagay ninyo, anong uri ng digmaan ang digmaan noon sa langit?
- Tungkol saan ang digmaan? (tingnan sa D at T 29:36–38; Moises 4:1–4).

Ipasaliksik sa kanila ang Apocalipsis 12:7–11 at ipahanap kung sino ang kasangkot sa digmaan noon. (Si Miguel at ang kanyang mga anghel—na kinabibilangan natin—laban kay Satanas at sa kanyang mga kampon.) Basahin ang Moises 4:1–6 at itanong:

- Paano napasunod ni Satanas ang sangkatlo ng hukbo ng langit?
- Paano niya iminungkahing isakatuparan ang plano ng Diyos?
- Paano itutulot ng pagsira sa kalayaan ng tao na magtagumpay si Satanas?

Ihambing ang sinabi ni Satanas sa Ama sa Langit sa sinabi ng “Pinakamamahal na Anak,” na si Jesus. Itanong:

- Ano ang nadarama ninyo kay Jesucristo matapos malaman ito?
- Ano ang nangyari kay Satanas at sa kanyang mga kampon?

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 76:25–30 at maipaunawa sa mga estudyante na hindi natapos ang digmaan—nagbago lamang ang pinangyayarihan nito at nagpapatuloy dito sa lupa. Itanong kung anong mga sandata ang ginamit upang talunin si Satanas (tingnan sa Apocalipsis 12:11). Sabihin sa kanila na ang pangunahing target ni Satanas ay ang mga Banal sa mga Huling Araw (tingnan sa Apocalipsis 12:17). Itanong: Kung sa bandang huli ay itatapon si Satanas sa malayong kadiliman, bakit siya hinayaan ng Ama sa Langit at ang kanyang mga kampon na pumarito sa lupa at lumikha ng malaking pinsala?

**Moises 4:1–6. Nagrebelde si Satanas at hinangad na sirain ang kalayaan ng tao.** (15–20 minuto)

*Paunawa:* Ang sumusunod na aktibidad ay batay sa mungkahi sa pagtuturo para sa Genesis 2:15–17; Moises 3:15–17 (p. 25), ngunit magiging mabisa para rin ito kung hindi ninyo ginamit ang mungkahing iyon.

Basahin ang Moises 4:1, 3 at itanong sa mga estudyante kung ano ang sinasabi ng mga banal na kasulatan na planong gawin ni Satanas para sirain ang ating kalayaan sa pagpili. Iniisip ng karamihan sa mga tao na pipilitin niya tayong gawin ang tama, ngunit isa lamang iyan sa mga posibleng mangyari. Ipaliwanag na kailangan ang ilang kundisyon upang magkaroon tayo ng kalayaan sa pagpili at ipapakita ninyo kung ano ang mga ito.

Papuntahin ang isang estudyante sa harap ng silid at alukin siya ng kaakit-akit na gantimpala para lamang gawin ang tamang bagay sa buong araw. Kapag itinanong ng estudyante kung ano ang “tamang bagay” na ito, sabihin na walang mga patakaran—malaya ang estudyante na gawin ang gusto niya. Maiisip siguro ng estudyante na magandang usapan iyon. Itanong sa klase kung paano malalaman ng estudyante kung nagawa niya ang “tamang bagay.” Basahin ang 2 Nephi 2:11–13 sa inyong mga estudyante at ipaunawa sa kanila na kung walang mga patakaran sa pag-uugali ay hindi magkakaroon ng mali o tamang pag-uugali. Samakatuwid, hindi mapapanalunan ng estudyante ang gantimpala dahil sa situwasyong iyon ay walang kalayaan sa pagpili. Isulat sa pisara ang *1. Kailangang may mga batas na magtatakda ng mabuti at masama* (tingnan sa 2 Nephi 2:13). Ipaliwanag na kailangang magbigay ng mga patakaran o kautusan, at bawat isa ay dapat may kaakibat na pagpapala at mga ibubunga. Kung walang batas ay walang magiging kasalanan (tingnan sa 2 Nephi 2:13). Mahalagang sangkap ito ng kalayaan.

Maglagay ng mesang walang laman sa harap ng silid at papuntahin sa harap ang isa pang estudyante. Ituro ang mesang walang laman at sabihin sa estudyante na ayon sa batas bawal kunin ang anumang bagay sa mesa at kainin. Kapag walang kinuha ang estudyante, sabihin na siya ay isang mabuting tao dahil hindi niya nilabag ang batas. Itanong sa klase kung sa palagay nila ay dapat gantimpalaan ang isang tao sa pagsunod sa isang batas kapag walang ibang pagpipilian. Itinuro ng propetang si Lehi na kailangan ang oposisyon o kasalungat (tingnan sa 2 Nephi 2:11). Sa huli ay kailangan tayong pumili sa pagitan ng mabuti at masama (tingnan sa 2 Nephi 2:16). Ipamungkahi sa mga estudyante kung ano ang pangala-

wang mahalagang elemento ng kalayaan sa pagpili. Isulat sa pisara ang 2. *Kailangang may ibang pagpipilian sa sinasabing mabuti* (tingnan sa 2 Nephi 2:11).

Maglagay ng isang uri ng pagkain sa mesa at itago sa inyong bulsa ang isa pang mas katakam-takam na pagkain. Papuntahin sa harap ang isang estudyante at papiliin ng isang bagay na makakain sa mesa. Matapos damputin ng estudyante ang pagkain na nasa mesa, ipakita kung ano ang nasa bulsa ninyo at itanong kung bakit hindi niya pinili ang mas katakam-takam na pagkain. Kapag sinabi ng estudyante na hindi niya alam na may pagpipilian, hayaang imungkahi ng klase kung ano ang ikatlong mahalagang sangkap ng kalayaan sa pagpili. Isulat sa pisara ang 3. *Kailangang alam ng tao kung ano ang mga pagpipilian at mga ibubunga nito* (tingnan sa 2 Nephi 2:15–16; Helaman 14:30–31).

Maglagay ng dalawang pagkain sa mesa, na ang isa ay mas katakam-takam kaysa sa isa. Papuntahin sa harap ang isa pang estudyante at papiliin ng pagkain sa mesa at ipakain ito. Kapag aabutin na ng estudyante ang pinakamasarap na pagkain, kunin ito. Hilingan ang estudyante na muli itong subukan at, kapag sinubukan niyang muli, huwag hayaang makuha ito ng estudyante. Hayaang magmungkahi ang klase ng ikaapat na mahalagang sangkap ng kalayaan sa pagpili. Isulat sa pisara ang 4. *Ang isang tao ay kailangang lubos na malayang pumili sa dalawang pagpipilian* (tingnan sa 2 Nephi 2:26–27).

Ipaunawa sa mga estudyante kung bakit mahalagang bahagi ng plano ng kaligtasan ang kalayaan sa pagpili sa pamamagitan ng pagtalakay sa sumusunod na mga tanong:

Bakit pinili nating pumarito sa lupa sa ilalim ng plano ng Ama sa Langit sa halip na sumunod kay Satanas?

Magiging tulad ba tayo ng Diyos sa ilalim ng plano ni Satanas? Bakit hindi?

Maaari bang ipagkatiwala sa isang tao ang mga kapangyarihan ng pagkadiyos kung hindi siya kailanman nagkaroon ng pagkakataong matutong pumili sa pagitan ng mabuti at masama?

Sabihin sa kanila na nasira sana ni Satanas ang ating kalayaan sa pagpili sa pag-aalis ng alinman sa apat na sangkap na iyon at sinisikap pa rin niyang sirain ang ating kalayaan sa paggamit pa rin ng mga panlilinlang at kasinungalingan.

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 4:4. Itanong sa kanila kung anong mga kasinungalingan ang gamit ni Satanas para mapaniwala ang mga tao na makaaapekto sa kanilang mga pagpili o desisyon. (Walang Diyos at, dahil dito, walang mga batas ng tama o mali, walang kasalanan, at walang kaparusahan. Anuman ang gusto ninyong gawin ay tama.) Magpabigay sa mga estudyante ng mga halimbawa kung paano sinasalakay ngayon ni Satanas ang apat na sangkap na ito ng kalayaan. (Ginagawa ito ng lahat. Katawan ko ito. Wala akong sinasaktan. Minsan lang naman. Walang makakaalam.)

**Genesis 3; Moises 4:6–29. Ang pag-unawa sa Pagkahulog ay mahalaga para mapahalagahan ang Pagbabayad-sala at makaagapay sa mga hamon sa buhay na ito.** (20–25 minuto)

Isulat sa pisara ang *Kung ang Halamanan ng Eden noon ay paraiso, bakit pinili ni Adan na umalis?* Basahin ang sumusunod na mga pahayag (o ang iba pa na maaaring mas angkop sa kalagayan ng mga estudyante mo) at sabihan ang inyong mga estudyante na mag-"thumbs up" kung sang-ayon sila o mag-"thumbs down" kung hindi sila sang-ayon:

Gusto kong nakakagat ng mga insekto.

Ang pagbubunot ng mga damo ay isa sa mga paborito kong gawin.

Masayang-masaya ako kapag maysakit ako.

Pakiramdam ko ay ligtas na ligtas ako kahit alam ko ang tungkol sa lahat ng digmaan, taggutom, at salot sa mundo.

Ang kaalaman na mamamatay ako balang-araw ay kapana-panabik sa akin.

Itanong sa mga estudyante:

Sa palagay ba ninyo dinanas nina Adan at Eva ang alinman sa mga hamon na ito sa Halamanan ng Eden?

Bakit kaya pinili nina Adan at Eva na mabuhay sa isang makasalanang daigdig sa halip na sa paraiso?

Ipasaliksik sa mga estudyante ang Moises 4:6–19 at ipahanap ang mga dahilan kung bakit kinain ni Eva ang ipinagbabawal na bunga (tingnan sa mga talata 12, 19) at bakit kumain din si Adan pagkatapos (tingnan sa t. 18). Itanong: Kung hindi nagkasala sina Adan at Eva, sa Halamanan ng Eden pa rin kaya tayo isisilang? (tingnan sa 2 Nephi 2:22–23).

Para maipaunawa sa inyong mga estudyante na kailangan ang Pagkahulog sa ating pag-unlad, gamitin ang sumusunod na tsart para ipamigay o idrowing ito sa pisara. Mga pamuhatan at bilang lamang ang isulat, mag-iwan ng puwang para sa mga sagot. Basahin ang mga reperensya sa banal na kasulatan sa inyong mga estudyante at tulungan silang punan ang mga kundisyon bago at pagkatapos ng Pagkahulog.

| Bago ang Pagkahulog | Pagkatapos ng Pagkahulog |
|---|---|
| 1. Walang kamatayang pisikal; sina Adan at Eva ay nabuhay sana magpakailanman (tingnan sa 2 Nephi 2:22). | 1. Lahat ng bagay ay naging mortal at mamamatay (tingnan sa 2 Nephi 9:6). |
| 2. Walang kamatayang espirituwal; namuhay sila sa piling ng Diyos—hindi kinailangan ang pananampalataya (tingnan sa Alma 32:21). | 2. Pinalayas sina Adan at Eva mula sa piling ng Diyos at nagkaroon ng kamatayang espirituwal (tingnan sa D at T 29:40-42). |
| 3. Walang pag-unlad tungo sa pagkadiyos dahil sa limitadong kakayahan sa pagpili (tingnan sa 2 Nephi 2:22). | 3. Ang walang hanggang pag-unlad batay sa plano ng Ama sa Langit ay naging posible (tingnan sa Moises 5:11). |

| | |
|---|---|
| 4. Hindi sana sila nagkaroon ng mga anak (tingnan sa 2 Nephi 2:23). | 4. Sina Adan at Eva ay maaaring magkaanak (tingnan sa Moises 4:22; 5:11). |
| 5. Sila ay inosente o walang-malay, hindi nalalaman ang mabuti ni masama, ang kagalakan ni kalungkutan (tingnan sa 2 Nephi 2:23). | 5. Nalaman nila ang mabuti at masama at daranas ng kagalakan at kalungkutan (tingnan sa Moises 5:11). |
| 6. Tumira sila sa isang paraiso kung saan ibinigay ang lahat nang walang kapagud-pagod (tingnan sa Moises 3:8–9). | 6. Ang mundo ay nahulog din, kaya't kailangang magtrabaho ang tao para matustusan ang kanyang mga pangangailangan (tingnan sa Moises 4:23–25). |

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson para maipaunawa sa mga estudyante kung paano tayo natutulungan ng kaalaman tungkol sa mga bunga ng Pagkahulog na pahalagahan ang Pagbabayad-sala. (*Paunawa:* Ang Pagbabayad-sala ay ituturo kasabay ng Moises 5.)

> "Tulad ng pag-ayaw ng tao sa pagkain kung hindi siya gutom, gayon din naman na hindi niya hahangaring maligtas kay Cristo hangga't hindi niya alam kung bakit kailangan niya si Cristo.
>
> "Walang sinumang sapat at angkop ang kaalaman sa kung bakit kailangan niya si Cristo hangga't hindi niya nauunawaan at tinatanggap ang doktrina ng Pagkahulog at ang epekto nito sa sangkatauhan" (sa Conference Report, Abr. 1987, 106; o *Ensign,* Mayo 1987, 85).

Itanong sa mga estudyante:

- Paano nakakatulong ang pag-unawa sa Pagkahulog upang makaagapay tayo sa mga pagsubok at hamon na kailangan nating harapin sa buhay na ito?
- Paano natin mauunawaang mabuti ang mortalidad kung hindi tayo mahaharap sa anumang hamon o kahirapan? (Sa kabilang banda, maaari ninyong itanong: Gaano kahusay ninyo mauunawaan ang matematika kung hindi kayo kailanman sumagot sa anumang problema sa matematika? Paano kayong magiging mas malakas kung hindi naman kayo nag-eehersisyo?)

Magpatotoo na bagama't parang paurong na hakbang ang Pagkahulog, ito ay mahalagang hakbang sa pagsulong.

**Genesis 3:14–19; Moises 4:20–25. Ang mga bunga ng Pagkahulog ay mga pagpapala, hindi mga parusa.** (15–20 minuto)

*Paunawa:* Ang mungkahing ito sa pagtuturo ay karugtong ng mga nauna tungkol sa mga bunga ng Pagkahulog at maaaring ituro kasabay nito.

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 4:20–25 at hanapin ang mga bunga ng Pagkahulog. Isulat sa pisara ang kanilang mga sagot.

Isulat ang salitang *papag-aalitin* sa pisara. Ipaliwanag na sinabi ni Pangulong Ezra Taft Benson na "ang kahulugan ng salitang *pag-aalitan* ay 'pagkamuhi sa, galit sa, o pagsalungat'" (sa Conference Report, Abril 1989, 3; *Ensign,* Mayo 1989, 4).

Ipabuklat sa mga estudyante ang Moises 4:21. Itanong:

- Sino ang nagsanhi ng pag-aalitan ni Satanas at ng babae at ng mga kampon ni Satanas at ng binhi ng babae?
- Sino ang "binhi" ng babae? (si Jesucristo; tingnan din sa komentaryo sa Genesis 3:15 na nasa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 41.)
- Paano maituturing na pagpapala ang pag-aalitang iyon?
- Paano pinagpapala ng tagumpay ni Jesucristo laban kay Satanas ang ating buhay ngayon at sa kawalang-hanggan?

Isulat sa pisara ang salitang *dalamhati* at itanong sa mga estudyante kung ang dalamhati ay maaaring maging pagpapala. Basahin ang Moises 4:22–23, at hanapin ang salitang *dalamhati* sa bawat talata, na inaalam kung mukhang parusa ba ito o pagpapala. Ipaliwanag na ang salitang Hebreo na isinalin bilang *dalamhati* sa mga talatang iyon ay maaari ding mangahulugan ng "kalumbayan" o "kahirapan" o "pagpapagal" (tingnan din sa komentaryo para sa Genesis 3:16–19 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* mga pahina 41–42). Itanong sa mga estudyante kung paano magiging mga pagpapala sa huli ang kasipagan, karamdaman, at iba pang mga paghihirap sa ating buhay.

**Genesis 3:16–20. Tulad ng pagbibigay ng Panginoon ng responsibilidad kay Adan para sa kapakanan ni Eva, dapat mamuno ang lalaki sa kanyang asawa at pamilya sa kabutihan at tustusan ang kanilang mga pangangailangan.** (5–10 minuto)

Nabahala ang ilang tao sa pahayag na pamumunuan ni Adan si Eva (tingnan sa Genesis 3:16; Moises 4:22). Basahin sa mga estudyante ang pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball sa komentaryo para sa Genesis 3:16 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 41).

Basahin ang Mga Taga Efeso 5:23 at itanong kung paano nararapat mamuno ang lalaki sa kanyang asawa at pamilya. Itanong kung anong mga katangian ang pinakamainam na naglalarawan sa pamumuno ni Jesucristo sa Simbahan; isulat sa pisara ang mga sagot.

Ipaunawa sa mga estudyante na ang uri ng pamumunong nilayon ng Ama sa Langit na gawin ni Adan at ng lahat ng lalaki sa kanilang pamilya ay tulad ng pamumuno ng Tagapagligtas sa Simbahan.

**Moises 1–4. Ang mga pagpapala ng Pagkahulog.** (40–50 minuto)

*Paunawa:* Lahat ng pangunahing ideyang pinag-aralan ng mga estudyante sa Moises 1–4 ay hindi matatalakay kung minsanan o dalawang beses lang kayo nagkaklase sa isang linggo. Gayunman, makakatulong ang mungkahing ito sa pagtuturo para marepaso ninyo ang ilan sa pinakamahahalagang doktrina sa mga kabanatang ito. Maipapasiya rin ninyong gamitin ang ilan sa iba pang mga mungkahi sa pagtuturo batay sa nalalaman ninyo tungkol sa inyong mga estudyante at sa patnubay ng Espiritu.

Isulat sa pisara ang sumusunod na apat na tanong:

- Sino ako?
- Bakit nilikha ang mundo?
- Bakit labis ang kasamaan sa mundo at napakaraming kaguluhan at pagsubok sa buhay?
- Bakit natin kailangan ng Tagapagligtas?

Sabihin sa mga estudyante na umaasa kayo na sa pagtatapos ng klase ay maibigay nila ang sagot sa bawat isa sa mga tanong na iyon.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang natutuhan nila sa kanilang personal na pag-aaral ng Moises 1–2 kung paano sagutin ang unang tanong na: Sino ako? Ituon ang kanilang pansin sa nalaman ni Moises tungkol sa Diyos at sa kanyang sarili (tingnan sa Moises 1:1–11). Sabihin sa kanila na ang isang paraan para malaman kung ano ang kahihinatnan ng isang bata ay tingnan ang mga magulang. Itanong:

Sino ang ama ng ating mga espiritu?

- Ano ang sinasabi niya tungkol sa ating potensyal?
- Talakayin kung bakit maaaring maging mahalaga sa buhay natin ang kaalaman na tayo ay mga anak ng Ama sa Langit.

Ipakumpleto sa mga estudyante ang mga aktibidad A at B para sa Moises 1 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Ipabahagi sa kanila ang kanilang mga sagot sa klase.

Sa Moises 1 nababasa natin ang tungkol sa mga pangitaing ibinigay ng Panginoon kay Moises tungkol sa mundong ito at sa mga taong naninirahan dito. Matapos makita ang pangitaing ito, may dalawang katanungan si Moises. Ipahanap at pamarkahan sa mga estudyante ang mga tanong sa Moises 1:30. Ipabasa sa kanila ang Moises 1:39 at Abraham 3:24–26 at magpabigay ng mga sagot na nagpapaliwanag kung bakit nilikha ang mundo.

Bilang karagdagang paliwanag kung bakit nilikha ang mundo, ipalahad nang maikli sa mga estudyante kung ano ang nangyari sa bawat panahon ng paglikha. Itanong:

- Ano ang mga pinakahuling nilikha?
- Paano sila naiba sa iba pang mga nilikha?

Itanong sa mga estudyante kung paano nila sasagutin ang ikatlong tanong: Bakit labis ang kasamaan sa mundo at napakaraming kaguluhan at pagsubok sa buhay? Ipabasa sa kanila ang Moises 4:15–31 at ipalista ang mga bunga ng Pagkahulog. Ipabasa sa kanila ang Moises 5:9–11. Itanong:

- Paano tayo nakinabang sa Pagkahulog?
- Bakit ito mahalaga sa plano ng kaligtasan?
- Ano ang nag-iisang hakbang na kinailangan upang maging pagpapala ang pagkahulog? (Ang Pagbabayad-sala.) Bakit?
- Paano nakakatulong ang pagsisisi para matanggap natin ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala?

# Genesis 4; Moises 5

## Pambungad

Hindi ipinadala ng Panginoon sina Adan at Eva sa mundo nang walang sapat na mga tagubilin. Nililinaw ng Pagsasalin ni Joseph Smith na nalaman nina Adan at Eva ang tungkol sa mga pagpapala ng Pagkahulog at tinuruan sila tungkol kay Jesucristo at kung paano siya sasambahin (tingnan sa Moises 5–6). Bukod pa rito, nalaman natin na itinuro nina Adan at Eva sa kanilang mga anak ang mga katotohanang natutuhan nila. Kaya nga, pinaslang ni Cain ang kanyang kapatid sa kabila ng kaalaman niya tungkol sa mga walang hanggang katotohanan. Nalaman din natin na naimpluwensyahan ni Satanas ang mga kilos ni Cain—isang katotohanang wala sa Biblia.

Ipinauunawa sa atin ng Moises 5 na ang ating Ama sa Langit ay naglaan ng isang plano ng pagtubos mula sa Pagkahulog nina Adan at Eva at mula sa sarili nating pagkahulog dahil sa ating mga kasalanan (paghambingin ang Moises 5:4 at 5:41; tingnan din sa 2 Nephi 1:20; 5:20).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Sina Adan at Eva at ang kanilang mga inapo ay tinubos mula sa Pagkahulog sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, kaya naging posible ang pagtubos (tingnan sa Moises 5:4–9; tingnan din sa Mosias 3:16–17; 4:6–8; Moises 6:52).
- Ang Pagkahulog ay nagbigay kina Adan at Eva at sa kanilang mga inapo ng pagkakataong makadama ng kagalakan, magkaanak, malaman ang mabuti sa masama, at magtamo ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Moises 5:10–11; tingnan din sa 2 Nephi 2:22–27).
- Ang mga alay sa Panginoon ay kailangang gawin sa kabutihan at kung hindi ay hindi ito katanggap-tanggap sa kanya (tingnan sa Moises 5:16–27; tingnan din sa Moroni 7:6–8).
- Ang isang paraan ng pagsira ni Satanas sa sangkatauhan ay tuksuhin silang madama na hindi nila responsibilidad ang kanilang kapwa (tingnan sa Moises 5:28–34).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

*Paunawa: Ang Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 7 na, "Ang Pagbabayad-sala," ay pagsasadula ng sakripisyo nina Adan at Eva (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Moises 5:1–12. Tulad nina Adan at Eva, lahat tayo ay "nahulog" at "pinalayas" mula sa piling ng Diyos. Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang tutubos sa atin mula sa ating pagkahulog.** (25–30 minuto)

Gumawa ng dalawang poster—sulatan ng "Sa Piling ng Diyos" ang isa at ng "Wala sa Piling ng Diyos" ang isa pa. Ilagay ang mga ito sa magkabilang dingding ng silid-aralan.

Magsitayo kayo ng mga estudyante sa panig ng silid na may nakasulat na "Sa Piling ng Diyos." Ipaliwanag na lahat tayo ay nabuhay sa piling ng Diyos bago tayo naparito sa lupa. Sa Halamanan ng Eden, sina Adan at Eva ay nabuhay din sa piling ng Diyos. Upang maisagisag ang Pagkahulog, magsilakad kayo ng mga estudyante papunta sa kabilang panig ng silid na may nakasulat na "Wala sa Piling ng Diyos." Linyahan ng teyp ang gitna ng silid mula puno hanggang dulo at ipawari sa mga estudyante na isang balakid ang teyp na humahadlang sa pagbalik natin sa piling ng Diyos.

Ipabasa sa kanila ang Moises 5:1. Itanong:

- Kapiling ba nina Adan at Eva ang Diyos noon o hindi?
- Paano sila napunta sa ganoong kalagayan? (Nilabag nila ang batas nang kainin nila ang ipinagbabawal na bunga.)
- Paano nakatulad ang kalagayan nila noon sa kalagayan natin ngayon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Alma 42:2–3, 6–7, 9, 12, 14 at ilista sa pisara ang mga kalagayang umiral matapos ang Pagkahulog. Tiyakin na nauunawaan ng mga estudyante na ang dalawang pangunahing bunga ng Pagkahulog ay kamatayang pisikal at kamatayang espirituwal, na siyang pagkawalay sa piling ng Diyos.

May dalawang dahilan ang ating nahulog na kalagayan—ang Pagkahulog ni Adan at ang sarili nating mga kasalanan. Ang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ay nagpapalaya sa buong sangkatauhan mula sa mga epekto ng Pagkahulog at nagbibigay ng may kundisyong pagkakataong matakasan ang mga epekto ng personal na kasalanan. Upang mailarawan ang kapangyarihan ng Pagbabayad-sala, alisin ang tatlong-talampakang gitnang bahagi ng balakid na teyp. Ipabasa sa mga estudyante ang 2 Nephi 31:19–21 at itanong kung sino ang nagbukas ng daan pabalik sa piling ng Diyos at kung paano niya ito ginawa. Maaari ninyong basahin o kantahin sa inyong mga estudyante ang "May Luntiang Burol" (*Mga Himno*, 117) at talakayin kung paano ito nauugnay sa mensahe ni Adan sa Moises 5:6–8. Sulatan ang bukas na bahagi ng balakid na teyp ng "Pagbabayad-sala ni Jesucristo."

Kopyahin sa pisara ang impormasyon mula sa sumusunod na tsart o gawin itong handout o poster at ipaunawa sa mga estudyante na ang Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa buong sangkatauhan ng kakayahang daigin ang mga epekto ng Pagkahulog (tingnan din sa mungkahi sa pagtuturo para sa Moises 6:50–68, p. 38). Maaaring mga reperensya lang ang ibigay ninyo para sa mga kahon sa gawing kanan ng tsart at ipahanap sa mga estudyante ang mga sagot.

**Ang mga Bunga ng Pagkahulog ni Adan Kung Saan Kailangan Tayong Mailigtas**

- Kamatayang pisikal: Lahat tayo ay isinilang na may katawang mortal na mamamatay kalaunan.
- Kamatayang espirituwal: Lahat tayo ay isinilang sa makasalanang mundo at nawalay sa ating Ama sa Langit.
- Naninirahan tayo sa telestiyal at makasalanang daigdig.

**Ang mga Walang Kundisyong Pagpapala ng Pagbabayad-sala**

- Lahat ng nabuhay ay mabubuhay na mag-uli na may imortal na katawang pisikal (tingnan sa Alma 11:42–44).
- Lahat ay ibabalik sa kinaroroonan ng Diyos para hatulan (tingnan sa Alma 11:44; Helaman 14:15–17).
- Ang daigdig ay gagawing selestiyal (tingnan sa D at T 88:18–20).



**Ang mga Bunga ng Sarili Nating Pagkahulog Kung Saan Kailangan Tayong Mailigtas**

- Dahil tayo ang mananagot sa ating mga pagpili, hindi tayo nagiging karapat-dapat na bumalik sa piling ng ating Ama sa Langit dahil sa ating mga kasalanan (tingnan sa Mosias 16:2–5).

**Ang May Kundisyong mga Pagpapala ng Pagbabayad-sala**

- Kung sasampalatayaya tayo kay Jesucristo, magsisisi, at mabibinyagan, malilinis tayo mula sa ating mga kasalanan. Sa pamamagitan ng kaloob na Espiritu Santo maaari tayong maging banal at karapat-dapat na manatili sa piling ng Ama at maging katulad niya (tingnan sa Alma 34:13–17; 42:15; Moroni 10:32–33; D at T 76:58; 132:19–20; Moises 5:5–11).

**Moises 5:4–7. Ang Panginoon ay gumagamit ng mga simbolo para turuan at tulungan tayong maalaala ang kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.** (20–25 minuto)

Gumamit ng flashlight o overhead projector para lumikha ng anino ng isang bagay sa dingding. Ipalahad sa klase kung ano ito at ipaliwanag kung paano nila nalaman kung ano ito. Ipaliwanag na ang anino ay hindi ang mismong bagay, kundi sumasagisag sa bagay.

Kung minsan ay gumagamit ang Diyos ng "mga pagkakahawig" (tinatawag ding "mga halimbawa" o "mga kahalintulad") ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo para maragdagan ang pananampalataya ng mga naniniwala, maituro sa kanila ang mga alituntunin ng Pagbabayad-sala, at matulungan silang asamin ang alok nitong pagtubos. Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 5:4–5 at tukuyin ang mga kautusang ibinigay ng Panginoon kina Adan at Eva. Ipabasa sa kanila ang talata 7 at ipahanap ang salitang *kahalintulad.* Sabihin sa kanila na ang kahalintulad ay isang halimbawa, simbolo, o representasyon ng isang bagay at ipabasa sa kanila ang mga talata 5–6 at ipatukoy ang mga elemento ng pagkakahalintulad na ito (isang sakripisyo; panganay ng kawan). Itanong kung paano naging "mga pagkakahawig" ng Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas ang mga elementong ito.

Ang mga sakripisyong inialay ni Adan ay sagisag ng sakripisyo ni Jesucristo at ang ilang elemento ng sakripisyo ay patungkol o nagtuturo tungkol sa Pagbabayad-sala:

- Inialay ni Adan ang "mga panganay ng kanilang mga kawan" (Moises 5:5). Ang *panganay* ay tumutukoy sa panganay na lalaki. Si Jesucristo ang panganay sa mga anak ng Ama sa Langit sa buhay bago tayo isinilang (tingnan sa D at T 93:21), siya ang Bugtong na anak na isinilang sa ating Ama sa Langit sa laman, at panganay na anak ng kanyang inang si Maria. Siya rin ang "panganay" ng pagkabuhay na mag-uli (tingnan sa Mga Taga Colosas 1:18; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 15:20).
- Ang panganay ng kawan ay inialay bilang sakripisyo sa halip na ang taong nagkasala. Ito rin ang dahilan kaya kung minsan ay tinatawag si Jesucristo na Kordero ng Diyos (tingnan sa Juan 1:29; 1 Nephi 11:31–33). Siya ang nagdusa at namatay sa halip na ang buong sangkatauhan (tingnan sa D at T 18:11–12) upang ang "lahat ng tao ay mapasailalim sa kanya" (2 Nephi 9:5). Dahil binayaran niya ang halaga ng ating mga kasalanan at isinakripisyo ang kanyang sarili para sa atin, kailangan nating hangarin ang kaligtasan sa pamamagitan niya. Itinuro ng isang anghel kay Adan na ang mga sakripisyong ginawa niya ay dapat magpaalala sa kanya na kailangan niyang "magsisi at manawagan sa Diyos sa pangalan ng Anak magpakailanman" (Moises 5:8).

Inihayag ng Panginoon kay Moises ang iba pang mga sakripisyo na nagsilbing kahalintulad ng nagbabayad-salang sakripisyo ng Tagapagligtas (tingnan sa Exodo 12:3–28, 43–50; Levitico 1:1–4:12).

Itanong sa mga estudyante: Saang pagkakahalintulad tayo lumalahok ngayon na tumutulong sa atin na *alalahanin* ang Pagbabayad-sala? (Sa sacrament.) Basahin ang mga panalangin sa sacrament sa Doktrina at mga Tipan 20:77, 79 at itanong kung paano itinuturo sa atin ng sacrament ang mga alituntuning natutuhan ni Adan mula sa anghel. Halimbawa, paano tayo hinihikayat ng sacrament na "gawin ang lahat ng iyong ginagawa sa pangalan ng Anak" (Moises 5:8) at malaman na "nang sa iyong pagkahulog ikaw ay matubos" (t. 9)?

Idrowing sa pisara ang sumusunod na diagram at ipaunawa sa mga estudyante na ang pag-aalay ng dugo na isinagawa bago nabuhay si Jesucristo sa lupa ay nakatulong sa mga tao na asamin ang kanyang Pagbabayad-sala at ang sacrament ay tumutulong sa mga tao na alalahanin ang Pagbabayad-sala.

**Pag-aalay ng Dugo → Pagbabayad-sala ← Sacrament**

**Genesis 4:1–16; Moises 5:12–41. Tinutukso tayo ni Satanas na madama na wala tayong responsibilidad sa kapakanan ng iba.** (20–25 minuto)

Sama-samang basahin ang Moises 5:12 at ipaunawa sa mga estudyante na itinuro nina Adan at Eva ang natutuhan nilang mga katotohanan mula sa Panginoon sa lahat ng anak nila. Ipabasa sa kanila ang mga talata 13–41 at ipatukoy ang mga salita at katagang nagpapaunawa sa atin kung paano tinanggihan ni Cain, na pinalaki ng mabubuting magulang, ang mga katotohanan ng ebanghelyo at tinawag siyang "kapahamakan." Ang ibig sabihin ng *kapahamakan* ay "ang taong naligaw" o "pagkalipol."

Isinulat ni Elder Bruce R. McConkie, isang Apostol:

> "Dalawang tao, sina Cain at Satanas, ang tumanggap ng nakasisindak [nakakikilabot] na pangalang *Kapahamakan.* Ipinahihiwatig ng pangalang ito na wala silang anumang pag-asa sa anumang antas ng kaligtasan, na lubusan nilang isinuko ang kanilang sarili sa kasamaan, at nalipol na ang anumang damdamin ng kabutihan sa kanilang puso…. Kapwa sila hayagang nagrebelde laban sa Diyos taglay ang ganap na kaalaman na ang kanilang landas ay taliwas sa lahat ng kabutihan" (*Mormon Doctrine,* ika-2 edisyon [1966], 566).

Ang sumusunod ay makakatulong sa talakayan sa klase:

- Paano ipinakita ni Cain na higit ang pagmamahal niya kay Satanas kaysa sa Diyos?
- Paano ipinapakita ng mga tao ngayon kung mas mahal nila ang Diyos o si Satanas?
- Bakit mahalagang malaman na inutusan ni Satanas si Cain na mag-alay ng handog na walang paggalang? (tingnan sa Moises 5:18).
- Basahin ang Alma 3:27. Paano maihahambing ang "bayad" na alok ni Satanas sa alok na mga kaloob ng Panginoon?
- Ano ang mga bunga ng pagsunod sa impluwensya ni Satanas?
- Ano ang inihahayag ng tanong ni Cain na—"Ako ba ay tagapagbantay ng aking kapatid?" (Genesis 4:9; Moises

5:34)—tungkol sa kanyang sarili? Sa palagay ninyo, bakit niya sinabi iyon?

- Ano ang tamang sagot sa tanong ni Cain?

Si Elder Dallin H. Oaks, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagsabi:

> "Tayo ba ang tagapagbantay ng ating mga kapatid? Ibig sabihin, responsibilidad ba nating asikasuhin ang kapakanan ng ating kapwa habang naghahanap tayo ng makakain sa araw-araw? Ang sabi ng Ginintuang Aral ng Tagapagligtas ay ganoon nga. Sabi naman ni Satanas ay hindi.
>
> "Dahil natukso ni Satanas, sinundan ng ilan ang halimbawa ni Cain. Sila ay nag-iimbot at nagkakasala upang makamtan ito. Ang kasalanan ay maaaring pagpatay, panloloob, o pagnanakaw. Maaari din itong panlilinlang o panloloko. Maaari ding tuso ngunit legal na manipulasyon ng katotohanan o impluwensya para malamangan ang iba. Iisa ang dahilan sa tuwina: 'Ako ba ang tagapagbantay ng aking kapatid?'" (sa Conference Report, Okt. 1986, 25; o *Ensign,* Nob. 1986, 20).

Itanong sa mga estudyante:

- Anong mga tukso ang gamit ni Satanas upang mailigaw ng landas ang mga tao ngayon?
- Anong mga kasalanan ang laganap ngayon na maihahambing sa kasalanan ni Cain?

Basahin ang Alma 41:3–10 at hanapin kung ano ang humahantong sa kapahamakan at ano ang humahantong sa kaligayahan.

**Moises 5. Ang mga hain o handog sa Panginoon ay kailangang gawin sa kabutihan dahil kung hindi ay hindi ito magiging katanggap-tanggap sa kanya.** (10–15 minuto)

Alam ng mga estudyante na hindi tayo naghahain sa Diyos ng sinusunog na alay sa ating panahon. Gayunman, maaaring hindi maunawaan ng marami sa kanila na ang batas ng sakripisyo ay may bisa pa rin at maaari tayong mapagpala ng pagsunod sa batas tulad ng napagpala noon si Adan. Ipabasa sa kanila ang 3 Nephi 9:20; Doktrina at mga Tipan 59:8; 97:8 at itanong sa kanila kung ano ang sinasabi ng mga banal na kasulatang iyon tungkol sa hinihinging mga sakripisyo ng Panginoon sa atin ngayon.

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Ang pagkakait sa sarili ng lahat ng kasamaan ay paglapit kay Cristo sa pamamagitan ng mga ordenansa at tipan upang pagsisihan ang anumang kasalanan na humahadlang sa pag-una sa Espiritu ng Panginoon sa ating buhay. Ang pagkakait sa sarili ng lahat ng kasamaan ay paghahandog 'ng hain sa Panginoon ninyong Diyos … , maging yaong may bagbag na puso at nagsisising espiritu' (D at T 59:8)" (sa Conference Report, Mar.–Abr. 1979, 46; o *Ensign,* Mayo 1979, 32).

Itanong sa mga estudyante:

- Sa palagay ninyo, bakit katanggap-tanggap na mga handog ang bagbag na puso at nagsisising espiritu?
- Ano ang iba pang mga handog na ibinibigay natin ngayon? (Halimbawa, pagbabayad ng ikapu at mga handog-ayuno, paglilingkod, pagbabahagi ng mga talento, pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo, pagkuha ng seminary, at paglilingkod sa misyon.)

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 5:16–21 at ihambing kung ano ang alay na inihandog nina Abel at Cain at bakit. Itanong: Bakit tinanggap ang alay ni Abel pero ang kay Cain ay hindi? (tingnan sa Moises 5:5, 20–23).

Ipabasa sa mga estudyante ang Moroni 7:6–13 at tukuyin kung paano naaapektuhan ng ating mga mithiin at pag-uugali ang halaga ng ating mga alay o sakripisyo. Itinuro ni Mormon na ang diyablo ay "hindi hinihikayat ang sinumang tao na gumawa ng mabuti" (Moroni 7:17). Paanong hindi naaayon sa itinuturo sa Moroni 7:6–9 ang pag-aalay ng regalo batay sa kahilingan ni Satanas? Ang tunay na layunin ay bahagi ng pananampalatayang ipinapakita natin sa paggawa ng mabuti. Ipinaliwanag ni Propetang Joseph Smith:

> "Si Cain ay nag-alay ng mga bunga ng pananim, at hindi tinanggap, dahil hindi niya iyon magawa nang may pananampalataya … Ang pag-aalay ay pinasimulan bilang halimbawa, kung saan mauunawaan ng tao ang dakilang Sakripisyo na inihanda ng Diyos; kapag nag-alay ng sakripisyo na taliwas doon, walang iiral na pananampalataya…. Ngunit si Abel ay nag-alay ng katanggap-tanggap na hain, kung saan nakatanggap siya ng katibayan na siya ay matuwid…. Tiyak na ang pagpapadanak ng dugo ng isang hayop ay hindi kapaki-pakinabang sa sinumang tao, maliban kung gagawin ito para gayahin, o bilang halimbawa, o paliwanag ng iaalay sa pamamagitan ng kaloob mismo ng Diyos; at gagawin ito na umaasam nang may pananampalataya sa kapangyarihan ng dakilang Sakripisyo para sa kapatawaran ng mga kasalanan" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 58).

Mabuti ang ginawa ni Abel at, kahit pinatay siya, natanggap niya ang mga pagpapala ng Panginoon. Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 42:46; 98:13; at 138:38–40 at tukuyin ang malaking pagpapalang natanggap ni Abel mula sa Panginoon dahil sa kanyang matwid na pamumuhay.

Ang mga sakripisyong ginagawa natin ngayon ay kaiba sa mga ginawa noong panahon ng Lumang Tipan ngunit angkop pa rin ang mga alituntuning humihikayat sa paggawa nito. Halimbawa, sa ordenansa ng sacrament may pagkakataon tayong mag-alay ng bagbag na puso at nagsisising espiritu. Ang pagtanggap ng sacrament sa pag-alaala kay Jesucristo at sa kanyang Pagbabayad-sala ay makakatulong para mapasaatin ang mga pagpapala ng sagradong ordenansang iyon. Ipaunawa sa mga estudyante na ang mabuting sakripisyo ay “biyaya’t bunga ng pagpapakasakit” (“Purihin ang Propeta,” *Mga Himno,* blg. 21). Anyayahan silang magbanggit ng mga halimbawa para ilarawan ang alituntuning ito. (Halimbawa, pagbabayad ng ikapu at pamumuhay nang malinis.) Maaari kayong magbigay ng halimbawa mula sa sarili ninyong karanasan na nagpapakita sa katotohanang ito.

# Genesis 5; Moises 6–7

## Pambungad

Ang Moises 6–7 ay naglalaman ng banal na kasulatang ipinanumbalik sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith. Binago ng mga kabanatang ito ang 4 na talata at nagdagdag ng 126 na bagong mga talata sa Genesis 5. Ang mga karagdagang ito ay nagbigay sa atin ng mas malawak na pang-unawa tungkol kay Adan at sa kanyang mga inapo. Isang malaking kontribusyon ng mga kabanatang ito ang kaalamang nilalaman nito tungkol kay Enoc, sa kanyang paglilingkod (na kinabibilangan ng dagdag na mga turo mula kay Adan tungkol sa kung paano dadaigin ang Pagkahulog), at ang lungsod ng Sion. Mula sa salaysay ni Enoc hindi lamang natin natututuhan ang mga doktrina at alituntunin na makakatulong sa atin upang daigin ang kasalanan at makabalik sa piling ng Diyos kundi nababasa din natin ang tungkol sa isang grupo ng mga tao na sumunod sa mga alituntuning ito, nagtayo ng mabuting lipunan, at sa huli ay napunta sa piling ng Diyos.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Kasama sa gawain sa family history ang paghahanap ng mga pangalan at kasaysayan ng ating mga ninuno at pag-iwan ng sarili nating talaan sa ating mga inapo (tingnan sa Moises 6:1–25, 45–46). Gawain sa templo ang hantungan nito.
- Matututuhan natin ang mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo sa pamamagitan ng pagbabasa tungkol sa mabubuting kalalakihan at kababaihan ng mga naunang henerasyon (tingnan sa Moises 6:4–9, 41, 45–46; tingnan din sa 2 Nephi 25:23, 26; Abraham 1:31).
- Tinatawag ng Panginoon ang ilang tao upang ipangaral ang mga katotohanan ng ebanghelyo sa sangkatauhan at binibigyan sila ng espesyal na kaalaman, pananaw, at kapangyarihan (tingnan sa Moises 6:27–29, 32–36, 42–43, 47; 7:2–21).
- Madadaig natin ang mga epekto ng Pagkahulog sa pamamagitan ng “pagsilang na muli” sa kaharianng Diyos (tingnan sa Moises 6:48–60, 62, 64–68; 7:10–11, 18–21).
- Dahil sa kabutihan, si Enoc at ang kanyang lungsod ay nagbagong-anyo, o dinala sila sa langit (tingnan sa Genesis 5:21–24; Moises 7:13–21; tingnan din sa D at T 107:48–49).
- Tinatawag ng Panginoon ang kanyang mga tao na Sion kapag sama-sama silang namumuhay na nagkakaisa sa kabutihan at pinangangalagaan ang mga maralita sa kanila (tingnan sa Moises 7:18). Ang Panginoon ay kasamang naninirahan ng kanyang mga tao sa Sion (tingnan sa Moises 7:16–17, 21, 27, 69; tingnan din sa D at T 45:64–71; 84:2–5).
- Ang kasamaan ay magpapatuloy sa lupa hanggang sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas (tingnan sa Moises 7:23–66).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 8, “Unang mga Alituntunin at Ordenansa,” ay sinisiyasat ang pisikal na pagsilang sa espirituwal na muling pagsilang at ginagamit ang metapora ng isang tulay upang maipaunawa sa mga estudyante ang ating mga responsibilidad sa plano ng kaligtasan. Ang pagtatanghal 12, “Simbolismo sa Banal na Kasulatan,” ay pagpapaliwanag ng likas na katangian at layunin ng simbolismo sa mga banal na kasulatan. Maaari ninyong gamitin ito habang itinuturo ang scripture block na ito o ang Exodo 11–13 (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Moises 6:1–25, 45–46. Ang gawain sa family history ay sagrado at mahalaga. Kabilang dito ang paghahanap ng mga pangalan at kasaysayan ng ating mga ninuno, pag-iiwan ng sarili nating talaan sa ating mga inapo, at humahantong sa gawain sa templo.** (25–30 minuto)

Ipakita sa mga estudyante ang isang nakumpletong pedigree chart at family group record (mas mainam kung iyong sa inyo mismo). Ipaliwanag kung ano sila at, kung maaari, ikuwento ang tungkol sa isang tao na nasa tsart, at sabihin kung bakit kayo natutuwa na may kaugnayan kayo sa taong iyon. Kumuha ng mga blangkong kopya ng mga pedigree chart at family group record para masimulan itong punan ng mga estudyante sa klase. Anyayahan silang tapusin ang kanilang

mga form sa tahanan bilang bahagi ng pag-iingat ng pansariling kasaysayan at ng pamilya.

Ipabasa nang tahimik sa mga estudyante ang Moises 6:5–25, 45–46 at sabihin kung anong uri ng impormasyon ang nakatala sa mga talaan ng pamilya ni Adan at para saan ginamit ang impormasyon. Itanong: Paano magagamit sa gayunding paraan ang pansarili nating mga talaan ng pamilya? Ipaunawa sa mga estudyante kung ano ang dapat ilagay sa pansariling kasaysayan at kasaysayan ng pamilya at mga talaan at bakit mahalaga ito sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sumusunod na impormasyon:

- Si Elder Bruce R. McConkie, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay sumulat na ang aklat ng alaala ni Adan, na isinulat sa diwa ng inspirasyon, ay kinapalooban ng "kanilang pananampalataya at mga gawa, ng kanilang kabutihan at katapatan, kanilang mga paghahayag at pangitain, at paninindigan sa inihayag na plano ng kaligtasan" (*Mormon Doctrine,* 100).
- Ang mga isinulat ni Adan, at ang isinulat ng mga sumunod sa kanya, ay nakatulong sa mga henerasyong darating na makilala ang kanilang mga ninuno at kanilang mga turo at mga ordenansa ng priesthood (tingnan sa Moises 6:45–46; Abraham 1:31).
- Ang mga isinulat ay ginamit din upang ituro ang pagbasa at pagsulat (tingnan sa Moises 6:6).
- Nakasaad sa mga banal na kasulatan na isang "aklat ng alaala" ang magtataglay ng listahan ng mga taong namuhay nang tunay at tapat sa Panginoon (tingnan sa Malakias 3:16–17; D at T 85:9–11).

Hinihikayat tayo ng mga lider ng Simbahan na sundan ang halimbawa ni Adan sa pag-iingat ng pansariling kasaysayan at ng pamilya. Itinuro ni Pangulong Spencer W. Kimball ang tungkol sa personal na pakinabang ng pag-iingat ng isang aklat ng alaala:

> "Ang mga nag-iingat ng aklat ng alaala ay malamang na maaalala ang Panginoon sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang journal ay paraan ng pagbibilang ng mga pagpapala at pag-iiwan ng imbentaryo ng mga pagpapalang ito para sa ating mga inapo" (sa Conference Report, Abr. 1978, 117; o *Ensign,* Mayo 1978, 77).

Hinihikayat ng Simbahan ang mga miyembro na mag-ingat ng mga talaan ng pamilya at gumawa sa templo para sa kanilang mga kamag-anak na namatay. Maaari ninyong ibahagi ang pahayag ni Pangulong Kimball na nasa aktibidad B para sa Genesis 5; Moises 6 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral.

Atasan ang bawat estudyante o grupo ng mga estudyante na pag-aralan at ireport kung ano ang itinuturo ng sumusunod na mga banal na kasulatan tungkol sa kahalagahan ng nakasulat na mga talaan na ating iniingatan:

- 1 Nephi 4:10–16 (Makakatulong ang mga ito upang hindi maglaho ang isang bansa sa kawalan ng paniniwala.)
- 2 Nephi 25:23, 26 (Makakatulong ito sa ating mga inapo na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng ating patotoo.)
- Doktrina at mga Tipan 128:6–7, 15–18 (Maaaring ito ay isang talaan ng isinasagawang mga ordenansa ng kaligtasan.)

Hikayatin ang mga estudyante na magsimulang mag-ingat ng tumpak na kasaysayan ng kanilang sarili at ng pamilya.

**Moises 6:26–47; 7:1–21. Ang pagtawag kay Enoc bilang propeta ay magpapaunawa sa atin kung bakit tumatawag ng mga propeta ang Panginoon, ang espirituwal na pananaw na ibinibigay niya sa kanila, at paano niya binibigyan ng lakas at kapangyarihan ang kanyang mga lingkod sa kanilang kahinaan kung sila ay handa at masunurin.** (35–40 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung bakit tumatawag ng mga propeta ang Panginoon. Tanggapin ang iba't ibang sagot na ibibigay nila, ngunit sabihan din silang buklatin ang kanilang mga banal na kasulatan at gamitin ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Ang Doktrina at mga Tipan 1:12–23 ay nagbibigay ng mahuhusay na dahilan na maaari ninyong imungkahing tingnan nila at talakayin.

Ang pag-aaral tungkol sa pagtawag kay Enoc ay tumutulong na masagot ang tanong kung bakit tumatawag ng mga propeta ang Panginoon. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong, mag-iwan ng puwang na pagsusulatan ng mga sagot sa ilalim ng bawat isa:

- Bakit tinawag ng Panginoon si Enoc?
- Ano ang nadama ni Enoc tungkol sa kanyang tungkulin?
- Ano ang ipinangako sa kanya ng Panginoon?
- Paano tinugon ng mga tao si Enoc?

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 6:26–38 at isulat ang mga sagot sa mga tanong. Habang tinatalakay ninyo ang natuklasan ng mga estudyante, maaari ninyong ituon ang pansin nila sa sumusunod na mga konsiderasyon:

- Mga salita at parirala na naglalarawan sa mga taong nakatira sa lupain (tingnan sa Moises 6:27–29). Talakayin ang ibig sabihin ng sumusunod na mga parirala: "ang kanilang mga puso ay nagsitigas," "ang kanilang mga tainga ay bahagya nang makarinig," "ang kanilang mga mata ay hindi makakita sa malayo," "hinangad ang kanilang sariling mga payo sa dilim," "isinumpa nila ang kanilang sarili." Sa paanong mga paraan inilalarawan ng pariralang ito ang mga tao sa ating panahon?
- Ang isang *tagakita* ay literal na "taga-kita." Itanong: Paanong nauugnay ang pagpapadala ng isang tagakita sa sinabi ng Panginoon na mga problema ng mga tao? (tingnan sa Moises 6:27–29). Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 6:35–46; 7:2–12 at sabihin kung ano ang nakita ni Enoc, ano ang sinabi ng Panginoon sa kanya tungkol sa nakita niya, at ano ang

ginawa ni Enoc sa pang-unawang iyon. Itanong: Ano ang kabuluhan ng pagpapahid ni Enoc ng putik ng mundong ito sa kanyang mga mata at pagkatapos ay paghuhugas nito bago niya nakita ang pangitain? (tingnan sa Moises 6:35–36; tingnan din sa D at T 5:24).

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 21:1–2, 4–6 at talakayin ang sinabi ng Panginoon tungkol sa mga makabagong propeta, ang kanilang papel na ginagampanan, at ang mga pangakong natatanggap natin kapag tinanggap natin ang kanilang pananaw bilang propeta. Paalalahanan sila na dahil ang mga propeta ay mga tagakita, *nakikita* nila ang mga bagay na hindi natin nakikita, kaya't ang payong ibinibigay nila sa atin ay maaaring sa mga kadahilanan na *hindi natin nakikita* sa ngayon, tulad ng ilan sa mga pamantayan na maaaring nahihirapang sundin ng mga kabataan dahil hindi nila nauunawaan, o *nakikita,* ang layunin para sa mga ito.

Ang kuwento ni Enoc ay isang napakagandang halimbawa ng maaaring mangyari kapag nagtiwala ang mga tao sa Panginoon at sumunod sa kanyang payo. Ipahanap sa mga estudyante ang sumusunod na mga punto:

- Ang sinasabi ni Enoc na mga kahinaan na mayroon siya (tingnan sa Moises 6:31)
- Ang ipinagawa ng Panginoon kay Enoc at ang ipinangako niya kay Enoc (tingnan sa Moises 6:32–34)
- Ang ang ginawa ni Enoc (tingnan sa Moises 6:37, 39, 47; 7:2–3, 12)
- Ang mga paglalarawan kay Enoc (tingnan sa Moises 6:39, 47; 7:13, 20)

Itanong sa mga estudyante kung paanong ang kuwento ni Enoc ay isang halimbawa ng pangako ng Panginoon na nasa Eter 12:27. Ipahambing sa mga estudyante ang Moises 6:27–29, 37–38 sa Moises 7:16–21 at talakayin ang malaking pagbabagong ginawa ng mga tao sa kanilang buhay. Tiyakin sa mga estudyante na matutulungan tayo ng Panginoon na baguhin ang ating likas na pag-uugali tulad ng ginawa niya kay Enoc at sa kanyang mga tao.

**Moises 6:50–68. Upang maligtas sa kaharian ng Diyos, kailangan tayong "maisilang na muli" sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo.** (35–40 minuto)

Itanong sa mga estudyante ang sumusunod:

- Kung naranasan na ninyong lumipat sa bagong lugar, ano ang ilan sa mga hamon na nakaharap ninyo?
- Ano ang ilang pakinabang ng paglipat sa bagong lugar? (Magkakaroon ng mga bagong kakilala; mauunawaan ang kakaibang kultura at paraan ng pamumuhay; may pagkakataong magsimula ng panibagong buhay kung saan walang sinumang nakakakilala sa inyo.)
- Ano ang mga magiging pakinabang ng pagkakaroon ng pagkakataong magsimulang muli tulad nito?

Ipabasa sa kanila ang Moises 6:59 at ipatukoy kung ano ang sinabi ng Panginoon na kailangan nating gawin upang matanggap ang kanyang pinakadakilang mga pagpapala. Basahin ang mga talata 50–58 upang mas maunawaan ang ibig sabihin ng isilang na muli at talakayin kung paano katulad ng pagsilang ang pagbibinyag. Ipabasa sa mga estudyante ang Mosias 5:2 at Alma 5:14 at tukuyin kung paanong hindi lamang ordenansa ng binyag ang kabilang sa pagsilang na muli.

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 6:60. Isulat sa pisara ang *binibigyang-katwiran* at *pinababanal* at itanong sa mga estudyante kung narinig na nila ang mga salitang ito noon at kung alam nila ang ibig sabihin ng mga ito.

Ipinaliwanag ni Pangulong Joseph Fielding Smith:

> "Bawat batang dumarating sa mundong ito ay dinadala sa tubig, ay isinisilang sa tubig, at sa dugo, at sa espiritu. Kaya't kapag isinisilang tayo sa kaharian ng Diyos, kailangan tayong maisilang sa gayunding paraan. Sa pamamagitan ng binyag, tayo ay isinisilang sa tubig. Sa pamamagitan ng pagbuhos ng dugo ni Cristo, tayo nalilinis at pinababanal; at tayo ay nabibigyang-katwiran, sa pamamagitan ng Espiritu ng Diyos, dahil ang binyag ay hindi kumpleto kung wala ang binyag ng Espiritu Santo.. Nakikita ninyo ang *pagkakatulad* ng pagsilang sa mundo at ng pagsilang sa kaharian ng Diyos" (*Doctrines of Salvation,* 2:324–25).

Ang sumusunod na mga pahayag ay maaaring makatulong sa mga estudyante na higit na maunawaan ang pagbibigay-katwiran at pagpapabanal at ang kanilang papel sa espirituwal na muling pagsilang. Maaari kayong gumawa ng mga kopya nito at ipabasa ito sa mga estudyante sa klase.

- Isinulat ni Elder Bruce R. McConkie:

> "Ang pagbibigay-katwiran ay pagsang-ayon ng langit sa pag-uugali ng mabubuting tao. Ito ay pagsang-ayon ng Banal na Espiritu sa uri ng pamumuhay ng mga miyembro ng Simbahan. Ito ay banal na pagpapatibay sa uri ng pamumuhay ng mga tunay na banal. Ito ay pinagtitibay ng Banal na Espiritu ng Pangako" (*A New Witness for the Articles of Faith* [1985], 102).

- Ipinaliwanag din ni Elder McConkie:

> "Ang mapabanal ay maging malinis; ito ay kalagayan ng kadalisayan at kawalang-batik kung saan walang makikitang bahid ng kasalanan. Tanging ang mga namamatay ayon sa kasalanan at muling isinisilang sa kabutihan, at dahil dito ay nagiging mga bagong nilalang ng Espiritu Santo, ang napapabilang sa mga pinabanal….
>
> "… Sa buhay ng karamihan sa atin, ang pagpapabanal ay tuloy-tuloy na proseso, at nakakamtan natin ang maluwalhating kalagayang iyon nang dahan-dahan habang dinadaig natin ang mundo at nagiging mga banal sa gawa gayundin sa pangalan" (*A New Witness for the Articles of Faith,* 265–66).

- Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith:

> "Ang buhay na walang hanggan ang gantimpalang matatanggap ng taong masunurin sa lahat ng batas at tipan ng ebanghelyo, at na, dahil sa kanyang katapatan, ay pinabanal sa pamamagitan ng dugo ni Jesucristo. Siya na tatanggap ng dakilang kaloob na ito ay magiging katulad ni Jesucristo" (*Doctrines of Salvation,* 2:217).

Ipaunawa sa mga estudyante na ang pagbibigay-katwiran at pagpapabanal ay mga prosesong nangangailangan ng ating pananampalataya at pagsisikap upang matanggap at mapanatili ito. Sabihin sa kanila na sa matiyaga nilang pagsisikap na lumapit kay Cristo sa pamamagitan ng pagtupad sa kanilang mga tipan sa binyag, pakikinig sa mga paramdam ng Espiritu Santo, at pagsisisi sila ay mabibigyang-katwiran at pababanalin.

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 6:62 at tukuyin kung sa anong kapangyarihan napasaatin ang plano ng kaligtasan. Itanong sa kanila kung ano ang papel ng mga ordenansa, tulad ng binyag, sa plano ng kaligtasan. Ipabasa sa kanila ang Moises 6:64–68 at ipatukoy ang mga ordenansa ng kaligtasan na natanggap ni Adan.

Itanong sa mga estudyante kung ang pagpapabinyag at pagtanggap ng kaloob na Espiritu Santo ang tanging kailangang gawin para sa ating kaligtasan. Sama-samang basahin ang 2 Nephi 31:17–21. Tukuyin at talakayin ang sinabi ni Nephi na kailangan nating gawin kapag nasa tamang landas na tayo. Maaari kayong magtapos gamit ang Moises 6:68, kung saan nalaman natin na bawat isa sa inapo ni Adan ay maaaring maging kaisa ng Diyos tulad ni Adan sa pamamagitan ng mga doktrina at alituntuning tinalakay ninyo.

**Moises 7:18 (Scripture Mastery). Kapag sinusunod ng isang grupo ng mga tao ang mga alituntunin ng ebanghelyo, makalilikha sila ng huwarang lipunan kung saan makatatahan sa kanila ang Panginoon. Ang mga tao at komunidad na ito ay tinatatawag ng Panginoon na "Sion."** (25–30 minuto)

Ang mga halimbawa ni Enoc at ng kanyang mga tao ay ang nagbibigay ng tagubilin na makakatulong sa mga Banal sa mga Huling Araw na hangaring sundin ang mga kautusan ng Panginoon at magtayo ng isang lipunang tulad ng Sion (tingnan sa D at T 6:6). Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 7:18 at tukuyin ang tatlong pariralang ginamit ng Panginoon upang ilarawan ang Sion:

- "Isang puso at isang isipan" (pagkakaisa)
- "Namuhay sa kabutihan"
- "Walang maralita sa kanila"

Isulat ang mga ito sa pisara at paguhitan sa mga estudyante ang kanilang mga banal na kasulatan. Ang pag-unawa sa mga kundisyong ito ay makakatulong upang makapaghanda tayo na ipamuhay ang mga ito.

**"Isang puso at isang isipan."** Ipabasa sa mga estudyante ang 4 Nephi 1:15 at tukuyin ang pinagmumulan ng pagkakaisa. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson:

> "Kapag inuna natin ang Diyos, lahat ng bagay ay malalagay sa ayos o maglalaho sa ating buhay. Ang pag-ibig natin sa Panginoon ang mananaig sa ating damdamin, sa ating pag-uukulan ng panahon, ng ating mithiin, at priyoridad" (sa Conference Report, Abr. 1988, 3; o *Ensign,* Mayo 1988, 4).

**"Namuhay sa kabutihan."** Ang Sion ay maitatatag lamang sa kabutihan. Ang literal na kahulugan ng maging mabuti ay "maparoon sa piling ng Diyos." Ito ay nangyayari sa pamamagitan ng prosesong itinuro ni Enoc sa Moises 6:57–61.

**"Walang maralita sa kanila."** Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 22:36–40 at hanapin ang ikalawang dakilang utos. Itanong sa kanila kung paano natin maipapakita ang ating pagmamahal sa ating kapwa. Ipabasa sa kanila ang Jacob 2:18–19 at ipatukoy ang layunin ng Panginoon sa pagkakamit natin ng mga kayamanan. Ipaliwanag na kapag ang mga tao ay nagkakaisa sa kabutihan nadadaig nila ang pagkamakasarili at kasakiman at pagnanasa. Ang pinakadakilang mithiin nila ay tulungan ang Panginoon na magdulot ng tunay na kaligayahan sa lahat ng tao. Ang pangangalaga sa mahihirap ay pagiging tapat lamang sa pagsunod sa ikalawang dakilang utos, ang mahalin ang ating kapwa tulad ng ating sarili.

Itanong sa mga estudyante kung paano nagkakaroon ng pagkakataon ang mga miyembro ng Simbahan bawat buwan na tumulong sa pangangalaga ng mga maralita. Ipaliwanag na ang pag-aayuno at pagbibigay ng malaking halaga sa handog-ayuno ay tumutulong upang madaig natin ang kamunduhan at higit na mapalapit sa Espiritu. Sa pamamagitan ng ating buwanang pag-aayuno, pinapayuhan ang mga miyembro na iambag ang pinakamaliit na halaga ng hindi kinaing pagkain para sa kapakinabangan ng mga maralita at nangangailangan. Ang mga may kakayahan ay dapat magbigay ng

higit pa kaysa katumbas na halaga ng mga pagkain. Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball:

> "Sa palagay ko dapat tayong maging napakabukas-palad at magbigay, sa halip na ibigay ang katumbas lamang na halaga ng ating pag-aayuno sa dalawang kainan, marahil mas higit pa,—sampung beses pa kung makakaya nating gawin ito" (sa Conference Report, Abr. 1974, 184).

Ibahagi ang sumusunod na payo sa mga estudyante upang maipaunawa sa kanila ang iba pang mga paraan kung saan maaaring tulungan ang mga maralita:

> "Marami pang ibang paraan kung saan maipapakita natin ang pagkahabag sa mga maralita at nangangailangan. Maaari tayong maglingkod sa kanila gamit ang ating panahon, mga talento, suportang espirituwal at emosyonal, at mga panalangin ng pananampalataya….
>
> "Kapag may pag-ibig sa ating mga puso, hindi na kailangan pang sabihin sa atin ang lahat ng paraan kung saan mapangangalagaan natin ang mga maralita at nangangailangan….
>
> "Kung sisimulan nating tulungan ang mga taong mas aba ang katayuan sa buhay, mas mababatid natin ang kanilang mga kailangan. Magiging mas mahabagin tayo at sabik na ibsan ang paghihirap ng mga nakapaligid sa atin. Gagabayan tayo ng Espiritu ng Panginoon upang malaman kung sino ang ating paglilingkuran at kung paano pinakamainam na tutugunan ang kanilang mga pangangailangan" (*A Leader's Guide to Welfare: Providing in the Lord's Way* [1990], 9).

Magagamit din ninyo ang pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball tungkol sa kung ano ang kailangan upang maitatag ang Sion sa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan," para sa Genesis 5; Moises 7 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral. Maaari ninyong talakayin sa inyong mga estudyante ang mga pahayag na ito.

**Moises 7:23–67. Ang kasamaan ay magpapatuloy sa lupa hanggang sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Si Enoc ay nabuhay din sa panahon ng laganap na kasamaan.** (10–15 minuto)

Pag-aralan ng buong klase ang Moises 7:23–67 at ipaunawa sa mga estudyante kung paanong naging bahagi sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit para sa kanyang mga anak ang kalayaan sa pagpili, kasamaan, ang Pagbaha, ang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, ang Panunumbalik ng ebanghelyo, at ang Ikalawang Pagparito. Ipagawa sa mga estudyante ang mga aktibidad B, C, at D para sa Genesis 5; Moises 7 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

**Moises 5–7. Bagama't isinilang tayo sa isang masamang daigdig at espirituwal na nawalay mula sa Diyos dahil sa kasalanan, sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at sa ating pagsunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo maaari tayong isilang na muli sa kaharian ng Diyos, magtatag ng Sion, at muling mabuhay sa kanyang piling sa huli.** (35–40 minuto)

Ayusin ang inyong silid-aralan ayon sa paglalarawan sa mungkahi sa pagtuturo para sa Moises 5:1–12 (p. 33). Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 6:48–49, 55 at tukuyin ang mga bunga ng Pagkahulog na nararanasan nating lahat.

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 5:5 at sabihin kung anong mga kautusan ang ibinigay ng Panginoon kina Adan at Eva nang itaboy niya sila sa Halamanan ng Eden. Basahin ang Moises 5:6–9 at talakayin ang natutuhan ni Adan tungkol sa pagkatubos mula sa Pagkahulog at pagbabalik upang makapiling ang Diyos. Sabihin sa mga estudyante na mas marami tayong nalalaman tungkol sa itinuro kay Adan sa mga turo ni Enoc sa Moises 6.

Mahalagang maunawaan ng mga estudyante na nadadaig ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang lahat ng bunga ng Pagkahulog ni Adan. Gayunman, ang ating pagkawalay sa Diyos (na ipinakita sa ayos ng silid-aralan), ang naging bunga ng ating sariling pagkahulog, dahil sa *sarili nating* mga kasalanan. (Upang mailarawan ang papel ng Pagbabayad-sala, maaari ninyong sundan ang mga tagubilin sa mungkahi sa pagtuturo para sa Moises 5:1–12). Sabayang basahin ang Moises 6:53–57 at talakayin ang Pagkahulog ni Adan at kung paano ito nauugnay sa pagkahulog ng bawat taong nasa edad ng pananagutan.

Nalaman natin mula sa Moises 5:6–9 na ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ang nagbigay-daan para makabalik tayo sa piling ng Diyos. Kung nais nating mamuhay na kapiling niya magpakailan pa man kailangang pagsisihan natin ang ating mga kasalanan at sundin ang mga kautusan. Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 6:52, 57–60 ilista kung ano ang sinabi ng Panginoon na kailangan nating gawin upang matanggap ang lahat ng pagpapala ng Pagbabayad-sala. Maaari kayong gumamit ng anim ginupit na pahabang papel at sumulat ng isang kinakailangan sa bawat papel:

- Maniwala kay Cristo
- Magsisi
- Magpabinyag sa pangalan ni Cristo
- Tanggapin ang kaloob na Espiritu Santo
- Sundin ang patnubay ng Espiritu
- Magtiis hanggang wakas

Ipatong ang mga ginupit na pahabang papel sa bukas na bahagi ng teyp na sumasagisag sa Pagbabayad-sala, na papunta sa panig ng silid-aralan na sumasagisag sa kinaroroonan ng Panginoon. O, maaari ninyong sulatan na lang ng "Isilang na muli" ang lugar na iyon (tingnan sa mungkahi sa pagtuturo para sa Moises 6:50–68).

Para tumulong na maipakita ang pagbabago sa mga tao noong panahon ni Enoc matapos silang makinig at sumunod sa kanyang mga turo, basahin at ihambing ang Moises 6:27–29 sa Moises 7:11–21. Ang pagkakaiba ng mga likas na paguugali ng mga tao ay naglalarawan sa bisa ng pagsunod sa mga alituntunin ng ebanghelyo sa ating buhay at pagkasilang na muli. (Maaari ninyong gamitin ang impormasyon sa mungkahi sa pagtuturo para sa Moises 7:18 at maikling talakayin ang tungkol sa Sion sa sandaling ito.)

Iugnay ang karanasan ni Adan nang ialay niya ang hain sa mga turong natanggap niya tungkol sa binyag sa pamamagitan ng pagtulong sa mga estudyante na maunawaan na ang mga ordenansa ay kapwa sumasagisag sa nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo at sa mga pagpapalang dulot nito. Binibinyagan pa rin tayo ngayon, ngunit hindi na tayo nag-aalay ng mga hayop bilang hain tulad ni Adan noon. Itanong sa mga estudyante kung anong ordenansa ang nasa atin na nagpapaalala sa atin sa Pagbabayad-sala at sa ginawa ng Tagapagligtas para sa atin. Hikayatin silang gawing mas espirituwal na karanasan ang sacrament sa pagtulong sa kanilang maging tunay na isinilang na muli sa pamamagitan ng paggunita sa kahalagahan ng binyag habang nagpapanibago sila ng kanilang mga tipan sa binyag bawat linggo.

Para mapagsama-sama ang mga itinuro ninyo tungkol sa Pagkahulog, sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, at espirituwal na pagsilang na muli, ibahagi ang natutuhan ni Pangulong David O. McKay habang natutulog siya isang gabi sa kanyang paglalakbay bilang batang Apostol. Nakakita siya ng isang magandang lungsod at ng grupo ng mga tao na nakasuot ng puting damit na papalapit doon. Nakita niya ang Tagapagligtas na nasa unahan nila.

> "Ang lungsod, sa pagkaalam ko, ay sa kanya. Iyon ang Walang Hanggang Lungsod; at ang mga taong sumusunod sa kanya ay mabubuhay doon sa kapayapaan at walang hanggang kaligayahan.
>
> "Ngunit sino sila?
>
> "Parang nabasa ng Tagapagligtas ang aking iniisip, sumagot siya habang itinuturo ang isang kalahating-bilog na nasa ibabaw nila noon, at kung saan nakasulat sa ginto ang mga salitang:
>
> *"Sila ang mga Taong Dumaig sa Daigdig—na Tunay na Isinilang na Muli!"* (*Cherished Experiences from the Writings of President David O. McKay,* comp. Clare Middlemiss [1976], 60).

# Genesis 6–10; Moises 8

## Pambungad

Isinulat ni Elder Bruce R. McConkie na "mula kay Adan hanggang kay Noe, tulad ng papalakas na dumadagundong na kulog, na bawat isa ay mas malakas kaysa sa nauna, ang kasamaan at pagkahilig sa laman ay lalaganap hanggang sa 'bawat tao ay naiangat sa guni-guni ng mga saloobin ng kanyang puso, na nagpapatuloy lamang sa kasamaan'[Moises 8:22]" (*The Millennial Messiah: The Second Coming of the Son of Man* [1982], 359). Noong panahon ni Noe ang mundo ay "puno ng karahasan" at "lahat ng laman ay katiwalian ang tinahak sa lupa" (Moises 8:28–29). Sa pagpapakita ng habag sa mundo at sa susunod na mga henerasyon, sinabi ng Diyos kay Noe: "Ang katapusan ng lahat ng laman ay sumapit sa harapan ko, sapagkat ang mundo ay puno ng karahasan, at masdan, aking lilipulin ang lahat ng laman sa mundo" (t. 30). Itinuro ni Elder John A. Widtsoe, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawa: "Itinuturing ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mundo bilang nabubuhay na organismo, na maluwalhating ginagampanan 'ang layunin ng paglikha nito.' Itinuturing nilang binyag ng daigdig ang baha, na sumasagisag sa paglilinis ng mga dumi ng nakaraan, at pagsisimula ng bagong buhay" (*Evidences and Reconciliations,* isinaayos ni G. Homer Durham, 3 tomo sa 1 [1960], 127).


## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga nagpapakasal sa labas ng bago at walang hanggang tipan ay nawawalan ng temporal at walang hanggang mga pagpapala (tingnan sa Genesis 6:1–4; Moises 8:13–21; tingnan din sa Deuteronomio 7:1–4; D at T 132:15–17).
- Kapag nagpipilit ang mga tao sa pagpili ng kasamaan, ang Espiritu ng Panginoon ay nawawala sa kanila (tingnan sa Genesis 6:3–7; Moises 8:17–30; tingnan din sa 2 Nephi 26:11).
- Tulad ni Noe, kaaawaan tayo ng Panginoon sa panahon ng kasamaan (tingnan sa Genesis 6:5–8; Moises 8:22–27).
- Ang pagkalipol ng masasama noong panahon ni Noe ay nagpapatotoo sa katarungan ng Diyos at ng kanyang pagmamahal para sa lahat ng kanyang mga anak (tingnan sa Genesis 6:5–13; Moises 8:22–30).
- Ang mga sumusunod sa mga batas at ordenansa ng ebanghelyo ay nagiging mga anak ng Diyos (tingnan sa Moises 8:13; tingnan din sa Mosias 5:1–9).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Genesis 6–9. Tulungan ang mga estudyante na higit na maunawaan ang kuwento tungkol sa Baha.** (20–25 minuto)

Hatiin ang mga estudyante sa mga grupo ng tigdalawa hanggang tig-apat na katao. Atasan ang bawat grupo na basahin ang magkakaibang bahagi ng Genesis 6–9 at pagawin sila ng maikling pagsusulit na may sampung tanong. Hayaang magpalitan ang mga grupo at sagutan ang maiikling pagsusulit at talakayin kung ano ang natutuhan nila tungkol sa Baha.



**Genesis 6–9; Moises 8. Ang Baha ay pagpapahayag ng katarungan at pag-ibig ng Diyos.** (30–35 minuto)

Sa inyong buong talakayan tungkol sa Baha, paalalahanan ang mga estudyante na ang Ama sa Langit ay isang mapagmahal na ama at ang kanyang parusa sa masasama ay para sa kanilang walang hanggang kapakanan. Basahin ang 2 Nephi 26:23–24 at talakayin kung paanong ang lahat ng ginagawa ng Panginoon ay para sa kapakanan ng lahat ng kanyang mga anak. Talakayin ang mga tanong na tulad ng sumusunod:

- Kung ang buong sangkatauhan ay mga anak ng Diyos, bakit niya lilipulin ang napakaraming tao sa pamamagitan ng baha?
- Paanong ang Baha ay pagpapakita ng pagmamahal ng ating Ama sa Langit?
- Paano ito naging kapaki-pakinabang sa daigdig?

Ilista sa pisara ang sumusunod na paraan na naging pagpapala ang Baha:

- Ito ay naghatid ng kahatulan sa masasama.
- Tumulong ito upang mailigtas ang labi ng mabubuting tao na kung kanino ay maaaring muling makipagtipan ang Diyos.
- Pinrotektahan nito ang hindi pa isinisilang na mga espiritung anak ng Diyos, na isinilang sana nang walang pag-asang maturuan ng kabutihan at katotohanan ng masasamang magulang.
- Inihatid nito ang masasamang tao sa daigdig ng mga espiritu kung saan kalaunan ay matuturuan sila ng ebanghelyo.

Ipahanap sa mga estudyante ang Genesis 6 at Moises 8 para sa mga talatang sumusuporta sa mga layuning iyon at ilista ang mga reperensya sa ilalim ng angkop na kategoriya. Ipaliwanag kung paanong ang Baha ay pagpapakita ng ganap na katarungan at awa ng Diyos. Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell na ang Diyos ay namagitan "nang sinira na ng katiwalian ang kalayaan, at hindi makatarungang magpadala ng mga sugong espiritu dito sa lupa." (*We Will Prove Them Herewith* [1982], 58; tingnan din sa "The Flood Was an Act of Love" sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* mga pahina 55–56).

Ang gamit na wika sa tala tungkol sa Baha ay katulad ng wikang ginamit sa paglalarawan sa Paglikha. Basahin ang Genesis 7:10, 14; 8:17, 20–21; 9:1, 3 at itanong sa mga estudyante kung paano natutulad ang mga talatang ito sa mga talata tungkol sa Paglikha. Anong karagdagang mga ideya ang ibinibigay ng mga pagkakatulad ng dalawang salaysay tungkol sa layunin ng Baha? Ang Baha, tulad ng binyag, ay sumasagisag sa bagong panimula ng daigdig.

Isulat ang mga pamuhatan sa sumusunod na tsart sa pisara at punan ito habang tinatalakay ninyo ang mga pagkakatulad ng Baha at ng Paglikha:

| Pagsisimula ni Adan (Genesis 1) | Pangyayari o Paglalarawan | Bagong Panimula ni Noe (Genesis 8–9) |
|---|---|---|
| 1:2 | Ang Espiritu ng Diyos ay sumaibabaw sa tubig. | 8:1 |
| 1:6–7 | Nahiwalay ang tubig sa kapwa tubig. | 8:2–3 |
| 1:9–10 | Lumitaw ang tuyong lupa. | 8:5 |
| 1:24–25 | Pinahayo ang mga hayop upang magpakarami sa lupa. | 8:17 |
| 1:28–30 | Iniutos sa sangkatauhan na magpakarami at kalatan ang daigdig at pamahalaan ito. | 9:1–3 |

Basahin ninyo ng mga estudyante ang Joseph Smith—Mateo 1:41 at ipatukoy sa kanila kung paano inihambing ng Panginoon ang panahon ni Noe sa panahon bago sumapit ang Ikalawang Pagparito. Alam nating muling lilinisin ang daigdig bilang bahagi ng Ikalawang Pagparito—sa pagkakataong ito ay sa pamamagitan ng apoy (tingnan sa D at T 5:19). Tayo rin ay kailangang mabinyagan sa pamamagitan ng tubig at ng apoy, na siyang Espiritu Santo (tingnan sa Juan 3:5; 2 Nephi 31:13).

Magpatotoo na maaari tayong maging malinis sa pamamagitan ng Espiritu Santo (tingnan sa 2 Nephi 31:17). Itanong sa mga estudyante kung paano natin matatanggap ang nakapagpapalinis na kapangyarihang ito kung nabinyagan at nakumpirma na tayo. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 20:77, 79 at hamunin silang gawin ang iniaatas upang pahintulutan ang nakapaglilinis na kapangyarihan ng Panginoon sa kanilang buhay.

**Genesis 6:1–4; Moises 8:13–15. Ang pagpapakasal sa labas ng tipan ay bahagi ng kasamaan noong kapanahunan ni Noe.** (10–15 minuto)

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 8:13–14 at itanong:

- Sino ang "mga anak na lalaki ng Diyos"?
- Paano silang kaiba sa "mga anak na lalaki ng tao"?

Basahin ang mga bahagi ng komentaryo para sa Genesis 6:1–2, 21 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (mga pahina 53–54) na tumutulong na ilarawan na sila ay naging mga anak ng Diyos dahil sa ginawa nilang tipan sa kanya. Basahin ang Moises 8:15 at itanong:

- Ano ang ibig sabihin ng "ang mga anak na babae ay … ipinagbili ang kanilang sarili"?
- Bakit nagpapakasal ang ilang tao sa labas ng tipan?
- Ano ang mga pagpapala ng pagpapakasal sa karapat-dapat na mga miyembro ng Simbahan?

Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

> "Lilibutin ng kahit sino sa inyo ang buong mundo para sa mga ordenansa ng pagbubuklod kung alam ninyo ang kahalagahan nito, kung alam ninyo kung gaano kaganda ito. Walang distansya, walang kakulangan ng pondo, walang sitwasyong hahadlang kailanman sa pagpapakasal ninyo sa banal na templo ng Panginoon" ("The Importance of Celestial Marriage," *Ensign,* Okt. 1979, 4–5).

Itanong sa mga estudyante kung ano ang palagay nila sa sinabi ni Pangulong Kimball at anong mga sitwasyon ang makaaapekto sa pagpili nating magpakasal sa loob ng tipan. Muling pagtibayin sa kanila ang walang kapantay na kahalagahan ng pagpapakasal sa tipan at ang anumang mababa kaysa dito ay walang hanggan ang ibubunga.

**Genesis 6–7. Si Noe ay halimbawa ng isang taong may pambihirang pananampalataya sa Diyos. Ang kanyang halimbawa ay makapagbibigay sa atin ng inspirasyon na maging mas matapat.** (15–20 minuto)

Kantahin ng buong klase ang "Ang Katapangan ni Nephi" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* p. 64). Itanong sa mga estudyante kung paano sa palagay nila angkop kay Noe ang alituntuning itinuro sa awiting ito.

Basahin kung ano ang ipinagagawa ng Panginoon kay Noe sa Genesis 6:14–21. Para mailarawan kung gaano kalaki ang arka, dalhin sa labas ang mga estudyante at ipakita sa kanila ang isang lugar na inihanda ninyo bago magklase na tinatayang kasinglaki ng arka, gamit ang apatnapu't limang sentimetro o labingwalong pulgada para sa sukat ng isang cubit at sundan ang mga direksiyon na nasa Genesis 6:15. Kung hindi madaling ilabas ang mga estudyante, ihambing ang laki ng arka sa mga pamilyar na bagay (tingnan sa tsart ng paghahambing na nasa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 55; tingnan din sa komentaryo nito tungkol sa Genesis 6:14–16, p. 54).

Itanong sa mga estudyante:

- Ano sa palagay ninyo ang inisip ng mga kapitbahay ni Noe tungkol sa kanya, kung iisipin ang laki ng arka at hindi sila malapit sa anumang malaking anyong tubig?
- Ano ang hiniling ng Panginoon sa atin sa pamamagitan ng kanyang mga propeta?
- Ano ang dahilan ng pagiging natatangi (kaiba o nililibak) nating mga miyembro ng Simbahan sa iba pang mga tao sa mundo?

Ibahagi ang sarili ninyong mga karanasan o anyayahan ang mga estudyante na magkuwento tungkol sa isang mahirap na gawain na nagawa nila sa tulong ng Panginoon.

**Genesis 6–9; Moises 8. Tulad ng arka na naging kanlungan para sa pamilya ni Noe, may mga lugar ngayon kung saan makasusumpong tayo ng kapayapaan at proteksyon mula sa kasamaan ng mundo.** (25–30 minuto)

Ipawari sa mga estudyante na may isang taong pumunta sa kanilang paaralan at ibinalita na sa loob ng isang linggo ay wawasakin ng isang kalamidad ang kanilang lungsod. Itanong:


- Ano ang iisipin ninyo sa taong ito?
- Ano ang kakailanganin para maniwala kayo sa kanya?
- Saan kayo pupunta para maging ligtas?

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 8:16–24. Itanong:

- Paano tumugon ang mga tao noong panahon ni Noe sa babalang katulad nito?
- Bakit kaya gayon ang naging tugon ng mga tao?
- Ano kaya ang maaaring makakumbinsi sa kanila para pakinggan ang babala ni Noe?

Basahin ang Genesis 7:4–6, 11–12, 19–24 at hanapin kung ano ang nangyari sa mga hindi nakinig kay Noe. Basahin ang Genesis 7:1–3, 7–10, 13–18; 8:13–18 at tingnan ang kaibhan ng mga kinahinatnang iyon sa nangyari sa mga sumunod sa propeta. Saliksikin ng buong klase ang sumusunod na mga tanong:

- Bakit naprotektahan ang pamilya ni Noe mula sa Baha? (tingnan sa Genesis 6:18, 22; 7:1, 5; 9:1, 8–15).
- Saan nagpunta ang pamilya ni Noe para makatanggap ng proteksyon mula sa Baha? (tingnan sa Genesis 6:14–18; 7:1, 17; 8:4, 13).



Ipaunawa sa mga estudyante na may mga lugar ngayon kung saan makakapunta ang pinagtipanang mga tao para maprotektahan mula sa kasamaan ng mundo at sa ipinropesiyang mga kapahamakan ng mga huling araw. Bago magklase, magdrowing ng arka at gupitin ito sa anim na piraso. Sa likod ng bawat piraso isulat ang mga reperensya sa banal na kasulatan para sa bawat isa sa anim na grupong nakalista sa ibaba. Hatiin sa anim na grupo ang mga estudyante at hilingin sa bawat grupo na pag-aralan ang mga reperensyang nasa piraso ng kanilang puzzle at maghandang ibahagi ang natutuhan nila tungkol sa lugar na makasusumpong tayo ng kaligtasan at proteksyon. Habang inilalahad ng bawat grupo ang kanilang natuklasan, ipadugtung-dugtong sa mga estudyante ang mga piraso at pagawin sila ng isang makabagong arka.

Grupo 1: Doktrina at mga Tipan 1:13–18; 20:25–27 (Pagsunod sa mga propeta)

Grupo 2: Mga Awit 127:3–5; Mga Kawikaan 1:8; 20:7; I Mga Taga Corinto 11:11 (Mga magulang at pamilya)

Grupo 3: Doktrina at mga Tipan 109:20–26; 132:19–20 (Mga templo)

Grupo 4: Doktrina at mga Tipan 82:14–15; 101:17–25; 115:6; Moises 7:17–21 (Mga stake ng Sion)

Grupo 5: 1 Nephi 8:21–30; 15:23–24; Doktrina at mga Tipan 1:37–38 (Pag-aaral ng mga banal na kasulatan)

Grupo 6: Lucas 21:36; 3 Nephi 18:15–19; Doktrina at mga Tipan 10:5; Joseph Smith—Kasaysayan 1:15–17 (Panalangin)

Matapos mabuo ang puzzle ng arka, basahin ang Genesis 6:14 at ipaliwanag na kinailangang sarhang mabuti ni Noe ang dugtungan at butas sa arka. Sabihin sa mga estudyante na matapos nating gawin ang lahat para manatiling espirituwal na ligtas—sundin ang propeta, makinig sa mga magulang, magpunta sa templo, magtipon sa mga stake, pag-aralan ang mga banal na kasulatan, at manalangin—pinahihintulutan tayo ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo na makaligtas o kaya'y matiis ang kapahamakang darating sa masasama. Basahin ang Mosias 5:15 at hikayatin ang mga estudyante na ipamuhay ang Pagbabayad-sala upang manatiling "nakalutang" sa mga huling araw na ito (tingnan sa Genesis 7:17).

**Genesis 6–9; Moises 8. Tulad ni Noe, makasusumpong tayo ng awa ng Diyos sa panahon ng kasamaan.** (35–40 minuto)

Nabubuhay tayo sa panahon na laganap ang kasamaan sa mundo. Kalaunan, tulad nang pagkalinis nito ng tubig, ang mundo ay lilinisin sa pamamagitan ng apoy, na magaganap sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas (tingnan sa D at T 5:19). Dumating kay Noe ang kaligtasan sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon at pagtatayo ng isang arka na naging daan upang maligtas siya at ang kanyang pamilya sa mga kahatulan ng Diyos. Tulad ni Noe at ng kanyang pamilya, kailangan tayong magsisi at maging masunurin sa Panginoon upang maligtas mula sa kasamaan. Hayaang pag-usapan ng mga estudyante kung ano ang ipinapagawa sa atin ng Panginoon ngayon na maihahambing sa pagtatayo ng isang arka, na nagbibigay daan upang madaig natin ang kasamaan ng mundo at maligtas mula sa mga kahatulan ng Diyos. Ilista sa pisara ang kanilang mga ideya.

Hatiin sa dalawang grupo ang klase. Ipabasa sa isang grupo ang Genesis 6:1–7:10 at sa isa pa ang Moises 8. Ipahanap sa kanila ang ginawa ni Noe na nagpapakita sa atin kung paano maliligtas mula sa kasamaan ng mundo. Idagdag ang mga alituntuning makita nila sa listahang nasa pisara. Bigyang-diin ang sumusunod na mga punto:

- Si Noe ay kaiba sa iba pang mga tao noong kanyang kapanahunan. Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 6:1–13 at maghanap ng mga salita o parirala na naglalarawan sa tindi ng kasamaan ng mga tao. Talakayin ang kahulugan ng ang "mga anak na lalaki ng Diyos" ay nag-aasawa ng "mga anak na babae ng tao" (tingnan sa Genesis 6:2; tingnan din sa komentaryo para sa Genesis 6:1–2, 21 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 53–54).
- Basahin ang Genesis 6:8 at itanong sa mga estudyante kung ano ang biyaya (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Biyaya," p. 30). Ipabasa sa kanila ang Moises 8:13, 23–27 at ipatukoy kung paano nakamtan ni Noe ang biyaya mula sa Panginoon. Maaari ninyong ipagawa sa mga es-

tudyante ang aktibidad A para sa Genesis 6; Moises 8 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral at ibahagi ang kanilang natuklasan.

- Ang paggawa at pagtupad sa mga tipan ng ebanghelyo ay napakahalaga sa ating kaligtasan. Talakayin sa mga estudyante ang kahalagahan ng pagsunod at mga tipan sa pagtanggap ng tulong at kapangyarihan mula sa Panginoon. (Maaari ninyong isama ang mungkahi sa pagtuturo para sa Genesis 6–7 sa bahaging ito ng aralin.) Itanong: Anong mga pagpapala ang natanggap ni Noe at ng kanyang pamilya dahil sa kanilang pagkamasunurin? Ano ang maaari nating gawin upang makapaghanda para sa paglilinis ng mundo sa Ikalawang Pagparito? Ano ang matitiyak natin tungkol sa ginagawang mga tipan ng Panginoon? (Tutuparin niya *palagi* ang kanyang bahagi.)

Itanong sa mga estudyante:

- Saan at paano ninyo hinaharap ang di pagtanggap, panlilibak, at panghahamak sa inyong buhay?
- Kung minsan ba ay nadarama ninyong napaliligiran kayo ng masasamang impluwensya?
- Ano ang maaaring isinasagisag ng arka ni Noe para sa atin ngayon?
- Saan tayo makapagkakanlong mula sa tila pagbaha ng kasamaan na nakapaligid sa atin?
- Paanong katulad ng arka ang ating mga tahanan, ward, at stake?
- Ano ang maaari nating gawin para mapanatiling ligtas na kanlungan ang mga lugar na ito?

Ipaunawa sa mga estudyante kung paanong tulad ng arka ang templo para sa karapat-dapat na mga miyembro sa ating panahon at gaano kahalaga ang maghanda sa pagpunta sa templo.

Si Noe ay isa ring halimbawa sa atin *matapos* ang Baha. Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 8:20–22 at tukuyin kung ano ang unang ginawa ni Noe nang lisanin niya ang arka. Dapat ay patuloy nating pasalamatan ang Panginoon sa paglalaan ng paraan upang mailigtas tayo sa kasamaan at tulungan tayong makasumpong ng kagalakan at pag-asa sa buhay na ito at buhay na walang hanggan sa mundong darating.

# Genesis 11–17; Abraham 1–2

## Pambungad

Si Abraham, isang tao na kung kanino ay muling nakipagtipan ang Panginoon upang magpasimula ng bagong dispensasyon ng ebanghelyo, ay tinawag na ama ng matatapat (tingnan sa D at T 138:41). Nababasa natin sa mga banal na kasulatan na lahat ng tumatanggap ng ebanghelyo ay tinatawag na mga anak ni Abraham (tingnan sa Abraham 2:10–11). Ipinaliwanag ni Pangulong Spencer W. Kimball kung bakit:

"Si Cristo ang pinakamagandang halimbawa ng bawat matapat na maytaglay ng priesthood. Habang sinasaliksik ko ang mga banal na kasulatan nabasa ko ang tungkol sa maraming tao na sumunod sa pinakamagandang halimbawang ito at napagindapat ang kanilang sarili sa mga pagpapalang ipinangako sa pamamagitan ng priesthood. Isa sa kanila si Amang Abraham, na ang buhay ay huwaran na magpapasigla at magpapapuri sa sinumang ama sa Simbahang ito na nais maging tunay na patriyarka sa kanyang pamilya….

"… Nadarama ba ninyo na lahat tayo ay maaaring maging katulad ni Abraham kung matututuhan nating unahin ang Diyos sa ating buhay? Nagpapatotoo ako sa inyo na maaari tayong maging katulad ni Abraham, na ngayon, bunga ng kanyang kagitingan, ay 'pumasok sa kanyang kadakilaan at umupo sa kanyang trono.' (D at T 132:29.) Ang gayong kadakilaan ba ay inilaan lamang para sa mga General Authority, o stake president, o quorum president, o bishop? Hindi. Ito ay pagpapalang inilaan para sa lahat ng maghahanda ng kanilang sarili sa pamamagitan ng pagtalikod sa kanilang mga kasalanan, sa tunay na pagtanggap sa Espiritu Santo sa kanilang buhay, at sa pagsunod sa halimbawang ipinakita ni Abraham.

"Kung magkakaroon lang sana ng gayong integridad, pagsunod, paghahayag, pananampalataya, at paglilingkod ang mga miyembro ng Simbahan na tulad ni Abraham! Kung hahangarin ng mga magulang ang mga pagpapalang hinangad ni Abraham, tatanggap din sila ng gayong paghahayag, mga tipan, mga pangako, at walang hanggang gantimpala na tulad ng tinanggap ni Abraham" ("The Example of Abraham," *Ensign*, Hunyo 1975, 4, 6–7).

Yamang alam natin na dinakila na si Abraham (tingnan sa D at T 132:29), dapat nating pag-aralan ang kanyang buhay at hanapin kung ano ang ginawa niya para matanggap ang dakilang pagpapalang ito. At dapat tayong "humayo … at gawin ang mga gawain ni Abraham" (D at T 132:32).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Upang maligtas sa kaharian ng langit kailangan nating sundin ang mga alituntunin at tanggapin ang mga ordenansa ng ebanghelyo (tingnan sa Abraham 1:2; tingnan din sa Moises 6:52; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3; D at T 84:33–39).
- Kung mapilitan tayong pumili sa pagitan ng pagsunod sa Diyos at pagliligtas sa ating mortal na buhay, dapat nating piliing sundin ang Diyos (tingnan sa Abraham 1:5–12).
- Dahil sa kabutihan ni Abraham, nakipagtipan ang Panginoon na biyayaan siya ng lupain, priesthood, walang hanggang inapo, at kadakilaan. Nakikibahagi tayo sa tipang ito, na kilala bilang tipang Abraham, kapag tapat nating tinatanggap at sinusunod ang mga ordenansa at tipan

ng ebanghelyo (tingnan sa Genesis 15:1–6; 17:1–8; Abraham 1:18–19; 2:9–11).

- Tinutupad ng Panginoon ang lahat ng kanyang pangako (tingnan sa Genesis 13:16; 15:1–18; 17:15–22; 21:1–2; tingnan din sa D at T 1:37–38; 82:10).
- Dinirinig ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin, alam niya ang ating mga pagsubok, at inaaliw tayo kapag hinanap natin siya nang may pananampalataya (Genesis 15:1–6; 16:4–14).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 9, "Ang Tipang Abraham," ay makakatulong sa mga estudyante na mas maunawaan ang kapangyarihang natatanggap natin sa pakikipagtipan sa Panginoon (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Genesis 11–17. Nang makipagtipan ang Panginoon kay Abram, ginawa niyang "Abraham" ang pangalan nito (tingnan sa Genesis 17:1–9). Ang pag-aaral tungkol sa karanasan ni Abraham ay ipauunawa sa atin ang kahalagahan ng pagtanggap ng mga ordenansa ng ebanghelyo, pakikipagtipan sa Panginoon, at dahil dito ay taglayin sa ating sarili ang pangalan ni Cristo.** (20–25 minuto)

Ipaunawa sa mga estudyante ang kahalagahan ng mga pangalan. Talakayin ang mga tanong na tulad ng sumusunod:

- Bakit kung minsan ay napakatagal magdesisyon ng mga magulang kung ano ang ipapangalan sa anak?
- May espesyal na kahulugan ba ang pangalan ninyo? Kung mayroon, ano ito?
- Gusto ba ninyong baguhin ang inyong pangalan? Kung oo, bakit? Ano ang pipiliin ninyong pangalan?

Ipahanap sa mga estudyante ang mga pangalang pamilyar sa kanila sa Genesis 11:27–32. Ipabuklat sa kanila ang Genesis 17:1–8 at ipatuklas kung ano ang ginawa ng Panginoon sa pangalan ni Abram. Pansinin na binago ang kanyang pangalan bilang bahagi ng tipan. Ang ibig sabihin ng pangalang "Abram" ay "dakilang ama," at ang ibig sabihin ng pangalang "Abraham" ay "ama ng marami" (tingnan sa Bible Dictionary, "Abraham," p. 601–2). Itanong: Paano naging karagdagang patotoo ng mga pangako ng Panginoon sa kanya ang pagbabagong ito?

Hindi na binabago ngayon ng Panginoon ang ibinigay sa ating pangalan. Sa halip, kapag sumapi tayo sa Simbahan sa pamamagitan ng binyag tinataglay natin sa ating sarili ang pangalan ni Jesucristo (tingnan sa Mosias 5:6–12; D at T 20:37). Bagama't kilala pa rin tayo sa ibinigay sa ating pangalan, kilala rin tayo bilang "mga Kristiyano" o "mga Banal." Ang isang Banal ay dinalisay na alagad ni Cristo. Talakayin ang kahulugan at kahalagahan ng taglayin natin ang pangalan ni Jesucristo.

Basahin ang Abraham 1:18–19 at talakayin ang kahit isang kahulugan ng pagtanggap ng pangalan mula sa Panginoon. Ipabasa sa mga estudyante ang Mosias 5:7–10 at Doktrina at mga Tipan 20:77, 79 at pansinin kung saan natatanggap ng mga tao ang pangalan ng Panginoon. Itanong:

- Ano ang itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatang ito kung bakit natin nanaising ibigay sa atin ng Panginoon ang kanyang pangalan?
- Paano magiging kakaiba ang mga tao dahil sa taglay nila ang pangalan ni Jesucristo?
- Anong mga obligasyon ang kaakibat ng pagtataglay ng isang tao ng pangalan ni Jesucristo?
- Ano ang ipinapangako ng Panginoon kapag tinataglay natin ang pangalan ni Cristo?

**Abraham 1:1–19. Ang tunay nating hangarin ay malaki ang epekto sa ating sitwasyon sa buhay na ito at sa buhay na darating.** (20–25 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na mag-isip ng limang bagay na pinakagusto nila sa buhay. Basahin ang Alma 32:27–28 at Doktrina at mga Tipan 137:9 sa kanila at talakayin kung bakit mahalaga na hangarin natin ang kabutihan.

Ipabasa sa mga estudyante ang Abraham 1:1–4 at ilista sa pisara kung ano ang hinangad ni Abraham. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 132:29 at Abraham 2:12 at talakayin kung paano nababanaag sa walang hanggang gantimpala kay Abraham ang kanyang mabubuting hangarin.

Ipahambing sa mga estudyante ang kanilang mga hangarin sa mga hangarin ni Abraham. Talakayin kung paano nakikita sa mga hangarin ng ating puso ang ating gantimpala, katulad ng kay Abraham.

Ipabasa sa mga estudyante ang Abraham 1:5–7 at hanapin kung ano ang nagpahirap kay Abraham na makamtan ang kanyang mabubuting hangarin. Itanong sa kanila kung ano kaya ang ipinasiyang gawin ni Abraham, kung iisipin ang mahihirap niyang sitwasyon (halimbawa, tumigil kaya siya sa paggawa ng mabuti, sinubukan kaya niyang baguhin ang umiiral na kundisyon sa relihiyon sa pagpupursiging mapabalik-loob ang kanyang ama, o umalis na lang kaya siya ng bahay). Ipabasa sa kanila ang mga talata 8–12 at ipahanap kung ano talaga ang ginawa ni Abraham at ang mga naging bunga nito. Ipaunawa sa kanila na hindi laging madaling maging mabuti, kahit talagang hangad nating magpakabuti. Tulad ni Abraham, makakaasa tayo ng mga pagsubok at tukso sa pagsisikap nating ipamuhay ang ebanghelyo. Tiyakin sa mga estudyante na, tulad ni Abraham, sila ay pinagpapala kapag masigasig nila sa paghahangad ng kabutihan, lalo na sa panahon ng mga pagsubok at tukso.

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith at talakayin ang kahulugan nito:

> "Mula pa nang umiral ang tao, ang pananampalatayang kailangan para magalak sa buhay at magtamo ng kaligtasan ay hindi kailanman makakamtan nang walang sakripisyo ng lahat ng makamundong bagay…. At sa pamamagitan ng sakripisyo ng lahat ng makamundong bagay talagang malalaman ng mga tao na ginagawa nila ang mga bagay na kalugud-lugod sa paningin ng Diyos. Kapag isinakripisyo ng isang tao ang lahat ng mayroon siya para sa katotohanan, nang hindi ipinagkakait maging ang kanyang buhay, … tiyak na alam niya na tinatanggap at tatanggapin ng Diyos ang kanyang sakripisyo at alay, at hindi nawalan o mawawalan ng saysay ang paghahanap niya sa Diyos. Sa ganitong mga sitwasyon, kun gayon, matatamo niya ang pananampalatayang kailangan upang makamtan ang buhay na walang hanggan" (*Lectures on Faith* [1985], 69).

Basahin ang Abraham 1:15–20 at ilista ang mga ginawa ng Panginoon para kay Abraham dahil sa kanyang katapatan. Papiliin ang mga estudyante ng isang pagpapalang ipinangako ng Panginoon kay Abraham sa mga talata 18–19 na gugustuhin nila at ipalahad sa kanila kung bakit. Ipaunawa sa kanila na natanggap ni Abraham ang mga pagpapala dahil *hinangad* niya ang mga ito, dahil siya ay *masunurin,* at dahil handa siyang *magsakripisyo* para sa bagay na hinangad niya at alam niyang totoo. Batay sa halimbawa ni Abraham, anyayahan ang mga estudyante na pag-isipan kung ano ang magagawa nila na makakatulong para matamasa nila ang mga pagpapalang ipinangako sa matatapat.

**Abraham 2:1–25. Tulad ni Abraham, maaari tayong mamuhay nang matwid sa kabila ng kasamaan ng iba.** (15–20 minuto)

Magpabanggit sa mga estudyante ng ilang impluwensya at tukso na nagpapahirap sa mga taong kaedad nila at sa kanilang komunidad na mamuhay nang matwid. Talakayin ang mga tanong na gaya ng sumusunod:

- Paano tayo mamumuhay nang matwid samantalang napakaraming tao sa ating paligid na gumagawa ng masasamang bagay?
- Talaga bang inaasahan ng Panginoon na mamumuhay tayo nang matwid sa isang daigdig na lalo pang sumasama?
- Paano tayo matutulungan ng halimbawa ni Abraham na piliing gawin ang tama?

Basahin ninyo ng mga estudyante ang Abraham 1:2–7. Talakayin ang sitwasyon sa buhay ni Abraham at kung gaano siguro kahirap para sa kanya na isakatuparan ang kanyang mabubuting hangarin.

Magdrowing ng patayong linya sa gitna ng pisara. Sa isang panig isulat ang *Abraham 2:1–13* at sa kabilang panig ay isulat ang *Abraham 2:14–25.* Hatiin sa dalawang grupo ang klase at bigyan ng isa sa mga reperensya ang bawat grupo. Ipahanap sa kanila ang ginawa ni Abraham na nakatulong sa kanya na mamuhay nang matwid. Kapag tapos na sila, sabihin sa bawat grupo na ilista ang mga natuklasan nila sa ilalim ng kanilang reperensya sa pisara. (Kabilang sa ilang posibleng sagot ang: pinakasalan niya ang isang mabuting tao [t. 2], iniwan niya ang masamang kapaligiran [t. 4], nanalangin siya [mga talata 6, 17–18, 20], hinanap niya ang Panginoon [t. 12], pinili niyang sundin ang Panginoon [t. 13], sinunod niya ang Panginoon [mga talata 3–4, 13–14], at gumawa siya ng gawaing misyonero [t. 15]).

Sa mga listahang nasa pisara, talakayin kung ano ang magagawa ng mga estudyante para masundan ang halimbawa ni Abraham. Ipa-cross-reference sa kanila ang Abraham 2:3–4 sa Mga Hebreo 11:8–16 at talakayin ang sinabi ni Pablo tungkol sa kapangyarihang manatiling mabuti. Itanong: Paano tayo matutulungan ng mga alituntunin ding ito na manatiling mabuti?

**Genesis 13:5–15. Ang pag-ibig sa kapwa, pagiging di-makasarili, at pagiging tagapamayapa ay mga katangian ni Cristo na karapat-dapat sa mga pagpapala ng langit.** (15–20 minuto)

Magdala ng dalawang klase ng makakain sa klase—na mukhang mas masarap ang isa kaysa sa isa. Anyayahan ang dalawang estudyanteng gusto ang mas masarap na pagkain na samahan kayo sa harap ng klase. Sabihin sa kanila na gusto ninyo silang bigyan pareho ng makakain. Ipakita sa kanila ang mga pagkain at sabihin na dapat silang magdesisyon kung sino sa kanila ang kukuha ng aling pagkain. Ang patakaran lang ay hindi nila maaaring hatiin ang pagkain. Matapos silang mahirapang pumili at magdesisyon, itanong sa kanila kung nahirapan silang pumili. Itanong: Kung ang pagpipilian ninyo ay mga stereo, kotse, bahay, o lupa, gaano kaya magiging mas mahirap magdesisyon?

Sabihin sa mga estudyante na nakaranas ng gayon ang dalawang lalaki sa mga banal na kasulatan. Ipabasa sa kanila ang Genesis 13:5–7 at ipatukoy ang dalawang lalaki at ang desisyong kinailangan nilang gawin. Ipabasa sa kanila ang mga talata 8–13 at ipahanap kung ano ang tila nakaganyak kina Abraham at Lot sa paglutas ng kaguluhan. Ang Mga Hebreo 11:10, 13–16 ay naglalaan ng karagdagang ideya kung ano ang nakaganyak sa mga hakbang na ginawa ni Abraham. Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 13:14–18 at tukuyin kung ano ang natanggap ni Abraham mula sa Panginoon dahil sa kanyang kabutihan at kung bakit mahalaga kay Abraham ang pagpapalang iyon.

Maaari ninyong talakayin ang mga problemang nagmumula sa kaguluhan at ang mga pagpapalang ibinibigay ng Panginoon sa mga tagapamayapa (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "kaguluhan (pagtatalo)," mga pahina 103–4, "tagapamayapa," p. 241).

**Genesis 14:17–24. Si Abraham ay isang halimbawa kung paano tayo nagpapahayag ng pagmamahal sa Panginoon sa pamamagitan ng paggalang sa kanyang mga lingkod, pagbibigay ng ating mga makamundong ari-arian, at pagtupad sa ating mga tipan.** (15–20 minuto)

Isulat sa pisara ang *Melquisedec* at itanong sa mga estudyante kung ano ang alam nila tungkol sa salitang ito. Marami sa kanila ang pamilyar sa katagang "Melchizedek Priesthood" ngunit maaaring hindi nila gaanong kilala ang tao. Ipaalam sa kanila ang tungkol kay Melquisedec sa pamamagitan ng pag-aaral ng sumusunod na mga sanggunian: Genesis 14:17–24; PJS, Genesis 14:25–40; Alma 13:14–19; Doktrina at mga Tipan 107:1–4; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Melquisedec" (p. 156). Talakayin ang natutuhan nila.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 14:17–20 at sabihin kung ano ang nangyari. Habang inaalala ang nalaman nila tungkol kay Melquisedec, itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila ginawa ni Abraham ang ginawa niya. Ang Doktrina at mga Tipan 84:14 ay naglalaan ng karagdagang ideya tungkol sa kaugnayan nina Abraham at Melquisedec. Ipahambing sa mga estudyante ang paraan ng pakikitungo ni Abraham kay Melquisedec sa paraan ng pakikitungo niya sa hari ng Sodoma (tingnan sa Genesis 13:13 para malaman kung ano ang kinakatawan ng hari ng Sodoma). Itanong:

- Ano ang itinuturo sa atin ng paghahambing na ito tungkol kay Abraham?
- Paano natin maiaangkop ang halimbawa ni Abraham mula sa mga talatang ito? Halimbawa, sino ang katulad ng "mga Melquisedec" sa ating kalipunan? Sino ang katulad ng "mga hari ng Sodoma" sa ating buhay?

Ang isang dahilan kaya hindi naakit si Abraham sa magagandang alok ng hari ng Sodoma ay dahil hangad niya higit sa lahat na maging tapat sa kanyang mga tipan (tingnan sa Genesis 14:22). Itanong:

- Anong mga tipan na ang nagawa natin?
- Paano tayo matutulungan ng mga tipang iyon na maging kasingtapat ni Abraham?


Isiping talakayin nang maikli ang alituntunin ng ikapu sa mga estudyante. Itanong:

- Ano ang ginawa ni Abraham habang kasama niya si Melquisedec? (tingnan sa Genesis 14:20).
- Sa palagay ninyo, bakit hinihiling ng Panginoon na magbayad tayo ng ikapu sa halip na ilaan na lang Niya ang mga kailangan ng Simbahan?
- Paano nakakatulong ang karanasan ng Tagapagligtas na inilarawan sa Mateo 19:16–22 para masagot natin ang tanong na iyon?

Ipaunawa sa mga estudyante na ang pagbabayad ng ikapu ay isang paraan para maipakita natin sa Panginoon na inuuna natin siya sa ating buhay.

**Genesis 15. Ang huwaran ng pakikipagtipan ayon sa paglalarawan sa Genesis 15 ay nagbibigay sa atin ng pagkakataon na pag-isipan nang mas malalim ang simbolismo at bisa ng mga ordenansa at pakikipagtipan.** (20–25 minuto)

Idrowing sa pisara ang sumusunod na diagram:




Itanong sa mga estudyante:

- Alin sa tatlong nilalang na nakalista sa pisara ang pinakamakapangyarihan? (Diyos.)
- Sa dalawang nalalabi, ang tao at si Satanas, sino ang mas makapangyarihan?

Bago nila sagutin ang ikalawang tanong, ipabasa sa kanila ang Mga Taga Efeso 6:10–13; 2 Nephi 2:27–29; Alma 34:35; Doktrina at mga Tipan 10:5; 21:4–6; at Moises 4:3–4. Magdrowing ng linyang magkokonekta sa mga bilog na may nakasulat na "Diyos" at "Tao." Sulatan ang linya ng "Mga Tipan." Ipaunawa sa mga estudyante na ang mga tao ay maaaring maging mas makapangyarihan kaysa kay Satanas kung ibibigkis nila ang kanilang sarili sa Diyos sa pamamagitan ng mga tipan, at dahil dito ay makinabang sa kapangyarihan ng Diyos. Kung hindi ibibigkis ng mga tao ang kanilang sarili sa Diyos, higit na lalakas ang kapangyarihan ni Satanas laban sa kanila.

Basahin ninyo ng mga estudyante ang Genesis 15:1. Ituro na sinabi ng Panginoon na siya ang "kalasag" at "ganting pala na lubhang dakila" ni Abraham. Talakayin ang kahulugan ng mga pahayag na ito. Repasuhin ang ilan sa mga gantimpalang ipinangako ng Panginoon kay Abraham, tulad ng lupain, priesthood, at napakaraming inapo. Itanong: Alin sa mga gantimpalang iyon, o mga pagpapala, ang natanggap na ni Abraham?

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 15:2–3 at hanapin kung aling pagpapala ang tila ipinag-aalalang matanggap ni Abraham. Sama-samang basahin ang mga talata 4–6 at tukuyin kung paano tumugon ang Panginoon sa kanyang alalahanin at ano ang ginawa ni Abraham. Basahin din ang PJS, Genesis 15:9–12 at tukuyin ang isa pang alalahanin ni Abraham noon at kung paano siya nakipag-usap sa Panginoon tungkol dito. Ipaunawa sa mga estudyante na kailangan nating sikaping lawakan ang ating pananaw upang maunawaan na laging tinutupad ng Diyos ang kanyang mga pangako (tingnan sa D at T 1:37–38). Ito ang binigyang-diin sa huling pangyayari sa Genesis 15.

Kung maaari, mamigay ng mga kopya at basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Henry B. Eyring, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Ang ating Ama sa Langit … ay naglaan ng mga tipan na magagawa natin sa kanya. At naglaan siya ng mga ordenansa sa mga tipang iyon kung saan maipababatid niya ang kanyang ipinangako o ipinagtipanang gawin at maipababatid natin ang ating ipinangako o ipinagtipanang gawin" (*Covenants* [mensahe sa mga young adult na edad-kolehiyo, 6 Set. 1996], 1).

Hilingin sa mga estudyante na isaalang-alang ang ordenansa at tipan ng binyag. Pagkatapos ay itanong:

- Sa ordenansa, ano ang ipinapangakong gawin ng Panginoon—lalo na sa simbolikong paraan?
- Ano ang ipinapangako nating gawin?

Sabihin sa mga estudyante na nakalarawan sa Genesis 15:9–21 ang sinaunang paraan ng pakikipagtipan—karaniwan ay sa pagitan ng dalawang tao, ngunit sa kasong ito ay sa pagitan ng Diyos at ni Abraham. Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 15:9–19 at tukuyin kung ano ang ginawa ni Abraham, ano ang sinabi sa kanya ng Panginoon, at ano ang ginawa ng Panginoon na isinagisag ng hurnong umuusok at tanglaw na nagniningas. Itanong:

- Paano ipinabatid ni Abraham kung ano ang gagawin niya bilang bahagi ng tipan? (Naghintay siya hanggang sa tuparin ng Panginoon ang pagpapala.)
- Ano ang ipinangako ng Panginoon? (Siya ay *tiyak* na tutupad sa kanyang salita.)

Ibuod ang talakayang ito sa pamamagitan ng pagbabasa ng Doktrina at mga Tipan 82:10. Tiyakin sa mga estudyante na *laging* tutuparin ng Panginoon ang kanyang mga tipan at ipaliwanag na maaari tayong magkaroon ng kapangyarihan laban sa kaaway at magtamo ng buhay na walang hanggan sa paggawa at pagtupad ng pormal na mga tipan sa Panginoon.

**Genesis 11–17; Abraham 1–2. Kapag naunawaan natin ang kahalagahan ng tipang Abraham at kung paano ito naaangkop sa atin, maaari tayong magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa mga posibilidad at responsibilidad natin sa buhay na ito at sa mga pagpapalang naghihintay sa atin sa kawalang-hanggan.** (30–45 minuto)

Ipawari mga estudyante na binanggit sa isang testamento ang isa sa kanila bilang tagapagmana. Itanong:

- Kaninong testamento ninyo gustong mabanggit bilang tagapagmana?
- Sino ang karaniwang binabanggit na mga tagapagmana sa isang mana? (Mga miyembro ng pamilya.)
- Paano magagawa ng mga magulang o lola't lolong wala namang kayamanan na pamanahan pa rin ang kanilang mga inapo?
- Ano ang ilang halimbawa ng hindi materyal na mga mana na natanggap na ninyo mula sa inyong mga magulang, lola't lolo, o iba pang mga ninuno?
- Sa anong mga paraan kayo naging mapalad at pinagpala na maging miyembro ng inyong pamilya?

Paalalahanan ang mga estudyante na "ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak" ("Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," 35602 893). Bago tayo naparito sa lupa nabuhay tayo bilang bahagi ng isang pamilya—ang walang hanggang pamilya ng Diyos. Habang nasa kanyang piling, itinuro sa atin ng Ama sa Langit ang kanyang plano kung saan maaari nating manahin ang lahat ng mayroon siya. Ipinadala niya tayo sa isang pamilya sa lupa para sa mga layuning magtutulot sa atin na makabalik at hindi lamang *makapiling* siya kundi maging *katulad* din niya.

Pagkaraan ng Pagkahulog, sina Adan at Eva ay binigyan ng mga tagubilin, ordenansa, at tipan na may kaugnayan sa layunin ng mortalidad at kung ano ang kailangan nilang gawin upang magmana ng buhay na walang hanggan—ang uri ng pamumuhay ng Diyos. Natanggap ni Adan ang priesthood upang mapangasiwaan niya ang mga ordenansang ito sa iba, at sina Adan at Eva ay kapwa inutusang ituro at pangasiwaan ang lahat ng bagay na ito sa kanilang mga anak para ang kanilang mga anak ay maibalik sa kanilang walang hanggang pamilya at magmana ng buhay na walang hanggan (tingnan sa Moises 5:4–12, 58–59; 6:51–62, 64–68).

Ang ebanghelyo ay unang ipinangaral at pinangasiwaan sa pamamagitan ng mga pamilya. Dahil may mga kapamilya si Adan na hindi tumanggap sa kanyang mga turo, maraming tao ang lumaki nang hindi natatanggap ang nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo. Basahin ninyo ng mga estudyante ang Abraham 1:2–5 at ipaunawa sa kanila na ito ang sitwasyon ni Abraham noon. Lalong bigyang-diin ang mga kataga sa talata 2 kung saan sinabi ni Abraham na kalaunan siya ay "naging karapat-dapat na *tagapagmana,* … humahawak ng karapatan na pag-aari ng mga ama" (idinagdag ang pagkahilig ng mga salita).

Sa huli ay nakibahagi si Abraham sa nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo. Tinanggap din niya ang priesthood para mapangasiwaan niya ang mga ordenansang ito sa kanyang mga inapo. Dahil sa kabutihan ni Abraham, gumawa ng natatanging pakikipagtipan sa kanya ang Panginoon, na tinatawag nating tipang Abraham. Bilang bahagi ng tipang ito, tinawag ng Panginoon si Abraham na "ama ng matatapat" (D at T 138:41), ang ulo ng pamilya na kung kaninong pamamagitan ay ilalaan ang kaligtasan sa lahat ng anak ng Ama sa Langit na naparito sa lupa.

Ang mga kapamilya ni Abraham ay nagsisilbing mga kinatawan ng Ama sa Langit sa kanyang gawain ng kaligtasan. Dahil dito, ang pamilya ni Abraham ay naging kauri ng pamilya ng Ama sa Langit. Ang mga pagpapalang ipinangako kay Abraham ay nagiging mga pagpapala natin kapag pumasok tayo sa tipang Abraham.

Talakayin sa mga estudyante ang materyal sa bahaging "Points to Ponder" sa kabanata 5 ng *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 70–72). Ipaunawa sa kanila kung paano umaangkop sa kanila ang bawat pagpapala.

Ipaunawa sa mga estudyante na hindi nila kaagad-agad matatanggap ang ipinangakong mga pagpapala ng tipan dahil sa liping kanilang pinagmulan (tingnan sa 2 Nephi 30:1–2). Ipabasa sa kanila ang Genesis 17:1 at ipatukoy kung ano ang sinabi ng Panginoon na kailangang gawin ni Abraham upang matanggap ang lahat ng pagpapala ng tipan. Maaari ninyong ituro kung ano pa ang ginawa ni Abraham para ihanda ang sarili sa pagtanggap ng mga tipan at kung paano niya tinupad ang kanyang mga tipan bago naganap ang mga pangyayari sa Genesis 17.

Tulungan ang mga estudyante na maipamuhay ang natutuhan nila sa pamamagitan ng pagbasa sa kanila ng sumusunod na mga pahayag na maaaring matagpuan sa isang patriarchal blessing:

"Pinagpala kang mapunta sa buhay na ito bilang miyembro ng sambahayan ni Israel at sa gayon ay matanggap ang lahat ng pagpapalang ipinangako kay Abraham. Dahil diyan, ikaw ay binigyan ng mga responsibilidad at may karapatan sa lahat ng pagpapala at pangakong ibinigay sa pamilyang ito sa Israel."

Pasulatin sila ng liham sa isang taong maaaring nakatanggap na ng gayong pagpapala, na ipinaliliwanag ang kahalagahan ng pahayag na ito. Ipapaliwanag sa kanila sa liham kung ano ang kahulugan ng maging tagapagmana ng propetang si Abraham at ang mga responsibilidad ng manang ito, lalo na ang kaugnayan nito sa ideya ng pamilya. Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang isinulat.

# Genesis 18–23

## Pambungad

Noong 1833 sinabi ng Panginoon na dahil sa kanilang mga paglabag, ang mga Banal sa mga Huling Araw ay "kinakailangang parusahan at subukan, maging gaya ni Abraham" (D at T 101:4). Muling isinalaysay sa Genesis 18–23 ang ilan sa matitinding pagsubok na dinanas ni Abraham at inilarawan doon ang kanyang katapatan. Kabaligtaran ng kay Abraham ang sinapit ng Sodoma at Gomorra. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga kabanatang ito, isipin si Abraham. Paano niya natiis ang kanyang mga pagsubok? Anong mga pagpapala ang dumating dahil tapat niyang sinunod ang Panginoon? Sa anong mga paraan natin masusundan ang kanyang halimbawa sa paghahangad natin sa mga pagpapala ring iyon?

Iningatan ni Abraham ang mga pangako sa kanya ng Diyos (na kalaunan ay tinawag na tipang Abraham) at tinawag siyang "ama ng matatapat" (D at T 138:41). Tumulong siyang gawing posible para sa atin na matanggap ang mga pagpapala ng ebanghelyo (tingnan sa D at T 84:33–34; 124:58). Ang mga mamamayan ng Sodoma at Gomorra, sa kabilang banda, ay nilipol ng Diyos dahil sa kanilang kasamaan.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga pangako ng Diyos ay matutupad, sa pamamagitan man niya o sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod (tingnan sa Genesis 18:2, 9–15; 21:1–2; tingnan din sa Genesis 17:15–19; D at T 1:38).
- Ang Panginoon ay nagbibigay ng espesyal na mga pagpapala sa mga taong tapat na tinitiis ang mga pagsubok (tingnan sa Genesis 18:1–19; 20:1–3, 14–18; 22:1–19; tingnan din sa D at T 58:4).
- Itinuturo ng Genesis ang sumusunod tungkol sa ating kaugnayan sa Panginoon:
  a. Magagawa ng Panginoon ang tila imposible sa atin. Dahil dito, kailangan tayong sumampalataya at magtiwala sa kanya (tingnan sa Genesis 18:9–14; 21:1–8; tingnan din sa Mga Taga Roma 4:16–22; 1 Nephi 4:1).
  b. Maaaring pansamantalang mailigtas ng mabubuting tao sa isang komunidad o bansa ang iba pang mga tao mula sa buong epekto ng kahatulan ng Diyos sa masasama (tingnan sa Genesis 18:23–32; tingnan din sa Alma 10:22–23; 62:40; Helaman 13:13–14).
  c. Ang pagpapasiyang patuloy na makianib sa masasama ay maaaring makapinsala kapwa sa pisikal at sa espirituwal (tingnan sa Genesis 19).
  d. Sinusubukan tayong lahat ng Panginoon, at dapat nating sundin ang kanyang iniuutos, gaano man ito kahirap. Kung susunod tayo, lahat ay magiging para sa ating ikabubuti, sa buhay mang ito o sa kabilang buhay (tingnan sa Genesis 21:9–21; 22:1–19; tingnan din sa Mga Taga Roma 8:28; D at T 90:24).
- Kung talagang mahal natin ang Panginoon nang buong puso, kusang-loob nating gagawin ang lahat ng hinihiling niya (tingnan sa Genesis 22:1–12; tingnan din sa Juan 14:15; Omni 1:26).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Genesis 18:1–15. Ang Panginoon ay nagbibigay ng maluwalhating mga pangako sa kanyang matatapat na alagad. May kapangyarihan siyang tuparin ang kanyang mga pangako at gagawin niya ito "sa kanyang sariling panahon, at sa kanyang sariling pamamaraan, at alinsunod sa kanyang sariling kalooban" (D at T 88:68).** (20–25 minuto)

Bigyan ng isang papel ang bawat estudyante na sinulatan ng sumusunod:

Sabi ng inyong guro, "Nangangako ako sa iyo na ___________________________."

Sabi ng mga magulang mo, "Nangangako kami sa iyo na ___________________________."

Papunan ang mga patlang sa bawat estudyante ng mga pangakong pinakagusto nilang marinig. Ipabahagi sa ilang estudyante ang isinulat nila at ipapaliwanag sa kanila kung bakit. Itanong:

- Anong mga pangako ang natanggap na ninyo noon mula sa mga taong ito?
- Gaano kahalaga sa inyo ang mga pangakong iyon?
- Tiwala ba kayo na ang mga pangakong natanggap ninyo ay laging matutupad? Bakit oo o bakit hindi?

Nangangako rin ang Panginoon. Itanong sa mga estudyante kung saan nila matatagpuan ang ilan sa mga pangakong ibinigay ng Panginoon (halimbawa, sa mga patriarchal blessing at iba pang basbas ng priesthood, ordenansa, salita ng mga buhay na propeta, at banal na kasulatan). Ipabulay sa mga estudyante ang ilan sa mga pangakong ibinigay sa kanila mismo ng Panginoon. Sabihin sa kanila na may kapangyarihan ang Panginoon na tuparin ang bawat pangako niya at gagawin niya ito.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 18:1–12 at tukuyin ang pangakong natanggap ni Sara. Itanong:

- Kung iisipin ang kanyang edad (tingnan sa t. 11) kagaano kaluwalhati ang pangakong ito?
- Ano ang tugon ni Sara sa pangakong ito? (tingnan sa t. 12).
- Sa palagay ninyo, bakit siya tumugon nang gayon?

Ibahagi ang komentaryo para sa Genesis 18:9–15 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 75–76). Itanong sa mga estudyante kung nanggilalas o namangha na sila sa mahimalang kabutihan ng Diyos.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 18:13–14 at hanapin kung ano ang sinabi ng Panginoon tungkol sa kapangyarihan niyang tuparin ang kanyang mga pangako. Itanong sa kanila kung paano nila sasagutin ang tanong na "May anomang bagay kayang napakahirap sa Panginoon?" Basahin ang Doktrina at mga Tipan 1:36–37 at 82:10. Itanong: Paano sinusuportahan ng mga banal na kasulatang ito ang doktrina na tutuparin ng Panginoon ang bawat pangako niya, gaano man kahirap ito sa tingin natin?

Ipaunawa sa mga estudyante na walang anumang bagay na napakahirap para sa Panginoon, ngunit pinagpapala niya tayo "sa kanyang sariling panahon, at sa kanyang sariling pamamaraan, at alinsunod sa kanyang sariling kalooban" (D at T 88:68). Isaalang-alang, halimbawa, ang tagal ng ipinaghintay nina Sara at Abraham para mabiyayaan ng mga anak.

Basahin ninyo ng mga estudyante ang Genesis 15:1–6 at repasuhin kung ano ang ginawa ni Abraham noong nag-aalala siya at kung paano at bakit siya nabiyayaan. Basahin ang Isaias 40:25–31 at hanapin ang itinuturo sa mga talatang iyon tungkol sa kahalagahan ng paghihintay sa Panginoon (pagtitiyaga). Isiping magpakuwento sa mga estudyante ng mga panahon na nadama nila na ang sagot ng Panginoon ang pinakamainam sa kanila kahit hindi iyon talaga ang gusto nila.

**Genesis 18:1–15. Ang mga pangako ng Panginoon ay matutupad, siya man mismo ang gumawa nito o sa pamamagitan ng kanyang mga lingkod.** (5–10 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung ano ang ilan sa pinakamahihirap na hamon sa mga kabataan ngayon, at ilista sa pisara ang mga ito. Itanong: May anumang bagay bang napakahirap para sa Panginoon, o may anumang bagay bang napakahirap para sa *atin* kung nasa panig natin ang Panginoon?

Ituon ang talakayan sa ipinag-uutos sa kanila ng Panginoon na nangangailangan ng paghihintay, tulad ng hindi pakikipagdeyt hanggang maglabing-anim na taong gulang sila, pagsasantabi ng ilang hangarin sa loob ng dalawang taon para makapagmisyon, pananatiling malinis ang moralidad, at pagsunod sa batas ng ikapu. Magpatotoo na naghihintay ang mga pagpapala ng Panginoon sa mga taong matiyagang nagtitiis nang may pananampalataya at laging tinutupad ng Panginoon ang kanyang mga pangako.

**Genesis 18:16–33; 19:1–13, 23–26. Habang lalo pang sumasama ang mundo, kailangan nating malaman ang nakapagliligtas na impluwensya ng mabubuti sa masasama, kung paano nila dapat pakitunguhan ang iba habang hinahatulan ng Diyos ang mga naninirahan sa lupa, at ano ang gagawin ng Diyos para sa mabubuti.** (30–35 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila lilipulin ng Diyos ang isang buong lungsod ng mga tao. Gawin ang isa sa mga sumusunod, ayon sa nalalabi pa ninyong oras:

- Ipagamit sa mga estudyante ang kanilang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* at ipasaliksik ang mga sagot sa pamamagitan ng paghanap sa mga paksang tulad ng "pagkakasala" at "kasamaan."
- Repasuhin ang Moises 7:33–34 at 8:28–30, na nagkukuwento tungkol sa kasamaan bago nangyari ang Baha.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 18:20–21 at hanapin kung aling mga lungsod ang napakasama noong panahon ni Abraham. Ipasaliksik sa mga estudyante ang sumusunod na mga banal na kasulatan, na hinahanap ang mga partikular na kasalanang laganap noon sa Sodoma at Gomorra, at pagkatapos ay talakayin ang kanilang natuklasan:

- Genesis 19:4–11 (tingnan din sa PJS, Genesis 19:9–15)
- Ezekiel 16:48–50
- Judas 1:7 (tingnan din sa komentaryo para sa Genesis 19:13 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 76)

Itanong kung paano naging katulad ng mga nakita at natalakay na ninyo ang mga kasalanang binanggit sa mga banal na kasulatang iyon. Ipaisip sa mga estudyante kung paano naaangkop ang listahan sa ating panahon at ano ang nadarama ng Diyos tungkol sa mga kasamaan ding ito sa mundo ngayon, ayon sa sinabi ng kanyang mga propeta.

Sabihin sa mga estudyante na bago ipinadala ng Panginoon ang kanyang mga sugo sa Sodoma at Gomorra, sinabi niya kay Abraham ang balak niyang gawin. Bago basahin kung paano tumugon si Abraham, itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila matiyaga ang Panginoon sa kanila at sa buong lipunan. Ipabasa sa kanila ang Genesis 18:23–33 at magpahanap ng mga dahilan kung bakit napakamatiisin ng Diyos at paano nararapat kumilos ang mabubuti tungkol sa mga taong sapat na ang kasamaan (bilang isang grupo) para lipulin. Isiping gamitin sa inyong talakayan ang sinabi ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 86:1–7 tungkol sa talinghaga ng trigo at mapanirang mga damo.

Basahin sa klase ang Alma 10:22–23 at talakayin kung paano ito naaangkop sa pag-uusap ni Abraham at ng Panginoon. Itanong: Ano ang matututuhan natin mula sa ginawa at sinabi ni Abraham? (tingnan sa komentaryo para sa Genesis 18:16–33 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 76). Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 29:7–9 at 133:4–15 at patingnan ang payo sa atin ng Panginoon tungkol sa doktrinang ito. Itanong:

- Ano ang sinabi ng Panginoon na gagawin niya?
- Ano ang maaari nating gawin upang maging handa sa pagtanggap ng kanyang proteksyon?

Muling itanong sa mga estudyante kung bakit lilipulin ng Diyos ang isang lahi. (Makabubuti sigurong repasuhin dito ang kuwento ni Noe at ang pagkalipol ng mga tao noong kapanahunan niya.) Ipabasa sa mga estudyante ang 1 Nephi 17:35 at Alma 45:16 at ipaliwanag kung ano ang itinuturo ng mga banal na kasulatang ito kung kailan lilipulin ng Diyos ang mga tao. Itanong:

- Anong salita sa dalawang banal na kasulatan na kababasa pa lamang ang maglalarawan sa Sodoma at Gomorra matapos paalisin ang mabubuting tao? *(Hinog na.)*
- Ano ang ginawa ng Diyos sa Sodoma at Gomorra pagkaalis ng mabubuting tao?
- Ano ang matututuhan natin sa kuwento ng Sodoma at Gomorra na makakatulong sa atin na mapagtiisan o maligtasan ang marami sa mga kapahamakang darating sa hinaharap?

**Genesis 19:1–8. Dapat nating igalang at pagpitaganan ang mga lingkod na hinirang ng Panginoon.** (10–15 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung ano ang madarama nila kapag binisita sila ng Pangulo ng Simbahan o ng ibang General Authority. Sabihin sa kanila na sina Abraham at Lot ay kapwa binisita ng mga natatanging sugo mula sa Panginoon. Ipabasa sa kanila ang Genesis 18:2–8 at 19:1–3 at ipahanap kung paano pinakitunguhan nina Abraham at Lot ang mga lingkod na hinirang ng Panginoon. Itanong:


- Paano naging katulad ng magiging reaksyon natin ang paggalang na ipinakita nina Abraham at Lot sa mga sugo ng Panginoon?
- Paano natin maipapakita ang paggalang sa ating mga propeta at lider kahit wala sila rito?

Ipabasa sa mga estudyante ang Jacob 4:6; 3 Nephi 23:5; at Doktrina at mga Tipan 1:14, 37–38 at sabihin kung ano ang ipinapayo sa mga banal na kasulatang iyon. Talakayin kung ano ang magagawa natin upang maipakita ang wastong paggalang sa mga lider ng Simbahan sa ating lugar, na mga lingkod din ng Panginoon para sa atin.

Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith binalaan ng Panginoon ang mga miyembro ng Simbahan sa ating panahon na dapat nating igalang ang ating mga lider at ang isa't isa. Sinabihan ang mga miyembro ng Simbahan na baguhin ang kanilang "mga halimbawa sa Simbahan at sa daigdig, sa lahat ng inyong pagkilos, kinagawian at kaugalian, at pagbati sa isa't isa; na nagbibigay-galang sa bawat tao na ukol sa kanyang tungkulin, katungkulan, at priesthood kung saan ako, ang Panginoon, ay inatasan at inorden kayo" (*History of the Church*, 2:177).

**Genesis 19–22. Ang pagpiling patuloy na makianib sa masasama ay maaaring makapinsala kapwa sa pisikal at sa espirituwal.** (30–35 minuto)

Gumamit ng teyp o papel sa paggawa ng mga linya sa sahig, tulad sa sumusunod na diagram. Gawing sapat ang haba ng mga ito para maging anim na talampakan o dalawang metro ang pagitan nila sa dulo.




Palakarin ang mga estudyante sa mga linya hanggang sa maabot nila, na nakatuntong ang isang paa sa bawat linya. Madali sa simula, pero unti-unti itong humihirap. Kalaunan ay kailangan nilang lumakad sa isang linya o sa kabilang linya o matumba. Para maipamalas na mahirap magdesisyon nang huli na, sabihin sa isang estudyante na medyo nakabukaka na ang mga paa, na iangat ang isang paa—at hindi iginagalaw ang kabilang paa—at ilagay ito sa linyang tinatapakan ng kabilang paa, nang hindi natutumba.

Sulatan ng "Ang paraan ng Panginoon" ang isa sa mga linya at ng "Ang paraan ng mundo" ang isa pa. Itanong sa mga estudyante:

- Paano maihahambing ang aktibidad na ito sa paraan ng pamumuhay ng ilang tao?
- Bakit medyo magkalapit ang mga linya sa simula?
- Paano niyan inilalarawan ang mga paraan ng panlilinlang sa atin ni Satanas?

Basahin at talakayin ang 2 Nephi 28:19–24 at ang sumusunod na pahayag ni Elder Ezra Taft Benson, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Itinuro ni Cristo na dapat ay nasa mundo tayo ngunit hindi tayo makamundo. Subalit may ilan sa atin na mas gusto pang haluan ng kamunduhan ang ebanghelyo kaysa ihatid ang ebanghelyo sa mundo. Gusto nilang mapunta tayo sa mundo at maging makamundo" (sa Conference Report, Abr. 1969, 11).

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 13:5–13 at hanapin ang isang pagkakataon na tila magkaiba ang tinatahak na landas nina Abraham at Lot. Sabihin sa kanila na ang Sodoma ay napakayaman at napakaunlad na lungsod, ngunit napakasama rin nito (tingnan sa t. 13). Itanong:

- Ano kaya ang naging mga panganib kay Lot at sa kanyang pamilya dahil sa "inilipat [niya] ang kaniyang tolda hanggang sa Sodoma"? Bakit?
- Ano ang maaaring isagisag ng "pagtatayo ng inyong tolda" nang paharap sa isang bagay?
- Sa halip, saan natin dapat "iharap ang ating tolda"? (tingnan sa Mosias 2:6 para sa isang posibleng mungkahi).

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 14:12 at alamin kung saan inilipat ni Lot ang kanyang pamilya kalaunan. Pagkatapos ay ipabasa sa kanila ang Genesis 14:5, 11–12 para makita kung ano ang mga di kasiya-siyang mga bunga ng desisyon niyang tumira sa Sodoma. Ituro na si Abraham ay hindi nabihag o nasangkot man sa labanang iyon maliban nang iligtas niya si Lot. Talakayin kung paano nakakatulong ang pamumuhay ng ebanghelyo, tulad ng pagtira sa isang ligtas na lugar, para maiwasan o maalis natin ang ilang hamon at problema na tila ang iba ay kailangan pang "sagipin" mula rito.

Determinado si Abraham na Diyos lamang ang paglingkuran. Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 14:17–24. Ipaalala sa kanila kung sino si Melquisedec (tingnan sa komentaryo para sa Genesis 14:18 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 67–68, at sa mungkahi sa pagtuturo para sa Genesis 14:17–24, p. 48). Ipawari sa kanila kung anong uri ng tao ang hari ng Sodoma noon at ipalahad kung bakit sa palagay nila ginawa at sinabi ni Abraham ang gayon. Itanong: Paano ipinakita ng mga ginawa ni Abraham kung aling panig ng linya ang nais niyang tahakin?

Pinangakuan ng Panginoon si Abraham ng walang katapusang mga inapo, bagama't wala pa silang anak ni Sara noon (tingnan sa Genesis 15:1–5). Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 15:5–6 para sa sagot ni Abraham sa pangako ng Panginoon. Sa Genesis 17 at 18 nababasa natin ang tungkol sa pagpapanibago ng Panginoon sa pangakong iyon kina Abraham at Sara, kahit matanda na sila.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 19 at ilista ang mga naging bunga ng pagtira ni Lot sa Sodoma. Patingnan lalo sa kanila ang epekto sa pamilya ni Lot. Anyayahan ang mga estudyante na magbahagi ng mga paraan na makapamumuhay tayo sa gitna ng kasamaan at mananatiling mabuti. Ipahambing sa kanila ang nangyari kay Lot at sa kanyang pamilya sa nangyari kay Abraham hinggil sa kanyang pamilya sa Genesis 21–22, lalo na ang tungkol sa pangako sa Genesis 22:17–18.

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang maaaring iniisip ng mga tao noon sa dalawang lalaking ito kung pinagmasdan nila ang mga ito sa simula ng kuwento? sa gitna? sa huli?
- Ano ang matututuhan natin mula sa kanila tungkol sa pagiging tapat sa Panginoon?
- Ano ang maaari nating matutuhan sa kanila tungkol sa dalawang linyang ginamit sa aralin?

Basahin ang pambungad ng Unang Panguluhan mula sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ([polyeto, 1990], p. 3–5). Itanong:

- Paano nakakatulong ang kanilang payo sa inyong mga desisyon tungkol sa landas na susundan?
- Paanong mapagpapala ng iba pang payo mula sa polyetong ito ang inyong buhay?

**Genesis 21. Sina Abraham at Sarah ay matapat sa paghihintay sa Panginoon.** (15–20 minuto)

Para matulungang lumalim ang saloobin ng mga estudyante tungkol sa alituntunin ng paghihintay sa Panginoon, ipagawa sa kanila ang aktibidad A para sa Genesis 20–21 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

**Genesis 22. Ang kuwento ng kahandaan ni Abraham na isakripisyo ang kanyang anak na si Isaac ay hindi lamang kahanga-hangang pagpapakita ng katapatan. Itinuturo din nito at pinatototohanan ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.** (45–50 minuto)

Talakayin sa mga estudyante ang mga tanong na matatagpuan sa pambungad sa Genesis 22 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Gamitin ang mga ideyang nasa bahagi "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" ng gabay sa pag-aaral upang makatulong sa pagsagot sa tanong na "bakit".

Ang kuwento sa Genesis 22:1–18 ay napakahalaga kaya malamang na gugustuhin ninyong basahin ito nang malakas ng buong klase. Tumigil paminsan-minsan para magtanong, magtalakayan, magnilay-nilay, at magbigay ng komentaryo. Halimbawa, basahin ang isang talata at pagkatapos ay tumigil at itanong sa mga estudyante kung ano ang natutuhan nila mula dito tungkol kina Abraham, Isaac, Sara, o sa Panginoon. Maaari din kayong magbigay ng impormasyon tungkol kay Abraham mula sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 77–80.

Ipabasa sa mga estudyante kung ano ang sinabi ng Panginoon sa mga miyembro ng Simbahan sa Doktrina at mga Tipan 101:4–5. Itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila kailangan tayong subukan at patunayan sa ilang paraan. (Tiyaking nauunawaan nila na hindi ibig sabihin ng banal na kasulatang ito na hihilingin sa kanilang isakripisyo ang kanilang anak.) Magbahagi ng ilang impormasyon tungkol sa Genesis 22 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral at sa komentaryo

tungkol sa Genesis 22:1 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 78) upang makatulong sa talakayang ito.

Ipawari sa mga estudyante na mayroon silang bago at napakagandang klase ng kotse, o kahit anong bagay na mahalaga sa mga kabataan. Itanong:

- Ano ang madarama ninyo kung pahihintulutan ninyo ang isang tao na wala pang kasanayan, o karanasan, o kontrol sa sarili na magmaneho sa inyong kotse, o gamitin o paglaruan ang mahalagang regalong ito—tulad halimbawa ng lima o sampung taong gulang na bata? Bakit?
- Ano naman ang ipinangako ng Panginoon na ibibigay sa atin? (tingnan sa D at T 76:58–59, 95; 84:38).

Ipapansin sa mga estudyante sa Genesis 22:16–18 na matapos makita ng Panginoon ang kahandaan ni Abraham na sumunod sa pamamagitan ng pagsasakripisyo ng kanyang nag-iisang anak, ay tiniyak niya kay Abraham sa taimtim na pangako na lahat ng pagpapalang ipinangako noon sa kanya *ay ibibigay* sa kanya—kasama ang iba pang hindi nabanggit noong una. Itanong: Paano nakatulong ang pagkamasunurin ni Abraham upang maging karapat-dapat siya sa dakilang mga pagpapalang ito?

Gumawa kayo ng mga estudyante ng listahan ng sa palagay nila ay mga paraan na ang kuwentong ito nina Abraham at Isaac ay katulad (halimbawa o simbolo) ng sakripisyo ni Jesucristo, o ipabahagi sa kanila ang kanilang isinulat sa aktibidad A na para sa Genesis 22 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Ang impormasyong matatagpuan sa komentaryo para sa Genesis 22:1–19 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 77–78) ay makakatulong sa aktibidad na ito).

Paalalahanan ang mga estudyante na walang lalaking tupa sa kasukalan nang pahintulutan ng Ama sa Langit na isakripisyo ang kanyang Anak. Si Jesus ay namuhay nang walang kasalanan sa bawat araw upang makapagsakripisyo siya sa paraang hindi natin maunawaan para magbigay-daan para sa ating kaligtasan kung tayo ay magsisisi. Dapat nating asahan na aatasan tayong daigin ang kasalanan at magsakripisyo habang sinisikap nating maging katulad niya.

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Neal A. Maxwell, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Paano natin iniisip na magiging madali ang buhay, na parang sinasabi sa Panginoon, pahingi po ng karanasan, ngunit huwag ng pighati, lungkot, pait, oposisyon, pagtataksil, at huwag po akong pabayaan. Ilayo mo po ako, Panginoon, sa lahat ng karanasang humubog sa Inyo! At hayaan akong lumapit at manirahan sa Inyong piling at makabahagi sa Inyong galak!" (sa Conference Report, Abr. 1991, 117; o *Ensign,* Mayo 1991, 88).

Si Elder Melvin J. Ballard, na isa ring Apostol, ay nagsalita tungkol sa kahandaan ng ating Ama sa Langit na tulutang masakripisyo ang kanyang Bugtong na Anak:

> "Sa oras na iyon para kong nakikita ang mahal nating Ama na nasa kabila ng tabing na nakatunghay sa paghihingalong ito; … Halos madurog ang Kanyang dakilang puso dahil sa pagmamahal Niya para sa Kanyang Anak. Ah, sa sandaling iyon na maililigtas sana Niya ang Kanyang Anak, pinasasalamatan at pinupuri ko Siya dahil hindi Niya tayo pinabayaan…. Nagagalak ako na hindi Siya humadlang, at dahil sa pagmamahal Niya para sa atin ay nagawa Niyang tunghayan ang pagdurusa ng Kanyang Anak at sa wakas ay ibinigay Siya sa atin, ang ating Tagapagligtas at ating Manunubos. Kung wala Siya, kung wala ang Kanyang sakripisyo, sana ay nanatili tayo, at hindi tayo luluwalhatiin sa Kanyang piling. Kaya't ito ang naging bahagi ng kabayaran, upang maipagkaloob ng ating Ama sa langit ang Kanyang Anak sa tao" (sa *Melvin J. Ballard … Crusader for Righteousness* [1966], 137).

Isiping bigyan ng ilang minuto ang mga estudyante na magpasalamat sa sakripisyo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo.

**Genesis 12–22; Abraham 1–2. Dinakila si Abraham (tingnan sa D at T 132:29) at nakilala bilang "ama ng matatapat" (D at T 138:41). Siya ay isang halimbawa sa ating lahat kung paano kamtin ang buhay na walang hanggan.** (30–40 minuto)

Si Abraham ay mahalagang tauhan para sa mga miyembro ng Simbahan na nakikibahagi sa mga pagpapala ng tipan. Ipasulat sa mga estudyante kung ano ang natutuhan nila sa pag-aaral ng buhay ni Abraham. Maaari ninyong imungkahi na pumili sila ng tatlong alituntunin mula sa kanyang buhay na dapat ipamuhay ng mga miyembro ng Simbahan, ipalista sa kanila nang isa-isa ang mga hakbang ng pagsulong sa buhay ni Abraham (hal., saan siya nagsimula, saan siya nagtapos, at paano siya nakarating doon), o ipasulat sa kanila ang isa sa sumusunod na mga titulo:

- Bakit tinawag si Abraham na Kaibigan ng Diyos at Ama ng Matatapat
- Paano Ako Magiging Bahagi ng Pinagtipanang Pamilya ni Abraham

Maaari ninyong hayaang magsulat ang mga estudyante sa buong oras ng klase, at magbigay na lang kayo ng puna sa pamamagitan ng pagsulat, o ibigay sa kanila ang unang bahagi ng klase para magsulat at ibigay ang huling bahagi sa mga gustong magbahagi ng kanilang isinulat.

# Genesis 24–33

## Pambungad

Sa Lumang Tipan, si Jehova ay tinatawag na Diyos nina Abraham, Isaac, at Jacob (tingnan sa Exodo 3:6). Ang tipan na unang ginawa kay Abraham ay nagpatuloy sa lipi ng kanyang anak na si Isaac at sa apo niyang si Jacob. Natanggap ni Isaac, na pangalawang anak ni Abraham, ang tipan at karapatan sa pagkapanganay sa halip na matanggap ng kanyang nakatatandang kapatid na si Ismael. Gayundin na si Jacob, sa halip na si Esau, ang naging tagapagmana ng tipan. Ang karapatan sa pagkapanganay ay karaniwang ibinibigay sa panganay na anak na lalaki ng unang asawa, ngunit ang huwarang iyon ay batay sa katapatan ng bawat anak. Ang mga banal na kasulatan ay naglalaman ng ilang halimbawa ng mga nakababatang anak na tumanggap ng basbas ng pagkapanganay (halimbawa, sina Seth, Abraham, Isaac, Jacob, Jose, Ephraim, at Nephi; tingnan sa Genesis 4:25; 11:27; 27:36–40; 28:1–5; 48:1–4, 14–22; 1 Nephi 2:22).

Ang matapat na pagsunod ay mas mahalaga kaysa liping pinagmulan o pagiging panganay sa pagtanggap ng mga pagpapala ng tipang Abraham. Anuman ang liping ating pinagmulan, kailangan tayong maging karapat-dapat sa mga pagpapala ng tipan sa pamamagitan ng matapat na pamumuhay ng ebanghelyo. Itinuturo ng mga banal na kasulatan na ang pananampalataya sa Banal ng Israel at pagsisisi, hindi ang pinagmulang lipi, ang nagpapasiya kung sino ang tatanggap ng mga basbas ni Abraham (tingnan sa Mga Taga Roma 9:6–8; 2 Nephi 30:2; D at T 64:34–36; Abraham 2:6–11). Habang pinag-aaralan ninyo ang Genesis 24–33, pansinin ang katapatan nina Isaac at Jacob at ang kahalagahan ng tipan ng kasal (kasal sa templo); kapwa kailangan ang mga ito upang matamasa ang mga basbas o pagpapala ni Abraham.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang pagiging karapat-dapat ng sarili ay mas mahalaga kaysa lipi o pagiging panganay sa pagtanggap ng tipang Abraham (tingnan sa Genesis 24:57–60; 25:19–34; 26:1–5, 24, 34–35; 27:46; 28:1–19).
- Ang kasal sa loob ng tipan, ibig sabihin ang walang hanggang kasal sa templo, ay mahalaga sa pagkakamit ng ganap na mga pagpapala ng tipang Abraham (tingnan sa Genesis 24:1–4; 26:34–35; 27:46; 28:1–9; tingnan din sa D at T 131:1–4; 132:19–20).
- Dapat nating sikaping lutasin ang mga problema o di magandang damdamin sa iba (tingnan sa Genesis 27:30–42; 31:17–55; 32:3–23; 33:1–16).
- Dapat may integridad tayo upang igalang ang ating mga pangako (tingnan sa Genesis 29).
- Pinagpapala tayo ng Panginoon sa temporal at espirituwal kapag tinupad natin ang ating mga tipan sa ebanghelyo (tingnan sa Genesis 30:37–43; 31:5–7, 9, 42; 32:9–12).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 10, "'Milyun-Milyon,'" ay ginagamit ang analohiya ng domino upang ipakita ang mga pangmatagalang epekto ng tipan ng kasal (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Genesis 24–28. Ang mga ikinakasal sa templo at tumutupad sa mga tipang ginagawa nila doon ay magtatamasa ng kadakilaan bilang mag-asawa.** (35–40 minuto)

Isulat sa pisara ang *Mahahalagang desisyon sa buhay.* Ipabanggit sa mga estudyante ang ilan sa mga pinakamahahalagang desisyon na gagawin nila at isulat sa pisara ang kanilang mga sagot. Mula sa listahan, ipatukoy sa kanila ang desisyon na sa palagay nila ay magkakaroon ng pinakamalaking epekto sa kanilang walang hanggang paglalakbay. Ipabasa sa kanila ang pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball na matatagpuan sa pambungad sa Genesis 24 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 131:1–5 at 132:1–6, 19–20 at talakayin ang kahalagahan ng mabibigat na desisyon ukol sa bakit, sino, kailan, at sino ang pakakasalan.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 24:1–7; 27:46; at 28:1–9 at tukuyin kung anong mga katangian ang hinanap nina Abraham at Sara at kalaunan nina Isaac at Rebeca sa mapapangasawa ng kanilang mga anak na lalaki. Talakayin kung bakit matinding hinahadlangan nina Abraham at Isaac ang kanilang mga anak na lalaki na magpakasal "sa mga anak na babae ng Canaan."

Patingnan sa mga estudyante ang distansya sa pagitan ng Haran (o Padan-aram) at Beer-seba (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* Mapa 1). Itanong:

- Gaano katagal ninyo malalakbay ang ganoong distansya kung naglalakad lang kayo sa bilis na 20 milya sa isang araw?
- Ano ang ipinahihiwatig ng paglalakbay ng gayong distansya tungkol sa kahalagahan ng tipan ng kasal?
- Ano ang masama sa pagpapakasal sa isang Cananeo? (tingnan sa Deuteronomio 7:3–4).
- Ano ang katumbas ngayon ng pagpapakasal sa mga anak na babae o lalaki ng Canaan? (Pagpapakasal sa isang tao na hindi kamiyembro.)

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 132:7, 14–16. Ano ang ilan sa mga bunga, sa mortalidad at sa kawalang-hanggan, ng pagpapakasal sa isang tao sa labas ng tipan?

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 26:34–35 at 27:46 at sabihin kung ano ang ginawa ni Esau na nagpahamak sa kanyang karapatan sa mga pagpapala ni Abraham. Itanong: Ano ang naging reaksyon nina Isaac at Rebeca sa mga desisyon ni Esau? Ipabasa sa kanila ang Deuteronomio 7:3–4 at ipahanap ang mga tagubilin ng Panginoon sa sinaunang Israel tungkol sa kasal o pag-aasawa. Itanong:


- Ano ang mga katangiang hahanapin ninyo sa isang mapapangasawa?
- Ano sa palagay ninyo ang gagawin ninyo para makahanap ng isang taong may gayong mga katangian?
- Ano ang kakailanganin ninyong baguhin sa inyong buhay ngayon upang *makapiling* ang isang taong nagtataglay ng gayong mga katangian?

**Genesis 24–28. Ang ating mga desisyon tungkol sa pag-aasawa ay may epekto sa mga henerasyon.** (35–40 minuto)

Ibuod ang kuwento kung paano tinulungan ng Panginoon ang alilang katiwala ni Abraham na makahanap ng karapat-dapat na mapapangasawa ni Isaac. Basahin ninyo ng mga estudyante ang kuwento ng mga ginawa ni Jacob para kina Lea at Raquel sa Genesis 29:1–30. Itanong:

- Ano ang matututuhan natin mula sa mga kuwentong ito tungkol sa kahalagahan ng isang tipan ng kasal?
- Ano ang matututuhan natin tungkol sa hangarin ng mabubuting magulang para sa kanilang mga anak?

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 24:60 at tukuyin ang mga hinangad na pagpapala ng pamilya ni Rebeca para sa kanya. Gamitin ang sumusunod na mga kalkulasyon upang tulungan ang mga estudyante na malaman ang bilang ng mga tao na maaaring maapektuhan ng desisyon sa pagpapakasal o pag-aasawa: Magsimula sa isang mag-asawa na may limang anak. Halimbawa nag-asawa ang bawat isa sa mga anak (idagdag ang limang asawa sa kabuuang bilang) at bawat mag-asawa ay may limang anak, at mga susunod pa (tingnan sa sumusunod na tsart). Pansinin kung gaano kabilis naging mahigit isang libo ang mga inapo ng orihinal o unang mag-asawa. Talakayin kung paanong ang ating desisyon na makasal sa templo ay literal na nakaaapekto sa libu-libong mga anak ng ating Ama sa Langit na hindi pa isinisilang sa napakaikling panahon lamang. Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 132:19 at talakayin kung paano ito nauugnay sa walang hanggang kasal at mga pamilya.



Talakayin sa mga estudyante ang maaari nilang gawin upang mapaghandaan ang kasal sa templo (tingnan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan,* p. 7). Basahin ang Genesis 29:15–20, 30 at talakayin ang kusang-loob na ginawa ni Jacob para mapangasawa niya si Raquel. Ang buhay na walang hanggan ay hindi makakamtan kailanman kung wala ang mga ordenansa ng templo, at tanging ang mga ikinasal sa kawalang-hanggan ang magtatamasa ng mga pagpapala ng isang walang hanggang pamilya. Si Pangulong Spencer W. Kimball ay nagbahagi ng mahahalagang alituntunin para sa matagumpay at walang hanggang kasal:

> "Una, kailangan ang wastong pananaw sa pag-aasawa, kung saan kabilang dito ang pagpili ng pinakamainam na mapapangasawa na halos perpekto na sa lahat ng bagay na mahalaga sa mga tao. At ang dalawang tao ay kailangang dumulog sa altar sa loob ng templo na nalalaman na kailangan silang magsikap na mabuti tungo sa matagumpay na pagsasama.
>
> "Pangalawa, kailangang maging hindi makasarili….
>
> "Pangatlo, kailangan ang patuloy na pagliligawan at pagpapakita ng giliw, kabaitan, at konsiderasyon upang manatiling buhay ang pag-ibig at lumalago.
>
> "Pang-apat, kailangang lubos na ipamuhay ang mga kautusan ng Panginoon" (*The Teachings of Spencer W. Kimball,* ed. Edward L. Kimball [1982], 306).

Magpatotoo tungkol sa walang hanggang kahalagahan ng tipan ng kasal (kasal sa templo) at na dapat ay magsimula na ngayong maghanda ang bawat estudyante.

**Genesis 24; 31–1; 16. Kapag karapat-dapat ang ating pamumuhay, matutulungan tayo ng Panginoon sa paggawa ng mabubuting desisyon. Ang iba pang nagmamalasakit sa atin—tulad ng mga magulang, mga lider ng Simbahan, at mga guro—ay makakatulong din sa atin sa paggawa ng mahahalagang desisyon.** (25–30 minuto)

Hilingin sa mga estudyante na pag-isipan ang mga desisyong nagawa na nila sa araw na ito. Itanong:

- Paano kayo gumagawa ng mga desisyon?
- May mga desisyon ba na napakahalaga kung kaya't umaasa kayo sa Panginoon para tulungan kayong gawin ang mga ito?

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 24:1–7 at tukuyin ang desisyong ginawa ng alilang katiwala ni Abraham. Itanong: Anong bahagi ang pinaniwalaan niyang gagampanan ng Panginoon sa paggawa ng desisyong iyon? Basahin ang nalalabing bahagi ng kabanata 24 at hanapin ang katibayan na kinumpirma ng Panginoon ang desisyon ng alilang katiwala.

Sa Genesis 31 ay nangailangan si Jacob ng payo sa paggawa ng isang mahalagang desisyon. Ipasaliksik sa mga estudyante ang mga talata 1–2 at hanapin kung ano ang ipinag-alala ni Jacob. Basahin ang mga talata 3–16 at ipatukoy sa mga estudyante kung kanino nanggaling ang payong natanggap ni Jacob at kanino siya sumangguni sa pagpapasiya kung ano ang gagawin sa masamang saloobin sa kanya ni Laban. Ibahagi ang sumusunod na pahayag tungkol sa mga sanggunian ng pamilya mula kay Pangulong Ezra Taft Benson:

> "Ang matatag na mga pamilya ay nakabubuo ng epektibong komunikasyon. Pinag-uusapan nila ang kanilang mga problema, sama-samang nagpaplano, at nagtutulung-tulong tungo sa iisang mithiin. Ang family home evening ay idinaraos at ginagamit bilang mabisang paraan para makamtan ito" (sa Conference Report Abr. 1984, 6; o *Ensign,* Mayo 1984, 6).

Paalalahanan ang mga estudyante na sa ating buhay noong bago tayo isinilang ang Ama sa Langit ay nagtakda ng huwaran ng mga konseho (tingnan sa Abraham 4:26).

Itanong sa mga estudyante kung ano ang itinuturo sa atin ng pagsangguni ni Jacob sa kanyang mga asawa at ng konseho noon sa Ama sa Langit tungkol sa paggawa ng mahahalagang desisyon. Ipaaral sa buong klase o sa maliliit na grupo ng mga estudyante ang sumusunod na mga talata ng banal na kasulatan at pagkatapos ay ipaulat kung ano ang natutuhan nila tungkol sa pagtanggap ng direksyon at patnubay mula sa Panginoon: Josue 1:7–9; Mateo 7:7–11; 2 Nephi 32:1–3; Doktrina at mga Tipan 6:22–24; 8:2–3; 9:7–9.

Magpatotoo tungkol sa paghahangad sa payo ng Panginoon sa paggawa natin ng mahahalagang desisyon.

**Genesis 25–27. Ang pagiging karapat-dapat ng sarili ay mas mahalaga sa pagtanggap ng mga pagpapala ng ebanghelyo kaysa liping pinagmulan o pagkapanganay.** (15–20 minuto)

Isulat sa pisara *Mga Biyaya ng Pagkapanganay* at itanong sa mga estudyante kung ano ang ibig sabihin ng katagang ito noong panahon ng Lumang Tipan (tingnan sa komentaryo para sa Genesis 25:32 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 85).

Ipabasa ang Abraham 1:1–7 at Genesis 25:29–34 at ihambing ang damdamin ni Abraham tungkol sa "mga pagpapala ng mga ama" sa damdamin ni Esau tungkol sa mga ito. Papiliin ang mga estudyante ng mga pariralang nagsasaad ng saloobin ni Esau ukol sa kanyang pagkapanganay at isulat sa pisara ang mga ito. Ipabasa sa kanila ang Genesis 26:34–35 at ipahanap kung ano pa ang ginawa ni Esau na nagpakita na hinayaan niyang madaig ng pisikal na mga hangarin ang mga espirituwal na pagpapala. Itanong: Ano ang naging reaksyon ng mga magulang ni Esau sa pag-aasawa o pagpapakasal ni Esau?

Ipaunawa sa mga estudyante na ang mga pagpapakasal ni Esau sa mga babaing Hetheo, na nasa labas ng tipan, ay nagpakitang lalo ng kanyang kawalan ng pagpapahalaga sa mga espirituwal na pagpapala. Ang mga Hetheo ay mga taong sumasamba sa mga diyus-diyusan na nakatira sa pagitan ng lupain ng Canaan at Asia Minor (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* Mapa 1). Sa Deuteronomio 7:3–4 ipinaliwanag ng Panginoon ang ilang detalye ng di magandang ibubunga ng pagpapakasal sa isang taong kaiba ang mga paniniwala ukol sa relihiyon.

**Genesis 25–27. Pinagpapala tayo ng Panginoon kapag tinutupad natin ang ating mga tipan sa ebanghelyo.** (15–20 minuto)

Repasuhin sa inyong mga estudyante kung paano natanggap ni Jacob ang mga pagpapalang dulot ng pagkapanganay. Gamitin ang komentaryo para sa Genesis 27:1–40 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (mga pahina 85–86) upang makatulong sa paglilinaw ng kuwento). Paalalahanan ang mga estudyante na hindi natin alam ang buong kuwento, maliban na si Jacob ang taong nilayon ng Panginoon na tumanggap ng mga pagpapala ng pagkapanganay (tingnan sa Genesis 25:23). Bilang halimbawa, basahin ang Genesis 27:33 at 28:1–4 at hanapin ang mga salitang nagsasaad na alam ni Isaac na si Jacob ang tatanggap ng pagpapala. Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 28:13–15 at tukuyin kung ano ang sinabi ng Panginoon kay Jacob na nagpapahiwatig na natanggap din niya ang mga pagpapalang dapat niyang tanggapin. Kahit si Jacob ay hindi pinahalagahan sa una ang ipinangako ng Panginoon sa kanya; naunawaan lamang niya iyon sa paglipas ng panahon.

Si Elder Dallin H. Oaks, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol ay nagsabi:

"Ipinagbili" ni Esau ang 'kanyang pagkapanganay' (Genesis 25:34). Hinangad ito ng kakambal na si Jacob. Pinahalagahan ni Jacob ang espirituwal, at hinangad ni Esau ang mga bagay ng mundo.… Ipinagpalit ng maraming Esau ang bagay ng walang hanggan upang bigyang-kasiyahan ang pansamantalang pagkagutom sa mga bagay ng mundo" (sa Conference Report, Okt. 1985, 76; o *Ensign,* Nob. 1985, 61; tingnan din sa Genesis 25:30).

Si Elder Ezra Taft Benson, noong siya ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagsabi:


"Ang inyong pamana ay isa sa mga pinakamaganda sa lahat ng pamana sa mundo. Hindi ninyo kailanman dapat kainggitan ang isang taong isinilang mula sa mayamang pamilya na magmamana ng milyun-milyong kayamanan ng mundo, ni ang isang tao na dahil sa kanyang pagsilang ay may karapatang mamuno ng isang imperyo. Higit kaysa sa lahat ng ito ang inyong pagkapanganay, at mapalad kayo dahil sa inyong liping pinagmulan" (*The Teachings of Ezra Taft Benson* [1988], 555).

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:33 at itanong sa mga estudyante kung anong mga pagpapala ang tinatamasa nila bilang mga miyembro ng Simbahan. Isulat sa pisara ang kanilang mga sagot. (Maaaring kabilang sa mga sagot nila ang kaloob na Espiritu Santo, priesthood, mga ordenansa, mga pagpapala ng templo, banal na kasulatan, nabubuhay na mga propeta, isang pamilya ng ward o branch, at pangako na buhay na walang hanggan.) Itanong:

- Paano natin matututuhang pahalagahan ang mga pagpapalang tinatanggap natin upang hindi mawala sa atin ang mga ito sa pamamagitan ng pagwawalang bahala o pagsuway?
- Sa palagay ninyo, bakit handang mamatay ang ilang tao sa halip na mawala sa kanila ang mga pagpapalang ito?

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng mga pangako ng ebanghelyo.

**Genesis 28:10–22. Ang mga ordenansa at mga tipan ng ebanghelyo, na ang mga pinakatampok ay ang mga natanggap at ginawa sa loob ng templo, ay mahalaga sa kadakilaan.** (15–20 minuto)



Ipakita sa mga estudyante ang mga larawan ng isang templo sa mga huling araw at ng isang hagdan. Itanong sa kanila kung may nakikita silang pagkakatulad sa dalawa at, kung mayroon, ano ang mga pagkakatulad na ito. Ipaliwanag na bago pinapunta si Jacob sa Haran para maghanap ng karapat-dapat na mapapangasawa, binasbasan siya ni Isaac ng mga pagpapala ni Abraham (tingnan sa Genesis 28:3–4). At habang nasa daan papunta sa Haran, nagkaroon ng sagradong karanasan si Jacob sa Bethel.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 28:10–22 at ipaliwanag kung bakit sa palagay nila tinawag ni Jacob ang lugar na "Betel" (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Betel," p. 28). Ipahambing sa kanila ang mga pangakong ginawa ng Panginoon kay Jacob sa Betel (tingnan sa Genesis 28:13–15) sa mga pangakong ginawa ng Panginoon sa mga taong karapat-dapat na pumapasok sa mga templo (tingnan sa D at T 109:22–26; 110:6–7).

Basahin ang pahayag ni Pangulong Marion G. Romney na matatagpuan sa komentaryo para sa Genesis 28:10–19 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (p. 86). Ibahagi rin ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith:

"Si Pablo ay umakyat sa ikatlong langit, at nauunawaan niya ang tatlong pangunahing baitang ng hagdan ni Jacob—ang telestiyal, ang terestriyal, at selestiyal na mga kaluwalhatian o kaharian" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 304–5).

Itanong sa mga estudyante kung ano ang isinasagisag ng mga baitang ng hagdan. Isulat ng buong klase ang ilan sa mga ordenansa o tipan na kailangan para sa kadakilaan (tulad ng binyag, ang kaloob na Espiritu Santo, endowment, at mga pagbubuklod). Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 131:1–4 at ipatukoy ang ordenansang isinasagisag ng pinakaitaas na baitang ng hagdan.

Sabihin sa mga estudyante na kung walang Pagbabayad-sala ni Jesucristo hindi mapapasa atin ang mga ordenansa ng kaligtasan. Talakayin ang pagsisikap na kailangan upang maakyat ang hagdan pabalik sa langit at kung paano inilaan ng Panginoon ang hagdan at paano tayo tinutulungan sa bawat baitang o hakbang (tingnan sa Mosias 5:1–5; Eter 12:27).

**Genesis 32–33. Mahaharap natin ang mga hamon ng buhay nang may higit na pagtitiwala kapag sinusunod natin ang ating mga tipan sa Ama sa Langit.** (30–35 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung ano ang gagawin nila sa maghapon kung iniisip nilang baka wala nang bukas. Ipaliwanag na si Jacob ay nagkaroon noon ng ganitong situwasyon sa Genesis 32. Isa sa mga dahilan kung bakit iniwan niya ang kanyang bayan dalawangpung taon na ang nakalilipas, ay dahil gusto siyang patayin ng kanyang kapatid na si Esau. Nag-alala siya nang bumalik siya sa tahanan na iniisip kung muli kayang pagtatangkaan ni Esau ang kanyang buhay. Ang ginawa ni Jacob para maihanda ang kanyang sarili sa pagharap sa kanyang kapatid ay isang halimbawa ng maaaring isipin o gawin natin upang mas mabuting maharap ang mga hamon ng buhay.

Tahimik na ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 32:3–20, na hinahanap kung ano ang ginawa ni Jacob habang naghahanda siya sa pagharap kay Esau. Itanong sa kanila kung ano ang kanilang natuklasan at ilista sa pisara ang kanilang mga sagot. Muling basahin ang mga talata 9–12, na pinapansing mabuti ang mga salita at pariralang nagpapakita ng kabaang-loob ni Jacob. Itanong: Paano inihanda ng kanyang kababaang-loob si Jacob sa pagharap sa kanyang kapatid?

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 32:24–32. Itanong:

- Ano ang hangarin ni Jacob?
- Anong uri ng "pakikipagbuno" ang maaaring naranasan ni Jacob?

Bagama't hindi malinaw ang karamihan sa mga nangyari sa Peniel (na tinatawag ding Penuel; tingnan sa t. 31), ipinahiwatig ng nakatala sa mga banal na kasulatan na isang sagradong karanasan ang naganap doon. Ang mga espirituwal na pakikibaka ay kadalasang nauuna sa mga makapangyarihang paghahayag. Halimbawa, nang taimtim na hangarin nina Enos, Alma, at Joseph Smith ang mga pagpapala ng Panginoon naranasan nila ang gayong "mga pakikipagbuno" (tingnan sa Enos 1:1–5; Alma 8:10; Joseph Smith—Kasaysayan 1:13–17). Ang pakikipagbunong naranasan ni Jacob ay maaaring katulad ng espirituwal na pakikibakang ito.

Basahin ang Genesis 32:30 at itanong kung bakit pinangalanan ni Jacob ang lugar na Peniel—"ang mukha ng Diyos." Isinulat ni Jacob, "Nakita ko ang Dios ng mukhaan, at naligtas ang aking buhay." Iminumungkahi nito na may pagkakataon na nakita niya ang Panginoon. Ang talata 30 ay maaari ding isalin na, "Nakita ko ang Diyos nang harapan, at natubos ang aking kaluluwa" (tingnan din sa Genesis 48:14–16).

Itanong sa mga estudyante kung ano ang ginawa ni Jacob noong nakaraang dalawampung taon na naghanda sa kanya para sa kanyang karanasan sa Peniel. (Ikinasal siya sa loob ng tipan, matiyagang naglingkod, namuhay nang tapat sa mga tipan, at masigasig na hinanap ang Panginoon nang maharap siya sa mga hamon.) Ang pakikipagbuno ni Jacob at ang kasunod na pagpapala ay napatunayan na pinagmumulan ng kanyang espirituwal na lakas sa buong buhay niya. Ang karanasang ito ay mahalagang hakbang para sa kanyang pag-akyat sa "hagdan" tungo sa kanyang makalangit na mithiin at tila isang mahalagang pangunang hakbang para sa lubos na mga pagpapalang natanggap niya kalaunan nang magbalik siya sa Betel.




Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang maaaring naging epekto ng karanasang ito kay Jacob habang naghahanda siyang makipagkita kay Esau?
- Paano makakatulong ang kaalaman na katanggap-tanggap ang inyong buhay sa Diyos sa pagharap ninyo sa mga hamon?

Lumakas ang tiwala ni Jacob dahil tinupad niya ang kanyang mga tipan sa Panginoon (tingnan sa Genesis 28:10–22). Dahil sa kanyang kabutihan, natanggap ni Jacob ang mas malalaking pagpapala sa pamamagitan ng karagdagang mga tipan—tulad ng ipinahiwatig sa Genesis 32:24–32. Itanong sa mga estudyante tungkol sa ginawa nilang mga tipan, tulad ng binyag at sacrament. Tiyakin sa kanila na ang katapatan sa mga tipang iyon ay maghahanda sa kanila para sa mas malalaking pagpapala at responsibilidad na kaakibat ng mga tipan sa templo. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 35:24 upang bigyang-diin ang bagay na ito.

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Neal A. Maxwell, miyembro ng Korum ng Labindalawa, nang magsalita siya tungkol sa pagkakataong makabalik sa piling ng Panginoon:

> "Huwag gumawa ng anumang ikasisira ng sandaling iyon. Huwag hayaang malihis kayo mula sa matuwid at makipot na landas, kundi sikaping makarating sa pagtatagpong iyon na espirituwal kayong mapupuspos ng galak at makikilala ang haplos ng mga bisig na iyon, sapagkat ang Kanyang mga bisig ng awa at pagmamahal ay nakaunat sa inyo. Pinatototohanan ko sa inyo na ang pagtatagpong iyon ay totoo. Para sa ilan sa inyo, darating ito kaagad at sa iba ay paglaon pa, ngunit darating ito, kung kayo ay tapat. Iyan ay pinatototohanan ko!" (*"The Education of Our Desires,"* [debosyonal sa Salt Lake Institute of Religion, 5 Ene. 1983], 11).

# Genesis 34–41

## Pambungad

Sa Genesis 34–41 ang tuon ay nalipat mula kay Jacob, o Israel, papunta sa kanyang mga inapo. Nabasa natin ang tungkol sa kabutihan ni Jose at ang dinanas niya dahil sa kasamaan ng iba. Nabasa rin natin kung paano ginawang malalaking pagpapala ng Panginoon ang mga pagsubok ni Jose na nakatulong upang mailigtas niya ang kanyang buong pamilya mula sa pagkagutom, at sa gayon ay naipreserba ang pinagtipanang inapo ni Abraham.

Ang kuwento tungkol kay Jose ay nagtuturo ng maraming magagandang aral. Sabi ni Elder Hartman Rector Jr., dating miyembro ng Pitumpu, "Ang kuwento tungkol kay Jose, ang anak ni Jacob na tinawag na Israel, ay malinaw na representasyon ng dakilang katotohanan na 'lahat ng mga bagay ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga [yaon]' na nagmamahal sa Diyos. (Tingnan sa Rom. 8:28.) Parang laging tama ang ginagawa ni Jose; magkagayunman, ang mas mahalaga, ginawa niya ito para sa tamang dahilan. At talagang napakahalaga nito! Si Jose ay ipinagbili ng sarili niyang mga kapatid bilang alipin at binili ni Potiphar, na kapitan ng bantay ni Faraon. Ngunit kahit bilang isang aliping obligadong magsilbi nang ilang panahon, ang bunga ng bawat karanasan at lahat ng sitwasyon, gaano man kahirap, ay ginawang mabuti ni Jose" (sa Conference Report, Okt. 1972, 170; o *Ensign,* Ene. 1973, 130).

Habang pinag-aaralan ninyo ang kuwento tungkol kay Jose, pansinin kung paano naging isang "uri" o pahayag ng buhay ng Tagapagligtas ang kanyang buhay. Ang ideyang ito ay tatalakayin nang detalyado sa scripture block ng Genesis 42–50.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin


- Ang paghahangad na makaganti ay kasalanan (tingnan sa Genesis 34:1–31; tingnan din sa Genesis 49:5–7; Levitico 19:18).
- Ibinibigay ng Panginoon ang mga pagpapala ni Abraham sa mga tapat na gumagawa at tumutupad ng mga sagradong tipan (tingnan sa Genesis 35:2–4, 6–7, 9–15; tingnan din sa D at T 84:33–34; Abraham 2:11).
- Ang pagseselos at inggit ay pagpapamalas ng kapalaluan. Ito ang dahilan kaya lumalayo ang Espiritu at maaaring humantong sa mas mabibigat na kasalanan (tingnan sa Genesis 37:1–28; tingnan din sa Mga Kawikaan 6:34–35; 2 Nephi 26:32).
- Sa buhay na ito kung minsan ay dumaranas ng matinding hirap ang mabubuti, ngunit kung sila ay tapat makakapiling nila ang Panginoon at magiging dakilang mga pagpapala ang kanilang mga pagsubok (tingnan sa Genesis 37:1–28; 39:1–23; 41:1–45; tingnan din sa Alma 36:3; D at T 98:3; 122:9).
- Ang paglabag sa batas ng kalinisang-puri ay kasalanan sa Diyos (tingnan sa Genesis 39:7–9; tingnan din sa Alma 39:5; Jacob 2:28).
- Kapag iginagalang at sinusunod natin ang Diyos at ginagawa siyang pinakamahalagang impluwensya sa ating buhay, tumatanggap tayo ng lakas para mapaglabanan ang tukso at masunod ang lahat ng kautusan (tingnan sa Genesis 39:9; tingnan din sa Mateo 22:35–40; Moroni 10:32).
- Madalas tayong balaan ng Panginoon tungkol sa mga mangyayari sa hinaharap sa pamamagitan ng kanyang mga propeta. Sinusunod ng taong matalino ang kanilang payo (tingnan sa Genesis 41:28–57; tingnan din sa Amos 3:7; Mateo 25:1–13).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 11, " 'Sapagka't Sinugo Ako ng Dios,' " ay inihahambing ang buhay ni Jose sa isang tapestriya at ang tagahabi sa Ama sa Langit (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Genesis 35:1–5. Dapat nating ihanda ang ating sarili sa espirituwal at pisikal para makapasok sa templo.**
(10–15 minuto)

Magpakita sa mga estudyante ng dalawang larawang katulad ng nasa pahina 61 (tingnan din sa p. 262).





© 1998 PhotoDisc, Inc. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Itanong:

- Anong mga aktibidad ang mukhang sinasalihan ng mga taong ito?
- Anong mga clue ang nakikita ninyo sa mga larawan?
- Ano ang nakakapagsabi kung angkop ang ilang damit para sa ilang kaganapan?
- Ano ang isusuot ninyo kung naghahanda kayong makipagkita sa propeta o sa Panginoon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 35:1 at alamin kung saan pinapunta si Jacob. Repasuhin ng buong klase ang natutuhan ninyo tungkol sa Bethel at ang mga naganap doon. Ipaalala sa mga estudyante na ang kahulugan sa Hebreo ng *Bethel* ay "bahay ng Diyos" (tingnan din sa pahayag ni Pangulong Marion G. Romney sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 86), na ang "mga templo para sa ating lahat ay tulad ng Bethel noon kay Jacob").

Basahin ang Genesis 35:2–5 at itanong:

- Ano ang sinabi ni Jacob para mahikayat ang kanyang mga tao na manamit nang angkop nang maghanda silang pumunta sa Bethel?
- Paano natin maipamumuhay ngayon ang kanyang payo?
- Bukod sa pisikal na paghahanda, ano pang uri ng paghahanda ang binanggit ni Jacob sa talata 2? (Espirituwal na paghahanda.)
- Paano natin maipamumuhay ang kanyang payo na "ihiwalay ninyo ang mga dios ng iba na nangasa inyo, at magpakalinis kayo"?
- Paano tayo espirituwal na makapaghahandang pumunta sa mga banal na lugar, tulad ng mga templo o meetinghouse ng simbahan?

Ipasaliksik sa mga estudyante ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, ("Malinis at Hindi Malinis," "Magsisi, Pagsisisi," at "Karapat-dapat, Pagiging Karapat-dapat") para sa mga banal na kasulatang magpapaunawa sa atin kung paano tayo magiging malinis o karapat-dapat. Ipabahagi sa kanila sa klase ang kanilang mga natuklasan. Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 110:6–8 at sabihin kung anong mga pagpapala ang ipinangako ng Panginoon kung hindi natin durumihan ang templo sa pamamagitan ng pagpunta roon nang hindi marapat. Maaari din ninyong ibahagi ang impormasyon mula sa "Pananamit at Kaanyuan" sa polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (p. 8).


**Genesis 35:9–13. Ipinapakita sa buhay ni Jacob ang alituntunin na kapag tumatanggap tayo ng mga pagpapala mula sa Panginoon ito ay sa pamamagitan ng paggawa at pagtupad ng mga tipan.** (25–30 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Sa palagay ba ninyo ang espirituwalidad ay isang bagay na taglay na ng tao sa pagsilang o kailangan pang kamtin ng isang tao?
- Ano ang ginagawa ng mga tao para maging mas mabuti at mahusto ang espirituwalidad paglaki nila?
- Ano ang maaaring umakay sa atin na *naising* maging mas mabuti?

Ang nalalaman natin tungkol sa buhay ni Jacob ay nagpapakita na isa siyang taong lumaking espirituwal dahil natuto siyang bumaling sa Panginoon kapag naharap siya sa mga hamon. Ipabasa nang pahapyaw sa mga estudyante ang Genesis 26–35 at ilista ang mga pangyayari sa buhay ni Jacob ayon sa pagkakasunud-sunod ng mga ito. Itanong sa kanila kung paano sa palagay nila nakatulong ang bawat kaganapan kay Jacob para lumago ang kanyang espirituwalidad. Ipabahagi sa kanila

kung ano ang labis nilang hinahangaan kay Jacob o kung anong halimbawa ang itinuro sa kanila ng kanyang buhay tungkol sa pagkakamit ng mga walang hanggang pagpapala.



Iparepaso at ipahambing sa mga estudyante ang tatlong pagbisita ng Panginoon kay Jacob (tingnan sa Genesis 28:10–22; 32:24–31; 35:9–13). Itanong:

- Paano nagkakatulad ang mga pagbisitang ito?
- Paano nagkakaiba ang mga ito?
- Ano ang isinasagisag nito sa espirituwal na paglago ni Jacob?
- Ano ang maaaring isagisag nito sa *ating* espirituwal na paglago?
- Sa anong mga paraan nahusto ang espirituwal na kahandaan ni Jacob sa bawat pagkakataon?

*Paunawa:* Gamitin ang impormasyon sa sumusunod na tatlong talata upang matulungan ang inyong mga estudyante sa kanilang pagsusuri sa mga pagdalaw.

Isinasalaysay ng Genesis 35:9–13 ang ikatlong nakatalang pagdalaw ng Panginoon kay Jacob, na siyang pangalawang beses sa Bethel. Sa maraming paraan ang pagdalaw na ito ang nagkumpleto ng isang espirituwal na paglalakbay na nagsimula noong si Jacob ay bata-bata pa, wala pang asawa, at tumatakas sa galit ng kanyang kapatid na si Esau. Nang unang bumisita si Jacob sa Bethel, inihayag ng Panginoon ang kanyang sarili rito sa isang panaginip. Ang mga sinabi ni Jacob pagkagising niya mula sa kanyang panaginip ay nagpahiwatig na napukaw din ang kanyang espiritu, kaya't lalong naragdagan ang kanyang katapatan sa Diyos (tingnan sa Genesis 28:10–22; tingnan din sa komentaryo sa mga talatang iyon sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 86). Sa unang panaginip na iyon nagsalita sa kanya ang Panginoon tungkol sa maraming pangako ng tipang Abraham na maaaring mapasakanya. Tumugon si Jacob sa pamamagitan ng pagtawag sa lugar na "Bethel" (Hebreo ng "bahay ng Diyos") at sa mga tiyak na pangako na magiging tapat sa pagsunod sa Panginoon at sa kanyang mga kautusan.

Makalipas ang dalawampung taon sa Padan-aram (Siria), naglakbay si Jacob pabalik sa kanyang lupang sinilangan. Tinupad niya ang kanyang mga tipan sa Panginoon at lumago ang kanyang espirituwalidad. Sa lugar na tinawag na Peniel, na ibig sabihin ay "ang mukha ng Diyos," nagkaroon ng napakasagradong karanasan si Jacob (tingnan sa Genesis 32:24–31). Siya ay nakipagbuno sa isang tao para sa pagpapala (kalaunan tinawag niyang anghel ang taong ito; tingnan sa Genesis 48:16). Ang unang personaheng nakabuno niya biniggyan siya ng bagong pangalan, pagkatapos ay binasbasan siya. Ang bagong pangalang "Israel" (na maaaring ang ibig sabihin sa Hebreo ay "siya na nagsumigasig sa Diyos" o "panaigin ang Diyos") ay pahiwatig kung paano namuhay si Jacob sa nagdaang dalawampung taon at ng kanyang espirituwal na pag-unlad. Nakatala sa Genesis 28 kung paano hinanap ng Panginoon si Jacob, ngunit sa Genesis 32, makaraan ang dalawampung taon, mababasa natin kung paano pinagsikapang hanapin ni Jacob ang Panginoon at nakipagbuno para makatanggap ng basbas mula sa kanya. Gustong malaman ni Jacob ang kanyang katayuan sa Panginoon at tumanggap siya ng muling pagtiyak na sagot (tingnan sa Genesis 32:24–29).

Sa Genesis 35 mababasa natin ang ikatlong mahalagang espirituwal na pangyayari sa buhay ni Jacob. Nagbalik si Jacob sa lugar kung saan unang nagpakita ang Panginoon sa kanya at kung saan siya nangako na laging susundin ang Panginoon. Sa pagkakataong ito dinala ni Jacob ang kanyang buong pamilya at pinagtibay sa kanya ng Panginoon ang bagong pangalang Israel (na unang natanggap sa Peniel) at ang marami pang ibang pagpapalang may kinalaman sa tipang Abraham, pati na ang mga pagpapala patungkol sa kanyang mga inapo. Napatunayan niyang tapat siya sa kaalamang natanggap niya at sa mga pangakong una niyang ginawa sa Bethel. Tulad ng kanyang ama at lolo, hinangad at nakamtan ni Jacob ang mga pagpapala ng tipan mula sa Diyos patungkol sa kanyang pamilya at sa buhay na walang hanggan. Sa pagtatapos, ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 132:37 at hanapin kung saan na naroon si Jacob at bakit niya natanggap ang pagpapalang iyon.

Batay sa natutuhan ng inyong mga estudyante tungkol sa espirituwal na pag-unlad ni Jacob at sa nalalaman nila tungkol sa mga pagpapala ng ebanghelyo na nasa atin ngayon, gumawa kayo ng inyong mga estudyante ng hagdan na ipinapakita ang mga hakbang na kailangan nilang gawin para matanggap ang mga pagpapala ng walang hanggan (tingnan sa mungkahi sa pagtuturo para sa Genesis 28:10–22, p. 58).

**Genesis 37–41. Ang pagsisikap na magpakabuti ay hindi nangangahulugan na ang ating buhay ay laging magiging kasiya-siya, masagana, at walang pasakit. Kung tayo ay tapat, ang ating mga pagsubok at pagdurusa ay gagawing mga pagpapala ng Panginoon, ngunit ang prosesong ito ay mangyayari sa kanyang takdang panahon at hindi sa atin.** (60–70 minuto)





Ipakita sa mga estudyante ang larawan 1 (p. 263) at itanong sa kanila kung sa palagay nila ay may nangyayaring mabuti o masama sa larawan. (Sasabihin ng karamihan na may masamang nangyayari. Kung sasabihin ng isang estudyante na may mabuting nangyayari, ipapaliwanag ito sa kanya at iakma ito sa itinuturo ninyo.) Pagkatapos ay ipakita ang larawan 2 (p. 264) at itanong kung paano nagbago ang kanilang isip nang makita nila ang buong pangyayari sa larawan 1. Itanong sa kanila kung may naranasan na silang paghihirap na kalaunan ay naging pagpapala. (Halimbawa, pag-aalaga sa isang matanda o maysakit at pagtanggap ng kaalaman at mga pagpapala mula sa karanasang iyon.) Kung komportable ang sinuman sa inyong mga estudyante na magbahagi ng isang karanasang hindi gaanong personal, isiping ipabahagi sa kanila ang kanilang mga karanasan sa klase. Sabihin sa mga estudyante na pag-aaralan nila ang kuwento tungkol sa isang lalaking nagkaroon ng ilang mahihirap na karanasan na kalaunan ay naging mga pagpapala.

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga reperensya, na naglalaman ng mga insidente sa buhay ni Jose:

1. Genesis 37:1–4
2. Genesis 37:5–11
3. Genesis 37:12–28
4. Genesis 39:1–6
5. Genesis 39:7–20
6. Genesis 39:21–23
7. Genesis 40:1–19
8. Genesis 40:20–23
9. Genesis 41:9–45
10. Genesis 41:46–49, 53–57
11. Genesis 41:50–52

Atasang isa-isa ang mga estudyante o mga grupo ng estudyante ng isa o mahigit pang mga reperensya. Matapos nilang basahin ang talatang iniatas sa kanila, pagpasiyahin sila kung ang karanasang iyon ay paghihirap o pagpapala at ipasulat ang angkop na salita sa tabi ng reperensya sa pisara.

Kapag namarkahan na ang lahat ng talata, papuntahin sa harapan ang bawat estudyante o isang tao mula sa bawat grupo ayon sa pagkakasunud-sunod ng numero ng mga reperensya, ipasalaysay ang kuwento sa banal na kasulatan, at ipapaliwanag kung bakit ang karanasan ay paghihirap o pagpapala para kay Jose. Habang nag-uulat sila, hikayatin ang ibang mga estudyante na magmungkahi kung paano mababago ang mga nakasulat dito habang pinakikinggan nila ang kuwento. Halimbawa, ang pagpapakulong kay Jose dahil sa asawa ni Potiphar ay maaaring tawaging paghihirap, ngunit maaaring ipasiya ng susunod na grupo na mas pagpapala ito dahil kalaunan ay naging daan ito upang maging kanang-kamay siya ni Faraon. Pagkatapos ng gawain itanong sa mga estudyante kung paano nagbago ang kanilang pag-unawa sa mga insidenteng iyon dahil sa pagkaunawa sa mga pangyayaring iyon sa buong buhay ni Jose sa mas malawakang pananaw.

Ipabasa sa mga estudyante ang pahayag ni Propetang Joseph Smith na binanggit sa pambungad sa Genesis 38–39 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral at sabihin kung paano masasabi ang ganito tungkol kay Joseph ng Egipto. Ilista ninyo ng mga estudyante ang mga pagkakataon na ang isang taong mas maliit ang pananampalataya kaysa kay Jose ng Egipto ay madaling nasiraan ng loob at hindi na umasa pa sa mga pangakong binitiwan ng Panginoon sa kanyang mga panaginip. Itanong: Ano sa palagay ninyo ang maaaring nangyari kung nasiraan ng loob at naging masama si Jose? Basahin at talakayin ang payo ng Panginoon kay Propetang Joseph Smith tungkol sa mga pagsubok at pang-uusig sa Doktrina at mga Tipan 122:5–9.

Itanong sa mga estudyante kung ilang beses na nilang narinig na sinabi ng isang tao na "Hindi makatarungan iyan!"o "Hindi makatarungan ang buhay!" Itanong sa kanila kung sang-ayon sila o hindi, at bakit. Itanong: Sa palagay ba ninyo tila laging makatarungan ang buhay kay Jose?

Ipaalala sa mga estudyante ang inyong talakayan sa pagsisimula ng taon panuruan tungkol sa plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit. Itanong: Ano ang naging papel ng mga pagsubok at dusa sa planong iyon? (tingnan sa "Ang Dakilang Plano ng Kaligayahan," mga pahina 13–20; tingnan din sa Eter 12:6). Ipabasa sa kanila ang Apocalipsis 15:3 at 2 Nephi 26:7 at

ipatalakay kung ano ang itinuturo ng mga ito tungkol sa katarungan ng Diyos.

Ang buong gawain ng Tagapagligtas ay tulungan tayong umunlad at lumago at para ito sa ating kapakanan kung magtitiwala tayo sa kanya at susundin ang mga katotohanang natanggap natin (tingnan sa 2 Nephi 26:24; Moises 1:39). Batay sa lahat ng katotohanang ito, ipasulat sa mga estudyante ang sagot sa tanong na: Bakit tinutulutan ng Diyos kung minsan na mangyari ang masasamang bagay sa mabubuting tao? Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang isinulat.

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng pagharap sa ating mga pagsubok nang may lakas ng loob at pananampalataya na, pagdating ng panahon, "lahat ng bagay na kung saan kayo pinahirapan ay magkakalakip na gagawa para sa inyong ikabubuti" (D at T 98:3; tingnan din sa D at T 90:24).

**Genesis 39:7–20 (Scripture Mastery, Genesis 39:9). Kapag sinunod natin ang Diyos at ginawa siyang pinakamahalagang impluwensya sa ating buhay, tatanggap tayo ng lakas upang mapaglabanan ang tukso.** (35–40 minuto)

Isiping isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

> "Tila puro seks na lang ang iniisip ng buong mundo. Sa lubhang mapanlinlang at kaakit-akit na paraan, palagi itong ibinabato sa inyo. Nakatambad ito sa inyo sa telebisyon, sa mga magasin at aklat, sa mga video, maging sa musika. Talikuran ninyo ito. Iwaksi ito. Alam kong madaling sabihin iyan pero mahirap gawin. Ngunit tuwing ginagawa ninyo ito, mas madali nang gawin ito sa susunod. Napakasarap isipin kung balang-araw ay makaharap kayo sa Panginoon at masabi ninyong, 'Ako ay malinis.'" (sa Conference Report, Abr. 1996, 69; o *Ensign,* Mayo 1996, 48).

Sabihin sa mga estudyante na magbabasa sila tungkol sa dalawang magkapatid—sina Juda at Jose—at kung paano hinarap ng bawat isa sa kanila ang tukso. Basahin ninyo sa klase ang Genesis 38:15–26 at 39:7–20. Tulungan silang paghambingin at pag-ibahin ang dalawang kuwento sa pagtalakay sa mga tanong na katulad ng sumusunod:

- Paano maihahambing ang mga tuksong moral na nakaharap ni Jose sa mga nakaharap ni Juda?
- Paano nakita sa reaksyon ni Jose ang matinding katapatan niya na mapanatiling malinis ang kanyang puri?
- Ano ang agarang mga bunga ng mga ginawa ng dalawang lalaking ito?
- Ano ang pangmatagalang mga epekto ng kanilang mga ginawa? (tingnan sa mga komentaryo para sa Genesis 38–41 *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 94–95).

Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

> "Noong si Jose ay nasa Egipto, ano ang inuna niya sa kanyang buhay—ang Diyos, ang kanyang trabaho, o ang asawa ni Potiphar? Nang subukan siyang tuksuhin ng babae, tumugon siya sa pagsasabing, 'Paano nga na aking magagawa itong malaking kasamaan, at kasalanan laban sa Dios?' (Genesis 39:9).
>
> "Si Jose ay nabilanggo dahil inuna niya ang Diyos. Kung maharap tayo sa gayong sitwasyon, kanino natin unang ibibigay ang ating katapatan? Uunahin ba natin ang Diyos kaysa seguridad, kapayapaan, mga pagnanasa, kayamanan, at mga papuri ng tao?
>
> "Nang mapilitang pumili si Jose, mas ginusto niyang bigyang-kasiyahan ang Diyos kaysa asawa ng kanyang panginoon. Kapag kailangan tayong pumili, mas gusto ba nating bigyang-kasiyahan ang Diyos kaysa ating boss, guro, kapitbahay, o kadeyt?" (sa Conference Report, Abr. 1988, 4; o *Ensign,* Mayo 1988, 4–5).

Pamarkahan sa inyong mga estudyante ang Genesis 39:9 at sabihin kung paano ipinapakita ng talatang ito na nakatulong kay Jose ang pagtupad sa kanyang mga tipan para mapaglabanan ang tukso. Talakayin kung paano tayo matutulungan ng pagtupad sa ating mga tipan na ipamuhay hindi lamang ang batas ng kalinisang-puri kundi pati na ang iba pang mga kautusan.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 39:10 at tukuyin kung ano ang ginawa ni Jose nang "araw-araw" siyang tuksuhin ng asawa ng kanyang panginoon. Patingnan sa kanila ang mga talata 11–12 at ipalahad kung ano ang ginawa ni Jose nang hindi pumayag ang babae na balewalain siya. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Hartman Rector Jr., dating miyembro ng Pitumpu:

> "Ginawa ni Jose ang pinakamabuting magagawa niya sa gayong sitwasyon…. Sa wikang gamit ngayon—*siya ay tumakbo.*
>
> "Tila hindi naman iyon napakahirap gawin, ngunit kung minsan ay pagtakbo lang ang magagawa natin….
>
> "Mahalaga na ang mga kabataan na wala pang asawa ay maglagay ng mga hadlang laban sa tukso upang maiwasan nilang masubo sa kompromiso. Magmumungkahi ako ng ilang hadlang.
>
> "1. Huwag papasok nang mag-isa sa isang bahay kailanman na may kasamang opposite sex.
>
> "2. Huwag na huwag papasok nang mag-isa sa isang silid-tulugan kailanman na may kasamang opposite sex.
>
> "3. Huwag makipaghalikan nang maalab o maghipuan….

"4. Huwag pumarada sa di-mataong lansangan kailanman na kayo lang dalawa ang magkasama.

"5. Huwag magbasa ng pornograpikong babasahin.

"6. Huwag manood [ng mga pelikulang nanghihikayat ng imoralidad]….

"Oo, tumakbo si Jose, at dahil ginawa niya iyon, siya ay pansamantalang nabilanggo, kung saan nalayo siya sa lipunan, ngunit kung hindi siya tumakbo, habampanahon na sana siyang nabilanggo, marahil ay hindi niya na nakapiling ang Diyos magpakailanman, dahil hindi siya mapupunta sa kalagayan na matatanggap niya ang kinakailangang pakikipag-ugnayan na siyang naging daan upang siya ay maging isang dakilang propeta" (sa Conference Report, Okt. 1972, 172–73; o *Ensign,* Ene. 1973, 131).

Sa Genesis 38 at 39 nabasa ng mga estudyante ang tungkol kay Jose, na tila pinaghahanap ng mga tukso, at kay Juda, na naghahanap naman ng mga tukso. Maaaring umakma ang inyong mga estudyante sa dalawang kategoryang ito. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 20:22 at talakayin kung paano nagtakda ng huwaran ang Tagapagligtas kung paano natin dapat harapin ang tukso. Ipalahad sa mga estudyante kung paano natin maiaangkop sa ating buhay ang mga halimbawang itinakda ng Tagapagligtas at ni Jose.

Basahin ninyo sa klase ang I Mga Taga Corinto 10:13–14 at magpatotoo na kung matwid ang kanilang pamumuhay at tatakasan nila ang tukso kapag dumating ito, walang tuksong hindi nila kakayaning mapaglabanan. Isipin ding talakayin ang payong ibinigay sa polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan* upang tulungan silang maiwasan ang mga tuksong labagin ang batas ng kalinisang-puri.

Ipaunawa sa mga estudyante na malalaking pagpapala ang dumarating sa mga sumusunod sa batas ng kalinisang-puri. Ipabasa sa kanila ang Genesis 39:21, 23 at patingnan ang mga pagpapalang natanggap ni Jose dahil napanatili niyang malinis ang kanyang dangal. Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 131:1–4 at itanong sa kanila kung ano ang isa sa mga kailangan para magkamit ng kadakilaan sa kahariang selestiyal. Paalalahanan sila na kailangang sundin ang batas ng kalinisangpuri upang makamtan ang mga pagpapalang iyon sa lupa, at upang makatanggap ng mga pagpapala sa kawalang-hanggan kailangan ay patuloy nating sundin ito at ang iba pang mga batas at kautusan (tingnan sa D at T 14:7). Muling basahin sa inyong mga estudyante ang pahayag ni Pangulong Kimball na ibinigay sa simula ng mungkahing ito sa pagtuturo.

**Genesis 40–41. Kinasihan ng Panginoon si Jose at tinulungan siyang bigyang-kahulugan ang mga panaginip ng katiwala ng saro, ng magtitinapay, at ni Faraon.** (20–30 minuto)

Hatiin ang mga estudyante sa mga grupo at bigyan ang bawat grupo ng ilang papel at mga materyal sa pagdodrowing. Ipagawa sa bawat grupo ang aktibidad A para sa Genesis 41 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

Ipapaliwanag sa isang estudyante mula sa bawat grupo ang kanilang drowing sa klase at ang posibleng mga kahulugan nito. Ipabasa sa klase ang Genesis 41:29–36 at hanapin ang mga interpretasyon sa dalawang panaginip ni Faraon. Itanong sa kanila kung maaaring pagmulan ng paghahayag ang mga panaginip (tingnan sa Joel 2:28–29; Mateo 1:20; 2:12; 1 Nephi 3:2; 8:2). Basahin ang Doktrina at mga Tipan 46:27 at 50:9–10, 15–25, 28–32 at hanapin ang mga paraan na masasabi natin kung ang isang panaginip ay mula sa Panginoon.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 40:8 at 41:16, 39 at tukuyin kung ano ang nagbigay-daan upang mabigyan ni Jose ng wastong kahulugan ang mga panaginip. Basahin ang Moroni 7:16–17 at magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng kasihan ng Espiritu upang maunawaan ang anumang paghahayag mula sa Panginoon. Ipaunawa sa mga estudyante na dahil nabigyang-kahulugan ni Jose ang mga panaginip sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos, tama ang kanyang interpretasyon (tingnan sa Genesis 40:20–23; 41:44–57).

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 41:38 at markahan ang mga katagang "taong kinakasihan ng Espiritu ng Dios." Itanong:

- Paano naging angkop na paglalarawan ito kay Jose?
- Ano ang madarama ninyo kung sa inyo iniukol ang gayong papuri?
- Ano ang kakailanganin ninyong gawin para umakma sa paglalarawang iyon?

Hikayatin ang mga estudyante na sikaping maging karapatdapat sa paglalarawang iyon.

**Genesis 41:46–57. Ang mga tao ng Panginoon ay pinayuhan na noon pa na maging handa, kapwa sa temporal at sa espirituwal.** (15–20 minuto)

Magbigay ng isang sitwasyon sa inyong mga estudyante na katulad ng isa sa mga sumusunod:

- Ano ang isusuot ninyo kung nalaman ninyo na uulan ng niyebe ngayon na aabot sa tatlong talampakan habang kayo ay nasa paaralan?
- Ano ang gagawin ninyo ngayon kung nalaman ninyo na bukas ay makokontamina ang buong suplay ng maiinom na tubig sa inyong bayan sa susunod na dalawang araw?

Sabihin sa mga estudyante na si Jose ng Egipto ay naharap sa gayong sitwasyon. Ipabasa sa kanila ang Genesis 41:46–57 at ipahanap ang mga paraan na inihanda ni Jose ang Egipto para sa parating na taggutom.

Itanong sa mga estudyante kung gaano kahalaga sa kanila at sa kanilang mga pamilya ang maghanda para sa kanilang pisikal na mga pangangailangan. Ipaliwanag na noon pa ay sinabi na ng Panginoon na bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas maraming ipadadalang kahirapan sa mundo na

mangangailangan ng gayong paghahanda (tingnan sa D at T 29:14–16). Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

> "Marubdob akong nagtatanong sa inyo, nakapaglaan na ba kayo ng isang taong suplay ng pagkain, damit, at kung maaari ay panggatong para sa inyong pamilya? Ang paghahayag na magtanim at mag-imbak ng pagkain ay mahalaga sa ating temporal na kapakanan tulad din ng pagsakay ng mga tao sa arka noong panahon ni Noe" (sa Conference Report, Okt. 1987, 61; o *Ensign*, Nob. 1987, 49).

Nagpaliwanag pa ang Simbahan:

> "Para makatayo sa sariling paa, dapat tayong magkaroon ng sapat na pagkain, damit, at kanlungan. Kaya tayo pinapayuhang mag-imbak, gamitin, at pag-aralan kung paano magtanim at maghanda ng mahahalagang aytem. Mas panatag at ligtas tayo kung kaya nating paglaanan ang ating sarili sa oras ng paghihirap (tingnan sa D at T 38:30)" (*A Leader's Guide to Welfare*, 7).

Itanong sa mga estudyante: Kung napakahalaga ng pisikal na paghahanda, gaano kahalaga ang ating espirituwal na paghahanda? Ipabasa sa kanila ang Mateo 25:1–13 at itanong kung paano nauugnay ang talinghagang ito sa espirituwal na paghahanda. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 45:56–57 at talakayin kung ano ang magagawa natin upang mapuno ng langis ang ating espirituwal na ilawan. Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila hindi namahagi ng langis ang limang matatalinong dalaga. Sinabi ni Pangulong Spencer W. Kimball, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, na may ilang bagay na hindi maaaring ipamahagi:

> "Paano maipapamahagi ng isang tao ang pagsunod sa alituntunin ng ikapu; ang payapang isipan dulot ng matwid na pamumuhay; ang pagtatamo ng kaalaman? Paano maipapamahagi ng isang tao ang pananampalataya o patotoo? Paano maipapamahagi ng isang tao ang mga pag-uugali o kalinisang-puri, o ang karanasan sa misyon? Paano maipapamahagi ng isang tao ang kanyang mga pribilehiyo sa templo? Kailangang kamtin ng bawat isa ang gayong uri ng langis para sa kanyang sarili" (*Faith Precedes the Miracle* [1972], 255–56).

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng paghahanda. Ibahagi ang payo ng Panginoon tungkol sa paghahanda na nasa Doktrina at mga Tipan 38:30.

# Genesis 42–50

## Pambungad

Si Jose ay ipinagkanulo ng kanyang mga kapatid at ipinagbili siya sa pagkaalipin. Maraming nawala sa kanya, pati na ang pakikisalamuha niya sa kanyang pamilya. Naiwang mag-isa sa ibang lupain, nagkaroon siya ng mga katangiang nangalaga at humubog sa kanyang pagkatao.

Isinulat ni Dr. Sidney B. Sperry: "Dakila ang mga kuwento tungkol kay Jose sa simpleng dahilan na ang mga ito ay tungkol sa isang dakilang tao—isang prinsipe sa gitna ng mga tao—at ikinuwento sa paraang angkop sa magandang pagkatao ng isang bayani. Higit sa lahat, nakikita natin sa mga kuwentong ito ang integridad, kalinisang-puri, katapatan at malaking halaga ng paboritong anak ni Jacob. Mananatiling maningning ang mga katangiang ito sa lahat ng panahon" (*The Spirit of the Old Testament*, ika-2 ed. [1980], 34).

Habang pinag-aaralan ninyo ang Genesis 42–50, pansinin ang mga katangiang tinaglay ni Jose at kung paano siya pinagpala ng mga ito. Magpasiya kung alin ang magiging kapaki-pakinabang sa inyo at ipamuhay ang mga ito.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Hinihiling ng Panginoon na patawarin natin ang mga nakasakit o nakasugat sa ating damdamin (tingnan sa Genesis 45:1–7, 15; 50:15–21; tingnan din sa Mateo 6:14–15; D at T 64:9–11).
- Sa pamamagitan ng mga patriarchal blessing, ang Panginoon ay maaaring ihayag ang ipinangakong mga pagpapala at oportunidad, magpayo at magbabala, at ipabatid ang ating mga kaloob at talento. Tinutukoy din sa mga patriarchal blessing ang "lipi" o pamilya ni Israel na siyang daan upang manahin natin ang mga pagpapala ni Abraham (tingnan sa Genesis 48:3–4, 15–22; 49:1–28; tingnan din sa 2 Nephi 2:1–4; 3:1–25; 4:3–12).
- Ang mga inapo ni Jose, sa ilalim ng pamumuno ni Ephraim, ang responsable sa paghahatid ng mga pagpapala ng tipang Abraham sa buong mundo (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, PJS, Genesis 48:5–11; Genesis 49:22–26; tingnan din sa Genesis 17:4–8).
- Maaaring gamitin ng mga ama ang priesthood sa kanilang tahanan sa pagbibigay ng mga basbas ng ama para sa kapanatagan at patnubay (tingnan sa Genesis 48:8–49:28).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Genesis 37–50. Lahat ng propeta ay nagpatotoo at nagturo tungkol kay Jesucristo (tingnan sa Jacob 7:11).** (40–45 minuto)

*Paunawa:* Ang mungkahing ito sa pagtuturo ay pinakamainam na magagamit sa pagtatapos ng Genesis sa pagrepaso sa buhay ni Jose, na nakatuon sa kung paano siya naging disipulo ng Tagapagligtas noon at kung ano ang natutuhan natin mula sa kanyang halimbawa.

Ipabasa sa mga estudyante ang 3 Nephi 27:27 at itanong sa kanila kung sa palagay nila ay nilayon ng Panginoon ang payong ito para lamang sa kalalakihan. Magpaisip sa kanila ng isang tao, babae o lalaki, sa kanilang ward, branch, o paaralan na itinuturing nilang katulad ni Cristo. Itanong:

- Ano ang ginagawa ng taong iyon na nagpapaalala sa inyo sa Tagapagligtas?
- Paano naaapektuhan ng pag-uugali ng taong iyon ang ibang tao?

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang buhay ng mga propeta ay kadalasang nagpapaalala sa atin sa Tagapagligtas. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland, miyembro ng Korum ng Labindalawa:

> "Si Moises (tulad nina Isaac, Jose, at ng marami pang iba sa Lumang Tipan) ang simbolo ng propeta sa paparating na Cristo" (*Christ and the New Covenant: The Messianic Message of the Book of Mormon* [1997], 137).

Ang mga pagkakatulad na matatagpuan kay Jose, na ipinagbili sa Egipto, at sa Tagapagligtas ay tila hindi lamang nagkataon (tingnan sa komentaryo para sa Genesis 45:4–8 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* mga pahina 96–97). Bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng sumusunod na tsart na mga reperensya lamang sa banal na kasulatan ang nakasulat. Ipabasa sa buong klase, sa mga indibiduwal, o sa mga grupo ang mga reperensya sa banal na kasulatan at ipasulat ang mga pagkakatulad sa gitnang hanay.

| Mga reperensya para kay Jose | Mga pagkakatulad nina Jose at Cristo | Mga reperensya para kay Cristo |
|---|---|---|
| Genesis 37:3 | Pareho silang panganay na lalaki at pinakamamahal na anak. | Mormon 5:14; Moises 4:2 |
| Genesis 37:4 | Pareho silang kinamuhian ng ilan sa iba pang mga anak ng kanilang ama. | Lucas 4:16, 28–29 |
| Genesis 37:2–11 | Pareho nilang naunawaan ang kanilang misyon sa buhay sa murang edad. | Lucas 2:46–49 |
| Genesis 37:18 | Nagsabwatan ang kalalakihan laban sa kanilang dalawa. | Mateo 26:3–4 |
| Genesis 37:23–24 | Pareho silang ipinagkanulo ng isang taong lubhang malapit sa kanila na dapat sana ay nagmahal at nangalaga sa kanila. | Mateo 26:46–47 |
| Genesis 37:23 | Pareho silang hinubaran ng kanilang kasuotan. | Mateo 27:28 |
| Genesis 37:26 | Pareho silang ipinagkanulo ng mga lalaking nagngangalang Juda (*Judas* ang baybay sa wikang Griyego ng Hebreong pangalang Juda). | Mateo 27:3 |
| Genesis 37:28 | Pareho silang nagpunta sa Egipto. | Mateo 2:14 |
| Genesis 37:28 | Pareho silang ipinagbili sa halaga ng isang alipin noong panahon nila—si Jose sa halagang dalawampung pirasong pilak at si Cristo sa tatlumpung piraso. | Mateo 27:3 |
| Genesis 37:29 | Pareho silang hinanap. Hinanap ng kanyang panganay na kapatid na lalaki si Jose sa isang balon na walang laman; hinanap ng pinakamatagal na niyang Apostol si Cristo sa isang libingan na walang laman. | Juan 20:3–6 |
| Genesis 39:10 | Pareho nilang nalampasan ang malaking tukso. | Mga Hebreo 4:15 |
| Genesis 39:12–18 | Pareho silang pinaratangan nang mali na gumawa sila ng kasamaan. | Mateo 26:59 |
| Genesis 40:8; 41:16 | Pareho nilang niluwalhati ang Diyos sa mabubuting bagay na kanilang ginawa. | Juan 8:28–29 |
| Genesis 45:3–5 | Pareho nilang kusang-loob na pinatawad ang mga nagsisisi. | Mosias 26:30 |
| Genesis 42:35; 45:7 | Pareho silang tagapagligtas sa kanilang mga tao at nagbigay sa mga ito ng nakapagliligtas na tinapay. | Juan 4:42; 2 Nephi 9:50–51 |
| Genesis 42:8; 45:3–5 | Pareho silang hindi nakilala ng mga taong dapat sana ay nakilala sila. | Lucas 5:17–21 |

Itanong sa mga estudyante kung paano nakakatulong sa kanila na malaman na ang ibang mga mortal ay may mga katangiang tulad ni Cristo. Bigyan sila ng panahong mapag-isipan kung paano *sila* maaaring magkaroon ng ganitong mga katangian. Ipatukoy sa kanila ang isang aspeto ng kanilang buhay kung saan sinisikap nilang maging katulad ng Tagapagligtas.

**Genesis 42–45. Maraming mahalagang aral tayong matututuhan mula sa buhay ni Jose, na anak ni Jacob.** (90–120 minuto)

Maaaring epektibo sa inyo na basahin sa mga estudyante ang mahahalagang bahagi ng Genesis 42–45 at talakayin ang mga araling itinuro habang pinakikinggan ang kuwento tungkol kay Jose. Magagawa ito sa pamamagitan ng pagpili ng mga estudyanteng babasa sa mga bahagi ni Jose, ng kanyang mga kapatid (maaaring gampanan ng isa o dalawang estudyante ang lahat ng labing-isang magkakapatid kung kailangan), ni Jacob, at ni Faraon. Ipabasa rin sa isang estudyante ang pagsasalaysay sa pagitan ng mga dialogo.

Kapag nakumpleto na ninyo ang buod, basahin ang Genesis 42:1–8 at itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila hindi nakilala ng kanyang mga kapatid si Jose (tingnan sa komentaryo para sa Genesis 42:8 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 96). Basahin ang Genesis 42:9–13, 17–24 at itanong kung ano ang dahilang ibinigay ng mga kapatid sa kanilang pagkabilanggo.

Dalawampung taon pagkaraang ipagbili ng kanyang mga kapatid si Jose sa pagkaalipin ay binagabag pa rin sila ng kanilang konsiyensya. Itanong: Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa mga epekto ng kasalanan? Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag ni Elder M. Russell Ballard, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Ang kasalanan ay lagi, *lagi,* nang hahantong sa pagdurusa. Maaari itong dumating nang mas maaga, o paglaon, ngunit darating ito" (sa Conference Report, Okt. 1990, 46; *Ensign,* Nob. 1990, 36).

Repasuhin ang Genesis 42:21–38 at itanong:

- Sa palagay ninyo, bakit nanangis si Jose?
- Pinauwi ni Jose ang kanyang mga kapatid na may dalang bayung-bayong na mga butil, kung saan niya itinago ang kanilang pera. Ano ang naging epekto nito sa magkakapatid? (tingnan sa t. 35).
- Ano ang naging pakiramdam ni Jacob sa pagtutulot kay Benjamin na magpunta sa Egipto upang mapalaya si Simeon mula sa bilangguan? (tingnan sa mga talata 36–38).
- Ano kaya ang naging pakiramdam ng magkakapatid tungkol kay Benjamin dahil sa damdamin ni Jacob?
- Kung kayo si Simeon, ano kaya ang madarama ninyo kung hindi magbalik ang mga kapatid ninyo para iligtas kayo?
- Paano naging katulad ng karanasan ni Jose ang karanasan ni Simeon? (tingnan sa t. 21).

Repasuhin ang nalalabing bahagi ng kuwento sa pagtatanong ng sumusunod:

- Bakit hinayaan ni Jacob na magpunta si Benjamin sa Egipto? (tingnan sa Genesis 43:1, 9).
- Ano ang tugon ni Jose nang makita niya ang kapatid niyang si Benjamin? (tingnan sa mga talata 29–30).
- Sa palagay ninyo, bakit pinaupo ni Jose ang magkakapatid nang sunud-sunod mula sa pinakamatanda hanggang sa pinakabata? (tingnan sa t. 33).
- Sa palagay ninyo, bakit nagpakita ng lugod si Jose kay Benjamin at pagkatapos ay pinagmukha itong magnanakaw? (tingnan sa Genesis 43:34–44:12).
- Kung galit ang magkakapatid kay Benjamin tulad ng minsang pagkagalit nila kay Jose, ano ang maaari nilang gawin matapos matagpuan ang saro sa bayong ni Benjamin?
- Ihambing ang ginawa ni Juda sa Genesis 44:16–34 sa ginawa niya sa Genesis 37:26–28. Ano ang nakikita ninyong mga pagkakaiba? Sa palagay ninyo, bakit iba ang naging reaksyon niya?
- Basahin ang Genesis 45:1–8. Sa palagay ninyo, bakit pinili ni Jose na magpakilala na nang gawin niya ito?
- Sa palagay ninyo, bakit "nagugulumihanan sa kaniyang harap" ang magkakapatid (Genesis 45:3)?

Isinulat ni Elder Spencer W. Kimball, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Ang kapatawaran at paghilom ay batay sa pagsisisi ng taong nakasakit ng loob, na nagsisimula sa pag-amin sa kasalanan at pagtanggap ng personal na pananagutan para dito" (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 84).

Itanong:


- Ano ang katunayan na tinanggap ng mga kapatid ni Jose ang kanilang kasalanan?
- Ano ang mga pahiwatig na tinanggap nila ang pananagutan sa ginawa nila kay Jose?
- Basahin ang Genesis 45:5–8 at hanapin kay Jose ang mga katangian ni Cristo (tingnan din sa Mateo 6:14–15; D at T 64:9–11). Ano kaya ang nadama ng mga kapatid ni Jose tungkol sa sinabi niya?
- Bakit naging lubhang mapagpatawad si Jose? (Natupad na niya ang mga layunin ng Diyos sa Egipto.)

**Genesis 48:1–22. Mahalagang maunawaan kung paano at bakit naging mga lipi sina Ephraim at Manases kapalit ng lipi ni Jose.** (15–20 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung ilang lipi ang bumubuo sa sambahayan ni Israel. (Labindalawa.) Hatiin sa dalawang grupo ang klase. Ipasaliksik sa isang grupo ang Genesis 49:1–27 at sa isa pang grupo ang Mga Bilang 10:14–27. Ipalista

sa bawat grupo ang mga pangalan ng mga lipi sa pisara. Paghambingin ang dalawang listahan at tukuyin ang mga pagkakaiba. Ipaliwanag na ang lipi ni Levi ay kinakatawan sa Mga Bilang 10 bilang "mga anak ni Aaron" (t. 8) at bilang "mga anak ni Gerson at ang mga anak ni Merari" (t. 17).

Itanong sa mga estudyante kung alam nila ang nangyari sa lipi ni Jose. Basahin ang Genesis 48:1–6 at ibahagi sa kanila ang komentaryo para sa Genesis 48:22 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 97–98). Si Jose, bilang panganay na anak, ay doble ang natanggap na bahagi, na pinaghatian ng kanyang dalawang anak na lalaki (tingnan sa Genesis 48:22).




Ibinalik ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang ilang mahahalagang ideya ni Jacob tungkol kay Jose (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Genesis 48:5–11; tingnan din sa komentaryo para sa Genesis 48:5–11 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 97). Maaaring bigyang-diin ang mga sumusunod:

- Ipinahayag ni Jacob na si Jose, dahil sa pakikipagtipan sa kanya ng Panginoon, ay talagang pinalaki upang iligtas ang sambahayan ni Israel mula sa pagkalipol (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Genesis 48:7–9).
- Dahil sa katapatan ni Jose, ang kanyang lipi ay pagpapalain nang higit kaysa kanyang sa mga kapatid—maging higit pa kaysa sa kanyang ama (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Genesis 48:9–11; ihambing sa panaginip ni Jose sa Genesis 37:9–11).
- Sa panahong darating, ang lipi ni Jose (sa pamamagitan ng mga lipi ng kanyang mga anak na sina Ephraim at Manases) ay muling maghahatid ng kaligtasan sa sambahayan ni Israel—hindi mula sa pagkagutom, kundi mula sa pagkaalipin sa kasalanan (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Genesis 48:11; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Genesis 50:24–38 at 2 Nephi 3:1–22 kung saan nagpropesiya si Jose sa Egipto tungkol sa gawain ng kaligtasan sa mga huling araw na darating sa pamamagitan ng isa sa kanyang mga inapo, si Propetang Joseph Smith).

**Genesis 49. Ang patriarchal blessing ay naglalaman ng personal na paghahayag na ibinigay sa pamamagitan ng isang patriarch mula sa mapagmahal na Ama sa Langit para tulungan ang kanyang mga anak.** (50–60 minuto)

*Paunawa:* Ang pagbabasa ng mga patriarchal blessing sa klase ay *hindi* angkop. Maaari ninyong imbitahan sa klase ang isang naorden na patriarch para tumulong sa pagsagot sa mga tanong ng mga estudyante tungkol sa mga patriarchal blessing.



Idrowing sa pisara ang isang representasyon ng Liahona at itanong sa mga estudyante:

- Ano ang Liahona?
- Ano ang gamit nito?
- Ano ang personal na mga pakinabang sa pagkakaroon ng gayong panuro?

Basahin ang 1 Nephi 16:10, 27–29 at Alma 37:38–40 at hanapin kung paano inakay ng Liahona ang pamilya ni Lehi. Itanong: Gusto ba ninyong magkaroon ng sarili ninyong Liahona na ligtas kayong gagabayan habambuhay? Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Thomas S. Monson, na noon ay Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

> "Ang Panginoon ding iyon na nagbigay ng Liahona kay Lehi ang nagbibigay sa iyo at sa akin ng kakaiba at napakahalagang regalo upang patnubayan ang ating buhay, upang lagyan ng tanda ang mga panganib at maligtas tayo, at ituro ang landas, maging isang ligtas na daan—hindi sa isang lupang pangako, kundi sa ating tahanan sa langit. Ang regalong tinutukoy ko ay kilala ngayon bilang patriarchal blessing ninyo. Bawat karapat-dapat na miyembro ng Simbahan ay may karapatang tumanggap ng napakahalaga at walang katumbas na personal na kayamanan" (sa Conference Report, Okt. 1986, 81; o *Ensign,* Nob. 1986, 65).

Itanong sa mga estudyante kung paano nang katulad ng personal na Liahona ang patriarchal blessing.

Basahin ang Genesis 49 at pag-aralan ang mga basbas na ibinigay ni Jacob sa kanyang mga anak na lalaki. Gamitin ang mga komentaryo para sa Genesis 49:1–20; 49:8–12; at 49:22–26 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 98) upang matulungan kayo sa mahihirap na talata. Itanong kung paano nakatulad o naiba ang mga patriarchal blessing sa mga basbas ni Jacob.

Maghandang sagutin ang mga tanong na katulad ng sumusunod:

- Gaano katanda ba tayo dapat bago natin matanggap ang ating patriarchal blessing?
- Paano tayo magagabayan at mapagpapala ng patriarchal blessing?
- Paano tayo dapat maghanda sa pagtanggap nito?
- Paano tayo makikipag-ayos para makatanggap ng patriarchal blessing? (Kumuha ng recommend mula sa bishop o branch president at magtakda ng pakikipagkita sa patriarch.)
- Binabanggit ba sa patriarchal blessing ang bawat mahalagang pangyayari sa ating buhay?
- Ano ang kahalagahan ng pahayag tungkol sa liping aking pinagmulan?

Gamitin ang sumusunod na mga pahayag upang matulungan kayong sagutin ang mga tanong:

- Sinabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley sa mga lider ng priesthood:

> "Sana ay nahihikayat natin ang mga nasa hustong gulang na maunawaan ang kahalagahan ng patriarchal blessing para makatanggap nito. Itinuturing kong isa sa pinakasagradong bagay sa buhay ko ang patriarchal blessing ko. Ang patriarchal blessing ay isang kakaiba at sagrado at personal at napakagandang bagay na maaaring ibigay sa bawat miyembro ng Simbahang ito na namumuhay nang karapat-dapat dito" (*Teachings of Gordon B. Hinckley* [1997], 423).

- Sabi ni Pangulong James E. Faust, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

> "Dapat basahin ang patriarchal blessing nang mapakumbaba, mapanalangin, at madalas. Ang patriarchal blessing ay napakasagrado at personal, ngunit maaari itong ibahagi sa malalapit na miyembro ng pamilya. Ito ay isang sagradong patnubay na payo, mga pangako, at impormasyon mula sa Panginoon; gayunman, hindi dapat asahan ng isang tao na idetalye sa basbas ang lahat ng mangyayari sa kanya o masagot ang lahat ng tanong. Kahit hindi banggitin sa patriarchal blessing ang isang mahalagang pangyayari sa buhay, tulad ng misyon o pag-aasawa, hindi nangangahulugan na hindi ito mangyayari. Para matupad ang ating mga patriarchal blessing, dapat nating pagyamanin sa ating puso ang mahahalagang salitang nilalaman nito, pagbulayan ang mga ito, at mamuhay sa paraan na makakamtan natin ang mga pagpapala sa mortalidad at ang putong ng kabutihan sa kabilang buhay….
>
> "Mahihikayat tayo ng ating mga basbas kapag pinanghinaan tayo ng loob, mapapalakas tayo kapag tayo ay natakot, maaaliw tayo kapag tayo ay nalungkot, mapapalakas ang ating loob kapag nangamba tayo, at mapapasigla tayo kapag nanghina ang ating espiritu. Mapapalakas ang ating patotoo tuwing babasahin natin ang ating patriarchal blessing" (sa Conference Report, Set.–Okt. 1995, 82, 84; o *Ensign,* Nob. 1995, 63–64).

- Sa mensahe ring iyon, sinabi ni Pangulong Faust:

> "Si Manases, na isa pang anak ni Jose, gayundin ang iba pang mga anak ni Jacob, ay maraming inapo sa Simbahan. Maaaring may ilang napunta sa Simbahan sa ating panahon na hindi mula sa lipi ni Jacob. Hindi dapat isipin ninuman na pagkakaitan siya ng anumang pagpapala dahil hindi siya nagmula sa lipi ni Israel. Sabi ng Panginoon kay Abraham, 'At aking pagpapalain sila sa pamamagitan ng iyong pangalan; sapagkat kasindami ng tatanggap ng Ebanghelyong ito ay tatawagin alinsunod sa iyong pangalan, at ibibilang sa iyong mga binhi, at magbabangon at papupurihan ka, bilang kanilang ama' [Abraham 2:10].
>
> "Sinasabi sa atin ni Nephi na 'kasindami ng mga Gentil na magsisisi ay mga pinagtipanang tao ng Panginoon' [2 Nephi 30:2]. Dahil dito walang ipinagkaiba kung ang mga pagpapala ng sambahayan ni Israel ay dumating sa pamamagitan ng lipi o ng pagkaampon.
>
> "Baka nababahala ang ilan dahil nakasaad sa basbas ng mga miyembro ng isang pamilya na iba ang kanilang lipi. May ilang pamilya na magkakahalo ang lipi. Naniniwala kami na ang sambahayan ni Israel ngayon

> ay binubuo ng buong pamilya ng tao. Dahil nagkahalu-halo na ang mga lipi, ang isang anak ay maaaring masabing nagmula sa lipi ni Ephraim at ang isa naman ay nagmula kay Manases o sa isa sa iba pang mga lipi. Ibig sabihin maaaring lamang ang basbas ng isang lipi sa isang anak, at lamang naman ang basbas ng isa pang lipi sa isa pang anak. Kaya ang mga anak ng pareho ang mga magulang ay maaaring tumanggap ng mga basbas ng iba't ibang lipi" (sa Conference Report, 83; o *Ensign,* 64).

Hikayatin ang inyong mga estudyante na maghandang tumanggap ng kanilang patriarchal blessing at patotohanan na dakila ang pagpapalang idudulot sa kanila ng patriarchal blessing habambuhay.

**Genesis 49:28. Dapat nating hangaring matanggap ang basbas ng ating ama, kung kailangan, para sa paggaling, kapanatagan, at patnubay.** (15–20 minuto)

*Paunawa:* Ang mungkahing ito sa pagtuturo ay pagbibigay-diin sa mungkahi para sa Genesis 49. Maaari itong ituro nang hiwalay, ngunit kailangan ninyong gamitin ang mga komentaryo para sa Genesis 49:1–20; 49:8–12; at 49:22–26 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 98) upang maipaunawa sa inyong mga estudyante ang mga basbas ni Jacob sa kanyang mga anak bago magpatuloy sa mungkahing ito. Maging sensitibo sa mga estudyanteng ang mga ama ay hindi miyembro ng Simbahan o hindi nagtataglay ng priesthood.

Sabihin sa mga estudyante na bukod sa patriarchal blessing may isa pang uri ng basbas na maaari nating matanggap. Magagamit ng mga amang maytaglay ng Melchizedek Priesthood ang priesthood na iyon upang bigyan ng basbas ng ama ang mga kapamilya. Itanong kung may nakatanggap na sa kanila ng basbas ng isang ama. Itanong: Ano ang ilang pagkakataon sa buhay ng isang tao na angkop niyang matatanggap ang basbas ng isang ama? Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Ang mga taong naghahangad ng patnubay sa mahalagang desisyon ay makatatanggap ng basbas ng priesthood. Ang mga taong nangangailangan ng dagdag na espirituwal na kakayahang daigin ang isang hamon ay makatatanggap ng basbas. Ang mga nagdadalantao ay maaaring mabasbasan bago sila manganak. Maraming pamilyang LDS ang nakaaalala sa isang sagradong okasyon kung saan binigyan ng basbas ng isang karapat-dapat na ama ang isang anak na ikakasal. Ang mga basbas ng priesthood ay kadalasang hinihiling sa mga ama bago umalis ng tahanan ang mga anak para sa ibang mga layunin, tulad ng pag-aaral, paglilingkod sa militar, o malayong paglalakbay.
>
> "Ang mga bagong tawag na misyonero ay madalas humiling ng basbas ng ama bago sila umalis….
>
> "Ano ang kabuluhan ng basbas ng priesthood? … Ang basbas ng priesthood ay pagkakaloob ng kapangyarihan sa espirituwal na mga bagay. Bagama't hindi ito mahihipo o matitimbang, malaking tulong ito para malampasan natin ang mga balakid sa landas tungo sa buhay na walang hanggan….
>
> "Huwag mag-atubiling humingi ng basbas ng priesthood kapag kailangan ninyo ng espirituwal na lakas. Mga ama at iba pang mga elder, pahalagahan at gampanan ang pribilehiyong basbasan ang inyong mga anak at ang iba pang mga anak ng ating Ama sa Langit. Maghandang magbigay ng basbas ng priesthood sa ilalim ng impluwensya ng Espiritu Santo tuwing hihilingan kayo nito nang taos at may pananampalataya" (sa Conference Report, Abr. 1987, 44–45, 48; o *Ensign,* Mayo 1987, 36–37, 39).

Itanong sa mga estudyante:

- Kanino kayo makakahingi ng basbas? (Kung maaari, dapat muna silang humingi sa kanilang ama, pagkatapos ay sa isang kamag-anak, home teacher, miyembro ng bishopric, teacher, at iba pa.)
- Kung hindi pa kayo nabigyan ng basbas ng inyong ama, maaari ba ninyo siyang hilingan na basbasan kayo?

Ibahagi ang sumusunod na kuwento ni Pangulong Ezra Taft Benson, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Minsan, may isang binatang nagpunta sa opisina ko para magpabasbas. Mga labingwalong taon siya noon at may mga problema…. Humingi siya ng basbas.
>
> "Sabi ko sa kanya, 'Nakahingi ka na ba ng basbas sa iyong ama? Siguro naman miyembro ng Simbahan ang tatay mo?'
>
> "Sabi niya, 'Opo, elder siya, pero elder na hindi aktibo….'
>
> "Sabi ko, 'Kausapin mo kaya siyang minsan at tanungin mo kung puwede ka niyang bigyan ng basbas ng isang ama?'
>
> " 'Naku,' sabi niya, 'Baka matakot po siya.'
>
> "Pagkatapos ay sinabi ko, 'Gusto mo bang subukan? Ipagdarasal kita.'
>
> "Sabi niya, 'Sige po; kung gayon, gagawin ko po.'

"Makalipas ang ilang araw, bumalik siya. Sabi niya, 'Brother Benson, napakaganda po ng nangyari sa aming pamilya…. Ibinigay niya sa akin ang isa sa mga pinakamagandang basbas na mahihiling ko…. Pagkatapos niya akong basbasan nadama namin ang pagpapahalaga at pasasalamat at pagmamahal sa isa't isa na noon lang namin nadama sa aming tahanan' " (sa Conference Report, Okt. 1977, 45–46; o *Ensign*, Nob. 1977, 31–32).

Hikayatin ang mga estudyante na isiping humingi ng basbas sa kanilang ama, hindi lamang kapag maysakit sila kundi tuwing kailangan nila ng kapanatagan o patnubay. Hikayatin ang mga kabataang lalaki na magsimula na ngayon na maging handa at karapat-dapat na magtaglay ng tunay na kapangyarihan sa kanilang priesthood para mabasbasan nila ang kanilang pamilya kapag naging ama na sila.

**Genesis 50. Ang kamatayang pisikal ay bahagi ng plano ng kaligayahan.** (15–20 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Marami na ba kayong natirhang lugar?
- Kung gayon, may isang lugar ba kayong paborito? May isang lugar ba kayong matatawag na "tahanan"? Bakit?
- Basahin ang Genesis 46:1–4 at 47:29–31. Bakit mahalaga para kay Jacob na malibing siya sa Canaan?
- Ano ang itinuturo sa atin ng hangarin ni Jacob tungkol sa kanyang pananampalataya sa mga pangako ng Diyos?
- Basahin ang Genesis 49:29–50:9. Ano ang naging epekto ng pagkamatay ni Jacob kay Jose, sa kanyang pamilya, at sa mga Egipcio?
- Bagama't matindi ang paghihinagpis sa pagkamatay ni Jacob, saan kaya nagkaroon ng kagalakan?
- Ano ang sasabihin ninyo tungkol kay Jacob kung nahilingan kayong magsalita sa kanyang libing?

Hiniling ni Jacob na ilibing siya sa Canaan, ang lupang pangako. Sa espirituwal na diwa tayo man ay may lupang pangako. Tulad ni Jacob, dapat din nating naising bumalik sa lupang ating minana—ang kahariang selestiyal. Basahin ang 1 Nephi 17:13–14 at talakayin ang kagalakan at pagkaunawang mararanasan ng mabubuti pagbalik nila sa Ama sa Langit. Maaari ninyong repasuhin ang bahagi ng plano ng kaligayahan na nagtuturo tungkol sa paglisan natin sa piling ng ating Ama sa Langit para bumaba sa lupa at kung paano tayo makababalik sa kanya sa pamamagitan ng ating katapatan (tingnan sa "Ang Dakilang Plano ng Kaligayahan," mga pahina 13–20).

Paalalahanan ang mga estudyante na maaaring lalong magkalapit ang mga pamilya dahil sa isang namatay o maaari silang magkahiwa-hiwalay. Basahin ang Genesis 50:15–21 at itanong:

- Bakit natakot ang mga kapatid ni Jose nang mamatay si Jacob?
- Ano ang ginawa ni Jose para pawiin ang kanilang mga pangamba?
- Ano ang sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na nagpapahiwatig ng damdamin ni Jose sa kanyang pamilya?

**Genesis 50:24–26; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, PJS, Genesis 50:24–38. Ang mga propesiya tungkol kay Jose na nawala o inalis ay ibinalik sa pamamagitan ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng King James Bible. Nalaman natin na inihayag ng Panginoon kay Jose noong unang panahon ang mga katotohanan tungkol sa misyon ni Moises, sa Panunumbalik ng ebanghelyo, sa pagtawag kay Joseph Smith bilang propeta, at sa paglitaw ng Aklat ni Mormon.** (25–35 minuto)

Tulungan ang mga estudyante na tuklasin ang mga propesiya tungkol kay Jose sa pamamagitan ng pagpapares-pares o paggugrupo sa kanila at ipagawa ang mga aktibidad B, C, at D para sa Genesis 50 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Kapag tapos na sila, ipabahagi ang kanilang mga sagot sa klase at hikayatin silang magtanong at magtalakayan.

Ang Exodo ang pangalawang aklat sa limang aklat ni Moises. Ang ibig sabihin ng salitang Griyego na *exodus* ay "paglabas" o "paglisan" (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Exodo," p. 63) at nakapatungkol sa pagliligtas ng Panginoon sa Israel mula sa pagkaalipin sa Egipto.

Nang magsimula ang Exodo, may bagong dinastiya (dynasty) na namumuno sa Egipto. Ang mga pinunong ito ay "hindi kilala si Jose" (Exodo 1:8) at inalipin ang mga Israelita (tingnan sa Exodo 1:8–11). Nasa Exodo ang kuwento tungkol sa mahimalang paraan ng pagliligtas ng Panginoon sa kanyang mga tao mula sa kanilang pagkaalipin sa ilalim ng inspiradong pamumuno ng propetang si Moises (tingnan sa Exodo 12:51; Deuteronomio 26:8). Inilalarawan din nito ang mga paggala ng Israel sa ilang, ang pagtanggap sa batas ni Moises, at pagtatayo ng tabernakulo.

# Exodo 1–4

## Pambungad

Ipinakikilala ng unang apat na kabanata ng Exodo ang propetang si Moises at ipinaliliwanag ang ilang detalye ng kanyang pagsilang, kung paano siya naging miyembro ng pamilya ni Faraon, at ang pagtawag sa kanya bilang isang propeta. Ipinaaalala sa atin ng mga kabanatang ito na tinatawag at inihahanda ng Panginoon ang mga propeta, inihahayag ang kanyang sarili sa kanila, at binibigyan sila ng mga kaloob na kailangan upang matagumpay na maisakatuparan ang kanilang gawain.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Hindi mapipigilan ni Satanas ang gawain ng Diyos, na nagbabantay at nagpapatatag sa kanyang mga tao sa kanilang mga kahirapan, dinirinig ang kanilang mga panalangin, at tinutupad ang lahat ng kanyang mga pangako (tingnan sa Exodo 1:7–22; 2:1–10, 23–25; 3:7–10; tingnan din sa Genesis 50:24; Exodo 12:51; 1 Nephi 22:22–25; D at T 3:1–3).
- Dapat nating katakutan (igalang, sundin, at irespeto) ang Diyos nang higit kaysa tao (tingnan sa Exodo 1:15–22; tingnan din sa D at T 3:7–8).
- Mahalaga ang papel ng kababaihan sa pagtulong na isakatuparan ang plano ng kaligayahan ng Ama (tingnan sa Exodo 1–2).
- Inihahanda at tinatawag ng Panginoon ang kanyang mga lingkod upang bigkasin ang kanyang mga salita at gawin ang kanyang mga gawain (tingnan sa Exodo 2–4; tingnan din sa Juan 15:16; D at T 1:38).
- Ang mga propeta ng Panginoon ay inorden na noon pa upang gampanan ang ilang partikular na misyon sa lupa (tingnan sa Exodo 3:7–10; tingnan din sa Jeremias 1:5; 2 Nephi 3:9–10, 17).
- Ang mga lugar na tinatahanan ng Panginoon ay sagrado at dapat bigyan ng paggalang at pagpipitagan (tingnan sa Exodo 3:5; tingnan din sa D at T 110:7–8).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Exodo 1–4. Ang Exodo ay maituturing na simbolo ng paglalakbay ng sangkatauhan sa mortalidad at pagbalik sa kinaroroonan ng Diyos.** (20–30 minuto)

*Paunawa:* Maaari ninyong gamitin ang buong mungkahi sa pagtuturo upang ibuod ang aklat ng Exodo o gamitin ang mga bahagi nito sa pagtuturo ninyo ng Exodo 1–4 at ng iba pang mga scripture block. Paalalahanan ang mga estudyante na gamitin ang Pagsasalin ni Joseph Smith, Exodo 4:21 para sa karagdagang mga ideya.

Isulat sa pisara ang salitang *Exodo* at itanong sa mga estudyante kung tungkol saan sa palagay nila ang aklat ng Exodo. Hikayatin silang tingnan kung ano ang inilalarawan ng aklat na *Exodo* sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Sabihin sa mga estudyante na ikinuwento sa aklat ng Exodo ang "paglisan" ng mga Israelita sa Egipto at ng kanilang paglalakbay sa ilang tungo sa lupang pangako.

Isulat sa pisara *Ang buhay ay isang paglalakbay* at repasuhin sa mga estudyante ang plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit, na tinutulungan silang makita ito bilang isang paglalakbay (tingnan sa diagram sa "Buod ng Plano ng Kaligtasan. Mungkahi 2," p. 19). Maaari din kayong magbigay ng papel at magpadrowing sa kanila ng maikling paliwanag ng sarili nilang paglalakbay sa buhay.

Sabihin sa mga estudyante na ang exodo ng mga anak ni Israel palabas ng Egipto papunta sa lupang pangako ay maaaring ituring bilang isang uri o simbolo ng paglalakbay ng sangkatauhan pabalik sa Ama sa Langit. Tukuyin ang apat na pangunahing yugto ng paglalakbay ng Israel sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan na kasama ng sumusunod na mga pamagat:

- Pagkaalipin (tingnan sa Exodo 1:13–14)
- Pagkaligtas (tingnan sa Exodo 3:7–8)
- Paglalakbay sa ilang (tingnan sa Exodo 17:1; 19:1–2)
- Pagpasok sa lupang pangako (tingnan sa Exodo 33:1–3)

Gumawa ng isang tsart na katulad ng sumusunod, na mga reperensya lamang ng banal na kasulatan ang nakasulat. Basahin ng buong klase ang mga reperensya at talakayin ang mga

ito o ipabasa sa iba't ibang estudyante o mga grupo ng mga estudyante ang isa sa mga yugto at ipaulat sa kanila ang natutuhan nila. Punuin ang tsart ng mga ideyang tatalakayin ninyo.

| Pisikal na Paglalakbay ng Israel Papunta sa Lupang Pangako | Espirituwal na Paglalakbay ng Israel Papunta sa Kahariang Selestiyal |
|---|---|
| **PAGKAALIPIN** | |
| Exodo 1:13–14 (Naging alipin ang Israel sa mga Egipcio.) | 2 Nephi 1:13; Mosias 3:19 (Ang likas na tao ay alipin ng kasalanan.) |
| Exodo 5:1–2 (Ang Israel ay sakop ni Faraon.) | Alma 12:11 (Dahil sa kasalanan tayo ay napapasailalim kay Satanas.) |
| Exodo 3:10 (Isinugo si Moises para iligtas ang Israel.) | 2 Nephi 6:17; Alma 11:40 (Isinugo si Jesucristo upang iligtas ang pinagtipanang Israel.) |
| Exodo 4:14–16 (Si Aaron ang tagapagsalita ni Moises.) | D at T 1:38 (Binibigkas ng mga propeta ang mga salita ni Cristo.) |
| **PAGKALIGTAS** | |
| Exodo 7:3–5 (Ipinakita ng sampung salot ang kapangyarihan ng Panginoon sa lahat ng nilalang sa lupa.) | 1 Nephi 7:12–13; 2 Nephi 31:19 (Ang Panginoon ay may kapangyarihang iligtas ang kanyang mga anak.) |
| Exodo 12:1–27 (Naligtas sa pagkalipol ang Israel sa pamamagitan ng dugo ng kordero.) | I Ni Pedro 1:18–19; 2 Nephi 9:7–9 (Naliligtas tayo mula sa walang hanggang kapahamakan sa pamamagitan ng dugo ng Kordero ng Diyos.) |
| Exodo 14:16 (Ang mga Israelita ay dumaan sa Dagat na Pula nang palabas na sila mula sa pagkaalipin.) | I Mga Taga Corinto 10:1–2; Moroni 6:1–4 (Kailangan tayong lumusong sa tubig ng binyag upang maligtas mula sa pagkaalipin sa kasalanan.) |
| Exodo 13:21 (Ang Israel ay pinangalagaan at inakay ng banal na presensya sa alapaap sa araw at sa haligi ng apoy sa gabi.) | Juan 16:13 (Mapangangalagaan at maaakay tayo ng kaloob na Espiritu Santo araw-araw.) |
| **MGA PAGLALAKBAY SA ILANG** | |
| Exodo 16:14–15; 17:6 (Ang Panginoon ay nagpadala ng manna at tubig upang iligtas ang buhay ng mga anak ni Israel.) | Juan 6:31–35; 7:37–39 (Si Jesucristo ang "tinapay ng kabuhayan" at ang "tubig na buhay." Ang Kanyang Pagbabayad-sala ang nagbibigay-lakas sa ating buhay.) |
| Exodo 17:8–13 (Kapag sinusuportahan ng Israel ang kanilang propeta natatalo nila ang kanilang mga kalaban.) | D at T 1:14 (Kailangan nating sundin ang mga propeta at apostol o tayo ay "ihihiwalay sa mga tao.") |
| Exodo 20:1–23 (Sa pamamagitan ni Moises ay binigyan ng Panginoon ang Israel ng mga kautusang maghahanda sa kanila na makapasok sa kanyang kinaroroonan.) | D at T 76:50–62; 93:1 (Sa pamamagitan ng makabagong mga propeta tayo ay binibigyan ng Panginoon ng mga kautusang maghahanda sa atin upang mamuhay sa kanyang piling.) |
| Exodo 25:2–9; D at T 84:23–24 (Iniutos sa Israel na magpunta sa Bundok ng Sinai at, kalaunan ay magtayo ng isang tabernakulo para sa mga sagradong ordenansa at bilang bahay ng Panginoon.) | D at T 124:27–28, 40–42 (Iniutos sa ating magtayo ng mga templo para sa mga sagradong ordenansa at bilang mga bahay ng Panginoon.) |
| **PAGPASOK SA LUPANG PANGAKO** | |
| Mga Bilang 14:29–33; Josue 1:1–9 (Nang sapat na ang kanilang katapatan, inakay ni Josue ang Israel papunta sa lupang pangako.) | Apocalipsis 3:5, 12, 20–21; D at T 76:50–70; 88:17–20 (Ang mga taong makadaraig sa mundo ay pinangakuan ng pamana sa kahariang selestiyal.) |
| Mga Bilang 14:22–30 (Maraming Israelita ang hindi nagkaroon ng pagkakataong makapasok sa lupang pangako dahil sa pagsuway.) | D at T 88:21–24 (Marami ang hindi papapasukin sa kahariang selestiyal dahil ayaw nilang tanggapin ang ebanghelyo at hindi napabanal.) |

Habang tinatalakay ninyo ang bawat kalagayan ng Israel—at ang ating—paglalakbay, ang sumusunod na mga tanong at banal na kasulatan ay maaaring makatulong sa talakayan:

- **Pagkaalipin:** Paano tayong naaalipin sa ating buhay? (tingnan sa 2 Nephi 1:13). Paano tayong inaalipin ng kasalanan? (tingnan sa Alma 34:35).
- **Kaligtasan:** Gaano ang kabatiran ng Panginoon na naalipin ang mga anak ni Israel? (tingnan sa Exodo 3:7–10). Ano ang sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan tungkol sa damdamin ng Panginoon sa kanyang mga anak na naalipin ng kasalanan? (tingnan sa Ezekiel 18:23; 3 Nephi 9:1–2, 5). Paano tayo inililigtas ng Panginoon mula sa kasalanan? (tingnan sa Alma 7:13–14). Ituro na habang paalis sa Egipto ang mga anak ni Israel tumawid sila sa Dagat na Pula, na sumisimbolo sa binyag (tingnan sa I Mga Taga Corinto 10:1–2).
- **Mga paglalakbay sa ilang:** Ano ang pumatnubay sa mga anak ni Israel sa paglalakbay nila sa ilang? (tingnan sa Exodo 13:21–22). Ano ang gumagabay sa atin ngayon at inilalarawan din bilang "apoy"? (tingnan sa 2 Nephi 31:13; 2 Nephi 32:5). Sa ilang ay pinakain ng Panginoon ang mga anak ni Israel at binigyan sila ng tubig na maiinom upang manatili silang ligtas sa kanilang paglalakbay (tingnan sa Exodo 16–17). Paano espirituwal na itinataguyod ng Panginoon ang kanyang mga tao? (tingnan sa I Mga Taga Corinto 10:1–4; 2 Nephi 32:3; D at T 20:77–79).
- **Pagpasok sa lupang pangako:** Ano ang lupang pangako na ating hinahangad? (tingnan sa Mga Hebreo 11:14–16). Ano ang hiniling ng Panginoon bago makapasok ang mga anak ni Israel sa lupang pangako? (Pagsunod sa mga kautusan at tipan, tulad ng Sampung Utos.)

**Exodo 1–2. Ang pagpiling gawin ang tama ay mahirap kadalasan.** (30–35 minuto)

Bigyan ng kalahating papel ang bawat estudyante. Ipabuklat sa klase ang Exodo 1 at takpan ng papel ang pahinang iyon sa kanilang mga banal na kasulatan. Sabihing alisin lamang nila ang takip ng piling mga talata kapag sinabihan sila. Ipabasa sa mga estudyante ang mga talata sa unang scripture block sa ibaba, at iwanang may takip ang talatang may sagot. Magtanong at hayaang hulaan ng mga estudyante ang sagot. Ipaalis sa kanila ang takip sa talatang may sagot at ipatalakay kung kailangan. Ulitin ang paraang ito sa natitirang mga banal na kasulatan at mga tanong.

- Basahin ang Exodo 1:6–10. Ano ang ginawa ng mga Egipcio sa mga Israelita? (Sagot: Exodo 1:11.)
- Basahin ang Exodo 1:12–13, 15–16. Ano ang ginawa ng mga hilot? (Sagot: Exodo 1:17.)
- Basahin ang Exodo 1:18. Paano sinagot ng mga hilot ang hari? (Sagot: Exodo 1:19–21.)
- Basahin ang Exodo 1:22–2:2. Ano ang ginawa ng babae sa kanyang sanggol na anak na lalaki pagkalipas ng tatlong buwan? (Sagot: Exodo 2:3–4.)
- Basahin ang Exodo 2:5–6. Ano ang ginawa ng anak ni Faraon sa sanggol? (Sagot: Exodo 2:7–10.)
- Basahin ang Exodo 2:11. Ano ang ginawa ni Moises nang makita niyang hinahampas ng isang Egipcio ang isang Hebreo? (Sagot: Exodo 2:12.)
- Basahin ang Exodo 2:13–14. Ano ang ginawa ni Moises? (Sagot: Exodo 2:15.)
- Basahin ang Exodo 2:16–20. Ano ang ginawa ni Reuel para kay Moises? (Sagot: Exodo 2:21–22.)
- Basahin ang Exodo 2:23–25. Ano ang ginawa ng Diyos para sa mga anak ni Israel? (Sagot: Exodo 3–14.)

Isulat sa pisara ang sumusunod:

- *Mga hilot:* kababaihang tumutulong sa pagpapaanak (tingnan sa Exodo 1:15–21)
- *Ina ni Moises* (tingnan sa Exodo 1:22–2:4)
- *Moises* (tingnan sa Exodo 2:10–12, 15; Mga Gawa 7:22–25)

Hatiin sa tatlong grupo ang klase. Atasan ang bawat grupo ng isa sa mga scripture block para basahin at ipahanap sa kanila ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Ano ang ginawa ng taong iyon o ng mga taong iyon na nangailangan ng tapang o lakas ng loob?
- Bakit nila ginawa iyon?
- 9 Paanong isang pagpapakita ng pananampalataya iyon?
- Paano sila pinagpala ng Panginoon matapos ang kanilang ginawa?

Ipabahagi sa bawat grupo ang kanilang mga sagot sa klase. (Kung may mga tanong ang mga estudyante tungkol sa pagpatay ni Moises sa Egipcio, banggitin ang komentaryo para sa Exodus 2:11–15 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 105).

Bigyan ang mga estudyante ng ilang minuto upang makapagsulat tungkol sa tao o mga taong tinalakay sa araling ito kung kanino sila natuto at ipaliwanag kung bakit. Kung may panahon pa, anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi ang kanilang isinulat.

**Exodo 1–2. Ang kababaihan ay may mahalagang papel na gagampanan sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit.** (10–15 minuto)

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 1–2 at magpahanap ng mga reperensya ukol sa kababaihan. Tukuyin ang bawat isa na nasa pisara. (Mga hilot, ina ni Moises, kapatid na babae ni Moises, anak na babae ni Faraon, Zephora at ang anim pang anak na babae ni Reuel [Jethro].) Itanong:

- Paano naimpluwensyahan ng kababaihang ito ang buhay ni Moises?
- Ano ang isang bagay na magkakapareho sa kababaihang ito? (Tinulungan nilang lahat si Moises—iniligtas pa ng ilan ang kanyang buhay.)

Talakayin ang mahalagang papel ng kababaihan sa buhay ng inyong mga estudyante. Maaari ninyong gamitin ang sumusunod na mga ideya at tanong:

- Talakayin ang malaking impluwensya ng kababaihan sa inyong buhay. Itanong kung ano ang maaari nating gawain upang maipakitang batid natin ang malaking impluwensya nila.
- Alin sa inyong mga tagumpay ang masasabi ninyong dulot ng impluwensya ng mahahalagang kababaihan sa inyong buhay?
- Ano ang humikayat sa kanila para pagpalain ang inyong buhay?

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

> "Sabi nga 'Kapag tinuruan mo ang isang lalaki, naturuan mo ang isang tao; ngunit kapag tinuruan mo ang isang babae, naturuan mo ang buong pamilya.' (Dr. Charles D. McIver) Nais nating makapag-aral nang husto ang ating kababaihan, dahil baka hindi makaahon ang mga bata mula sa kawalang kaalaman ng kanilang mga ina" (*Men of Example* [mensahe sa mga tagapagturo ng relihiyon, 12 Set. 1975], 9–10).

Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin niyan. Magpatotoo tungkol sa mahalagang papel ng kababaihan noon pa man sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit. Kadalasan ang kababaihan ay hindi kinikilala sa kanilang mahalagang kontribusyon. Hikayatin ang mga estudyante na mag-ukol ng panahon upang kilalanin at pasalamatan ang kababaihang nagpala sa kanilang buhay.

**Exodo 3:1–10. Ang pagpipitagan ay nag-aanyaya ng paghahayag.** (15–20 minuto)

Hilingin sa mga estudyante na tumahimik nang husto at pakinggan ang mga tunog na karaniwan ay hindi nila mapapansin. Makalipas ang isang minuto itanong sa kanila kung ano ang narinig nilang mga tunog. Ituro na noon pa man ay naroon na ang mga tunog na iyon, ngunit kinailangan ng espesyal na atensyon upang marinig ang mga ito. Ihambing ang karanasan ng matamang pakikinig sa mga pangkaraniwang tunog sa kahalagahan ng pakikinig sa mga bulong ng Espiritu. Tulad ng kailangan tayong tumahimik para marinig ang ilang pangkaraniwang mga tunog, kailangan tayong magpitagan para madama ang komunikasyon ng Espiritu Santo.

Sa pagsasalita tungkol sa kahalagahan ng pagpipitagan sa ating mga pulong sa Simbahan, sinabi ni Elder Boyd K. Packer:

> "Ang pagpipitagan ay nag-aanyaya ng paghahayag.
>
> "Ang pagpipitagang binabanggit natin ay hindi nangangahulugan ng lubusang katahimikan" (sa Conference Report, Okt. 1991, 28; o *Ensign,* Nob. 1991, 22).

Isulat sa pisara ang salitang *pagpipitagan* at ipalista sa mga estudyante ang mga elemento ng pagpipitagan na nag-aanyaya sa diwa ng paghahayag (tulad ng malilinis na kaisipan, kababaang-loob, pag-iwas sa mga panggagambala, sagradong musika, at pagbubulay ng banal na kasulatan). Itanong sa mga estudyante kung paano tayo tinutulungan ng pagpipitagan na tumanggap ng inspirasyon mula sa ating Ama sa Langit.

Si Moises ay nagpakita ng malaking pagpipitagan sa Panginoon nang siya ay umakyat sa bundok. Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 3:1 at 19:18 at tukuyin ang dalawang pangalan ng bundok na ito ng Panginoon. Ipabuklat sa kanila ang bahaging "Mga Mapa at Talatuntunan ng mga Pangalan ng Lugar" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* at ipahanap ang kinaroroonan ng Bundok ng Sinai ("Sinai, Bundok ng [Horeb]").

Basahin ang Exodo 3:2–6. Sabihin sa mga estudyante na pinalitan ni Propetang Joseph Smith ang salitang *anghel* sa talata 2 kung kaya't mababasa itong: "At ang presensya ng Panginoon ay nagpakita sa kanya." Ipaunawa sa kanila na kailangang magpitagan sa Panginoon sa pamamagitan ng pagtatanong kung ano ang ipinagawa kay Moises nang papalapit na siya sa nagliliyab na palumpong. Ipaisip sa kanila ang isang sandali sa kanilang buhay na nadama nila na tila nakatuntong sila sa banal na lupa. Anyayahan ang ilan na sabihin kung saan sila naroon noon at ano ang nadama nila.

Magturo ng pagpipitagan sa Panginoon kapag nasa klase ng seminary sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sumusunod na payo mula kay Elder Packer:

> "Kapag nagtitipon tayo para pag-aralan ang mga doktrina ng ebanghelyo, ito ay dapat gawin sa diwa ng pagpipitagan" (sa Conference Report, Okt. 1991, 27; or *Ensign*, Nob. 1991, 21).

Ipagunita sa mga estudyante ang mga aktibidad ng klase na nakatulong sa kanilang madama na napakalapit nila sa kanilang Ama sa Langit. Purihin sila sa mga pagsisikap nila noon na anyayahan ang Espiritu sa klase sa pamamagitan ng kanilang pagpipitagan. Magpatotoo na kailangang gawin palagi ang bagay na lubos na nag-aanyaya sa diwa ng pagpipitagan habang pinag-aaralan nila ang ebanghelyo.

**Exodo 3:7–10. Ang buhay ng mga matwid ay madalas magpaalala sa atin ng buhay ng Tagapagligtas.** (10–15 minuto)

Nang tawagin si Moises na maging propeta sinabi sa kanya ng Panginoon, "Ikaw ay kawangis ng aking Bugtong na Anak; at ang aking Bugtong na Anak ay at ang magiging Tagapagligtas, sapagkat siya ay puspos ng biyaya at katotohanan" (Moises 1:6). Basahin ang Deuteronomio 18:15 at ipaliwanag na ang Propetang ipinropesiya ni Moises ay si Jesucristo. Ang pagkakatulad ng buhay ni Moises at ng buhay ni Jesucristo ay kapukaw-pukaw at kapupulutan ng aral. Isiping maghanda ng handout ng tsart sa bandang huli ng mungkahing ito sa pagtuturo. Iwanang blangko ang hanay na "Mga Pagkakatulad" at papunan ito sa inyong mga estudyante habang pinag-aaralan ninyo ang mga reperensya ng banal na kasulatan.

Ang mungkahing ito sa pagtuturo ay maaaring gamitin sa iba't ibang paraan:

- Gamitin ito rito bilang buod ng buhay ni Moises.
- Gamitin ito sa Exodo 17 bilang pagrerepaso ng mga himalang ginawa ni Moises.
- Hatiin ang inyong klase sa maliliit na grupo at iatas sa kanila ang mga bahagi ng tsart. Ipabasa sa kanila ang mga reperensya ng banal na kasulatan ukol kay Moises at sa Tagapagligtas at ipalarawan ang nakita nilang mga pagkakatulad.
- Magdispley ng malaking tsart sa silid. Basahin ang unang dalawa o tatlong set ng mga reperensya ng banal na kasulatan at tulungan ang mga estudyante na tuklasin ang mga pagkakatulad. Hikayatin silang tuklasin ang iba pang mga pagkakatulad sa sarili nilang pag-aaral. Padagdagan ang tsart sa kanila, na ibinabahagi sa iba pang mga estudyante ang mga banal na kasulatan at mga pagkakatulad kapag nakita nila ang mga ito sa pag-aaral nila ng mga aklat ng Exodo hanggang Deuteronomio.

Mahalagang maunawaan ng mga estudyante na ang lahat ng bagay, pati na ang buhay at mga turo ng mga propeta, ay nagpapatotoo kay Jesucristo (tingnan sa Jacob 7:10–11; Moises 6:63).

| Moises | Mga Pagkakatulad | Jesucristo |
|---|---|---|
| Exodo 1:15–16, 22; 2:1–3 | Kapwa nila natakasan ang hatol ng kamatayan noong sanggol pa lamang sila. | Mateo 2:13–16 |
| Exodo 3:7–10 | Kapwa sila natawag upang iligtas ang Israel. | 2 Nephi 6:17 |
| Moises 1:1, 8, 11 | Kapwa sila tinangay ng Espiritu sa isang mataas na bundok kung saan ipinakita sa kanila ang mga kaharian ng mundo. | *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Mateo 4:8 |
| Moises 1:12–22 | Kapwa sila nanalo sa pakikipagtunggali kay Satanas. | Mateo 4:3–11 |
| Exodo 4:19 | Kapwa sila nanatili sa malayong lugar hanggang sa ang mga haring naghangad na ipapatay sila ay nangamatay. | Mateo 2:19–20 |
| Exodo 14:21 | Kapwa nila nakontrol ang hangin at ang karagatan. | Marcos 4:37–39 |
| Exodo 16:15–18 | Kapwa sila mahimalang nagbigay ng tinapay. | Juan 6:35 |
| Exodo 17:5–6 | Kapwa sila nagbigay ng tubig na nakapagliligtas ng buhay. | Juan 4:10–14 |
| *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Juan 1:17 | Kapwa sila dakilang mga tagapagbigay ng batas. | 3 Nephi 15:5–10 |
| Deuteronomio 9:16–20, 23–26 | Kapwa sila mga tagapamagitan sa Diyos at sa kanilang mga tao. | I Kay Timoteo 2:5 |

**Exodo 3–4. Tinutulungan ng Panginoon ang mga tumatanggap ng tawag na maglingkod sa kanya, at matutulungan niya tayong lutasin ang ating mga pansariling alinlangan at kawalang katiyakan kung pahihintulutan natin siya.** (30–40 minuto)

Gumawa ng tawag na magmisyon sa isang lugar na kakaunti lamang ang alam tungkol dito ng inyong mga estudyante. Hayaang isaad dito na ang taong tinawag ay maglilingkod nang walang kasama. Basahin sa klase ang tawag sa misyon at itanong:

- Ano ang mararamdaman ninyo kung makatanggap kayo ng tawag na magmisyon sa isang lugar na hindi pa ninyo narinig o wala kayong alam tungkol dito?
- Ano ang magpapalakas sa inyong loob upang tanggapin ang tawag na ito?

Repasuhin nang bahagya sa mga estudyante ang tawag kay Moises sa Exodo 3. Ipasaliksik sa kanila ang Exodo 3:11–15 at 4:1–17 at ipakumpleto ang aktibidad A para sa Exodo 4 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Matapos nilang makumpleto ang aktibidad, repasuhin kung paano tumulong ang Panginoon upang malutas ang mga alalahanin ni Moises at kung paano tayo maaaring matulungan ng mga solusyon ng Panginoon sa pagtanggap natin ng mga tungkuling puno ng hamon. Ang sumusunod na buod ay maaaring makatulong sa talakayan sa inyong silid:

- **Unang alalahanin:** "Sino ako, upang pumaroon?" (tingnan sa Exodo 3:11). Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin ni Moises. Ang sagot ng Panginoon ay mensahe ng panghihikayat (tingnan sa t. 12). Naroon siya para tumulong kay Moises.
- **Ikalawang alalahanin:** "Ano ang sasabihin ko kapag gustong malaman ng mga tao kung sino ang nagsugo sa akin?" (tingnan sa t. 13). Itanong sa mga estudyante kung ano ang dalawang pangalan na ibinigay ng Panginoon kay Moises (tingnan sa mga talata 14–15). Ipaunawa sa kanila ang kahalagahan ng titulong "I Am" (tingnan sa komentaryo para sa Exodus 3:11–18 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 105). Itanong: Paano natin matatanggap ang pangalan ng Panginoon ngayon? Paano makakatulong ang pagtanggap ng kanyang pangalan sa pamamagitan ng tipan sa binyag at sa sacrament sa pagharap natin sa mga hamon?
- **Ikatlong alalahanin:** "Paano kung hindi nila ako paniwalaan?" (tingnan sa Exodo 4:1). Bilang sagot sa alalahaning ito gumawa ng himala ang Panginoon gamit ang tungkod ni Moises. Itanong: Ano ang maaaring isinisimbolo ng tungkod? (Awtoridad.) Anong awtoridad ang natanggap ni Moises mula kay Jethro sa Madian? (Ang priesthood; tingnan sa D at T 84:6.) Ano ang priesthood? (Ang awtoridad na kumilos sa pangalan ng Diyos.) Anong kaibahan ang maaaring magawa nito sa isang misyonero na malaman na siya ay may awtoridad na maging kinatawan ng Diyos?
- **Ikaapat na alalahanin:** "Ako'y hindi marikit mangusap" (tingnan sa Exodo 4:10). Ipabasa sa mga estudyante ang sagot ng Panginoon sa Exodo 4:11–12. Gayunman, atubili pa rin si Moises na maging tagapagsalita ng Diyos. (Tingnan sa komentaryo para sa Exodus 4:10–17 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (mga pahina 105–6), para maipaunawa sa mga estudyante ang kanyang damdamin ng kakulangan ng kakayahan). Itanong: Paano sumagot ang Panginoon sa damdamin ni Moises? (tingnan sa mga talata 14–16). Ano ang sinasabi nito sa atin tungkol sa pagmamalasakit ng Panginoon at kahandaan niyang tumulong sa atin?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 4:27–31 upang matuklasan kung paano tumugon ang mga anak ni Israel kay Moises nang siya ay magbalik. Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang mga tungkulin o responsibilidad na maaaring katakutan ng isang tao o kaya'y atubili niyang tanggapin? (Halimbawa, asaynment na magsalita, mga proyektong pang-serbisyo, o pagmimisyon.)
- Paano tayo pinalalakas at tinutulungan ng Panginoon na madaig ang mga damdaming ito? (tingnan sa 1 Nephi 3:7; D at T 60:2–4).

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 6:14, 20–24 o Moroni 10:3–5 at talakayin ang mga pagpapalang natanggap ng iba mula sa Panginoon. Magpatotoo na susuportahan at palalakasin tayo ng Panginoon kapag kailangan natin ito at, tulad ng pinatotohanan ni Pangulong Thomas S. Monson, "Siya na tinawag ng Diyos, ay pinagigindapat ng Diyos" (sa Conference Report, Abr. 1987, 54; o *Ensign*, Mayo 1987, 44).

# Exodo 5–10

## Pambungad

Habang inihahanda si Moises sa kanyang misyon, nalaman niya na wala nang hihigit pa sa kapangyarihan ng Diyos (tingnan sa Moises 1:10, 13–15, 20–22, 33). Ang kaalamang ito ay nakatulong upang magkaroon siya ng pananampalatayang gawin ang lahat ng ipinagagawa sa kanya ng Panginoon. Kinailangan ng mga anak ni Israel na magkaroon ng gayunding pananampalataya upang makapagtiwala sa Diyos na ligtas na aakay sa kanila palabas ng Egipto tungo sa lupang pangako. Sa pamamagitan ng napakalaking pagpapamalas ng kanyang kapangyarihan, binigyan ng Panginoon ng pagkakataon ang mga Israelita na magkaroon ng gayong pananampalataya. Nang lisanin nila ang Egipto, nagkaroon sila ng maraming pagkakataon upang malaman na ang kanilang Diyos ang tunay at buhay na Diyos at siya ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay.

Nang ipanumbalik ang Simbahan nitong mga huling araw sinabi ng Panginoon na "ang mahihinang bagay ng sanlibutan ay magsisilabas at bubuwagin ang mga makapangyarihan at ang malalakas [ipinapakitang] ang tao ay hindi dapat magpayo sa kanyang kapwa tao, ni magtiwala sa bisig ng laman" (D at T 1:19). Ito ang huwaran ng Panginoon sa simula pa lamang. Noong panahon ni Moises, ang Egipto ang pinakamalakas na bansa sa mundo sa aspetong tulad ng yaman, edukasyon, teknolohiya, matematika, at astronomiya. Sa kabaligtaran, ang mga Israelita ay mga alipin noon na nagtatrabaho nang mabigat. Nang harapin niya ang faraon, gumugol na ng apatnapung taon si Moises sa disyerto bilang pastol. Wala siyang mga alagad, mataas na katayuan, o kapangyarihan. Ngunit nasa panig niya ang Panginoon at ang lubos na pagtitiwala sa kapangyarihan ng Diyos sa lahat ng bagay. Ang mga Egipcio ay maraming diyus-diyusan at itinuring pang diyos si faraon, ngunit ipinakita ng Panginoon na walang kapangyarihang magligtas ang mga diyus-diyusan at tanging ang mga nagtitiwala sa kanya ang malakas at makapangyarihan.

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Maaari tayong iligtas ng Panginoon mula sa ating mga pagsubok at pagdurusa o bibigyan tayo ng lakas upang matiis ang mga ito (tingnan sa Exodo 6:6–7; tingnan din sa Mosias 24:13–14).
- Ang Diyos ay may kapangyarihan sa lahat ng bagay (tingnan sa Exodo 7:3–5, 10–12, 20; 8:5, 16, 24; 9:6, 10, 23; 10:13, 22; tingnan din sa Exodo 11:4–7; 12:22–30).
- May mga huwad na himala na hindi sa Diyos (tingnan sa Exodo 7:10–12, 22; 8:7, 18).
- Ang mga himala ay dumarating bilang bunga ng pananampalataya; hindi ito ang lumilikha ng pananampalataya (tingnan sa Exodo 8:19, 31–32; 9:7, 11, 34–35; 10:19–20; tingnan din sa Exodo 4:31; 11:10; D at T 63:7–12).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Exodo 5. Bakit dumaranas tayo kung minsan ng maraming oposisyon kapag sinisikap nating gawin ang tama?** (30–35 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung naranasan na ba nila ang tila masasamang bungang dulot ng paggawa ng tama. Anyayahan ang isa o dalawa na maikling ibahagi ang kanilang karanasan sa klase. Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 5 at ipaulat kung ano ang sinikap gawin nina Moises at Aaron at ano ang nangyari dahil dito. Ipalahad sa kanila sa sarili nilang mga salita kung ano ang sinabi ng mga tao kay Moises at ano ang sinabi ni Moises sa Panginoon (tingnan sa mga talata 21–23).

Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila maaaring pinahintulutan ng Panginoon ang Faraon na pahirapan si Moises sa pagsasakatuparan ng kanyang misyon. Ipaunawa sa kanila ang sumusunod na dalawang dahilan:

- Ginamit ni Faraon ang kanyang kalayaan sa pagpili. Patuloy siyang nagrebelde hanggang sa ang mga bunga ng kanyang mga desisyon ang kumumbinsi sa kanyang sundin ang salita ng Panginoon, tulad ng ipinropesiya sa Exodo 3:19–20.
- Ipinakita ng Panginoon sa mga anak ni Israel na tanging sa kapangyarihan niya sila naligtas mula sa Egipto (tingnan sa Exodo 6:6–8). Kung nagawa ang exodo mula sa Egipto sa pamamagitan ng simpleng kasunduan sa pagitan ni Moises at ni Faraon, marahil kaunti lang ang magiging pang-unawa ng mga Israelita sa kapangyarihan at karunungan ng Diyos. Nang lisanin sa wakas ng Israel ang Egipto, walang duda kung sa anong kapangyarihan sila naligtas,

kahit sa isipan ng mga Egipcio (tingnan sa Exodo 7:3–5; 8:10, 19, 22; 9:13–14, 29; 10:1–2; 11:4–7).

Itanong sa mga estudyante:

- Ano sa palagay ninyo ang madarama ninyo kung nanirahan kayong kasama ang mga anak ni Israel noong panahong iyon at nasaksihan ang maraming himala?
- Ano ang naging reaksyon ng mga Egipcio sa mga salot? (tingnan sa Exodo 12:31–33).
- Naranasan na ba ninyo ang tulong ng Panginoon sa pagdaig sa isang problemang napakahirap ninyong harapin nang mag-isa?
- Bakit mahalaga na pahintulutan kayo ng Panginoon na mag-isang makibaka sa problema bago siya tumulong?
- Paano naapektuhan ng inyong pakikibaka ang inyong pananampalataya sa Diyos?
- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 121:1–8 at 122:5–9. Mula sa natutuhan natin sa dalawang banal na kasulatang ito, bakit hinahayaan ng Panginoon na dumanas tayo ng kahirapan sa halip na gawin itong madali para sa atin, kahit na sinisikap nating gawin ang tama?

Magpatotoo kung paano naging malaki ang papel na ginagampanan ng ating mga pagsubok sa buhay na ito sa ating pagiging katulad ng Diyos.

**Exodo 7:1–22; 8:5–10, 16–24. May mga huwad na himala na mga panlilinlang ng mga tao o ni Satanas at hindi sa Diyos.** (10–15 minuto)

Hawakan at ipakita ang isang tunay na perang papel. Itanong kung may estudyanteng nakaaalam kung tunay ang pera. Magpakita ng ilang laruang pera o idinrowing lang na pera. Itanong kung bakit madaling makita ang kaibhan ng tunay na pera at ng huwad na pera. Isulat sa pisara ang salitang *huwad* at itanong kung ano ang ibig sabihin ng salita. ("Gayahin ang isang bagay na may halaga sa layon na makapanlinlang" o "huwad na replika.") Itanong:

- Bakit nadadaya ang mga tao ng huwad na pera?
- Bakit maaaring hindi malaman ng isang bata na ang laruang pera ay hindi totoong pera?
- Bakit mahalagang malaman ang isang tunay na bagay para maiwasan ang malinlang?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 7:11, 22; 8:7 at maghanap ng mga huwad. Itanong: Paano nagagawa ng mga tao ang gayong panlilinlang ngayon? Basahin ang komentaryo para sa Exodus 7:11–12 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 107–8). Magdrowing ng dalawang hanay sa pisara; pamagatan ang isa ng *Mga mahiko* at ang isa pa ng *Diyos (sa pamamagitan ni Moises).* Ipaaral sa mga estudyante ang Exodo 7:10–12, 19–22; 8:5–10, 16–24; 9:11 at ihambing ang panlilinlang ng mga mahiko sa kapangyarihan ng Diyos. Ilista ang nagawa ni Moises at ng mga mahiko. Itanong:

- Ano ang nagawa ng mga mahiko, at gaano kapaki-pakinabang ito?
- Ano ang hindi nagawa ng mga mahiko?

Tukuyin ang ilan sa mga huwad na pamamaraang gamit ni Satanas ngayon para lituhin ang sangkatauhan at isailalim tayo sa pagkaalipin. (Halimbawa, pagnanasa sa halip na pagmamahal, huwad na priesthood sa halip na totoong priesthood, kasal na sibil sa halip na walang hanggang kasal, at karunungan ng tao sa halip na inspirasyon ng Diyos.) Ipabasa sa mga estudyante ang Moroni 7:16–19 at tuklasin kung paano natin malalaman ang mabuti sa masama. Basahin ang 1 Nephi 22:25–28 at talakayin kung paano magkakaroon ng kapangyarihan laban kay Satanas at sa kanyang mga panlilinlang.

**Exodo 7–10. Ang mga salot ng Egipto ay nagpatatag sa pananampalataya ng mga Israelita, kumumbinsi kay Faraon na pawalan na ang Israel mula sa pagkaalipin, tumuligsa sa kredibilidad ng mga diyus-diyusan ng Egipto, at simbolo ng uri ng kapahamakang naghihintay sa masasama bago ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon.** (45–55 minuto)

Bago magsimula ang klase, magpadrowing sa ilang estudyante ng simpleng larawan ng bawat isa sa unang siyam na salot ng Egipto sa magkakahiwalay na papel, na may kasamang nakasulat na pamagat upang matukoy ang salot (tingnan sa tsart sa mungkahing ito para sa listahan ng mga salot). Ipadispley sa mga estudyante ang kanilang mga drowing na larawan nang hindi magkakasunod. Anyayahan ang iba pang miyembro ng klase na isaayos ang mga larawan ayon sa inaakala nilang pagkakasunud-sunod ng mga ito. (Kung magkamali sila, itatama nila ito sa susunod na aktibidad.)

Idrowing sa pisara ang tsart na kasama ng aktibidad B para sa Exodo 7–10 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral. Iatas ang bawat scripture block patungkol sa mga salot sa bawat isa o sa grupo ng mga estudyante. Ipabasa sa mga estudyante ang banal na kasulatan at ipaulat ang kanilang natutuhan. Habang nag-uulat sila, ipaayos sa kanila ang mga larawan ng mga salot sa wastong pagkakasunud-sunod kung kailangan. Pagkatapos ng bawat report o ulat, anyayahan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang impresyon o mga tanong tungkol sa mga pangyayari.

Sabihin sa mga estudyante na bukod sa paggawa ng paraan para hayaan ni Faraon na humayo na ang mga Israelita, may iba pang mahahalagang dahilan ang pagpapadala ng mga salot. Ibahagi sa kanila ang impormasyon sa komentaryo para sa Exodus 7–10 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (p. 107). at ang sumusunod na tsart. (Huwag munang ibahagi ang impormasyon sa hanay tungkol sa mga propesiya sa mga huling araw.)

| Mga Salot | Mga Diyus-diyusan ng Egipto | Mga Pagkakatulad sa mga Propesiya sa mga Huling Araw |
|---|---|---|
| 1. Tubig na naging dugo (tingnan sa Exodo 7:17–25) | Hapi (o Hopi)—ang pumipigil sa mga tubig ng Nile, na itinuturing mismong sagrado | Tingnan sa Apocalipsis 8:8; 16:3–6 |
| 2. Mga palaka (tingnan sa Exodo 8:2–6) | Heqt (o Heket)—diyosa na may ulong palaka | Tingnan sa Apocalipsis 16:12–14 |
| 3. Mga kuto, o mga niknik (tingnan sa Exodo 8:16–17) | Seth—diyos ng lupa; naging kuto, o mga niknik | |
| 4. Mga langaw (tingnan sa Exodo 8:21–24) | Malamang si Uachit—na kinakatawan ng isang langaw | Tingnan sa Doktrina at mga Tipan 29:18–20 |
| 5. Namatay ang mga kawan ng hayop (tingnan sa Exodo 9:2–7) | Apis at Mnevis—mga diyos na toro; Hathor—diyosang may ulong baka; Khnum—diyos na lalaking tupa | |
| 6. Mga bukol na naknakin (tingnan sa Exodo 9:8–11) | Sekhmet—diyosa na may kapangyarihan laban sa sakit; Sunu—ang diyos ng salot; Isis—isang diyosa ng paggaling | |
| 7. Granizo at apoy (tingnan sa Exodo 9:22–26) | Nut—ang diyosa ng langit; Osiris—ang diyos ng mga pananim at pagkamabunga | Tingnan sa Apocalipsis 8:7 |
| 8. Mga balang (tingnan sa Exodo 10:12–15) | Osiris—diyos ng mga pananim at pagkamabunga | Tingnan sa Apocalipsis 9:3 |
| 9. Kadiliman (tingnan sa Exodo 10:21–23) | Khepri, Re (o Ra) at Amun—mga diyos ng araw | Tingnan sa Apocalipsis 6:12; Doktrina at mga Tipan 45:42; Joseph Smith—Mateo 1:33 |
| 10. Pagkamatay ng mga panganay (tingnan sa Exodo 12:12–30) | Faraon—itinuturing na diyos, ngunit walang kapangyarihang iligtas ang sarili niyang anak mula sa kamatayan; Isis—diyosang nangangalaga sa mga bata | |

Talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Aling mga salot ang nagawang gayahin ng mga Egipcio?
- Sa palagay ninyo, bakit ipinadala ang mga salot sa mga bagay ng kalikasan, tulad ng Ilog ng Nile at mga kawan ng hayop?
- Kailan ipinadala ng Panginoon ang mga salot sa mga Egipcio lamang at hindi pati sa mga Israelita? (tingnan sa Exodo 8:22).
- Ano ang gustong ituro ng mga salot sa mga Israelita? (tingnan sa Exodo 6:1–8).
- Kung isa kayo sa mga Egipcio, paano kaya maaaring naapektuhan ng mga salot ang inyong isipan tungkol sa inyong mga diyus-diyusan? (tingnan sa Exodo 7:17; 8:22; 9:13–16).
- Pagkatapos sa aling salot kaya handa na ninyong palayain ang Israel?
- Kung isa kayo sa mga Israelita, paano kaya maaaring naapektuhan ng mga himalang iyon ang inyong damdamin sa Diyos ng Israel?
- Anong karagdagang ideya ang ibinibigay ng Pagsasalin ni Joseph Smith sa Exodo 7:13? (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Exodo 4:21).

Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 84:96–97 at ipapuna ang ilan sa mga pagkakatulad nito sa Exodo 7–10. Ibahagi ang mga banal na kasulatan sa hanay tungkol sa mga propesiya sa mga huling araw na nasa tsart. Itanong sa mga estudyante kung ano ang ginawa ng Panginoon para sa sinaunang Israel para maligtas sila mula sa mga salot (tingnan sa Exodo 8:22–23). Basahin ang 2 Nephi 6:13–15 at tuklasin kung sino ang maliligtas mula sa mga kapahamakan ng mga huling araw. Itanong sa mga estudyante kung ano ang kailangang gawin ng mga naniniwala kay Cristo upang maligtas (tingnan sa D at T 133:7–11).

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng hindi pakikibahagi sa kasamaan ng mundo bagama't sa ngayon ay kailangan tayong mabuhay sa gitna ng mga tukso nito.

**Exodo 7–10. Maaaring palakasin ng mga himala ang umiiral na pananampalataya, ngunit hindi ito nakalilikha ng pananampalataya o patotoo.** (10–15 minuto)

Dalhin sa klase ang isang blangkong papel, isa pang papel na katulad nito na may kaunting maliliit na sulat dito, at isang lente. Isulat ang *lente* at *sulat sa papel* sa pisara.

Itaas ang blangkong papel at papuntahin ang isang estudyante sa harapan ng klase at gumamit ng lente para mahanap at mabasa ang maliliit na titik na nakasulat sa papel. Matapos mahirapan sandali ang estudyante, itanong kung bakit hindi niya mabasa ang nakasulat sa papel. Ibigay sa estudyante ang papel na may maliit na sulat at ipabasa sa kanya ang nakasulat sa papel. Kapag nahanap at nabasa na ito ng estudyante, kumpletuhin ang mga kataga na nasa pisara, tulad ng makikita sa

sumusunod na kahon. Sabihin sa mga estudyante na matutuklasan nila ngayon kung ano ang kinalaman ng lente at ng papel kina Moises at Faraon.

Lente = ____________________________________

Nakasulat sa papel = _________________________

Itanong sa mga estudyante ang sumusunod:

- Kung ang propeta ngayon ay gumawa ng gayong himala, madaragdagan ba nito ang inyong pananampalataya na siya ay isang propeta? Bakit?
- Kumbinsido rin ba ang lahat katulad ninyo na siya ay isang propeta? Bakit hindi?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 7:13–14; 8:15–19; 9:7–12; 10:27; 11:1–10. Itanong sa kanila kung bakit hindi nakumbinsi ng mga himala si Faraon tungkol sa katotohanan. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 63:7–12 sa inyong mga estudyante at talakayin ang sinabi ng Panginoon tungkol sa mga himala at pananampalataya. Ibahagi ang sumusunod na katotohanan mula kay Elder Bruce R. McConkie, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Walang nakasaad sa batas ng pananampalataya na ang mga himala ay makalilikha ng pananampalataya. Ang mga palatandaan ay *sumusunod;* hindi nauuna" (*Doctrinal New Testament Commentary,* 3 tomo [1966–73], 1:632).

Ituro ang dalawang hindi tapos na equation sa pisara at itanong sa mga estudyante kung mapupunan na nila ngayon ang mga puwang. Itanong:

- Gaano ang pakinabang ng lente sa papel na wala namang nakasulat?
- Gaano ang pakinabang ng mga himala sa mga taong tulad ni Faraon, na piniling magrebelde at hindi maniwala?

Ipaunawa sa kanila na ang mga sulat sa papel, gaano man kaliit ang mga ito, ay kumakatawan sa ating pananampalataya at ang lente ay kumakatawan sa isang himala o palatandaan. Tulad ng kung paanong mapalalaki ng lente ang nakasulat, madaragdagan din ng mga himala ang pananampalataya. Gayunman, hindi makalilikha ng pananampalataya ang mga himala tulad din na hindi makalilikha ng sulat ang lente. Paalalahanan sila na "ang mga tanda na ito ay susunod sa kanila na naniniwala" (D at T 84:65; tingnan din sa D at T 58:64).

# Exodo 11–13

## Pambungad

Itinuro ni Nephi na mula sa simula ng daigdig ang lahat ng bagay ay ibinigay upang isimbolo si Jesucristo at ang kanyang Pagbabayad-sala (tingnan sa 2 Nephi 11:4). Halimbawa, nang iutos ng Diyos kay Abraham na ialay si Isaac bilang sakripisyo, nagbigay ito ng uri o kahalintulad ng sakripisyo ng Ama sa Langit sa kanyang Bugtong na Anak (tingnan sa Jacob 4:5). Si Jose, na ipinagbili sa Egipto, ay isang uri o simbolo din ni Cristo at ng kanyang ministeryo (tingnan sa Genesis 47:14–25).

Ang Exodo 11–13 ay naglalaman ng isa sa mga pinakamatinding uri o simbolo ni Jesucristo—ang Paskua. Ang pagkaligtas ng mga Israelita mula sa pagkaalipin sa Egipto ay hindi lamang isa sa mga pinakamalaking pangyayari sa kasaysayan, kundi puno rin ito ng mahalagang simbolo.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang Panginoon ay gumagamit ng mga simbolo at ordenansa tulad ng Paskua at ng sacrament upang ipaalala sa atin ang kanyang makapangyarihang mga gawa, kapwa noon at sa hinaharap (tingnan sa Exodo 12:5–7, 13, 43–50).
- Ang Panginoon ay nagbibigay-daan upang makaligtas ang matatapat at masunurin sa pisikal at espirituwal na mga kapahamakan na dumarating sa masasama (tingnan sa Exodo 12:23; tingnan din sa D at T 89:18–21).
- Ang Paskua ay simbolo ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo:
    a. Ang Paskua, na dapat palaging alalahanin ng mga anak ni Israel, ay tanda ng pagsisimula ng bagong buhay. Ang Pagbabayad-sala, na kailangan nating palaging alalahanin, ay nagbibigay sa atin ng bagong espirituwal na buhay (tingnan sa Exodo 12:1–2, 14; tingnan din sa Alma 11:45; Moroni 4:3).

    b. Ang tupa ay simbolo ni Jesucristo, ang "Kordero ng Dios" (tingnan sa Exodo 12:3; tingnan din sa Juan 1:29–36).

    c. Ang tupa ay lalaki at "walang kapintasan" (walang kasiraan) at sumisimbolo sa pagiging perpekto ni Cristo (tingnan sa Exodo 12:5; tingnan din sa Mga Hebreo 4:15).

    d. Ang tupa ay pinapatay. Ang dugo nito ay simbolo ng dugo ni Jesucristo (tingnan sa Exodo 12:6–7, 13; tingnan din sa Alma 21:9).

    e. Ang mga diyus-diyusan ay hinatulan at nilipol, na simbolo ng pagtatagumpay ng Pagbabayad-sala ni Cristo laban sa masama (tingnan sa Exodo 12:12).

f. Ang pagpatay sa mga panganay sa Egipto ang nagbigay-daan sa paglaya ng mga anak ni Israel. Ang pagkamatay ni Cristo, na Panganay na Anak ng Diyos, ang espirituwal na nagpalaya sa atin (tingnan sa Exodo 12:12; 13:14–15; tingnan din sa Mga Taga Colosas 1:13–18; D at T 93:21).

g. Nilampasan ng "maninira o manlilipol" ang mga anak ni Israel. Inililigtas tayo ng Pagbabayad-sala mula sa kapangyarihan ni Satanas (tingnan sa Exodo 12:21–23, 26–27).

h. Ang Paskua ang nagpasimula sa paglalakbay ng mga Israelita papunta sa lupang pangako. Si Cristo ang naghahatid sa atin sa kahariang selestiyal (tingnan sa Exodo 12:25; tingnan din sa Alma 37:45).

i. Walang mababaling buto sa tupa, tulad ni Jesus na hindi nabalian ng mga buto (tingnan sa Exodo 12:46; tingnan din sa Mga Awit 34:20; Juan 19:31–36).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang pagtatanghal 13, "Ang Paskua," ay nagpapamalas kung paano nangyari ang isang kaganapan noong araw na nagtuturo ng simbolismo ng Pista ng Paskua (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Exodo 11–12. Ang pagsunod sa mga utos ng Diyos at sa payo ng kanyang mga propeta ay nagbibigay ng espirituwal at pisikal na proteksyon.** (25–35 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Kung sinabi ng propeta na may darating na kalamidad sa inyong lugar at na lahat ng nagsisimba ay maliligtas, pupunta ba kayo? Bakit?
- Sa palagay ba ninyo may ilang taong hindi magpupunta?
- Ano kaya ang maaari nilang maging mga dahilan sa hindi pagpunta?

Ipaalala sa mga estudyante ang unang siyam na salot na ipinadala sa Egipto (tingnan sa Exodo 7–10). Ipabasa sa kanila ang Exodo 11:4–10 at ipatukoy kung ano ang pinakahuling salot. Itanong:

- Paano tumugon si Faraon sa mga babala ni Moises? (tingnan sa Exodo 11:10 at talababa 10*a*).
- Sa palagay ninyo, bakit patuloy na ipinagwalang-bahala ni Faraon ang mga babala ni Moises kahit na nangyari ang lahat ng ipinropesiya ni Moises?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 12:1–28, na hinahanap kung ano ang ipinagawa sa mga anak ni Israel upang "lampasan" ng "manlilipol" ang kanilang tahanan. (*Paalala:* Ang simbolismo ng Paskua ay itinuturo sa mungkahi sa pagtuturo para sa Exodo 12.) Ilista sa pisara ang nakita nila. Ipabasa sa kanila ang Exodo 12:29–30 at ipaulat ang nangyari sa mga hindi sumunod. Kasama ang inyong mga estudyante, basahin at paghambingin ang Exodo 11:4–8 at 12:31–41. Itanong: Ano ang itinuturo sa atin ng mga talatang ito tungkol sa mga propesiya ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga propeta?

Ipakita ang isang larawan ni Propetang Joseph Smith at itanong sa mga estudyante kung ano ang ilang mga babala na ibinigay sa atin ngayon ng Diyos? (tingnan sa D at T 1:1–17). Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 89:4–9, 18–21 at talakayin ang ilan sa mga bagay na sumisira sa mga tao sa ating panahon at kung ano ang sinabi ng Panginoon na kailangan nating gawin para maiwasan ang mga ito. (Maaari ninyong repasuhin ang pinakahuling isyu ng pangkalahatang kumperensya sa *Liahona* o sa polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan* at talakayin ang ilan sa partikular na mga babala at payo na ibinibigay ng Panginoon ngayon.) Itanong:

- Bakit ipinagwawalang-bahala ng ilang tao ang mga babala at payo ng Diyos ngayon?
- Ano ang nangyari sa lahat ng kapanahunan noon na tumangging makinig sa mga babala ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang mga propeta?

Anyayahan ang mga estudyante na magbahagi ng angkop na mga karanasan tungkol sa mga pagpapalang natanggap nila sa pagsunod sa mga propeta ng Panginoon at sa iba pang mga lider ng Simbahan.

**Simbolismo ng Banal na Kasulatan. Ang pag-unawa sa simbolismo ng banal na kasulatan—pati ang dahilan kung bakit ito ginagamit ng Panginoon at paano ito bigyan ng kahulugan—ay magpapaigi sa ating pag-aaral ng Exodo at ng nalalabing bahagi ng Lumang Tipan.** (15–20 minuto)

*Paalala:* Bago gamitin itong mungkahi sa pagtuturo, maging pamilyar sa materyal sa enrichment section C ng *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 111–15). Tingnan lalo na ang subsection na "Bakit Gumagamit ang Panginoon ng Napakaraming Matalinghagang Paglalarawan sa mga Banal na Kasulatan?"

Magdala ng mga bagay sa klase o magdrowing at magpakita ng mga larawan ng mga simbolong inaakala ninyong maaalala ng inyong mga estudyante. Itanong sa kanila kung ano ang magkakatulad sa mga bagay at mga larawan. Kapag natuklasan nilang lahat ng ito ay mga simbolo, sabihin sa kanila na napakaraming simbolismo sa mga banal na kasulatan—lalo na sa Lumang Tipan.

Basahin sa klase ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Upang maging napakalinaw sa ating isipan ang mga walang hanggang katotohanan na kailangan nating tanggapin at paniwalaan upang maligtas, upang maipamuhay ang tunay na kahulugan at kahalagahan ng mga ito at hindi na ito kailanman malimutan, upang maituon ang ating pansin sa nakapagliligtas na mga katotohanang ito, nang paulit-ulit, ang Panginoon ay gumagamit

ng mga paghahalintulad. Ang hindi aktuwal (abstract) na mga alituntunin ay madaling malilimutan o kaya'y hindi mapapansin ang malalim na kahulugan ng mga ito, ngunit ang nakikitang mga pagsasagawa at aktuwal na mga karanasan ay nakikintal sa isipan sa paraang hindi na ito mawawala pa kailan man" (*The Promised Messiah: The First Coming of Christ* [1978], 377).

Itanong sa mga estudyante kung bakit gumagamit ang Panginoon ng mga simbolo at paglalarawan sa mga banal na kasulatan. Isulat sa pisara ang kanilang mga sagot. Ipabasa sa kanila ang 2 Nephi 11:4 at Moises 6:63. Itanong sa kanila kung ano ang pangunahing layunin ng simbolismo sa banal na kasulatan.

Ibahagi sa mga estudyante ang impormasyon na matatagpuan sa "Some Guidelines for Interpreting the Types and Symbols of the Old Testament" sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 112–15). Ang bahaging ito ay mayroong anim na subheading. Isulat ang mga subheading na iyon sa pisara at gamitin ang mga ito bilang outline upang matulungan kayo sa pagtalakay ng materyal na ito.

Irekomenda na isulat ng mga estudyante sa isang kard ang mga gabay sa pagbibigay-kahulugan sa mga simbolo ng banal na kasulatan bilang reperensya na magagamit nila habang pinag-aaralan nila ang Lumang Tipan. Sabihin sa kanila na magkakaroon sila ng pagkakataong gamitin ang natutuhan nila habang pinag-aaralan nila ang Paskua sa Exodo 12–13.

**Exodo 12. Ang Paskua ay simbolo ng sakripisyo at Pagbabayad-sala ni Jesucristo.** (35–45 minuto)

Habang itinuturo ang tungkol sa Paskua, maaari kayong manamit ng kasuotan noong panahon ng Lumang Tipan o kaya'y magdala ng isang pagkaing ukol sa Paskua, tulad ng tinapay na walang lebadura, upang makatulong sa paglalarawan sa araling ito. Maaaring gumawa ng tinapay na walang lebadura sa pamamagitan ng paghahalo ng 1 tasang tubig, 2 tasang harina, at 1/3 kutsaritang asin. Ilagay ang minasang harina sa 1/4 pulgadang kapal ng minantikaang lutuan ng cookie o tinapay. Lutuin sa 350 degrees Fahrenheit hanggang sa medyo brown na ang kulay nito.

*Paalala:* Maaari kayong gumamit ng saltines o iba pang mga cracker o biskwit. Wala ding lebadura ang mga ito at mas madaling hanapin.

Magdala sa klase o magdrowing sa pisara ng larawan ng isang tupa at dalawa o tatlong bagay o larawan ng mga bagay na makapagliligtas ng buhay, tulad ng life jacket, first aid kit, baby car seat, parachute, gas mask, seat belt, o sports helmet. Ipakita ang mga bagay at itanong: Alin sa mga ito ang makapagliligtas ng inyong buhay? Maikling talakayin kung paanong makapagliligtas ng buhay ang bawat bagay, pagkatapos ay ipakita ang larawan ng tupa at itanong:


- Paano iniligtas ng dugo ng tupa ang mga panganay na Israelita?
- Sino ang tinutukoy rin bilang tupa o "Kordero" sa mga banal na kasulatan?
- Paano iniligtas ng Kordero ang sangkatauhan?

Basahin ang Exodo 12:1–13 sa inyong mga estudyante at itanong:

- Sino ang nailigtas ng tupa o kordero? Paano?
- Sang-ayon sa talata 8, ano pa ang dapat kainin ng mga Israelita na kasabay ng tupa?

Isulat sa pisara ang *isang tupa, tinapay na walang lebadura,* at *mapapait na gulay* at itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila ipinagawa ng Panginoon sa mga Israelita ang mga di-pangkaraniwang bagay na iyon. Gamitin ang mga komentaryo para sa Exodus 12:8–10; 12:14; at 12:18–20 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 118–19) upang maipaunawa sa kanila kung paanong ipinaaalala ng mga simbolo ng pagkain sa Paskua sa mga anak ni Israel ang kanilang pagkaalipin sa Egipto at kung paano sila iniligtas ng Panginoon.

Ipakita sa mga estudyante ang sumusunod na larawan at itanong sa kanila kung para saan ang tupang inihain bukod sa pagpapaalala sa mga Israelita ng tungkol sa pagkaligtas sa kanila sa Egipto.



Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 12:3–28, 43–50. Ilista sa pisara at talakayin ang mga elemento ng Paskua na masimbolong nagtuturo sa atin tungkol sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Hikayatin ang mga estudyante na gamitin ang mga kasanayang natutuhan nila sa pag-unawa sa simbolismo ng banal na kasulatan.

Basahin ang Exodo 12:24 sa mga estudyante at itanong sa kanila kung dapat ba nating sundin o gawin ang Paskua ngayon. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Boyd K. Packer, gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Ang batas ng sakripisyo ay naisakatuparan sa Pagpapako sa Krus. Pinasimulan ng Panginoon ang sacrament bilang kahalili nito. Iyan ang ordenansang kailangan nating sundin magpakailanman!" (sa Conference Report, Abr. 1996, 24; o *Ensign,* Mayo 1996, 19).

Magpatotoo na tulad ng pagliligtas ng dugo ng isang tupa sa mga panganay na Israelita na masunurin, gayundin na ililigtas tayo ng dugo ng Kordero ng Diyos, na si Jesucristo, kung tayo ay tapat. Hikayatin ang mga estudyante na pagbulayan ang Tagapagligtas at ang kanyang Pagbabayad-sala tuwing makikibahagi sila ng sacrament.

**Exodo 13:1–6. Kung wala ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo, tayo ay mawawalay sa piling ng Diyos at daranas ng walang hanggang pagdurusa (tingnan sa 2 Nephi 9:7–9).** (30–35 minuto)

Para maipaunawa sa mga estudyante ang Pagbabayad-sala, ipagawa sa kanila ang aktibidad A para sa Exodo 13 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

# Exodo 14–15

## Pambungad

Itinuturo sa atin ng Exodo 14–15 ang marami pang himalang ginawa ng Panginoon para sa mga anak ni Israel, pati na ang paghawi sa Dagat na Pula at pagpapagaling sa mga tubig sa Mara. Habang binabasa ninyo ang scripture block na ito at ang kasunod (Exodo 16–17), pansinin kung gaano kabilis nagbago ang mga tao mula sa kagalakan sa kanilang mahimalang pagkaligtas mula sa Egipto at naging mareklamo sa mga kahirapan sa disyerto, hanggang sa puntong gusto nilang bumalik na lamang sa Egipto. Malinaw na mas madaling alisin ang mga anak ni Israel palabas ng Egipto kaysa alisin ang Egipto mula sa mga anak ni Israel.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang Panginoon ay may kapangyarihang magligtas sa atin mula sa panganib at tumulong sa ating pisikal at espiritual na mga pangangailangan (tingnan sa Exodo 14:13–31; tingnan din sa Exodo 16:2–30; 17:2–14).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Exodo 14:5–31. Ang Panginoon ay may kapangyarihang iligtas ang kanyang mga tao.** (25–30 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung napasok na sila sa mahirap na sitwasyon na tila wala nang pag-asa, at tila wala nang solusyon pa. Kung angkop ang mga karanasan at hindi masyadong personal o maselan, maaari ninyong hilingan ang isa o dalawang estudyante na gustong magbahagi ng kanilang mga karanasan.

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 14:5–12 at tukuyin ang mapanganib na sitwasyon ng mga Israelita at kung bakit nila nadama na wala na silang pag-asa. Pabasahin nang malakas ang bawat estudyante ng tigalawa o tigatlong talata mula sa Exodo 14:13–31 para malaman kung paano naligtas ang mga Israelita sa sitwasyong iyon. Tumigil paminsan-misan at talakayin ang mahahalagang salita at kataga na maaaring ipamuhay ng mga estudyante sa paglutas ng mga problema sa tulong ng Panginoon. Maaaring kasama ang sumusunod sa mga bibigyang-diin mo:


- *Talata 13: "Huwag kayong matakot, tumigil kayo, at tingnan ninyo ang pagliligtas ng Panginoon."* Kung minsan ay atubili tayong kumilos, na mas pinakikinggan ang ating takot, at pagkatapos ay gagawa ng maling desisyon. Ang takot ay kabaligtaran ng pananampalataya. Itanong: Ano ang ibig sabihin ng "tumigil kayo"? Nagiging masyado ba tayong abala o nagsisikap na mabuti para lutasin ang ating sariling mga problema kung kaya't wala tayong panahong isali ang Panginoon?
- *Talata 14: "Ipakikipaglaban kayo ng Panginoon."* Kahit noong magreklamo sila laban sa kanya, ang Panginoon ay talagang maawain sa kanyang pinagtipanang mga tao. Tinutulungan niya ang mga nagsisisi at sumusunod sa kanyang mga kautusan.
- *Talata 15–18. Nakasaad sa* Doktrina at mga Tipan 8:2–3 na nang iutos ng Panginoon kay Moises na isagawa ang himalang ito, ang paghahayag ay dumating din sa paraan na kadalasang natatanggap ang mga paghahayag—sa puso at isipan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Espiritu Santo. Walang narinig na tinig mula sa langit na kaagad na nagpahawi sa tubig.
- *Talata 15.* Pansinin na ang unang utos sa himala, bago pa man magsimulang mahawi ang tubig, ay "magpatuloy na yumaon." Ipinapakita nito na nauuna ang pananampalataya sa himala.
- *Talata 19–20.* Ang ulap, na sumasagisag sa Espiritu ng Panginoon, ay nagpadilim sa paningin ng mga kaaway ng Israel ngunit nagbigay liwanag sa mga Israelita.
- Sa buong himalang ito, malaki ang kapangyarihang ibinigay sa propeta ng Panginoon. Maaari tayong manampalataya sa kapangyarihang ibinibigay ng Panginoon sa kanyang mga propeta.

Ipaunawa sa mga estudyante na kung minsan ay hindi inaalis ng Panginoon ang mga problema kundi sa halip ay pinalalakas

tayo upang matiis natin ang mga ito (tingnan sa Mosias 24:14–15). Magpatotoo na kung may pananampalataya tayo sa kanya at kung kalooban niya, maililigtas tayo ng Panginoon mula sa mga kalagayan na tila wala nang pag-asa. Maaari kayong magtapos sa pagpapagawa sa mga estudyante ng aktibidad A para sa Exodo 14 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

**Exodo 14:19–20. Si Jesucristo ang Liwanag ng Mundo at gagabayan niya tayo kung susundin natin siya.** (15–20 minuto)

Ipakita sa inyong mga estudyante ang larawan o drowing ng isang parola at itanong kung ano ang gamit nito. Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 13:20–22 at hanapin kung ano ang ibinigay ng Panginoon sa mga anak ni Israel para gabayan sila tungo sa kaligtasan. Sabihin sa kanila na ang ulap at haligi ng apoy na ito ay nagsasaad sa presensya ng Panginoon na gumagabay sa Israel. Itanong: Paanong mas mainam ang presensya ng Panginoon kaysa sa isang parola? (Hindi lamang ito nagbigay ng liwanag kundi inakay pa sila nito.) Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 14:19–20 at itanong sa kanila kung ano pa ang ginawa ng presensya ng Panginoon na mas mainam pa kaysa parola. (Pinrotektahan nito ang mga matwid laban sa masasama.) Talakayin kung paanong ang karanasang ito ng mga Israelita ay maaaring simbolo ng ating buong karanasan sa mundo.



Ipasaliksik sa mga estudyante ang sumusunod na mga banal na kasulatan at pagkatapos ay ilista at talakayin ang ibinigay sa atin ngayon ng Panginoon na katulad ng haliging apoy na ito:

- Mga Awit 119:103–5 (ang mga banal na kasulatan)
- Juan 14:26 (ang Espiritu Santo)
- II Mga Taga Corinto 6:17 (ang mga utos, na naghihiwalay sa atin sa masasama)
- 3 Nephi 15:12; 18:15–16 (ang mga halimbawa ni Cristo at ng matwid na mga Banal; panalangin)
- Doktrina at mga Tipan 84:45–46 (ang Liwanag ni Cristo, ang ating konsiyensya)

Maaaring madama ng ilang kabataan na mahirap mabatid ang liwanag o patnubay na nagmumula sa Diyos—na kabaligtaran ng payo na nagmumula sa mundo o kay Satanas—dahil wala tayong haligi ng apoy na masusundan ngayon. Itanong sa mga estudyante kung sino ang sinunod ng mga anak ni Israel bago lumitaw ang ulap. (Moises.) Basahin ang Doktrina at mga Tipan 21:4–6 sa inyong mga estudyante. Itanong sa kanila kung sino ang sinusunod ng propeta at ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga sumusunod sa buhay na propeta.

May ilang himno na nagdiriwang sa patnubay na natatanggap natin mula sa Panginoon. Isiping basahin o kantahin sa inyong mga estudyante ang isa sa mga sumusunod:

- "Manunubos ng Israel" (*Mga Himno,* blg. 5)
- "Gabayan Kami, O Jehova" (blg. 45)
- "Liwanag sa Gitna Nitong Dilim" (blg. 53)
- "Turuang Lumakad sa Liwanag" (blg. 192)

**Exodo 15. Dapat tayong magpakita ng pasasalamat sa Panginoon para sa ating mga pagpapala.** (25–30 minuto)

Ipabahagi sa isang estudyante kung ano ang nadama niya matapos makamit ang isang mahalagang mithiin o naging matagumpay sa iba pang bagay. Ipakuwento sa estudyante ang mga detalye ng karanasan at ipalahad kung ano ang ginawa niya upang magdiwang. Itanong sa mga estudyante: Ano ang isa sa pinakamahahalagang bagay na dapat nating gawin upang ipagdiwang ang mabubuting bagay na nangyayari sa atin?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 15:1–21 at hanapin kung paano ipinagdiwang ni Moises ang pagpapalang dulot ng pagtawid sa Dagat na Pula. Talakayin ang ilan sa sumusunod na mga tanong:

- Angkop bang pahiwatig ng pasasalamat ang pagkanta? Bakit? (tingnan sa D at T 25:12).
- Ano ang inyong paboritong bahagi sa awitin ni Moises?
- Ano sa palagay ninyo ang nadarama ng Panginoon kapag hindi tayo nagpapakita ng pasasalamat sa ating mga pagpapala? (tingnan sa D at T 59:21).

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawa:

"Minsan ay iniulat na sinabi ni Propetang Joseph na ang isa sa mga pinakamalaking kasalanan na magagawa ng mga Banal sa mga Huling Araw ay ang ang kasalanan ng kawalan ng pasasalamat. Palagay ko hindi iniisip ng karamihan sa atin na mabigat na kasalanan iyan. Malaki ang tendensiya sa ating mga panalangin—sa ating mga pagsusumamo sa Panginoon—na humingi ng karagdagan pang mga pagpapala. Kung minsan dama kong kailangan nating mas ituon pa ang ating mga panalangin sa pagpapakita ng pagtanaw ng utang na loob at pasasalamat sa mga pagpapalang natanggap na natin. Siyempre pa kailangan natin ang mga pagpapala ng Panginoon sa araw-araw. Ngunit kung nagkakasala tayo ukol sa panalangin, sa palagay ko ito ang kakulangan natin ng pagpapahayag ng pasasalamat sa mga pagpapala sa araw-araw" (*The Teachings of Ezra Taft Benson,* 364; tingnan din sa D at T 25:12; 59:21; 78:19).

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 15:22–24 at hanapin kung ano ang "inupasala" o inireklamo ng mga Israelita. Itanong:

Gaano na ba katagal noon ang lumipas mula nang hawiin ang Dagat na Pula? (Mga tatlong araw; tingnan sa t. 22.)

Ano sa palagay ninyo ang nadama ng Panginoon sa kanilang panandaliang pananampalataya at pagtanaw ng utang na loob?

Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, miyembro ng Korum ng Labindalawa:

"Ang pagrereklamo ay tila natural na dumarating sa likas na tao….

"… Maikli ang memorya ng mga mapagreklamo. Ang Israel ay dumating sa Sinai, at pagkatapos ay naglakbay patungo sa Banal na Lupain bagama't may mga pagkakataong sila ay nagutom at nauhaw. Ngunit iniligtas sila ng Panginoon, sa pamamagitan ng mahimalang paglitaw ng mga pugo o sa tubig na hinampas mula sa isang bato (tingnan sa Mga Bilang 11:31; Exodo 17:6). Nakapagtataka di ba, mga kapatid, kung paanong ang mga may pinakamaikling memorya ang may pinakamahabang listahan ng mga kahilingan! Gayunman, dahil walang alaala ng nakaraang mga pagpapala, hindi nila alam kung ano talaga ang nangyayari.

"Ang mabisang talatang ito sa Lumang Tipan ay nagpapaalala sa atin sa tunay na nangyayari:

" 'At iyong aalalahanin ang buong paraan na ipinatnubay sa iyo ng Panginoon mong Dios nitong apat na pung taon sa ilang, upang kaniyang mapangumbaba ka, at subukin ka, na maalaman kung ano ang nasa iyong puso, kung iyong gaganapin ang kaniyang mga utos o hindi' (Deuteronomio 8:2)" (sa Conference Report, Set.–Okt. 1989, 103, 4; o *Ensign,* Nob. 1989, 82–83).

Magpabahagi sa mga estudyante ng mga halimbawa ng pananampalataya at pasasalamat na napansin nila sa kanilang buhay. Hikayatin silang mag-ukol ng panahon sa kanilang personal na mga panalangin na pagbulayan ang mga pagpapalang natanggap nila mula sa Panginoon at ipakita ang kanilang pasasalamat sa kanya. Papiliin ang mga estudyante ng isang makabagong himnong nagpapahayag ng pasasalamat sa Panginoon, tulad ng "Mga Pagpapala ay Bilangin" (*Mga Himno,* blg. 147), at kantahin o basahin ito ng buong klase.

# Exodo 16–17

## Pambungad

Isang buwan pa lang simula nang lisanin ng mga anak ni Israel ang Egipto (tingnan sa Exodo 16:1). Sa kabila ng patuloy nilang pagrereklamo, patuloy ang matiyagang pagpatnubay ng Panginoon sa kanyang bagong layang mga anak, na mahimalang ibinibigay ang kanilang mga pangangailangan at pinalalakas sila laban sa kanilang mga kaaway.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Kapag nagrereklamo tayo sa mga doktrina, tuntunin, o mga pinuno ng Simbahan tayo ay nagrereklamo laban sa Panginoon (tingnan sa Exodo 16:8).
- Ang manna at ang tubig na mahimalang inilaan sa mga anak ni Israel ay sumisimbolo kay Jesucristo at sa ating pagsalig sa kanya (tingnan sa Exodo 16:2–30; 17:1–7; tingnan din sa Juan 4:5–14; 6:31–58).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Exodo 16–17. Ang mga himala ng tubig, manna, at pugo ay nagtuturo sa atin tungkol sa Panginoon at sa paraan ng pakikitungo niya sa kanyang mga anak. Ang pagsasagawa ng mga alituntunin ng mga kuwentong iyon ay makakatulong upang lalo tayong mapalapit sa kanya.** (10–15 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung bakit nagrereklamo ang mga tao sa ipinagagawa sa kanila ng Panginoon. Matapos talakayin ang tanong na ito, o kaugnay ng talakayan, itanong sa kanila kung ano ang alam nila tungkol sa Panginoon na dahilan kung bakit kahangalan ang magreklamo laban sa kanya. Sabihin sa mga estudyante na pag-aaralan nila ang ilang karanasan ni Moises at ng mga anak ni Israel na nagtuturo sa atin tungkol sa Panginoon at kung paano siya makitungo sa kanyang mga anak at makakatulong sa atin na maging mas tapat.

Hatiin ang mga estudyante sa tatlong grupo at atasan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga scripture block:

- Exodo 16:1–13.
- Exodo 16:14–31.
- Exodo 17:1–7.

Ipaaral sa bawat grupo ang kanilang block at ipaulat ang sumusunod:

Ano ang natutuhan nila sa pakikipag-ugnayan ng Panginoon sa mga anak ni Israel.

Paano natin maisasagawa ang ating natutuhan upang madagdagan ang ating pananampalataya at mapalakas ang ating hangaring sundin ang Panginoon nang hindi nagrereklamo.

Sa aktibidad na ito maaari ninyong puntahan ang bawat grupo upang tulungan sila. Matapos mag-ulat ang mga grupo, ibahagi ang pananaw o patotoo ninyo tungkol sa natutuhan ninyo mula sa mga kuwentong ito sa mga banal na kasulatan.

**Exodo 16:1–17:7. Nagturo ang Panginoon ng maraming aral sa mga himala ng tubig, manna, at pugo.** (20–30 minuto)

Ipawari sa mga estudyante na sila ang namamahala sa pagpapakain sa isang malaking grupo ng mga tao na magbibiyahe sa isang disyerto sa loob ng maraming taon. Itanong sa kanila kung ano ang gagawin nila kung hindi nila madadala ang lahat ng pagkain at tubig na kailangan nila at walang lugar na mabibilhan habang daan. Matapos ang maikling talakayan tungkol sa mga problemang kaugnay ng gawaing ito, itanong: Paano ito katulad ng problemang nakaharap ni Moises sa pagpapakain sa mga anak ni Israel sa disyerto?

Isulat ang mga scripture block na *Exodo 16:1–13; Exodo 16:14–31;* at *Exodo 17:1–7* sa pisara. Hatiin sa tatlong grupo ang mga estudyante at ipabasa sa bawat grupo ang isa sa mga scripture block at iulat ang kanilang mga sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Ano ang nangyaring himala?
- Ano ang mga aral na natutuhan ng mga anak ni Israel?
- Paanong angkop sa atin ngayon ang mga aral na ito?

Itanong sa klase kung paanong isinisimbolo ng mga himalang iyon ang Tagapagligtas. Ipabasa sa kanila ang Juan 6:48–51 at ipatukoy kung sino ang Tinapay ng Kabuhayan. Basahin ang 3 Nephi 20:8–9 at itanong sa kanila kung paano naglalaan ang Panginoon ng espirituwal na pagkain at tubig sa mga miyembro ng kanyang Simbahan. Tiyaking nauunawaan ng mga estudyante na bagama't napalalakas ng mga himala ang patotoo ng mga mananampalataya, hindi ito nagbibigay ng patotoo sa mga hindi mananampalataya. Magpatotoo tungkol sa pagmamahal ng Panginoon para sa atin at na kung tapat tayo siya ay maglalaan sa ating espirituwal at temporal na mga pangangailangan.

**Exodo 17:8–13. Dapat nating sang-ayunan ang mga tinatawag ng Panginoon na mamuno sa Simbahan.** (15–20 minuto)

Papuntahin ang isang estudyante sa harapan ng klase. Itanong kung handa ang estudyante na "suportahan at panindigan" ang Biblia. Kapag sinabi niyang "oo," sabihin kung gaano kayo kasaya at na magbibigay kayo ng pagkakataon upang ipamalas ang pagsuportang ito.

Ipahawak sa dalawang kamay ng estudyante ang tig-isang Biblia at ipataas ang mga ito mula sa kanyang tagiliran hanggang sa pumantay ito sa mata. Sabihin sa estudyante na kung mahahawakan niya ang mga Biblia sa gayong posisyon sa loob ng labinlimang minuto magiging napakagandang halimbawa nito sa buong klase. Kapag nagsimula nang mapagod ang estudyante, itanong kung gusto niyang magpatulong sa pagtataas ng mga Biblia. Anyayahan ang dalawa pang estudyante na lumapit at itaas ang mga kamay ng unang estudyante. Itanong:

- Gaano katagal ninyo maitataas ang mga Biblia kung may isang taong aalalay sa inyong mga kamay?
- Gaano kayo tatagal kung mag-isa lang kayo?

Pagkabalik ng mga estudyante sa kanilang mga upuan, ipabasa sa klase ang Exodo 17:8–13. Itanong:

- Bakit kinailangang itaas ni Moises ang kanyang mga kamay?
- Kung ilalagay ninyo ang inyong sarili sa lugar ni Moises, ano ang madarama ninyo kina Aaron at Hur sa sandaling iyon?
- Sino sa ating makabagong propeta ngayon ang katulad nina Aaron at Hur? (Ang mga tagapayo sa Unang Panguluhan.)

Magpatotoo tungkol sa bigat ng responsibilidad ng propeta. Itanong:

- Sino pa, bukod sa kanyang mga tagapayo, ang tumutulong sa pagpasan ng responsibilidad na iyan? (Mga General Authority, lokal na pinuno, at lahat ng miyembro ng Simbahan.)
- Paano natin ipinapakita ang pagsuporta sa propeta? (tingnan sa D at T 43:12; 93:51; 107:22).

Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 21:4–6 at tuklasin kung ano ang nangyayari sa atin bilang isang lahi kapag sinasang-ayunan natin sa salita at gawa ang ating mga buhay na propeta. Itanong:

- Paano ito nakatulad ng nangyari sa mga Israelita nang itaas nina Aaron at Hur ang mga kamay ni Moises?
- Paano nagkukulang ang mga tao sa pagsuporta sa propeta?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 16:8 at pansinin nang husto ang ibig sabihin ng bumulung-bulong laban sa propeta (tingnan din sa D at T 1:38). Hikayatin silang suportahan ang propeta sa pamamagitan ng pagsunod sa mga kautusan ng Panginoon at pagganap sa kanilang sariling tungkulin ngayon at habang sila ay nabubuhay.

# Exodo 18–24

## Pambungad

Matapos lisanin ang Egipto at maglakbay sa ilang sa loob ng mga tatlong buwan, inakay ng Panginoon ang mga anak ni Israel papunta sa Bundok ng Sinai. Itinuturo ng makabagong paghahayag na hinangad ni Moises na pabanalin ang kanyang mga tao at dalhin sila sa kinaroroonan ng Diyos. Sa kasamaang-palad, ayaw ng mga taong ipamuhay ang mas mataas na batas. Pinatigas nila ang kanilang mga puso at hindi “sila makapapasok sa kanyang kapahingahan habang nasa ilang, kung aling kapahingahan ay kaganapan ng kanyang kaluwalhatian” (tingnan sa D at T 84:23–24; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Exodo 34:1–2, 14; ). Sa halip, ibinigay sa kanila ng Panginoon ang tinatawag na batas ni Moises.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang propeta ay humaharap sa mga tao bilang kinatawan ng Panginoon at tumatawag ng iba pa upang tumulong sa gawain. Itinuturo sa atin ng mga lingkod ng Panginoon ang banal na mga alituntuning kailangan upang mapamahalaan ang ating sarili (tingnan sa Exodo 18:13–26; tingnan din sa Exodo 4:16; Mosias 18:18).
- Inaanyayahan ng Panginoon ang lahat ng tao na lumapit sa kanya. Ang mga tumatanggap sa kanyang paanyaya at sumusunod sa mga kinakailangang mga tipan at kautusan ay makapapasok sa kanyang kinaroroonan (tingnan sa Exodo 19:4–11, 14, 17–24; 24:1, 9–11; tingnan din sa D at T 84:19–27).
- Binibigyan ng Diyos ang kanyang mga anak ng mga kautusan upang magkaroon sila ng higit na kaligayahan sa buhay na ito at sa buhay na walang hanggan sa daigdig na darating (tingnan sa Exodo 20–23; tingnan din sa Juan 15:10–11; Alma 41:10).
- Ang pagmamahal sa Diyos at pagmamahal at paglilingkod sa iba pa ang pinakasentrong mensahe ng mga kautusan (tingnan sa Exodo 20–23; tingnan din sa Mateo 22:37–40).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Exodo 18. Itinatag ang Simbahan upang matulungan ang mga anak ng Ama sa Langit na makabalik sa kanya. Tumatawag ang Panginoon ng mga pinuno sa Simbahan upang magturo at tulungan ang mga tao sa kanilang espirituwal na pag-unlad at upang mapangasiwaan ang mga ordenansa ng kaligtasan.** (15–20 minuto)


Magpabanggit sa mga estudyante ng ilang pangalan ng kanilang mga lider sa Simbahan na may responsibilidad na pangalagaan ang kanilang espirituwal na pag-unlad, tulad ng mga bishop, mga lider sa Young Women, mga guro, at pangulo ng korum. Itanong:

- Bakit maraming tao ang may kinalaman sa inyong espirituwal na pag-unlad?
- Ano ang mangyayari sa isang ward o branch kung ang lahat ay gagawin ng bishop o branch president?


Ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad A para sa Exodo 18 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral, pagkatapos ay talakayin ang kanilang natuklasan. (Para sa makabagong halimbawa ng alituntunin ding ito sa pag-oorganisa, tingnan sa D at T 136; para sa impormasyon kung sino si Jethro, tingnan sa komentaryo para sa Exodus 18 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* p. 124.)

Talakayin ang mga biyayang natanggap ninyo sa paglilingkod sa mga katungkulan sa Simbahan. Patingnan sa mga estudyante ang bahaging “Pag-aaral ng mga Banal na Kasulatan” para sa Exodo 18 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral, ang mga diagram na nagpapakita kung paano naorganisa ang pamumuno sa Israel bago at matapos ang payo ni Jethro (na makikita rin sa ibaba). Talakayin ang kahalagahan ng pagganap ng bawat miyembro sa kanyang bahagi upang mapalakad nang maayos ang Simbahan (tingnan sa D at T 84:109–10) at kung paanong ang pagganap nating mabuti sa ating mga tungkulin ay isang paraan ng pagsang-ayon natin sa ating mga lider.

Bago pinayuhan ni Jethro si Moises, ang tsart ng organisasyon ng Israel ay maaaring katulad ng sumusunod:




Matapos muling iorganisa at ipakatawan ni Moises ang kanyang mga responsibilidad, maaaring idagdag ang tulad ng sumusunod na tsart:



**Exodo 19:3–6. Tutulungan tayo ng Panginoon na lumapit sa kanya at maging katulad niya.** (15–20 minuto)

Magdrowing o magpakita ng isang larawan ng kaban ng kayamanan at magpalista sa mga estudyante ng dalawa o tatlo sa kanilang pinakamahalagang mga pag-aari at huwag ipakita ang listahan kahit kanino. Ipasaliksik sa kanila ang Exodo 19:3–6 at ipahanap kung ano, sa lahat ng pag-aari niya, ang nais ng Diyos bilang isang "tanging kayamanan." Ipaliwanag na sa ating panahon ang salitang *tangi* ay nangangahulugan ng isang bagay na kakaiba o hindi pangkaraniwan. Gayunman, sinabi ni Elder Russell M. Nelson:

> "Sa Lumang Tipan, ang salitang Hebreo na pinagmulan ng salin ng *peculiar* ay *segullah,* na ibig sabihin ay 'mahalagang pag-aari' o 'kayamanan.' Sa Bagong Tipan, ang salitang Griyego na pinagmulan ng salin ng *peculiar* ay *peripoiesis,* na ibig sabihin ay 'pag-aari,' o 'nakamtan.'
>
> "Dahil dito, nakikita natin na ang salita sa banal na kasulatan na *peculiar* ay nangangahulugan ng 'mahalagang kayamanan,' 'ginawa' o 'pinili ng Diyos.' Ang maituring tayo … bilang *peculiar o natatanging* mga tao [ng Panginoon] ay isang pinakamataas na uri ng papuri" (sa Conference Report, Abr. 1995, 44; o *Ensign*, Mayo 1995, 34).

Itanong: Anong mga himala ang ipinagkaloob ng Diyos sa mga Israelita para tulungan silang lumapit sa kanya? (tingnan sa Exodo 19:4). Ipahanap at pamarkahan sa mga estudyante ang mga salitang *kung* at *magiging* sa talata 5 at ipalahad kung ano ang dapat gawin ng Israel uapng maging tanging kayamanan sa Panginoon. Talakayin ang ilan sa sumusunod na mga tanong:

- Ano ang itinuturo sa atin ng Exodo 19:3–6 tungkol sa mga pinahahalagahan ng Panginoon?
- Paano iyan maihahambing sa *inyong* listahan ng mahahalagang pag-aari? (tingnan din sa Moises 1:39).
- Paano kayo tinutulungan ng Exodo 19:3–6 na maunawaan kung bakit iniligtas ng Panginoon ang Israel mula sa pagkaalipin sa Egipto?
- Sa anong uri ng mga bagay nabibihag ang mga tao ngayon?
- Anong mga himala ang ibinigay ng Panginoon upang mailigtas tayo mula sa mga kasalanan at tukso na bumibihag sa atin? (tingnan sa Alma 7:10–16).
- Ano ang kailangan nating gawin upang maging tanging kayamanan sa Panginoon? Bakit? (tingnan sa Exodo 19:5–6; Mosias 18:8–10; Moroni 10:32–33).

Ikinukuwento ng Exodo 20 ang tungkol sa pagbibigay ng Panginoon ng Sampung Utos sa mga anak ni Israel. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga ito, sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung ano ang kinalaman ng mga kautusang iyon sa ating pagiging "tanging kayamanan" ng Diyos.

**Exodo 19:3–25. Kailangan sa pagpasok sa kinaroroonan ng Panginoon ang ating paghahanda sa pamamagitan ng pagiging karapat-dapat at tapat.** (20–25 minuto)

Para mapasimulan ang Exodo 19:3–25, ipakuwento sa mga estudyante ang ilan sa mga lugar na paborito nilang puntahan. Ipapaliwanag sa kanila kung magkano ang kailangan para makapunta sa mga lugar na iyon, tulad ng gastos sa pagbiyahe at bayad sa pagpasok.

Ipakita ang larawan ng Bundok ng Sinai (tingnan sa pambungad sa Exodo 19 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral) at sabihin sa mga estudyante na gustong dalhin doon ni Moises ang kanyang mga tao ngunit hindi sila handang tumbasan ang espirituwal na halaga para makapunta roon. Ipaliwanag na si "Moises … ay matiyagang naghangad na pabanalin ang kanyang mga tao upang kanilang mamasdan ang mukha ng Diyos" (D at T 84:23), na noon pa man ay pakay na ng mga propeta ng Diyos.


Itinuro ni Propetang Joseph Smith:

> "Kaya nga binasbasan ni Adan ang kanyang mga inapo [sa lambak ng Adan-ondi-Ahman (tingnan sa D at T 107:53–54)]; nais niyang dalhin sila sa kinaroroonan ng Diyos. Naghanap sila ng isang lungsod, atbp., 'na ang nagtayo at gumawa ay ang Dios.' (Mga Hebreo 11:10.) Hinangad ni Moises na dalhin ang mga anak ni Israel sa kinaroronan ng Diyos, sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Priesthood, ngunit hindi niya magawa" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 159).

Si Pangulong Ezra Taft Benson, bilang Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, ay nagsabi:

> "Paano dinala ni Adan ang kanyang mga inapo sa kinaroroonan ng Panginoon?
>
> "Ang sagot: Si Adan at ang kanyang mga inapo ay pumasok sa orden ng priesthood ng Diyos. Ngayon masasabi nating nagpunta sila sa Bahay ng Panginoon at tinanggap ang kanilang mga pagpapala" ("What I Hope You Will Teach Your Children about the Temple," *Ensign,* Ago. 1985, 9).

Tila kung paanong ang Bundok ng Sinai ay mahalaga kay Moises at sa mga anak ni Israel ay gayundin ang templo sa atin. Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 19:5–13 at hanapin kung ano ang kailangan ng mga tao noon para makapasok sa kinaroroonan ng Panginoon. Ipakita ang larawan ng isang shofar (trumpetang yari sa sungay ng lalaking tupa, tulad ng makikita sa pahina 90) at itanong kung ano ang dapat gawin ng mga tao kapag tumunog ang trumpeta. Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 20:18–19 at ipalahad kung ano ang ginawa ng mga tao.



Basahin ang Exodo 19:16–19 at Doktrina at mga Tipan 84:23–24 at talakayin kung bakit maaaring matakot ang mga tao na umakyat upang makipagkita sa Panginoon kapag tinawag sila. Itanong:

- Sa halip na maging karapat-dapat sila, sino ang ninais ng mga Israelita na makipagkita sa Panginoon para sa kanila?
- May mga tao ba sa daigdig ngayon na hindi naniniwala sa mga propeta o nag-iisip na ang propeta lamang ang taong maaaring makipag-usap sa Diyos?
- Ano ang mga pagpapalang nawawala sa atin kung tumatanggi tayong sumunod sa panawagan na lumapit kay Cristo?

Maghanda ng tsart sa pisara na tulad ng sumusunod, ngunit huwag ilagay ang mga sagot:

**Handa Ba Tayong Makipagkita sa Panginoon?**

| | Si Enoc at ang kanyang mga tao | Si Moises at ang mga Israelita | Tayo at ang propeta |
|---|---|---|---|
| Ginawa ba ng propeta ang kanyang tungkulin? | Oo | Oo | Oo |
| Naghanda ba ang mga tao? | Oo | Hindi | ? |
| Ano ang naging kaibhan? | Sumunod sila at napabanal sila. | Hindi sila sumunod at hindi sila napabanal. | ? |

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 7:18–21 at pasagutan ang para kay Enoc at sa kanyang mga tao. Mula sa natutuhan nila tungkol kay Moises at sa mga Israelita, papunan sa kanila ang hanay na iyan. Talakayin ang pagkakaiba ng mga tao ni Enoc at ng mga tao ni Moises (tingnan lalo sa Exodo 20:18–19; D at T 84:23–24).

Talakayin kung paanong angkop sa atin ang mga tanong na iyon sa pamamagitan ng pagtukoy kung ano ang partikular na ipinagagawa sa atin ng Panginoon. Bilang panimula, maaari ninyong talakayin, sa karaniwang mga salita, ang mga pangunahing kailangan upang makakuha ng temple recommend. Kung karapat-dapat tayo sa pagpapasok sa bahay ng Panginoon, papasok tayo sa kanyang kinaroroonan (tingnan sa D at T 97:15–17). Itanong sa mga estudyante kung ano ang magpapasiya ng kanilang kahandaang makapiling ang Diyos.

**Exodo 20:1–17 (Scripture Mastery, Exodo 20:3–17). Itinuturo sa atin ng Sampung Utos kung paano mahalin ang Diyos at ang ating kapwa-tao. Ang pagsunod sa mga utos na iyon ay makakatulong upang maging karapat-dapat tayong pumasok sa kinaroroonan ng Panginoon.** (75–90 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung pamilyar sila sa Sampung Utos. Ipasulat sa kanila ang numero 1 hanggang 10 sa isang papel at pasubukin silang isulat ang lahat ng ito nang sunud-sunod. (Kung may alam kayong paraan para matulungan silang maalala ang Sampung Utos, maaari ninyo itong ituro.)

Ibinuod ni Jesus ang lahat ng Sampung Utos sa dalawang kautusan. Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 22:36–40 at ilista sa pisara ang dalawang dakilang utos na iyon. (Ibigin ang Diyos at ibigin ang iyong kapwa.) Habang pinag-aaralan ninyo ang Sampung Utos, ipakategoriya sa mga estudyante ang bawat isa sa mga ito sa ilalim ng dalawang pamagat. (Ang kautusan 1–4 ay ukol sa pagmamahal sa Diyos at ang 5–10 ay ukol sa pagmamahal sa ating kapwa.)

Repasuhin ang gustong gawin ng Panginoon para sa mga anak ni Israel at kung ano ang iniutos sa kanila para makamtan ang pribilehiyong iyan (tingnan sa Exodo 19:5–11, D at T 84:19–23). Tulungan ang mga estudyante na tuklasin ang sumusunod:

- Nangako ang mga tao na gagawin anuman ang ipag-utos ng Panginoon (tingnan sa Exodo 19:8).
- Walang sinumang pinahintulutang umakyat sa bundok hangga't hindi sila ganap na natagubilinan ng Panginoon (tingnan sa Exodo 19:12, 21–25).
- Pagkatapos ay ibinigay sa kanila ng Panginoon ang mga kautusan (tingnan sa Exodo 20–23).
- Ang mga tao ay pumasok sa isang tipan na susundin ang mga kautusan na kapapaliwanag lamang sa kanila (tingnan sa Exodo 24:3).
- Pitumpu ng mga matanda sa Israel ang nakakita sa Panginoon tulad ng ipinangako (tingnan sa Exodo 24:9–11).

Ipaunawa sa mga estudyante na ang Sampung Utos ang batayan ng ipinagawa sa mga Israelita upang matanggap ang lahat ng pagpapala na nais ibigay sa kanila ng Panginoon.

Bawat isa sa Sampung Utos ay nagsasaad o nagpapahiwatig ng kilos o pag-uugaling hinihingi o ipinagbabawal ng Diyos. May mga positibong aspeto ang bawat kautusan na dapat buong pananabik nating isagawa (tingnan sa D at T 58:26–28).


Ipagamit sa buong klase o sa iba't ibang estudyante ang sumusunod na mga hakbang habang pinag-aaralan ang bawat isa sa Sampung Utos. Sumangguni sa kabanatang "The Ten Commandments" sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 127–35) para sa tulong kung kinakailangan.

1. Basahin ang Exodo 20 at tukuyin ang isa sa mga kautusan.
2. Ipaliwanag ang ibig sabihin at ipinahihiwatig ng kautusan.
3. Ilista ang ilang hakbang na mangangahulugan ng paglabag sa kautusan.
4. Ilista ang positibo o magagandang hakbang na magagawa natin upang maipamuhay ang kautusan.

Maaari kayong gumawa ng worksheet para sa bawat estudyante na pupunan habang tinatalakay ang bawat kautusan. Tingnan ang sumusunod na bahagi ng halimbawa:

| Kautusan | Kahulugan | Mga Paraan ng Paglabag ng mga Tao sa Kautusan | Positibong Aplikasyon sa Aking Buhay |
|---|---|---|---|
| 5. "Igalang mo ang iyong ama at ang iyong ina." | Mahalin; igalang; sundin sa kabutihan. | Tanggihan ang payo; maging lapastangan; magdulot ng kahihiyan sa pamilya. | Sumangguni sa mga magulang; sundin ang kanilang payo. |
| 6. "Huwag kang papatay." | Huwag magpadanak ng dugo ng inosenteng tao. | Aborsiyon o pagpapalaglag; lahat ng uri ng pagpatay sa tao; galit at poot na humahantong sa pananakit o kaya'y nagpapasimula ng mga digmaan. | Igalang ang lahat ng buhay. |

Matapos pag-aralan ang lahat ng Sampung Utos, ipakita sa mga estudyante ang isang saranggola at isulat sa pisara *Ang mga kautusan ay tulad ng* _______________. Itanong: Ano ang nagpapanatili sa saranggola sa ere? (Karamihan sa mga estudyante ay magsasabing hangin iyon.) Itanong sa kanila kung para saan ang tali o pisi at ano ang mangyayari kung maputol ang pisi o tali. Tulungan silang matuklasan na kahit na napipigilan ng tali ang saranggola sa paglipad kung saan ito itinataboy ng hangin, kung wala ang tali ay hindi makalilipad ang saranggola. Ipahambing sa mga estudyante ang tali ng saranggola sa mga kautusan. Itanong: Hinahatak ba tayo pababa ng mga kautusan o tinutulungan tayo nitong lumipad nang mataas pa? (tingnan sa 1 Nephi 13:37; Eter 4:19). Ipaunawa sa kanila na kahit na tila nahihigpitan tayo ng mga kautusan, tinutulungan tayo ng mga ito na maging malaya mula sa kasalanan.



Ipakumpleto sa mga estudyante ang pangungusap sa pisara gamit ang iba pang mga bagay na sumisimbolo kung ano ang katulad ng mga kautusan, tulad ng batong pundasyon, mapa ng lansangan, mga susi, at hagdan. Magpatotoo na ang mga kautusan ay ibinigay upang tulungan tayong maging maligaya ngayon at magpasawalang-hanggan.

**Exodo 21–24. Ang Exodo 21–24 ay naglalaman ng mga halimbawa ng pagsasabuhay ng Sampung Utos sa partikular na mga kalagayan. Ang pagsasauli at matwid na pamumuhay, hindi pagganti, ay mahalagang mensahe ng batas ni Moises.** (30–60 minuto)

Piliin ang ilan sa mga sitwasyon mula sa Exodo 21–23 para ibahagi sa klase. Habang ibinabahagi ninyo ang bawat sitwasyon, hayaang ang inyong mga estudyante ang humatol at magpasiya kung ano ang inaakala nilang magiging makatarungan sa bawat kalagayan. Pagkatapos ay pasangguniin sila sa mga talata na nagsasaad ng sinabi ng Panginoon na dapat gawin sa bawat kalagayan. Halimbawa: Kung nanghiram kayo ng pala mula sa inyong kapitbahay at nasira ito habang gamit ninyo, ano ang dapat ninyong gawin? Pagkatapos ng ilang talakayan, ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 22:14–15 at alamin kung ano ang iniutos ng Panginoon.

Matapos pag-aralan ang ilang halimbawa, isulat ang mga salitang *pagganti* at *pagsasauli* sa pisara at ipapaliwanag sa mga estudyante ang kaibhan ng mga kahulugan ng dalawang salitang ito. Upang tulungan sila, ipahambing sa kanila ang Exodo 21:24–25 sa Exodo 22:1.

Sabihin sa mga estudyante na iniisip ng maraming tao na ang Exodo 21:24 ang naglalarawan sa batas ni Moises. Ang tingin nila dito ay batas ng pagganti—ang gawin sa iba ang ginawa nila sa inyo. Iparepaso sa mga estudyante ang mga halimbawang katatapos lang nilang pag-aralan tungkol sa kung paano ipamumuhay ang batas at talakayin kung hinihingi ng batas ang pagganti o pagsasauli (tingnan sa komentaryo para sa Exodus 22:1–17 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 139–40).

Basahin ang Exodo 23:1–9 sa inyong mga estudyante at itanong:

- Paano tayo minsan sinusubukang impluwensyahan ng mga kabarkada na labagin ang mga kautusan?
- Ano ang magagawa nating pakikipag-ugnayan na tutulong sa atin na madaig ang mga pamimilit na ito?
- Ano ang mga pagpapala ng pagsunod sa mga batas ng Diyos?
- Ano ang magiging epekto nito sa ating lipunan kung ipinamumuhay ng mga tao ang mga batas na ito?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 23:20–33 at ilista ang ipinangakong mga pagpapala ng Panginoon sa Israel at mga babalang ibinigay niya sa kanila (tingnan sa komentaryo para sa Exodus 23:20–31 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 141).

Ipaunawa sa mga estudyante na ang batas ni Moises ay hindi sinaunang batas at kinailangan nito ang makadiyos na pag-uugali at katapatan sa mga tipan. Itanong: Kailan tayo nakikipagtipan na susundin ang mga kautusan? (tingnan sa D at T 20:77, 79).

Basahin ang Exodo 24:1–11 sa inyong mga estudyante at talakayin ang pangyayaring naganap sa pitumpu ng mga matanda sa Israel sa harap ng Panginoon dahil sa kanilang katapatan. Sinabi ni Elder Bruce R. McConkie:

> "Kung wala 'ang kapangyarihan ng pagkadiyos,' ibig sabihin kung walang kabutihan, 'walang tao ang makakakita sa mukha ng Diyos, maging ng Ama, at mabubuhay.' Ang masasama ay matutupok sa kanyang harapan. 'Ngayon ito ay maliwanag na itinuro ni Moises sa mga anak ni Israel sa ilang, at masigasig na naghangad na pabanalin ang kanyang mga tao upang kanilang mamasdan ang mukha ng Diyos.' Ang mapabanal ay maging malinis, dalisay, walang bahid-dungis, walang kasalanan. Sa pinakahuling araw, ang mga yaong pinabanal ay mapupunta sa kahariang selestiyal, ang kaharian kung saan nananahan ang Diyos at si Cristo. 'Subalit kanilang [ang mga anak ni Israel] pinatigas ang kanilang mga puso at hindi nakatagal sa kanyang harapan'—dahil ayaw nilang maging dalisay sa puso—'kaya nga, ang Panginoon sa kanyang poot, sapagkat ang kanyang galit ay nagsiklab laban sa kanila, ay sumumpa na hindi sila makapapasok sa kanyang kapahingahan habang nasa ilang, kung aling kapahingahan ay kaganapan ng kanyang kaluwalhatian.' (D at T 84:21–24.) Nakita sana ng buong Israel ang Panginoon kung nakinig sila sa payo ni Moises, ngunit iilan lamang ang nakinig. Minsan, halimbawa, sina Moises at Aaron, Nadab at Abiu na mga anak ni Aaron, at 'pitongpu ng mga matanda sa Israel … [ay] nakita ang Dios ng Israel,' habang ang hukbong kasama ni Moises ay nanatili sa kanilang madilim na kalagayan (Exodo 24:9–10)" (*A New Witness for the Articles of Faith,* 494).

Magpatotoo na ang tunay na kapayapaan at kaligayahan at walang hanggang mga pagpapala ay nagmumula sa pagsunod sa mga kautusan.

# Exodo 25–40

## Pambungad

Sa Bundok ng Sinai, inihayag ng Panginoon kay Moises ang maluwalhating plano ng pagtubos sa mga anak ni Israel. Ang planong ito ay nagbigay sa kanila ng pagkakataong matanggap ang kabuuan ng kanyang kaluwalhatian (tingnan sa Exodo 25:8; 40:34–38; D at T 84:19–24). Bilang bahagi ng planong ito, tumanggap si Moises ng mga tagubilin tungkol sa pagtatayo ng tabernakulo, ang layunin nito, at ang mga taong mangangasiwa rito. Sa loob ng tabernakulong iyon ay matatanggap ng mga anak ni Israel ang mga ordenansa ng priesthood at mga tipan ng kaligtasan, at marami sa mga katotohanang inihayag noong panahong iyon ang mababanaag din sa ating mga templo ngayon. Marami sa impormasyon ang inuulit nang dalawang beses; nasa Exodo 25–30 ang mga planong natanggap ni Moises para sa tabernakulo, samantalang inilalarawan sa mga kabanata 35–40 ang aktuwal na pagtatayo.

Ang Exodo 32–34 ay naglalaman ng malungkot na salaysay ng pagkawala sa mga anak ni Israel ng kaganapan ng mga pagpapala ng priesthood dahil sa pagsuway at, bunga nito, tinanggap ang mas mababang bahagi. Bago umakyat si Moises para tanggapin ang mga tapyas na bato, nakipagtipan ang mga anak ni Israel na susundin ang mga kautusan ng Panginoon (tingnan sa Exodo 24:1–7). Gayunman, nang wala na si Moises, sinira ng mga Israelita ang kanilang mga tipan, na nagbunga ng kaunting biyaya at mga pagkakataon.

Isipin kung paano umaangkop ang mga kabanatang ito sa sarili ninyong buhay habang sinisikap ninyong sundin ang mga tipang ginawa ninyo sa Panginoon. Pansinin ang mala-Cristong halimbawa ni Moises nang mahalin niya, ipagmakaawa, at patuloy na turuan at akayin ang mga anak ni Israel.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Iniutos ng Diyos sa kanyang mga anak na magtayo ng mga templo. Ang mga templo ay lugar kung saan gumagawa ng mga tipan at natatanggap ang mga ordenansa ng kaligtasan. Itinuturo ang mga alituntuning naghahayag ng huwaran kung paano babalik sa piling ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Exodo 25–31; 35–40).
- Ang mga tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos at ordenan sa priesthood ng mga yaong may karapatan (tingnan sa Exodo 28:1; tingnan din sa Mga Hebreo 5:4; Mga Saligan ng Pananampalataya, 1:5).

- Pagsuway ang hadlang sa pagkakamit natin ng mga pribilehiyo at pagpapala na nais ibigay sa atin ng Panginoon (tingnan sa Exodo 32:7–9, 15–16; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Exodo 34:1–2, 14; D at T 84:19–25).
- Ang Panginoon ay nagpapakita sa mga taong matwid sa lupa ayon sa kanyang kalooban (tingnan sa Exodo 33:11; tingnan din sa Exodo 24:9–10; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Exodo 33:20, 23; D at T 88:67–68; 93:1).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 14, "Ang Tabernakulo," ay nagpapamalas kung paano nangyari ang isang kaganapan noong araw na nagtuturo ng simbolismo ng tabernakulo (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Exodo 25–40. Ang tabernakulo ay isang sagradong lugar sa mga anak ni Israel, tulad ng templo sa atin. Ang mga ordenansa ng kaligtasan na natatanggap doon ay nagtuturo ng huwaran ng pagbalik sa piling ng Ama sa Langit.** (40–50 minuto)

Bago magdatingan ang mga estudyante, gumamit ng teyp o tali para makagawa sa sahig ng balangkas ng tabernakulo at ng bakuran [outer courtyard] nito (tingnan sa diagram sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 155). Dekorasyunan ang silid ng mga larawan ng sinauna at makabagong mga templo o magdrowing at lagyan ng label sa pisara ang tabernakulo at bakuran nito.

Ipapaliwanag sa mga estudyante ang layunin ng mga templo. Binabanggit sa mga banal na kasulatan ang dalawang pangkalahatang layunin ng mga templo. Ipabasa sa mga estudyante ang sumusunod na mga banal na kasulatan at ipalahad kung ano ang mga layuning iyon:

- Exodo 25:8; 29:42–45; D at T 97:15–16 (Upang maging bahay ng Panginoon.)
- D at T 124:38–41 (Upang gumawa ng mga tipan at tanggapin ang sagradong mga ordenansa.)

Ipaunawa sa mga estudyante na ang isang mahalagang layunin ng templo ay turuan tayo nang mas marami pa tungkol sa plano ng kaligtasan at kung paano matatanggap ang lahat ng pagpapala ng planong iyan—ngayon at sa kawalang-hanggan. Totoo ito sa tabernakulo sa Israel, na kanilang templo.

Magdrowing at lagyan ng label ang diagram ng tabernakulo at ang bakuran nito sa pisara, tulad ng makikita sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 155). Sabihin sa mga estudyante na alamin kung saan naroon ang kanilang upuan sa "tabernakulo" sa balangkas na ginawa ninyo sa sahig bago magsimula ang klase. I-grupo ang mga estudyante batay sa kanilang kinalalagyan at ipaulat sa kanila ang nangyayari sa bahaging iyon ng tabernakulo at ano ang maituturo nito sa atin tungkol sa pag-unlad tungo sa buhay na walang hanggan. Ang mga estudyante sa *panlabas na bakuran* ng tabernakulo ay mag-uulat tungkol sa dambana ng handog at sa hugasang tubig; ang mga nasa *dakong banal* ay mag-uulat tungkol sa dulang ng tinapay na handog, sa gintong kandelero, at sa dambana ng kamangyan; yaong mga nasa *Kabanal-banalang Dako* ay mag-uulat tungkol sa kaban ng tipan. Ipagamit sa kanila ang bahagi para sa Exodo 25–27; 30 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral para makahanap ng impormasyon sa mga banal na kasulatan at mga tanong na makakatulong sa kanila na maipaliwanag ang kahalagahan ng bawat bagay sa ebanghelyo.

Pagkatapos ihanda ng mga grupo ang kanilang mga ulat, sama-samang palibutin ang mga estudyante sa tabernakulong nakabalangkas sa sahig, na ipinapaliwanag ng mga miyembro ng bawat grupo ang lugar na iniatas sa kanila at ang kahalagahan ng bawat elemento sa ebanghelyo. Magdagdag ng impormasyon tungkol sa kahalagahan ng mga bagay sa ebanghelyo sa diagram na nasa pisara habang nag-uulat (tingnan sa diagram sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 156).

Kung mayroon, ipakita sa mga estudyante ang mga larawan ng makabagong mga templo na matatagpuan sa magasin na *Mga Templo ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw* (31138 893). (Kabilang sa iba pang mga mapagkukunan ng mga larawan ang mga aklatan ng meetinghouse, magasin ng Simbahan, at ang pakete ng mga larawan ng sining ng ebanghelyo.) Ipakita kung paanong ang mga kasangkapan at silid sa mga templong ito ay nagpapakita rin ng huwaran ng pagbabalik natin sa piling ng ating Ama sa Langit.

Magpasulat sa bawat estudyante ng kahit man lang dalawang bagay na natutuhan nila mula sa aktibidad na ito. Kung may oras pa kayo, anyayahan ang ilan sa kanila na ibahagi ang kanilang isinulat.

**Exodo 28:1. Ang mga tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos at maorden sa priesthood ng mga yaong may karapatan.** (15–20 minuto)

Habang nakamasid ang klase, manghiram ng isang bagay na mahalaga, tulad ng relo o singsing, mula sa isa sa inyong mga estudyante. Pagkatapos ay ialok ito sa murang halaga sa iba pa na nasa klase. Kapag tumutol ang nagmamay-ari ng mga bagay, itanong sa klase kung ano ang mali sa pagtatangka ninyong ibenta ang gamit ng iba. (Wala kayong karapatan o awtoridad na gawin iyon.) Ipahambing sa mga estudyante ang inyong ginawa sa isang sitwasyon kung saan nag-alok ang isang taong hindi nagtataglay ng priesthood na binyagan ang isang kaibigang hindi miyembro. Itanong: Magkakabisa ba ang binyag? Bakit hindi?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 28:1 at alamin kung ano ang ipinatanggap ng Panginoon kay Aaron at sa kanyang mga anak. Pamarkahan at ipa-cross-reference sa kanila ang Exodo 28:1 sa Mga Hebreo 5:1, 4 at Saligan ng Pananampalataya 1:5. Itanong: Batay sa mga talatang ito, paano tinatawag sa priesthood ang isang tao?

Isinulat ni Pangulong David O. McKay:

> "Ang katanungang ito tungkol sa banal na karapatan ay isa sa mahahalagang pagkakakilanlan sa Simbahan ni Jesucristo mula sa mga paniniwala ng mga Protestante sa mundo ng Kristiyanismo. Sa simple at malinaw na mga salita ipinahahayag ng Simbahan na ang 'tao ay kinakailangang tawagin ng Diyos, sa pamamagitan ng propesiya, at ng pagpapatong ng mga kamay ng mga yaong may karapatan, upang ipangaral ang ebanghelyo at mangasiwa sa mga ordenansa niyon.' (Mga Saligan ng Pananampalataya, Blg. 5.) Sa pahayag na ito inulit ng Simbahan ang mga salita ng taong nagpatotoo tungkol sa awtoridad ni Cristo sa Kalagitnaan ng Panahon, at, sa pagsulat sa mismong tanong na ito, ay nagsabing, 'At sinoman ay hindi tumatanggap sa kaniyang sarili ng karangalang ito, liban na kung tawagin siya ng Dios, na gaya ni Aaron.' (Heb. 5:4.)" (*Gospel Ideals* [1953], 165).

Isinulat ni Elder Bruce R. McConkie:

> "Ang Priesthood ang kapangyarihan at karapatang ipinagkatiwala ng Diyos sa tao sa lupa upang kumilos sa lahat ng bagay para sa kaligtasan ng mga tao…. Maliban na taglayin ng mga lingkod ng Panginoon ang awtoridad na ito mula sa Panginoon hindi sila makapagpapalayas ng mga diyablo, makapagpapagaling ng maysakit, makapagkakaloob ng Espiritu Santo, makapagsasagawa ng binyag na kikilalanin sa langit, o makagagawa ng alinman sa napakaraming bagay na inilaan upang isagawa ng mga tagapangasiwa na binigyan ng awtoridad sa kaharian ng Panginoon sa lupa. Tingnan sa Lucas 9:1–6" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 1:748–9).

Nasa Exodo 28:1 ang *pagtawag* kay Aaron at sa kanyang mga anak upang ilaan at hiranging mangasiwa sa katungkulan ng priest o saserdote.

Magpatotoo na ang tunay na awtoridad ng priesthood ng Diyos ay matatagpuan sa Simbahan dahil lahat ng maytaglay ng priesthood ay tinawag ng Diyos at inorden tulad ni Aaron at ng kanyang mga anak.

**Exodo 28. Ang suot nating damit ay tumutulong sa paghahatid ng mga mensahe.** (15–25 minuto)

Ipakita sa mga estudyante ang mga larawan ng mga taong nakasuot ng iba't ibang uri at estilo ng pananamit mula sa mga magasin o pahayagan. Patingnan sa kanila kung paano manamit ang bawat tao at ipaliwanag ang sinasabi nito tungkol sa maaaring ginagawa ng tao, kung saan ito pupunta, at iba pang mga mensahe na inaakala nilang ipinahihiwatig ng kasuotan.

Ipalarawan sa isang estudyanteng mahilig sa isports ang uri ng suot niyang panlabas na damit, pati na ang gamit ng bawat isa o ang mensaheng ipinahahatid nito. Itanong:

- Angkop bang isuot ang inyong damit-panlaro sa isang pormal na handaan o sa sacrament meeting? Bakit hindi?
- Paano maiimpluwensyahan ng ating isinusuot ang ating pag-uugali at pagtitiwala?

Basahin ang Exodo 28:2–4 at tukuyin kung ano ang inihayag ng Diyos tungkol kay Aaron at sa kanyang mga anak. Itanong:

- Ano ang maaari nating matutuhan mula sa katotohanang inihayag ng Panginoon tungkol sa nararapat isuot ng isang priest sa loob ng tabernakulo?
- Gumawa na rin ba ng gayong kautusan ang Panginoon sa ating panahon?

Ipatukoy sa mga estudyante ang anim na kasuotang binanggit sa mga talatang iyon at ilista ang mga ito sa pisara. Gamitin ang komentaryo para sa Exodus 28; 39:1–43 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 151–53) upang maipaunawa sa kanila ang mga kahulugan at isinasagisag ng kasuotan.

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Jeffrey R. Holland, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Iminumungkahi ko na hangga't maaari ay puting polo ang isuot ng mga deacon, teacher, at priest na nangangasiwa ng sacrament. Sa mga sagradong ordenansa sa Simbahan kadalasan ay gamit natin ang pangseremonyang kasuotan, at ang puting polo ay paalala sa puting damit na isinuot ninyo sa bautismuhan at sa puting polong isusuot ninyo sa templo at sa inyong misyon.
>
> "Ang simpleng mungkahing ito ay hindi nilayon na maging mahigpit o pormal na patakaran. Hindi natin gustong mag-uniporme ang mga deacon o priest o mabahala sa anumang bagay maliban sa kadalisayan ng kanilang buhay. Ang pananamit ng ating mga kabataan ay makapagtuturo ng banal na alituntunin sa ating lahat, at tunay na makapagpapahiwatig ito ng kabanalan. Tulad ng itinuro ni Pangulong David O. McKay, ang puting polo ay makadaragdag sa kasagraduhan ng banal na sacrament (tingnan sa Conference Report, Okt. 1956, p. 89)" (sa Conference Report, Set.–Okt. 1995, 89; o *Ensign*, Nob. 1995, 68).

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang natutuhan ninyo sa pahayag ni Elder Holland?
- Paano nakadaragdag sa kasagraduhan ng sacrament ang pananamit ng mga maytaglay ng Aaronic Priesthood?
- Bakit puting damit ang suot natin sa ating binyag at sa loob ng templo?

Repasuhin ang mga panuntunan sa pananamit at kaanyuan sa polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (p. 14). Ipaunawa sa mga estudyante na maraming pagkakataon na, tulad ng mga priest o saserdote ng tabernakulo, matutulungan sila ng kanilang pananamit na tupdin ang kanilang mga tipan sa binyag na tumayo bilang mga saksi ng Diyos (tingnan sa Mosias 18:10–12).

**Exodo 29. Ang paraan ng paglalaan, o pagtatalaga sa mga indibiduwal upang makapangasiwa noon sa tabernakulo ay makapagtuturo sa atin kung paano maghanda sa pagpasok sa bahay ng Panginoon.** (30–40 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na tahimik na pag-isipan ang pagpunta sa templo o pagnilayin ang pinakasagrado nilang karanasan sa templo. Itanong sa kanila kung ano ang maaari nilang gawin upang makapaghanda sa pagdalo sa templo at magawa itong pinakamagandang karanasan hangga't maaari. Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 97:15–17 at ipatukoy kung ano ang sinabi ng Panginoon para maging makabuluhan ang ating mga pagdalo sa templo at ano ang hindi magbibigay kabuluhan dito. Sa pangkalahatan, ibahagi ang uri ng mga tanong na itinatanong sa interbyu sa pagkuha ng temple recommend. (Maaari kayong mag-anyaya ng isang lider ng priesthood sa klase para talakayin ang mga tanong na iyon.) Itanong: Ano ang magagawa natin sa tuwina na tutulong sa atin na maging karapat-dapat sa pagpasok sa templo at mas maunawaan ang mga pagpapala nito?

Sabihin sa mga estudyante na pag-aaralan nila kung paano naghanda ang mga saserdote sa pagpasok sa tabernakulo noong panahon ni Moises. Paalalahanan sila na dahil hindi naging karapat-dapat ang mga Israelita sa mas mataas na mga ordenansa, ang mga saserdote lamang ang pumapasok sa pinakasagradong bahagi ng tabernakulo. Ang paglalaan at pagtatalaga ng mga saserdote ay sumasagisag sa maraming paraan kung ano ang kailangang gawin ng lahat upang makapaghanda sa gawain sa templo.

Ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad B para sa Exodo 28–29 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral at ipaulat kung ano ang kanilang natutuhan. Ilista sa pisara ang anim na pangyayari kapag natukoy na ang mga ito at talakayin kung ano ang maaaring isinasagisag nito. Gamitin ang sumusunod bilang gabay:

- **Pangyayari 1:** Si Aaron at ang kanyang mga anak ay hinugasan, na sumasagisag ng paglilinis (tingnan sa Moises 6:57).
- **Pangyayari 2:** Isinuot ni Aaron at ng kanyang mga anak ang sagradong kasuotan, na sumasagisag sa "bagong tao" at naging bagong nilalang sa Panginoon (tingnan sa Mga Taga Colosas 3:10–14; tingnan din sa komentaryo para sa Exodus 28; 39:1–43 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* mga pahina 151–53).
- **Pangyayari 3:** Si Aaron at ang kanyang mga anak ay pinahiran ng langis. Ang langis ay ginagamit para magbigay ng liwanag, na sumasagisag sa Espiritu Santo. Ang Espiritu ay ibinibigay upang maging gabay sa buhay (tingnan sa I Samuel 16:13; D at T 45:56–59).
- **Pangyayari 4:** Tinalikuran ni Aaron at ng kanyang mga anak ang lahat ng kanilang kasalanan, na sumasagisag sa pagtalikod sa lahat ng bagay na hindi matuwid (tingnan sa Alma 22:18). Sinabi ni Elder Neal A. Maxwell, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Kaya ang tunay at personal na sakripisyo ay hindi ang paglalagay ng hayop sa altar. Sa halip, ito ay ang kusang paglalagay sa altar ng ating makamundong pag-uugali at pagtupok dito! Iyan ang 'hain sa Panginoon … may bagbag na puso at nagsisising espiritu,' (D at T 59:8), na kailangan para mapasan ang krus, habang '[tinatalikuran] ang lahat ng [ating] mga kasalanan' upang makilala ang Diyos (Alma 22:18); dahil kailangan munang itatwa ang sarili bago Siya lubusang matanggap" (sa Conference Report, Abr. 1995, 91; o *Ensign,* Mayo 1995, 68).

- **Pangyayari 5:** Si Aaron at ang kanyang mga anak ay nag-alay ng haing susunugin, na sumasagisag sa sakripisyo ni Jesucristo (tingnan sa Alma 34:14–16).
- **Pangyayari 6:** Nilagyan ng dugo sa kanang tainga, kanang hinlalaki, at kanang hinlalaki sa paa si Aaron at ang kanyang mga anak. Ang tainga ay sagisag ng pandinig, ang hinlalaki ay sagisag ng paggawa, at ang hinlalaki sa paa ay sagisag ng paglakad. Ginawa ito upang ipahiwatig na dapat silang *makinig* sa salita ng Diyos, *gawin* ang ipinagagawa sa kanila ng Diyos, at *lumakad* sa landas na nais ng Diyos na tahakin nila (tingnan sa Deuteronomio 10:12–13).

Ipabasa sa mga estudyante ang Moises 6:57–60 at ipahambing ang karanasan ni Adan sa karanasan ni Aaron at ng kanyang mga anak. Ipinaliwanag ng Panginoon kay Adan na kailangan tayong maipanganak na muli sa pamamagitan ng tubig, ng Espiritu, at dugo (tingnan sa t. 59) at, sa pamamagitan ng prosesong ito ay "makatatahan sa kanyang kinaroroonan" (t. 57). Sinabihan si Adan na "sa pamamagitan ng tubig inyong sinusunod ang kautusan; sa pamamagitan ng Espiritu, kayo ay binibigyang-katwiran, at sa pamamagitan ng dugo kayo ay pinababanal" (t. 60).

Ang huwarang ito ay nakita sa paglalaan kay Aaron at sa kanyang mga anak:

- Sila ay hinugasan, na masimbulong nagpahintulot sa kanila na makapagbihis ng bagong kasuotan, o maging bagong tao o nilalang.
- Pinahiran sila ng langis, na sumasagisag sa Espiritu Santo. Matapos tanggapin ang masimbulong pagpapahid ng Espiritu, ang mga hain ay inialay upang bigyang-katwiran ang mga ito sa harapan ng Diyos.
- Pinahiran sila ng dugo upang pabanalin sila, o gawin silang banal sa pamamagitan ng dugong ibinuhos para sa kanila (dugo ng hayop ang gamit nila).

Kinain ni Aaron at ng kanyang mga anak ang sakripisyo o hain "na ipinangtubos ng sala, upang italaga at pakabanalin sila" (tingnan sa Exodo 29:31–34), na mga dahilan ng pakikibahagi natin ng sacrament ngayon. Ipinahihiwatig ng sacrament ang Pagbabayad-salang ginawa para sa atin, at ang pakikibahagi rito ay simbolo na ginagawa nating bahagi ng ating buhay ang Pagbabayad-sala.

Ipalahad sa mga estudyante kung paanong ang partisipasyon nila sa mga tipan at ordenansa ng binyag at ng sacrament ay katulad ng mga ipinakita sa paglalaan kina Aaron at kanyang mga anak. Tiyakin sa kanila na ang pagsunod sa mga alituntunin at tipan ng ebanghelyo ang nagtutulot sa atin na matanggap ang karagdagang mga ordenansa at tipan ng templo.

**Exodo 32:1–8. Tulad ng mga anak ni Israel, maraming tao ngayon ang sumasamba sa mga diyus-diyusan.** (60–90 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod: *Baal; mga estatwang yari sa bato o kahoy; mga anting-anting na pampabuenas; horoscope o kapalaran; pera; kotse; isports, telebisyon, pelikula, at mga taong bantog sa musika.* Sabihin sa mga estudyante na maaari silang magtanong ng dalawampung katanungan, na masasagot ng oo o hindi, para malaman kung ano ang magkakapareho sa mga aytem na iyon. (Lahat ng ito, sa ilang pagkakataon, ay lubos na pinag-ukulan ng ating panahon, pera, at interes. Ang mga ito ay ang mga bagay na kadalasang pinagtutuunan ng ating mga puso.)

Matapos mahulaan ng mga estudyante ang sagot, tanungin sila kung bakit ang pagsamba sa mga diyus-diyusan—ang mahalin ang nilikha nang higit kaysa sa Tagapaglikha (tingnan sa Mga Taga Roma 1:25)—ay isang mabigat na kasalanan. (Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagsamba sa mga diyus-diyusan tingnan sa enrichment section na "Idolatry: Ancient and Modern" sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 245–48.) Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith:

> "Tandaan natin, na tatlong bagay ang kailangan upang manampalataya sa Diyos ang sinumang makatuwiran at matalinong nilalang tungo sa buhay at kaligtasan.
>
> "Una, ang ideya na siya ay talagang nariyan o umiiral.
>
> "Pangalawa, ang *wastong* ideya tungkol sa kanyang pagkatao, pagiging ganap, at mga katangian.
>
> "Pangatlo, isang tunay na kaalaman na ang landas na kanyang tinatahak ay sang-ayon sa kanyang kalooban. Dahil kung walang kaalaman ang tao tungkol sa tatlong mahahalagang katotohanang ito, ang pananampalataya ng bawat nilalang ay magiging hindi perpekto at hindi magbubunga; ngunit dahil sa pagkaunawang ito maaari itong maging perpekto at mabunga" (*Lectures on Faith,* 38).

Itanong sa mga estudyante:

- Bakit mahalaga sa pananampalataya ang pagkakaroon ng wastong pag-unawa sa katangian ng Diyos?
- Basahin ang Exodo 32:1–8. Anong diyus-diyusan ang sinamba ng Israel?
- Basahin ang Exodo 20:3–5. Ano ang sinabi na ng Panginoon sa mga Israelita tungkol sa mga diyus-diyusan?
- Basahin ang Exodo 24:3. Bakit napakabigat na kasalanan sa mga taong ito ang pagsamba sa mga diyus-diyusan?
- Basahin ang Exodo 32:1. Bakit nila ginawa at sinamba ang gintong guya? (Nagkulang sila sa pagtitiwala sa propeta, naging mainipin, at ipinagpalit ang espirituwal sa isang bagay na pisikal.)
- Paano nakikibaka ang mga tao ngayon sa ganito ring mga problema?



Basahin ng buong klase ang Exodo 32:9–35, na ipinapabasa sa iba't ibang estudyante ang isa o dalawang talata. Habang nagbabasa itanong ang ilan sa sumusunod na mga tanong:

- Ano ang nadama ng Panginoon nang sambahin ng mga Israelita ang mga huwad na diyos? (tingnan sa mga talata 9–10).
- Ano ang sinabi ni Moises sa Panginoon para masubukan at mailigtas ang mga tao? (tingnan sa mga talata 11–14).
- Ano ang sinabi ni Aaron para subukang pangatwiran ang kanyang kasalanan? (tingnan sa mga talata 21–24).
- Paano natin pinangangatwiran kung minsan ang ating mga kasalanan ngayon?
- Ano ang itinanong ni Moises sa talata 26 na itinatanong pa rin ng ating propeta ngayon?
- Paano natin ipinapakita sa Panginoon na tayo ay nasa kanyang panig?
- Anong mga salita o kataga ang nagpapaalala sa inyo sa ginawa ni Cristo para sa lahat ng nagkasala? (tingnan sa t. 30).
- Paano ipinapakita ng mga talata 30–34 na mahal ni Moises ang mga tao sa kabila ng kanilang kasamaan?

Ipaliwanag na palaging may mga bunga ang ating mga kilos at pinapanagot tayo ng Diyos sa mga ginagawa natin. Isulat sa pisara ang sumusunod na mga reperensya at ipatuklas sa mga estudyante ang mga bungang dinanas ng Israel dahil sa pagsamba sa diyus-diyusan:

- Exodo 32:25–29 (Tatlong libong kalalakihan ang napatay.)
- Exodo 33:1–6; Doktrina at mga Tipan 84:23–24 (Ang Panginoon ay lumayo sa kanila.)
- Exodo 33:7–8 (Umalis din si Moises sa kanilang kalipunan.)
- Exodo 33:19–23; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Exodo 33:20 (Ang pribilehiyong makita ang Diyos, na inialok sa lahat ng anak ni Israel, ay ipinagkait sa kanila.)
- *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Exodo 34:1–2; PJS, Deuteronomio 10:2 (Nawala sa kanila ang unang mga tapyas na bato, ang mas mataas na priesthood, at kaugnay na mga ordenansa.)

Ituro sa mga estudyante na hindi lubos na naunawaan ng mga Israelita ang malaking epekto ng pagkawala ng mga ordenansa ng mas mataas na priesthood. Para mailarawan ito, bigyan ang isang estudyante ng maliit na piraso ng kendi o ng ibang bagay na medyo kaakit-akit. Sabihin na maaari nang kunin ng estudyante ang bagay na iyon o mas piliin ang anumang nasa bulsa ninyo (mas masarap na kendi o isang bagay na mas mahalaga kaysa kendi, tulad ng isang kupon para sa pagkain). Para mapasakanya ang nasa bulsa ninyo, kailangang ibigay ng estudyante ang unang aytem at gawin ang isang espesyal na bagay para sa inyo.

Kung pipiliin ng estudyante na kunin ang unang aytem, talakayin na napakahirap ipaliwanag kung gaano kaluwalhati ang mga pagpapala ng templo sa isang taong hindi pa kailanman nakaranas ng mga ito. Kung gustong malaman ng mga estudyante ang nasa bulsa ninyo, huwag sabihin sa kanila. Ipaliwanag pa na isa sa mga pinakamatinding sumpang maaari nating maranasan ay ang malaman kalaunan kung ano sana ang napasaatin ngunit hindi natin natanggap dahil tayo ay walang tiyaga, suwail, hindi interesado, o ayaw nating magsakripisyo. Sa huli ay ipakita sa kanila ang bagay na nawala sa kanila at ipaliwanag na maaaring hindi malaman kailanman ng isang tao ang bagay na nawala at masiyahan na lamang sa bagay na nasa kanya—hanggang sa malaman niya kalaunan kung ano ang tinalikuran niya.

Kung pipiliin ng estudyante ang bagay na nasa bulsa ninyo, ituro kung ano ang maaaring mawala kung kinuha niya ang unang aytem.

Karamihan sa mga tao ngayon ay hindi sumasamba sa mga huwad na diyos na yari sa bato o luwad. Gayunman, marami pang bagay ang maaaring maging katulad ng mga huwad na diyos. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

> "Ang anumang bagay na pakamithiin ng tao sa kanyang puso at pagkatiwalaan niyang mabuti ay kanyang diyos; at kung nagkataon na ang kanyang diyos ay hindi ang tunay at totoong Diyos ng Israel, ang taong iyan ay sumasamba sa diyus-diyusan" ("The False Gods We Worship," *Ensign,* Hunyo 1976, 4).

Magpabigay sa mga estudyante ng mga halimbawa ng mga bagay na pinagtutuunan ng ating mga puso. Ilista sa pisara ang kanilang mga halimbawa at idagdag ang iba pang mababanggit sa sumusunod na pahayag ni Elder Spencer W. Kimball, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawa:

> "Ang mga makabagong diyus-diyusan o mga huwad na diyos ay maaaring sa uri ng kasuotan, tahanan, negosyo, makina, kotse, libangang bangka, at marami pang ibang materyal na naglilihis sa landas tungo sa pagkadiyos….
>
> "Ang mga bagay na hindi nakikita o nahihipo at nadarama ay maaari ding maging mga diyus-diyusan. Ang mga digri at kahanga-hangang nagawa at titulo ay maaari ding maging mga diyus-diyusan. Maraming kabinataan ang nagpapasiyang mag-aral sa kolehiyo samantalang dapat ay magmisyon muna sila….
>
> "Maraming taong inuuna ang pagtatayo ng bahay at pagbili ng kasangkapan at kotse—at pagkatapos ay natutuklasang 'hindi nila kayang' magbayad ng ikapu. Sino ang kanilang sinasamba? … Ang mga batang mag-asawa na ipinagpapaliban ang pagkakaroon ng mga anak hanggang sa makatapos na sila ng kurso ay maaaring magulat kung ang pinili nila ay bansagang pagsamba sa diyus-diyusan….
>
> "Marami ang dinidiyus ang pangangaso, pangingisda, bakasyon, mga piknik at paglilibang sa pagtatapos ng linggo. Ang iba naman ay dinidiyus ang mga palaro, baseball, football, bullfight, o golf….
>
> "Ang isa pang imaheng dinidiyus ng mga tao ay ang kapangyarihan at katanyagan. Yuyurakan o tatapakan ng maraming tao ang espirituwal at kadalasan ang magagandang asal sa pag-akyat nila tungo sa tagumpay. Ang mga diyos na ito ng kapangyarihan, kayamanan, at impluwensya ang pinakamatindi at talagang kasingtunay ng mga gintong guya ng mga anak ni Israel sa ilang" (*The Miracle of Forgiveness* [1969], 41).

Hikayatin ang mga estudyante na magtiwala sa nag-iisang tunay at buhay na Diyos.

**Exodo 33:9–20 (Scripture Mastery, Exodo 33:11). Maaaring magpakita at nagpapakita ang Panginoon sa mga taong matwid sa mundo.** (20–25 minuto)

Papuntahin sa harapan ng klase ang tatlong estudyante para gumanap bilang dalawang misyonero at isang investigator. Ipabasa sa investigator ang Exodo 33:20 at Juan 1:18 at itanong sa mga misyonero: Kung totoo ang mga talatang ito, paano magpapakita ang Diyos kay Joseph Smith? Hayaang subukang sagutin ng mga misyonero ang tanong. Kung kailangan, anyayahan ang klase na tulungan sila.

Basahin ang Exodo 33:11; Juan 14:21, 23; Doktrina at mga Tipan 67:10; 93:1 at talakayin ang itinuturo ng mga talatang iyon tungkol sa pagkakita sa Diyos. Ipagamit sa mga estudyante ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* at maghanap ng mga halimbawa na nagsasalaysay tungkol sa pagpapakita ng Diyos sa mga tao. Narito ang ilang halimbawa:

- Adan (tingnan sa D at T 107:54)
- Set (tingnan sa Moises 6:3)
- Enoc (tingnan sa Moises 7:3–4)
- Abraham (tingnan sa Abraham 3:11)
- Isaac (tingnan sa Exodo 6:3)
- Jacob (tingnan sa Genesis 32:20)
- Salomon (tingnan sa I Mga Hari 9:1–2)
- Ezekiel (tingnan sa Ezekiel 1:26–28)
- Amos (tingnan sa Amos 9:1)
- Esteban (tingnan sa Mga Gawa 7:55–59)
- Ang kapatid ni Jared (tingnan sa Eter 3:20)
- Nephi, Jacob, at Isaias (tingnan sa 2 Nephi 11:2–3)
- Mormon (tingnan sa Mormon 1:15)
- Moroni (tingnan sa Eter 12:39)
- Joseph Smith (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:16–17)
- Marami pang hindi naitala (tingnan sa Eter 12:19)

Para tulungang malutas ang malinaw na pagsasalungatan, sabihin sa mga estudyante na pansinin ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Exodo 33:20 at PJS, Juan 1:18. Ipabasa sa kanila ang mga reperensya mula sa Pagsasalin ni Joseph Smith at itanong sa kanila kung paano nilinaw ni Propetang Joseph Smith ang isyung ito. Itinuro ni Propetang Joseph Smith:

> *"Ang unang alituntunin ng Ebanghelyo ay malaman nang may katiyakan ang Katangian ng Diyos, at malaman na maaari tayong makipag-usap sa kanya tulad ng pakikipag-usap ng tao sa isa't isa"* (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 345).

Magpatotoo na nagpakita ang Panginoon kay Propetang Joseph Smith. Anyayahan ang mga estudyante na ibahagi rin ang kanilang mga patotoo. Ipaunawa sa kanila na maaaring magpakita at nagpapakita ang Panginoon sa kanyang matwid na mga anak, ngunit nangyayari ito "sa kanyang sariling panahon, at sa kanyang sariling pamamaraan, at alinsunod sa kanyang sariling kalooban" (D at T 88:68). Basahin ang Doktrina at mga Tipan 93:1 at itanong sa mga estudyante kung ano ang mangyayari sa huli sa bawat karapat-dapat na miyembro ng Simbahan.

**Exodo 34:1–4. Naglaan ang Panginoon ng mas mababang batas para sa mga anak ni Israel.** (5–10 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung ilang beses nilang sinubukang sumulat sa isang tao at kinailangang itapon ang mga unang isinulat at sumubok na muli. Ipaliwanag na may isang bagay na ginawa ang Panginoon na katulad ng nasa aklat ng Exodo.

- Basahin ang Exodo 32:19. Ano ang nangyari sa mga tapyas na bato na ginawa ng Panginoon at ibinigay kay Moises?
- Basahin ang Exodo 34:1–4 at ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, Exodo 34:1–2. Paano ginawa ang pangalawang mga tapyas na bato? Sino ang gumawa ng mga ito? Paano naiba ang mga ito sa una?
- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 84:19–27. Bakit binigyan ng mas mababang batas ang mga Israelita?
- Basahin ang Mga Taga Galacia 3:24–25. Ano ang layunin ng mas mababang batas? Ano ang mga responsibilidad natin ngayon yamang ibinigay sa atin ang mas mataas na batas?

**Exodo 35–40. Ang pagtatayo ng tabernakulo.** (5–10 minuto)

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang Exodo 25–30 ay katulad na katulad ng mga kabanata 35–40. Ang mga kabanata 25–30 ay naglalaman ng paghahayag ni Moises, na nagpapakita kung ano ang magiging hitsura ng tabernakulo at kung paano ito itatayo; ang mga kabanata 35–40 ay nagsasalaysay tungkol sa aktuwal na pagtatayo ng tabernakulo.

Ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad A para sa Exodo 35–40 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral at repasuhin ang mga pangyayari sa paglalaan ng tabernakulo. Itanong kung may sinuman sa kanila na nakadalo na sa paglalaan ng templo. Kung mayroon, anyayahan silang magbahagi ng kanilang nadarama tungkol sa kanilang karanasan kung gusto nila.

# ANG AKLAT NG LEVITICO

Dahil ang mga anak ni Israel ay hindi espirituwal na handa para sa Melchizedek Priesthood at mga ordenansa nito, inorganisa sila ng Panginoon sa ilalim ng Aaronic o Levitical Priesthood at ibinigay sa kanila ang batas ni Moises (tingnan sa Exodo 32:19; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, PJS, Exodo 34:1). Ang aklat ng Levitico, na ibig sabihin ay "may kinalaman sa mga Levita," ay parang isang manwal na nagsasabi kung paano kumilos sa Levitical Priesthood at mangasiwa sa mga ordenansa ng pagsasakripisyo sa batas ni Moises. Kabilang dito ang mga detalye kung paano isagawa ang mga ordenansang kaugnay ng tabernakulo, na itinayo at inilaan samantalang gumagala ang Israel sa ilang. Ang Levitico ay naglalaman din ng ilang natatanging tagubilin na angkop sa bawat isa.

Ang proseso ng pagiging banal ay isang makabuluhang tema sa aklat ng Levitico. Mahalagang pansinin na ang salitang *banal*, o ang isang salitang nauugnay rito tulad ng *pabanalin*, ay nakatala nang mahigit 150 beses sa Levitico. Upang maging banal, kailangan muna tayong maging malinis—malaya mula sa mga epekto ng kasalanan at nabigyang-katwiran sa harapan ng Diyos. Ngunit ang kabanalan ay higit pa sa pagiging malinis. Kabilang dito ang proseso ng pagpapabanal, o pagkakaroon ng makadiyos na katangian. Ang pangkalahatang pagkakabuo ng aklat ng Levitico ay kakikitaan ng gayunding huwaran ng espirituwal na pag-unlad.

- Ang Levitico 1–16 ay nagtuturo tungkol sa pagiging malinis at matuwid sa harap ng Diyos sa pamamagitan ng paggawa ng angkop na mga sakripisyo at pagsunod sa "mga gawain at mga ordenansa sa araw-araw" (tingnan sa Mosias 13:29–30).
- Ang Levitico 17–27 ay nagtuturo tungkol sa mga pamantayan ng kabanalan sa ilalim ng batas ni Moises na naging daan upang maging kakaiba ang pinagtipanang Israel mula sa iba pang grupo ng mga tao (tingnan sa Exodo 19:5–6). Para sa karagdagang impormasyon at mas detalyadong buod ng Levitico, sumangguni sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Levitico" (p. 132).

## Levitico 1–16

## Pambungad

Ang batas ni Moises ay naging "tagapagturo upang ihatid [ang mga anak ni Israel] kay Cristo" (Mga Taga Galacia 3:24; tingnan sa 2 Nephi 25:24). Ang Levitico 1–16 ay naglalaman ng tagubilin hinggil sa ilang mga gawain at ordenansa ng batas na nagturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo.

- Inilalarawan ng mga kabanata 1–7 ang iba't ibang uri ng mga sakripisyong dapat gawin ng mga tao noon. Ang mga sakripisyong ito ay sumagisag sa Tagapagligtas at sa kanyang nagbabayad-salang sakripisyo.
- Ipinaliliwanag ng mga kabanata 8–10 ang mga kailangan sa mga saserdote upang maging karapat-dapat sila sa pagsasagawa ng mga hain o sakripisyo.
- Ipinaliliwanag ng mga kabanata 11–15 ang iba't ibang batas tungkol sa kalinisan at karumihan, na binibigyang-diin ang kahalagahan nito. Ipinakita ng mga batas na ito na kailangan ang pagiging malinis ng sarili (tingnan sa kabanata 11), bilang mga pamilya (tingnan sa kabanata 12), at bilang mga tao (tingnan sa mga kabanata 13–15).
- Ang kabanata 16 ang espirituwal na kasukdulan ng lahat ng batas ng kalinisan. Nagtatagubilin ito tungkol sa dakilang sakripisyo na nakapagpapalinis na iniaalay bawat taon sa Araw ng Pagtubos.

Habang pinag-aaralan ninyo ang mga kabanatang ito, alamin kung bakit ang batas ni Moises ay tinawag na napakahigpit na batas ng mga gawain at ordenansa (tingnan sa Mosias 13:29–30), isang batas ng makalupang mga kautusan (tingnan sa D at T 84:27; ang ibig sabihin ng *carnal* ay may kaugnayan sa laman), at isang tagapagturo (tingnan sa Mga Taga Galacia 3:24). Pansinin lalo na kung paanong itinuturo ng buong kahulugan ng batas ni Moises ang dakila at huling sakripisyo ng Anak ng Diyos (tingnan sa Alma 34:13–14).

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga alay at handog na nabanggit sa batas ni Moises ay sumisimbolo sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo (tingnan sa Levitico 1–7; tingnan din sa Moises 5:5–8).
- Upang lubusang makapagsisi, kailangang madama ng tao ang tunay na kalungkutan, ipagtapat ang kanyang mga kasalanan, at ituwid ang mga nagawang pagkakamali (tingnan sa Levitico 1:1–4; 5:5; 6:4–7; tingnan din sa Isaias 1:16–19).
- Ang mga ordenansa ng priesthood ay kailangang eksaktong isagawa ayon sa iniutos ng Panginoon at ng mga taong karapat-dapat at inorden na magsagawa nito (tingnan sa Levitico 8:6–13; 10:1–11).
- Upang makalapit kay Jesucristo kailangang ilayo natin ang ating sarili sa lahat ng bagay na sinasabing marumi ng Panginoon (tingnan sa Levitico 11:44–47; 12–15; tingnan din sa Moroni 10:32).
- Ang pagkakaroon ng pananampalataya kay Jesucristo at sa kapangyarihan ng kanyang Pagbabayad-sala ay nakakatulong sa atin na malinis mula sa kasalanan at paglabanan ang ating mga hangaring magkasala (tingnan sa Levitico 16).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 14, “Ang Batas ni Moises,” ay nagmumungkahi ng mga paraan ng pagtuturo ng batas ni Moises. Hindi ito nilayong ipakita sa mga estudyante (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Levitico 1–27. Ang batas ni Moises ay tumulong sa pagtuturo ng pangunahing mga alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Nakasentro ito sa apat na pangunahing alituntunin: pag-aalay o sakripisyo, kalinisan, paghiwalay sa makamundong mga bagay, at pag-alaala.** (40–50 minuto)

Dalhin sa klase ang mga sangkap ng isang resipe. Anyayahan ang isang estudyante na paghaluin ang mga sangkap nang hindi ibinibigay ang resipe at gumawa ng masarap na pagkain para sa klase. Matapos ang ilang minutong pagsisikap ng estudyante sa proyektong ito, talakayin kung gaano kahirap o kaimposible ang gumawa nang walang resipe o manwal ng tagubilin. Itanong:

- Ano ang ilang bunga ng hindi pagsunod sa mga tagubilin?
- Ano ang ilang pakinabang ng mga resipe o mga manwal ng tagubilin?

Ipalista sa mga estudyante ang ilan sa mga manwal ng tagubilin na ginagamit sa Simbahan (tulad ng hanbuk ng Aaronic Priesthood at aklat ng Pansariling Pag-unlad ng mga Kabataang Babae). Magpakita sa mga estudyante ng kopya ng isang hanbuk ng Simbahan at talakayin kung ano ang kahalagahan ng gayong mga materyal.

Anyayahan ang mga estudyante na basahin at talakayin ang pambungad na materyal sa aklat ng Levitico na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Ipahanap sa kanila kung paano naging tulad ng isang manwal ng mga tagubilin ang aklat ng Levitico. Basahin ang Mosias 13:29–30 at itanong:

- Bakit kinailangan ng mga tao noong panahon ni Moises ang gayong partikular na mga tagubiling tulad ng batas ni Moises?
- Paanong maaaring may halaga ang kanilang hanbuk ng mga tagubilin sa ating henerasyon?

Ituro sa mga estudyante na ang aklat ng Levitico ay naglalaman ng mga tagubilin tungkol sa apat na pangunahing alituntunin sa batas ni Moises. Magdrowing ng apat na haligi sa pisara at pangalanan ang mga ito ng *pag-aalay, kalinisan, paghiwalay*, at *pag-alaala.* Ilarawan ang bawat isa sa mga alituntuning ito at talakayin kung bakit mahalaga ang mga ito noon. Gamitin ang sumusunod na impormasyon at alinmang komentaryo para sa Leviticus sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 159–91) na inaakala ninyong makakatulong:

1. **Pag-aalay:** Ang mga hayop noon ay iniaalay upang ituro sa mga tao na may isang Tagapagligtas, si Jesucristo, na magsasakripisyo ng kanyang buhay para sa kanilang mga kasalanan (tingnan sa Moises 5:6–7). Ang paraan ng pagsasagawa ng bawat alay ay nagpaalala sa mga tao sa Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas balang-araw. Tanging mga hayop na iaalay na nakatugon sa tiyak na mga pangangailangan ang napili, kung kaya’t sumisimbolo ang mga ito kay Jesucristo.
2. **Kalinisan:** Sa ilalim ng batas ni Moises, kailangang mapanatili ng tao ang kalinisan ng katawan. Kinabibilangan ito ng wastong pagkain at pag-iwas sa mga tao at hayop na hindi malinis o maysakit. Ang mga praktikal na batas na ito ay nakatulong sa pagpapaalala sa mga tao na maging malinis mula sa kasalanan sa pamamagitan ng pagsunod at pagsisisi.
3. **Paghiwalay:** Iniutos ng Panginoon sa mga Israelita na huwag makisalamuha sa masasamang tao ng mundo. Ito ang nagturo sa mga Israelita na ihiwalay ang kanilang sarili sa kamunduhan, o sa kasalanan. Dahil darating ang panahon na maninirahan sila sa piling ng napakasasamang mga tao (ang mga Cananeo), kailangang manatiling kakaiba ang uri ng kanilang pamumuhay at mga pamantayan ng paguugali. Hindi sila nararapat na mag-asawa ng mga hindi mananampalataya.
4. **Pag-alaala:** Tinulungan ng batas ni Moises ang mga Israelita na maalaala kung paano sila pinagpala noon ng Panginoon, ang kanilang pamana (ang mga halimbawang ipinakita ng kanilang mga ninuno), at sila ang pinagtipanang taong pinili ng Panginoon. Ang mga piging, pagdiriwang, at pagsunod sa araw ng Sabbath ay nakatulong sa mga Israelita na lalong maalaala ang Panginoon.

Isulat sa pisara ang ilan sa sumusunod na mga reperensya ng banal na kasulatan. Hatiin sa mga grupo ang mga estudyante at ipabasa at ipatukoy sa kanila kung alin sa apat na suportang alituntunin ng batas ni Moises ang inilalarawan ng mga talata.

- Exodo 12–13; 22:29; Levitico 1–6; 16; 17:11; Deuteronomio 15:19–23 (Pag-aalay o Sakripisyo.)
- Levitico 8:6; 10:10; 11–15; 22:6 (Kalinisan.)
- Levitico 18:3–5; 19:19; 20:23–26; Deuteronomio 22:9–11; 26:18–19 (Paghiwalay.)
- Levitico 23; Deuteronomio 8:2; 16; 26 (Pag-alaala.)

Kapag natapos nang pagtugmain ng mga estudyante ang mga banal na kasulatan sa mga alituntunin ng batas ni Moises, anyayahan silang magbahagi ng ilang mahahalagang ideya na natutuhan nila sa aktibidad. Ipatukoy sa mga estudyante ang mga ordenansa, kautusan, o tagubilin na mayroon tayo ngayon na tumutulong sa atin na ipamuhay ang apat na alituntunin ding iyon. (Halimbawa, ang mga tungkulin sa Simbahan ay nangangailangan ng sakripisyo, ang mga tipan sa binyag ay nagpapaalala sa atin sa kahalagahan ng kalinisan, ang Word of Wisdom ay tumutulong upang mahiwalay tayo sa masasamang gawain ng lipunan, at ang sacrament ay palaging

nagpapaalala kay Jesucristo.) Talakayin ang mga tanong na tulad ng sumusunod:

- Bakit mahalagang magsakripisyo kayo o manatiling malinis?
- Paano kayo natutulungan ng paghiwalay sa mundo na manatiling banal?
- Ano ang tumutulong sa inyo upang maalaala ang Panginoon?
- Paano itinuturo sa atin ng mga ordenansa ng priesthood ang mga pangunahing alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo?

Kung nagawa ng inyong mga estudyante ang alinman sa mga aktibidad sa gabay ng estudyante sa pag-aaral para sa Levitico, maaari ninyong ipabahagi sa kanila sa klase ang ilan sa natutuhan nila.

**Levitico 1–7. Ang mga sakripisyong nakabalangkas sa batas ni Moises ay nakatulong para magsisi ang mga Israelita at magpasalamat at maging tapat sa Diyos. Tinutulungan tayo ng ebanghelyo na gawin din ang mga bagay na iyon ngayon. Ang pag-aaral ng mga ipinagagawa ng batas ni Moises ay makakatulong sa atin na repasuhin ang mga alituntuning may kinalaman sa ating kaugnayan sa Diyos.** (35–45 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga parirala:

- Kapatawaran para sa ating mga kahinaan at mga pagkakamali bilang tao
- Kapatawaran sa partikular na mga kasalanan
- Katapatan sa Diyos
- Ang direksyon ng inyong buhay ay katanggap-tanggap sa Diyos
- Lahat ng bagay na nasa inyo ay mula sa Diyos

Sa bawat parirala, pasulatin ang mga estudyante ng tungkol sa ebanghelyo o Simbahan na nakakatulong sa kanila na madama, makamit, o maipakita ang isinasaad na ideya—tulad ng pagdarasal, pagtatapat ng mga kasalanan, pakikibahagi ng sacrament, binyag, pagbabayad ng ikapu, at pagkadama sa nakapagpapanatag na impluwensya ng Espiritu. Talakayin ang isinulat ng mga estudyante.

Sabihin sa mga estudyante na ang batas ni Moises ang nagbigay-daan upang maipakita ng mga anak ni Israel ang bawat ideyang isinulat sa pisara. Bagama't ang partikular na mga gawain ng batas ni Moises ay hindi na angkop ngayon, ang mga alituntuning itinuturo ay angkop pa rin, at ang batas ng sakripisyo ay akma sa bawat ideya.

Isulat ang sumusunod na mga alay sa tabi ng kaukulang ideya na nasa pisara. Halimbawa:

Kapatawaran para sa ating mga kahinaan at mga pagkakamali bilang tao: Handog dahil sa kasalanan

- Kapatawaran sa partikular na mga kasalanan: handog dahil sa paglabag
- Katapatan sa Diyos: handog na susunugin
- Ang direksyon ng inyong buhay ay katanggap-tanggap sa Diyos: handog tungkol sa kapayapaan
- Lahat ng bagay na nasa inyo ay mula sa Diyos: handog na harina
- Pasasalamat: handog na harina

Gamitin ang tsart na "Sacrifices and Offerings of the Mosaic Law" sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 162–63) upang tulungan ang mga estudyante na magkaroon ng pang-unawa sa bawat isa sa mga handog na iyon. Maaari kayong magsimula sa handog na susunugin, yamang tinalakay ito sa Levitico 1.

Maaari ninyong ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad A para sa Levitico 1 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral upang matulungan silang pag-isipan at tuklasin kung ano ang itinuturo ng bawat kailangan sa handog na susunugin tungkol sa pagsisisi at Pagbabayad-sala. Matapos talakayin ang bawat handog, itanong sa mga estudyante kung paano tayo matuturuan ng handog na iyon na makamit ang ideyang nakasulat sa tabi nito sa pisara.

Anyayahan ang mga estudyante na magbahagi ng anumang bagong ideya na nakamit nila tungkol sa kung paano natin ginagawa ngayon ang mga alituntuning may kinalaman sa bawat sakripisyo. Pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Paanong katulad ng ating mga deacon, teacher, at priest ngayon ang mga saserdoteng nangasiwa sa mga alay o sakripisyo sa batas ni Moises?
- Sino ang kinakatawan ng saserdote noong panahon ng Lumang Tipan?
- Sino ang kinakatawan ngayon ng mga maytaglay ng Aaronic Priesthood?
- Paano natutupad ng sacrament ngayon ang layuning katulad ng sa mga pag-aalay o sakripisyo noong panahon ng Lumang Tipan?

Muling bigyang-diin na mahalaga ang alituntunin ng sakripisyo sa ating espirituwal na pag-unlad sa pamamagitan ng pagbabahagi ng sumusunod na mga ideya ni Elder M. Russell Ballard, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Dahil sa pagninilay tungkol sa kasaysayan ng ating Simbahan, natuon ang aking isipan sa kawalang-hanggan ng batas ng sakripisyo, na mahalagang bahagi ng ebanghelyo ni Jesucristo.

"May dalawang mahahalaga at walang hanggang mga layunin para sa batas ng sakripisyo na kailangan nating maunawaan. Ang mga layuning ito ay umakma kina Adan, Abraham, Moises, at sa mga Apostol ng Bagong Tipan, at akma ang mga ito sa atin ngayon kapag tinanggap at ipinamuhay natin ang batas ng sakripisyo. Ang dalawang mahahalagang layunin ay subukan at patunayan tayo at tulungan tayo sa paglapit kay Cristo….

"Bagama't ang pangunahing layunin ng batas ng sakripisyo ay tungkol pa rin sa pagsubok at pagtulong sa atin na lumapit kay Cristo, may dalawang pagbabagong ginawa matapos ang huling sakripisyo ni Cristo. Una, ang ordenansa ng sacrament ang pumalit sa ordenansa ng sakripisyo; at pangalawa, inilipat ng pagbabagong ito ang pokus ng sakripisyo mula sa hayop na dala ng tao tungo sa tao na mismo. Kung gayon, ang sakripisyo ay nabago mula sa iniaalay tungo sa nag-aalay….

"… Matapos ang kanyang mortal na ministeryo, iniangat ni Cristo sa bagong antas ang batas ng sakripisyo. Sa paglalarawan kung paano magpapatuloy ang batas ng sakripisyo, sinabi ni Jesus sa kanyang mga Apostol na Nephita na hindi na siya tatanggap ng mga handog na susunugin, kundi ang kanyang mga disipulo ay dapat mag-alay ng 'bagbag na puso at nagsisising espiritu' (3 Nephi 9:19–20; tingnan din sa D at T 59:8, 12). Sa halip na hingin ng Panginoon ang alagang hayop ng tao o mga butil, gusto ng Panginoon ngayon na talikuran natin ang lahat ng di makadiyos. Ito ay mas mataas na pagsasagawa ng batas ng sakripisyo; naaabot nito ang kaibuturan ng kaluluwa ng isang tao. Ipinaliwanag ito ni Elder Neal A. Maxwell sa ganitong paraan: 'Ang tunay at personal na sakripisyo ay hindi ang paglalagay ng hayop sa altar. Sa halip, ito ay ang kusang paglalagay sa altar ng ating makamundong paguugali at pagtupok dito!' (sa Conference Report, Abr. 1995, 91; o *Ensign,* Mayo 1995, 68).

"Paano natin naipapakita ngayon sa Panginoon na bilang simbolo ay inilalagay natin ang ating sarili sa dambana ng pag-aalay? Ipinapakita natin sa Panginoon na handa tayong ipamuhay ang batas ng sakripisyo ngayon sa pamamagitan ng pamumuhay sa unang dakilang kautusan. Sinabi ni Jesus:

" 'Iibigin mo ang Panginoon mong Dios ng buong puso mo, at ng buong kaluluwa mo, at ng buong pagiisip mo.

" 'Ito ang dakila at pangunang utos' (Mateo 22:37–38).

"Kapag nadaig natin ang ating makasariling mga hangarin at inuna ang Diyos sa ating buhay at nakipagtipan na maglilingkod sa kanya kahit ano pa ang mangyari, sa gayon ay ipinamumuhay natin ang batas ng sakripisyo. Ang isa sa pinakamaiinam na paraan upang masunod ang unang dakilang utos ay sa pamamagitan ng pagsunod sa pangalawang dakilang utos. Itinuro mismo ng Guro na 'yamang inyong ginawa sa isa dito sa aking mga kapatid, kahit sa pinakamaliit na ito, ay sa akin ninyo ginawa' (Mateo 25:40) at 'kung kayo ay nasa paglilingkod ng inyong kapwa-tao, kayo ay nasa paglilingkod lamang ng inyong Diyos' (Mosias 2:17). Ang sakripisyo ay pagpapakita ng dalisay na pagmamahal. Ang lalim ng ating pagmamahal sa Panginoon at sa ating kapwa ay masusukat sa bagay na handa nating isakripisyo para sa kanila" (*The Law of Sacrifice* [mensahe sa mga tagapagturo ng relihiyon, 13 Ago. 1996], 1, 5–6).

**Levitico 10. Ang mga ordenansa ng priesthood ay kailangang isagawa ayon sa iniutos ng Panginoon at ng mga taong malinis at karapat-dapat.** (20–25 minuto)

Magpasulat sa mga estudyante ng maiikling sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Bakit ninyo nadaramang sagrado ang priesthood?
- Gaano kasagrado sa pakiramdam ninyo ang mga ordenansa ng priesthood—binyag, sacrament, mga ordenasyon sa priesthood, ordenansa ng templo, at marami pang iba? Bakit?

Anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi ang kanilang mga sagot. Itanong:

- Bakit mahalaga na tanging ang mga karapat-dapat ang makilahok sa mga ordenansa ng priesthood?
- Ano ang ginagawa kapag hindi wasto ang pagsasagawa ng taong nangangasiwa sa isang ordenansa ng priesthood? (Siguro nakapansin na ang mga estudyante ng isang namumunong awtoridad na magiliw na iwinasto ang paraan ng pagsasagawa ng isang ordenansa, tulad ng panalangin sa sacrament o binyag.)
- Gaano kahalaga sa pakiramdam ninyo na maisagawa nang tumpak ang mga sagradong ordenansa? Bakit?

Ipabasa sa mga estudyante ang Levitico 10:1–2 at tingnan kung matutukoy nila ang mali sa paraan ng pagsasagawa ng sakripisyo nina Nadab at Abiu (tingnan sa komentaryo para sa Leviticus 10:1–7 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 169). Itanong: Ano ang bunga ng pagsuway sa mga tagubilin ng Panginoon ng dalawang ito na maytaglay ng priesthood?

Ipabasa sa mga estudyante ang Levitico 10:3–7. Itanong:

- Sa palagay ninyo, bakit pinagbawalan si Aaron at ang iba pa niyang mga anak na lalaki na ipakita ang kanilang pagdadalamhati sa pagkamatay nina Nadab at Abiu?
- Ano ang matututuhan natin tungkol sa kasagraduhan ng mga ordenansa ng priesthood mula sa kabanatang ito?
- Ano ang nangyayari ngayon sa mga maytaglay ng priesthood na mali ang paggamit sa kanilang priesthood?

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol:

*"Ang mga huwad na propeta ay nagsasagawa ng mga huwad na ordenansa na walang epekto, bisa, o hindi maipatutupad sa at pagkatapos ng pagkabuhay na mag-uli….*

"Isipin ninyo … sina Nadab at Abiu, na nag-alay ng 'ibang apoy'—mga ordenansang sila lamang ang may gawa—sa altar o dambana ng Panginoon, at isipin na malamang ang apoy na mula sa langit na lumamon sa kanila ay katulad at anino ng espirituwal na kapahamakang naghihintay sa lahat ng lumilisya sa mga tamang landasin ng Panginoon sa pamamagitan ng sarili nilang mga ordenansa" (*The Millennial Messiah,* 80).

**Levitico 11. Ang mga patakaran sa pagpili ng pagkain sa batas ni Moises ay nagpaalala sa Israel na manatiling banal, o dalisay, at tinulungan silang maalaala ang kanilang mga tipan.** (35–40 minuto)

Bago magklase, idrowing sa pisara ang sumusunod na tsart:

**Malinis o Hindi Malinis**

| | |
|---|---|
| mga kamelyo | isda |
| mga kabayo | mga daga |
| mga baka | mga uwang |
| mga baboy | mga suso |
| mga liyebre (kuneho) | mga kuwago |
| mga halaan | mga butiki |
| mga manok | mga tipaklong |
| mga pawikan | mga alimango |

Sabihin sa mga estudyante na sinabi ng Panginoon kay Moises na ang ilang hayop ay "hindi malinis" (bawal kainin) at ang iba ay "malinis" (puwedeng kainin). Itanong sa kanila kung alin sa mga hayop na nasa bawat kahon ang mahuhulaan nilang itinuturing na malinis, at maglagay ng tsek sa tabi ng pangalan ng mga hayop na iyon. Ipasaliksik sa kanila ang Levitico 11:1–31 para makita kung tama ang hula nila. (Ang "malinis" na mga hayop ay ang mga baka, manok, isdang may kaliskis, mga uwang, at tipaklong.)

Malamang na mapansin ng inyong mga estudyante na ang ilan sa mga hayop na ipinagbawal sa mga Israelita noon ay kinakain na ngayon. Iyan ay dahil sa natupad na ang batas sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at hindi na ito kailangan. Ipahanap sa kanila ang "malinis at hindi malinis" sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* (mga pahina 145–46) at itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila ibinigay noon ang mga patakarang iyon sa pagkain.

Ipaunawa sa mga estudyante na bagama't may ilang praktikal na kadahilanang pangkalusugan sa pagsasabing "malinis" ang ilang hayop at dahil dito ay nararapat kainin ang mga ito at ang iba ay "hindi malinis," ang bahaging ito ng batas ni Moises ay ibinigay bilang panlabas at pisikal na palatandaan na nagpapahiwatig ng mga espirituwal na katotohanan. Ginamit ng Panginoon ang batas na ito sa pagkain bilang kagamitan sa pagtuturo. Maaaring makalimutan o mapabayaan ng mga tao ang panalangin, ehersisyo, trabaho, o pagsamba, ngunit bihira nilang malimutan ang kumain. Sa kusang pag-iwas sa ilang pagkain o pagluluto sa mga ito sa espesyal na paraan, ang isang masunuring Israelita ay araw-araw na gumagawa ng personal na pangako sa kanyang pananampalataya. Nagawa ang isang pormal na pagpili, na nagbunga ng tahimik na disiplina sa sarili. Nagkaroon ng lakas mula sa pamumuhay sa gayong batas, at nagkaroon ng walang hanggang pananaw dahil naunawaan ito. Bukod pa riyan, ang ating kinakain (niyayakap) o hindi kinakain (inilalayo sa ating sarili) ay simbolong magpapaalala sa atin na manatiling dalisay at panatilihin ang ating mga espiritu, tulad ng ating katawan, na hindi nahahawa sa iba.

Itanong sa mga estudyante kung anong batas sa kalusugan at pagkain ang ibinigay sa atin ngayon ng Panginoon. Basahin ang payo ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 89 at ilista sa pisara kung aling mga sangkap ang maituturing ngayon na "malinis" at "hindi malinis." Talakayin kung paanong ang Word of Wisdom, di tulad ng batas sa pagkain na ibinigay sa mga Israelita noong una, ay nagbababala tungkol sa aktuwal na mga panganib sa kalusugan at nagbibigay ng mabuting payo ukol sa kalusugan. Gayunman, nagsisilbi rin itong simbolo na nagpapaalala sa kalagayan ng ating tipan, nagiging iba tayo sa daigdig dahil dito, at isang pagsubok ito ng ating pagkamasunurin—sa ilang alituntuning sinusunod natin dahil lamang sa ipinag-utos ito ng Panginoon. Magpatotoo kung paanong ang pinagtipanang mga tao ng Diyos ay palaging may espesyal na tagubiling maging malinis.

Ipabasa sa klase ang Levitico 11:43–44; I Mga Taga Corinto 3:16–17; at Doktrina at mga Tipan 89:18–21. Itanong:

- Anong mga pagpapala ang ipinangako ng Panginoon sa mga taong nananatiling malinis?
- Bakit sulit ang hinihinging sakripisyo sa mga pangakong ito?

Hikayatin ang mga estudyante na manatiling malinis sa pamamagitan ng pag-iwas sa mga bagay na sinabi ng Panginoon na hindi malinis sa ating panahon. Ibahagi ang sumusunod na pangako na mula kay Elder Joseph B. Wirthlin, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Ang espirituwal na mga pagpapala ng 'karunungan at malaking kayamanan ng kaalaman, maging mga natatagong kayamanan' [D at T 89:19], ay dumarating sa mga taong hindi gumagamit ng nakalululong na bagay sa kanilang katawan. Kapag sinunod natin ang Word of Wisdom, ang mga dungawan ng personal na paghahayag ay mabubuksan sa atin at ang ating mga kaluluwa ay mapupuspos ng banal na liwanag at katotohanan. Kung pananatilihin nating hindi nadudungisan ang ating katawan, ang Espiritu Santo ay 'pasasa[atin] at … mananahanan sa [ating mga] puso' [D at T 8:2] at ituturo sa atin 'ang mga mapagpapapang bagay ng kawalang-kamatayang kaluwalhatian' [Moises 6:61]" (sa Conference Report, Okt. 1995, 102; o *Ensign*, Nob. 1995, 76).

**Levitico 16. Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo, makatatanggap tayo ng kapatawaran ng kasalanan at makababalik sa kinaroroonan ng Diyos. Ang pag-aaral ng Araw ng Pagtubos ay makakatulong sa atin na lalo pang matutuhan ang doktrinang ito.** (25–30 minuto)

Magpatulong sa mga estudyante sa pagdrowing sa pisara ng outline ng floor plan ng tabernakulo. Tulungan silang tukuyin kung saan naroon ang Kabanal-banalang Dako at ipaliwanag kung ano ang isinasagisag nito (tingnan sa komentaryong "Points to Ponder" at mga diagram sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 154–56). Sabihin sa kanila na ang high priest o mataas na saserdote ay pinapahintulutang pumasok sa Kabanal-banalang Dako minsan sa isang taon at ayon sa mahigpit na tagubilin ng Panginoon. Sinasabi sa atin ng Levitico 16 kung ano ang gagawin niya sa araw na iyon, na tinatawag na Araw ng Pagtubos.

Ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad A para sa Levitico 15–16 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Kapag natapos na sila, talakayin ang kanilang mga sagot sa bawat tanong. Itanong:

- Sino ang kinakatawan ng high priest o mataas na saserdote sa Araw ng Pagtubos? (Cristo.)
- Sa palagay ninyo, paano kinakatawan ng priest o saserdote si Cristo? (Ang ganitong uri ng tanong ay tumutulong sa mga estudyante na pag-isipang mabuti ang kanilang sagot at repasuhin ang kanilang natutuhan.)

Basahin ang Marcos 15:37–38 at ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie:

> "Hinawi ng Maykapal ang tabing ng templo 'mula sa taas pababa.' Ang Kabanal-banalang Dako ay bukas na ngayon sa lahat, at lahat, sa pamamagitan ng nagbabayad-salang dugo ng Kordero, ay maaari na ngayong makapasok sa pinakamataas at pinakabanal sa lahat ng lugar, ang kahariang iyon kung saan matatagpuan ang buhay na walang hanggan. Ipinakita ni Pablo, sa hayagang pagsasalita (Heb. 9 at 10), kung paanong ang isinasagawang mga ordenansa sa tabing ng templo noong unang panahon ay kahalintulad ng gagawin ni Cristo, na ngayon dahil sa nagawa na niya, ang lahat ng tao ay marapat nang dumaan sa tabing papunta sa kinaroroonan ng Panginoon upang magmana ng ganap na kadakilaan" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 1:830).

Itanong sa mga estudyante kung anong makabuluhang alituntunin ang itinuturo sa Marcos 15:38. (Dahil sa Pagbabayad-sala ni Cristo posible nang makabalik ang buong sangkatauhan sa kinaroroonan ng Diyos.)

Ipatapos sa mga estudyante ang sumusunod na parirala gamit ang maraming salita o pangungusap hangga't maaari upang masaklaw ang ideya na: "Kung wala ang Pagbabayad-sala ni Cristo …"

Makalipas ang ilang minuto, anyayahan ang mga estudyante na ibahagi ang kanilang isinulat at ilista sa pisara ang kanilang mga sagot. Basahin ang 2 Nephi 9:7–9 at Jacob 7:12 at tukuyin kung paano maaaring tapusin ni Jacob sa Aklat ni Mormon ang pangungusap na iyan. Itanong:

- Aling sagradong mga ordenansa ang tumutulong sa atin na maalaala ang kapatawarang maaaring makamtan sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala?
- Paano natin magagawang maging mas makabuluhan ang mga ordenansang ito at alalahanin ito nang mas madalas upang tulungan tayong matanggap ang kapatawarang ibinibigay ni Cristo at sa wakas ay pumasok sa kinaroroonan ng Diyos upang mamuhay roon?

# Levitico 17–27

## Pambungad

Ang unang labing-anim na kabanata ng Levitico ay tungkol sa pagiging malinis. Ang mga huling kabanata ay nakatuon sa kung paano mananatiling malinis ang Israel sa harapan ng Diyos at maging mas banal at makadiyos. Ang sumusunod ay isang outline o buod ng mga kabanatang ito:

- Kabanata 17—Sariling kabalanan
- Kabanata 18—Kabanalan sa pamilya at sa seksuwal na pakikipag-ugnayan
- Mga kabanata 19–20—Kabanalan sa mga pakikisalamuha sa kapwa, tulad sa isang kongregasyon
- Mga kabanata 21–22—Kabanalan sa priesthood

- Mga kabanata 23–25—Mga pagdiriwang at sagradong kaganapan na nanghihikayat ng kabanalan
- Kabanata 26—Mga pagpapalang dumarating sa mga tumutupad ng kanilang mga tipan
- Kabanata 27—Mga tagubilin sa paglalaan ng mga pag-aari ng isang tao sa Panginoon

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Iniutos sa ating mahalin ang ating kapwa tulad ng ating sarili (tingnan sa Levitico 19:18; tingnan din sa Mateo 5:43–44).
- Tinutulungan ng Panginoon ang kanyang mga tao na maging banal sa pamamagitan ng pagtuturo sa kanila ng paraan ng pamumuhay na maglalayo sa kanila sa masasamang gawain ng mundo (tingnan sa Levitico 19–25; lalo na ang 20:26).
- Ang mga tipan at kautusan ng Diyos ay may kaakibat na mga pagpapala sa pagsunod at mga kahihinatnan sa hindi pagsunod (tingnan sa Levitico 26; Deuteronomio 28; D at T 130:20–21).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Levitico 18–20. Inaasahan ng Panginoon na ilalayo ng kanyang mga tao ang kanilang sarili sa mga pamamaraan ng mundo at magiging dalisay at banal.** (20–25 minuto)

Ipawari sa mga estudyante na bumibisita sila sa isang paaralan na may limandaang estudyante at isa lamang sa mga estudyante ang Banal sa mga Huling Araw. Itanong:

- Sa palagay ba ninyo makikilala ninyo ang estudyanteng Banal sa mga Huling Araw sa pamamagitan ng pagmamasid sa lahat ng estudyante?
- Anong mga katangian o pag-uugali ang hahanapin ninyo?
- Anong mga turo ng ebanghelyo ang makakatulong upang maging kaiba tayo sa iba pang tao sa mundo?

\Basahin ang Levitico 18:2–5, 27–30; 19:1–2, 37; at 20:7–8, 22–26 sa inyong mga estudyante at itanong:

- Ano ang inasahan ng Panginoon sa Israel?
- Ano ang mga pakinabang ng pagiging kaiba nila sa uri ng pamumuhay ng mga Egipcio at Cananeo?

Atasan ang mga estudyante ng isa o higit pa sa sumusunod na talata sa Levitico: 19:3, 4, 9–10, 11, 12, 13, 14, 15, 16, 17, 18, 19, 23–25, 26, 27–28, 29, 30, 31–34, 35–36; 20:9, 10. Ipakumpleto sa kanila ang sumusunod na mga gawain at ipabahagi sa isa't isa ang kanilang mga sagot:

1. Tukuyin ang kautusang matatagpuan sa talata.
2. Ilista ang mga paraan na maaaring nakatulong ang pamumuhay ng mga kautusan para maipaalala sa mga Israelita na ilayo ang kanilang sarili sa masasamang gawain ng mundo.
3. Isipin kung ano ang magagawa natin upang maipamuhay ang kautusan ngayon.

Ipabasa nang mabilis sa mga estudyante ang Levitico 18:19–26 at 20:6, 9–10 at tukuyin ang mga kasalanang pinaiiwasan ng Panginoon sa Israel. Ipaalala sa kanila na ang mga kasalanang iyon ay pangkaraniwan noon. Itanong:

- Laganap ba ang mga kasalanang iyon ngayon?
- Sa palagay ninyo, bakit dapat iwasan ng mga Banal sa mga Huling Araw ang mga gawaing iyon?
- Ano pa ang ipinagagawa o pinaiiwasan sa atin ng Panginoon na kaiba sa ginagawa ng mundo? (Matatagpuan ang ilang magagandang halimbawa sa polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan*.)
- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 53:2. Ano ang ipinag-uutos ng Panginoon na gawin natin?
- Madali ba o mahirap iyan para sa inyo? Bakit?
- Anong mga biyaya ang dumarating kapag tinatalikuran natin ang kamunduhan?

**Levitico 19:18 (Scripture Mastery). Dapat nating mahalin at paglingkuran ang ating kapwa.** (10–15 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung may paborito silang kapitbahay at bakit paborito nila ang kapitbahay na iyon. Ipaisip sa kanila ang ilan sa magagandang bagay na ginawa ng isang kapitbahay para sa kanilang pamilya, at anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi sa klase ang kanilang mga karanasan. Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 22:36–40 at tukuyin ang dalawang dakilang utos. Ilista sa pisara ang mga kautusan at itanong: Sa palagay ninyo, bakit nakasalalay sa dalawang kautusang ito ang lahat ng batas ng Lumang Tipan at lahat ng turo ng mga propeta?

Basahin ang Levitico 19:18 at Deuteronomio 6:5. Itanong:

- Nakapagtataka ba na ang dalawang batas na ito ay unang nabanggit noon sa Lumang Tipan? Bakit oo o bakit hindi?
- Bakit mahalagang mahalin ang ating kapwa?
- Ang mga kapwa-tao ba ninyo ay iyon lamang mga taong nakatira malapit sa inyong tahanan?
- Sino pa ang maituturing ninyong kapwa?

Ipabasa sa mga estudyante ang Lucas 10:25–37 at hanapin kung sino pa ang maituturing nating kapwa. Itanong: Ano ang maaari ninyong gawin upang maipakita na mahal ninyo ang ibang tao tulad ng pagmamahal ninyo sa inyong sarili?

Hikayatin ang mga estudyante na gumawa ng simpleng proyektong pang-serbisyo o magpakita ng kabaitan sa kapwa sa susunod na ilang araw. Magtapos sa pagkanta ng himnong "Mahalin ang Bawat Isa" (*Mga Himno,* blg. 196).

**Levitico 25. Ang taon ng jubileo ay panahon kung kailan inutusan ang Israel na patawarin ang mga pagkakautang ng iba. Ito ay simbolo sa kanila ni Cristo, na balang-araw ay magbibigay ng kapatawaran sa nagsisising makasalanan.** (10–15 minuto)

Bigyan ang bawat estudyante ng papel na may nakasulat na tatlong kategoriya: pabahay, transportasyon, at iba pa. Ipasulat sa kanila ang katamtamang halaga ng mga aytem na iyon at ipasuma ang mga ito pagkatapos. Ito ang kanilang magiging utang. Isulat sa pisara ang *Ngayon ay araw ng jubileo* at itanong: Kung ang kabuuang halagang nakalkula sa inyong papel ay personal ninyong pagkakautang, gugustuhin ba ninyong ipagdiwang ang jubileo tulad ng pagdiriwang dito ng sinaunang Israel? Karamihan sa mga estudyante ay hindi alam ang kaugnayan ng sariling pagkakautang at ng jubileo ng Israel. Ipabasa sa kanila ang Levitico 25:10–17, 25–27, 35–37 at alamin kung ano ang kapistahan ng jubileo.

Basahin sa mga estudyante ang komentaryo para sa Leviticus 25 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 188–89) at itanong:

- Bakit magandang mamuhay sa taon ng jubileo?
- Paanong maiiba ang inyong pakiramdam sa panahon ng jubileo kung kayo ang nagpautang sa halip na kayo ang nangutang?
- Paano nagbibigay sa atin ng mga gantimpala ng "jubileo" ang Pagbabayad-sala?
- Ano ang nadarama ninyo tungkol kay Jesucristo, nalalaman na siya ang nagbayad ng ating mga kasalanan?

Gumawa kayo ng inyong mga estudyante ng listahan na maaari nating gawin upang maipamuhay ang diwa ng jubileo sa bawat araw. Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 64:9–11 at itanong sa kanila kung ano ang itinuturo ng mga talatang iyon tungkol sa ating mga responsibilidad sa "jubileo" na ito.

Ipinarating ni Pangulong Howard W. Hunter ang diwa ng jubileo sa isang mensahe sa Pasko noong 1994. Sinabi niya na dahil sa ating pagmamahal kay Cristo at sa pasasalamat sa kanyang ginawa ay "dapat nating sikaping magbigay tulad ng ginawa Niyang pagbibigay. Nagpatuloy siya sa pagsabi ng sumusunod na payo:

> "Sa Paskong ito, lutasin ang hidwaan. Hanapin ang isang nalimutang kaibigan. Alisin ang pagdududa at palitan ito ng pagtitiwala. Sumulat ng isang liham. Sumagot nang malumanay. Hikayatin ang mga kabataan. Ipakita ang inyong katapatan sa salita at gawa. Tuparin ang isang pangako. Kalimutan ang hinanakit. Patawarin ang isang kaaway. Humingi ng paumanhin o tawad. Sikaping umunawa. Suriin ang mga hinihingi ninyo sa ibang tao. Isipin muna ang isang tao. Maging mabait. Maging magiliw. Dagdagan pa ang pagtawa. Magpasalamat. Tanggapin ang isang dayuhan. Pasayahin ang isang bata. Masiyahan sa maganda at kagila-gilalas na daigdig. Ipahayag ang inyong pagmamahal at muli pa itong ipahayag" (" 'To Give of Oneself Is a Holy Gift,' Prophet Tells Christmas Gathering," *Church News,* 10 Dis. 1994, 4).

Hikayatin ang mga estudyante na sundin palagi ang payo ni Pangulong Hunter, hindi lamang sa panahon ng Kapaskuhan.

**Levitico 26. Ang mga tapat sa kanilang mga tipan ay tatanggap ng maraming pagpapala, samantalang ang mga sumisira sa kanilang mga tipan ay isusumpa.** (15–20 minuto)

Ipakita sa klase ang isang kopya ng simpleng kontrata. Isulat sa pisara ang *kung* at *ay* at talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang kinalaman ng dalawang salitang ito sa isang kontrata?
- Bakit kailangang may kalakip na "kung" ang isang kontrata?
- Ano ang madarama ninyo kung tinupad ninyo ang inyong bahagi sa isang kasunduan ngunit hindi natupad ang "ay"—dahil hindi tinupad ng isang tao ang mga pangakong ginawa niya sa ilalim ng kontrata?

Magpaisip sa mga estudyante ng anumang kontrata, o tipan na ginawa nila sa Panginoon. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 82:10 at itanong sa mga estudyante kung ano ang nadarama nila sa sinabi ng Panginoon. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 130:20–21 at itanong kung paano nakadaragdag sa ating pang-unawa ang mga talatang iyon. Pamarkahan sa mga estudyante ang mga salitang *kung* at *ay* sa Levitico 26:3–4 at *kung* at *ay gagawin ko naman* sa Levitico 26:14, 16. Talakayin ang pagkakatulad ng mga salitang iyon sa mensaheng nasa Doktrina at mga Tipan 130:20–21.

Ipabasa sa mga estudyante ang Levitico 26:3–12, 14–28 at hanapin ang mga pagpapala o sumpang naghintay sa Israel, batay sa kanilang kabutihan. Itanong:

- Alin sa mga pangakong iyon ang pinakamakahulugan sa inyo? Bakit?
- Alin sa mga sumpang ito ang tila pinakamatindi? Bakit?

Talakayin ang mga pangako sa atin ng Panginoon (halimbawa, tingnan sa Mosias 18:8–10; D at T 20:77; 76:5–10). Magpatotoo na tutuparin ng Diyos ang lahat ng kanyang pangako kung tapat tayo sa kanya.

# ANG AKLAT NG MGA BILANG

Ang aklat ng Mga Bilang ay kasaysayan sa banal na kasulatan tungkol sa mga Israelita noong naglalakbay sila sa disyerto sa pagitan ng Bundok ng Sinai at silangang hangganan ng lupang pangako. Saklaw nito ang mahigit tatlumpu't walong taon ng kanilang apatnapung taong pamamalagi sa ilang at ipinaliwanag kung bakit sila hinayaan ng Panginoon na lumagi sa ilang nang ganoon katagal. Mula rito ay nalaman natin kung paano kumikilos ang Diyos sa kanyang mga anak at kung paano natin matatanggap ang kanyang ipinangakong mga pagpapala.

Ang aklat ay pinangalanang "Mga Bilang" dahil naglalaman ito ng salaysay tungkol sa dalawang pagkakataon nang "bilangin" ni Moises ang mga tao ng Israel (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Bilang, Mga," p. 29). Binilang ng dalawang listahang ito ng census ang may kakayahang kalalakihan na handang lumaban sa digmaan. Tatanggapin ng Israel ang kanilang lupang pangako, ngunit kailangang mapasakanila ito sa pamamagitan ng pagdanak ng dugo. Ang mga kasama sa unang census (tingnan sa Mga Bilang 1–4) ay kalunus-lunos na nabigo sa kanilang tungkulin dahil sa pagsuway. Sa panahon lamang ng pangalawang census (tingnan sa Mga Bilang 26) naging tapat ang Israel kaya ito nagtagumpay.

Ang aklat ng Mga Bilang ay maaaring mahati sa tatlong bahagi:

1. Ang mga kabanata 1–10 ay naglalaman ng mga tagubilin at paghahanda sa pagmartsa mula sa Sinai.
2. Ang mga kabanata 11–21 ay naglalaman ng kasaysayan ng paglalakbay ng Israel sa ilang.
3. Ang mga kabanata 22–36 ay naglalaman ng mga pangyayari sa silangang panig ng Ilog Jordan.

## Mga Bilang 1–10

### Pambungad

Bukod sa "pagbibilang," o census ng mga anak ni Israel, ang Mga Bilang 1–10 ay naglalaman ng karagdagang mga tagubilin na dapat maging bahagi ng batas ni Moises at ang kaayusan ng pagkakampo at pagmartsa ng mga Israelita. Sinasabi rin ng mga kabanatang ito na ang lipi ni Levi ang napiling maglingkod sa tabernakulo at kung paano nagsimula ang pagmartsa ng kampo ng Israel mula sa Sinai papunta sa lupang pangako.


### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang Panginoon, kanyang gawain, at kanyang kaharian ang dapat maging sentro ng ating buhay (tingnan sa Mga Bilang 2).
- Tanging ang mga tinawag at inorden ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga kinatawan ang makapagsasagawa ng katanggap-tanggap na mga ordenansa (tingnan sa Mga Bilang 3:5–13).
- Ang tunay na pagsisisi ay nangangailangan ng pagtatapat, pagsasauli, at pagtalikod sa kasalanan (tingnan sa Mga Bilang 5:5–7; tingnan din sa D at T 58:43).
- Maaari nating ilaan ang ating sarili sa Panginoon sa pamamagitan ng mga tipan (tingnan sa Mga Bilang 6).
- Ginagabayan at pinagpapala ng Panginoon ang kanyang mga anak na masunurin (tingnan sa Mga Bilang 9:15–23).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Mga Bilang 1–4. Ang kaayusan ng kampo ng Israel ay nagpapaalala sa kanila na ang Panginoon, kanyang gawain, at kanyang kaharian ang dapat maging sentro ng ating buhay.** (30–40 minuto)

Ayusin ang inyong silid tulad ng sumusunod na diagram ng "Kaayusan ng Pagkakampo" ng kampamento [camp] ng Israel. Maglatag ng kumot sa gitna ng silid upang sumagisag sa tabernakulo o magdrowing ng diagram sa pisara. Ang mga klase na kulang sa labindalawa ang mga estudyante ay maaaring magpakatawan sa isang estudyante ng mahigit sa isang lipi. Maglagay ng mga karatula sa angkop na mga dingding na nagsasaad sa hilaga, timog, silangan, at kanluran.




Sa pagpasok ng mga estudyante sa silid, patuluyin sila sa "kampamento ng Israel" at bigyan sila ng kard na may nakasulat na isang lipi ng Israel. Sabihing magtipon sila kasama ang iba pang mga estudyanteng kalipi nila at sabay-sabay nilang basahin ang Mga Bilang 2. Ipahanap sa kanila kung saan naroon ang kanilang lipi sa kampamento at paupuin sila sa kaukulang lugar sa silid. Kapag nasa kani-kanilang lugar na ang mga estudyante, ipaliwanag na ang mga Israelita ay naglakbay sa tigang na disyerto ng Sinai. Ipasaliksik sa kanila ang Mga Bilang 1 para malaman kung ilang tao ang nasa lipi na kinakatawan nila at itanong sa ilang estudyante:

- Ano kaya ang madarama ninyo kung kayo ang responsable sa kapakanan ng ganoon karaming tao sa gitna ng isang disyerto?
- Paano mababago ng gayong responsibilidad ang paraan ng inyong pagdarasal at paghingi ng tulong sa Panginoon?

Itanong ang sumusunod sa pagtalakay sa kaayusan ng kampamento:

- Ano ang nasa gitna ng kampamento? (tingnan sa Mga Bilang 2:2).
- Sa palagay ninyo, bakit inayos ng Panginoon ang mga anak ni Israel sa palibot ng tabernakulo sa gayong paraan? (tingnan sa komentaryo para sa Numbers 2 at Numbers 3 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 197–98).
- Paano naaapektuhan ng pinagtutuunan ng ating buhay ang ating pakikipag-ugnayan sa ating Ama sa Langit?
- Paano masasabi ng bawat isa sa atin kung ano talaga ang sentro ng ating buhay?

Sa isang overhead projector, poster, o pisara, ipakita ang sumusunod na tsart ng kaayusan ng martsa.




Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang maaaring kabuluhan ng kaayusan ng martsa para sa mga anak ni Israel?
- Ano ang maaaring kabuluhan nito sa atin?

Hikayatin ang mga estudyante na tulutan ang Panginoon na maging bahagi ng kanilang buhay sa araw-araw.

**Mga Bilang 1–4. Tanging ang mga tinawag at inorden ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang mga kinatawan ang makapagsasagawa ng katanggap-tanggap na mga ordenansa.** (10–15 minuto)

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 1:47–53 at alamin kung aling lipi ang hindi napabilang sa census at bakit. Basahin ang Mga Bilang 3:5–12, 25–26, 30–31, 36–38; 4:5–16 sa inyong mga estudyante at talakayin kung ano ang ipinagagawa ng Panginoon sa mga priest o saserdote at mga Levita. Ihambing ang kanilang mga tungkulin sa mga tungkulin ng mga deacon, teacher, at priest ngayon (tingnan sa D at T 20:46–60; 107:8–20, 85–88). Itanong: Paanong ang paglilingkod sa Aaronic Priesthood ngayon ay tulad ng isang malaking karangalan at pribilehiyo ng pagiging Levita noon? Maaari ninyong anyayahan ang isang mayhawak ng Aaronic Priesthood na ibahagi kung ano ang nadarama niya tungkol sa paglilingkod sa priesthood.

Basahin ang Mga Bilang 3:38 at itanong:

- Saan sinabihan sina Moises at Aaron na magtayo ng kanilang mga tolda? Bakit?
- Sino, tulad ni Moises noong una, ang responsable ngayon sa pagtatayo ng mga templo at nagbibigay karapatan sa mga tagapangasiwa na gumawa sa loob nito? (Ang propeta.)
- Sino, tulad ng mga saserdote at Levita noong una, ang may responsibilidad ngayon na tiyakin na walang "estranghero," o taong walang karapatan, ang pupunta sa templo? (Mga bishop, branch president, stake president, at mission president.)

Isiping ipatalakay sa isang lider ng priesthood sa mga estudyante ang kahalagahan ng paggalang sa Aaronic Priesthood bilang paghahanda para sa Melchizedek Priesthood at ang kahalagahan ng priesthood sa paghahanda ng lahat ng miyembro ng Simbahan na maging karapat-dapat sa pagtanggap ng mga pagpapala ng mga tipan sa templo.

**Mga Bilang 6. Maaari nating ilaan ang ating sarili sa Panginoon sa pamamagitan ng mga tipan.** (10–15 minuto)

Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Dean L. Larson, dating miyembro ng Panguluhan ng Pitumpu:

> "Nakikita natin ang ilang ebidensya ngayon ng pagkahilig ng ating mga kabataan na sumunod sa kalakaran ng daigdig. Hindi natin kayang palaging makipagsabayan sa mga nagpapauso, ngunit kahit paano hindi rin naman nila tayo napag-iiwanan" (sa Conference Report, Abr. 1983, 48; or *Ensign*, Mayo 1983, 34).

Itanong sa mga estudyante kung sa paanong paraan naging totoo ang pahayag ni Elder Larson. Ipabasa sa isa pang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Spencer W. Kimball, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> “Kakaiba tayo. Tayo ay natatanging mga tao. Nawa’y palagi tayong maging di-pangkaraniwan at natatangi” (*In the World but Not of It,* Brigham Young University Speeches of the Year [14 Mayo 1968], 10).

Itanong at talakayin ang sumusunod:

- Ano ang ibig sabihin sa inyo ng pahayag na iyan?
- Ano ang mahirap sa pagiging kakaiba?
- Anong mga pagpapala ang maaaring dumating sa mga nangangakong magiging kakaiba sa paraan ng Panginoon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 6:2 at hanapin ang titulong ibinigay sa mga gumawa ng espesyal na tipan sa Panginoon. Itanong: Paanong katulad ng “paghiwalay” ang pagiging “kakaiba”? Ipaliwanag na ang isang “Nazareno”—isang taong nagmula sa bayan ng Nazaret—ay hindi kapareho ng isang “Nazareo” (tingnan sa komentaryo para sa Numbers 6:1–21 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 199).

Basahin ang sumusunod na mga reperensya sa inyong mga estudyante at tukuyin ang iba pang mga Nazareo noon:

- Mga Hukom 13:5, 24
- I Samuel 1:11, 19–20, 28
- Lucas 1:13–15

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 6:3–8 at tukuyin ang tatlong pangako o sumpang ginawa ng mga Nazareo. Ipabilang sa kanila kung ilang beses ginamit ang mga salitang *pagkatalaga, hihiwalay,* at *itinalaga* sa Mga Bilang 6. (Labing-anim na beses.) Itanong:

Ano ang ibig sabihin ng paghiwalay para sa inyo?

Anong bagay ang sang-ayong gawin ng mga miyembro ng Simbahan na naghihiwalay o nagpapamukod-tangi sa kanila sa ibang mga tao sa mundo?

Talakayin ang mga paraan na naiiba kadalasan ang mga miyembro ng Simbahan sa ibang tao. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

> “Kung maninindigan tayo sa ating mga pinahahalagahan, kung sasalig tayo sa ating pamana, kung susundin natin ang Panginoon, kung ipamumuhay lang natin ang ebanghelyo, pagpapalain tayo sa kagila-gilalas na paraan. Kikilalanin tayo bilang kakaibang mga taong nakatagpo ng susi tungo sa kakaibang kaligayahan” (sa Conference Report, Okt. 1997, 94; o *Ensign,* Nob. 1997, 69).

# Mga Bilang 11–21

## Pambungad

Ang mga kabanata 11–21 ng Mga Bilang ay naglalaman ng tatlong bahagi ng salaysay tungkol sa paglalakbay ng Israel sa ilang:

1. Mula sa Bundok ng Sinai hanggang sa Paran, malapit sa Cades (tingnan sa Mga Bilang 10:10–14:45)
2. Mula noong hindi sila payagang makapasok sa lupang pangako hanggang sa muli silang magtipun-tipon sa Cades pagkaraan ng mga tatlumpu’t walong taon (tingnan sa mga kabanata 15–19)
3. Ang paglalakad mula Cades hanggang Bundok ng Hor (tingnan sa mga kabanata 20–21)

Sa mga huling kabanatang ito, patuloy na nag-ibayo ang katapatan ng mga anak ni Israel habang papunta sila sa lupang pangako.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Dahil ang Panginoon ay nagpapala ayon sa ating mga mithiin, dapat tayong maging maingat na ipagdasal ang tama (tingnan sa Mga Bilang 11:18–20, 31–35; tingnan din sa I Samuel 8:5, 20–22; Jacob 4:14; Alma 29:4).
- Ang mga tao ay maaaring tumanggap ng personal na paghahayag, ngunit tanging propeta lamang ang tumatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan (tingnan sa Mga Bilang 11:16–12:15).
- Kung may pananampalataya at tiwala tayo sa Panginoon, magagawa natin ang lahat ng kanyang ipinag-uutos (tingnan sa Mga Bilang 13:1–14:12; tingnan din sa 1 Nephi 3:7).
- Mahalagang gawin *kung ano* ang ipinag-uutos ng Panginoon *kapag* ipinag-utos niya ito (tingnan sa Mga Bilang 14:40–45).
- Ang mga nagrerebelde o nagsasalita laban sa mga lider ng Simbahan ay nagrerebelde laban sa Diyos. Kung hindi sila magsisisi, sila ay isusumpa (tingnan sa Mga Bilang 16–17; 20:1–11, 13; 21:4–6; tingnan din sa 3 Nephi 28:34; D at T 121:16–22).
- Pinagpala ng Panginoon ang mga anak ni Israel sa isang paraang nag-anyaya sa kanila na lumapit sa kanya (tingnan sa Mga Bilang 21:4–9).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Mga Bilang 11. Ang pagpili sa mga pagnanasa sa laman kaysa mga bagay na nauukol sa Espiritu ay nagbubunga ng espirituwal na kamatayan.** (30–35 minuto)

- Isulat sa pisara ang mga salitang *espiritu* at *katawan*. Itanong sa mga estudyante:
- Ano ang mga dahilan kaya nagkakasakit ang katawan?

Ano ang ilang karamdaman na humahantong sa kamatayan?

Ipaliwanag na kung may mga karamdamang pisikal na nagsasanhi ng kamatayang pisikal, mayroon ding mga karamdamang espirituwal na maaaring humantong sa kamatayang espirituwal. Ipabasa sa mga estudyante ang 2 Nephi 9:10–12 at hanapin ang ibig sabihin ng dumanas ng kamatayang espirituwal (tingnan din sa "Ang Dakilang Plano ng Kaligayahan," p. 13).

Pagawin ang mga estudyante ng dalawang personal na listahan: ang una ay kung ano ang nagawa nila nitong nakaraang dalawampu't apat na oras para manatiling malusog ang kanilang katawan at ang pangalawa ay kung ano ang nagawa nila para manatiling malusog ang kanilang espiritu. Sabihin sa kanila na pag-isipan kung alin ang nasa mas mabuting kalagayan ngayon—ang kanilang espiritu o kanilang katawan.

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang maaari nating gawin linggu-linggo upang "mapakain" ang ating espiritu?
- Paano tayo pinaaalalahanan ng sacrament na kailangang pakainin ang ating espiritu?
- Ano ang isinasagisag ng mga simbolo ng sacrament? (Ang katawan at dugo ni Jesucristo.)

Basahin ang Exodo 16:14–15 at alamin kung ano ang ibinigay ng Panginoon sa mga Israelita bilang paalaala sa araw-araw ng kanilang pag-asa sa kanya. Basahin ang Juan 6:49, 51 at talakayin kung paano isinagisag ng manna si Jesucristo.

Isulat ang mga salitang *gutom* at *pagnanasa* sa pisara. Ipaisip sa mga estudyante kung paano nagkatulad ang mga salitang ito at kung paano sila nagkaiba. Ipabasa sa kanila ang 3 Nephi 12:6 at ipapaliwanag kung paano ginamit ng Panginoon ang salitang *gutom* sa talatang iyan at ano ang ipinangako sa mga nagugutom. Ipabasa sa kanila ang Mga Bilang 11:4–9 at ipahanap ang salitang *kasakiman.* Itanong:

- Sa palagay ninyo, bakit inilarawan ni Moises ang mga tao na "sakim" sa karne, sa halip na "gutom" dito?
- Ano ang ipinahihiwatig ng salitang *kasakiman*? (Maaari ninyong tingnan ang kahulugan sa diksyunaryo.)
- Ano ang isinasagisag ng salitang *laman*? (Hindi lamang "karne," kundi "ang hilig din ng ating katawan.")

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 11:10–15 at ipalarawan kung paano tumugon si Moises sa reklamo ng mga tao. Ipabasa sa kanila ang nalalabing bahagi ng kabanata at pabigyan ng higit na pansin kung paano tumugon ang Panginoon kay Moises at sa mga tao at tinuruan sila ng napakahalagang espirituwal na aral. Basahin at paghambingin ang Mga Bilang 11:16–17, 24–29 at Mga Bilang 11:18–20, 31–34. Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang itinuturo tungkol sa mga bagay na ukol sa Espiritu at mga bagay na ukol sa "laman." Basahin ang Mga Taga Roma 8:5–14 at ipaliwanag kung paanong ang mga turo ni Pablo ay nagsisilbing komentaryo sa salaysay na nasa Mga Bilang 11.

Sa Estados Unidos, ang pamahalaan ay naglalabas ng "recommended daily allowance" ng mga bagay na tulad ng pagkain at bitamina na magpapanatili ng kalusugan ng katawan. Magbuo ang buong klase ng isang rekomendadong pang-araw-araw (o lingguhan) na dami ng mga bagay na magpapanatili ng kalusugan ng ating mga espiritu. Makakatulong ang sumusunod na mga banal na kasulatan sa paggawa ninyo ng asaynment na ito:

- Juan 4:13–14, 31–34
- Juan 6:51–58
- 2 Nephi 9:50–51
- 2 Nephi 32:3
- 3 Nephi 12:6

Si Elder L. Lionel Kendrick, miyembro ng Pitumpu, ay nagsabi:

> "Ang mga banal na kasulatan ay espirituwal na pagkain para sa ating mga espiritu, na kasinghalaga ng pisikal na pagkain para sa ating mga katawan" (sa Conference Report, Abr. 1993, 14; o *Ensign,* Mayo 1993, 14).

**Mga Bilang 11–12. Ang mga tao ay maaaring tumanggap ng paghahayag para sa sarili mula sa Panginoon, ngunit ang propeta lamang ang nakatatanggap ng paghahayag para sa buong Simbahan.** (30–40 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na may labinlimang kalalakihan na sinang-ayunan bilang mga propeta, tagakita, at tagapaghayag sa pangkalahatang kumperensya ng Simbahan (halimbawa, tingnan ang pagsang-ayon sa mga pinuno ng Simbahan sa kasalukuyang April Conference Report o sa *Liahona* sa buwan ng Mayo). Magpabigay sa mga estudyante ng mga pangalan o katungkulan ng mga kalalakihang iyon. (Ang mga miyembro ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol.)

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 11:11–14 at ipalahad kung ano ang dalawang problemang idinulog ni Moises sa Panginoon. (Gusto ng mga taong kumain ng karne at humingi ng tulong si Moises para sa kanyang mga responsibilidad.) Basahin ang Mga Bilang 11:16–17, 24–29 at alamin kung ano ang ginawa ng Panginoon para tulungan si Moises. Itanong:

- Ano ang tawag ni Moises sa pitumpung katuwang na ito? (Mga propeta; tingnan sa t. 29.)
- Sang-ayon kay Moises ilan daw ba dapat ang bilang ng mga propeta?

Basahin ang komentaryo para sa Numbers 11:16–17, 24–29 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (p. 201). Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie:

> "Sino ang maaaring magpropesiya? Sino ang maaaring tumanggap ng paghahayag? Kanino ipinagkakaloob bilang pribilehiyo ang mga pangitain at makalangit na pagpapamalas? Hindi lamang sa mga miyembro ng Kapulungan ng Labindalawa, hindi lamang sa mga bishop at stake president, hindi lamang sa mga lider ng Simbahan. Sa halip, ang Diyos na iyan na walang taong itinatangi at nagmamahal sa lahat ng kanyang mga anak, ay nagsasalita sa bawat taong makikinig sa kanyang tinig. Ang propesiya ay para sa lahat: mga lalaki, babae, at mga bata, bawat miyembro ng totoong Simbahan; at ang mga taong may patotoo kay Jesus ay may diwa ng propesiya, 'sapagka't ang patotoo ni Jesus ay siyang espiritu ng [propesiya].' (Apoc. 19:10)" (*Doctrinal New Testament Commentary*, 2:387).

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang pagkakaiba ng espiritu ng propesiya na taglay ng propeta at ng espiritu ng propesiya na maaaring taglay ng ibang tao?
- Ano ang maaaring maging mga problema kung sakaling mahigit sa isang tao ang magsabing tumatanggap sila ng paghahayag para sa buong Simbahan?
- Ano ang kainaman na alam natin na isa lamang ang propeta, tagakita, at tagapaghayag na gumagabay sa buong Simbahan?

Basahin at talakayin ang sumusunod na pahayag ni Dallin H. Oaks:

> "Tanging ang pangulo ng Simbahan ang tumatanggap ng paghahayag upang magabayan ang buong Simbahan. Tanging ang stake president ang tumatanggap ng paghahayag para sa espesyal na patnubay ng stake. Ang taong tumatanggap ng paghahayag para sa ward ay ang bishop. Para sa isang pamilya, ito ay ang namumunong priesthood ng pamilya. Ang mga lider ay tumatanggap ng paghahayag para sa mga bagay na ipinagkatiwala sa kanila. Ang mga indibiduwal ay makatatanggap ng paghahayag upang gabayan ang sarili nilang buhay" ("Revelation," sa *Brigham Young University 1981–82 Fireside and Devotional Speeches* [1982], 25).

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 12:1–2 at itanong:

- Sino pa ang gustong maging propeta?
- Ano ang mga hinahangad nila?
- Ano ang kaiba sa mga hakbang na ginawa nina Miriam at Aaron sa kabanata 12 at sa mga gawain ng matatanda na pitumpu sa kabanata 11? (Ginamit ng matatanda na pitumpu ang mga kaloob na ibinigay ng Panginoon ayon sa nasasakupan ng kanilang tungkulin, samantalang sina Miriam at Aaron ay naghangad ng kapangyarihang lampas sa kanilang mga tungkulin at binatikos ang mga piling pinuno ng Panginoon.)
- Paano tumugon ang Panginoon sa ginawa nina Miriam at Aaron? (tingnan sa mga talata 4–10).
- Ano ang itinuturo ng mga talatang ito tungkol kay Moises at sa posisyon ng tagapagsalita ng Panginoon?
- Ano ang natututuhan natin tungkol sa pagbatikos sa mga pinuno ng Panginoon? (tingnan din sa D at T 1:14).

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Harold B. Lee, na miyembro noon ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Nais kong ibigay sa inyo ang aking patotoo na naturuan ako ng naging karanasan ko na ang mga nambabatikos sa mga lider ng Simbahang ito ay nagpapakita ng palatandaan ng espirituwal na karamdaman na, kung hindi maitutuwid, ay magdudulot sa huli ng kamatayang espirituwal" (sa Conference Report, Okt. 1947, 67).

**Mga Bilang 13–14. Kung nananampalataya at nagtitiwala tayo sa Panginoon, magagawa natin ang lahat ng ipinaguutos ng Diyos.** (40–50 minuto)

*Paunawa:* Ang epekto ng mungkahing ito sa pagtuturo ay mapag-iigi sa pamamagitan ng paghiling sa ilan sa mga magulang ng inyong mga estudyante na sumulat ng liham sa kanilang mga anak, na magbibigay ng mga dahilan para magtiwala sa mga kautusan ng Panginoon–maging ang mga hindi nila naiintindihan o tila mahirap sundin. Gamitin ang mga liham kalaunan ayon sa mungkahi sa pagtuturo.

Tulungan ang mga estudyante na maghandang pag-aralan ang Mga Bilang 13–14 sa pamamagitan ng paggamit sa mga tanong sa pambungad sa mga kabanatang ito na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Gumawa kayo ng listahan ng ginawa ng Panginoon sa mga anak ni Israel simula sa aklat ng Exodo na maituturing na imposible o mahimala. Itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila pinagpapala ng Panginoon ang Israel sa gayong mga paraan (halimbawa, tingnan sa Exodo 6:6–8). Ipauunawa sa atin ng mga kabanatang ito kung paano naaapektuhan ng mga himalang iyon ang pananampalataya ng mga tao hanggang sa panahong iyan.

Ipabasa sa mga estudyante ang kuwento tungkol sa mga espiya sa Mga Bilang 13:17–14:10. Kapag natapos na sila, pasulatin sila ng mensahe sa mga Israelita noong panahong iyan upang kumbinsihin ang mga ito na magpunta sa kanilang lupang pangako. Anyayahan ang ilang estudyante na ibahagi ang kanilang isinulat.

Kung mayroon, basahin ang dalawa sa mga liham mula sa mga magulang, nang hindi binabanggit ang pangalan ng mga magulang o ng estudyante. Ituro na bagama't madali para sa atin na makita kung ano ang dapat na ginawa ng mga Israelita, gayon din ang mga hamon sa atin ngayon tungkol sa ipinagagawa sa atin ng Panginoon. Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 14:1–4 at magpasulat ng isang talata na inilalarawan kung ano ang maaaring sabihin o gawin ng mga tao ngayon.

Basahin ng buong klase ang Mga Bilang 14:21–39 at tukuyin ang kaparusahang dumating sa mga tao dahil sa kawalan nila ng pananampalataya. Itanong:

- Paano pinarurusahan ang ilan sa ngayon dahil sa kawalan ng pananampalataya?
- Ano ang maaaring isimbulo sa atin ng lupang pangako?

Hikayatin ang mga estudyante na magtiwala sa Panginoon at maging higit na katulad nina Josue at Caleb sa kanilang mga saloobin tungkol sa iniaalok niya sa atin.

**Mga Bilang 21:1–9. "Sa pamamagitan ng napakaliit na pamamaraan ay [isinasakatuparan] ng Panginoon … ang kaligtasan ng maraming tao" (Alma 37:7).** (35–40 minuto)

Mabilis na kunin ang isang laruang-ahas mula sa supot. Kung wala nito, magpakita ng larawan ng isang ahas sa inyong mga estudyante. Ipapaliwanag sa mga yaong takot sa ahas kung bakit sila natatakot. Itanong:

- Paano ninyo masasabi kung makamandag o hindi ang isang ahas? (Uri ng pangil, hugis ng ulo, kulay o hitsura ng balat.)
- Ano ang mga posibleng gamot sa kagat ng ahas?

Magpakita ng isang kahon na may tatak na "Gamot para sa Kagat ng Ahas" na nilagyan ninyo ng larawan ni Jesucristo. Sabihin sa mga estudyante na nasa loob ng kahon ang isang gamot para sa mga kagat ng ahas.

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 21:4–9 at ipalahad kung ano ang nangyari sa mga anak ni Israel. Ipaliwanag na mas marami pa tayong matututuhan tungkol sa pangyayaring ito mula sa mga propeta ng Aklat ni Mormon. Basahin ang 1 Nephi 17:41 at Alma 33:18–22 at ilista ang natututuhan natin tungkol sa pangyayaring ito na hindi matatagpuan sa Biblia. Itanong:

- Bakit pinili ng ilan sa mga Israelita na mamatay sa halip na tumingin sa ahas na tanso? (tingnan sa 1 Nephi 17:41; Alma 33:20).
- Sino ang ahas noon sa Halamanan ng Eden?

Pahulaan sa mga estudyante kung ano ang nasa loob ng inyong kahon ng gamot para sa kagat ng ahas. Buksan ang kahon at ipakita ang larawan ni Jesucristo. Itanong: Paano winasak ng Tagapagligtas ang kapangyarihan ng ahas? (Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala.)



Basahin ang Juan 3:14–15 at Helaman 8:13–15 at itanong sa mga estudyante:

- Ano ang isinasagisag ng pangyayari tungkol sa ahas na tanso?
- Paano espirituwal na makapagpapagaling sa atin ang pagtingin kay Jesucristo?
- Anong uri ng mga tao ngayon ang katulad ng mga Israelita noon na nangamatay sa kagat ng ahas? (Basahin ang pahayag ni Elder Boyd K. Packer na nasa bahaging "Points to Ponder" para sa Numbers 13–36 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 212.)
- Kung mahalagang tumingin sa ahas na tanso upang maligtas mula sa kamatayang pisikal, ano ang kahalagahan ng buhay na walang hanggan at kadakilaan?
- Marami sa mga ginagawa natin sa Simbahan ay itinuturing na "simple." Ano ang ilan sa mga simpleng hakbang na ginagawa natin na makakatulong sa atin na magkamit ng buhay na walang hanggan? (Halimbawa, paggalang at pagsunod sa mga magulang, pagsuporta sa mga aktibidad ng pamilya tulad ng family home evening, at pananamit nang disente.)
- Paano makakatulong ang pakikibahagi ng sacrament sa espirituwal nating paggaling tulad ng pisikal na paggaling ng mga anak ni Israel sa pagtingin sa ahas na tanso?

# Mga Bilang 22–36

## Pambungad

Pinahintulutan ng Panginoon ang mga Israelita na magtipon sa mga kampamento sa silangang panig ng Ilog Jordan matapos silang gumala sa ilang sa loob ng apatnapung taon. Doon sila naghanda sa pagpasok sa lupang pangako. Iniutos muna sa kanilang makipagdigmaan sa mga Moabita at Madianita (tingnan sa Mga Bilang 22–25) at nagkaroon ng pangalawang census upang bilangin ang mga bubuo sa hukbo ng Israel (tingnan sa Mga Bilang 26).

Nang matalo ang mga Madianita at mga Moabita, hinati ni Moises ang teritoryo at binigyan ng mana ang mga lipi nina Manases, Gad, at Ruben (tingnan sa Mga Bilang 31:1–32:15). Sa wakas handa na ang mga anak ni Israel sa pagtawid sa Jordan at angkinin ang kanilang mga mana mula sa Panginoon. Ang aklat ng Mga Bilang ay nagtapos sa payo ni Moises sa Israel tungkol sa pag-angkin sa lupang pangako (tingnan sa Mga Bilang 33:50–36:13).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Upang mapaglingkuran ang Diyos, kailangang talikuran natin ang makamundong mga hangarin (tingnan sa Mga Bilang 22–25; 31:8, 16; tingnan din sa Mateo 6:24; I Kay Timoteo 6:10).
- Ang Lumang Tipan ay naglalaman ng detalyadong mga propesiya tungkol sa pagparito ni Jesucristo (tingnan sa Mga Bilang 24:14–19; tingnan din sa Jacob 7:11).
- Sa pamamagitan ng matapat na pagtitiis hanggang wakas, magkakamit tayo ng mana sa isang lupang pangako (tingnan sa Mga Bilang 26:63–65; tingnan din sa Mga Bilang 14:1–39; Mga Hebreo 11:8–10; Alma 37:38–45).
- Ang mga lider ng Simbahan ay tinawag ng Diyos, sinang-ayunan ng kanilang pinaglilingkuran, at itinalaga sa pamamagitan ng pagpapatong ng mga kamay ng mga may karapatan (tingnan sa Mga Bilang 27:18–23; tingnan din sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Mga Bilang 22–25, 31. Upang mapaglingkuran ang Diyos, kailangan nating iwaksi ang mga makamundong hangarin.** (50–60 minuto)

Isulat sa pisara ang *Kasalanan ba ang maging mayaman?* Talakayin ang mga sagot ng mga estudyante, na tinatanong sila kung bakit oo o bakit hindi. Ipabasa sa kanila ang I Kay Timoteo 6:10 at Jacob 2:18–19 at ipatalakay kung ano ang sinabi ng Panginoon tungkol sa mga kayamanan at kabutihan. Sabihin sa kanila na pag-aaralan nila ngayon ang isang kahanga-hangang salaysay tungkol sa isang lalaking nawalan ng lahat dahil hinayaan niyang maging kanyang diyos ang kanyang mga kayamanan.

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang Mga Bilang 21 ay sinasabi sa atin kung paano natalo ng mga Israelita si Sehon, na hari ng mga Amorrheo, at si Og, hari ng Basan. Ikinatakot ito ng mga Madianita at Moabita, na nagsanib ng puwersa upang matalo ang mga Israelita.

Kung may oras pa kayo, maaari ninyong basahin ang kuwento tungkol kay Balaam sa mga Bilang 22–24. Pasagutan sa iba't ibang estudyante o sa mga grupo ang sumusunod na mga tanong, pagkatapos ay repasuhin ng buong klase ang kanilang mga sagot at talakayin ang mga isyu kung kailangan. Gumawa ng mga kopya ng komentaryo para sa Numbers 22–24 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* mga pahina 209–10) para magamit ng mga estudyante).

- Sino si Balaam? Talaga bang siya ay lingkod ng Diyos? (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Balaam," p. 20).
- Ano ang nais ni Balac na gawin ni Balaam? (tingnan sa Mga Bilang 22:1–6).
- Bakit hindi nagpatulong si Balac sa kanyang diyos?
- Bakit gusto ni Balaam na magpunta kay Balac kung ayaw siyang papuntahin ng Panginoon? (tingnan sa Mga Bilang 22:7–21).
- Bakit nagalit ang Panginoon kay Balaam sa pagpunta kung pinayagan naman niya si Balaam? (tingnan sa Mga Bilang 22:20–22). Binago ng Pagsasalin ni Joseph Smith ang nakasaad sa Mga Bilang 22:20 na "bumangon ka, sumama ka sa kanila" at ginawa itong "bumangon ka, *kung nais mo* at sumama ka sa kanila" (idinagdag ang pagkakahilig ng mga titik). Binigyan nito ng responsibilidad si Balaam na magpasiya kung pupunta nga siya.
- Bakit nakikita ng asno ang anghel samantalang hindi ito makita ni Balaam? Paano makapagsasalita ang isang asno? (tingnan sa Mga Bilang 22:22–30).
- Ano ang mas mahirap buksan, ang bibig ng isang asno o ang mga mata ni Balaam? (tingnan sa Mga Bilang 22:27–33). Ano ang itinuturo nito sa atin?
- Kung isinugo si Balaam upang basbasan ang Israel, bakit niya sinabihan si Balac na ialay ang magagarbong handog? (tingnan sa Mga Bilang 23:1–24:13).
- Sino ang ipinropesiya ni Balaam sa Mga Bilang 24:14–19?
- Ano ang naging dahilan ng pagkasangkot ng Israel sa pagsamba sa mga diyus-diyusan at pakikiapid sa mga anak na babae ng Moab? (tingnan sa Mga Bilang 25:1–5).
- Sino si Phinees? Ano ang ginawa niya para nakamtan ang "pakikipagtipan sa kapayapaan" ng Panginoon? (tingnan sa Mga Bilang 25:6–13).

- Bakit nakidigma ang Israel laban sa alyansang Madianita-Moabita? (tingnan sa Mga Bilang 25:16–18).
- Bakit pinatay si Balaam? (tingnan sa Mga Bilang 31:8, 16).

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie, na noon ay Pangulo ng Pitumpu:

"Iniisip ko kung gaano kadalas tumatanggap ng tagubilin ang ilan sa atin mula sa Simbahan at pagkatapos, tulad ni Balaam, ay nanghihingi ng makamundong gantimpala at sa huli ay tumatanggap ng sagot na parang nagsasabing, kung desidido kayong maging milyonaryo o makamit ang ganito o ganyang karangalan, sumige kayo, basta't patuloy ninyong paglilingkuran ang Panginoon. Pagkatapos ay nagtataka tayo kung bakit hindi gaanong naging maayos sa atin ang takbo ng mga pangyayari na hindi tulad ng kung inuna natin sa ating buhay ang mga bagay na nauukol sa kaharian ng Diyos….

\"At hindi nga ba may mga kakilala tayo, bagama't minsan silang naging matatag at di natitinag sa patotoo, na sinasalungat ngayon ang mga layunin at plano ng Panginoon sa lupa dahil nabaluktot na ng salapi at kapangyarihan ang kanilang paghatol sa kung ano ang nararapat at hindi nararapat?

"Si Balaam, ang propeta, na minsa'y nabigyang-inspirasyon at makapangyarihan, ay naligaw ang kaluluwa sa huli dahil itinuon niya ang kanyang puso sa mga bagay ng mundong ito sa halip na sa mga kayamanan ng kawalang-hanggan" ("The Story of a Prophet's Madness," *New Era,* Abr. 1972, 7).



Ibuod sa pamamagitan ng pagsangguni sa tanong na nakasulat sa pisara at itanong:

- Ano ang nagawang pagkakamali ni Balaam?
- Nakapagdulot ba ng kaligayahan ang kanyang makalupang kayamanan?

Basahin ang Mateo 6:19–24 sa inyong mga estudyante at talakayin kung paano natin maaaring unahin ang Panginoon sa ating buhay at makapagtrabaho pa rin para mabuhay nang maayos. Magpatotoo na ang mga materyal na bagay ng mundong ito ay kailangan ngunit hindi dapat mauna sa mga bagay ng kawalang-hanggan.

**Mga Bilang 24:14–19. Ang pangalang "Jesucristo" ay hindi matatagpuan sa Lumang Tipan ngunit maraming detalyadong mga propesiya sa mga sinaunang talaang iyon tungkol sa kanya.** (10–15 minuto)

Isulat sa pisara ang *Lahat ng propeta ng Panginoon ay nagpatotoo tungkol kay* ______. Papunan ang blangko sa mga estudyante ng inaakala nilang tama, pagkatapos ay ipabasa sa kanila ang Jacob 7:11 at ipahanap ang tamang salita. Idispley ang isang larawan ng Tagapagligtas at itanong: Bakit si Jesucristo ang pinakamahalagang tao sa sangkatauhan? Ipabuklat sa kanila ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* at ipabanggit ang lahat ng paksa at titulo para kay "Jesucristo."

Ipaliwanag na hindi binabanggit ng Lumang Tipan ang pangalan ni Jesucristo ngunit talagang naglalaman ito ng ilang kakaibang propesiya tungkol sa kanya. Basahin ang Mga Bilang 24:14–19 at ilista sa pisara ang mga detalye tungkol kay Jesucristo sa propesiyang ito. Maaaring ganito ang kalabasan ng listahan:

- Matagal pa siyang darating matapos ang panahon ni Balaam (tingnan sa t. 17; tingnan din sa Mateo 2:1).
- Siya ay magiging inapo ni Jacob (tingnan sa mga talata 17, 19; tingnan din sa Lucas 3:23–34).
- Isang bituin ang magiging palatandaan ng kanyang pagdating (tingnan sa t. 17; tingnan din sa Mateo 2:1–2).
- Siya ay magiging hari, siya na mayhawak ng "setro" (tingnan sa t. 17; tingnan din sa Isaias 9:6).
- Magkakaroon siya ng malaking kapangyarihan laban sa kanyang mga kaaway (tingnan sa mga talata 17–19; tingnan din sa II{ng}Mga Taga Tesalonica 2:8).
- Magkakaroon siya ng malaking kapamahalaan (tingnan sa t. 19; tingnan din sa D at T 29:11).

Itanong sa mga estudyante kung alin pang mga bahagi ng propesiya ang matutupad.

**Mga Bilang 26–27. Sa matapat na pagsunod sa mga kautusan at pagtitiis hanggang wakas, magkakamit tayo ng pamana sa isang lupang pangako.** (25–30 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang naiisip ninyo kapag naririnig ninyo ang katagang "ang lupang pangako"?
- Ano ang lupang pangako?
- Bakit ito magiging isang lupang pangako sa inyo?
- Ano ang handa kayong gawin para makamtan ito?

Ipabasa sa mga estudyante ang sumusunod na mga banal na kasulatan at hanapin ang magkakaparehong salita at

alituntunin: Deuteronomio 6:1–3; Mga Hebreo 11:8–10; 1 Nephi 2:20; 17:13. Itanong:

- Ano ang karaniwan sa lahat ng talatang ito? (Isang lupang pangako.)
- Ano ang sinasabi sa mga ito na kailangang gawin upang makamtan ito? (Sundin ang mga kautusan.)
- Ano ang lupang pangako sa sinaunang Israel? (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* Mapa 3).

Ipaliwanag na inakay ng Panginoon ang mga anak ni Israel para mapalaya sa pagkaalipin upang makapunta sila sa kanilang lupang pangako. Repasuhin nang bahagya ang salaysay tungkol sa mga espiyang nagmanman sa lupain ng Canaan. Basahin ang Mga Bilang 13:31–33 at alamin kung bakit hindi nakapasok ang Israel sa lupang pangako noong panahong iyon. Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang pinakamainam na makapaglalarawan sa reaksyon ng Israel sa ulat na ibinigay ng mga espiya? (Takot.)
- Paano naaapektuhan ng takot ang ating kakayahang sundin nang buong katapatan ang mga kautusan?

Basahin ang Mga Bilang 14:28–31 at hanapin ang parusa ng Diyos sa mga Israelitang iyon.

Ipaliwanag na pagsapit ng panahon ng Mga Bilang 26 halos apatnapung taon na ang nakalipas simula nang parusahan ng Panginoon ang Israel. Minsan pang binilang ni Moises ang mga lalaking mandirigma ng Israel habang naghahanda silang pumasok sa lupang pangako. Basahin ang Mga Bilang 26:63–65 at tukuyin kung sino ang natira para pumasok sa lupang pangako. Itanong sa mga estudyante:

- Bakit ang mga taong ito ang tinulutang mabuhay at makapasok sa lupang pangako at hindi ang iba?
- Ano ang natutuhan natin dito tungkol sa mga pangako at parusa ng Panginoon?
- Ano ang alam natin tungkol kina Josue at Caleb?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 27:15–23. Itanong:

- Ano ang hiniling ni Moises na gawin ng Panginoon bilang paghahanda sa paghahatid sa mga anak ni Israel sa lupang pangako?
- Sino ang mangunguna sa mga Israelita noon patawid sa Ilog Jordan?
- Paano binigyan si Josue ng awtoridad na mamuno sa Israel?
- Paano maihahambing ang paraan ng pagbibigay kay Josue ng awtoridad sa paraan ng pagbibigay nito ngayon? (Basahin ang komentaryo para sa Numbers 27:18–23 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (p. 211).

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 27:12–14 at alamin kung bakit hindi si Moises ang namuno sa kanyang mga tao sa pagtawid sa Ilog Jordan. Repasuhin nang bahagya ang nangyari sa mga tubig ng Meriba at magbahagi ng impormasyon tungkol sa pangyayaring ito mula sa komentaryo para sa Numbers 20:2–13 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 208). Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila hindi makakapasok si Moises sa lupang pangako dahil sa pangyayaring iyon. Ipaliwanag na natapos na ni Moises ang kanyang misyon at misyon na ni Josue na pamunuan ang Israel papasok sa Canaan.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang nangyari kay Moises (tingnan sa Mateo 17:1–3; Alma 45:18–19; ibahagi rin ang impormasyon tungkol dito mula sa komentaryo para sa Numbers 20:2–13 at Deuteronomy 34:5 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* mga pahina 208–9, 232). Magpatotoo na si Moises ay nagbago ng kalagayan upang gampanan ang isang mahalagang misyon balang-araw sa panahon ng mortal na ministeryo ng Tagapagligtas. Ipaliwanag na ibinigay niya ang mga susi sa pagtitipon ng Israel sa mga sinaunang Apostol na iyon at kalaunan kay Propetang Joseph Smith.


Hikayatin ang mga estudyante na sundin ang mga halimbawa nina Moises, Josue, at Caleb sa pagsisikap nilang maging masunurin at tapat sa Panginoon. Magpatotoo na kung gagawin nila ito magkakamit din sila ng ipinangakong pamana sa kahariang selestiyal. Maaari kayong magtapos sa pagkanta o pagbabasa ng "Tutungo Ako Saanman" (*Mga Himno,* blg. 171).

# ANG AKLAT NG DEUTERONOMIO

## Deuteronomio 1–34

### Pambungad

*Ang Deuteronomio* ay isang salitang binuo mula sa salitang Griyegong *deutero,* "pangalawa," at *nomos,* "law," na ibig sabihin ay "ang pangalawang batas" o "ang pag-uulit ng batas." Hinango ng mga Kristiyano ang titulong ito mula sa Septuagint (ang unang pagsasalin ng Lumang Tipan sa Griyego) sa halip na mula sa pangalang Judio ng aklat, *Eileh Hadvareem,* na siyang unang dalawang salita ng aklat sa Hebreo, na isinalin bilang "narito ang mga salita."




Ang aklat ng Deuteronomio ay tinatawag na pangalawang batas dahil naglalaman ito ng pagbubuod ni Moises ng batas ni Moises (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Deuteronomio," p. 43).

Habang pinag-aaralan ninyo ang Deuteronomio, pansining mabuti ang anumang mga cross-reference na bumabanggit sa iba pang mga aklat ni Moises kung saan matatagpuan ang naunang iba pang mga salaysay tungkol sa mga pangyayaring ito. Ang paghahambing ng mga salaysay kadalasan ay nagbibigay ng bagong impormasyon at mga ideya.

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Kailangan natin ng mga paalala sa ginawa nating mga tipan at ng panghihikayat na sundin ang mga ito (tingnan sa Deuteronomio 1–33).
- Ang pagpapakasal sa loob ng tipan ay nakakatulong sa atin at sa ating mga anak na manatiling tapat sa mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa Deuteronomio 7:3–4).
- Ang mga pagsubok ay nakakatulong sa atin na magkaroon ng sapat na pang-unawa sa espirituwal na mga bagay (tingnan sa Deuteronomio 8; 10:12–17).
- Inutusan tayo ng Panginoon na magbayad ng ikapu at mga handog (tingnan sa Deuteronomio 14:22–29; 15:7–11).
- Dapat nating hangarin ang katotohanan mula sa Diyos at sa kanyang mga propeta, hindi mula sa mga manghuhula o iba pang gawain ng kababalaghan (tingnan sa Deuteronomio 18:9–22; tingnan din sa D at T 1:37–38).
- Ang pagsunod sa mga kautusan ng Diyos ay naghahatid ng mga pagpapala; ang pagsuway ay naghahatid ng kalungkutan (tingnan sa Deuteronomio 28:1–45; 30:15–20).
- Pinagpapala ng Panginoon ang kanyang mga anak sa pamamagitan ng pakikipagtipan niya sa kanila (tingnan sa Deuteronomio 29:1, 9–14, 21, 25; 31:16, 20).
- Itinuturo sa atin ng mga banal na kasulatan kung paano sambahin nang wasto ang Diyos (Deuteronomio 31:9–13; 33:9–10).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 16, "Ang Sambahayan ni Israel," ay gumagamit ng makasaysayang talaan ng panahon upang magbigay ng buod tungkol sa sambahayan ni Israel (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Deuteronomio 1–1. Kailangan tayong paalalahanan tungkol sa ating mga tipan sa ebanghelyo.** (5–10 minuto)

Bumuo ng detalyadong mga tagubiling babasahin sa klase na hinihilingan silang magdrowing ng isang bagay na bago sa kanila. Dapat kabilangan ng sapat na mga detalye ang inyong mga tagubilin na hindi makalilito kapag binasa nang mabilis. Dahil dito, kailangang ipaulit sa inyo ng mga estudyante ang mga tagubilin upang maunawaan nilang mabuti kung ano ang gagawin. Hindi kailangang kumpletuhin ang proyekto, kundi iparanas lang sa kanila na kailangang ipaulit ang mga tagubilin. Ilimita ang bahaging ito ng aktibidad sa dalawa o tatlong minuto.

Matapos humingi ng paglilinaw ang ilang estudyante, talakayin kung bakit nila kailangang marinig na muli ang mga tagubilin. Basahin ang pambungad na impormasyon sa aklat ng Deuteronomio sa manwal na ito at ang nakasulat tungkol sa Deuteronomio sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Itanong:

- Paano naging katulad ng aktibidad na katatapos lang natin ang Deuteronomio?

- Sa palagay ninyo, bakit ipinaalala ni Moises sa kanyang mga tao ang kanilang kasaysayan, batas, at mga pangako ng Panginoon sa kanila?

Talakayin ang mga tanong na tulad ng sumusunod:

- Gaano kadalas na ba tayo pinayuhan na maging tapat, manalangin araw-araw, o mahalin ang ating kapwa?
- Sa palagay ninyo, bakit tayo madalas paalalahanan tungkol sa mga bagay na ito?

Hikayatin ang mga estudyante na tanggapin ang mga paalala nang may pasasalamat sa halip na mainis o mainip sila.

**Deuteronomio 1–3. Maipapaalala sa atin ng pagharap sa kamatayan ang kahalagahan ng ating mga tipan sa ebanghelyo.** (15–20 minuto)

Matapos ang apatnapung taon ng pamumuno sa kanila sa ilang, nalaman ni Moises na hindi magtatagal ay iiwan na niya ang mga anak ni Israel. Malamang na nadama niya noon na masakit sa kanya ang iwanan sila. Ang Deuteronomio 1 ay nagsisimula sa huling mensahe ni Moises sa mga Israelita. Para maipaunawa sa mga estudyante kung ano ang maaaring nadama ni Moises noon, sabihin sa kanila na pag-isipan ang sumusunod na mga tanong:

- Kung nalaman ninyo na sandali na lang ang itatagal ng buhay ninyo, ano ang gugustuhin ninyong sabihin sa inyong pamilya?
- Ano ang mga karanasan ninyo na nakatulong sa pagkakaroon ninyo ng patotoo sa ebanghelyo?
- Paano ninyo gugustuhing maalaala kapag wala na kayo sa buhay na ito?

Ipabahagi sa mga estudyante ang kanilang mga iniisip sa klase.

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 17:7–8 at ilista ang mga tipang ginawa ng Diyos kay Abraham. Hatiin ang Deuteronomio 1–3 sa tatlong bahagi at atasan ang isang grupo ng mga estudyante na pag-aralan ang bawat bahagi at maghanap ng mga talatang nagpapakita kung paano tinupad ng Diyos ang mga tipang ginawa niya kay Abraham. Ihambing ang mga tipang binanggit sa Genesis 17:7–8 kasama ang katuparan ng mga ito ayon sa nakasaad sa Deuteronomio 1–3. Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila isinama ito ni Moises sa kanyang huling mensahe sa mga Israelita.

Basahin ang Deuteronomio 1:34–42 at ipatukoy sa mga estudyante ang mga grupo ng mga Israelita na gusto at ayaw pumasok sa lupang pangako. Talakayin kung bakit pinayagan o hindi pinayagang makapasok ang bawat grupo. Itanong:

- Ano ang ilang tipan o mga kautusan na ipinatutupad sa atin na makakatulong upang maging karapat-dapat tayong pumasok sa kahariang selestiyal?
- Sa palagay ninyo, bakit madalas ipaalala sa atin ng mga lingkod ng Panginoon ang mga tipan at kautusang ito?

Ihambing ang sermon ng pamamaalam ni Moises sa mga huling mensahe o payo ng pamamaalam ng iba pang mga propeta, tulad nina Nephi (tingnan sa 2 Nephi 33), Jacob (tingnan sa Jacob 7:27), Enos (tingnan sa Enos 1:25–27), Haring Benjamin (tingnan sa Mosias 2–6), at Moroni (tingnan sa Moroni 10).

**Deuteronomio 1–34. Ang pag-alaala sa Panginoon ay mahalagang bahagi ng pagtitiis hanggang wakas.** (45–50 minuto)

Ang pag-alaala sa Panginoon ay isa sa ating mga tipan sa binyag at inuulit sa mga panalangin sa sacrament. Isa sa mga pangunahing tema sa aklat ng Deuteronomio ang payo na ibinigay ni Moises sa mga Israelita na alalahanin, o "huwag kalimutan," ang Panginoon at kanyang mga batas at kautusan.

Ipapaliwanag sa isang estudyante ang ibig sabihin ng salitang *deuteronomio*. (Kung walang nakakaalam, ipabuklat sa mga estudyante ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Deuteronomio," p. 43.) Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 14:29–33 at hanapin ang isang dahilan kung bakit kinailangang ulitin ni Moises ang batas sa kanyang mga tao. (Karamihan sa mga taong pinagsabihan ni Moises ay hindi pa isinisilang nang unang ibigay ang batas sa Sinai.) Ipaisip sa mga estudyante kung ano ang natutuhan nila tungkol sa mga Israelita sa Exodo, Levitico, at Mga Bilang at itanong: Ano sa palagay ninyo ang gustong bigyang-diin ni Moises sa henerasyon ng mga Israelita na lumaki sa ilang?

Ipabasa sa isang estudyante ang pahayag ni Elder Spencer W. Kimball na nasa pambungad sa Deuteronomio 8 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral. Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila sinabi niya na maaaring ang salitang *alalahanin* ang pinakamahalaga sa diksyunaryo. Isama ang ilan sa sumusunod na mga ideya sa inyong talakayan:

- Ang salitang *alalahanin* ay mahalaga sa dalawang panalangin sa sacrament (tingnan sa mensahe ni Elder Jeffery R. Holland sa Conference Report, Okt. 1995, 89; o *Ensign*, Nob. 1995, p. 68).
- Nagsalita ang Tagapagligtas tungkol sa pag-alaala sa Lucas 22:19 at 3 Nephi 18:7, 11.
- Ang pagrereklamo at paglimot ay tila talagang magkasama. Halimbawa, hinawi ng Panginoon ang Dagat na Pula para sa mga Israelita at pinatay ang kanilang mga kaaway—at di nagtagal pagkatapos niyon nagreklamo sila na hindi sapat ang kanilang pagkain. Mahimalang nagbigay ang Panginoon sa kanila ng manna at pugo—pagkatapos ay nagreklamo sila dahil kulang ang tubig. Tila madali nilang nalimutan ang mga himalang ginawa ng Panginoon para sa kanila.

Ipabasa sa mga estudyante ang pangalawang talata sa pahina ng pamagat ng Aklat ni Mormon at hanapin ang unang isinaad na layunin ng Aklat ni Mormon. ("Upang ipakita sa mga labi ng Sambahayan ni Israel [upang ipaalala sa kanila] kung anong mga dakilang bagay ang ginawa ng Panginoon para sa kanilang mga ama.") Itanong sa kanila kung paano nauugnay ang layuning ito sa layunin ng Deuteronomio.

- Basahin ang Deuteronomio 8 at ilista ninyo ng mga estudyante ang sinabi ni Moises sa mga tao na "alalahanin" o

"huwag kalimutan." Magpamungkahi sa kanila kung ano ang maaaring ilista sa "alalahanin" kung tuwirang nagsalita sa kanila ang Panginoon. Itanong:

- Paano nakakatulong ang pag-alaala sa mahahalagang espirituwal na pangyayari sa ating buhay upang mahikayat tayo kapag nadarama natin na tila hindi tayo masyadong espirituwal?

Paano nakakatulong ang pagsulat sa journal para maalaala natin kung paano tayo pinagpapala ng Panginoon araw-araw?

Ipakita ang isang Young Women pendant o CTR ring at itanong kung para saan ang gayong alahas. (Para ipaalala sa atin na maging tapat sa mga katotohanan ng ebanghelyo.) Ipakita ang larawan ng isang batang lalaking may suot na pilakteria sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 218) at talakayin kung paano nakatulong ang paglalagay ng batas "sa pagitan ng kanilang mga mata" para maalaala ito. Magbahagi sa mga estudyante, o magpabahagi sa kanila, ng mga paraan na lagi nating maaalala ang Panginoon sa ating mga iniisip at ginagawa.

Itanong sa mga estudyante: Sa lahat ng maaaring tandaan tungkol sa batas ni Moises (mahigit anim na raang partikular na punto ng batas), ano ang nais ng Panginoon na pakatandaan ng mga Israelita? (tingnan sa Deuteronomio 6:4–5). I-cross-reference ang Deuteronomio 6:4–5 sa Mateo 22:34–38, kung saan tinawag ni Jesus ang kautusang ito na "dakila at pangunang utos." Basahin ang pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson tungkol sa kautusang ito sa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" para sa Deuteronomio 6 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral. Maaari ninyong kopyahin ang pahayag sa mga index card para madala ito ng mga estudyante o mailagay kung saan madalas nila itong makikita. Maaari din ninyong isiping ipabahagi sa mga estudyante kung ano ang pasiya nilang gawin sa aktibidad B para sa Deuteronomio 6 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

Hikayatin ang mga estudyante na alalahanin ang Panginoon nang mas madalas sa buhay nila araw-araw. Ipabasa sa kanila ang 3 Nephi 18:7, 11 at D at T 20:77, 79 at ipahanap ang ipinangakong mga pagpapala sa mga umaalala sa Panginoon sa kanilang buhay.

**Deuteronomio 1–11. Hinayaan ng Panginoon na gumala sa ilang ang Israel nang apatnapung taon upang pabanalin at padalisayin sila.** (20–25 minuto)

Pumili ng isang lungsod o palatandaan na humigit-kumulang sa 250 milya (400 kilometro) ang layo sa tirahan ng inyong mga estudyante. (Ito ang tinatayang agwat sa pagitan ng Cairo at Jerusalem.) Itanong:

- Sa palagay ninyo, gaano katagal ninyong lalakarin ang gayon kalayo?
- Ayon sa Panginoon, gaano katagal bago makarating ang mga anak ni Israel sa lupang pangako?

Ipabasa sa mga estudyante ang Deuteronomio 1:1–8 at ipalahad kung gaano katagal sa loob ng apatnapung taong iyon ang nagugol ng mga tao sa ilang at ano ang nais ipagawa sa kanila noon ng Panginoon.

Ang malaking bahagi ng Deuteronomio 1–4 ay pagrepaso ng mga dahilan kung bakit kinailangang gumala ang Israel nang apatnapung taon. Repasuhin ang mga piling bahagi ng mga kabanatang ito na nakatuon sa dahilan kung bakit gumala ang Israel sa ilang.

Hatiin sa apat na grupo ang inyong klase at atasan ang bawat grupo ng isang kabanata mula sa Deuteronomio 7; 8; 10; at 11. Ipasaliksik sa mga grupo ang kanilang kabanata upang alamin kung ano ang sinabi ni Moises na kailangang gawin ng bagong henerasyon ng mga Israelita para magtagumpay. Ipasulat sa bawat grupo ang mga natuklasan nila sa klase. Itanong sa mga estudyante:

- Paano maiaangkop sa atin ang payo ni Moises sa mga anak ni Israel?
- Ano ang kailangan nating gawin upang matulungan tayo ng Panginoon sa mga hamong kinakaharap natin? (tingnan sa D at T 82:10).

**Deuteronomio 7:3–4 (Scripture Mastery). Ang pagpapakasal sa isang karapat-dapat na Banal sa mga Huling Araw, na katulad natin ang pananampalataya, ay makakatulong upang maiwasan ang maraming alitan sa ating pamilya.** (15–25 minuto)

Ipasadula sa dalawang estudyante ang isa o dalawang sitwasyong ito:

- Ang isang estudyante ay miyembro ng Simbahan at ang isa naman, na asawa niya, ay hindi miyembro at walang interes sa relihiyon. Araw ng Linggo iyon at gustong isamang magsimba ng miyembro ang kanyang mga anak at gusto naman ng asawa na maglibang ang kanilang buong pamilya. Sabihin sa dalawang estudyante na subukang kumbinsihin ang isa't isa na dapat gawin ng isa pa ang gusto niyang gawin nila.
- Ang isang estudyante ay miyembro ng Simbahan at ang isa naman, na asawa niya, ay miyembro ng ibang simbahan. Mayroon silang isang bagong silang na sanggol at kailangan nilang magdesisyon kung pababasbasan ang sanggol sa Simbahang LDS o "pabibinyagan" sa kabilang simbahan. Pasubukin silang kumbinsihin ang isa't isa na ang paraan nila ang pinakamainam para sa anak.

Kapag nakagawa ng mga desisyon sa dula-dulaan o parang hindi malulutas ang pagtatalo, ipatigil ang dula-dulaan at ipasaalang-alang sa mga estudyante ang sumusunod:

- Ano ang maaaring ibunga ng mga pinili nilang gawin?
- May paraan ba para mapagbigyan ang kagustuhan ng magkabilang panig? Paano?
- Ano ang maaaring gawin ng asawang miyembro upang magkaroon ng kapayapaan sa gayong mga sitwasyon? (Halimbawa, mahalin at suportahan ang asawang di-miyembro, magpakita ng kabutihan na nagmumula sa pagiging miyembro, at magpakita ng magandang halimbawa.)

Basahin ang Deuteronomio 7:1–6 sa inyong mga estudyante at pamarkahan sa kanila ang mga talata 3–4. Itanong:

- Ano ang sabi ng Panginoon na ibubunga ng pagpapakasal sa labas ng tipan?
- Paano nauugnay ang mga talatang ito sa katatapos nating dula-dulaan?
- Ano pa ang ibang maaaring ibunga kung mag-aasawa tayo sa labas ng tipan? (tingnan sa D at T 131:1–4; 132:7, 15–18).
- Ano ang mga desisyong ginagawa ninyo ngayon na makapagsasabi na ikakasal kayo sa templo kalaunan?

**Deuteronomio 13:1–10; 18:15–22. Dapat nating hangarin ang katotohanan mula sa Diyos sa pamamagitan ng kanyang sinang-ayunang mga kinatawan, hindi mula sa mga taong manlilinlang sa atin.** (15–20 minuto)

Maraming tinig sa mundo na sinisikap na sabihin sa atin kung ano ang dapat nating isipin, paniwalaan, at gawin (tingnan sa D at T 46:7; 50:1–3). Isa sa pinakamalalaking hamon ng mortalidad ay ang matutong mahiwatigan kung sino ang nagsasalita para sa Diyos at sino ang hindi.

Kung maaari, magpatugtog ng nakarekord na mga tinig ng ilang tao na makikilala ng mga estudyante. Isa dapat sa kanila ang propeta, ang iba ay maaaring kabilangan ng mga magulang, guro sa Simbahan, bishop, misyonero, at iba pa. Kung walang magagamit na ganitong recording, basahin ang ilang madaling makilalang mga pahayag ng mga tanyag na tao at tukuyin kung sino ang mga ito. Sa kanang bahagi ng pisara isulat ang *Mga nagtuturo ng ebanghelyo ni Jesucristo* at ipalista sa mga estudyante ang mga gumagawa nito. Sa kaliwang bahagi ng pisara isulat ang *Mga nagtuturo ng mga doktrina ng tao o ng diyablo.* Basahin ang Deuteronomio 13:6–10 at 18:10–12 at ilista ang mga taong kung minsan ay itinuturo ang sarili nilang mga pilosopiya sa halip na ang sa Panginoon o yaong mga nagsisikap na akayin tayo palayo sa Panginoon.

Magpabanggit sa mga estudyante ng ilang pilosopiya o gawing itinuturo sa mundo ngayon na taliwas sa mga alituntunin ng ebanghelyo. Ipabasa sa kanila ang Deuteronomio 13:1–5 at 18:18–22 at ipahanap kung paano natin malalaman kung aling mga alituntunin ang totoo at alin ang hindi. Basahin ang Moroni 7:16–17 at 10:5–7 at talakayin ang iba pang mga paraan para makahiwatig sa pagitan ng katotohanan at kamalian.

Yamang hindi natin pinarurusahan ang mga mandaraya at huwad na guro ngayon, talakayin sa inyong mga estudyante ang mga paraan na mapoprotektahan nila ang kanilang sarili laban sa maling doktrina (tingnan sa D at T 21:4–6; 45:56–57; 46:7–9; Joseph Smith—Mateo 1:37). Magpatotoo na tumatanggap tayo ng patnubay ng Panginoon sa pamamagitan ng mga propeta, banal na kasulatan, mga patriarchal blessing, at Espiritu Santo. Itanong: Paano makakatulong ang propeta na protektahan tayo laban sa panlilinlang?

Isiping tapusin ang klase sa pamamagitan ng pagkanta ng "Salamat, O Diyos, sa Aming Propeta" (*Mga Himno,* blg. 15) at anyayahang magpatotoo ang mga estudyanteng gustong magpatotoo tungkol sa buhay na propeta.

**Deuteronomio 14:22–29; 15:7–11; 26:12–15. Inaasahan ng Panginoon na ibabahagi natin ang ating mga pagpapala sa mga maralita sa pamamagitan ng pagbibigay ng ikapu at mga handog.** (15–20 minuto)

Ibigay sa mga estudyante ang sumusunod na maikling pagsusulit na "Tama o Mali":

1. Ang batas ng ikapu ay pinasimulan ni Propetang Joseph Smith. (Mali; tingnan sa Deuteronomio 14:22.)
2. Noon pa man pera na ang ibinabayad na ikapu ng mga tao. (Mali; tingnan sa Deuteronomio 14:22–25.)
3. Ang mga ikapu ay maaaring gamitin para tulungan ang mahihirap sa atin. (Tama; tingnan sa Deuteronomio 14:29; 26:12–13.)
4. Walang binanggit ang Panginoon na anumang pagpapalang nagmumula sa pagbabayad ng ikapu. (Mali; tingnan sa Deuteronomio 14:29; 26:15; tingnan din sa Malakias 3:8–10.)
5. Responsibilidad nating tulungan ang mahihirap sa ating paligid. (Tama; tingnan sa Deuteronomio 15:7.)
6. Ang responsibilidad natin sa mahihirap ay natatapos sa paglalaan natin ng kanilang mga pangangailangan. (Mali; tingnan sa Deuteronomio 15:8.)
7. Pinagpapala tayo ng Panginoon sa temporal kapag nagbigay tayo sa mahihirap. (Tama; tingnan sa Deuteronomio 15:10.)

Tulungan ang mga estudyante na malaman kung tama ang kanilang mga sagot sa pamamagitan ng pagbabasa ninyo sa kanila ng mga talatang nakalista sa bawat pangungusap. Itanong:

- Sa palagay ninyo, bakit iniutos ng Ama sa Langit na tulungan natin ang mahihirap? (tingnan sa Mateo 25:31–40; Mosias 4:16–23).
- Anong mga katangian ni Cristo ang maaaring mapasaatin kapag natuto tayong magbahagi ng ating mga pagpapala sa iba?

**Deuteronomio 28–30. Madalas gamitin sa mga banal na kasulatan ang mga sugnay na "kung" at "kung gayon" upang ipaunawa sa atin ang mga bunga ng ating desisyon.** (15–25 minuto)

Magdala ng dalawang patpat na mga isang metro ang haba ng bawat isa sa klase. Isulat sa isang papel ang *Kasalanan* at sa ilalim nito ay ilista ang ilan sa mga tuksong nakakaharap ng mga kabataan ngayon, tulad ng droga, alak, paninigarilyo, imoralidad, kahalayan, at karahasan. Ikabit ang papel sa dulo ng isa sa mga patpat. Sa kabilang dulo naman ng patpat na iyon magkabit ng isang papel na may nakasulat na *Mga Bunga* at isang listahan ng ilan sa mga problemang bunga ng paggawa ng mga kasalanang iyan, tulad ng maling paghatol,

problema sa kalusugan, aksidente, pagkakulong, at maging kamatayan. Ang nagtatagal na bunga ng lahat ng desisyong ito ay kalungkutan, pagkawala ng Espiritu, at, kung hindi pinagsisihan, pagkawala ng buhay na walang hanggan.

Sa dulo ng isa pang patpat magkabit ng isang papel na may nakasulat na *Kabutihan* at isang listahang may nakasulat na matwid na mga alituntunin at gawa, tulad ng pagbabayad ng ikapu, pagbabasa ng mga banal na kasulatan, pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath, at kalinisang-puri. Sa kabilang dulo naman ng patpat na iyon magkabit ng isang papel na may nakasulat na *Mga Bunga* at isang listahan ng ilang pagpapalang nagmumula sa pagsunod sa mga kautusang nakasulat dito, tulad ng kaligayahan, kapayapaan ng puso't isipan, katiwasayan, makabuluhang pamumuhay, at buhay na walang hanggan.

Anyayahan ang isang estudyante na magpunta sa harapan ng klase at basahin lamang ang "Kasalanan" at "Kabutihan" na nasa mga dulo ng dalawang patpat. Sabihin sa estudyante na magkunwaring hindi siya miyembro ng Simbahan at walang gaanong alam tungkol sa Diyos, at itanong: Aling patpat kaya ang pipiliin mo? Pagkatapos ay ipabasa sa estudyante ang dulo ng patpat na may nakakabit na "Mga Bunga," at itanong: Mas magiging madali bang gumawa ng tamang pasiya kung alam na ninyo kaagad ang mga ibubunga nito?

Ipaliwanag na kadalasan ay ang pasiya lamang ang nakikita ng mga tao at hindi ang mga ibubunga ng kanilang pasiya. Iniisip ng iba na kahit paano ay mababago nila ang mga bunga kalaunan, o hindi sila naniniwala sa mga taong nagsasabi sa kanila ng mga ibubunga nito. Ipaunawa sa mga estudyante na kapag pinili natin ang isang dulo ng patpat—kasalanan o kabutihan—pinili na rin natin ang kabilang dulo nito, ang mga bunga.

Ipaliwanag na sa Deuteronomio 28 ay mayroong klasikong halimbawa ng mga pasiya at bungang inilahad sa Israel na makikita sa mga sugnay na "kung" at "kung gayon." Ipahanap sa mga estudyante ang sugnay na "kung" sa talata 1 at ipalista kung ano ang kailangang gawin ng Israel para matanggap ang mga pagpapalang matatagpuan sa mga talata 2–14.

Ipahanap sa mga estudyante ang sugnay na "kung" sa talata 15. Itanong: Ano ang mga ibubunga kung nabigo ang Israel na "dinggin ang tinig ng Panginoon"? Patingnan sa kanila ang mga talata 16–47 at pamarkahan ang mga sumpang ibinunga ng kanilang pagsuway. Sabihin sa kanila na nakakalungkot na karaniwang pinipili ng sinaunang Israel na suwayin ang Diyos sa halip na sundin siya.

Basahin ang Deuteronomio 29:1–13 sa inyong mga estudyante at itanong:

- Ano ang nais ni Moises na gawin ng kanyang mga tao, kahit alam niya na hindi sila mananatiling tapat? (Makipagtipan sa Diyos.)
- Bakit niya gustong gawin nila iyan? (Para umunlad sila sa lahat ng kanilang gagawin.)
- Anong mga pormal na tipan ang ginawa na ninyo sa Panginoon? (Ang mga tipan ng binyag.)
- Ang pangako ba sa Deuteronomio 29:9 ay angkop din sa mga tipang ginagawa natin sa Diyos sa ating panahon? (tingnan sa Mosias 5:7–10; 18:8–10; D at T 97:8–9).

Ipasulat sa mga estudyante kung gaano kahalaga sa kanila ang kanilang mga tipan at maglista ng isang paraan na mas sisikapin nilang tuparin ang kanilang mga tipan sa susunod na linggo.

**Deuteronomio 32. Ang awit ng mabubuti ay isang panalangin sa ating Ama sa Langit.** (10–15 minuto)

Ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad A at B para sa Deuteronomio 31–32 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

**Deuteronomio 34:10. Maraming magkakatulad na pangyayari sa buhay ng Tagapagligtas at ni Moises.** (15–20 minuto)

Maraming pangyayari sa buhay ni Moises na nagbibigay sa atin ng sulyap sa buhay ng Tagapagligtas. Bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng sumusunod na tsart, ngunit mga reperensya lang ng banal na kasulatan ang nakalista. Ipabasa sa kanila ang mga banal na kasulatan at papunan sa kanila ang mga pagkakatulad.

| Moises | Mga Pagkakatulad | Jesucristo |
|---|---|---|
| Exodo 1:16–2:10 | Kapwa sila naligtas mula sa pagpatay sa maliliit na bata nang pagtangkaan silang patayin ng mga hari. | Mateo 2:13–16 |
| Exodo 18:13; Mga Gawa 7:35 | Kapwa sila tinawag na pinuno, tagapagligtas, at hukom. | Isaias 9:6; Juan 5:22; D at T 138:23 |
| Exodo 34:28 | Kapwa sila nag-ayuno nang apatnapung araw. | Mateo 4:2 |
| Moises 1:12 | Kapwa sila tinukso ni Satanas. | Mateo 4:1–11 |
| Exodo 16:4–15 | Sa pamamagitan nilang dalawa, himalang nakapaglaan ng tinapay at karne. | Juan 6:9–13 |
| Exodo 17:6 | Kapwa sila nagbigay ng tubig. | Juan 4:10–14 |
| Exodo 7:20 | Kapwa nila binago ang likas na katangian ng tubig. | Juan 2:1–11 |

| | | |
|---|---|---|
| Exodo 14:21–22 | Kapwa sila may kapangyarihan sa hangin at tubig. | Mateo 8:27 |
| D at T 138:41 | Kapwa sila mga dakilang tagapagbigay ng batas. | Isaias 33:22 |
| Exodo 2:11–14; Mga Gawa 7:22–37 | Kapwa sila di tinanggap noong una nilang sikaping pamunuan ang Israel. | Juan 19:13–15; Mga Gawa 3:13–15 |
| Exodo 32:30–32 | Kapwa sila nagsumamo at namagitan para sa kanilang mga tao. | D at T 45:3–5 |
| Deuteronomio 18:15–18 | Si Cristo ay tinawag na isang propetang "tulad ni" Moises. | Mga Gawa 3:22–26; 3 Nephi 20:23–26 |

Magpatotoo na sa pagsunod natin sa tunay na mga propeta ng Panginoon ay sinusunod din natin ang Panginoong Jesucristo.

# ANG AKLAT NI JOSUE

## Josue 1–24

### Pambungad

Ang aklat ni Josue ay nagtataglay ng pangalan ng pangunahing propeta at tauhan nito. Malamang na si Josue ang sumulat o nangasiwa sa karamihan ng nakasulat sa aklat na ito, ngunit hindi maaaring siya ang sumulat ng lahat ng ito dahil binanggit din dito ang kanyang pagkamatay at libing. Sa Hebreo, ang ibig sabihin ng *Josue* ay "ang Panginoon ay nagliligtas" o "ang Panginoon ay nagbibigay ng tagumpay." Ang salitang Griyego ng pangalang ito ay *Jesus*.

Sinasabi sa aklat ni Josue kung paano tinulungan ng Panginoon ang mga Israelita na makamtan ang lupang pangako. Sa mga kuwento ng pananakop ay kitang-kita na ang Panginoon ang nagpapanalo sa kanila. Sa maraming paraan ang kuwento tungkol sa Josue na ito ay katulad ng sa Josue ng hinaharap, si Jesucristo, na nagtagumpay laban sa ating mga kaaway—pati na sa diyablo, "ang kaaway ng lahat ng kabutihan" (Moroni 9:6)—at inaakay tayo tungo sa lupang pangako ng kahariang selestiyal matapos tayong maglakbay sa ilang ng buhay.

Ang aklat na ito ay nagpapatotoo na tinutupad ng Panginoon ang kanyang mga pangako. Nakipagtipan ang Panginoon na makakamtan ng mga inapo ni Abraham ang lupain ng Canaan. Bagama't hindi naangkin ng mga Israelita ang lahat ng lupang ipinangako kay Abraham dahil sa kanilang pagsuway, ang kapanahunan ni Josue ang unang pagkakataon na talagang namuno ang mga inapo ni Abraham sa lupain ng Canaan.

Ang aklat ni Josue ay maaaring isaayos sa tatlong pangunahing bahagi:

1. Ang pananakop sa Canaan (mga kabanata 1–12)
2. Ang paghahati ng lupain sa mga lipi ni Israel (mga kabanata 13–22)
3. Ang mga huling tagubilin at patotoo ni Josue bago siya mamatay (mga kabanata 23–24)

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Josue," (p. 97–98).

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Kung tayo ay tapat tutulungan tayo ng Panginoon na malampasan ang ating mga hamon, na kung minsan ay sa mahimalang paraan, at pagpapalain tayo na gawin ang lahat ng kanyang hinihiling (tingnan sa Josue 1:1–9; 3–4; 6:1–20; 8:1–22; 10:5–21, 40–42; 11:1–10, 15–16; 21:43–45; 23:1–11; 24:1–24).
- Ang araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan ay tumutulong sa atin na maunawaan at ipamuhay ang ebanghelyo upang makamtan natin ang mga pagpapala ng Panginoon (tingnan sa Josue 1:7–8; 8:32–35; tingnan din sa D at T 33:16–17).
- Pinadadakila ng Panginoon ang kanyang mga pinuno sa paningin ng mga tao (tingnan sa Josue 1:16–18; 4:14).
- Ang pagsunod at kadalisayan ng sarili ay nagpapaibayo ng ating pananampalataya at tinutulungan tayong umasa sa mga kapangyarihan ng langit na tulungan tayong malampasan ang mga hamon na ating kinakaharap (tingnan sa Josue 6:1–20; 7:1–26; 10:8–16; 11–12).
- Ang ating mga kilos ay umaapekto sa buhay ng mga nasa paligid natin para sa kabutihan o sa kasamaan (tingnan sa Josue 7:1–5, 10–21).
- Kung minsan ay pinatitigil ng Panginoon ang mga tao sa kanilang kasamaan, at nililipol sila kapag sila ay "hinog na sa kasamaan" (tingnan sa Josue 8:1–29; 10–11; tingnan din sa Deuteronomio 20:16–18; 1 Nephi 17:32–35; Moises 8:20–22, 28–30).
- Laging tinutupad ng Panginoon ang kanyang mga pangako (tingnan sa Josue 21:45; 22:1–4; tingnan din sa D at T 1:37–38; 82:10).
- Binigyan ng Diyos ang kanyang mga anak ng kalayaang pumili, at malaya silang piliing mahalin at paglingkuran ang Panginoon o ang mga huwad na diyus-diyusan ng mundo (tingnan sa Josue 22:5; 23:11–16; 24:14–25; tingnan din sa Alma 5:38–42; D at T 1:16).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 17, " 'Walang Ibang mga Diyos sa Harap Ko,' " ay gumamit ng analohiya ng carbon monoxide upang ipakita ang epekto ng pagsamba sa mga diyus-diyusan (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Josue 1. Ang araw-araw na pag-aaral ng banal na kasulatan ay tumutulong sa atin na maunawaan at ipamuhay ang ebanghelyo upang makamtan natin ang mga pagpapala ng Panginoon.** (30–40 minuto)

Upang maihanda ang mga estudyante para sa Josue 1, basahin ang sumusunod na pakunwaring liham mula kay Josue na humihingi ng payo:

*Sa kinauukulan:*

*Ang pangalan ko ay Josue. Ako ang nahirang na bagong pinuno ng mga anak ni Israel bilang kapalit ng dakila nating pinunong si Moises, na umakay sa atin palabas ng Egipto at hindi na natin kapiling nga-*

*yon. Lubos akong napakumbaba ng tungkuling ito at damdam ko ay marami akong kakulangan sa pagsisikap na humalili sa lugar ng isang butihing propeta. Ano ang maipapayo ninyo para magtagumpay ako sa bagong papel na naiatas sa akin? Nangako ang mga tao na susundin ako tulad ng ginawa nilang pagsunod kay Moises.*

*Tapat na sumasainyo, Josue*

Basahin ninyo ang Josue 1 sa mga estudyante at hanapin ang payo ng Panginoon kay Josue. Ilista ng buong klase ang sinabi ng Panginoon na makakatulong kay Josue na maging matagumpay na pinuno sa Israel. Bigyan ng kaukulang pansin ang tagubilin na magpakalakas at magpakatapang (tingnan sa mga talata 6–7, 18). Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin niyan. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

> "Ito ay Kanyang gawain. Huwag itong kalimutan kailanman. Tanggapin ito nang may sigla at lugod.
>
> "Huwag tayong matakot. Si Jesus ang ating pinuno, ating lakas, at ating hari.
>
> "Panahon ito na iniisip ng lahat na masama ang mangyayari. Ang ating misyon ay isang misyon ng pananampalataya. Sa aking mga kapatid sa lahat ng dako, nananawagan ako sa inyo na muling pagtibayin ang inyong pananampalataya, upang maisulong ang gawaing ito sa buong mundo. Mapapalakas ninyo ito sa paraan ng inyong pamumuhay….
>
> "Napakaluwalhati ng kasaysayan ng dakilang layuning ito. Puno ito ng kabayanihan, lakas ng loob, katapangan, at pananampalataya. Kayganda ng kasalukuyan habang sumusulong tayo upang pagpalain ang buhay ng mga tao saanman sila makikinig sa mensahe ng mga lingkod ng Panginoon. Kayringal ng hinaharap habang ipinagpapatuloy ng Makapangyarihang Diyos ang Kanyang maluwalhating gawain, na iniimpluwensyahan sa kabutihan ang lahat ng tatanggap at susunod sa Kanyang ebanghelyo at umaabot pa sa walang hanggang pagpapala ng Kanyang mga anak na lalaki at babae sa lahat ng henerasyon sa pamamagitan ng di-makasariling paggawa ng mga yaong ang puso ay puno ng pagmamahal sa Manunubos ng mundo….
>
> "Inaanyayahan ko ang bawat isa sa inyo, saanman kayo naroon bilang mga miyembro ng simbahang ito, na manindigan at may awitin sa puso na sumulong, na ipinamumuhay ang ebanghelyo, minamahal ang Panginoon, at itinatayo ang kaharian. Sama-sama tayong magpapatuloy sa gawain at mananatiling tapat, at ang Makapangyarihang Diyos ang ating lakas" (sa Conference Report, Set.–Okt. 1995, 95, 96; o *Ensign,* Nob. 1995, 72).

**Josue 1:8 (Scripture Mastery). Nakakatulong ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan upang maunawaan at maipamuhay natin ang ebanghelyo.** (10–15 minuto)

Basahin ang Josue 1:8 at itanong sa mga estudyante:

- Ano ang ipinayo ng Panginoon na gawin ni Josue?
- Ano ang ginagawa natin ngayon na parang pagninilay sa batas? (Pinag-aaralan ang mga banal na kasulatan.)

Maaari ninyong ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad B para sa Josue 1 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

Para maipaunawa sa mga estudyante ang kahalagahan ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan, ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson:

> "Ang pag-aaral at pagsasaliksik ng mga banal na kasulatan ay hindi isang pasaning ipinataw ng Panginoon sa [mga Banal], kundi isang kamangha-manghang pagpapala at pagkakataon….
>
> "Hindi nangako noon ang Panginoon kay Josue ng materyal na kayamanan at katanyagan, kundi na ang kanyang buhay ay uunlad sa kabutihan at magtatagumpay siya sa bagay na pinakamahalaga sa buhay, na walang iba kundi ang makatagpo ng tunay na kagalakan. (Tingnan sa 2 Nephi 2:25)" ("The Power of the Word," *Ensign,* Mayo 1986, 81).

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga banal na kasulatan, hati-hatiin ito sa mga estudyante, at ipabasa at ipatukoy sa kanila ang mga pakinabang ng pag-aaral ng mga banal na kasulatan:

- 1 Nephi 15:24 (kapangyarihang daigin ang masama)
- Alma 4:19 (kapangyarihang mamuhay nang matwid)
- Alma 17:2–3 (kapangyarihang makakumbinsi sa pagtuturo)
- Jacob 4:6 (kapangyarihang manawagan sa mga kapangyarihan ng langit)
- Helaman 15:7 (kapangyarihang baguhin ang puso at disposisyon)
- Mga Taga Roma 15:4 (ibayong pag-asa at kagalakan)
- Alma 31:5 (ibayong espirituwalidad)
- 2 Nephi 32:3 (ibayong kaalaman at pang-unawa)
- Helaman 3:29 (ibayong kapangyarihang makahiwatig)
- Doktrina at mga Tipan 18:36 (mas malakas na patotoo)

(Tingnan sa Jay E. Jensen, sa Conference Report, Okt. 1992, 113–14 o *Ensign*, Nob. 1992, 81.)

**Josue 3–6. Kapag nagpapakita tayo ng pananampalataya at sinusunod ang mga kautusan ng Panginoon, ang ating pananampalataya at tiwala ay nag-iibayo at binibigyan tayo ng Panginoon ng kakayahang harapin ang mga hamon.** (20–25 minuto)

*Paunawa:* May isa pang mungkahi sa pagtuturo sa block na ito para sa gurong nagtuturo nang lingguhan. Maaari sigurong ituro pareho ang mga ito sa isang lingguhang klase.

Sa ibabaw ng mesa sa harapan ng silid maglagay ng anim o pitong magkakapatong na aklat at isang timbang puno ng tubig na may isang paper clip, butones, o iba pang maliliit na bagay rito. Papuntahin ang dalawang estudyante sa harapan ng klase. Pasubukin ang isang estudyante na patumbahin ang mga aklat sa mesa sa pamamagitan ng pagsigaw sa mga ito at ipakuha sa isa pa ang bagay mula sa tubig nang hindi ginagalaw ang timba o nababasa ang kanyang mga kamay. Kapag sinabi nilang imposibleng gawin ito, ipabasa sa klase ang Josue 3 at 6 at hanapin ang dalawang tila imposibleng gawain na tinulungan ng Panginoon ang mga Israelita na maisagawa. Itanong kung paano naisagawa ang mga himalang ito. Kung hindi sila nakatitiyak, sama-samang basahin ang Josue 3:7–13 at 6:2–5, 10. Itanong sa mga estudyante:

- Makatwiran ba ang mga tagubilin sa pagsasagawa ng mga gawain?
- Ano ba talaga ang dahilan ng "pag-isang bunton" ng mga tubig at pagguho ng mga pader ng Jerico?
- Paano maaapektuhan ng mga karanasang iyon ang inyong pananampalataya? (Ang aktibidad B para sa Josue 6 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral ay maaaring makatulong sa pagtalakay sa tanong na ito.)

Pagawin ang mga estudyante ng listahan ng mga kahinaan, hilig, o saloobin na iniisip ng ilang tao na imposibleng baguhin, tulad ng mga gawi, galit, pagiging rebelde o palaaway, o kahinaan sa pagdaig sa ilang tukso. Itanong:

- Alin sa mga ito ang kayang baguhin ng Panginoon?
- Bagama't may kapangyarihan ang Panginoon na baguhin tayo, anong responsibilidad ang dapat nating angkinin para magbago ang ating buhay?
- Ano ang ipinagagawa sa atin ng Panginoon upang matanggap ang kanyang mahimalang tulong sa ating buhay?

Basahin ang ilan sa sumusunod na mga banal na kasulatan at iugnay ang mga ito sa mga isyung inilista ng mga estudyante:

- Mosias 23:21–22.
- Alma 36:3
- Eter 12:27
- Doktrina at mga Tipan 90:24.

Itanong sa mga estudyante kung paano nagmukhang hindi makatwiran ang mga tagubiling ito. Ituro na ang mga himala sa Josue 3 at 6 ay nangyari matapos mahigpit na sundin ng mga tao ang mga tagubiling ibinigay sa kanila ng Panginoon sa pamamagitan ng kanyang propeta. Basahin ang Eter 12:6 at ipalahad sa mga estudyante kung paano ito nauugnay sa dalawang himala sa Josue. Itanong sa kanila kung paano naaangkop ang alituntuning ito sa mga pagpapalang hangad natin ngayon.

Ipaunawa sa mga estudyante na kahit tila imposible ang ipinagagawa o di-makatwiran ang mga tagubilin ayon sa pagiisip ng sangkatauhan, walang napakahirap para sa Panginoon. Isiping magbahagi ng isang karanasan sa buhay ninyo kung kailan sumampalataya kayo at sumunod at nakatanggap ng mga pagpapalang tila imposible o di-makatwiran o pagbahaginin ng karanasan ang isang estudyante.

**Josue 3:13–17. Kailangan tayong maging handang kumilos nang may pananampalataya kay Jesucristo.** (10–15 minuto)

Magdala ng isang maliit na bagay sa klase, tulad ng susi, at ipasok ito sa supot. Sabihin sa mga estudyante kung ano ang nasa loob ng supot nang hindi ito ipinapakita sa kanila, at itanong kung ilan sa kanila ang naniniwala sa inyo. Ipabasa sa kanila ang Alma 32:21 at Mga Hebreo 11:1 para tuklasin kung paano nagkatulad ang pananampalataya sa isang bagay na hindi nakikita ngunit totoo—ang paniniwala nila sa laman ng supot. Kalugin ang supot para marinig nilang may laman ito at itanong sa kanila kung paano iyon nakakaapekto sa pananampalataya nila sa sinabi ninyo sa kanila. Ipakita ang bagay at itanong kung paano nakakaapekto sa kanilang pananampalataya na makita ito. Ipaunawa sa kanila na ang kanilang pananampalataya ay naging kaalaman na (tingnan sa Alma 32:34).

Ipabasa sa mga estudyante ang Josue 3:13–17 at itanong:

- Ano ang kundisyon ng Ilog ng Jordan noon?
- Kailan tumigil sa pagdaloy ang ilog.

Sama-samang basahin ang Eter 12:6 at talakayin kung bakit kinailangan munang magbasa ng mga paa ang mga saserdote bago tumigil sa pagdaloy ang ilog. Itanong sa mga estudyante kung ano ang mga naipagawa na sa kanila na maihahalintulad sa pagbasa ng kanilang mga paa bago tumigil sa pagdaloy ang mga tubig. Ang ilang halimbawa ay maaaring pagbabayad ng ikapu at mga handog, pagmimisyon, paghihintay na tumuntong sa edad na labing-anim bago makipagdeyt, at pagtanggap ng mga tungkulin sa Simbahan. Basahin ang Josue 4:23–24 at itanong kung bakit nanaisin ng Panginoon na kumilos tayo nang may pananampalataya.

**Josue 5:13–15. Malalaman natin kung sino ang "Prinsipe ng hukbo ng Panginoon" sa paghahambing sa magkatulad na karanasan nina Josue at Moises.** (15–30 minuto)

Gawin ang aktibidad A para sa Josue 5 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral at talakayin ito ng buong klase. Ibahagi ang impormasyon mula sa komentaryo para sa Joshua 5:13–14 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (p. 238). Bigyan ng panahon ang mga estudyante na gawin ang aktibidad B, pagkatapos ay talakayin ang kanilang isinulat.

**Josue 7. Hindi natin lubusang maitatago ang ating mga kasalanan dahil alam ng Diyos ang mga ito. Naaapektuhan ng ating mga pagkilos ang buhay ng iba.** (25–30 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga pangungusap:

*Buhay ko ito. Puwede kong gawin ang gusto ko. Wala akong ibang sinasaktan.*

*Walang pakialam ang iba sa ginagawa ko. Hindi kailangang malaman ng iba.*

Itanong sa mga estudyante kung bakit hindi totoo ang mga pangungusap na ito.

Ang isang dahilan ay hindi natin alam kadalasan kung paano naaapektuhan ng ating mga pagkilos ang iba. Para mailarawan ito, kumuha ng isang mangkok ng tubig at hulugan ito ng maliit na bato. Ituro kung paanong kahit sa gitna inihulog ang bato, naapektuhan pa rin ang tubig sa mga gilid ng mangkok. Itanong sa mga estudyante kung paanong ang bato ay katulad ng epekto ng ating mga pagkilos—lalo na ng ating mga kasalanan—at kung paano maaapektuhan ang iba maging ng sarili nating mga kasalanan. Magpabigay sa mga estudyante ng mga halimbawa, na tinitiyak na naiwasang pag-usapan ang mga personal na kasalanan o mga kasalanan ng isang partikular na tao.

Ang isa pang dahilan kaya hindi totoo ang mga pangungusap na iyon ay batid ng Diyos ang lahat ng kasalanan natin. Kailanman ay hindi natin maitatago ang mga ito sa kanya. Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 121:37–38 at hanapin kung ano ang nangyayari kapag sinubukan nating itago ang ating mga kasalanan.

Ipabasa sa mga estudyante ang Josue 6:17–19 at tukuyin ang iniutos ng Panginoon sa mga Israelita bago nila sinalakay ang Jerico. Basahin ang Josue 7:1, 20–21 at hanapin kung gaano kahusay nila sinunod ang utos na iyon. Ipabasa sa mga estudyante ang Josue 7:2–13 at hanapin kung ano ang naging epekto ng mga kilos ni Achan sa iba pang mga tao. Ipabasa sa kanila ang mga talata 14–19 upang makita kung gaano kahusay na naitago ni Achan sa Diyos ang kanyang ginawa. Itanong: Ayon sa talata 5, ilang tao ang namatay dahil sa kasalanan ni Achan? Ipabasa sa kanila ang Mateo 16:25; Doktrina at mga Tipan 42:46; 98:13–14 at ipahanap ang mga pangako ng Diyos sa mga taong nag-alay ng kanilang buhay sa paglilingkod sa kanya. Itanong:

- Maaari bang para din sa mga hindi namamatay ang alinman sa mga pangako sa mga talatang iyon? Paano?
- Ano kaya ang itinuturo ng Panginoon sa Israel nang hindi niya sila tulungan sa Hai?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 19:5–6 at alamin kung ano ang nais ng Panginoon sa mga anak ni Israel. Ipabasa sa kanila ang Mga Taga Roma 14:7 at itanong kung paano ito naaangkop sa alituntuning ito. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 110:7–8 at Alma 39:11 at talakayin ang iba pang mga paraan na nakakaapekto ang mga kilos ng isang tao sa buhay ng iba ngayon, halimbawa, ang pangongopya ay hadlang sa pagkatuto, ang pagmamaneho nang lasing ay maaaring makapatay ng mga inosenteng tao, at ang imoralidad ay maaaring magbunga ng pagdadalantao at pagkakasakit. Ipabasa sa klase ang Alma 7:13 at Doktrina at mga Tipan 19:15–19 at tukuyin kung paano tayo naaapektuhan ng Pagbabayad-sala ni Cristo.

Maaaring nagtataka ang ilang estudyante kung bakit pinatay si Achan. Ipabasa sa kanila ang Josue 1:16–18 at ipahanap kung ano ang napagkasunduan ng Israel na magiging parusa sa mapanghimagsik na pagsuway. Ipabasa sa kanila ang Josue 7:20–21 at pasagutan ang sumusunod na mga tanong:

- Alam ba ni Achan ang mga tipan at kautusan tungkol sa mga nasamsam sa Jerico?
- Ayon sa Josue 7:5, ano ang ibinunga ng mga kilos ni Achan?
- Paano naging katulad ng kanser ang kasalanan?
- Gaano kahalaga ang magpatanggal ng kanser?
- Ano ang maaaring gawin nito sa inyong katawan kung hindi ito gagamutin?
- Bakit mapanganib na ipagpaliban ang pagsisisi?

Dapat din ninyong talakayin ang mga positibong epekto ng ating mga pagkilos sa buhay ng ibang mga tao. Itanong sa mga estudyante kung anong mga kabutihan ang maaari nating gawin upang matulungan ang iba at mapakitaan sila ng magandang halimbawa. Ipaalala sa kanila na ang ating kabutihan, gayundin ang ating mga kasalanan, ay maaaring makaapekto sa iba.

**Josue 8–12. Ang mga mamamayan ng Canaan ay nilipol dahil sa kanilang kasamaan.** (15–20 minuto)

Simulan ang klase sa pagkanta ng "O mga Sundalong Sakop ni Cristo" (*Mga Himno,* blg. 149) o ang "Masdan! Hukbong Kaygiting" (*Mga Himno,* blg. 153) at itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:

- Bakit maituturing na isang hukbo ang mga Kristiyano?
- Ano ang nadarama ninyong mensahe mula sa himnong iyan?
- Sino ang dapat natin kalabanin?

Ipaliwanag na sa Josue 8–12 iniutos sa Israel na lipulin ang mga taong naninirahan sa Canaan. Basahin ang 1 Nephi 17:32–35 at alamin ang moralidad ng mga Cananeo. Itanong: Ano ang sinabi ni Nephi na nangyari sa mga naninirahan sa Canaan? Ipabasa sa mga estudyante ang Eter 2:9–12 at pansinin ang pagkakatulad ng wikang ginamit sa mga naninirahan sa lupain ng Canaan at sa atin ngayon.

Ipabasa sa mga estudyante ang Helaman 6:37 at hanapin kung paano nilipol ng mabubuting Lamanita ang mga tulisan ni Gadianton. Itanong:

- Paano iyan nakatulad ng paglaban natin sa kasamaan ngayon?
- Anong mga sandata ang gamit natin sa paglaban sa kasamaan ngayon?

Paalalahanan ang mga estudyante na hindi digmaan ang mensahe ni Cristo. Ipaunawa sa kanila na kinakalaban natin ang kasalanan, hindi ang mga tao.

Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 4:2–7 at tukuyin ang mga katangian ng tagumpay na misyonero. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 27:15–18 at tukuyin ang baluting inilaan ng Panginoon para sa mga sundalong misyonero ngayon. Kung mayroon, ipakita sa mga estudyante ang ulat sa estadistika ng Simbahan mula sa huling pangkalahatang kumperensya sa buwan ng Abril (sa Conference Report o *Liahona*) at ituro ang bilang ng mga misyonerong nakikipaglaban sa digmaang ito at kung ilang tao ang napagwawagian sa digmaang ito. Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 63:37 at ipatukoy kung sino ang tinawag ng Panginoon na magmisyon. Isiping tapusin ang klase sa pagkanta ng "Tinawag Upang sa Diyos Maglingkod" (*Mga Himno,* blg. 151).

**Josue 13–21. Tinupad ng Panginoon ang kanyang pangako sa mga Israelita na magmamana sila ng isang lupang pangako.** (25–30 minuto)

Ipaisip sa mga estudyante ang huling pangakong ginawa nila sa isang tao, pagkatapos ay itanong ang mga sumusunod:

- Bakit ninyo ipinangako iyan?
- Gaano kahirap para sa inyo ang tumupad sa pangako?
- Ano ang pakiramdam ninyo kapag hindi tinutupad ng iba ang kanilang mga pangako sa inyo?
- Ano ang pakiramdam ninyo kapag tinutupad nila ito?

Ipabasa sa mga estudyante ang Exodo 23:27–30 at hanapin kung ano ang partikular na ipinangako ng Diyos sa mga Israelita. Basahin ang Josue 21:43–45 at itanong kung tinupad ng Panginoon ang kanyang pangako. Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 1:38 at 82:10 at itanong:

- Gaano katiyak ang mga pangako ng Panginoon ngayon?
- Ayon sa Doktrina at mga Tipan 82:10, ano ang maaaring humadlang sa Panginoon sa pagtupad sa kanyang mga pangako?

Ipabuklat sa mga estudyante ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* Mapa 3, at suriin ang lupang minana ng bawat lipi. Ipahanap sa kanila kung aling lipi ang nakatanggap ng pinakamalaking mana at alin ang tumanggap ng pinakamaliit. Ipabasa sa kanila ang Mga Bilang 26:52–56 at ipatuklas kung bakit nagkagayon.

Itanong sa mga estudyante kung aling lipi ang hindi ipinakita sa mapa (tingnan sa Josue 13:33). Basahin ang Mga Bilang 1:47–53 at talakayin kung ano ang mga responsibilidad ng liping ito na nagpaiba sa kanila sa ibang mga lipi. Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Bilang 35:1–8 at hanapin kung ano ang inihayag ng Panginoon kay Moises tungkol sa mana ng mga Levita. Basahin ang Josue 21:3 at alamin kung natanggap ng mga Levita ang ipinangako sa kanila.

Hatiin sa mga estudyante ang sumusunod na mga banal na mga kasulatan at ipahanap sa kanila ang mga pangako ng Panginoon sa atin:

- Moroni 10:4–5
- Doktrina at mga Tipan 58:42.
- Doktrina at mga Tipan 59:23.
- Doktrina at mga Tipan 76:50–70

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:16–20 at hanapin kung anong lupang pamana ang ipinangako sa atin ng Panginoon. Ipabahagi sa mga estudyante ang kanilang napag-alaman, kapwa sa pag-aaral nila ng Lumang Tipan at sa sarili nilang buhay, na nagpapakita na matutupad at tinutupad ng Panginoon ang kanyang mga pangako.

**Josue 23–24 (Scripture Mastery, Josue 24:15). Bawat isa sa atin ay may kalayaang pumili, ngunit bawat pagpili ay may kaakibat na responsibilidad na tanggapin ang mga ibubunga nito.** (35–40 minuto)

Maglagay ng tatlong bagay na iba't iba ang halaga sa tatlong supot (halimbawa, maliit na bahagi ng kendi, kalahati ng kendi, at isang buong kendi). Papiliin ng isang supot ang isang bata. Ipakita sa klase ang napili at ang hindi napili. Ipaunawa sa mga estudyante na ang iba't ibang pagpili ay naghahatid ng iba't ibang bunga. Talakayin kung paano naging mas mainam ang mga bunga ng ilang pagpili kaysa sa iba.

Ipabasa nang malakas sa isang estudyante ang Josue 24:15 at ipalahad kung ano ang ipinayo ni Josue na piliin ng kanyang mga tao. Itanong sa mga estudyante kung ano ang landas na pinili ni Josue para sa kanyang sarili at sa kanyang pamilya. Basahin ang Josue 23:14–16 at 24:1–15 at talakayin ang mga dahilan ni Josue sa kanyang pagpiling sundin ang Panginoon. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Howard W. Hunter, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, tungkol sa Josue 24:15:

> "Narito ang isang dakilang pahayag ng lubos na katapatan ng isang tao sa Diyos…. Sinasabi niya noon sa mga Israelita na anuman ang kanilang desisyon, gagawin niya ang alam niyang tama. Sinasabi niya na ang desisyon niyang paglingkuran ang Panginoon ay walang kinalaman sa kanilang desisyon; na ang kanilang mga kilos ay hindi makakaapekto sa kanya; na ang kanyang katapatang gawin ang kalooban ng Panginoon ay hindi mababago ng anumang gawin nila o ng kahit sino pa. Kayang kontrolin ni Josue ang kanyang mga kilos at nakapako ang kanyang tingin sa mga utos ng Panginoon" (sa Conference Report, Okt. 1982; 83; o *Ensign,* Nob. 1982, 58).

Ipabahagi sa mga estudyante ang ilan sa mga dahilan kung bakit nila piniling sundin ang Panginoon sa halip na sundin ang mga pamamaraan ng mundo. Ilista sa pisara ang mga dahilang ito. Itanong kung bakit sinusunod ng ilang tao ang mga pamamaraan ng mundo at ilista sa pisara ang mga dahilang ito. Ipahambing sa mga estudyante ang dalawang listahan at talakayin kung paano naging katulad ng pagsamba sa mga diyus-diyusan ang mga dahilan ng pagsunod sa mundo. Ipabasa sa kanila ang Mosias 2:38–41; 3 Nephi 27:10–11; at Doktrina at mga Tipan 19:16–19 at pahulaan kung ano ang

mga kahihinatnan ng mga taong piniling huwag sundin ang Panginoon.

Ang ilan sa pinakamatitinding impluwensya sa ating mga pagpili ay yaong mga kahalubilo natin. Ipabasa sa mga estudyante ang Josue 23:13 at talakayin kung ano ang itinawag ni Josue sa mga taong iimpluwensya sa Israel na piliin ang masama. Basahin ang mga talata 6–11 at tuklasin kung ano ang sinabi ni Josue na dapat gawin ng Israel tungkol sa mga impluwensyang nakapaligid sa kanila. Ipabasa sa mga estudyante ang Deuteronomio 7:1–5 at isaalang-alang kung paano maiaangkop ang mga talatang iyon sa atin ngayon. Ipabasa sa isang estudyante ang bahaging pakikipagkaibigan sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (p. 9) para sa karagdagang mga ideya. Basahin ang sumusunod na mga reperensya sa inyong mga estudyante at talakayin kung ano ang iniutos ng Panginoon na gawin natin ngayon sa mga makamundong impluwensyang nakapaligid sa atin: Mateo 5:15–16; Alma 5:56–58; Doktrina at mga Tipan 101:22; 88:81–86.

## Mga Hukom 1–21

### Pambungad

Ang aklat ng Mga Hukom ay naglalaman ng mga kuwento mula sa kasaysayan ng Israel simula sa pagkamatay ni Josue hanggang sa pagbangon ng monarkiya sa ilalim ni Haring Saul (tingnan sa I Samuel 8:1–9). Bagama't mahirap tiyakin ang petsa sa panahong ito ng mga hukom, tinatayang nagsimula ito sa pagitan ng 1250 at 1000 b.c. Ang isang dahilan kaya mahirap gumawa ng kronolohiya ng aklat ng Mga Hukom ay dahil matapos ikalat ang mga lipi para angkinin ang kanilang mga lupain (tingnan sa Josue 13–17), napalitan ng katapatan sa lipi ang pagkakaisa sa bansa. Bawat hukom na nasusulat ay karaniwang kumatawan lamang sa isang lipi o rehiyon ng lupang pangako. Dahil doon, maaaring sabay-sabay na namuno ang ilan sa kanila. Ang mga hukom na ito ay pinili ng Diyos o ng mga taong pinamunuan nila. Mas katulad sila ng mga heneral ng hukbo kaysa mga eksperto sa batas dahil sa responsibilidad nilang iligtas ang mga tao sa kanilang mga kaaway. Ang sumusunod na tsart ay naglalaman ng buod ng mga hukom sa Israel sa panahong ito.

| Hukom at Lipi | Maniniil ng Israel |
|---|---|
| Othoniel ng Juda (tingnan sa Mga Hukom 3:9) | Chusan-risathaim, hari ng Mesopotamia |
| Aod ng Benjamin (tingnan sa 3:15) | Eglon, hari ng Moab |
| Samgar (tingnan sa 3:31; hindi alam ang liping pinagmulan) | Mga Filisteo |
| Debora ng Ephraim, ang tanging kilalang babaeng hukom, at Barac ng Nephtali (tingnan sa 4:4–6) | Jabin, hari ng Canaan, at Sisara, puno ng hukbo ni Jabin |
| Gedeon ng Manases (tingnan sa 6:11) | Mga Madianita at Amalecita |

Si Abimelech, anak ni Gedeon, ay tinawag na hari ang kanyang sarili at namuno sa Sichem sa loob ng maikling panahon (tingnan sa kabanata 9).

| Hukom at Lipi | Maniniil ng Israel |
|---|---|
| Tola ng Issachar (tingnan sa10:1) | Hindi alam |
| Jair ng Manases (tingnan sa 10:3) | Hindi alam |
| Jephte ng Manases (tingnan sa 11:11) | Mga Ammonita |
| Ibzan ng Juda (tingnan sa 12:8) | Hindi alam |
| Elon ng Zabulon (tingnan sa 12:11) | Hindi alam |
| Abdon ng Ephraim (tingnan sa 12:13) | Hindi alam |
| Samson ng Dan (tingnan sa 15:20) | Mga Filisteo |

Dalawa pang hukom, sina Eli at Samuel, ang tinukoy sa I Samuel. Si Samuel ang huling hukom bago naghari si Haring Saul.

Nawala ang pagkakaisa sa Israel kaya mas nanganib ang mga tao sa kanilang mga kaaway. Gayunman, mas nakasira ang kabiguan nilang palaging tuparin ang kanilang mga tipan sa Panginoon kaysa sa hindi nila pagkakaisa, kaya nauwi ito sa paulit-ulit na apostasiya at pagsisisi (tingnan sa mungkahi sa pagtuturo para sa Mga Hukom 1–3, p. 129). Sa Mga Hukom 1–16 isinasalaysay ang kuwento tungkol sa pag-uulit-ulit na iyon sa buhay ng iba't ibang hukom na nagligtas sa Israel. Ang mga kabanata 17–21 ay naglalaman ng ilang kuwentong naglalarawan sa kasamaan ng nag-apostasiyang Israel noong "walang hari sa Israel: ginagawa ng bawa't isa ang matuwid sa kaniyang sariling mga mata" (Mga Hukom 21:25).

Ipinapakita rin ng aklat ng Mga Hukom, gaya ng aklat ni Josue, na ang Panginoon ay may kapangyarihang iligtas ang kanyang mga tao. Malinaw ito lalo na sa mga kuwento tungkol sa iba't ibang hukom.

- Si Aod ay nagmula sa Benjamin, ang pinakamaliit na lipi sa Israel.
- Si Debora ang unang babaeng namuno sa Israel sa labanan, at marahil ay bayani rin sa kuwentong iyan si Jael, isang babaeng pumatay sa pinuno ng kaaway ng Israel.
- Binawasan ni Gedeon ang kanyang hukbo sa tatlong daang kalalakihan bago niya natalo ang hukbo ng mga Madianita na libu-libo.

- Si Jephte ay anak ng isang patutot.
- Si Samson ay mahimalang isinilang sa isang babaeng dating baog.

Sa bawat sitwasyon, kitang-kita na ang kamay ng Panginoon ang nagliligtas sa kanyang mga tao sa pamamagitan ng mga pinunong ito. Sa gayon nakikita natin na kahit sa karaniwang nakalulungkot na panahon ng kasaysayan ng mga Israelita may ilang pambihirang lalaki at babae. Maaari tayong matuto ng mahahalagang aral mula sa mga may pananampalataya at tapang. Maaari din tayong matuto sa pagmamasid sa masasamang halimbawa ng mga yaong tumalikod sa Panginoon at masama ang mga kinahinatnan.

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa aklat ng Mga Hukom, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Hukom, Aklat ng mga" (p. 77), at sa pambungad sa Judges 1–12 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 251).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang kabiguang sundin ang mga tipang ginawa natin sa Panginoon ay humahantong sa pagdurusa, kalungkutan, at pagkawala ng mga ipinangakong pagpapala (tingnan sa Mga Hukom 1:18–3:7; 8:32–35; 10:6–9).
- Kapag nagsisi at tumawag ang mga tao sa Diyos, ililigtas niya sila, sa tamang panahon, mula sa kanilang mga suliranin (Mga Hukom 3:9, 15; 10:10–16; 11:32–33).
- Makagagawa ng mga di karaniwang bagay ang mga karaniwang tao kapag kusa nilang sinunod ang mga utos ng Panginoon at tinanggap ang kanyang lakas (tingnan sa Mga Hukom 4:1–16; 6:11–16; 7:1–22).
- Ang maisilang sa isang matwid na pamilya o kahit naorden na noon pa man sa isang dakilang misyon ay hindi garantiya ng personal na kabutihan. Ang pagsunod sa Panginoon ay mas mahalaga kaysa mga talento o iba pang mga kalamangan natin (tingnan sa Mga Hukom 13–16; tingnan din sa Alma 2:26–31; Mormon 5:16–18).
- Ang kapalaluan at pagkamakasarili ay maaaring humantong sa kani-kanyang trahedya at hadlangan tayo sa pagganap sa mga tungkuling natatanggap natin sa Panginoon (tingnan sa Mga Hukom 16).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Mga Hukom 1–3. Ang hindi pagsunod nang lubos sa Panginoon ay humahantong sa kalungkutan sa hinaharap.** (25–30 minuto)


Itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:

- Kung nakakita kayo ng isang maliit na batang naglalaro sa gitna ng kalye na puno ng mga sasakyan at taong dumaraan, ano ang tamang gawin ninyo?
- Sa palagay ninyo, bakit ginagawa ng mga bata kung minsan ang gayong mapanganib na mga bagay kahit binalaan na sila ng kanilang mga magulang na huwag gawin iyon?
- Ano ang maaaring mangyari kung patuloy nilang binalewala ang payo ng mga magulang at ng ibang nakaaalam kung ano ang pinakamabuti para sa kanila?

Sabihin sa mga estudyante na ito ay isang aral na nahirapang matutuhan ng mga anak ni Israel.


Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Hukom 2:1–3 at talakayin kung ano ang sinabi ng anghel na dapat gawin ng mga Israelita ngunit hindi nila ginawa. Ipabasa sa kanila ang Mga Hukom 1:18–19 at magpahanap ng isang dahilan kung bakit nabigo ang Juda na sakupin ang lahat ng teritoryong nakalaan sa kanila. Itanong: Ano pa kaya ang ibang dahilan para hindi nila masakop ang kanilang teritoryo? (Pagsuway at kawalan ng pananampalataya.)

Maaari din ninyong patingnan sa mga estudyante ang Mga Hukom 1:27–33 at ipaunawa na gayon din ang nangyari sa ibang mga lipi. Magdrowing o magpakita ng isang karo (chariot) na kamukha ng sumusunod na larawan at itanong sa mga estudyante kung bakit hindi dapat naging problema ang anumang uri ng karo (tingnan sa Exodo 14:23–31). Ipalista sa kanila ang ilan sa mga problemang kinakaharap ng mga kabataan ngayon na katulad ng "mga karong bakal." Ipabasa sa kanila ang Eter 12:27 at ipahanap kung ano ang katibayan natin na ang Ama sa Langit ay may kapangyarihan na tulungan tayong madaig ang pinakamatinding nating kinatatakutan o paghihirap.



Idrowing sa pisara ang sumusunod na tsart, at iwanang blangko ang mga kahon para punan ng mga estudyante:

**Ang Pagsuway ay Humahantong sa Pagkawala ng mga Pagpapala ng Tipan**




Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Hukom 1:27, 29–33 at punan ang unang kahon sa ilalim ng "Sinaunang Israel" ng kung paano sumuway ang mga lipi at kung ano ang pinayagan nilang mangyari. Ipabasa sa kanila ang Mga Hukom 1:28 at 2:1–2 at papunan ang pangalawang kahon ng kung ano ang makikita sa mga talatang iyon na ginawa ng mga Israelita. Itanong ang kahulugan ng salitang *buwis* at kung bakit mas gusto ng mga Israelita na kolektahin ang mga bayad na iyon kaysa tupdin ang kanilang tipan na lipulin ang mga Cananeo. Ipabasa sa kanila ang Mga Hukom 3:5–7 at papunan ang sumunod na dalawang kahon ng kung ano ang ginawa ng mga Israelita pagkatapos.

Muling sumangguni sa Mga Hukom 2:3 at itanong sa mga estudyante kung ano ang sinabi ng Panginoon na mga bunga ng pagsuway ng Israel. Ipabasa sa kanila ang mga talata 18–19, na halos isang buod ng aklat ng Mga Hukom, at ipalahad kung ano ang nangyari sa sumunod na mga henerasyon.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang ginagawa o hindi ginagawa ng mga tao ngayon na katulad ng ginawa ng sinaunang Israel. Pagawin sila ng mga paghahambing at papunan ang kaugnay na mga kahon sa ilalim ng "Makabagong Israel" sa tsart. Basahin ang sumusunod na pahayag tungkol sa mga pagpili mula kay Elder Neal A. Maxwell:

> "Lahat ay malayang pumili, mangyari pa, at iyon ang gusto nating mangyari. Gayunman, sa kasawiang-palad, kapag pinipili ng ilan na magtamad-tamaran, pumipili sila hindi lamang sa kanilang sarili, kundi para sa susunod na mga henerasyon. Ang mumunting pag-aalangan ng mga magulang ay malaki ang epekto sa pagkatao ng kanilang mga anak! Maaaring nakitaan ng dedikasyon ang mga naunang henerasyon sa isang pamilya, samantalang ang ilan sa kasalukuyang henerasyon ay nakikitaan ng pag-aalangan. Ang malungkot, sa susunod na henerasyon, maaaring piliin ng ilan na magrebelde dahil sa pag-aalangang ito" (sa Conference Report, Okt. 1992, 89; o *Ensign*, Nob. 1992, 65–66).


Itanong sa mga estudyante kung ano ang iniaalok ng mundo na maaaring maging patibong sa mga hindi tumutupad sa kanilang mga tipan. Basahin sa kanila ang 1 Nephi 17:45; 3 Nephi 6:17; 4 Nephi 1:38; at Mormon 2:13–15. Hingan sila ng sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Ano ang dapat nating gawin para maiwasang mahulog sa mga patibong na katulad ng sa mga Israelita?
- Paano tayo mabubuhay sa isang masamang mundo at mamuhay pa rin nang matwid at matupad ang ating mga tipan?

**Mga Hukom 1–21. Dahil nabigo ang mga Israelita na palaging tuparin ang kanilang mga tipan sa Diyos, paulit-ulit silang dumanas ng pagkaalipin at pagkaligtas.** (20–30 minuto)

Sa pisara o sa isang handout, idrowing ang sumusunod na tsart. Isiping iwanang blangko ang mga kahon at punan ang mga ito habang pinag-aaralan ninyo ang Mga Hukom 2–4.

**Ang Paulit-ulit na Apostasiya sa Aklat ng mga Hukom**




Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Hukom 2:11–19 at 3:5–11 at talakayin kung paano humantong sa paulit-ulit na pagdurusa ang hindi pagtupad sa mga tipan. Tulungan silang hanapin ang mga talata sa Mga Hukom 3:5–11 na tumutugma sa mga kahon sa tsart at punan ang mga kahon kapag nabanggit ang mga katagang iyon.

Basahin ang Mga Hukom 3:12–15; 4:1–6; at 6:1, 11 sa inyong mga estudyante at itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila kinailangang dumaan sa pagdurusa at paniniil ang bawat bagong henerasyon bago sila humingi ng tulong sa Panginoon. Sabihin sa kanila na ang paulit-ulit na mga pangyayaring ito ay makikita sa maraming pahina ng aklat ng Mga Hukom. Ipabasa sa kanila ang Mga Hukom 2:11; 3:7, 12; 4:1; 6:1; 10:6; at 13:1 at pamarkahan ang mga katagang nagsasabing "ginawa ng mga anak ni Israel ang masama sa paningin ng Panginoon."

Ipabasa sa mga estudyante ang 1 Nephi 2:16–17; 15:21–25; Helaman 3:27–30, 35; 5:12 at hanapin ang mga paraan na maiiwasan nating magkamali na katulad ng mga Israelita.

**Mga Hukom 3–16. Magagamit ng Panginoon ang "mahihinang bagay ng mundo" para isakatuparan ang kanyang malakas at makapangyarihang gawain sa kanyang mga tao.** (35–50 minuto)

Magpakita ng isang larawan ng ilang kabataang misyonero ng Simbahan. Itanong sa mga estudyante kung ano ang opinyon ng marami sa mga tao sa mundo tungkol sa mga kabataang ito. Pinansin ni Pangulong Gordon B. Hinckley ang kadalasa'y tingin ng mundo sa ating mga misyonero:

> "Nainterbyu na ako ng isang kinatawan ng BBC Radio Worldwide Service. Nakita na niya ang mga misyonero at napansin ang kanilang kabataan. Tinanong niya ako, 'Paano ninyo maaasahan na pakikinggan ng mga tao ang walang-muwang na mga kabataang ito?'
>
> "Kung sakaling hindi alam ng ilan sa inyo ang kahulugan ng *walang-muwang,* ang ibig sabihin nito ay murang-mura ang isipan, wala pang karanasan, hindi gaanong bihasa" (sa Conference Report, Set.–Okt. 1995, 69; o *Ensign,* Nob. 1995, 51).

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 1:17–20 at 35:13–15 sa klase. Ipatukoy sa mga estudyante ang mga salita at katagang nagpapaliwanag kung sino ang binanggit ng Panginoon na tatawagin niya para gawin ang kanyang gawain. Itanong:

- Sa palagay ninyo, bakit niya pinipili ang "mahihina"?
- Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kapangyarihan ng Panginoon?
- Ano ang matutuksong gawin ng mga tao kung piliin ng Panginoon ang pinakamalakas, pinakamatalino, o pinakamayaman?
- Maging pinakamatwid din kaya ang pinakamalakas, pinakamatalino, o pinakamayaman?
- Ano ang magiging mga problema natin kung sundin natin ang isang tao sa mga maling kadahilanan?

Basahin ang tugon ni Pangulong Hinckley sa mamamahayag:

> "Sinagot ko ang mamamahayag nang nakangiti, 'Walang-muwang na mga kabataan? Ang mga misyonerong ito ngayon ay katulad ni Timoteo noong mga panahon ni Pablo [tingnan sa I Kay Timoteo 4:12]….
>
> " 'Ang kapansin-pansin ay na tinatanggap at pinakikinggan sila talaga ng mga tao. Kalugud-lugod sila. Sila ay marurunong, sila ay listo, sila ay mararangal. Sila ay malinis tingnan, at agad silang pinagtitiwalaan ng mga tao.' …
>
> " 'Walang-muwang na mga kabataan?' Oo, hindi sila gaanong bihasa. Kaylaking pagpapala nito. Wala silang bahid ng panloloko. Nagsasalita sila nang walang bahid ng pakikipagtalo. Sinasabi nila ang niloloob nila nang may personal na paniniwala. Bawat isa ay lingkod ng buhay na Diyos, isang kinatawan ng Panginoong Jesucristo. Ang kapangyarihan nila ay hindi nagmumula sa natutuhan nilang mga bagay ng mundo. Ang kapangyarihan nila ay nagmumula sa pananampalataya at panalangin at pagpapakumbaba" (sa Conference Report, Set.–Okt. 1995, 69; o *Ensign,* Nob. 1995, 51).

Atasan ang mga estudyante na mag-ulat tungkol sa sumusunod na mga pinuno at ipaliwanag kung paanong tila imposible silang maging bayani:

- Aod (tingnan sa Mga Hukom 3:15)
- Debora (tingnan sa Mga Hukom 4:4; 5:7)
- Jael (tingnan sa Mga Hukom 4:17–22)
- Gedeon (tingnan sa Mga Hukom 6:14–15; 7:1–6)
- Jephte (tingnan sa Mga Hukom 11:1–2)

Sama-samang basahin ang Mga Hukom 4:23 at 7:7, na pinapansin kung ano ang nangyari nang sundin ng mga tao ang mga pinunong ito. Sa mga panahon ni Gedeon hindi pa rin naunawaan ng mga tao kung ano ang sinisikap ituro ng Panginoon sa kanila. Gusto nilang maging hari nila si Gedeon. Basahin ang tugon ni Gedeon sa Mga Hukom 8:23.

Magpabahagi sa mga estudyante ng mga paraan na mas magiging kasangkapan sila sa kamay ng Panginoon sa paggawa ng kanyang gawain at maging mga buhay silang patotoo ng kanyang kapangyarihan. Maaari ninyong talakayin ang iba pang mga halimbawa mula sa mga banal na kasulatan, tulad nina Moises, Enoc, at Propetang Joseph Smith, at ituro kung ano ang ginawa nila para maging kasangkapan ng Panginoon (tingnan sa Moises 1:3–8; 6:31–37; Joseph Smith—Kasaysayan 1:14–20).

**Mga Hukom 7–8. Dapat tayong sumampalataya at umasa sa Panginoon, hindi sa ating sarili.** (15–20 minuto)

Maglagay ng dalawang pagkain sa mesa na mga sampung talampakan ang layo mula sa dingding ng inyong silid. Sabihin

sa isang estudyanteng gusto ng isa sa mga pagkain na makukuha niya ang isa niyon basta't nakahawak ang isang kamay niya sa dingding. Kapag malinaw na sa estudyante na hindi niya maabot ang pagkain, sabihin sa kanya na pinahawakan sana niya sa isang kaibigan ang kanyang kamay at nagdugtong sila mula sa dingding para maabot ang pagkain.

Itanong sa mga estudyante kung may mga pagkakataon sa mortalidad na hindi natin nagagawa ang ilang bagay nang mag-isa. Basahin ang Mateo 5:48 at hanapin ang utos na ibinigay sa atin doon na hindi natin magagawang mag-isa. Basahin ang Moroni 10:32–33 at ipahanap sa kanila kung paano tayo magiging sakdal.

Gayahin sa pisara ang sumusunod na tsart, at iwanang blangko ang pangalawang hanay. Ipabasa sa mga estudyante ang mga talatang nakasulat sa unang hanay at ilista sa pangalawang hanay ang bilang ng mga mandirigmang binanggit sa bawat talata. Itanong sa kanila kung ano ang ipinapakita ng Panginoon sa mga Israelita at bakit.

| Mga Hukom 7 | Bilang ng mga Mandirigmang Binanggit |
|---|---|
| t. 2 | Napakarami (32,000) |
| t. 3 | 22,000 ang bumalik; 10,000 ang nanatili |
| t. 7 | 300 |
| t. 12 | Marami |
| t. 16 | 3 pulutong na tig-100 |

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Hukom 7:17–23 at ilista ang apat na nakasisindak na tanawin at tunog na nakagisingan ng mga kaaway ng Israel. Itanong sa kanila kung ano sa palagay nila ang aral na sinisikap ituro ng Panginoon sa mga Israelita sa pangyayaring ito (tingnan sa Mga Hukom 7:2). Ipabasa sa kanila ang Mga Hukom 8:22–23 at itanong:

- Natutuhan ba ng mga Israelita ang aral na iyan?
- Natutuhan ba ni Gedeon ang aral?
- Paano tayo matutulungan ng kuwentong ito sa mga pagsisikap nating itayo ang kaharian ng Diyos ngayon?

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong James E. Faust, Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

> "May dakilang gawain ang Panginoon para sa bawat isa sa atin. Maaari kayong magtaka kung paano ito nangyari. Maaari ninyong isipin na walang espesyal o napakahusay tungkol sa inyo o sa inyong kakayahan. Siguro pakiramdam ninyo o nasabihan na kayo na mangmang kayo. Naramdaman na iyan ng marami sa atin, at nasabihan na ng ganyan ang ilan sa atin. Nadama ito ni Gedeon nang iutos sa kanya ng Panginoon na iligtas ang Israel sa mga Madianita. Sabi ni Gedeon, 'Ang aking angkan ang siyang pinakadukha sa Manases, at ako ang pinakamaliit sa bahay sangbahayan ng aking ama.' Tatlong daan lamang ang kanyang mga mandirigma, ngunit sa tulong ng Panginoon, natalo ni Gedeon ang mga hukbo ng mga Madianita.
>
> "Makagagawa ang Panginoon ng kakaibang mga himala sa isang taong ordinaryo ang kakayahan ngunit mapagpakumbaba, tapat, at masigasig sa paglilingkod sa Panginoon at hangad paghusayin ang sarili. Ito ay dahil ang Diyos ang siyang pinagmumulan ng kapangyarihan" (sa Conference Report, Set.–Okt. 1995; o *Ensign*, Nob. 1995, 47).

**Mga Hukom 13:1–8. Ang pagpapadala ng mga bata sa isang matwid na pamilya ay mahalagang bahagi ng plano ng kaligayahan.** (15–20 minuto)

Magpakita sa klase ng ilang larawan ng mga sanggol. Ituro kung gaano sila kaganda at kawalang-malay at ang galak na hatid nila sa kanilang mga magulang. Ipabanggit sa mga estudyante ang unang utos na ibinigay sa sangkatauhan (tingnan sa Genesis 1:28). Ipaliwanag na umiiral pa rin ang utos na ito.

Itanong sa mga estudyante kung paano maaapektuhan ang plano ng kaligayahan kung maaaring impluwensyahan ni Satanas ang mga tao na tumigil sa pag-aanak. Sabihin o ipalahad sa mga estudyante kung ano kaya ang pakiramdam ng isang taong hangad magkaanak ngunit hindi magkaanak. Basahin ang Mga Hukom 13:1–8 at ipatukoy sa mga estudyante kung sino ang walang anak. Itanong sa kanila kung ano ang hiniling ng mga magulang ni Samson sa talata 8 at ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kanila.

Itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:

- Bakit nangangailangan ng tulong ng Diyos ang mga magulang sa pagpapalaki sa kanilang mga anak?
- Kailan kaya nagdarasal ang mga magulang na patnubayan sila ng Diyos sa pagpapalaki ng kanilang mga anak?
- Ano ang mga inaasahan ng mga magulang para sa kanilang mga anak?
- Ano ang hangarin ng ating mga magulang sa langit para sa atin?

**Mga Hukom 13–16. Ang kahambugan at pagkamakasarili ay maaaring humantong sa personal na trahedya at hadlangan tayo sa pagganap sa ating mga tungkulin.** (35–40 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong bago magklase:

- Paano ginamit ni Samson ang mga kakayahang bigay sa kanya ng Diyos?

- Paano naiba kay Gedeon ang hangarin ni Samson sa paglaban sa mga kaaway ng Israel? (Maaari ninyong gayahin ang tsart sa aktibidad A para sa Mga Hukom 14–15 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral para makatulong sa tanong na ito.)
- Paano maihahambing kay Gedeon ang tagumpay ni Samson sa pagliligtas sa Israel?
- Bakit nagpatangay si Samson sa panlilinlang ni Dalila?
- Bakit muling pinalakas ng Panginoon si Samson?


Matapos basahin ng mga estudyante ang mga tanong, samasamang basahin ang Mga Hukom 13–16. Ipahanap sa kanila ang mga sagot sa mga tanong sa pisara habang nagbabasa sila. Kapag inaakala nilang may sagot na sila sa isa sa mga tanong, patigilin sila sa pagbasa o pagtaasin sila ng mga kamay at ipaalam ito sa kanilang mga kaklase. Kung hindi nasagot ang lahat ng tanong hanggang sa matapos ang pagbabasa, talakayin sa buong klase ang natitirang mga tanong.

Gamitin ang komentaryo para sa Judges 13–16 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 259–61) para sa tulong kung kailangan. Isipin ding gamitin ang mga aktibidad para sa Mga Hukom 16 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral.

# Ruth 1–4

## Pambungad

Ang kuwento tungkol kay Ruth ay nangyari noong panahon ng mga hukom sa Israel, noong may kapayapaan sa pagitan ng mga Israelita at mga Moabita (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Moab," p. 158). Naganap ang mga pangyayari sa Moab at sa lugar ng Israel na tinirhan ng lipi ni Juda.




Taliwas sa aklat ng Mga Hukom, na naglalaman ng maraming malulungkot na kuwento ng apostasiya sa Israel, ang kuwento tungkol kay Ruth ay isang masayang salaysay ng pananampalataya, katapatan, at pag-ibig sa kapwa na katulad ng kay Cristo. Ipinaaalala nito sa atin na ang kabutihan ng bawat tao ay maaaring umiral kahit sa isang masamang mundo.

Ang kuwento tungkol kay Ruth ay humihikayat sa atin na gumawa ng mabubuting pasiya at harapin nang buong tapang ang mga hamon. Kung gagawin natin ito, lahat ng bagay kalaunan ay magiging para sa ating ikabubuti. Mayroon ding mahalagang tema ng pagtubos sa kanyang kuwento. Si Ruth ay isang dayuhan. Siya ay dukha, isang balo, at walang anak. Sa pamamagitan ni Booz, na "tumubos" sa kanya (tingnan sa Ruth 4:4–10), si Ruth ay lubos na tinanggap bilang Israelita, naging babaeng may kaunting yaman, muling pumasok sa tipan ng kasal, at nagkaroon ng mga anak. Sa ganitong tema ng pagtubos, nakatutuwang malaman na si Jesucristo ay isa sa kanyang mga inapo (tingnan sa Mateo 1:5–16).

Binigyang-diin ni Sister Aileen H. Clyde, dating tagapayo sa Relief Society General Presidency, ang isang mahalagang aplikasyong magagawa natin mula sa kuwento tungkol kay Ruth: "Tiwalang hinarap ni Ruth ang mga paghihirap na karaniwan sa ating panahon—pagkamatay ng isang mahal sa buhay, pagkalumbay sa isang bagong lugar, at pangangailangang pagpaguran ang kanyang kakainin. Ang kanyang mumunting mga pagsisikap, na malaki ang kinalaman sa isang dakilang kaganapan kalaunan, ay nagsasabi sa akin na maaaring seryosohin ng bawat isa sa atin ang kahalagahan ng ating buhay sa araw-araw at mga pasiya tuwing pipiliin nating sundin ang Diyos" ("Confidence through Conversion," *Ensign,* Nob. 1992, 89)

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Tatanggapin ng Ama sa Langit ang mga tao sa lahat ng bansa na lalapit sa kanya at susunod sa kanyang mga utos (tingnan sa Ruth 1:16–17; 2:11–12; 3:13–17; tingnan din sa Mga Gawa 10:34–35).
- Pinagpapala ng Panginoon ang mga nag-aalaga, nang may pagmamahal, sa tumatanda nilang mga magulang at kamag-anak (tingnan sa Ruth 1:16–19; 4:1–8).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Ruth 1–2. Yaong matatapat sa Panginoon ay nagpapakita ng kanilang katapatan sa pagkilos nang may pagpapakumbaba, tapang, at kabutihan sa iba.** (15–25 minuto)

Para matulungan ang mga estudyante na maging pamilyar sa kuwento sa Ruth 1–2, isulat sa pisara ang sumusunod na mga pangalan: *Ruth, Elimelech, Mahalon, Chelion, Noemi, Orpha,* at *Booz.* Ipabasa nang mabilis sa mga estudyante ang Ruth 1–2 at ipalahad kung sinu-sino sila. Sumulat sa pisara ng maikling paglalarawan sa tabi ng bawat pangalan. Gamitin ang komentaryo para sa Ruth 1–4 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 261–65) para sa tulong kung kailangan.

Ipasadula sa dalawang estudyante ang mga papel nina Ruth at Orpha sa harapan ng klase. Ipaakto sa kanila ang mga tauhan at mag-usap ayon sa nawawari nilang maaaring nangyari sa pagitan ng maghipag habang nagpapasiya sila kung pupunta sa ibang bansa kasama ang kanilang biyenang babae. Sabihin sa iba pang mga estudyante na pag-isipan kung ano ang sasabihin nila kung sila si Ruth o si Orpha. Itanong:

- Ano ang nagtulak kay Ruth na sumama kay Noemi?
- Ano ang tunay na pinagmulan ng katapatan ni Ruth?

Sabihin sa mga estudyante na magpakita ng mga reperensya sa mga banal na kasulatan na nagpapatunay sa kanilang mga sagot.

Itanong sa mga estudyante:

- Bakit magiging mahirap kay Ruth na gawin ang kanyang ginawa?
- Ano ang naging buhay niya sa Israel? (Siya ay dukha at kinailangan niyang mamulot ng makakain sa bukid.)
- Sa Ruth 2, ano ang nalaman natin tungkol kay Ruth mula sa kanyang ginawa para masuportahan ang sarili at ang kanyang biyenan?
- Ano ang nalaman natin tungkol sa uri ng pagkatao ni Booz?

Ipahambing sa mga estudyante si Ruth sa mga nabinyagan sa Simbahan ngayon. Itanong sa kanila ang mga sumusunod:

- Ano ang ilan sa mga hamon ng mga nabinyagan ngayon nang tanggapin nila ang ebanghelyo?
- Paano nila magagamit ang halimbawa ni Ruth habang ginagawa nila ang mga pagbabagong ito sa kanilang buhay?
- Paano naging halimbawa si Booz ng tapat nang miyembro ng Simbahan sa paraan ng pakikitungo niya sa taong ito na "baguhan" sa ebanghelyo?
- Paano natin maiaangkop ang kanyang halimbawa sa mga investigator at bagong binyag sa Simbahan?

Basahin sa mga estudyante ang mga salita ni Pablo sa Mga Taga Efeso 2:19, na binibigyang-diin ang mga katagang "hindi na kayo mga taga ibang lupa at mga manglalakbay."

Itanong sa mga estudyante:

- Sa palagay ninyo, bakit ipinreserba sa Biblia ang kuwento ni Ruth para sa atin?
- Anong mga katangian nina Ruth, Noemi, at Booz ang gusto ninyong maging bahagi ng inyong buhay?

**Ruth 1–4. Kapag inuuna natin ang Diyos sa ating buhay at iniisip ang iba bago ang ating sarili, higit tayong pinagpapala at lumiligaya.** (25–30 minuto)

Magdrowing ng dalawang puno sa pisara. Sulatan ang katawan ng isang puno ng *Makasarili* at ang katawan ng isa pa ng *Di-makasarili.* Itanong sa mga estudyante ang kahulugan ng dalawang salitang iyon at talakayin ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Anong mga salita ang gagamitin ninyo para ilarawan ang mga bunga ng bawat isa sa mga punong iyon?
- Aling puno ang kakatawan sa buhay ni Samson?
- Ano ang mga bunga ng kanyang pagiging makasarili?
- Aling puno ang kakatawan sa buhay ni Ruth?
- Ano ang mga bunga ng kanyang pagiging di-makasarili?

Ipaliwanag sa mga estudyante na taliwas sa marami sa mga kuwento sa Mga Hukom, ang aklat ni Ruth ay naglalaman ng salaysay tungkol sa mga taong di-makasarili—inisip nila ang mga pangangailangan ng iba bago ang kanilang sarili.

Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 22:37–39 at tukuyin kung paano natin dapat mahalin ang Diyos at ang iba. Itanong sa mga estudyante: Kung gusto natin talagang maging di-makasarili, kaninong mga pangangailangan ang dapat nating isaalang-alang bago ang sa atin? Ipabasa sa kanila ang Ruth 1:8–19 at magpahanap ng mga kataga at talatang nagpapakita kung paano ipinamuhay ni Ruth ang mga alituntuning iyon ng pagmamahal.

Idrowing sa pisara ang sumusunod na diagram o gumawa ng handout para sa mga estudyante, na hindi isinasama ang mga sagot. Ipabasa sa mga estudyante ang mga talata at ipasulat sa ilalim ng bawat pangalan kung sino ang inaalala ng taong iyon.

**Sino ang Ipinag-aalala Nila?**

| | Ruth | Noemi | Booz | Malapit na kamag-anak |
|---|---|---|---|---|
| Ruth 1:11–13 | | Orpha at Ruth | | |
| Ruth 1:14–18 | Noemi | | | |
| Ruth 2:1–10 | | | Ruth | |
| Ruth 2:11–12 | Noemi | | | |
| Ruth 2:13–17 | | | Ruth | |
| Ruth 2:18 | Noemi | | | |
| Ruth 3:1 | | Ruth | | |
| Ruth 3:2–11 | Noemi at Elimelech | | | |
| Ruth 3:12–18 | | | Ruth at Noemi | |
| Ruth 4:6 | | | | Sarili niya |
| Ruth 4:9–10 | | | Elimelech | |
| Ruth 4:13–17 | Noemi | | | |

Itanong sa mga estudyante kung anong "mga bunga" ang dumating sa buhay ni Ruth at ng iba pa dahil hindi sila makasarili. (Halimbawa, pagmamahal, pakikisama, kasal, mga anak, at pagkakaroon ng temporal na mga pangangailangan sa buhay.)

Basahin ang Ruth 4:18–21 at pansinin na si Haring David ay inapo nina Ruth at Booz. Basahin ang Lucas 3:23–32 at pansinin na si Jesucristo ay nagmula sa angkang ito. Itanong sa mga estudyante: Anong mga pangyayari sa buhay ni Jesus ang naglalarawan ng kanyang pagiging di-makasarili? Talagang karapat-dapat siyang maging inapo ng di-makasariling mag-asawang ito!

**Ruth 1–4. Ang salaysay tungkol kina Ruth at Booz ay maituturing na isang uri ng ating pagkatubos sa pamamagitan ng Tagapagligtas.** (10–15 minuto)

Matapos pag-aralan ang kuwento tungkol kay Ruth, sabihin sa mga estudyante na pag-isipan kung paano tayo kakatawaning lahat ni Ruth at paano maaaring isagisag ni Booz si Jesucristo. Iparepaso sa kanila ang Ruth 1–4 at ipahanap at ipasulat ang katibayan nito sa sinabi at ginawa nina Ruth at Booz. Ipabahagi sa ilang estudyante ang isinulat nila.

# ANG UNANG AKLAT NI SAMUEL

Kapwa kinuha ng I at II Samuel ang pangalan nito mula sa propetang si Samuel, na siyang pinakabantog na tauhan sa I Samuel. Maaaring sumulat siya ng isang salaysay na pinagkunan ng unang bahagi ng I Samuel, ngunit hindi maaaring siya ang sumulat ng lahat ng ito dahil ang salaysay ng kanyang pagkamatay ay matatagpuan sa kabanata 25. Bukod pa sa mga isinulat ni Samuel, tila gumamit ng materyal ang di-kilalang awtor mula sa mga propetang sina Nathan at Gad (tingnan sa I Samuel 10:25; I Mga Cronica 29:29).

Sa Biblia ng mga Hebreo, pinagsama ang I at II Samuel sa isang aklat na tinatawag na “Samuel.” Pinaghiwalay ito ng Greek version ng Biblia sa dalawang aklat, at nagpatuloy ang tradisyong iyan hanggang sa ngayon. Tinawag sa isang subheading sa King James Version ang I Samuel na “Ang Unang Aklat ng mga Hari.” Angkop ang pamagat na ito dahil ikinukuwento rito ang pagpapahid ng langis sa unang hari ng Israel—si Saul.

Saklaw ng aklat ng I Samuel ang panahon mula sa pagsilang ni Samuel hanggang sa pagkamatay ni Saul, na mga 1010 b.c. Sa panahong ito tila nagkaisa kahit paano ang mga lipi ni Israel sa unang pagkakataon mula noong mga panahon nina Moises at Josue. Naganap ang pagkakaisang ito sa ilalim ng mga unang hari ng Israel, na pinahiran ng langis ni Samuel.

Para sa mas detalyadong pagsusuri ng I Samuel, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Samuel, propeta sa Lumang Tipan” (p. 224–25).

## I Samuel 1–11

### Pambungad

Nasa I Samuel 1–11 ang salaysay ng pagkamatay ni Eli at ang sumunod na paglilipat ng pagkahukom ni Eli, ang una sa mga hukom ng Israel na isa ring saserdote, kay Samuel, ang batang propetang magiging huling hukom ng Israel. Si Samuel, gaya ni Samson na nauna sa kanya, ay isang anak sa pangako, na isinilang sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Diyos sa dati-rati'y isang baog na ina. Sina Samuel at Samson ay kapwa rin mga Nazareo. Gayunman, dahil sa pananampalataya, natalo ni Samuel ang mga Filisteo, isang bagay na hindi nagawa ni Samson na malakas ang katawan ngunit mahina ang pananampalataya. Inilahad din sa mga kabanatang ito ang hangarin ng Israel na alisin ang mga hukom at magkaroon ng hari sa lupa, kaya nga, tinanggihan nila ang kanilang tunay na Hari, ang Diyos ng langit, na si Jesucristo.

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga himala ay maaaring dumating sa mga humihiling nang may pananampalataya (tingnan sa I Samuel 1:1–17; tingnan din sa Mormon 9:15–20).
- Responsibilidad ng mga magulang na turuan ang kanilang mga anak na mahalin ang Panginoon at iwasan ang kasamaan (tingnan sa I Samuel 2:27–34; 3:13; tingnan din sa D at T 68:25–32).
- Tinatawag tayo ng Panginoon sa maraming paraan, at ang matutong makilala ang kanyang tinig ay mahalaga sa ating espirituwal na pag-unlad sa buhay na ito (tingnan sa I Samuel 3:1–10).
- Lubos lang nating matatanggap ang mga kapangyarihan ng langit kapag tayo ay matwid (tingnan sa I Samuel 4–7; tingnan din sa D at T 121:34–44).
- Kapag tinanggihan natin ang inspiradong payo ng propeta o iba pang mga lider ng Simbahan, Diyos ang talagang tinatanggihan natin (tingnan sa I Samuel 8:7; tingnan din sa D at T 1:37–38).
- Ang mga tungkuling nagmula sa Panginoon ay inihahayag sa mga may awtoridad. Yaong mga may awtoridad pagkatapos ay tatawagin, ipakikilala para masang-ayunan, itatalaga, at sasanayin ang mga napili ng Panginoon (tingnan sa I Samuel 9–10).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 18, “ ‘Dahil sa Batang Ito Ako Nanalangin,’ ” ay gumagamit ng makabagong kuwento para ilarawan ang banal na tungkulin ng mga magulang (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**I Samuel 1–3. Responsibilidad ng mga magulang na ituro sa kanilang mga anak na mahalin ang Panginoon at iwasan ang kasamaan.** (35–45 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung ano sa paniwala nila ang pinakamalaking pangangailangan sa mundo. Hayaang talakayin nila ang kanilang mga ideya nang isa o dalawang minuto, pagkatapos ay basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong David O. McKay:

> “Kung tatanungin ako kung ano ang pinakamalaking pangangailangan sa mundo, dapat kong sabihin nang walang pag-aatubili; matatalinong ina at … ulirang mga ama” (sinipi sa *Richard L. Evans' Quote Book* [1971], 20).

Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila maaaring totoo iyan.

Ipabasang mabuti sa mga estudyante ang I Samuel 1–2 at ipasulat ang mga katangian at kilos na nagpapakita na si Ana ay isang matalino at ulirang ina (tingnan sa I Samuel 1:10–11, 15–18, 20, 24–28; 2:1–10). Ipabahagi sa kanila ang kanilang isinulat. Maaari din ninyong gamitin ang komentaryo para sa 1 Samuel 1–2 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 267–69). Itanong:

- Ano ang pinakagusto ni Ana sa lahat?
- Sa palagay ninyo, bakit gustung-gusto niyang magkaanak?
- Ano ang kahalagahan ng pagkakaroon ng mga anak sa plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit?
- Matapos tayong mabiyayaan ng mga anak, ano ang responsibilidad natin bilang mga magulang? (tingnan sa D at T 68:25–31).

Ipabasa sa mga estudyante ang I Samuel 2:12–17, 22 at itanong:

- Ano ang mga kasalanang nagawa ng mga anak na lalaki ni Eli bilang mga saserdote sa tabernakulo?
- Basahin ang I Samuel 2:22–25 at 3:12–13. Ano ang ginawa ni Eli tungkol sa mga ginawa ng kanyang mga anak?
- Basahin ang sinabi ng Panginoon kay Eli sa I Samuel 2:27–36 at 3:12–14. Ano ang naging pagkakamali ni Eli?
- Paano "[pinarangalan ni Eli] ang kanyang mga anak ng higit kaysa [Panginoon]"?
- Ano ang matututuhan natin sa matinding parusa ng Panginoon kay Eli? (tingnan sa I Samuel 4:10–18).
- Paano naging simbolo ng maaaring mangyari sa kawalanghanggan ang parusa kay Eli kung hindi tayo masigasig sa mga tungkulin natin sa pamilya?

Ipaunawa sa mga estudyante na ang mga anak ay may kalayaan at kung minsan ay naliligaw ng landas kahit nagawa na ng mga magulang nila ang lahat ng kanilang makakaya. Ganito ang nangyari kay Samuel, na nagkaroon din ng suwail na mga anak ngunit hindi siya isinumpa ng Panginoon dahil dito (tingnan sa I Samuel 8:1–3).

Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang malalaking hamong kinakaharap ng mga kabataan ngayon na gustong maging "matatalinong ina at ulirang mga ama." Itanong: Sinusuportahan at isinusulong ba ng mundo ang ganitong mga paniniwala tungkol sa mga lalaki, babae, at pamilya na tulad ng ginagawa ng Diyos? Kung maaari, bigyan ang mga estudyante ng kopya ng "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo" na nasa pahina 256.

Magpahanap sa mga estudyante ng mga pangungusap at talatang naglalarawan ng dapat gawin ng "matatalinong ina at ulirang mga ama." Talakayin kung ano ang magagawa ngayon ng mga estudyante para ihanda ang kanilang sarili na maging uri ng mga magulang na inilarawan sa pagpapahayag.

**I Samuel 3:1–10. Ang matutuhang makilala ang tinig ng Panginoon ay mahalaga para sa ating espirituwal na kapakanan sa buhay na ito.** (20–25 minuto)

Gumawa ng audiocassette recording ng anim o walong iba't ibang tunog, na ang ilan ay pamilyar sa mga estudyante at ang iba ay hindi, o maghandang gumawa ng mga tunog sa klase at papikitin ang mga estudyante. Pagkatapos ng bawat tunog, pahulaan ito sa mga estudyante. Pagkatapos ay itanong sa kanila kung bakit nila natukoy ang ilang tunog at ang iba ay hindi. Ipabasa sa kanila ang I Samuel 3:1–10 at itanong:

- Anong tunog ang narinig ni Samuel na hindi niya nakilala noong una?
- Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng "ang salita ng Panginoon ay mahalaga noong mga araw na yaon"? (t. 1; tingnan din sa komentaryo para sa 1 Samuel 3:1 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 269).

Ang Panginoon, sa sarili niyang tinig, ay tinawag si Samuel na maging propeta. Nakikipag-usap ang Diyos sa kanyang mga tao sa pamamagitan ng kanyang mga propeta, ngunit maaari din siyang makipag-usap nang personal sa bawat isa sa kanyang mga anak. Ipalista sa mga estudyante ang iba pang mga paraan na nakikipag-usap sa atin ang Panginoon, tulad ng sa pamamagitan ng Espiritu Santo, mga banal na kasulatan, mga magulang, at mga lokal na lider ng Simbahan. Ipaaral sa buong klase o sa mga grupo ng mga estudyante ang sumusunod na mga banal na kasulatan at ilista kung ano ang maaari nating gawin para mas madaling makilala ang tinig ng Panginoon:

- 1 Nephi 17:45
- Alma 5:57
- Doktrina at mga Tipan 1:14, 38
- Doktrina at mga Tipan 18:34–36

Isiping magbahagi ng sariling karanasan na nakatulong sa inyo na matutong makilala ang tinig ng Panginoon.

**I Samuel 4–7. Ang pananampalataya at kabutihan ay kailangan bago magkaroon ng mga himala para sa atin.** (25–30 minuto)

Magpakita ng ilang bagay na simbolo ng suwerte o kamalasan sa inyong mga estudyante, tulad ng paa ng kuneho, paruparong itim, o bakal ng kabayo [horseshoe], at itanong kung gaano kalakas ang mga bagay na iyon para magsagawa ng mga himala. Iparepaso sa mga estudyante ang Josue 3:9–17 at ipalahad kung anong bagay ang taglay ng mga Israelita na nauugnay sa mga himala.

Ipabasa sa mga estudyante ang 1 Samuel 4:1–11 at ipaliwanag kung bakit hindi iniligtas ng kaban ng tipan ang mga Israelita mula sa mga Filisteo. Itanong sa kanila kung ano ang kaibhan ng kaban sa agimat na pampasuwerte. (Tingnan din sa komentaryo para sa 1 Samuel 4–7 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel, mga* pahina 269–70). Ipabasa sa kanila ang Mormon 9:15–21 at ipatukoy ang tunay na pinagmumulan ng mga himala at kung

ano ang dapat nating gawin para magkaroon ng mga himala sa ating buhay.

Ipakita sa mga estudyante ang larawan ng diyos ng mga Filisteo na si Dagon mula sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 270). Ipabasa sa kanila ang I Samuel 5:1–4 at ipalahad kung anong himala ang nangyari sa templo ni Dagon. Basahin ang I Samuel 5:6–12 sa kanila at talakayin ang kapahamakang nangyari sa mga Filisteo dahil sa pagkuha sa kaban ng tipan. Basahin ang I Samuel 6:1–12 at hanapin kung ano ang ginawa ng mga Filisteo sa kaban (tingnan din sa komentaryo para sa 1 Samuel 5:2–3 at 5:6–12; 6:1–9 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 270).

Ipabasa sa mga estudyante ang I Samuel 7:3–13 at ipahanap kung ano ang ipinagawa ni Samuel sa mga Israelita para magtagumpay laban sa kanilang mga kaaway (tingnan din sa komentaryo para sa 1 Samuel 7:13 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 270). Itanong sa kanila kung paano maihahambing ang mga pamamaraang iyon sa sinikap gawin ng Israel para matalo ang mga Filisteo sa I Samuel 4–6. Magpamungkahi sa mga estudyante ng mga paraan na maiaangkop nila ang payo ni Samuel sa sarili nilang mga pakikibaka.

**I Samuel 8:1–5. Dapat tayong mamuhay ayon sa pamamaraang iniutos ng Panginoon, hindi sa pamamaraan ng mundo.** (45–50 minuto)

Maglista sa pisara o magpakita ng mga larawan ng ilang estilo na popular noong kayo ay bata pa, tulad ng isang uri o estilo ng pananamit, ayos ng buhok, salitang-kalye, o paraan ng pagsayaw. Matapos tingnan at marahil ay pagtawanan ng inyong mga estudyante ang makalumang mga estilong iyon, ipatukoy sa kanila ang ilang estilong popular sa mga kabataan ngayon. Itanong:

- Ano kaya ang magiging tingin ng inyong mga anak sa mga usong ito pagkaraan ng dalawampung taon?
- Kung pansamantala lang ang mga estilo, bakit pilit na ginagaya ng ilang tao ang mga ito?

Ipabasa sa mga estudyante ang I Samuel 8:1–5 at ipatukoy ang huwarang gustong sundin ng mga Israelita at bakit. Ipabasa sa kanila ang mga talata 6–8 at ipalahad kung ano ang sinabi ng Panginoon na talagang ginagawa ng Israel nang gustuhin nilang magkaroon ng hari upang maging katulad ng lahat ng iba pang mga bansa (tingnan din sa komentaryo para sa 1 Samuel 8:3–7 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, (p. 271). Ipakumpleto sa kanila ang aktibidad A para sa I Samuel 8 na nasa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral, pagkatapos ay talakayin ang kanilang isinulat. Itanong:

- Ano ang itinuturo sa atin ng propesiya ni Samuel tungkol sa mga panganib ng pagkakaroon ng masamang hari?
- Sa palagay ninyo, bakit hindi pinakinggan ng mga Israelita ang babala ni Samuel?
- Bakit mas gusto ng ilang tao ngayon na sundin ang mga pamamaraan ng mundo sa halip na mga pamamaraan ng Panginoon? (tingnan sa Helaman 12:4–6; D at T 10:20–22; 123:12).
- Bakit tinutulutan ng Panginoon na piliin ng mga tao ang alam niyang maghahatid ng kalungkutan? (tingnan sa "Kalayaan," p. 14).

Ipaunawa sa mga estudyante na hindi lahat ng popular ay mali o masama ngunit may ilang bagay ngang gayon. Ipalista sa pisara sa mga estudyante ang ilan sa mga uso at gawi na tanggap at hinihikayat pa ng mga lipunan sa mundo na alam nating laban sa mga utos ng Panginoon. Itanong kung paano tayo nakatulad ng sinaunang mga Israelita kapag sinusunod natin ang mga makamundong pamantayan na alam nating mali.

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Spencer W. Kimball, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, na inihahambing ang mga tao sa ating panahon sa sinaunang mga Israelita:

> "Tinipon ni Samuel ang mga tao at ipinaliwanag sa kanila na ang mga tao ng Panginoon ay dapat maging kakaiba, na may mas matataas na pamantayan. 'Gusto naming maging katulad ng ibang mga tao,' pamimilit nila. 'Ayaw naming maiba.' …
>
> "Hindi tayo gaanong naiiba ngayon! Gusto natin ang halina at kababawan ng mundo, at hindi laging natatanto ang mga kaparusahan sa ating kahangalan…. Ang iba … ay nagpapakasasa sa pag-inom—'dapat din tayong magkaroon ng hari tulad sa ibang mga bansa!'
>
> "Ang mga estilo ay nililikha ng mga walang pakundangan at ganid sa pera at patuloy sa paglikha ng bagong mga estilo para mawala sa uso ang kasalukuyang mga damit at magkapera ang mga negosyante. Hindi tayo maaaring maiba. Mas gusto pa nating mamatay kaysa 'hindi makasunod sa uso.' Kung hanggang tuhod ang damit dapat ay [medyo] maikli roon ang atin. Kung maikli ang shorts dapat ay pinakamaikli ang atin…. [Kung] kakapiranggot ang mga bathing suit, dapat ay pinaka-kapiranggot ang atin. 'Dapat tayong magkaroon ng hari tulad sa ibang mga bansa!'
>
> "Sabi ng Panginoon magkakaroon siya ng kakaibang mga tao pero ayaw nating maging kakaiba…. Kung uso ang makipagkarinyuhan, makikipagkarinyuhan tayo. 'Dapat tayong magkaroon ng hari tulad sa ibang mga bansa!' …
>
> "Ang iba ay magarbo ang kasal na may mamahaling kasuotan at magarbong handaan. Dapat din tayong magkaroon ng mga kandila, trahe-de-boda, mga abay, na kadalasan ay halos mahalay na ang kasuotan. 'Dapat tayong magkaroon ng hari tulad sa ibang mga bansa!'
>
> "Ang mundo ay may reyna sa bawat industriya, negosyo, pabrika, paaralan at samahan. Dapat siyang manamit nang mahalay, magdispley ng kanyang katawan at magpakita sa mga pampublikong lugar para isulong ang mga interes ng negosyo, libangan at mga samahan…. Dapat ay maganda rin ang mukha natin,

may kaunti tayong talento, at maganda ang katawan para mailantad sa publiko. Wala na tayong ibang magagawa dahil 'dapat tayong magkaroon ng reyna tulad sa ibang mga bansa!'…

"Kailan, o kailan, tatayo nang matatag ang ating mga Banal sa mga Huling Araw sa sarili nilang mga paa, magtatakda ng sarili nilang mga pamantayan, susunod sa wastong mga huwaran at mamumuhay nang maluwalhati ayon sa inspiradong mga huwaran ng Ebanghelyo…. Tiyak na hindi nababatay ang mabubuti at masasayang buhay at malinis na katuwaan sa mahalina, marangya, at kalabisang mga bagay" ("Like All the Nations," *Church News,* 15 Okt 1960, 14).

Para matulungan ang inyong mga estudyante na maipamuhay ang natutuhan nila, ipawari sa kanila ang isang matalik na kaibigan o kapamilyang nahihirapang paglabanan ang mga tukso ng mundo. Ipasaliksik sa kanila ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* o mga kuwento sa mga banal na kasulatan na magagamit nila upang ituro sa taong iyon na mas liligaya siya sa pagsunod sa Panginoon at hindi sa mundo (halimbawa, Alma 40:11–14; 41).

**I Samuel 9–10. Ang Panginoon ay tumatawag ng mga taong maglilingkod sa mga tungkulin sa pamamagitan ng pagbibigay-inspirasyon sa mga may awtoridad.** (25–30)

Sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson, na noon ay Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

"Sinumang tawagin ng Panginoon, ay pinapagindapat ng Panginoon" (sa Conference Report, Abr. 1988, 52: o *Ensign,* Mayo 1988, 43).

Ipabigkas sa isang estudyante ang ikalimang Saligan ng Pananampalataya at ipapaliwanag sa mga estudyante ang kahulugan nito. Magbahagi ng isang karanasan nang matanggap ninyo ang isang tawag na maglingkod sa Simbahan. Ipaliwanag ang nadama ninyo tungkol sa tawag at kung paano kayo tinulungan ng Panginoon. Ipaliwanag kung paano ninyo nalaman na ang Panginoon ang tumawag sa inyo.

Sabihin sa mga estudyante na ang pagtawag kay Saul na maging unang hari ng Israel sa lupa ay nagtuturo sa atin ng ilang mahahalagang alituntunin kung paano tinatawag ang mga tao na maglingkod sa kaharian ng Diyos. Basahin ang I Samuel 10:1, 6–12, 17–27 sa inyong mga estudyante para malaman ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Kahit si Samuel ang tumawag at nagpahid ng langis kay Saul, sino ayon kay Samuel ang talagang responsable sa pagtawag at pagpapahid ng langis kay Saul? (tingnan sa I Samuel 10:1; tingnan din sa I Samuel 9:15–17; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5).
- Ano ang ginawa ng Panginoon para kay Saul upang maiakma siya sa kanyang tungkulin bilang hari? (tingnan sa I Samuel 10:6–7, 9). Maraming lider ng Simbahan ang nagpapatotoo na nang sang-ayunan sila at italaga para sa isang katungkulan, nadama nila ang isang marubdob na damdamin tungkol sa gawain ng Panginoon, lakip ang mas matinding pagmamahal sa mga taong tungkulin nilang paglingkuran. Nalaman din nila na binibigyang-inspirasyon sila ng Panginoon na gumawa ng mga tamang pasiya.
- Ano ang ipinangakong gawin ni Samuel para makatulong? (tingnan sa t. 8). Ang mga namumuno ay may responsibilidad na sanayin ang mga taong naglilingkod sa ilalim ng kanilang pamumuno.
- Ano ang ginawa ni Saul nang tanggapin siya ng ilan at hindi ng iba? (tingnan sa mga talata 9–11, 26–27).
- Bakit tinipon ni Samuel ang mga tao para ipakilala si Saul bilang hari? (tingnan sa mga talata 17–24). Ang tawag dito ay batas ng pangkalahatang pagsang-ayon (tingnan sa D at T 26:1–2). Isang sagradong oportunidad ang kilalanin sa harapan ng Diyos na ang tao ay natawag sa gawain at ang kongregasyon ay nakikipagtipan na susuportahan at susundin ang taong ito sa kabutihan.

Para sa bawat alituntuning tinalakay, magbahagi ng karagdagang mga ideya o personal na mga karanasang tutulong sa kanila na makita ang kamay ng Panginoon sa pamamaraan ng pamamahala sa Simbahan. Maaari ninyong anyayahan ang isang lider ng priesthood, tulad ng bishop o branch president, para magsalita sa klase tungkol sa mga tungkulin.

# I Samuel 12–15

## Pambungad

Nang simulan ni Saul ang paghahari sa Israel, siya ay mapagpakumbaba at espirituwal. Ang mga katangiang iyon ang nagbigay sa kanya ng kakayahang makagawa ng maraming kabutihan para sa Israel bilang kanilang hari at maging kasangkapan sa mga kamay ng Panginoon. Sa kasamaang-palad, matapos ang mabuting simula naging malungkot siyang halimbawa ng nangyayari kapag tinukso ng kapangyarihan ang tao na maging hambog sa halip na magpakumbaba.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Kadalasan ay pagsuway ang bunga ng kahambugan, kung saan nagtitiwala tayo sa sarili nating paghatol nang higit kaysa sa paghatol ng Diyos (tingnan sa I Samuel 13:5–13; 14:24–32, 38–46; 15:1–24; tingnan din sa 2 Nephi 9:28).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**I Samuel 12–15. Ang kahambugan kadalasan ay nagbubunga ng pagsuway. Ito ay pagtitiwala sa sarili nating pagpapasiya nang higit kaysa sa pagpapasiya ng Diyos.** (25–35 minuto)

Para masimulan ang I Samuel 12–15, basahin ang pambungad sa I Samuel 13 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral at talakayin ang mga tanong na naroon. Sabihin sa mga estudyante na ang mga tanong na iyon ang pagtutuunan ng aralin ngayon tungkol kay Haring Saul.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang nadama ng Panginoon at ni Samuel nang humiling ng hari sa lupa ang Israel (tingnan sa I Samuel 8:6–7). Ipabasa sa kanila ang I Samuel 12:1–13 at ipahanap kung bakit nagdamdam si Samuel sa kanyang mga tao sa paghiling nila ng hari. Itanong sa kanila kung anong himala ang hiniling ni Samuel sa Panginoon na ipakita sa mga tao at bakit (tingnan sa mga talata 16–18).

Ipaliwanag sa mga estudyante na kahit hindi sinang-ayunan ng Panginoon ang hangad ng Israel na magkaroon ng hari, gumawa siya ng mga pangako sa kanila kung sila at ang kanilang hari ay patuloy na maglilingkod sa kanya. Itanong:

- Ano ang mga pangakong iyon? (tingnan sa I Samuel 12:20–24).
- Ano ang pangako kung sila ay "gagawa ng kasamaan"? (tingnan sa I Samuel 12:25).
- Ano sa I Samuel 12:20–25 ang maaari ding maglarawan sa ugnayan ng Panginoon sa kanyang propeta at sa mga miyembro ng Simbahan ngayon.

Basahin ng buong klase ang I Samuel 13:1–14 sa sumusunod na mga yugto. Matapos basahin ang bawat yugto, itanong at talakayin ang nakamungkahing mga tanong.

- **I Samuel 13:1–4.** Ano sa palagay ninyo ang nadama ng mga tao tungkol kay Saul sa oras na iyon? Ano kaya ang damdamin ni Saul tungkol sa kanyang sarili at sa kakayahan niyang pamunuan ang Israel sa digmaan?
- **I Samuel 13:5–7.** Paano tumugon ang mga Filisteo sa una nilang pagkatalo? Ihambing ang dami nila sa hukbo sa dami ng hukbo nina Saul at Jonathan (tingnan sa komentaryo para sa 1 Samuel 13:5 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 273). Paano tumugon ang mga Israelita nang makita nila ang hukbo ng mga Filisteo?
- **I Samuel 13:8–10.** Gaano kahuli si Samuel sa pagdating sa Gilgal? (tingnan sa I Samuel 10:8). Ano ang ginawa ni Saul nang mahuli sa pagdating si Samuel? Bakit? Ano ang mali sa pag-aalay ng sakripisyo ni Saul? (tingnan sa komentaryo para sa 1 Samuel 13:5–14 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 273–74).
- **I Samuel 13:11–14.** Paano sinubukang pangatwiranan ni Saul ang kanyang pagsuway? Ano sa mga talatang ito ang nagpapakita na talagang higit na nagtiwala si Saul sa hukbo kaysa sa Panginoon? Ano ayon kay Samuel ang magiging mga bunga ng pagsuway ni Saul? Ayon sa kuwentong ito, anong uri ng tao ang "lalaking ayon sa sariling puso [ng Panginoon]"?

Talakayin kung paano natin maiaangkop ang salaysay na ito tungkol kay Saul sa pamamagitan ng pagtatanong ng katulad ng mga sumusunod:

- Ano ang ilan sa mga utos na ibinigay sa atin na maaaring kailanganin nating matiyagang maghintay?
- Ano ang ipinapahiwatig natin sa Panginoon kapag hindi tayo "naghihintay sa kanya," sa halip ay nagtitiwala tayo sa sarili nating paghatol at sinusuway natin ang kanyang mga utos?
- Paano sinisikap pangatwiranan ng mga tao ang kanilang mga kilos, tulad ni Saul, kapag hindi sila naghintay?

Ang Mga Awit 37:34–40 ay naglalaman ng ilang mabubuting ideya tungkol sa alituntunin ng paghihintay sa Panginoon. Maaari ninyo itong basahin at talakayin sa inyong mga estudyante.

Ipaunawa sa mga estudyante na bahagi ng ating pananampalataya sa Diyos ang pagsampalataya sa kanyang takdang panahon. Ipauunawa niya sa atin ang kanyang mga utos at pagpapala sa ating pagsunod dahil alam niya kung ano ang pinakamainam para sa atin. Bukod dito, nagtatamo lang tayo ng patotoo sa ilang kautusan *matapos* natin itong ipamuhay (tingnan sa Juan 7:17; Eter 12:6).

Maaari ninyong ikuwento nang bahagya sa mga estudyante ang I Samuel 14 bilang isa pang halimbawa ng naging epekto ng kahambugan ni Saul sa kanyang pagpapasiya.

**I Samuel 15. Pagsuway, hindi pag-amin na tayo ay nagkasala, at kabiguang magsisi ang kadalasang mga bunga ng kahambugan.** (10–15 minuto)

Sa I Samuel 15 may isa pang halimbawa ng pagsuway ni Saul. Ipabasa sa mga estudyante ang mga talata 1–3 at ipalahad kung ano ang iniutos na gawin ni Saul. Ipabasa sa kanila ang mga talata 6–9 at ipapaliwanag kung ano ang ginawa ni Saul. Basahin ng buong klase ang mga talata 10–23 at talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang mga idinahilan ni Saul sa hindi pagsunod sa utos na ibinigay sa kanya ng propeta ng Panginoon?
- Ano ang tunay na dahilan? (tingnan sa t. 24).
- Sa palagay ninyo, bakit pinangatwiranan ni Saul ang kanyang kasalanan sa halip na ipagtapat ito?
- Ano ang sinasabi nito tungkol sa uri ng pagkatao ni Saul? (tingnan sa D at T 58:43).
- Ano ang pakiramdam ni Samuel tungkol sa pangangailangang iwasto si Saul? (tingnan sa t. 11).
- Ano ang mga kinahinatnan ng patuloy na pagsuway ni Saul? (tingnan sa mga talata 26–28).
- Ayon kay Samuel, anong pag-uugali ang wala kay Saul na humantong sa kanyang pagsuway? (tingnan sa t. 17).

Isiping ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson:

> "Mapipili nating magpakumbaba ng ating sarili sa pamamagitan ng pagpipigil na mapoot sa ating mga kapatid, pagpapahalaga sa kanila tulad sa ating sarili, at pagpapasigla sa kanila na katulad natin o nang higit pa kaysa sa atin (tingnan sa D at T 38:24; 81:5; 84:106).
>
> "Mapipili nating magpakumbaba ng ating sarili sa pamamagitan ng pagtanggap ng payo at pagpaparusa (tingnan sa Jacob 4:10; Helaman 15:3; D at T 63:55; 101:4–5; 108:1; 124:61, 84; 136:31; Mga Kawikaan 9:8).
>
> "Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagpapatawad sa mga nagkasala sa atin (tingnan sa 3 Nephi 13:11, 14; D at T 64:10).
>
> "Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagbibigay ng di-makasariling paglilingkod (tingnan sa Mosias 2:16–17).
>
> "Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagmimisyon at pangangaral ng salitang makakapagpakumbaba sa iba (tingnan sa Alma 4:19; 31:5; 48:20).
>
> "Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagpunta sa templo nang mas madalas.
>
> "Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagtatapat at pagtalikod sa ating mga kasalanan at pagsilang natin sa Diyos (tingnan sa D at T 58:43; Mosias 27:25–26; Alma 5:7–14, 49).
>
> "Mapipili nating magpakumbaba sa pamamagitan ng pagmamahal sa Diyos, pagsuko ng ating kalooban sa Kanya, at pag-una sa Kanya sa ating buhay (tingnan sa 3 Nephi 11:11; 13:33; Moroni 10:32).
>
> "Piliin nating magpakumbaba. Kaya nating gawin ito. Alam kong kaya natin" (sa Conference Report, Abr. 1989, 6; o *Ensign*, Mayo 1989, 6–7).

Talakayin kung paano natin malilinang ang diwa ng pagpapakumbaba sa ating buhay (tingnan din sa Mosias 3:19; Eter 12:27; D at T 3:4–8).

# I Samuel 16–17

## Pambungad

Ang kabataan ni David, ang batang pastol na naging pinakatanyag na hari ng Israel, ay isang magandang halimbawa ng sawikaing "Pagsapit ng oras ng pagtatanghal, nakalipas na ang oras ng paghahanda." Sa pag-aaral ninyo ng I Samuel 16–17, hanapin kung paano naghanda si David at ang kaibhang ginawa ng paghahandang iyon sa kakayahan niyang magsagawa pagsapit ng oras (tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, PJS, I Samuel 16:14–16; 23; pambungad sa 1 Samuel 16–31 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, (p. 277).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Hinahatulan tayo ng Panginoon ayon sa ating pagkatao kaysa ayon sa ating hitsura (tingnan sa I Samuel 16:7).
- Sa pagsampalataya sa Panginoon at personal na paghahanda, madaraig natin ang anumang hamon sa buhay (tingnan sa I Samuel 17:20–51; tingnan din sa Mateo 19:26).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**I Samuel 16–17 (Scripture Mastery, I Samuel 16:7). Hindi tayo hinahatulan ng Panginoon ayon sa ating hitsura kundi ayon sa ating pagkatao.** (25–30 minuto)

Maghanda ng dalawang supot, at lagyan ng isang mahalagang bagay ang isang supot at lagyan ng hindi gaanong mahalaga ang isa pa (katulad ng pagkaing gugustuhin ng mga estudyante sa isang supot at pambalot lang ng pagkain sa isa pa). Ipakita sa klase ang dalawang supot at itanong: Nang hindi tinitingnan ang nasa loob nito, alin ang pipiliin ninyo? Pagkaraan ng kaunting talakayan, itanong sa kanila kung makakatulong kung pipili sila ng isang kaklaseng titingin sa loob ng mga supot at magrerekomenda ng dapat piliin.

Sabihin sa mga estudyante na may kuwento sa I Samuel na nagpapakita na may isang tutulong sa atin na may "impormasyon mula sa loob" tungkol sa mga pagpili at desisyong kailangan nating gawin. Basahin ang I Samuel 16:1–13 sa inyong mga estudyante at talakayin ang ilan sa sumusunod na mga tanong:

- Bakit isinugo si Samuel sa bahay ni Isai sa Betlehem? (tingnan sa t. 1).
- Sino ang naisip ni Samuel na pinili ng Panginoon na magiging susunod na hari? (tingnan sa t. 6).
- Sumang-ayon ba ang Panginoon kay Samuel? Bakit? (tingnan sa t. 7).
- Anong mga katangian ang napansin ni Samuel kay David? (tingnan sa t. 12).
- Mula sa sinabi ng Panginoon sa talata 7, ano sa palagay ninyo ang mga katangiang nakita ng Panginoon kay David?
- Paano nakatulad ng kuwentong ito ang sitwasyon sa dalawang supot?

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga katangian: *masayahin, bantog, handa ang puso't isipan, mahilig sa palakasan, edukado, dalisay, mapagpakumbaba, matapang, mabait, masunurin, tapat, guwapo, may talento, espirituwal,* at *iginagalang.* Itanong:

- Mula sa pinakamalaki hanggang sa pinakamaliit ang kahalagahan, paano pagsusunud-sunurin ng mundo ang mga katangiang ito sa pamimili ng isang lider?

- Paano naiba ang paghatol ng Panginoon sa paghatol ng mundo?

Nagsalita si Elder Marvin J. Ashton, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, tungkol sa mga paghatol na ito::

> “Tayo … ay may tendensiyang uriin ang iba ayon sa pisikal at panlabas na anyo: sa kanilang ‘kagandahan,’ katayuan sa lipunan, lahi ng pamilya, natapos, o kabuhayan.
>
> “Gayunman, iba ang pamantayang ginagamit ng Panginoon sa pagsukat sa isang tao … (I Samuel 16:7).
>
> “Kapag sinusukat ng Panginoon ang isang tao … sinusukat Niya ang puso para alamin ang kakayahan at potensyal ng tao na pagpalain ang iba.
>
> “Bakit ang puso? Dahil ang puso ay kasingkahulugan ng buong pagkatao ng isang tao….
>
> “Sa laki ng ating puso masusukat ang ating buong pagsasagawa. Ayon sa paggamit ng Panginoon, ang ‘puso’ ng tao ay naglalarawan ng pagsisikap niyang paghusayin ang sarili, o ang iba, o ang kanyang kalagayan” (sa Conference Report, Okt. 1988, 17; o *Ensign,* Nob. 1988, 15).

Pamarkahan at marahil ay ipasaulo sa mga estudyante ang I Samuel 16:7. Tandaan na ang puso ay simbolo ng buong pagkatao ng isang tao. Itanong kung bakit mas mahusay pumili ng mga lider ang Panginoon kaysa sa atin. Hamunin ang mga estudyante na pagtiwalaan ang Panginoon at dinggin ang payo ng mga lider na napili niya (tingnan sa Mga Kawikaan 3:5–7).


**I Samuel 16:14–23. Ang musika ay may kapangyarihang impluwensyahan ang ating espiritu.** (10–15 minuto)

Gawin ang aktibidad B para sa I Samuel 16 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral.

**I Samuel 17. Sa pagsampalataya sa Panginoon at personal na paghahanda, makakaya natin ang anumang hamon sa buhay.** (45–60 minuto)

Para mailarawan sa isipan ng mga estudyante ang talagang laki ni Goliath, magdrowing sa klase ng taong sintaas niya o lagyan ng marka ang dingding sa tamang taas (tingnan sa komentaryo para sa 1 Samuel 17:4–11 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 278). Kung gusto ninyo, maituturo ninyo ang bahaging ito ng aralin sa pagtayo sa isang silya o mesa para maging halos sintaas kayo ni Goliath.

Para maipaunawa sa mga estudyante kung gaano kahusay na nakapaghanda si David noong kabataan niya, isiping gumawa ng tirador na gaya ng nakalarawan. Gumamit ng anumang matibay na tela o malambot na katad para sa supot



(hugis-itlog na mga 8x13 sentimetro, o 3x5 pulgada) at isang bagay na gaya ng mga sintas ng sapatos para sa mga pisi (kahit gaano kahaba mula 46–60 sentimetro, o 18–24 na pulgada). Ibuhol sa isang dulo ang isang pisi at gumawa ng maliit na silo sa kabilang dulo. Ilagay ang silo sa ibabaw ng hintuturo o gitnang daliri at hawakan ang buhol sa pagitan ng hinlalaki at hintuturo. Inihahagis ang bato sa pagpapaindayog ng tirador sa ibabaw ng ulo at pagpapakawala sa pisi habang umaasinta ang supot papunta sa target. Mahalaga ang pagtiyempo at mahirap maging bihasa rito.

Basahin ang I Samuel 17 sa mga estudyante at ilarawan sa kanilang isipan ang sitwasyong kinaharap ng hukbo ng Israel sa lambak ng Ela. Isiping talakayin ang sumusunod na mga tanong habang pinag-aaralan ninyo ang kabanata. Sumangguni sa komentaryo para sa kabanatang ito sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 277–79). para sa tulong kung kailangan.

- Gaano kataas si Goliath? (tingnan sa mga talata 4–10).
- Sa palagay ninyo, bakit niya hiniling na isang lalaki lang ang lumabas at labanan siya? (tingnan sa mga talata 8–10).
- Ano ang reaksyon ni David nang marinig niya ang hamon ni Goliath? (tingnan sa mga talata 26–32).
- Bakit naniwala si David na kaya niyang labanan si Goliath at manalo? (tingnan sa mga talata 32–37).
- Bakit tinanggihan ni David ang kalasag at espadang inialok ni Haring Saul? (tingnan sa mga talata 38–39).
- Anong mga sandata ang ipinalit ni David, at anong kalasag ang pinagtiwalaan niya? (tingnan sa mga talata 40–47).
- Kailan kaya nagtamo si David ng kakayahang gumamit ng tirador? (tingnan sa mga talata 34–37).
- Bakit si David ang piniling lumaban kay Goliath sa halip na si Saul, na “lalong mataas … kay sa sinoman sa bayan” (I Samuel 9:2)?

Ipagamit sa mga estudyante ang tirador at pasubukang asintahin ang drowing ninyong Goliath at alamin kung gaano katagal nagsanay si David. Huwag gumamit ng mga bato. Isipin ang kaligtasan ng mga estudyante at gumamit ng isang bagay na hindi makakasakit sa mga tao o sa inyong gusali—magandang gamitin ang mga marshmallow.

Talakayin ang kahalagahan ng maagang pagkatutong magtiwala sa Panginoon. Itanong:

- May mga "Goliath" ba tayong kinakaharap ngayon na mapanganib na katulad ng nakaharap ni David?
- Ano ang mga adhikain ngayon na karapat-dapat nating ipaglaban? (tingnan sa I Samuel 17:29). Ilista sa pisara ang mga sagot ng mga estudyante.

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley, na noon ay Pangalawang Tagapayo sa Unang Panguluhan, tungkol sa mga hamong kinakaharap nila ngayon:

> "May mga Goliath sa buong paligid ninyo, malalaking higanteng may masamang instensyong sirain kayo. Hindi ito mga taong siyam-na-talampakan ang taas, kundi mga tao at institusyong kumokontrol sa kaakit-akit ngunit masasamang bagay na maaaring humamon at magpahina at sumira sa inyo. Kasama rito ang serbesa at iba pang mga alak at tabako. Yaong mga nagbebenta ng mga produktong ito ay gusto kayong malulong sa paggamit nito. May iba't ibang uri ng mga droga…. May pornograpiya, na nakatutukso at nakawiwili at nag-aanyaya. Isa na itong malaking industriya, na gumagawa ng mga magasin, pelikula, at iba pang mga materyal na nilayong kunin ang inyong pera at akayin kayo sa mga aktibidad na sisira sa inyo.
>
> "Ang mga higanteng nasa likod ng mga gawaing na ito ay nakakatakot at bihasa. Malawak na ang karanasan nila sa digmaang pinaiiral nila. Gusto nila kayong mabitag.
>
> "Halos imposibleng lubusang iwasan na malantad sa kanilang mga produkto. Nakikita ninyo ang mga materyal na ito sa lahat ng dako. Ngunit hindi ninyo kailangang matakot kung hawak ninyo ang tirador ng katotohanan. Napayuhan na kayo at naturuan at napangaralan. Nasa inyo ang mga bato ng kabanalan at karangalan at integridad para gamitin laban sa mga kaaway na ito na gustong bumihag sa inyo…. Mananalo kayo laban sa kanila kung didisiplinahin ninyo ang inyong sarili na iwasan sila….
>
> "Mapapasainyo ang tagumpay. Walang [tao] na nakaririnig sa akin ang kailangang magpatangay sa alinman sa mga puwersang ito…. Sumasainyo ang Kanyang kapangyarihan para palakasin kayo" (sa Conference Report, Abr. 1983, 66; o *Ensign,* Mayo 1983, 46, 51)

Ilista sa pisara ang mga makabagong Goliath na binanggit ni Pangulong Hinckley na hindi nabanggit ng mga estudyante. Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng matutong kilalanin ang payong nagmumula sa Panginoon at magtiwala sa kanyang kapangyarihang palakasin tayo at iligtas sa kapangyarihan ng kalaban.

Isiping magtapos sa isang awiting tulad ng "Ako'y Magiging Magiting" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 85), "Binatilyong Handa" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 88), "Magpatuloy Tayo" (*Mga Himno,* blg. 148), o "Masdan! Hukbong Kaygiting" (*Mga Himno,* blg. 153).

# I Samuel 18–31

## Pambungad

Si Saul ay may potensyal na maging dakilang hari ng Israel. Sa kasamaang-palad, hindi siya naging karapat-dapat sa potensyal na iyon. Nagsimula siyang isang katangi-tanging binatilyo, na muling isinilang sa espirituwal (tingnan sa I Samuel 9:2; 10:9). Gayunman, dahil sa kapalaluan, selos, at iba pang mga kasalanan, humiwalay sa kanya ang Espiritu at ang kanyang puso ay naging puso ng mamamatay-taong gustong pumatay kay David. Sa pag-aaral ninyo ng I Samuel 18–31, ihambing kay David ang mga hangarin at pag-uugali ni Saul.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Hahangarin ng isang tunay na kaibigan ang ating walang hanggang kapakanan at hihikayatin tayo sa kabutihan (tingnan sa I Samuel 18:1–5; 19:1–11; 20:1–9).
- Ang selos at kapalaluan ay maaaring humantong sa iba pang uri ng mga kasalanan (tingnan sa I Samuel 18:5–15).
- Dapat tayong maghangad ng kaalaman sa mga pamamaraang sinang-ayunan ng Panginoon. Ang paghahayag sa anumang ibang paraan ay hindi magpapala sa atin (tingnan sa I Samuel 23:1–12; 28:3–14).
- Dapat nating igalang ang mga tinawag ng Panginoon na mamuno sa atin, sa kabila ng kanilang mga kakulangan (tingnan sa I Samuel 24:9–12; 26:9).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**I Samuel 18–20, 23, 25. Tayo ay minamahal, ipinagtatanggol, pinoprotektahan, at tinutulungan ng mga tunay na kaibigan na gawin ang tama.** (20–40 minuto)

Ipatapos sa mga estudyante ang sumusunod na pangungusap: Ang tunay na kaibigan ay isang taong …

Ipabahagi sa kanila ang kanilang isinulat at ipapaliwanag kung bakit sa palagay nila mahalaga ito. Ibinigay ni Elder Marvin J. Ashton ang sumusunod na kahulugan ng kaibigan:

> "Ang kaibigan ay isang taong imumungkahi at gagawin ang pinakamainam para sa atin anuman ang agarang mga bunga nito….
>
> "… Ang kaibigan ay isang taong handang tanggapin ako ngunit handa at may kakayahang iwanan akong mas mabuti kaysa noong makilala niya ako" (sa Conference Report, Okt. 1972, 33, 35; o *Ensign,* Ene. 1973, 41, 43).

Sabihin sa mga estudyante na ngayon ay pag-aaralan nila ang tungkol sa dalawang binatilyo na ang pagkakaibigan ay akma sa paglalarawan ni Elder Ashton. Ilista sa pisara ang sumusunod na mga reperensya at ipasaliksik ang mga ito sa mga estudyante kung paano at bakit naging magkaibigan sina Jonathan at David:

- I Samuel 18:1–5, 14–16
- I Samuel 19:1–7
- I Samuel 20
- I Samuel 23:16–18.

Talakayin ang natuklasan ng mga estudyante. Ipalahad sa kanila kung bakit sa palagay nila ginawa iyon ni Jonathan. Sabihin sa kanila na si Jonathan, na anak ni Saul, ay isa sa pinakamararangal na kaibigan sa sinaunang Israel. Kung tutuusin madali niyang makikita na kaagaw niya sa trono si David, tulad ng pagkakita ni Saul. Ngunit sa halip na magselos, minahal ni Jonathan si David bilang matalik na kaibigan na ang integridad at mararangal na hangarin ay gaya ng sa kanya.

Nang ilipat ni Jonathan ang kanyang balabal, mga kasuotan, espada, at pana kay David (tingnan sa I Samuel 18:4), kinikilala niya noon ang katotohanan na si David ang susunod na hari (tingnan sa I Samuel 23:17). Tinulungan niya si David sa maraming pagkakataon para makatakas kay Saul—kahit nalagay sa panganib ang sarili niyang buhay sa pagprotekta kay David (tingnan sa I Samuel 19:1–11; 20). Kalaunan pinatunayan ni David ang kanilang pagkakaibigan sa pakikipagtipan na magiging mabait siya sa pamilya ni Jonathan. Iginalang ni David ang tipang iyon sa pamamagitan ng pag-aaruga sa anak ni Jonathan, na si Mephiboseth, pagkamatay ni Jonathan (tingnan sa II Samuel 9:3, 7; 21:7).

Maaari din ninyong ipabasa sa mga estudyante ang kuwento sa I Samuel 25 kung saan tinulungan ni Abigail si David at kalaunan ay naging asawa siya nito. Habang binabasa nila ang kabanata, ipatukoy sa kanila kung paano ipinakita ng babaeng ito na kaibigan siya ni David.

Ipaisip sa mga estudyante ang kanilang mga kaibigan. Itanong:

- Sila ba ang uri ng mga kaibigang umiimpluwensya sa inyo na mas mapalapit sa Diyos o talikuran siya?
- Sa palagay ninyo, anong uri ng kaibigan kayo?

Ipalista sa mga estudyante ang mga taong itinuturing nilang pinakamatatalik na kaibigan, ayon sa mga kahulugan ng pagkakaibigan na tinalakay sa klase. (Maaaring kabilang sa kanilang listahan ang mga magulang, lider ng Simbahan, kapatid, lolo't lola, at guro.) Basahin ang pakahulugan ng Tagapagligtas sa pagkakaibigan sa Juan 15:13 at itanong: Ayon sa kahulugang iyan, sino ang pinakadakila nating kaibigan? Basahin ang Juan 14:15 at pansinin kung ano ang dapat nating gawin para maituring na mga kaibigan ng Tagapagligtas. Itanong sa kanila kung ano ang magagawa natin para paglingkuran si Jesucristo at ipakita ang pasasalamat natin sa dakila niyang pakikipagkaibigan.

**I Samuel 18–26. Dapat nating igalang ang mga tinawag na mamuno sa atin, sa kabila ng kanilang mga kakulangan.** (20–25 minuto)

Itaas ang kanang bisig ninyo nang paiskuwala at itanong sa klase kung ano ang kahulugan nito kapag ginagawa natin iyan sa mga pulong sa Simbahan. (Ang ibig sabihin nito ay sang-ayon tayong suportahan ang mga tao sa mga tungkulin nila sa Simbahan sa pamamagitan ng pag-alalay, pagtulong, pagdarasal para sa kanila, at pagsunod sa kanila.) Talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Ilan sa inyo ang nagkaroon na ng tungkulin o atas sa Simbahan?
- Lubos ba ninyong ginampanan ang lahat ng responsibilidad ninyo sa tungkulin o atas na iyan?
- Inaasahan ba ninyo na lubos na gagampanan ng mga lider ninyo sa Simbahan ang kanilang mga tungkulin?
- Paano ninyo gustong pakitunguhan kayo ng ibang mga miyembro ng Simbahan kung nakagawa kayo ng pagkakamali?
- Ano ang magagawa natin para masuportahan ang ating mga lider?

Gawin ng buong klase ang aktibidad A para sa I Samuel 25–26 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral. Ipaunawa sa mga estudyante na iginalang ni David ang tungkulin ni Saul bilang hari ng Israel (tingnan sa I Samuel 26:23). Mas tumindi pa ang pagkakaiba ng kasamaan ni Saul sa katapatan ni David nang malaman natin na ipinapatay ni Saul ang buong komunidad ng mga saserdote sa inosenteng pagtulong nila kay David (tingnan sa I Samuel 22:6–23).

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Marion G. Romney, na noon ay Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan. Hilingin sa inyong mga estudyante na pakinggan ang sinabi ni Pangulong Romney na mali sa pamimintas sa mga tinawag ng Panginoon na mamuno sa atin.

> "Inaakala ng ilang miyembro na ang isang tao ay lubos na makakaayon sa diwa ng ebanghelyo, at magtatamasa ng lubos na pakikisalamuha sa Simbahan, kahit hindi sila umayon sa mga lider ng Simbahan at sa payo at tagubiling ibinibigay nila. Ang gayong sitwasyon ay ganap na taliwas, dahil ang patnubay ng Simbahang ito ay hindi lamang sa nakasulat na salita nagmumula kundi maging sa patuloy na paghahayag, at ibinibigay ng Panginoon ang paghahayag na iyan sa Simbahan sa pamamagitan ng kanyang hinirang na propeta. Samakatwid, natural lamang na ang mga nagsasabi na tinanggap nila ang ebanghelyo ngunit pinipintasan naman at tumatangging sundin ang payo ng propeta ay walang maikakatwiran. Ang gayong saloobin ay humahantong sa apostasiya" (sa Conference Report, Abr. 1983, 21; o *Ensign,* Mayo 1983, 17).

Itanong sa mga estudyante kung iniisip nila na ang ibig sabihin ni Pangulong Romney ay dapat nating sundin nang pikitmata ang ating mga lider at huwag nang pag-isipan ang ipinagagawa sa atin. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Harold B. Lee, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Hindi lamang nararapat bilang mga Banal sa mga Huling Araw na sundin natin ang ating mga lider at tanggapin ang kanilang payo, kundi mas malaki ang obligasyon nating magkaroon ng sarili nating matibay na patotoo tungkol sa banal na pagkahirang ng mga taong ito at patotoo na ang sinabi nila sa atin ay kalooban ng Ama sa Langit" (sa Conference Report, Okt. 1950, 130).

Itanong sa mga estudyante kung paano tayo nagtatamo ng patotoo tungkol sa payo ng mga lider natin sa Simbahan. Ipabasa sa kanila ang Moroni 10:4–5 at itanong kung paano naaangkop ang pangakong iyan sa pagsuporta natin sa mga lider ng Simbahan.

Ang ikalawang aklat ni Samuel ay ipinangalan sa propetang si Samuel, bagama't hindi siya binanggit sa aklat. Dapat alalahanin na dati ay isang aklat lamang ang I at II Samuel (tingnan sa pambungad sa I Samuel, p. 137). Ikinukuwento nito ang pagpupunyagi ni Haring David na pagkaisahin ang bansa at dalhin ang Israel sa tugatog ng kapangyarihan nito. Tampok din dito ang mga katangiang nagtulot kay David na magtagumpay.

Noong bata pa siya, si David ay dalisay at mapagpakumbaba. Ang malungkot, nakatala sa II Samuel ang nakalulunos na pagbabago sa kanyang buhay. Bakit naging isang taong "nagpalayaw sa sarili na tanging isang hari lamang ang makagagawa" ang mabait na si David, ayon sa obserbasyon ni Elder Neal A. Maxwell (*We Will Prove Them Herewith,* 71)? Hanapin ang mga pinili niyang gawin na nagpabago sa landas ng kanyang buhay. (Para sa karagdagang impormasyon, tingnan sa mga pambungad sa 2 Samuel 1–12 at 13–24 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* mga pahina 287, 295; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "David," mga pahina 42–43).

## II Samuel 1–10

### Pambungad

Nakatala sa unang sampung kabanata ng II Samuel ang pagakyat ni David sa tugatog ng kanyang kapangyarihan at kabantugan. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga kabanatang ito, hanapin ang pakikipag-ugnayan ni David sa Panginoon at kung paano niya tinawag ang mga kapangyarihan ng langit na tulungan siyang magtagumpay.

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Nangako ang Panginoon na gagantimpalaan kapwa ang mabuti at masama ayon sa kanilang mga gawa (tingnan sa II Samuel 3:1, 27–39; 4:1–5:3, 19–25; tingnan din sa Alma 41:3–15).
- Kapag umasa tayo sa Panginoon, mas marami tayong magagawa kaysa magagawa nating mag-isa (tingnan sa II Samuel 5:17–25; 8).
- Ginagalit natin ang Panginoon kapag binabalewala natin ang mga sagradong bagay—sa ating pag-uugali o kilos (tingnan sa II Samuel 6; tingnan din sa D at T 63:64; 84:24–25, 54–58).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**II Samuel 1–4. Karunungan at integridad ni David ang tumulong sa kanya na pagkaisahin ang Israel at Juda.** (20–25 minuto)

Para marepaso ng mga estudyante ang II Samuel 1–4, hatiin sila sa mga grupo na may tig-2–4 na tao. Ipabasa sa bawat grupo ang mga kabanatang iyon at gumawa ng isang maikling pagsusulit na itinutugma ang mga tao sa isang bagay na ginawa nila: Sa unang hanay ililista nila ang mga taong nakita nila sa mga kabanatang iyon at isusulat nila sa pangalawang hanay ang isang pahayag na naglalarawan ng isang bagay na ginawa ng bawat isa sa mga tao. Bigyan sila ng isang kopya ng sumusunod na halimbawa:

**Sino ang Gumawa ng Ano?**

| | |
|---|---|
| _____ David | A. (Isang Bagay tungkol kay Asael) |
| _____ Abisai | B. (Isang Bagay tungkol kay Is-boseth) |
| _____ Rechab | C. (Isang Bagay tungkol kay Abner) |
| _____ Abner | D. (Isang Bagay tungkol kay Rechab) |
| _____ Joab | E. (Isang Bagay tungkol kay Baana) |
| _____ Isang Amalecita | F. (Isang Bagay tungkol kay David) |
| _____ Asael | G. (Isang Bagay tungkol kay Joab) |
| _____ Baana | H. (Isang Bagay tungkol sa Amalecita) |
| _____ Is-boseth | I. (Isang Bagay tungkol kay Abisai) |

Pagpalitin ng mga pagsusulit ang mga grupo at ipasuri ang mga pagsusulit sa kanilang mga grupo. Kapag natapos ng lahat ang kanilang pagsusulit, ipahambing sa mga estudyante ang karunungan at integridad ni David sa iba pang mga tao sa mga kabanatang iyon. Itanong sa kanila kung ano ang ginawa ni David sa mga kabanatang iyon na lubhang kahanga-hanga at ipapaliwanag sa kanila kung bakit gayon ang palagay nila.

**II Samuel 5; 8. Kapag umasa tayo sa Panginoon, mas marami tayong magagawa kaysa magagawa nating mag-isa.** (10–15 minuto)

Ipawari sa mga estudyante na nasa digmaan sila at parating na ang mga kaaway. Magpakita ng larawan ng isang bagay gaya ng spy satellite, reconnaissance plane, o hot air balloon

at itanong kung paano ito makakatulong sa kanila sa parating na labanan. Ipabasa sa kanila ang II Samuel 5:17–25 at ipahanap kung ano ang ginawa ni David na parang pagtanaw sa kalaban mula sa itaas.

Ipaunawa sa mga estudyante kung paano humantong sa tagumpay ang palagiang pagsandig ni David sa Panginoon sa mga pakikipaglaban niya sa mga kaaway ng Israel. Nanaig ang mga Israelita sa dalawang pakikipaglaban sa mga Filisteo dahil bago humarap sa dalawang labanang ito humingi ng mga tagubilin si David sa Panginoon (tingnan sa II Samuel 5:19, 23).

Ipabasa nang bahagya sa mga estudyante ang II Samuel 8 at ilista ang ilan sa mga bansang natalo ni David. (Mga Filisteo, Moabita, taga-Siria o Aram, Ammonita, Amalecita, at Idumeo.) Ipabasa sa kanila ang mga talata 6 at 14 at pamarkahan ang mga katagang nagpapaliwanag kung bakit lubos na matagumpay si David. Talakayin ang matututuhan natin sa halimbawa ni David, at bigyang-diin kung gaano tayo lalong magtatagumpay kung tapat nating isasangguni sa Panginoon ang mga hamong kinakaharap natin.


Ibahagi ang sumusunod na katotohanan mula kay Pangulong Ezra Taft Benson:

> "Matutuklasan ng mga lalaki at babaeng inilalaan ang buhay nila sa Diyos na mas marami Siyang magagawa sa buhay nila kaysa magagawa nila. Palalalimin Niya ang kanilang mga kagalakan, palalawakin ang kanilang pananaw, liliwanagin ang kanilang isipan, palalakasin ang kanilang mga kalamnan, pasiglahin ang kanilang espiritu, pararamihin ang kanilang mga pagpapala, daragdagan ang kanilang mga oportunidad, aaliwin ang kanilang kaluluwa, bibigyan sila ng mga kaibigan, at ibubuhos ang kapayapaan. Sinumang mawalan ng buhay sa paglilingkod sa Diyos ay makasusumpong ng buhay na walang hanggan [tingnan sa Mateo 10:39]" (*Jesus Christ—Gifts and Expectations* [mensahe sa isang Pamaskong debosyonal, 7 Dis. 1986], 3).

Maaari ninyong idagdag ang sarili ninyong patotoo tungkol sa kahalagahan ng paghingi ng tulong sa Panginoon.

**II Samuel 6:1–11. Hindi angkop na sikaping iwasto ang iba nang walang awtoridad.** (10–15 minuto)

Gumawa ng mga kopya ng sumusunod na dalawang maze o gumawa ng dalawang magkaibang maze.



Paupuin nang talikuran ang dalawang estudyante sa magkahiwalay na mesa at huwag patingnan sa kanila ang ginagawa ng isa't isa. Ibigay ang isa sa mga maze sa isang estudyante at ipakumpleto ito sa kanya. Pagkatapos ay ibigay ang isa pang maze sa pangalawang estudyante at sabihin sa kanya na sunding mabuti ang mga tagubilin ng unang estudyante para makumpleto ito. Paisa-isang ipabigay sa unang estudyante ang mga hakbang para makumpleto ang maze ng kaklase niya. Hindi magtatagal at makikita na nila na magkaiba ang maze nila at hindi masasabi nang tumpak ng isang tao sa iba kung paano lutasin ang maze na hindi kanya.

Sabihin sa inyong mga estudyante na babasahin nila ang isang salaysay mula sa mga banal na kasulatan na nagtuturo ng isang alituntuning nauugnay sa aktibidad na ito. Ipabasa sa kanila ang II Samuel 6:1–7 at itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila pinatay si Uzza (tingnan sa komentaryo para sa 2 Samuel 6:1–11 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (p. 289). Basahin ang Mga Bilang 4:15 at talakayin kung ano ang iniutos sa mga Israelita na huwag nilang gawin. Ipaunawa sa mga estudyante ang kasagraduhan ng kaban ng tipan at ang mga ipinagbawal tungkol sa pangangalaga rito.

Ipabasa sa mga estudyante ang II Samuel 6:8–10, at itanong:

- Ano ang nadama ni David sa nangyari kay Uzza?
- Sa palagay ninyo, bakit siya nagalit at natakot?

Basahin ang I Mga Cronica 15:2, 11–15 at alamin kung ano ang mga pagbabagong ginawa ni David sa pagbuhat sa kaban. Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang sinisikap ituro ng Panginoon sa mga Israelita sa pagkamatay ni Uzza.

Ibahagi ang payo ni Elder David O. McKay tungkol kay Uzza mula sa 2 Samuel 1–12 "Points to Ponder" sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 292). Pagkatapos ay itanong sa mga estudyante kung paano nagkakaugnay sa isa't isa ang mga maze, ang sinabi ni Elder McKay, at ang pagtatangka ni Uzza na patatagin ang kaban. Ipaunawa sa kanila na katulad ng isang estudyante na walang malinaw na pagkaunawa sa maze ng isa pang estudyante, wala rin tayong awtoridad o inspirasyong tagubilinan, o "patatagin ang kaban," ang mga yaong hindi tayo tinawag na pamunuan.

**II Samuel 6:12–23. Ang pagpipitagan natin sa Panginoon ay dapat impluwensyahan ang ating pag-uugali sa mga sagradong lugar.** (10–15 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung paano nila matutukoy ang mga taong tunay na nagmamahal at sumasamba sa kanilang Ama sa Langit. Maaaring makatulong ang sumusunod na mga tanong:

- Paano sila kumilos, magsalita, o manamit?
- Paano sila kumikilos sa oras ng sacrament o iba pang mga pulong sa Simbahan?
- Ano ang kanilang pag-uugali kapag pinag-uusapan ang Simbahan, mga lider nito, mga banal na kasulatan, o templo?

Basahin ang II Samuel 6:16–18, 20–22 sa mga estudyante. Itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila nagalit si Michal sa mga ginawa ni David. Ipaunawa sa kanila na sinumbatan ni Michal si David sa pagwawalang-bahala sa kanyang maharlikang balabal at masayang pagsayaw sa harapan ng Panginoon. Kitang-kitang nadama niya na ang pag-uugaling ito ay hindi marangal sa kanyang katungkulan bilang hari. Ang sagot ni David ay nagpahayag ng kanyang damdamin na kahit masama para kay Michal ang kanyang mga ginawa, patuloy niyang igagalang ang Panginoon at ang banal na kaban (tingnan sa komentaryo para sa 2 Samuel 6:12–23 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* (p. 289). Gusto niyang ipakita na siya ay *kasama* ng kanyang mga tao, na hindi siya mataas sa kanila.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang itinuturo ng sagot ni David sa reklamo ni Michal tungkol sa pagpipitagan niya sa kaban ng tipan. Bigyan ng ilang minuto ang mga estudyante sa pagmumungkahi ng mga paraan na maipapakita nila ang higit na pagpipitagan sa Panginoon, sa kanyang mga gusali, at sa kanyang mga ordenansa.

**II Samuel 9. Ang pakikitungo natin sa iba—pati na sa itinuturing nating mga kaaway—ay tanda ng ating katapatan sa ating mga tipan sa Panginoon, na tumubos sa atin.** (10–15 minuto)

Ipaisip sa mga estudyante ang pinakamalupit na nagawa sa kanila ng sinuman at kung ano ang nadarama nila tungkol sa taong iyon, at maging sa pamilya ng taong iyon. Itanong sa kanila kung ano ang madarama nila kung aanyayahan nila ang mga ito sa hapunan.

Ipaalala sa mga estudyante ang tinangkang gawin ni Saul kay David. Sa II Samuel 9, nalaman natin na ang isa sa mga apo ni Saul sa kanyang anak na si Jonathan, ay pilay. Sama-samang basahin ng buong klase ang kabanata at hanapin kung ano ang ginawa ni David para kay Mephiboseth. Talakayin ang kabaitan ni David ayon sa payo ng Tagapagligtas sa Mateo 5:38–47 at ang payo ni Alma sa Mosias 18:8–9.

Basahin ang II Samuel 9:7 para tuklasin kung bakit nagpakita ng kabaitan si David kay Mephiboseth. Itanong: Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa pagmamahal ni David kay Jonathan?

# II Samuel 11–24

## Pambungad

Sa II Samuel 1–10 mababasa natin ang tungkol sa pinakamagagandang taon ni Haring David. Gayunman, nakatala sa mga kabanata 11–24 ang trahedyang nangyari sa kanya at kung paano ito nakaapekto sa nagkakaisang Israel. Hindi maiiwasan ang mga epekto ng kasalanang hindi pinagsisihan—kahit ng mga dakilang hari. Nang tangkaing itago ni David ang kanyang pangangalunya sa halip na magsisi, nagbago nang walang hanggan ang landas ng kanyang buhay. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga kabanatang ito, hanapin ang mga epekto ng kasalanan ni David sa kanyang pamilya at sa buong kaharian ng Israel.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang pagpapakontrol ng ating mga desisyon sa masasamang hangarin ay naghihiwalay sa atin sa impluwensya ng Espiritu at maaaring humantong ito sa mas matinding kasalanan at kalungkutan (tingnan sa II Samuel 11:2–17; 12:7–14; 13:1–19; tingnan din sa D at T 42:22–26; 63:16–18).
- Ang kasalanang hindi pinagsisihan ay naghahatid ng kalungkutan at hindi maitatago sa Diyos (tingnan sa II Samuel 11:1–23; 13:1–29).
- Ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo ay hindi lubos na binabayaran ang kasalanang pagpatay—ang sadya at di-makatarungang pagkitil sa buhay ng inosenteng tao (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* PJS, II Samuel 12:13; tingnan din sa I Ni Juan 3:15; D at T 42:18, 79).

- Ang kapakanan ng isang bansa ay apektado ng kabutihan ng mga lider nito (tingnan sa II Samuel 15:1–6; 19:9–10; 20:1–3; 23:1–5).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**II Samuel 11. Ang pagpapakontrol ng ating mga desisyon sa masasamang hangarin ay naghihiwalay sa atin sa impluwensya ng Espiritu at maaaring humantong ito sa mas matinding kasalanan at kalungkutan.** (35–45 minuto)

Basahin ang kuwento tungkol sa switch point na isinalaysay ni Elder Gordon B. Hinckley, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa pambungad para sa II Samuel 11–12 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral. Patandaan sa mga estudyante ang kuwento tungkol sa switch point sa pag-aaral nila ng II Samuel 11.

Gawin ang aktibidad A para sa II Samuel 11–12 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral sa pamamagitan ng pagdodrowing ng tsart sa pisara at paggamit ng mga reperensya sa mga banal na kasulatan sa unang hanay ng tsart at pagtalakay kung ano maisusulat sa dalawa pang hanay. Kung nakumpleto na ng inyong mga estudyante ang aktibidad, ipabahagi sa kanila ang kanilang isinulat. Tingnan sa komentaryo para sa 2 Samuel 11:2 at 11:3–27 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (p. 290) para sa tulong na masagot ang mga tanong ng mga estudyante habang pinag-aaralan ninyo ang kabanatang ito.

Matapos kumpletuhin ang aktibidad, itanong sa mga estudyante kung ano ang mga switch point sa buhay ni David—ang maliliit na desisyong nagbaling sa kanya sa lubos na naiibang direksyon. Ituro kung ilang beses at sa anong mga paraan sana maaaring makabalik si David sa tamang landas at paano niya sana lubos na napagsisihan ang bawat kasalanan bago niya isinugo si Uria para mapatay (tingnan sa komentaryo para sa 2 Samuel 12:13 at sa unang bahagi ng "Points to Ponder" sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, mga pahina 291–92).

Ang sumusunod na aktibidad ay tumutulong na mailarawan ang kahalagahan ng paggawa ng matatalinong pasiya ayon sa mga pamantayang walang hanggan: Sa pisara, magdrowing ng isang mapa na nagpapakita ng daan papunta sa templo o paliparan o istasyon ng tren na magdadala sa isang tao sa templo. Paguhitan sa isang estudyante ang daan sa pisara, ngunit sa bawat sangandaan na kailangang may likuan dapat silang mag-kara-krus. Kung lumabas ang "kara," kakanan sila; kung lumabas ang "krus," kakaliwa sila. Itanong:

- Makakarating ba ang isang tao sa templo sa ganitong paraan?
- Paano ito maihahambing sa paraan ng pamumuhay ng ilang tao?
- Saan natin dapat ibatay ang ating mga desisyon kapag dumarating tayo sa isang switch point sa buhay?
- Ano ang nakaimpluwensya sa mga desisyon ni David?

Ipahambing sa mga estudyante si David kay Jose (tingnan sa Genesis 39:7–12). Itanong sa kanila kung paano naiba ang mga desisyon ni Jose kay David at bakit sa palagay nila napaglabanan ni Jose ang tukso at si David ay hindi.

Isiping hatiin ang klase sa maliliit na grupo at bigyan ng kopya ng polyetong *Para sa Lakas ng mga Kabataan* ang bawat grupo. Pumili ng mga pahina na inaakala ninyong kailangang-kailangang mabasa ng inyong mga estudyante. Hatiin ang mga pahina nang pantay-pantay para magkakaiba ang mga pahinang pag-aaralan ng bawat grupo. Ipatukoy sa kanila ang mga pamantayan na poprotekta sa kanila mula sa mga kasalanang nagawa ni David kapag ipinamuhay nila. Ipabahagi sa klase ang natuklasan ng mga grupo.

Ihambing ang Doktrina at mga Tipan 42:22–26 o 63:16–18 sa Helaman 3:29–30 tungkol sa mga kahihinatnan ng pinagtitiwalaan nating makakatulong upang makabalik tayo sa Ama sa Langit. Hikayatin ang mga estudyante na alamin ang mga switch point na kinakaharap nila bawat araw sa paggawa ng mga pasiyang tutulong sa kanila na manatili sa landas tungo sa buhay na walang hanggan.

**II Samuel 12:1–23; 13:1–29. Ang kasalanang hindi pinagsisihan ay hindi maitatago sa Diyos at laging naghahatid ng kalungkutan.** (25–35 minuto)

Paghandain ang dalawang estudyante na basahin ang paguusap ng propetang si Nathan at ni Haring David sa II Samuel 12:1–14. Matapos silang magtanghal, isulat sa pisara ang sumusunod: *mayamang lalaki, mahirap na lalaki, maraming kawan at bakahan,* at *ang maliit na tupang babae.* Talakayin ang alinman sa sumusunod na mga tanong na inaakala ninyong makakatulong:

- Ano ang kinakatawan ng mga simbolong ito sa talinghaga ni Nathan?
- Paano naging katulad si David ng mayamang lalaki na maraming kawan?
- Sa palagay ninyo, bakit gumamit ng talinghaga si Nathan para ihayag ang kasalanan ni David?
- Alin sa mga kasalanan ni David ang pinakamabigat—pangangalunya o pagpatay? (tingnan sa Alma 39:5; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, PJS, II Samuel 12:13; sa komentaryo para sa 2 Samuel 12:13 at sa unang bahagi ng "Points to Ponder" sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 291–92).

Ituro na mga siyam na buwan na matapos magkasala si David nang puntahan siya ni Nathan (tingnan sa II Samuel 11:26–27). Wala tayong talaan na nagsikap si David na magsisi bago ang panahong iyan.

Idrowing sa pisara ang sumusunod na tsart, na tanging mga reperensya lamang sa mga banal na kasulatan ang nakasulat sa mga hanay sa ilalim ng mga pamagat:

**Natupad ang mga Propesiya ni Propetang Nathan**

| *Mga Bungang Ipinropesiya* | *Katuparan ng mga Propesiya* |
|---|---|
| **II Samuel 12:10** (Hindi hihiwalay ang tabak sa sambahayan ni David.) | **II Samuel 13:26–29; 18:14–15; I Mga Hari 2:25** (Sina Amnon, Absalom, at Adonias, mga anak ni David, ay dumanas ng malulupit na kamatayan.) |
| **II Samuel 12:11** (Babangon ang kasamaan laban kay David mula sa sarili niyang pamilya.) | **II Samuel 15:6–14; 16:11** (Nagrebelde ang anak ni David na si Absalom at hinangad nitong patalsikin sa puwesto ang kanyang ama. Hinangad pa niyang patayin si David.) |
| **II Samuel 12:11–12** (Sisipingan ng iba ang mga asawa ni David sa harapan ng mga tao. Kaugalian noon na ang lalaking kumuha sa asawa ng dating hari ay naging hari.) | **II Samuel 16:21–22** (Hayagang sinipingan ni Absalom ang sampu sa mga asawa ng kanyang ama.) |
| **II Samuel 12:12** (Kahit lihim na nagkasala si David, ipapaalam sa buong Israel ang mga parusa ng Panginoon.) | **II Samuel 16:21–22** (Hayagang kinuha ni Absalom ang mga babae ni David.) |
| **II Samuel 12:14** (Mamamatay ang batang isisilang mula sa pakikiapid niya kay Bath-sheba.) | **II Samuel 12:15–18** (Kahit pitong araw na nag-ayuno at nanalangin si David, namatay pa rin ang bata.) |

Hatiin ang klase sa dalawang grupo at atasan ang isang grupo na basahin ang mga reperensya sa mga banal na kasulatan sa hanay ng "Mga Bungang Ipinropesiya" at hanapin at ilista sa pisara kung ano ang ipinropesiya ni Nathan na magiging mga bunga ng mga kasalanan ni David. Ipasaliksik sa isa pang grupo ang mga reperensya sa mga banal na kasulatan sa hanay ng "Katuparan ng mga Propesiya" at ilista kung paano natupad ang mga propesiya ni Nathan. Talakayin ang trahedya ng mga bungang iyon at kung paano sana naiwasan ang mga ito.

Habang tinatalakay ang naging mga bunga ng mga kasalanan ni David, maaari ninyong basahin ang salaysay tungkol kina Amnon at Thamar na matatagpuan sa II Samuel 13:1–29. Mahalagang pansinin na binalak ni Amnon at ng isa nitong kaibigan kung paano bigyang-kasiyahan ang kanyang pagnanasa at pagkatapos ay kinamuhian ang kanyang kapatid na babae at pinalayas ito. Ipabasa sa mga estudyante ang II Samuel 13:15–20, 23–29 at itanong:

- Ano ang ginawa ni Thamar matapos siyang pagsamantalahan?
- Ano ang nangyari kay Amnon?
- Paano rin maituturing ang mga ito na mga bunga ng kasalanan ni David? (tingnan sa komentaryo para sa 2 Samuel 13:1–14 at 13:15–22 sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 295).

Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 132:39 para malaman ang walang hanggang mga bunga ng mga kasalanan ni David. Sabihin sa kanila na ang Mga Awit 51 ay isinulat matapos makipagkita si David kay Nathan. Basahin ang awit na iyon sa inyong mga estudyante at talakayin kung ano ang nadama ni David matapos ang pagkikitang iyon. Talakayin kung bakit hinihintay pa ng ilang tao na mahuli sila sa kanilang kasalanan bago sila magsisi.

Basahin ang pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson sa bahaging "Pag-unawa sa mga Banal na Kasulatan" para sa II Samuel 13–14 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral. Maaaring angkop ang oras na ito para magpatotoo tungkol sa paggaan ng pasanin at payapang pakiramdam na kaakibat ng pagsisisi.

**I Samuel 16–II Samuel 24. Naaapektuhan ng ating mga desisyon ang ating kinabukasan.** (25–30 minuto)

Tumanggap ng lakas si David mula sa Diyos na nakatulong sa kanya na madaig ang marami sa mga balakid sa kanyang buhay. Gayunman, "ang pakikiapid [niya] kay Bath-sheba ay sinundan ng sunud-sunod na kamalasan na puminsala sa nalalabing 20 taon ng kanyang buhay" *(Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "David," 42–43).

Isulat sa pisara ang sumusunod na mga pamagat at kalakip na mga reperensya sa mga banal na kasulatan, na iniiwang nakapanaklong ang mga buod. Ipabasa sa kalahati ng mga estudyante ang mga banal na kasulatan ng unang grupo at magpahanap ng katibayan kung paano sumunod at umasa si David sa Diyos. Ipabasa sa iba pang mga estudyante ang mga banal na kasulatan ng pangalawang grupo at ipahanap ang mga kasawiang kasunod ng mga pagkakamali ni David. Sabihin sa dalawang grupo na magpapunta ng mga estudyante sa pisara at ipasulat ang maikling buod ng kanilang mga natuklasan.

1. **Kabataan ni David**
   - I Samuel 17:45–49 (Pinatay niya si Goliath, sa tulong ng Diyos.)
   - I Samuel 24:3–7 (Ayaw niyang saktan si Saul, sa kabila ng pagtatangka ni Saul na patayin siya.)
   - II Samuel 5:19, 25 (Nagsumamo at sumunod siya sa Panginoon.)
   - II Samuel 8:6, 15 (Pinrotektahan siya ng Panginoon; nagpasiya siya nang buong talino.)
   - II Samuel 9:1–3, 7, 13 (Inalagaan niya ang pilay na si Mephiboseth.)
2. **Pagtanda ni David**
   - II Samuel 13:1–2, 10–14, 27–29 (ginahasa ni Amnon ang kanyang kapatid sa ama na si Thamar.)

- II Samuel 15:1–6, 12 (Inudyukan ni Absalom ang mga tao na magrebelde laban kay David.)
- II Samuel 16:11 (Hinangad ni Absalom na patayin si David.)
- II Samuel 18:9–10, 14, 33 (Pinatay si Absalom.)
- II Samuel 20:1–2 (Nag-alsa ang mga lipi ni Israel laban kay David.)

Kung hindi pa ninyo napag-aralan sa klase ang mga kabanatang ito, mangangailangan ng tulong ang inyong mga estudyante tungkol sa sitwasyon para maunawaan ang maiikling salaysay na ito tungkol kay David, lalo na yaong tungkol sa buhay ni David noong matanda na ito. Ibigay sa mga estudyante ang sumusunod na impormasyon para matulungan sila:

- Si Mephiboseth ay anak ni Jonathan, na nangako si David na aalagaan (tingnan sa I Samuel 20:14–16).
- Sina Thamar at Absalom ay mga anak ni David kay Maacha (tingnan sa II Samuel 3:3; 13:1).
- Si Amnon ay panganay na lalaki ni David kay Ahinoam (tingnan sa II Samuel 3:2).

Maaari din ninyong pasangguniin ang mga estudyante sa pamuhatan ng mga kabanata sa kanilang Biblia o ibigay ang impormasyon mula sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* na naugnay sa mga reperensya sa mga banal na kasulatan. Ipahambing sa mga estudyante ang buhay ni David bago at matapos silang magkasala ni Bath-sheba sa pamamagitan ng pagbasa sa 1 Nephi 8:24–28 at talakayin kung ano ang kinalaman nito sa buhay ni David.

Ipalista sa mga estudyante ang ilang dahilan kung bakit ang isang tao na minsang nagkaroon ng matatag na patotoo ay lumilihis sa landas ng ebanghelyo. (Huwag talakayin ang mga partikular na ginawa at pangalan ng mga tao.) Itanong kung paano inilalayo nang husto ng isang taong may napakaraming biyaya ang kanyang sarili sa Panginoon.

Talakayin ang kaligayahang nagmumula sa pananatiling dalisay at malinis. Magpatotoo na yaong mga lumihis sa landas ng Panginoon ay maaaring magsisi at magalak sa kapatawaran. Ibahagi ang sumusunod na pangako at tagubilin tungkol sa pagsisisi mula kay Elder Richard G. Scott, miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Gagawin ni Lucifer ang lahat ng kaya niya para mapanatili kayong bihag niya. Pamilyar na kayo sa estratehiya niya. Bulong niya: 'Walang makakaalam. 'Isang beses na lang.' 'Hindi ka maaaring magbago; tinangka mo na noon pero nabigo ka.' 'Huli na ang lahat; sobra-sobra na ang ginawa mo.' Huwag ninyong hayaang sirain niya ang loob ninyo.
>
> "Kapag tinahak ninyo ang landas na pataas, ang mas mahirap na landas ng Tagapagligtas, may mga gantimpala habang daan. Kapag gumawa kayo ng tama, kapag napaglabanan ninyo ang tukso, kapag nakamtan ninyo ang isang mithiin, gaganda ang pakiramdam ninyo tungkol dito. Ibang-iba ang pakiramdam na iyon kaysa kapag lumabag kayo sa mga utos—talagang ibang-iba ang pakiramdam. Naghahatid ito ng kapayapaan at aliw at nagbibigay ng lakas ng loob na magpatuloy.
>
> "Kapag nanalangin kayo na tulungan kayo, maglalagay ang Panginoon sa inyong landas ng mga lider ng priesthood na magpapayo at mga kaibigang susuporta kung tutulutan ninyo sila. Ngunit tandaan, makakatulong lang sila kung susundin ninyo ang mga tuntuning itinakda ni Cristo para sa paglalakbay. Anumang tumatagal na pag-unlad ay dapat magmula sa sarili ninyong determinasyong magbago (tingnan sa Mosias 3:17–20)" (sa Conference Report, Abr. 1990, 95–96; o *Ensign*, Mayo 1990, 74).

# ANG UNANG AKLAT NG MGA HARI

Sa teksto ng Hebreo, ang I at II Mga Hari ay isang aklat na tinatawag na *Mga Hari.* Ang paghahati ng aklat na ito sa dalawang aklat ay unang ginawa sa Septuagint (ang pagsasalin ng Lumang Tipan sa Griyego) at sinundan sa pinakahuling mga bersyon ng Biblia. Ang dalawang aklat na ito ay karugtong ng I at II Samuel (makikita sa mga subtitle na ang mga ito ay "karaniwang tinatawag" na ikatlo at ikaapat na aklat ng Mga Hari) at naglalaman ng kasaysayan ng mga hari ng Israel mula sa pagmiministeryo ni Samuel (mga 1095 b.c.) hanggang sa pagkabihag sa Babilonia (mga 587 b.c.). Sinuman ang sumulat ng Mga Hari ay tinipon ang kasaysayan mula sa mga talaang hindi na makita, tulad ng "aklat ng mga gawa ni Solomon" (I Mga Hari 11:41) at ng aklat ng mga cronica ng mga hari ng Israel at Juda (tingnan sa I Mga Hari 14:19, 29; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Mga Hari," p. 156–57).

Nasa unang kalahati ng I Mga Hari ang kuwento tungkol kay Solomon—una bilang lider ng Israel sa panahon ng walang-katulad na tagumpay at kalaunan ay bilang isang lider na bumagsak ang espirituwalidad na nag-akay sa kanyang mga tao sa landas ding iyon. Sa pagtatapos ng paghahari ni Solomon, bumagsak sa temporal at espirituwal ang Israel na nauwi sa paghahati ng kanyang kaharian sa loob ng isang taon pagkamatay niya. Habang nagbabasa kayo, tukuyin at isipin ang mga dahilan ng kalunus-lunos na pagbagsak ni Solomon at ng Israel.

Ikinuwento sa huling kalahati ng I Mga Hari ang nahating kaharian ng Israel. Inilalahad dito ang ilang kasaysayan ng pulitika ngunit mas maituturing itong kasaysayan kung paano tinupad ng mga lider sa pulitika ang mga tipan ng Diyos sa Israel. Ang pangunahing tuon ay nasa mga haring iyon na pinakatanyag sa pagtupad o hindi pagtupad sa mga tipan at sa mga propetang nangaral sa kanila. May mga aral tayong matututuhan kapwa sa mabubuti at sa masasamang halimbawa sa I Mga Hari.

## I Mga Hari 1–10

### Pambungad

Inilarawan sa unang sampung kabanata ng I Mga Hari kung paano nakinabang si Solomon, anak ni David, sa mga tagumpay ng kanyang ama sa digmaan. Namana niya ang kapayapaan, kaunlaran, at seguridad at ipinagpatuloy ang matatawag na "Ginintuang Panahon" ng Israel. Bilang isang tao, pinangakuan at tumanggap si Solomon ng karunungan, yaman, karangalan, at mahabang buhay. Ang mga lalaki at babae mula sa lahat ng antas ng lipunan at sa maraming bansa ay naghangad ng karunungan mula sa kanya.

Maaaring ituring na pinakadakilang nagawa ni Solomon ang pagtatayo at paglalaan ng isang templo ng Diyos. Mga 200,000 kalalakihan at pitong taon ang kinailangan para matapos ito. Kagila-gilalas ang mga nakita sa paglalaang ito.

Kalaunan ay tinalikuran ni Solomon ang Panginoon. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga kabanatang ito, alamin kung bakit matagumpay siya noong kabataan niya—kapwa sa espirituwal at sa temporal. Ihambing ang mga ito sa mga taon ng kanyang katandaan at sa mga ginawa niya na humantong sa kanyang pagbagsak at pagbagsak ng kanyang mga tao.

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga tawag na maglingkod sa kaharian ng Diyos ay dumarating sa pamamagitan ng inspirasyong natatanggap ng mga may wastong awtoridad (tingnan sa I Mga Hari 1:5–10, 28–31).
- Nasisiyahan ang Panginoon kapag masigasig nating hinahangad ang kabutihan at pagpapalain tayo dahil dito (tingnan sa I Mga Hari 2:1–4; 3:5–15; 4:29–30; 10:14–23; tingnan din sa Alma 29:4).
- Iniutos ng Panginoon sa kanyang mga tao na magtayo ng mga templo dahil mahalaga ang mga ito sa dakilang plano ng kaligayahan at dito ibinubuhos ng Diyos ang mga pagpapala niya sa kanyang mga tao (tingnan sa I Mga Hari 5; 6:14–38; 7:13–51; D at T 132:19–20).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**I Mga Hari 3. Tumatanggap tayo alinsunod sa ating mga hangarin, mabuti man ang mga ito o masama. Dapat nating iayon ang ating mga hangarin sa kalooban ng Panginoon.** (25–35 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang hihilingin ninyo kung pumunta sa inyo ang Panginoon o ang kanyang sugo at sabihin sa inyo na maaari ninyong makamtan ang anumang gusto ninyo? Bakit?
- Basahin ang I Mga Hari 3:3–5. Sino ang tumanggap ng gayong alok?
- Sino ang nag-alok niyon kay Solomon?
- Basahin ang I Mga Hari 3:6–9. Ano ang hiningi ni Solomon sa Panginoon?

Isulat sa pisara ang *maunawaing puso* o *karunungan* at talakayin kung ano ang hiningi ni Solomon. Ipatukoy sa mga estudyante ang mga salita at katagang nagpapakita ng pag-uugali ni Solomon noon. Ihambing ang pagtatapat niya na isa siyang "munting bata" sa Mateo 18:1–5; Mosias 3:19; o 3 Nephi 11:37–38. Ipabasa sa kanila ang I Mga Hari 3:10–14 at itanong sa kanila kung bakit nasiyahan ang Panginoon sa hiling ni Solomon.

Sabihin sa mga estudyante na isipin kung paano maihahambing ang hiling ni Solomon sa hihilingin nila. Itanong:

- Ano sa palagay ninyo ang madarama ng Panginoon tungkol sa sarili ninyong kahilingan?
- Maliban sa karunungan, ano pa ang ibinigay ng Panginoon kay Solomon?

Isulat sa pisara ang *yaman, karangalan,* at *mahabang buhay, kung masunurin*. Kung may oras kayo, basahin at talakayin ang kilalang-kilalang halimbawa ng karunungan ni Solomon na bigay ng Diyos sa I Mga Hari 3:16–28.

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Neal A. Maxwell:

> "Ang pilit nating hinahangad, sa paglipas ng panahon, ang siyang kauuwian at tatanggapin natin sa kawalang-hanggan. 'Sapagkat ako [sabi ng Panginoon] ay hahatulan ang lahat ng tao alinsunod sa kanilang mga gawa, alinsunod sa pagnanais ng kanilang mga puso' (D at T 137:9; tingnan din sa Jeremias 17:10)" (sa Conference Report, Okt. 1996, 26; o *Ensign,* Nob. 1996, 21).

Basahin ang Alma 29:4–5 sa mga estudyante at itanong:

- Ano ang pangako ng Panginoon sa lahat ng may mabubuting hangarin?
- Ano ang mga isinumpa niyang gawin kung hindi mabuti ang ating mga hangarin?
- Ibig sabihin ba ng pagpupunyaging matamo ang ilang di-gaanong mabuting hangarin ay wala na tayong pag-asa at hindi na maaaring maging mabuti kailanman? (tingnan sa Eter 12:27).
- Bakit hindi natin laging natatanggap ang hinihiling natin kahit maraming beses nang sinabi ng Panginoon sa mga banal na kasulatan na "humingi, at kayo ay makatatanggap"? (tingnan sa Helaman 10:4–5; 3 Nephi 18:20; Mormon 9:27–28; D at T 8:10; 50:29; 88:64–65; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "panalangin," sa huling tatlong talata, mga pahina 202–3).

**I Mga Hari 6–9. Ang templo ay bahay ng Diyos at mahalaga sa plano ng kaligayahan.** (20–30 minuto)

Magpakita sa mga estudyante ng larawan ng isang templo at itanong kung bakit napakahalaga ng mga templo sa plano ng kaligayahan. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter:

> "Lahat ng pagsisikap nating ipahayag ang ebanghelyo, gawing sakdal ang mga Banal, at tubusin ang mga patay ay humahantong sa banal na templo. Ito ay dahil sa ang mga ordenansa sa templo ay tunay na mahalaga; hindi tayo makababalik sa kinaroroonan ng Diyos nang wala ang mga ito. Hinihikayat ko ang lahat na maging marapat na dumalo sa templo o sikaping dumating ang araw na makapasok kayo sa banal na bahay na iyan para tanggapin ang inyong mga ordenansa at tipan" (sa Conference Report, Okt. 1994, 118; o *Ensign,* Nob. 1994, 88).

Repasuhin ang I Mga Hari 6 at II Mga Cronica 2–4 sa inyong mga estudyante at talakayin ang halagang inabot at pagsisikap na ibinigay sa pagtatayo ng Templo ni Solomon. Itanong: Bakit nagsumikap at gumastos nang gayon kalaki sina David at Solomon—at bakit ginagawa rin ito ng Simbahan ngayon—para makapagtayo ng magandang gusali para sa bahay ng Panginoon?

Isulat sa pisara ang *Bahay ng Panginoon*. Ipaisip sa mga estudyante ang tanong na ito at pagbigayin sila pagkatapos ng makabuluhang sagot sa tanong na: Ano ang ipinahihiwatig ng mga katagang "bahay ng Panginoon"? Ipabasa sa kanila ang Exodo 25:8; I Mga Hari 6:11–13; Doktrina at mga Tipan 124:25–27. Itanong: Batid na ang mga templo ay mga bahay ng Panginoon, anong pag-uugali ang dapat nating ipakita sa mga ito?

Ibahagi ang sumusunod na dalawang konsiderasyon kapag tinalakay ninyo ang mga templo bilang mga bahay ng Panginoon:

1. **Ang mga templo ay inilalaan sa Panginoon.** Ipabasa sa mga estudyante ang I Mga Hari 8:1, 10–14 at ipaulat kung ano ang nangyari sa araw na inilaan ang templo na nagpakita na talagang ito ay bahay ng Panginoon. Itanong: Ano ang nangyari sa I Mga Hari 9:1–3 na nagpakita rin na tinanggap ng Panginoon ang templo? Maaari ninyong ihambing ang paglalaan ng Templo ni Solomon sa paglalaan ng Kirtland Temple (tingnan sa D at T 110). Kung may mga estudyanteng nakadalo na sa isang paglalaan ng templo, ipabahagi sa klase ang kanilang karanasan.
2. **Wala dapat maruming bagay na makapasok sa templo matapos itong ilaan.** Itanong sa mga estudyante: Sa gayon kadakilang mga espirituwal na karanasang nauugnay sa templo, bakit hindi maaaring pumunta ang lahat sa templo at makibahagi sa Espiritu? Bakit kailangan ang temple recommend? (tingnan sa 1 Nephi 15:34; D at T 97:15–17). May kaugnayan ito sa dahilan ng paglalaan natin ng mga templo. Ituro na matapos ilaan ang templo, binigyan ni Solomon at ng Panginoon ng partikular na payo ang mga tao para malaman nila na ang templo ay hindi katiyakan na palaging mapapasakanila ang lahat ng pagpapala. Ipabasa sa mga estudyante ang I Mga Hari 8:55–61 at 9:3–9 at ipalista ang ibinigay na payo sa mga tao tungkol sa templo. Itanong: Paano ito umaangkop sa pagtanggap ng mga pagpapala ng templo ngayon? Halimbawa, kailan dumarating sa atin ang mga pagpapala ng endowment? O ang mga pagpapala ng pagpapakasal

sa templo? (Hindi lamang kapag tinatanggap natin ang mga ito, kundi kapag namumuhay tayo ayon sa mga tipang ginawa natin sa oras na iyon.)

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 97:12–16 at magpatotoo tungkol sa mga templo ngayon bilang mga bahay ng Panginoon.

# I Mga Hari 11–16

## Pambungad

Si Haring Solomon, gaya nina Saul at David na nauna sa kanya, ay naghari na may pangako ng kadakilaan (tingnan sa pambungad sa 1 Kings 1–11 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 1). Gayunman, katulad din nina Saul at David, tinalikuran ni Solomon ang Panginoon sa mga huling panahon ng kanyang buhay. Ang pag-apostasiya ni Solomon ay inihantong ang buong Israel na magkasala at mawalan ng proteksyon ng Panginoon.

Pagkamatay ni Solomon, nahati ang nagkakaisang kaharian ng Israel at hindi na muling naabot ang antas ng kabantugan at kapangyarihang tinamasa sa pamumuno nina David at Solomon. Habang pinag-aaralan ninyo ang mga kabanata 11–16 hanapin ang mga maling pasiyang ginawa ni Solomon na naglayo sa kanya sa Panginoon. Pansinin din kung paano naapektuhan ng mga kasalanan ng hari ang mga tao at ang bansa.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Anuman ang ating mga katungkulan, talento, at pagpapala, kung hindi tayo mapakumbabang aasa sa Panginoon maaari tayong mabigo (tingnan sa I Mga Hari 11:6–26; tingnan din sa 2 Nephi 32:9; D at T 3:4).
- Dapat natin piliin ang mga taong matwid na maging mga lider natin dahil maaaring maakay ng masasamang lider ang kanilang mga tao na magkasala (tingnan sa I Mga Hari 12:6–14, 25–33; 18:1–18; 22:1–29; tingnan din sa D at T 98:9–10).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**I Mga Hari 11. Sinimulan nina Saul, David, at Solomon ang kanilang paghahari nang may pagpapakumbaba, matinding talino at potensyal, ngunit bawat isa ay tinalikuran ang Panginoon at hindi naabot ang kanilang potensyal.** (25–35 minuto)

*Paunawa:* May pangalawang lingguhang mungkahi sa pagtuturo, para sa I Mga Hari 17–19. Maaaring gamitin ang mga ito nang sabay o magkahiwalay.

Talakayin ang isang pangyayaring maaaring alam ng inyong mga estudyante kung kailan lahat ay tila maganda ang takbo sa simula ngunit lumabas na maling lahat sa huli, tulad ng atletang mananalo sana ngunit sa kung anong dahilan ay natalo. Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang pakiramdam ninyo sa nangyari?
- Lahat ba ng pangyayari sa buhay natin ay masama ang kinalalabasan?
- Basahin ang 2 Nephi 2:27. Ano ang itinuturo nito tungkol sa pagkontrol natin sa kahihinatnan ng mga pangyayari sa ating buhay?

Ipaisip sa mga estudyante ang mga pagbabagong naganap sa buhay nina Saul at David. Itanong:

- Anong klase ng lalaki ang mga ito nang matawag silang hari? (tingnan sa I Samuel 9:2; I Samuel 16:7, 12–13; I Mga Hari 3:3–10).
- Paano sila nagbago sa bandang huli ng kanilang paghahari? (tingnan sa I Samuel 15:22–26; II Samuel 12:7–12).

Sabihin sa mga estudyante na gayon din ang nangyari kay Solomon na anak ni David. Basahin ang Deuteronomio 17:14–20 sa kanila at ipalista sa kanila ang mga babala ni Moises sa susunod na hari ng Israel. Ipabasa sa kanila ang I Mga Hari 10:14, 26–27; 11:3, na hinahanap kung paano binalewala ni Solomon ang mga babala ni Moises. Talakayin kung paano sana naiwasan ni Solomon ang kanyang mga kasalanan.

Basahin ang I Mga Hari 11:1–10 sa mga estudyante at talakayin kung bakit nag-asawa ng mga dayuhang babae si Solomon sa labas ng tipan at kung anong mabigat na kasalanan ang naging bunga ng mga pag-aasawang iyon. Itanong: Ano ang mga kalunus-lunos na bunga ng apostasiya ni Solomon? (tingnan sa I Mga Hari 11:14–43).

Ipagunita sa mga estudyante kung ano ang sinabi ng Panginoon sa mga Israelita nang una silang humiling ng hari (tingnan sa I Samuel 8). Matapos malaman ang tungkol sa tatlong masasamang hari, ipawari sa mga estudyante na sila ang may-akda ng I Mga Hari at ipasulat ang mga katagang “at sa gayon nakikita natin” na ibinubuod ang itinuturo ng karanasan ng mga hari ng Israel. Ipabahagi sa mga estudyante ang kanilang isinulat, at talakayin ang natutuhan nila mula sa mga pagkakamali nina Saul, David, at Solomon.

**I Mga Hari 12. Ang mga simpleng desisyon ay maaaring magkaroon ng malulubhang bunga, maging sa mga darating na henerasyon.** (20–30 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na pahayag: *Ang buhay natin ay madalas maapektuhan ng maliliit na pangyayari, katulad ng kasaysayan ng mga bansa.* Kung maaari, magpakita ng bisagra sa mga estudyante at ipaliwanag kung paano bumubukas nang husto ang pintuan kapag gumalaw ito nang bahagya. Ipapaliwanag sa kanila kung paano naging totoo ang pahayag na nasa pisara at magpabigay sa kanila ng mga halimbawa kung

paano lubhang naaapektuhan ng isang maliliit na desisyon ang hinaharap. Itanong:

- Anong mga desisyon ang nagpabago sa buhay ninyo o sa buhay ng iba?
- Paano naapektuhan ng mga desisyong iyon ang iba?

Ipatuklas sa mga estudyante ang ilang "bisagra" na nagpabago sa takbo ng kasaysayan ng Israel sa pamamagitan ng pagaaral tungkol sa mga desisyon nina Roboam at Jeroboam at pagtalakay sa mga pasiyang dapat sana ay ginawa nila.

- **Roboam:** Basahin ang I Mga Hari 12:1–24 at 14:21–31 at tukuyin ang mga desisyong ginawa ni Roboam. Ipahambing sa mga estudyante ang kanyang mga desisyon sa paraan ng pag-uutos ng Panginoon sa mga lider na kumilos sa I Mga Hari 12:7; Mateo 20:25–27; Doktrina at mga Tipan 50:26; 121:39. Itanong: Ano ang mga resulta ng mga desisyon ni Roboam?
- **Jeroboam:** Basahin ang I Mga Hari 11:26–40 at 12:25–33; 14:1–20 at tukuyin ang mga desisyong ginawa ni Jeroboam. Itanong: Ano ang idinahilan ni Jeroboam sa pagbabaling sa Israel sa pagsamba sa mga diyus-diyusan? (tingnan sa I Mga Hari 12:28). Ihambing ang kanyang katwiran sa tendensiya nating balewalain ang mga utos na mukhang mahirap. Itanong sa mga estudyante kung ano ang mga panganib ng gayong mga pangangatwiran. Repasuhin ang I Mga Hari 13; II Mga Cronica 11:13–17; at I Mga Hari 19:10 at itanong kung ano ang mga resulta ng mga desisyon ni Jeroboam.

Ipaunawa sa mga estudyante ang matagalang mga epekto ng mga desisyon nina Roboam at Jeroboam sa paggawa ng mga sumusunod:

- Tingnan ang mapa 3 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Ang mga Kaharian ng Israel at Juda," at tukuyin ang hangganang naghati sa Juda at Israel.
- Basahin ang I Mga Hari 15:25–26; 16:2, 25–26, 30–31; 22:51–52; II Mga Hari 3:1–3; 10:29–31; 13:6, 11; 14:24; 15:9, 18, 24, 28 at humanap ng isang pangkalahatang konsepto. Itanong: Ano ang itinuturo ng konseptong "paglakad sa lakad ni Jeroboam" tungkol sa matagalang mga epekto ng mga desisyon ng isang tao?
- Ipaliwanag kung paano nabihag ng Babilonia at Asiria ang Israel at Juda dahil sa kanilang kasamaan (tingnan sa enrichment sections D at G sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 113–16, 231–33).

Hikayatin ang mga estudyante na isipin ang mga bunga ng mga desisyon nina Roboam at Jeroboam at pag-isipan ang mga kinahinatnan ng sarili nilang tila maliliit na pasiya.

# I Mga Hari 17–22

## Pambungad

Ang propetang si Elijah ay ipinakilala sa I Mga Hari 17–22. Ibinangon niya ang patay, pinababa ang apoy mula sa langit, pinatigil ang ulan sa kalangitan, ginawang hindi nauubusan ng harina ang gusi, at kinuha siya mula sa lupa sakay ng isang karong apoy. Dahil sa mga ginawa niya noong nabubuhay siya naging isa siya sa mga pinadakilang bayani sa kasaysayan ng Israel, at sa paraan ng pagkuha sa kanya mula sa lupa, kasabay ng propesiya sa Malakias 4:5–6, naisip ng mga sambahayang Judio na magtakda ng isang lugar para sa kanya tuwing pista ng Paskua sa pag-asam sa kanyang pagbalik. Lingid sa kaalaman ng halos buong mundo, nagbalik si Elijah noong 1836, sa araw ng Paskua, bilang katuparan ng propesiya ni Malakias (tingnan sa D at T 110:13–16).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Mga dakilang himala ang nagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagsampalataya kay Jesucristo (tingnan sa I Mga Hari 17:1–22; 18:31–39).
- Mas makapangyarihan ang Diyos kaysa kay Satanas at sa mga kampon nito (tingnan sa I Mga Hari 18:19–39; tingnan din sa Juan 17:3).
- Ang isang paraan ng pagsasalita sa atin ng Diyos ay sa "marahang bulong na tinig" (tingnan sa I Mga Hari 19:11–12; tingnan din sa 1 Nephi 17:45).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**I Mga Hari 17–19. Mga dakilang himala ang nagawa sa pamamagitan ng kapangyarihan ng pagsampalataya kay Jesucristo.** (40–50 minuto)

Kantahin ng buong klase ang "Ang Katapangan ni Nephi" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* p. 64) o isang angkop na himnong nagtuturo ng kapangyarihan ng tapat na pagsunod. Basahin ang 1 Nephi 3:7 at talakayin kung paano ito naging dakilang pagpapahayag ng pananampalataya.

Sabihin sa mga estudyante na may nakasaad sa I Mga Hari 17 tungkol sa dalawang tao na "hahayo at gagawin" ang ipinaguutos ng Panginoon at tungkol sa mga pagpapalang dumating sa kanila dahil sa kanilang pananampalataya. Ipasaliksik sa kanila ang I Mga Hari 17 para sa mga katagang "yumaon at ginawa" (mga talata 5, 15), "bumangon at naparoon" (t. 10), at "yumaon at gawin" (t. 13). Imungkahi na salungguhitan nila

ang mga katagang ito at isulat ang cross-reference na 1 Nephi 3:7 sa gilid ng pahina ng kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng bawat grupo ng mga kataga.

Basahin at talakayin ang tatlong mas maiikling kuwento sa I Mga Hari 17 mula sa mga talata 1–7, 8–16, at 17–24. Itanong sa mga estudyante kung sino ang nagpamalas ng pananampalataya sa bawat kuwento at ano ang *hindi alam* ng mga ito nang humayo sila at sumunod sa utos ng Panginoon. Isipin na ang nangyari sa ikatlong kuwento ay batay sa pananampalatayang ipinakita sa ikalawang kuwento. Ituro na maaaring hindi natin alam kung anong mga dakilang pagpapala ang nawawala sa atin kapag hindi tayo handang kumilos nang may pananampalataya.

Ang lakas at kapangyarihang nagmumula sa pananampalataya ay ipinamalas sa I Mga Hari 18. Isiping gumawa ng teatro ng mambabasa, at mag-atas ng mga estudyanteng babasa sa mga bahagi ng tagapagsalaysay, nina Achab, Abdias, Elias, ng mga saserdote ni Baal, ng mga tao, at ng lingkod ni Elias.

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang matututuhan natin tungkol sa pananampalataya mula sa iba't ibang tao at halimbawa sa kabanatang ito?
- Ano ang inihahayag ng tanong ni Achab sa talata 17 tungkol sa kanyang pananampalataya?
- Ano ang hinangaan ninyo tungkol sa pananampalatayang ipinakita ni Elias sa Bundok ng Carmelo?
- Paano tumugon ang mga tao sa mahimalang mga pangyayaring ito?
- Basahin ang I Mga Hari 19:1–3. Paano tumugon si Jezabel?

Ipaunawa sa mga estudyante na ang marahan at banayad na tinig ng Espiritu ay naghahatid at nagpapalakas ng patotoo at dumarating lamang sa mga mapagpakumbaba at masunurin.

**I Mga Hari 18. Ang Diyos ay mas makapangyarihan kaysa kay Satanas at sa mga kampon nito.** (20–30 minuto)

Magpakita ng isang timbang tubig, isang pirasong kahoy, at malaking bato sa mga estudyante. Itanong sa kanila kung anong kuwento sa Lumang Tipan ang may tatlong bagay na iyon. Bilang pahiwatig, sabihin sa kanila na ang mga bagay ay pawang "nangatupok."

Basahin ng buong klase ang kuwento tungkol kay Elias at sa mga propeta ni Baal sa I Mga Hari 18:17–40. Itanong:

- Sa talata 17, bakit sinabi ni Achab na binabagabag ni Elias ang Israel tungkol sa tagtuyot? (tingnan sa I Mga Hari 17:1).
- Sino ang sinabi ni Elias na talagang responsable sa tagtuyot? Bakit? (tingnan sa I Mga Hari 18:18).

Talakayin ang dakilang kapangyarihang ipinagkaloob ng Diyos kay Elias na sarhan ang kalangitan para hindi umulan. Tinanggap ni Elias ang kapangyarihang ito mula sa Diyos dahil sa kanyang pananampalataya kay Jesucristo at sa kanyang kabutihan. Inilahad sa Helaman 10–11 kung paano tinanggap ni Nephi ang kapangyarihang magbuklod at kung ano ang kapangyarihang iyan. Ihambing ang mga katangiang pinuri ng Panginoon kay Nephi sa mga katangian ni Elias. Ipaunawa sa mga estudyante na taglay ng ating propeta ngayon ang kapangyarihang magbuklod na iyon tulad ni Elijah (tingnan sa D at T 110:13–16; 132:7).

Itanong sa mga estudyante:

- Sa I Mga Hari 18:21, ano ang ibig sabihin ni Elias nang sabihin niyang nahahati sa dalawang opinyon ang Israel?
- Ano ang dalawang opinyong iyon?
- Ano ang dalawang opinyon na dapat nating pagpilian ngayon?
- Paano maihahambing ang mga ito kay Elias at sa mga propeta ni Baal: Aling panig ang mas marami? Aling panig ang may kapangyarihang magligtas? Aling panig ang mayabang, ngunit walang kapangyarihang magligtas?
- Sa palagay ninyo, bakit gustong palahukin ni Elias ang mga saserdoteng palasamba sa mga diyus-diyusan sa kanyang iminungkahing hamon (tingnan sa mga talata 19, 22)?
- Bakit iminungkahi ni Elias na magpahulog ng apoy mula sa kalangitan bilang pagsubok sa tunay na Diyos (tingnan sa mga talata 23–24)? (tingnan sa komentaryo para sa 1 Kings 18:22–24 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 60).
- Sa palagay ninyo, bakit mga propeta ni Baal ang unang pinasubok ni Elias?
- Gaano katagal sinubukang pasagutin ng mga propeta ni Baal ang kanilang diyos? (tingnan sa mga talata 26–29).
- Sa palagay ninyo, bakit naglagay ng tubig si Elias sa kanyang altar (tingnan sa mga talata 33–35)?
- Sa palagay ninyo, bakit sinagot ng Panginoon si Elias nang may kahanga-hangang pagpapakita ng kanyang kapangyarihan (tingnan sa mga talata 36–39)?
- Ano ang matututuhan natin dito tungkol sa pagsunod sa mga makabagong propeta?
- Paano naging katulad ni Elias ang propeta natin ngayon? (Taglay niya ang gayon ding kapangyarihang magbuklod at susuportahan ng Panginoon ang sinasabi niya—kahit kalabanin pa siya ng karamihan sa mundo.)

Maaari kayong magdagdag ng pangalawang saksi para suportahan ang pagsunod sa mga tunay na propeta sa pagbasa at pagtalakay sa kuwento tungkol kina Josaphat, Achab, at ang propetang si Micheas sa 1 Kings 22 (tingnan sa mga komentaryo para sa 1 Kings 22 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 63).

**I Mga Hari 19. Dapat nating pakinggan at sundin ang mga bulong ng Espiritu.** (20–25 minuto)

Ipabuod sa isang estudyante ang nangyari sa I Mga Hari 18. Itanong sa mga estudyante:

- Paano kaya kayo tutugon kung gawin ng ating propeta ang isang bagay na katulad niyon?

- Palagay ba ninyo magiging epektibong kasangkapan iyon ng misyonero?
- Basahin ang I Mga Hari 19:1–10. Ayon sa sinabi ni Elias sa Panginoon, marami bang nagbalik-loob dahil sa nangyari sa Bundok ng Carmelo?
- Sa palagay ninyo, bakit hindi tunay na nagbalik-loob ang mga tao?
- Paano nagaganap ang tunay na pagbabalik-loob?

Talakayin kung paano naging pinakamahalagang elemento ang Espiritu sa pagtatamo at pagpapalakas ng patotoo. Ipabasa sa mga estudyante ang I Mga Hari 19:11–13 at sabihin sa kanila na ang "marahang bulong na tinig" ay paramdam ng Espiritu Santo. Ipinaliwanag ni Pangulong Boyd K. Packer:

> "Ang Espiritu Santo ay nangungusap sa isang tinig na mas *madarama* kaysa *maririnig ninyo.* Ito ay inilalarawan bilang 'marahang bulong na tinig.' Kapag pinag-uusapan natin ang 'pakikinig' sa mga bulong ng Espiritu, kadalasan ay inilalarawan ng isang tao ang espirituwal na paramdam sa pagsasabing, '*Pakiramdam* ko…' …
>
> "Ang paghahayag ay dumarating sa mga salitang *nadarama* kaysa *naririnig natin.* Sinabi ni Nephi sa mga kapatid niyang suwail, na binisita ng isang anghel, 'Kayo ay *manhid,* kung kaya't hindi ninyo *madama* ang kanyang mga salita' "(sa Conference Report, Okt. 1994, 77; o *Ensign,* Nob. 1994, 60).

Sabi ni Bishop Henry B. Eyring, na noon ay Unang Tagapayo sa Presiding Bishopric:

> "Pinatototohanan ko [na ang Espiritu] ay isang mahinang tinig. Bumubulong ito, hindi sumisigaw. Kaya nga dapat maging napakapayapa ng inyong kalooban. Kaya nga maaari kayong mag-ayuno nang buong talino kapag nais ninyong makinig. At iyan ang dahilan kaya makikinig kayo nang husto kapag nadarama ninyong, 'Ama, kalooban ninyo, hindi ang akin, ang masusunod.' Madarama ninyo na 'Gusto ko po ang gusto ninyo.' Pagkatapos ay tila manunuot sa inyo ang marahang bulong na tinig. Maaari nitong panginigin ang inyong mga buto. Mas madalas ay pag-aalabin nito ang inyong puso, muli ay marahan, ngunit isang pag-aalab na magpapasigla at magbibigay-katiyakan" (sa Conference Report, Abr. 1991, 87–88; o *Ensign,* Mayo 1991, 67).

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang ilan sa mga hadlang para hindi natin marinig o mapagtuunan ang tinig ng Espiritu?
- Ano ang magagawa natin para higit na marinig ang marahang bulong na tinig sa ating buhay?

Ipaunawa sa mga estudyante ang kahalagahan hindi lamang ng pakikinig, kundi maging ng pagsunod sa ipinagagawa sa atin ng Espiritu.

# ANG IKALAWANG AKLAT NG MGA HARI

Ayon sa nakasaad sa pambungad ng aklat ng I Mga Hari, ang mga aklat ng I at II Mga Hari ay iisang aklat sa teksto sa Hebreo. Sa II Mga Hari may isang talaan ng mga kaganapan tungkol sa nahating mga kaharian ng Israel at Juda mula mga 850 b.c. hanggang 560 b.c. Ikinukuwento nito ang mga propetang sina Elias, Eliseo, at Isaias at nagwawakas sa malulungkot na tala tungkol sa pagwasak ng mga taga-Asiria sa hilagang kaharian ng Israel at ng mga taga-Babilonia sa katimugang kaharian ng Juda. Natupad sa mga talang ito ng pagkawasak at pagkabihag ang mga babala ng mga propetang sina Moises (tingnan sa Deuteronomio 8:10–20) at Samuel (tingnan sa I Samuel 12:14–15, 24–25).

Sa pag-aaral ninyo ng II Mga Hari, hanapin ang mga dahilan ng pagkatalo ng kaharian ng Israel sa mga taga-Asiria. Isipin din kung bakit nakaligtas ang kaharian ng Juda nang mahigit sandaang taon kaysa sa kaharian ng Israel bagama't pareho ang nakaharap nilang mga kaaway. Saliksikin kung bakit bumagsak din sa mga kamay ng Babilonia ang Juda at kung ano kaya ang nakapigil sa kanilang pagkawasak.

Makakatulong ang isang kumpletong listahan ng mga hari ng Israel at Juda habang pinag-aaralan ang II Mga Hari (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "cronolohiya," mga pahina 36–39; tingnan din sa "Ang mga Hari at Propeta ng Israel at Juda, mga pahina 257–59; sa mga tsart sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 35, 39, 43).

## II Mga Hari 1–13

### Pambungad

Sina Elias at Eliseo ay kahanga-hangang mga propeta na naglingkod sa panahong ang mga kaharian ng Israel at Juda ay nahuhumaling sa pagsamba sa diyus-diyusan. Kapwa sila nagsagawa ng mga dakilang himala, ngunit kakaunti lamang ang mga Israelitang nagbalik-loob sa buhay na Diyos noong panahon ng kanilang ministeryo. Ang mga himala ay hindi nagpapabalik-loob sa mga walang pananampalataya; pinatatatag nito yaong mga may pananampalataya (tingnan sa D at T 35:8–11; 63:7–12).

Habang pinag-aaralan ninyo ang II Mga Hari 1–13, pag-aralan kung ano ang damdamin ng mga sinaunang Israelita tungkol sa ministeryo nina Elias at Eliseo. Isipin kung bakit madalas tanggihan ang mga propeta sa mga panahon at kapanahunan nila at ano ang matututuhan natin tungkol sa kahalagahan ng pakikinig sa mga buhay na propeta.

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Laging natutupad ang mga propesiya mula sa Panginoon (tingnan sa II Mga Hari 1:9–17; 4:14–17; 5:1–14; 7:1–2, 12–17; 8:1–15; 9; tingnan din sa D at T 1:37–38).
- Yaong mga sumusunod sa inspiradong payo ay pinagpapala—kung minsan ay ng mga himala (tingnan sa II Mga Hari 2:1–15; 4; 5:1–14; 6:1–7; tingnan din sa D at T 21:1–9).
- "Dinadamitan" ng Panginoon ng awtoridad at kapangyarihan ang kanyang piling mga lingkod (tingnan sa II Mga Hari 2:7–15).
- Ang mga nilalang na nagbagong-kalagayan ay mga taong nabago sa mortalidad upang pansamantala silang hindi dumanas ng pisikal na sakit at kamatayan. Magiging isang iglap lamang ang kanilang pagkamatay at pagkabuhay na mag-uli (tingnan sa II Mga Hari 2:11; tingnan din sa 3 Nephi 28:4–9, 36–40).
- Madalas akayin ng masasamang lider ang kanilang mga tao na magkasala (tingnan sa II Mga Hari 3:1–3; 10–13).
- Hindi dapat gamitin ang kapangyarihan ng priesthood para personal na makinabang (tingnan sa II Mga Hari 5:20–27; tingnan din sa I Samuel 8:1–5).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**II Mga Hari 1–4. "Dinadamitan" ng Panginoon ng awtoridad at kapangyarihan ang kanyang piling mga lingkod. Sa awtoridad at kapangyarihang iyon nakagagawa sila ng maraming dakilang gawain at itinuturo sa atin ang nais ipaalam sa atin ng Panginoon.** (50–55 minuto)

Magdispley ng larawan ng Pangulo ng Simbahan at itanong sa mga estudyante kung mag-aalala sila tungkol sa kinabukasan ng Simbahan kapag namatay ang propeta. Basahin ang mga sumusunod na patotoo ni Pangulong Gordon B. Hinckley, na noon ay Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

> "Ito ang gawain ng Diyos, ang ating Amang Walang Hanggan, na buhay at namamahala sa sansinukob. Ito ang gawain ng Panginoong Jesucristo, ang ating Tagapagligtas at ating Manunubos, ang Buhay na Anak ng Buhay na Diyos. Itinatag ito sa lupa na may banal na awtoridad, may isang propeta at iba pang mga lider na tinawag sa pamamagitan ng tinig ng paghahayag at sinanay sa maraming taon ng paglilingkod. Hinding-hindi ito mabibigo. Patuloy itong magtatagumpay" (sa Conference Report, Okt. 1992, 80; o *Ensign,* Nob. 1992, 60).

Itanong sa mga estudyante kung paano natin malalaman kung sino ang susunod na Pangulo ng Simbahan. Ipaliwanag na pagkamatay ni Propetang Joseph Smith naglaan ng isang natatanging patunay ang Panginoon kung sino ang kahalili ni Joseph bilang Pangulo ng Simbahan (tingnan sa *Church History in the Fulness of Times,* ika-2 edisyon [Religion 341–43 manwal ng estudyante], mga pahina 291–93). Ngayon, kasunod ng pagkamatay ng Pangulo ng Simbahan, ang senior member ng Korum ng Labindalawang Apostol ang nagiging bagong propeta.

Ipabasa sa mga estudyante ang II Mga Hari 2:1–15 at ipalahad kung ano ang ginawa ng Panginoon para malaman ni Eliseo at ng mga anak ng mga propeta na si Eliseo ang hahalili kay Elias. Kung kailangan, itanong ang mga sumusunod:

- Ano ang ibig sabihin ni Eliseo nang hingin niya ang "ibayong bahagi ng … diwa [ni Elias]"? (tingnan sa Deuteronomio 21:17).
- Ano ang isinisimbolo ng balabal ni Elias? (tingnan sa komentaryo para sa 2 Kings 2:14 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 64).
- Bakit mahalagang ipakita sa mga anak ng mga propeta na "ang diwa ni Elias ay sumasa kay Eliseo" (II Mga Hari 2:15)?

Ang buhay ng mga sinaunang propeta kung minsan ay pahiwatig ng buhay at misyon ng Tagapagligtas. Repasuhin ang sumusunod na mga himala ni Eliseo at ipatuklas sa mga estudyante kung paano naging katulad ng mga ito ang mga himalang ginawa ni Jesucristo:

- II Mga Hari 4:1–7 (dumami ang langis; tingnan sa Juan 2:1–11)
- II Mga Hari 4:18–37 (binuhay ang patay na anak ng babaeng Sunamita; tingnan sa Lucas 7:11–15; 8:41–42, 49–56; Juan 11:1–44)
- II Mga Hari 4:42–44 (dumami ang tinapay na sebada; tingnan sa Marcos 6:33–44; 8:1–9)
- II Mga Hari 5:1–14 (pinagaling ang ketong ni Naaman; tingnan sa Marcos 1:40–45; Lucas 17:11–19)
- II Mga Hari 6:1–7 (lumutang ang bakal; tingnan sa Mateo 14:22–33)

Sabihin sa mga estudyante na bukod pa sa ito ay pahiwatig ng mortal na ministeryo ng Tagapagligtas, ang buhay nina Elias at Eliseo ay naglalarawan ng ilan sa magiging mga gawain ng Simbahan ng Tagapagligtas sa mga huling araw. Gumawa ng kopya ng sumusunod na tsart para maidispley o maipamigay (hango ang ilang bahagi mula sa Lenet Hadley Read, "Elijah and Elisha," *Ensign,* Mar. 1988, 24–28). Pagsalitsalitin ang mga estudyante sa pagbasa ng bawat item at hikayatin silang markahan ang mga reperensya sa kanilang mga banal na kasulatan.

| Elias at Eliseo Ang Simbahan sa mga Huling Araw | Ang Simbahan sa mga Huling Araw |
|---|---|
| Si Elias ay may kapangyarihang sarhan at buksan ang kalangitan (tingnan sa I Mga Hari 17:1). | Noong 1836 isinugo ng Tagapagligtas si Elias [Elijah] para ipanumbalik sa Simbahan ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod (tingnan sa D at T 110:13–16). |
| Nagpadala ng mga uwak ang Panginoon para pakainin si Elias sa panahon ng taggutom (tingnan sa I Mga Hari 17:4). | Pinangangalagaan ng Panginoon ang Simbahan sa paghahayag, mga kapangyarihan, at mga pagpapala sa panahong ito ng pandaigdigang espirituwal na taggutom (halimbawa, tingnan sa D at T 110). |
| Pinarami ni Elias ang langis at harina para iligtas ang buhay ng balo at batang ulila sa ama (tingnan sa I Mga Hari 17:9–16). | Yaong mga hindi pa lumalapit sa Tagapagligtas ay espirituwal na balo at ulila sa ama—inihiwalay sila kay Jesucristo, na siyang Kasintahang Lalaki, at mula sa Ama sa Langit. Yaong mga tumatanggap kay Jesucristo at sa kanyang ebanghelyo ay binibigyan ng kapangyarihang maging mga anak na lalaki at babae ng Diyos at tagapagmanang kasama ni Jesucristo (tingnan sa Juan 1:12; Mga Taga Roma 8:16–17; D at T 39:4). |
| Kapwa bumuhay ng mga patay sina Elias at Eliseo (tingnan sa I Mga Hari 17:17–23; II Mga Hari 4:14–37; 13:20–21). | Dahil sa kanyang Pagbabayad-sala at Pagkabuhay na Mag-uli, ibabangon ni Jesucristo ang lahat ng tao mula sa pisikal at espirituwal na kamatayan (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:21–22; Mosias 16:7–8). Tumawag din siya ng mga propeta at ipinanumbalik ang kanyang Simbahan para anyayahan ang lahat na lumapit sa kanya at magbangon mula sa espirituwal na kamatayan (tingnan sa D at T 1). |
| Sa isang altar sa Bundok ng Carmelo, ipinaalala ni Elias sa sinaunang Israel ang mga tipang ginawa nila sa nag-iisang tunay na Diyos (tingnan sa I Mga Hari 18:19–39). | Sa mga huling araw, ipinanumbalik ni Elijah [Elias] ang mga susing nagtutulot sa makabagong Israel na gumawa ng mga walang hanggang tipan sa Panginoon sa mga altar sa mga templo (tingnan sa D at T 110:13–16). |
| Pinababa ni Elias ang apoy mula sa langit upang tupukin ang masasama ngunit iniligtas ang mapakumbaba at masunurin (tingnan sa II Mga Hari 1:9–15). | Sa Ikalawang Pagparito, tutupukin ng apoy ang masasama, ngunit maliligtas ang mabubuti (tingnan sa 1 Nephi 22:17; Joseph Smith—Kasaysayan 1:37). |

| | |
|---|---|
| Pinabuti ni Eliseo ang mga tubig ng Jerico para hindi na ito maging sanhi ng kamatayan o pagkalagas ng bunga (II Mga Hari 2:19–22). | Sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas, ang mundong ito ay babalik sa malaparaisong kaluwalhatian nito, magwawakas ang kalagayan nitong telestiyal (tingnan sa Isaias 11:6–9; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10). |
| Pinarami ni Eliseo ang langis para tubusin ang tapat na balo at mga anak nito, na lubog na sa utang (tingnan sa II Mga Hari 4:1–7). | Sa Getsemani, na ibig sabihin ay “pigaan ng langis,” at sa krus, binayaran ni Jesucristo ang mga kasalanan ng buong sangkatauhan upang tubusin ang matatapat dahil lahat tayo ay lubog sa espirituwal na pagkakautang (tingnan sa Mateo 20:28; Mosias 16:4–5). |
| Pinawi ni Eliseo ang lason sa pagkain at pinarami ang tinapay para sa sandaang matatapat na tao (tingnan sa II Mga Hari 4:38–44). | Ipinanumbalik ni Jesucristo ang kanyang Simbahan sa lupa. Bahagi ng misyon ng ipinanumbalik na Simbahan na dalhin ang ebanghelyo ni Jesucristo, ang Tinapay ng Kabuhayan, sa buong mundo (tingnan sa Juan 6:33–35; D at T 84:62). |
| Nagpunta si Naaman, isang taga-Siria, kay Eliseo, ang lingkod ng Diyos ng Israel, at gumaling ang kanyang ketong sa pamamagitan ng paghuhugas sa Ilog Jordan (II Mga Hari 5:1–14). | Lahat ng tao ay tumatanggap ng nakapagliligtas na mga ordenansa ng ebanghelyo mula sa mga lingkod ng Diyos sa makabagong Israel (tingnan sa D at T 22; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:5). |
| Binulag ni Eliseo ang mga mata ng masasama at iminulat ang mga mata ng matatapat (tingnan sa II Mga Hari 6:15–18). | Ang masasama ay bulag sa espirituwal, ngunit ang mabubuti ay nakakakita at nakauunawa at naliligtas (tingnan sa Mateo 13:10–17). |

Kapag natuklasan ng mga estudyante ang simbolismo sa buhay nina Elias at Eliseo, itanong sa kanila kung paano nito pinatototohanan na ang “balabal” ng awtoridad ay naipasa na at naipagkaloob sa piling mga lingkod ng Panginoon sa mga huling araw na ito.

**II Mga Hari 2:11. Si Elias ay nagbagong-kalagayan at dinala sa langit para makabalik siya kalaunan at maipanumbalik ang mga susi ng kapangyarihang magbuklod ng priesthood na kanyang taglay. Ang mga nilalang na nagbagong-kalagayan ay binabago sa mortalidad upang pansamantalang hindi dumanas ng pisikal na sakit at kamatayan, ngunit ang pagbabagong iyon ay hindi katulad ng pagbabago sa imortalidad na nangyayari sa pagkabuhay na mag-uli.** (15–20 minuto)

Basahin ang 3 Nephi 28:7–9, 36–40 at ipatukoy sa mga estudyante ang ilan sa mga katangian ng mga nilalang na nagbagong-kalagayan. Ilista sa pisara ang mga ito. Basahin ang II Mga Hari 2:11 at hanapin kung sino ang binanggit sa talata na nagbagong-kalagayan. Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila nagbagong-kalagayan si Elias (tingnan sa komentaryo para sa 2 Kings 2:11 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 64). Basahin ang Malakias 4:5–6; Mateo 17:3; at Doktrina at mga Tipan 110:11–16 at ipasulat ang mga ito sa mga estudyante bilang mga cross-reference para sa II Mga Hari 2:11. Talakayin kung paano tinupad ni Elias ang propesiya sa Malakias 4:5–6.

**II Mga Hari 5. Malalaking pagpapala ang dumarating sa mga yaong sumusunod sa inspiradong payo.** (35–45 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Kailan lubos na kailangan na sunding mabuti ang mga tagubilin? (Halimbawa, pagkukumpuni ng makina, pagsunod sa mapa, o pagtugtog ng isang mahirap na piyesa ng musika.)
- Ano ang karaniwang nangyayari kapag hindi tayo sumusunod sa mga tagubilin?
- Kung kayo ay nasa bingit ng kamatayan at pinagbilinan kayo ng isang propeta kung paano gumaling, susundin ba ninyo ang kanyang mga tagubilin?
- Paano kung itinuring ninyong hindi pangkaraniwan o katwa ang kanyang mga tagubilin?

Ipaliwanag na may isang tao sa Lumang Tipan na nagkaroon ng karanasang gaya niyon sa mga tagubilin ng isang propeta. Basahin ang II Mga Hari 5:1–14 sa inyong mga estudyante at talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang naging bahagi ng kapalaluan sa unang pagtanggi ni Naaman na maligo sa Ilog Jordan? (tingnan sa mga talata 11–12).
- Paano nakumbinsi ng kanyang lingkod si Naaman na sundin ang tagubilin ni Eliseo?
- Ano ang nangyari nang gawin niya ang sinabi ng propeta?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mosias 3:19 at ipatalakay kung paano ito nauukol kay Naaman. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Victor L. Brown, na noon ay miyembro ng Pitumpu:

> “Si Naaman bilang isang taong mataas ang katayuan ay nainsulto nang magpadala ng sugo si Eliseo at hindi nagpunta bilang paggalang sa kanya. Bukod pa rito, nagalit siya sa kasimplihan ng mensahe….
>
> “Kinailangang magkaroon ng pananampalataya ng isang bata si Naaman upang maging masunuring tulad ng isang bata bago naging malinis ang kanyang balat na parang sa batang musmos” (sa Conference Report, Abr. 1985, 19; o *Ensign,* Mayo 1985, 16).

Itanong sa mga estudyante:

- Paano nangangatwiranan sa payo ang mga tao ngayon kung minsan?
- Paano iyan naging katulad ni Naaman?
- Ano ang itinuturo sa atin ng kuwento tungkol kay Naaman at sa kanyang lingkod tungkol sa payo ng mga propeta?

Bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng sumusunod na pahayag ni Elder Gordon B. Hinckley, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Huwag hayaang makahadlang sa inyo ang kapalaluan. Simple lang ang landas ng ebanghelyo. Ang ilan sa mga gagawin ay maaaring simple at hindi kailangan sa tingin ninyo. Huwag ninyong hamakin ang mga ito. Magpakumbaba at maging masunurin. Ipinapangako ko na ang mga ibubunga ay magiging kagila-gilalas masdan at nakasisiyang maranasan" (sa Conference Report, Okt. 1976, 143; o *Ensign,* Nob. 1976, 96).

Isulat sa pisara ang *Pagsunod ang unang batas ng langit* at ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie:

> "Pagsunod ang unang batas ng langit. Lahat ng pag-unlad, lahat ng kasakdalan, lahat ng kaligtasan, lahat ng kabanalan, lahat ng tama at makatarungan at totoo, lahat ng mabuting bagay ay dumarating sa mga yaong namumuhay ayon sa mga batas Niya na kung sino ay Walang Hanggan. Walang anumang mas mahalaga sa buong kawalang-hanggan kaysa sundin ang mga utos ng Diyos" (*The Promised Messiah*, 126).

Talakayin ang kahalagahan ng pagsunod kahit hindi natin maunawaan ang lahat ng dahilan kung bakit hinihiling ng Diyos na maging masunurin tayo. Ipaalala sa mga estudyante kung paano inutusan si Abraham na ialay ang anak niyang si Isaac at ang mga Israelita na maglagay ng dugo ng kordero sa paligid ng kanilang pintuan sa Egipto. Itanong:

- Anong mga pagpapala ang dumating sa mga taong iyon dahil sa kanilang pagsunod?
- Ano ang ipinagagawa sa atin ng mga propeta sa ating panahon na maaaring isipin ng ilan na hindi kailangan o walang kabuluhan?
- Anong mga pagpapala ang dumarating sa mga taong sumusunod sa mga utos na iyon?

Ipabasa sa mga estudyante ang II Mga Hari 5:15–27 at ipahanap kung ano ang ginawa ng lingkod ni Eliseo na si Giezi (tingnan sa komentaryo para sa 2 Kings 5:15–16, 20–26 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 75–76). Itanong:

- Bakit pinarusahan si Giezi sa ginawa niya?
- Ano ang itinuturo sa atin ng kuwentong ito kung bakit ginagawa ng tunay na mga lingkod ng Panginoon ang kanyang gawain? (tingnan sa 2 Nephi 26:29–31).

**II Mga Hari 6:1–23. Inaalala ng Panginoon ang mga inaasam at pangamba ng lahat ng kanyang anak, at magpapadala siya ng kailangang tulong para maisakatuparan ang kanyang kalooban.** (15–30 minuto)

Ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad A para sa II Mga Hari 6–7 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral at talakayin ang kanilang mga sagot. Habang tinatalakay ninyo ang II Mga Hari 6:1–7, isiping itanong ang mga sumusunod:

- Bakit mahalaga ang talim ng palakol sa lalaking nakawala nito?
- Sa palagay ninyo, bakit ginamit ni Eliseo ang kapangyarihan ng Diyos para makuhang muli ang talim ng palakol? (tingnan sa komentaryo para sa 2 Kings 6:1–7 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 76).

Isiping magbahagi ng mga karanasan na tinulungan kayo ng Panginoon sa mga problemang di gaanong mahalaga sa iba pero napakahalaga sa inyo. (Tandaan na ang mga sagradong karanasan ay dapat lamang ibahagi kapag ang klase ninyo ay espirituwal na handang tanggapin ang mga ito.) Magpabahagi sa mga estudyante ng mga karanasan nila na katulad nito. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong George Q. Cannon, dating Unang Tagapayo sa Unang Panguluhan:

> "Tayong mga abang tao, tayo na kung minsan ay nakadarama sa sarili na wala tayong halaga, walang silbi, hindi tayo walang halaga na tulad ng inaakala natin. Walang sinuman sa atin na hindi minahal ng Diyos. Walang sinuman sa atin na hindi Niya pinangalagaan at hinaplos. Walang sinuman sa atin na hindi Niya hinangad iligtas at hindi Niya ginawan ng paraan na maligtas. Walang sinuman sa atin na hindi Niya pinabantayan sa Kanyang mga anghel. Maaaring wala tayong kabuluhan at hamak sa sarili nating mga mata at sa mga mata ng iba ngunit nananatili ang katotohanan na tayo ay mga anak ng Diyos at talagang isinusugo Niya ang Kanyang mga anghel—mga nilalang na hindi nakikita na may kapangyarihan at lakas—at binabantayan nila tayo at sinusubaybayan" (*Gospel Truth: Discourses and Writings of President George Q. Cannon*, pinili ni Jerreld L. Newquist, 2 tomo [1974], 1:2).

Habang tinatalakay ninyo ang II Mga Hari 6–23, itanong sa mga estudyante kung paano natin maiaangkop sa ating panahon ang mga katagang "ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila" (t. 16). Basahin ang Doktrina at mga Tipan 38:7 at 84:88 at ibahagi ang sumusunod na patotoo ni Elder Neal A. Maxwell:

> "Sa mga panahong ito na laganap ang kaligaligan, kaguluhan, pagkabalisa, pagkabagabag, at paghihimagsik, maraming puso ang manlulupaypay. (D at T 45:26; 88:91.) Ang iba ay lubhang susubukan ngunit hihingi ng tulong, sa pinakamatitindi nilang pagsubok, mula sa mga tagakita tulad ng ginawa ng naliligalig na binatang lumapit sa propetang si Elias nang paligiran [ng mga kaaway] ang sinaunang Israel: 'Sa aba natin, panginoon ko! paano ang ating gagawin?' Ganito pa rin ang sagot ng mga propeta ngayon: 'Huwag kang matakot: sapagka't ang sumasaatin ay higit kay sa sumasa kanila.' Mauunawaan lamang natin ang ganyang klaseng pagbibilang kapag panatag tayo sa espirituwal. Doon lamang mamumulat ang ating mga mata, tulad ng sa binata" (*We Will Prove Them Herewith,* 19).

Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin ni Elder Maxwell nang banggitin niya ang pagiging "panatag sa espirituwal" at paano natin ito makakamtan.

**II Mga Hari 6–13. Madalas akayin ng masasamang lider ang kanilang mga tao na magkasala. Kapwa nagdusa ang Israel at Juda dahil sa masasamang hari.** (15–20 minuto)

Kopyahin ang sumusunod na tsart sa pisara, poster, o overhead transparency. Magsama ng dalawampung blangkong hanay sa tsart para sa idaragdag na impormasyon habang pinag-aaralan ninyo ang II Mga Hari. Madaling baguhin ang tsart na ito habang patuloy ninyong pinag-aaralan ang II Mga Hari (tingnan sa mga mungkahi sa pagtuturo para sa II Mga Hari 14–19 at II Mga Hari 20–25).

| Mga hari ng Israel | Masasama o matatapat? | Mga reperensya sa mga banal na kasulatan | Mga hari ng Juda | Masasama o matatapat? | Mga reperensya sa mga banal na kasulatan |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |
| | | | | | |

Hatiin ang klase sa pitong grupo at atasan ang bawat grupo ng isa sa sumusunod na mga hari. Bigyan sila ng sampung minuto para pag-aralan ang mga reperensya sa mga banal na kasulatan para sa kanilang hari, paghandain silang maglahad ng isang-minutong buod ng buhay ng hari, at papunan sa kanila ang isang entry sa tsart para sa kanilang hari. (Matatagpuan ang isang kumpletong listahan ng mga hari ng Israel at Juda sa "Ang mga Hari at Propeta ng Israel at Juda," mga pahina 257–59, at *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 43).

- Joram (tingnan sa II Mga Hari 8:16–24)
- Ochozias (tingnan sa II Mga Hari 8:25–29; 9:27–29)
- Jehu (tingnan sa II Mga Hari 9:1–10:36)
- Athalia (tingnan sa II Mga Hari 11)
- Joas (tingnan sa II Mga Hari 12)
- Joachaz (tingnan sa II Mga Hari 13:1–9)
- Joas (tingnan sa II Mga Hari 13:10–25)

Basahin ang Mosias 29:16–18 at talakayin ang mga epekto ng pagkakaroon ng isang masamang hari kumpara sa isang mabuting hari. Itanong sa mga estudyante:

- Kaninong pamamahala ng hari ninyo mas gustong mamuhay sa Israel? Sa Juda? Bakit?
- Ano ang itinuturo ng II Mga Hari 6–13 na mahalaga o makakatulong sa ating panahon?
- Ano ang magagawa natin para suportahan ang mga lider ng ating Simbahan? (tingnan sa D at T 107:22).

# II Mga Hari 14–25

## Pambungad

Idinetalye ni Moises ang mga pagpapala o sumpang darating sa mga Israelita, batay sa pagtupad nila sa kanilang mga tipan (tingnan sa Deuteronomio 28) at nagbabala si Samuel tungkol sa mga pagkawasak na mangyayari dahil sa masasamang hari (tingnan sa I Samuel 8). Sa I Mga Hari at sa mga unang kabanata ng II Mga Hari nalaman natin kung paano nagpigil ang Diyos sa kanyang mga paghatol at paulit-ulit na binigyan ang mga tao at kanilang mga hari ng mga pagkakataong magsisi. Nakatala sa mga huling kabanata ng II Mga Hari ang pagdurusa ng kaharian ng Israel sa mga kamay ng Asiria at ng kaharian ng Juda sa mga kamay ng Babilonia dahil ayaw dinggin ng mga tao at ng kanilang mga hari ang mga babala ng propeta.

Kahit ibinubuhos na ang mga hatol ng Diyos sa bawat bansa, binigyan pa rin niya ng mga pagkakataong magsisi ang mga tao (tingnan sa Ezekiel 18:30–32). Tinanggap ng ilan ang paanyaya (tingnan sa 1 Nephi 1:20–2:3), ngunit karamihan ay tinanggihan ang Panginoon at ang kanyang mga pagpapala.

Maraming propeta sa Lumang Tipan ang nabuhay sa panahong saklaw ng II Mga Hari 14–25, kabilang na sina Jonas, Amos, Oseas, Isaias, Mikas, Zefanias, Nahum, Habacuc, at Jeremias.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga tao ang nananagot sa sarili nilang mga kasalanan, ngunit kung minsan ay nagdurusa sila dahil sa mga kasalanan ng iba (tingnan sa II Mga Hari 14:6; 24:2–4; tingnan din sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:2).
- Nawawala ang proteksyon ng Diyos sa mga bansang nagapostasiya (tingnan sa II Mga Hari 15:19–31; 17:3–23; 24:1–4; 25:4–7; tingnan din sa Eter 2:8).
- Ang pagsamba sa diyus-diyusan ay mabigat na kasalanan (tingnan sa II Mga Hari 17:7–12; 21; tingnan din sa Exodo 20:1–6).
- Ang pagtanggi sa payo ng Panginoon at ng kanyang mga propeta ay umaakay sa atin sa pagkabihag at iwinawalay tayo sa Panginoon (tingnan sa II Mga Hari 17:6–8; 24:20; tingnan din sa Moises 4:3–4).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 18, "Balitang Saksi sa Seis (Sentenaryo b.c.)," ay magagamit sa pagtuturo ng pinangyarihan ng kasaysayan noong 600 b.c.—II Mga Hari 24–25 (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**II Mga Hari 14–19. Ang kaharian ng Israel ay nawalan ng proteksyon ng Panginoon dahil sa kasamaan at apostasiya. Ang kaharian ng Juda ay himalang naligtas at napanatili ang kanilang kalayaan.** (45–60 minuto)

*Paunawa:* Ang mungkahing ito ay magagamit na karugtong ng mungkahi sa pagtuturo para sa II Mga Hari 6–13.

Tingnan ang mga tagubilin para sa aktibidad sa tsart sa mungkahi sa pagtuturo para sa II Mga Hari 6–13 (p. 163) at iatas sa mga grupo ng mga estudyante ang sumusunod na mga hari:

- Amasias (tingnan sa II Mga Hari 14:1–22)
- Jeroboam II (tingnan sa II Mga Hari 14:23–29)
- Azarias, o Uzzia (tingnan sa II Mga Hari 15:1–7)
- Zacharias (tingnan sa II Mga Hari 15:8–12)
- Sallum (tingnan sa II Mga Hari 15:13–15)
- Manahem (tingnan sa II Mga Hari 15:16–22)
- Pekaia (tingnan sa II Mga Hari 15:23–26)
- Peka (tingnan sa II Mga Hari 15:27–31)
- Jotham (tingnan sa II Mga Hari 15:32–38)
- Achaz (tingnan sa II Mga Hari 16)
- Oseas (tingnan sa II Mga Hari 17:1–6)
- Ezechias (tingnan sa II Mga Hari 18:1–7)

Matapos nilang saliksikin ang kanilang mga talata, papunan sa bawat grupo ang isang entry sa tsart para sa kanilang hari.

Repasuhin ang propesiya ni Moises tungkol sa mga anak ni Israel sa Deuteronomio 28:1–26, lalo na sa mga talata 1 at 15. Itanong sa mga estudyante kung ano ang kinailangang gawin ng mga anak ni Israel para matanggap ang mga pagpapala at proteksyon ng Panginoon.

Sumangguni sa tsart ng mga hari ng Israel at Juda at ipabilang sa mga estudyante ang mabubuting hari sa bawat kaharian. Basahin ang II Mga Hari 17:1–23 sa kanila at talakayin kung ano ang itinuturo sa mga talatang iyon kung bakit bumagsak ang kaharian ng Israel sa mga taga-Asiria (tingnan sa enrichment section D at mga komentaryo para sa 2 Kings 17 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 113–16, 126–27).

Ihambing ang masasamang hari ng Israel sa medyo mas mabubuting hari ng Juda. Ipabasa sa mga estudyante ang II Mga Hari 18:1–7 at ipalahad kung ano ang ginagawa ni Haring Ezechias ng Juda habang nililipol ng mga taga-Asiria ang Israel.

Gamitin ang mga komentaryo para sa 2 Kings 18–19 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* (mga pahina 127–28) para makapagpasiya kung anong mga bahagi ng mga kabanatang iyon ang ipapabasa sa inyong mga estudyante. Maaari ninyong piliing ibuod ang II Mga Hari 18, ngunit makabubuting basahin ang II Mga Hari 19:1–7, 32–37 sa inyong mga estudyante at talakayin kung ano ang ginawa ng Panginoon para iligtas ang Juda sa mga taga-Asiria at bakit.

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang matututuhan natin mula sa pagkawasak ng hilagang kaharian ng Israel at pagkawala ng sampung lipi?
- Paano naging katulad ng pag-uugali at hangarin ng mga taga-Asiria sa Israel ang pag-uugali at hangarin ni Satanas sa atin?

Ipabasa sa mga estudyante ang 2 Nephi 1:13–16; 2:27; Helaman 3:27–30; 5:12 at ipalahad ang ipinayo ng Panginoon na gawin natin para makaiwas sa pagbihag ni Satanas. Talakayin kung ano ang ibig sabihin ng "makayayakap sa salita ng Diyos" (Helaman 3:29). Isiping magbahagi ng mga karanasan sa buhay ninyo na nagpapatotoo sa kagalakan at kapayapaang nagmumula sa pagtatatag ng inyong buhay sa saligan ni Jesucristo, na siyang Jehova, Diyos ng Lumang Tipan.

**II Mga Hari 20–25. Ang kabutihan ay hindi bunga ng iisang gawa. Bahagi ito ng proseso ng pagpili ng mabuti habambuhay.** (45–60 minuto)

Sa pisara, isulat ang pangalan ng isang pamilyar na tao mula sa mga banal na kasulatan na kilala sa pagpili ng masasama. Itanong sa mga estudyante:

- Palagay ba ninyo nakagawa ng kabaitan o kabutihan ang taong iyan? (Siguro.)
- Kung gayon, bakit sila kilala sa pagiging masama sa halip na mabuti?

- Ano pa ang inaasahan ng Panginoon sa atin na higit pa sa paminsan-minsang paggawa nang mabuti? (tingnan sa D at T 14:7).

Repasuhin sa mga estudyante kung paano naligtas ang kaharian ng Juda sa mga taga-Asiria (tingnan sa II Mga Hari 19:32–37) at itanong:

- Bakit nakaligtas ang Juda nang bihagin ang Israel (tingnan sa II Mga Hari 19:32–37)?
- Ginarantiyahan bang poprotektahan ang Juda magpakailanman? Bakit oo o bakit hindi?
- Bakit mahalaga para sa mga tao ng Juda na patuloy na bantayan ang kanilang sarili laban sa kasamaan?

Tingnan ang aktibidad sa tsart sa mga mungkahi sa pagtuturo para sa II Mga Hari 6–13 (p. 163) at II Mga Hari 14–19 at iatas sa mga grupo ng mga estudyante ang sumusunod na mga hari:

- Manases (tingnan sa II Mga Hari 21:1–18)
- Amon (tingnan sa II Mga Hari 21:19–26)
- Josias (tingnan sa II Mga Hari 22:1–23:30)
- Joachaz (tingnan sa II Mga Hari 23:31–33)
- Joacim, o Eliacim (tingnan sa II Mga Hari 23:34–24:7)
- Joachin (tingnan sa II Mga Hari 24:8–17)
- Sedecias, o Matanias (tingnan sa II Mga Hari 24:17–25:21)

Matapos nilang saliksikin ang kanilang mga talata, papunan sa bawat grupo ang isang entry sa tsart para sa kanilang hari. Itanong:

- Ano ang napansin ninyo tungkol sa mga hari ng Juda pagkatapos ni Josias na katulad sa huling ilang hari ng Israel?
- Sa palagay ninyo ano kaya ang kahihinatnan ng Juda dahil naging masama sila tulad ng Israel?

Basahin ang II Mga Hari 25:1–21 at talakayin ang nangyari kalaunan sa kaharian ng Juda (tingnan din sa mga komentaryo para sa 2 Kings 24–25 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, mga pahina 215–17). Basahin ang 1 Nephi 1:4 at itanong:

- Ano ang sinikap gawin ng Panginoon para mailigtas ang Juda?
- Sino ang ilan sa mga propetang nangaral sa Jerusalem noon? (Jeremias, Zefanias, Obadias, Nahum, Habacuc, Ezekiel, at Lehi; tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Cronolohiya," mga pahina 36–39.)
- Paano tumugon ang mga hari at mga tao ng Juda sa mga propeta? (tingnan sa Jeremias 20:1–2; 1 Nephi 1:19–20).
- Tungkol saan ang babala sa atin ngayon ng mga propeta ng Panginoon?
- Paano maihahambing ang paraan ng pagbabalewala ng mga tao sa mga turo ng mga propeta ngayon sa paraan ng pagtugon ng mga tao ng Juda sa kanilang mga propeta?
- Paano tayo dapat tumugon sa mga mensahe ng mga makabagong propeta?
- Ano ang magiging mga bunga kung babalewalain natin ang mga propeta? (tingnan sa Eter 2:10–11; D at T 1:1–17).

Pag-isipan ang sumusunod na mga tanong at banal na kasulatan at ihambing ang ating panahon sa panahon ng kaharian ng Juda.

- Ano ang panganib na kinakaharap ng ating henerasyon ngayon? (tingnan sa D at T 1:35).
- Bakit magniningas ang poot ng Panginoon sa mga huling araw? (tingnan sa 1 Nephi 22:16; D at T 133:48–51).
- Ano ang tanging pag-asa ng mundo para makaligtas? (tingnan sa 1 Nephi 22:17–19, 22; D at T 1:36; 133:52; Moises 7:61–62).
- Ano ang magpapasiya kung malalagpasan natin ang mga panahong ito nang ligtas? (tingnan sa D at T 1:14, 38; 56:14; 84:36; 90:5; 108:1; 121:16–21).

**II Mga Hari 22:3–23:3. Ang mga banal na kasulatan ay may kapangyarihang baguhin ang ating buhay kung tutulutan natin ito.** (15–25 minuto)

Ipasulat sa mga estudyante ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong: Sabihin sa kanila na ang mga sagot nila ay para sa sarili nila at hindi ipapakita sa iba.

1. Saan ninyo itinatago sa bahay ninyo ang personal ninyong mga banal na kasulatan?
2. Gaano ninyo kadalas basahin ang inyong mga banal na kasulatan?
3. Sa isang sukatan mula 1 (pinakamababa) hanggang 10 (pinakamataas):
   a. Gaano ninyo iniingatan ang inyong mga banal na kasulatan—katulad ng maingat na pagmamarka rito, maayos na pagtatago nito, at maingat na pagbubuklat sa mga pahina?
   b. Kung nawala, ninakaw, o nasira ang inyong mga banal na kasulatan, gaano ang epekto nito sa buhay ninyo?
4. Magbanggit ng isang taong kilala ninyo na talagang pinahahalagahan at iginagalang ang kanyang mga banal na kasulatan.
5. Ano ang pakiramdam ninyo kapag nakikita ninyong hindi iginagalang ang mga banal na kasulatan?

Basahin ang II Mga Hari 22:3–7 at alamin kung ano ang ipinagawa ni Haring Josias. Basahin ang mga talata 8–10 at hanapin kung ano ang natuklasan ng mataas na saserdote habang nagtatrabaho sila. Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang inihahayag ng mga talatang iyon tungkol sa kahalagahan ng mga banal na kasulatan sa mga tao?
- Sa palagay ninyo gaano kadalas nila binasa ang mga ito?
- Ano ang reaksyon ni Josias nang basahin niya ang mga banal na kasulatan? (tingnan sa mga talata 11–13).
- Sa palagay ninyo, bakit ganoon ang reaksyon niya?

Ipabasa sa mga estudyante ang II Mga Hari 23:1–25 at ipatalakay kung paano naapektuhan ng mga banal na kasulatan ang buhay ni Josias. Ipaunawa sa kanila ang epekto ng mga banal na kasulatan sa ating panahon sa pagbasa sa dalawang sumusunod na pahayag.

Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

> "Kadalasan malaki ang pagsisikap nating paramihin ang mga aktibo sa ating mga stake. Nagsusumigasig tayong pataasin ang porsiyento ng mga dumadalo sa mga sacrament meeting. Nagsusumikap tayong mapataas pa ang porsiyento ng ating mga kabataang lalaki sa mga misyon. Nagpupunyagi tayong maparami ang mga nagpapakasal sa templo. Lahat ng ito ay kapuri-puring mga pagsisikap at mahalaga sa pag-unlad ng kaharian. Ngunit kapag ibinuhos ng mga miyembro at pamilya ang kanilang sarili sa mga banal na kasulatan nang regular at palagian, kusang darating ang pagkaaktibo sa iba pang mga bagay na ito. Lalago ang mga patotoo. Magiging mas tapat ang pangako. Mapapatatag ang mga pamilya. Dadaloy ang personal na paghahayag" ("The Power of the Word," *Ensign*, Mayo 1986, 81).

Sabi ni Elder L. Lionel Kendrick, miyembro ng Pitumpu:

> "Mga banal na kasulatan ang dapat maging pinakamahalaga sa ating buhay. Ang ating espirituwal na kaligtasan sa mga problema ng ating lipunan at mga tukso ng ating panahon ay lubhang nababatay sa lakas na matatanggap natin sa pagsasaliksik sa mga banal na kasulatan at pakikinig sa mga salita ng mga propeta, tagakita, at tagapaghayag.
>
> "Ang mga tao gayundin ang mga bansa ay nasasawi kapag walang mga banal na kasulatan. Ang mga banal na kasulatan ay espirituwal na pagkain para sa ating mga espiritu, na kasinghalaga ng pisikal na pagkain para sa ating mga katawan" (sa Conference Report, Abr. 1993, 14; o *Ensign,* Mayo 1993, 14).

Ipabahagi sa mga estudyante kung ano ang lubos nilang hinangaan kay Josias. Repasuhin ang mga sagot sa mga itinanong sa simula ng mungkahing ito sa pagtuturo na inaakala ninyong maaaring ibahagi. Itanong: Paano naapektuhan ng mga banal na kasulatan ang inyong buhay? Basahin ang II Kay Timoteo 3:15–17; 1 Nephi 15:23–24; 2 Nephi 32:3; Alma 31:5; 37:38, 43–45; at Helaman 3:29–30 para maituro ang bisa ng mga banal na kasulatan sa ating buhay.

# I Mga Cronica 1–29

## Pambungad

Ang mga aklat ng I at II Mga Cronica ay iisang aklat dati, ngunit halos laging lumalabas na dalawang aklat ang mga ito sa mga pagsasalin mula noong panahon ng Greek Septuagint. Nakumpleto ang mga ito matapos palabasin ni Ciro ang batas na nagtutulot sa mga Judio na makabalik mula sa pagkabihag sa Babilonia (mga 538 b.c.) at, kahit paano, karugtong ito ng mga kasaysayan sa mga aklat ni Samuel at ng Mga Hari noong makabalik na sila. Hindi tiyak kung sino ang may-akda ng Mga Cronica. Mga aklat nina Ezra at Nehemias ang makasaysayang pagpapatuloy ng mga aklat ng Mga Cronica.

Ang layunin ng Mga Cronica ay tulungan ang mga nagsibalik na maalala ang kanilang kaugnayan sa Panginoon at sa dating nagkakaisang bansa ng Israel. Ang mga genealogy sa I Mga Cronica 1–9 at ang salaysay ng tagumpay ng kaharian ni David sa I Mga Cronica 10–29 ay ipinaalala sa Israel ang kamay ng Panginoon sa pagpili at paggabay sa kanyang mga tao.

Halos kalahati ng paksa sa Mga Cronica ay hango sa mga aklat ni Samuel at ng Mga Hari, ngunit ang materyal na isinama ng may-akda ay yaon lamang ipinalagay niyang nakatulong sa mga tao na ituring ang kanilang sarili na mga piling tao ng Diyos. Halos lahat ng makakasira sa layuning iyon, tulad ng kasalanan ni David kay Uria at paghihimagsik ni Absalom, ay hindi isinama. Sa II Mga Cronica 1–9 binigyang-diin ng manunulat ang kaluwalhatian ng templong itinayo ni Solomon at ang kahalagahan ng pagsamba sa templo. Walang nakasulat tungkol sa mga dayuhang asawa ni Solomon o sa pagsamba niya sa diyus-diyusan.

Ang kasaysayan ng mga hari ng Juda, lalo na sa II Mga Cronica 10–32, ay nagpapakita na hindi garantiya ang pagkakaroon ng hari o maging ng templo para mapangalagaan at mabiyayaan ng Diyos. Sa pagsunod lamang ng hari at mga tao sa mga batas ng Diyos natutupad ang mga pangako ng tipang Abraham.

Ang mga nagsibalik ay hindi pinagkalooban ng malayang bansa na may sariling hari. Nasa ilalim pa rin sila ng kapangyarihan ng Persia. Para sa mga Judiong iyon na nagsibalik, binigyang-diin ang paglilingkod sa templo at pagsunod sa batas bilang pinagmumulan ng banal na pagpapala. Nagtagumpay ang pagbibigay-diing ito sa paglilinis sa isang kasalanan ng Israel na naging salot sa kanila mula pa noong iligtas sila mula sa Egipto. Mula noong ipatapon sila, hindi na muling nagpatangay ang Israel sa pagsambang pagano sa diyus-diyusan. Gayunman, dumating ang panahon na napalitan ng ibang klaseng pagsamba ang pagsambang pagano sa diyus-diyusan. Naging napakahalaga ng "Batas" sa ilang Judio kaya sa panahon ng mortal na ministeryo ng Tagapagligtas sinamba nila ang "batas" ngunit tinanggihan ang tagapagbigay ng batas, si Jesucristo.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Madalas tayong paalalahanan at hikayatin ng mga propeta ng Panginoon na ipamuhay ang ebanghelyo (tingnan sa I Mga Cronica 1–29).
- Narito tayo sa lupa upang matutong magmahal, sumunod, at maglingkod sa Panginoon. Upang magawa ito dapat tayong:
  a. Magsisi, magpakatapang sa kabutihan, at magtiwala sa Panginoon (tingnan sa I Mga Cronica 5:18–26; 10:13–14; 28:20; tingnan din sa II Mga Cronica 20:14–17; Alma 53:20–21).
  b. Patuloy na magpasalamat at magpapuri sa Diyos sa lahat ng ibinibigay at ginagawa niya para sa atin (tingnan sa I Mga Cronica 16:7–19, 23–36; tingnan din sa Ezra 3:10–11; D at T 59:7).
  c. Maghanap sa Panginoon nang buong puso't isipan (tingnan sa I Mga Cronica 28:9; tingnan din sa II Mga Cronica 7:14; 15:12–15).
- Hindi lahat ng inihayag ng Diyos sa kanyang mga propeta ay nasa Biblia (tingnan sa I Mga Cronica 29:29; tingnan din sa II Mga Cronica 9:29; 12:15).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**I Mga Cronica 1–29. Madalas tayong paalalahanan at hikayatin ng mga propeta ng Panginoon na ipamuhay ang ebanghelyo.** (15–20 minuto)

Sa pisara isulat ang pahayag na *nakakaperpekto ang pagsasanay* at itanong sa mga estudyante kung sang-ayon sila. Sa ilalim nito isulat ang *nakakaperpekto ang pamumuhay ayon sa mga tamang alituntunin* at itanong kung aling pahayag ang mas tama at bakit. (Hindi tayo magiging perpekto sa pamumuhay ayon sa mga maling alituntunin.) Ipaliwanag na ipinauunawa sa atin ng pangalawang pahayag kung bakit madalas tayong payuhan nang paulit-ulit ng mga lider ng ating Simbahan tungkol sa mga paksang iyon. Ipalista sa mga estudyante ang ilan sa mga paksang madalas banggitin ng mga lider ng Simbahan. Itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila napakadalas ituro ang mga alituntuning iyon.

Sabihin sa mga estudyante na may ilang taong nagtataka kung bakit madalas ulitin ng may-akda ng I at II Mga Cronica ang dati nang itinuro sa Lumang Tipan. Ipaliwanag na hinango niya ang karamihan sa kanyang tala mula sa ibang mga aklat, lalo na sa mga aklat ni Samuel at ng Mga Hari. Ang susunod ay isang talahanayan kung saan makikita at maihahambing ang mga talatang magkakatulad.

| I Mga Cronica | Kaganapan | Mga Pagkakatulad |
|---|---|---|
| 1:1–4 | Mga henerasyon mula kay Adan hang-gang kay Japhet | Genesis 5:1–32 |
| 1:5–28 | Mga henerasyon mula kay Japhet hanggang kay Abraham | Genesis 10:2–31; 11:10–26 |
| 1:29–31 | Mga inapo ni Ismael | Genesis 25:12–16 |
| 1:32–33 | Mga anak na lalaki ni Cethura | Genesis 25:1–4 |
| 1:34–54 | Mga inapo ni Esau | Genesis 36:10–43 |
| 2:1–2 | Mga anak na lalaki ni Israel (Jacob) | Genesis 35:22–26 |
| 2:3–17 | Mga inapo ni Juda | Genesis 38:2–7, 29–30; Ruth 4:18–22; Mateo 1:3–6 |
| 3:1–9 | Mga anak na lalaki ni David | II Samuel 3:2–5; 5:14–16 |
| 4:24–33 | Mga inapo ni Simeon | Josue 19:1–9 |
| 5:3 | Mga anak na lalaki ni Ruben | Genesis 46:9 |
| 5:23–26 | Tinalikuran ng mga tao ni Israel ang Pa-nginoon at nabihag sila | II Mga Hari 15:19–31; 17:6–18 |
| 6:54–81 | Mga lungsod ng mga Levita | Josue 21:3–39 |
| 9:1–18 | Mga naninirahan sa Jerusalem | Nehemias 11:3–19 |
| 10:1–12 | Natalo ng mga Filis-teo ang Israel; nama-tay si Saul | I Samuel 31; II Samu-el 1:4–12 |
| 11:1–9 | Nahirang na hari si David | II Samuel 5:1–10 |
| 11:10–41 | Mga mandirigma ni David | II Samuel 23:8–39 |
| 13 | Kinuha ni David ang kaban mula kay Chiriath-jearim | II Samuel 6:1–11. |
| 14 | Natalo ni David ang mga Filisteo | II Samuel 5:11–25. |
| 15:25–16:3 | Dinala ang kaban sa Jerusalem | II Samuel 6:12–19 |
| 16:8–22 | Awit ng Pasasalamat ni David | Mga Awit 105:1–15 |
| 16:23–33 | Pinuri ni David ang Panginoon | Mga Awit 96 |
| 17 | Nag-alok si David na magtayo ng bahay ng Panginoon | II Samuel 7 |
| 18 | Sumuko ang mga ka-away ng Israel | II Samuel 8 |
| 19 | Nilapastangan ng mga Ammonita ang mga sugo ni David | II Samuel 10 |
| 20 | Natalo ng Israel ang mga Ammonita at Filisteo | II Samuel 11:1; 12:29–31; 21:15–22 |
| 21 | Binilang ni David ang Israel | II Samuel 24 |
| 29:26–30 | Pagkamatay ni David | I Mga Hari 2:10–12 |

Pumili ng alinman sa mga kaganapang nakalista sa tsart at ipahambing sa mga estudyante ang mga talatang magkakatulad at ipahanap ang mga pagkakatulad at pagkakaiba. Maaaring kopyahin ang tsart para sa bawat estudyante o gumawa ng poster nito at idispley.

Para mailarawan pa ang pag-uulit-ulit ng mga turo ng ebanghelyo, tulungan ang mga estudyante na ihambing ang Mateo 5:3–12 sa 3 Nephi 12:3–12 at itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila inulit ng Panginoon ang kanyang lubos na mga pagpapala (beatitudes) sa 3 Nephi. Basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:45–49 at talakayin kung bakit inulit ni Moroni ang kanyang mensahe kay Joseph Smith nang apat na beses sa loob ng napakaikling oras. Ipaunawa sa kanila na ang paulit-ulit na pagtuturo ng mga tamang alituntunin ay hindi lamang nagpapaalala sa atin kung paano tayo dapat mamuhay kundi tinitiyak din na ang mahahalagang alituntuning iyon ay naituturo sa mga bagong miyembro ng Simbahan at mga bagong henerasyon ng mga miyembro.

**I Mga Cronica 5:18–26. Dapat tayong magsisi, magpakatapang sa kabutihan, at magtiwala sa Panginoon.** (20–25 minuto)

Talakayin sa mga estudyante kung ano ang dapat nating gawin upang matanggap ang buong pagpapala ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo. Ipasaliksik sa kanila ang I Samuel 8:1–20 at 12:14–25 at ipahanap kung bakit gusto ng Israel ng hari at kung ano ang ipinropesiya ni Samuel tungkol sa pamumuno

ng hari. Talakayin ang mga halimbawa mula sa buhay nina Saul, David, at Solomon na nagpapakita ng katotohanan ng mga propesiya ni Samuel. Ibahagi ang ilan sa impormasyon mula sa pambungad sa I Mga Cronica 1–29 upang ipaunawa sa kanila na ang mga Judiong nagsibalik ay hindi na nagkaroon ng haring maaasahan.

Ipaaral sa mga estudyante ang I Mga Cronica 5:18–26 at ipatalakay kung ano ang nakatulong para manalo o matalo ang Israel laban sa kanyang mga kaaway. Ipatukoy sa kanila ang iba pang mga banal na kasulatan na nagtuturo sa atin na maging masunurin at magtiwala sa Panginoon. Gamitin ang impormasyon mula sa pambungad para maipaliwanag kung ano ang nangyari sa pagsamba ng mga Judio matapos silang makabalik mula sa pagkabihag sa Babilonia. Itanong sa kanila kung saan umaasa ang ilang tao ngayon sa halip na umasa sa Panginoon. Basahin ang Alma 36:3 at itanong kung paano bubuti ang ating buhay kung lalo tayong nagtitiwala at sumusunod nang lubusan sa Panginoon.

**I Mga Cronica 29:29. Hindi lahat ng inihayag ng Diyos sa kanyang mga propeta ay nasa Biblia. Inihahayag niya ang kanyang kalooban sa kanyang mga anak sa lahat ng panahon sa pamamagitan ng kanyang piling mga propeta.** (20–25 minuto)

*Paunawa:* Ang ikalawang lingguhang mungkahi sa pagtuturo para sa linggong ito ay matatagpuan sa mga mungkahi sa pagtuturo para sa aklat ni Ezra.

Sa pisara isulat ang *Nathan 2:7–8* at *Gad 7:16.* Ipahanap sa mga estudyante ang mga reperensyang iyon at ipatuklas kung ano ang sinasabi roon tungkol sa Biblia. Kapag nalaman ng mga estudyante na wala sa Biblia ang mga aklat na iyon, ipabasa sa kanila ang I Mga Cronica 29:29 para malaman na mayroon nito dati.

Ipaunawa sa mga estudyante na maraming taong nag-aakala na nasa Biblia ang lahat ng salita ng Diyos at hindi natin kailangan ang makabagong banal na kasulatan. Itanong sa kanila kung ano ang natutuhan nila mula sa pag-aaral ng Lumang Tipan tungkol sa *kung paano* at *bakit* nangungusap ang Ama sa Langit sa kanyang mga propeta. Ipawari sa kanila kung ano kaya ang nangyari kung ang tanging paghahayag na natanggap ni Noe ay ang nakasulat na salaysay ng mga pakikitungo ng Panginoon kay Adan o kung ang tanging payong natanggap ni Moises mula sa Panginoon ay yaong mga inihayag lamang kay Noe. Itanong sa mga estudyante kung ano ang kaibа sa ating sariling panahon kaya natin kailangan ang makabagong paghahayag (tingnan sa Amos 3:7; Mga Taga Efeso 4:11–14; D at T 1:11–17).

Talakayin kung ano ang itinuturo sa 2 Nephi 29 tungkol sa layunin ng ibang mga banal na kasulatan at na mahal ng Diyos ang lahat ng kanyang anak at patuloy na inihahayag ang kanyang kalooban sa kanila sa pamamagitan ng kanyang piling mga propeta.

# II Mga Cronica 1–36

## Pambungad

Tingnan sa pambungad para sa I Mga Cronica 1–29.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga templo ay mga sagradong bahay ng Panginoon (tingnan sa II Mga Cronica 3:1; 7:1–3; tingnan din sa D at T 109:1–5; 110:1–10).
- Narito tayo sa lupa upang matutong magmahal, sumunod, at maglingkod sa Panginoon. Para magawa ito dapat tayong:
  a. Tumanggap ng pagwawasto mula sa mga lider ng Panginoon (tingnan sa II Mga Cronica 15:1–15; 19:1–11; 30; 36:11–20).
  b. Magpakumbaba ng ating sarili sa harap ng Panginoon (tingnan sa II Mga Cronica 32:26; 33:12–13).
  c. Matuto, sumunod, at magturo ng salita ng Diyos (tingnan sa II Mga Cronica 34:14–21, 29–33; tingnan din sa Ezra 7:10; Alma 17:2–3).
  d. Gumawa at tumupad ng mga tipan sa Panginoon (tingnan sa II Mga Cronica 34:31; tingnan din sa Nehemias 10:29; D at T 136:4).
- Kahit nagkasala ang mga tao ng Juda at naparusahan ng pitumpung taong pagkabihag sa Babilonia, hindi sila iwinaksi ng Diyos. Nang sapat na ang parusa sa kanila, ibinalik niya sila sa kanilang lupang pangako (tingnan sa II Mga Cronica 36:14–23).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**II Mga Cronica 3:1. Ang Bundok ng Moria ay isang lugar na ginawang sagrado ng Panginoon.** (10–15 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang ilang lugar na itinuturing na sagrado?
- Paano nagiging sagrado ang isang lugar?

Kung mayroon, magpakita ng larawan ng bundok ng templo sa Jerusalem at patingnan sa kanila ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, mapa 5, na nagpapakita sa lungsod ng Jerusalem noong panahon ni Jesus. Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 22:1–2; II Samuel 5:6–7; at II Mga Cronica 3:1 at ipatalakay kung ano ang itinuturo dito tungkol sa mahalagang burol na iyon.

Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 37:21–28 at ipahanap kung ano ang sinasabi rito tungkol sa isang templo roon sa hinaharap (tingnan sa komentaryo para sa Ezekiel 37:26–28 sa *Old Testament: I Kings–Malachi*, p. 284). Itanong sa kanila kung bakit mahalaga ang ginagampanan ng isang lugar na tulad ng Moria, ang bundok ng templo, sa kasaysayan at propesiya tungkol sa Israel. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith:

> "Dapat bumalik ang Juda, dapat maitayong muli ang Jerusalem, at ang templo, at ang tubig na dumadaloy mula sa ilalim ng templo, at ang mga tubig ng Dead Sea ay mapagaling. Aabutin ng ilang panahon para muling maitayo ang mga pader ng lungsod at ng templo, at iba pa; at lahat ng ito ay dapat magawa bago pumarito ang Anak ng Tao" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith*, 286).

**II Mga Cronica 5; 7:1–3. Ang mga templo ay mga sagradong bahay ng Panginoon.** (20–25 minuto)

Kung mayroon, ipakita sa mga estudyante ang mga blueprint ng isang gusali. Itanong:

- Bakit at paano ginagamit ang mga blueprint?
- Kung maididisenyo ninyo ang istruktura ng pangarap ninyong bahay, ano ang magiging pinakamalaking silid doon? Bakit?
- Paano kaya mapapaiba ang istruktura ng bahay ng Panginoon sa bahay ninyo?

Mabilis na repasuhin ang I Mga Hari 6 at II Mga Cronica 2–4 sa inyong mga estudyante at talakayin ang ginugol at pagsisikap na napunta sa pagtatayo ng templo ni Solomon. Itanong kung bakit pinagsikapan nang husto nina David at Solomon na makapagtayo ng magandang gusali para sa bahay ng Panginoon. Magpakita ng mga larawan ng ilan sa ating makabagong mga templo at talakayin kung bakit gusto nating ialay ang pinakamainam sa Panginoon. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder James E. Talmage, dating miyembro ng Korum ng Labindalawa:

> "Alalahanin natin ang katotohanan na kaloob man ito ng tao o bansa, ang pinakamainam, kung kusang-loob na inialay at dalisay ang layon, ay laging maganda sa paningin ng Diyos, gaano man kaaba ang pinakamainam na iyon kung ihahambing sa iba" (*The House of the Lord*, bagong edisyon [1976], 3).

Ipabasa sa mga estudyante ang II Mga Cronica 5:11–14 at 7:1–3 at itanong kung paano ipinakita ng Panginoon ang pagtanggap niya sa templo. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 109:1–5, 12–13, 37 at talakayin kung paano naging katulad ng

mga espirituwal na pagpapakita sa paglalaan ng templo ni Solomon ang mga espirituwal na pagpapakitang ipinagdasal sa paglalaan ng Kirtland temple. Maaari ninyong isiping pumili ng mga talata mula sa panalangin sa paglalaan ng templo ng Kirtland na nagpapakita ng mga pagpapala ng pagkakaroon ng templo (tingnan lalo na sa D at T 109:12–59; tingnan din sa D at T 110:1–10). Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng mga templo sa ating panahon.

# Ezra 1–10

## Pambungad

Sa mga pinakaunang manuskrito ng Hebreo, iisang aklat lang ang mga aklat nina Ezra at Nehemias at karugtong ito ng I at II Mga Cronica (paghambingin ang II Mga Cronica 36:22–23 at Ezra 1:1–3). Ang mga aklat nina Ezra at Nehemias ang huling dalawang aklat ng kasaysayan ng Lumang Tipan at ang panahong sakop nito ay mula mga 540 b.c. hanggang 430 b.c. Ang aklat ni Ezra ay ipinangalan sa pangunahing tauhan nito, ang saserdote at manunulat na si Ezra, ngunit hindi binanggit dito ang may-akda.

Sinakop ng mga taga-Asiria ang hilagang kaharian ng Israel at binihag ang mga tao noong mga 721 b.c. Kasunod nito ay nakalat sila at naging kilala bilang "nawawalang sampung lipi" dahil walang nakaaalam ng kanilang kinaroroonan. Sinakop ng Babilonia ang katimugang kaharian ng Juda at binihag ang mga tao nito noong mga 587 b.c. Nanatili silang mga bihag hanggang madaig ng mga taga-Media at taga-Persia ang Babilonia, mga 537 b.c., at tinulutan ni Ciro ang mga Judio na bumalik sa Jerusalem (tingnan din sa Daniel 5).

Ang aklat ni Ezra ay may dalawang magkaibang bahagi: Nakatala sa mga kabanata 1–6 ang pagbalik mula sa Babilonia ng unang grupo ng mga Judio, sa pamumuno ni Zorobabel, at ang mga pagsisikap nila na muling itayo ang templo. Nakatala sa mga kabanata 7–10 ang pagbalik ng ikalawang grupo, sa pamumuno ni Ezra, makalipas ang mahigit animnapung taon.

Ipinaalala sa atin ng aklat na ito ang kapangyarihan ng Diyos na iligtas ang kanyang mga tao at isakatuparan ang kanyang mga layunin, maging hanggang sa bigyang-inspirasyon ang mga hindi naniniwala na tulungan siya sa kanyang mga layunin. Ipinauunawa rin nito sa atin ang kahalagahan ng mga templo at pagsamba sa templo (para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Ezra," p. 64).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Mabibigyang-inspirasyon ng Diyos ang mabubuting tao ng lahat ng relihiyon (tingnan sa Ezra 1:1–4, 7–11; 5:6–6:12; 7:1–6, 11–28).
- Tuwing titipunin ng Panginoon ang kanyang mga tao inuutusan niya silang magtayo ng mga templo (tingnan sa Ezra 1:5–6; 3:10–13; 6:16–22).
- Narito tayo sa lupa upang matutong magmahal, sumunod, at maglingkod sa Panginoon. Upang magtagumpay dapat ay:
  a. Mag-ayuno at manalangin tayo para makamtan ang tulong ng Panginoon (tingnan sa Ezra 8:21–23; 10:6; tingnan din sa Nehemias 1; Esther 4:1–3, 16; Isaias 58:6–11).
  b. Hangarin nating makasal sa loob ng tipan (tingnan sa Ezra 9:1–10:14; tingnan din sa Nehemias 13:23–27; D at T 132:15–17).
  c. Ipagtapat at pagsisihan natin ang ating mga kasalanan (tingnan sa Ezra 10:1, 11; tingnan din sa Nehemias 9:2–3; D at T 58:43).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Ezra 1:1–6. Mabibigyang-inspirasyon ng Diyos ang mabubuting tao ng lahat ng relihiyon na isakatuparan ang kanyang mga propesiya.** (20–30 minuto)

Ipawari sa mga estudyante na nasa isang pagtitipon sila ng pamilya. May lalapit sa kanila na may dalang isang aklat at sasabihin sa kanila na mahigit dalawandaang taon na ito, na nakasulat dito ang kanilang mga pangalan, at sinasabi rito na may gagawin silang kakaiba. Itanong sa kanila kung paano sila tutugon. Ipaliwanag na may nangyaring ganito sa isang hari ng sinaunang Persia.

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 44:28–45:4 at ipatukoy kung sino ang sinasabi ng propetang si Isaias na magiging hari at ano ang gagawin nito. Ipakita sa kanila ang sumusunod na tsart:

| TAON | KAGANAPAN |
|---|---|
| 740 b.c. | Nagsimulang magpropesiya si Isaias |
| 539 | Natalo ng mga taga-Persia ang Babilonia (tingnan sa Daniel 5:30–31) |
| 538–537 | Unang taon ng paghahari ni Ciro (tingnan sa Ezra 1:1–4) |
| mga 537 | Muling itinayo ang altar ng templo (tingnan sa Ezra 3:1–3) |
| 536 | Nagsimula ang pagtatayo ng templo (tingnan sa Ezra 3:8) |
| 536–530 | Pagkalaban ng mga Samaritano sa panahon ng paghahari ni Ciro (tingnan sa Ezra 4:1–5) |
| 530–520 | Natigil ang pagtatayo ng templo (tingnan sa Ezra 4:24) |
| 520 | Itinuloy ang pagtatayo ng templo (tingnan sa Ezra 5:2; Hagai 1:14) |
| 516 | Natapos ang templo (tingnan sa Ezra 6:14–15) |
| 458 | Nilisan ni Ezra ang Babilonia at dumating sa Jerusalem (tingnan sa Ezra 7:6–9) |
| 458 | Nanawagan si Ezra sa mga Judio na magsisi (tingnan sa Ezra 10:9–17) |

Ituro kung ilang taon ang pagitan nina Ciro at Isaias. Ipabasa sa mga estudyante ang Ezra 1:1–4 at ipatuklas kung naniwala si Ciro sa propesiya. Basahin ang natitirang bahagi ng kabanata at ipatukoy sa mga estudyante kung anong klaseng tao si Ciro. Ipasaliksik sa kanila ang Ezra 2:1, 64–70 at ipahanap kung ilang Judio ang nakauwi.

Basahin ang sumusunod na mga banal na kasulatan at ipatukoy sa mga estudyante ang tao o mga taong ipinahihiwatig sa propesiya:

- 2 Nephi 3:6–15 (si Propetang Joseph Smith)
- 2 Nephi 27:12 (ang tatlong saksi sa Aklat ni Mormon)
- Isaias 29:11 (sina Martin Harris at Charles Anthon)

Itanong sa mga estudyante kung paano nakapagpaibayo ng pananampalataya ng mga taong iyon ang pagbasa sa mga propesiyang iyon. Ipabasa sa kanila ang Joel 2:28; Mormon 8:34–41; Moroni 10:24–27; at Moises 1:7–8 at ipatukoy kung ano ang nakita ng mga sinaunang propetang iyon.

Basahin ang Mga Taga Efeso 1:4–5 at talakayin kung paano inorden noon pa man ang bawat isa sa atin na tanggapin ang ebanghelyo at kung paano nagpatotoo ang mga propeta na patuloy na lalaganap ang gawain sa mga huling araw sa pamamagitan natin (tingnan sa D at T 121:25–29). Itanong sa mga estudyante kung paano sila tatapang na piliin ang tama sa pagkaalam na nakita ng mga sinaunang propeta ang ating panahon.

Magtapos sa pagkanta o pagbasa ng mga salita ng isang himnong nagtuturo na ang mga kabataan ay marangal at may kakayahang magtagumpay, tulad ng "Tapat sa Pananampalataya" (*Mga Himno,* blg. 156), "Adhikain Ninyo'y Ituloy" (*Mga Himno,* blg. 157), o "Bilang mga Kabataang Sion" (*Mga Himno,* blg. 158).

**Ezra 3:3–13; 6:16–22. Tuwing titipunin ng Panginoon ang kanyang mga tao inuutusan niya silang magtayo ng mga templo.** (20–30 minuto)

Magdispley ng mapa ng mundo at ipatukoy sa buong klase ang kinaroroonan ng lahat ng templo ng Simbahan hanggang kaya ninyo. Talakayin kung ano kaya ang pakiramdam ng mga miyembro ng Simbahan kapag may templong malapit sa kanila. Talakayin kung paano maaapektuhan ng pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley tungkol sa pagtatayo ng mas maliliit na templo ang buhay ng mga miyembro ng Simbahan sa iba't ibang panig ng mundo (tingnan sa Conference Report, Okt. 1997, mga pahina 68–69).

Basahin ang Ezra 1:1–3 at itanong sa mga estudyante kung ano kaya ang pakiramdam ng mga Judio nang tulutan silang makabalik sa Jerusalem at muling itayo ang kanilang templo, matapos mawalan ng templo nang halos pitumpung taon. Ipabasa sa kanila ang Ezra 1:4–11 at 2:64–3:7 at ipahanap ang katibayan na maraming taong sabik tumulong na maitayo ang templo. Basahin ang Ezra 3:11–13 at talakayin kung ano ang nadama ng mga tao nang mailatag na ang pundasyon ng templo. Basahin ang Ezra 6:16–22 at talakayin kung ano ang nadama nila nang ilaan ang templo.

Itinayo ang mga templo ayon sa takdang panahon ng Panginoon. Repasuhin ang Ezra 1:1–2; 4:23–24; at 6:1–15 sa klase at pansinin ang impluwensya ng mga lider sa pulitika kung maaari o hindi maaaring itayo ang templo. Itanong: Kapag handa na ang Panginoon maiimpluwensyahan ba niya ang mga lider sa pulitika na tumulong na isakatuparan ang kanyang mga layunin?

Ituro sa mga estudyante na ang pagtatayo ng mga templo ay naiimpluwensyahan din ng kabutihan ng mga miyembro ng Simbahan. Para mailarawan ito, paghambingin ang Doktrina at mga Tipan 57:3; 58:57; 88:119; at 95:1–14. Pansinin ang mga petsa kung kailan ibinigay ang mga utos na iyon at ihambing ang mga ito sa petsa ng paglalaan sa Kirtland Temple (tingnan sa D at T 109). Itanong: Paano kaya nakakaimpluwensya sa pagtatayo ng mga templo sa hinaharap ang espirituwal nating paghahanda ngayon?

Basahin ang Ezra 5:1–2 at itanong sa mga estudyante kung sino ang may pinakamalaking impluwensya sa pagsisimula ng pagtatayo ng templo at ano ang itinuturo ng mga talatang iyon tungkol sa pagsunod sa mga propeta (tingnan din sa Hagai 1:1–8; 2:12–18; Zacarias 1:12–17). Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

> "Nag-aalab ang hangarin kong magkaroon ng templo na madaling mararating ng mga Banal sa mga Huling Araw sa iba't ibang panig ng mundo" (sa Conference Report, Set.–Okt. 1995, 77; o *Ensign,* Nob. 1995, 52).

Itanong sa mga estudyante kung ano ang magagawa natin para matulungan si Pangulong Hinckley na isakatuparan ang kanyang hangarin.

**Ezra 7. Kumikilos ang Panginoon sa pamamagitan ng mga yaong ang puso ay handang tumanggap ng kanyang payo.** (10 minuto)

Ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad A para sa Ezra 7 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

**Ezra 9–10. Ang matuto sa mga karanasan ng iba ay makakatulong sa atin na sundin ang Panginoon.** (15–20 minuto)

Magdala ng bagong pahayagang lokal sa klase at pahapyaw itong basahin sa inyong mga estudyante. Kapag ginawa ninyo ito, talakayin kung bakit nagkakasala ang mga tao kahit nakikita nila na madalas ay nakalulunos ang mga bunga nito.

Mabilis na repasuhin ang kasaysayan ng pagkabihag ng Juda sa Babilonia (tingnan sa II Mga Hari 24–25). Basahin ang II Mga Hari 21:13–16 at itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila tinulutan ng Panginoon na masakop ang mga ito. Ipabasa sa mga estudyante ang Ezra 9:1–2 at ipatukoy kung anong mga kasalanan ang ginawa ng mga ipinatapon na nagsibalik sa Jerusalem. Itanong: Paano naging katulad ng mga kasalanan ng kanilang mga ninuno ang mga kasalanang

iyon? Basahin ang Ezra 9:3–15 at talakayin ang nadama ni Ezra tungkol sa kanyang mga tao.

Ipaunawa sa mga estudyante na hindi sapat na malaman lamang ang tama sa mali, dapat nating gawin ang tama. Basahin ang Ezra 10:1–2 at itanong kung alam ng mga tao kung ano ang tama. Ipatukoy sa kanila ang mga kataga sa mga talata 3–5 na nagpapakita na hinangad ng mga tao na gawin ang tama. Ipasaliksik sa kanila ang mga talata 6–17 para sa katibayan ng pagmamahal ni Ezra sa kanyang mga tao. Itanong:

- Ano ang ginawa ni Ezra na nagpakita ng kanyang pagmamahal?
- Paano natin masusunod ang halimbawa ni Ezra ngayon?

# ANG AKLAT NI NEHEMIAS

## Nehemias 1–13

### Pambungad

Sa pinakaunang mga manuskrito ng Hebreo ang aklat ni Nehemias ay pagpapatuloy ng aklat ni Ezra. Ang estilo ng talambuhay ay nagpapahiwatig na maaaring si Nehemias ang may-akda. Saklaw nito ang kasaysayan ng mga Judio mula mga 446 hanggang 405 b.c.—ang pinakahuling panahon sa anumang mga aklat ng kasaysayan sa Lumang Tipan.

Si Nehemias ay isang Judiong pinagtiwalaan ng katungkulang "tagahawak ng saro" ni Artajerjes, hari ng Persia, na ibig sabihin ay pinrotektahan niya ang pagkain at inumin ng hari mula sa lason (tingnan sa Nehemias 1). Pinahintulutan siya ni Artajerjes na magtungo sa Jerusalem at tumulong sa muling pagtatayo ng kuta ng lungsod (tingnan sa Nehemias 2:1–6:15). Naglingkod siya bilang gobernador sa Jerusalem nang labindalawang taon, pagkatapos ay nagbalik sa Babilonia, kung saan siya nanatili nang ilang panahon bago bumalik sa Jerusalem sa ikalawang pagkakataon (tingnan sa Nehemias 5:14–15; 13:6; 13:7–31).

Nagpamalas si Nehemias ng pinakamatinding dedikasyon at tapang sa muling pagtatayo ng mga kuta ng Jerusalem at sa aspetong espirituwal ay muling pinatatag ang pananampalataya ng mga tao (tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Nehemias," p. 165).

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Pinagpapala ng Panginoon ang lahat ng nagsisisi at tapat na lumalapit sa kanya (tingnan sa Nehemias 1:5–11; 4; 8–9).
- Dapat tayong maging sabik sa paggawa ng mabuting bagay at aktibong labanan ang kasamaan (tingnan sa Nehemias 2:12–20; 4; 13:4–30; tingnan din sa D at T 58:26–28).
- Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay tumutulong sa atin na magkaroon ng pananampalataya, tapang, at kapayapaan ng kalooban (tingnan sa Nehemias 8–10).
- Nilalapastangan natin ang araw ng Sabbath kapag bumili o nagbenta tayo sa banal na araw na iyan (tingnan sa Nehemias 13:15–18).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**II Mga Cronica 36; Ezra 1–10; Nehemias 1–13. Pinagpapala ng Panginoon ang lahat ng nagsisisi at tapat na lumalapit sa kanya.** (30–40 minuto)

Magdala sa klase ng sirang bagay at itanong sa mga estudyante kung paano nila pagpapasiyahan kung alin sa mga sirang bagay ang kukumpunihin at alin ang itatapon. Ipabasa sa kanila ang Nehemias 1:1–3 at ipahanap kung ano ang nalaman ni Nehemias na nawasak. Itanong:

- Bakit karapat-dapat na itayong muli ang mga kuta ng Jerusalem?
- Paano naging simbolo ng bansang Judio ang mga kuta noong panahong iyon?
- Paano isinisimbolo ng mga kuta ang mga kundisyon ngayon para sa mga taong walang mga turo ni Jesucristo?

Repasuhin sa mga estudyante ang dahilan kaya nabihag ng Babilonia ang Juda (tingnan sa II Mga Cronica 36:14–21). Kung minsan ay natatagpuan ng mga tao ngayon na ang sarili nilang espirituwalidad ay katulad sa sitwasyon ng mga Judio—na nanganganib na mabihag dahil sa kasamaan. Dahil maawain ang Panginoon, binibigyan niya ang kanyang mga anak ng mga pagkakataong makabalik sa kanya. Itanong kung paano binigyan ang mga sinaunang Judio kapwa ng pisikal at espirituwal na pagkakataong makabalik (tingnan sa Ezra 1).

Pinamunuan nina Ezra at Nehemias ang mga grupo ng mga Judio pabalik sa Jerusalem nang itulot ng Panginoon na makabalik sila. Ang karanasan nila ay naging huwaran para sa lahat ng naghahangad na makabalik sa Panginoon.

Ang sumusunod na mga bahagi ng mga aklat nina Ezra at Nehemias ay maaaring basahin at talakayin upang ipakita ang ginawa ng mga Judio, hindi lamang para muling itayo ang templo at mga kuta ng Jerusalem, kundi upang muling buuin ang kanilang espirituwal na buhay:

- **Ezra 3:1–7.** Bago nila natapos ang templo, muling itinayo ng mga tao ang altar at nagsimula silang magsakripisyo ng mga hayop. Itanong: Ano ang ginampanan ng sakripisyong iyon sa pagtutuon kay Cristo? Pagkatapos ng Pagbabayad-sala, anong mga sakripisyo ang kailangang gawin? (tingnan sa 3 Nephi 9:19–20).
- **Ezra 4; Nehemias 2:19; 4; 6.** Pansinin ang iba't ibang mga paraan na tinangkang pigilin ng mga kaaway ang gawain (tingnan lalo na sa Ezra 4:4–6; Nehemias 2:19; 4:1–3, 7–12; 6:1–13). Itanong: Paano natutulad ang mga sinaunang halimbawang ito ng oposisyon sa mga paraan na sinisikap ng mga tao ngayon na pigilan yaong mga lumalapit kay Cristo?
- **Ezra 5:1–2; Nehemias 1; 2:17–20; 4; 6; 8–10.** Basahin ang sumusunod na mga talata, na hinahanap kung ano ang nakatulong sa mga Judio na magtagumpay: Ezra 5:1–2; Nehemias 1:4–11; 2:18; 4:4–5, 9, 14, 19–23; 6:3, 9, 12. Alalahanin na nang matapos ng mga tao na itayong muli ang templo at mga kuta, higit silang naging espirituwal sa pamamagitan ng mapakumbabang pakikinig sa pagtuturo sa kanila ni Ezra mula sa mga banal na kasulatan (tingnan sa Ezra 8) at pagbabagong-buhay pagkatapos (tingnan sa Ezra 9–10).

Ipaunawa sa mga estudyante na, bagama't mahirap, posibleng makabalik sa Panginoon at ayusin ang nasirang kaugnayan sa kanya. Ibahagi ang sumusunod na kuwento ni Pangulong Boyd K. Packer:

> "Ilang taon akong nasiyahan sa paglililok at pagpipinta ng mga ibong umaawit, at kung minsan nga ay isang buong taon kong nilililok ang isang bagay…. Minsan, mayroon akong kalililok na ibon sa likurang upuan ng kotseng minamaneho ni Elder A. Theodore Tuttle. Bigla siyang nagpreno at tumilapon sa sahig ang nililok ko at nasira.
>
> "Sising-sisi si Elder Tuttle, sa pag-aakalang nasira niya ang ibong isang taon kong nililok. Nang sabihin ko na hindi niya kailangang humingi ng paumanhin, sabi niya, 'Mukhang hindi ka nagalit sa nangyari.'
>
> "Para mapanatag siya, sinabi ko, 'Huwag kang magalala. Ako ang gumawa nito; mabubuo ko itong muli.' Ang totoo maraming beses na itong nasira at muling binuo habang ginagawa ko ito.
>
> "Kalaunan, inihalintulad ni Brother Tuttle ang karanasang iyon sa mga taong nasira o lubhang nawasak ang buhay—na inakalang wasak na ito at wala nang pag-asang mabuong muli—na hindi alam na may isang Tagapaglikha, isang Lumikha, na siyang makabubuong muli sa sinuman sa kanyang mga nilikha gaano man katindi ang pagkawasak ng kanilang buhay" (*The Play and the Plan,* 6–7).

**Nehemias 8–13. Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay tumutulong sa atin na magkaroon ng pananampalataya, tapang, at kapayapaan ng kalooban.** (25–35 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung ano ang ilang magiging masasamang bunga kung hindi nila nabasa ang mga banal na kasulatan nang isang buwan, tatlong buwan, o sampung taon. Ipawari sa kanila na hindi pa sila nakakita ng mga banal na kasulatan, pagkatapos ay basahin sa kanila ang Nehemias 8:1–2. Itanong: Gaano kaya kayo kasabik na marinig ang mga banal na kasulatan sa kauna-unahang pagkakataon? Ipabasa sa kanila ang mga talata 3–8 at ipahanap kung paano tumugon ang mga tao sa mga banal na kasulatan. Basahin ang talata 9 at itanong sa kanila kung bakit sa palagay nila umiyak ang mga tao. Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng mga banal na kasulatan.

Ipatapos sa mga estudyante ang sumusunod na pangungusap: Pinalalakas ako ng mga banal na kasulatan dahil …

Ipabasa nang mabilis sa mga estudyante ang Nehemias 9 at ipahanap kung paano kaya tinapos ng mga Judio ang pangungusap na iyon matapos marinig ang binasa ni Nehemias sa kanila.

Ipabasa sa mga estudyante ang Moroni 10:3 at ipatukoy kung ano ang nais ni Moroni na alalahanin natin tungkol sa mga banal na kasulatan (tingnan din sa 1 Nephi 1:20). Itanong:

- Paano naging pagpapala sa mga sinaunang Judiong iyon ang pag-unawa sa awa ng Diyos?
- Paano ito magiging pagpapala sa atin?

Basahin ang Nehemias 9:1–3, 36–38 at talakayin kung paano nakatulong ang mensahe ng mga banal na kasulatan sa mga Judio na makipagtipang sundin ang Diyos. Ipaliwanag na di nagtagal ay marami sa mga tao ang nagsimulang muling sumuway sa mga utos (tingnan sa Nehemias 13:15–22). Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila nagsimulang muling magkasala ang mga tao. Basahin ang 1 Nephi 8:30 at magpatotoo kung paanong ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ay hindi lamang isang araw o isang linggo ginagawa, kundi habambuhay ito.


# Esther 1–10

## Pambungad

Sinimulang pamahalaan ng mga taga-Babilonia ang mga tao ng Juda noong mga 587 b.c. Mga 538 b.c. sinakop ng mga taga-Persia ang mga taga-Babilonia. Pinamahalaan ng Persia ang Juda gayundin ang bihag na mga Judio na nanatili sa Babilonia. Sa pagitan ng 464 at 425 b.c. pinili ng pinuno ng Persia na si Assuero ang dalagang Judiong si Esther na maging reyna ng Persia. Isinalaysay ito sa aklat ni Esther.

Nabuhay si Esther sa kapanahunan nina Ezra at Nehemias. Isa siyang mabuting babae na dakila ang katapangan at makabayan. Nakatulong siya sa kapakanan ng kanyang mga taong sinakop dahil sa posisyon niya sa kaharian ng Persia. Ang kuwento niya ay tumutulong sa atin na maunawaan kung paano positibong naaapektuhan ng isang mabuting tao ang landasin ng isang bansa.

**Ang Kaharian ng Persia 500 b.c.**




## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Maaaring mamagitan ang Panginoon sa mga bagay na pampulitika para makinabang ang kanyang mga tao (tingnan sa Esther 1–10).
- Ang katapangan ng kahit isang mabuting tao lamang ay maaaring malaki ang epekto sa buhay ng marami pang iba (tingnan sa Esther 1–10).
- Noon pa man ay inorden na ng Diyos ang marami sa kanyang mga anak sa ilang mahahalagang tungkulin sa mortalidad (tingnan sa Esther 4:14; tingnan din sa Alma 13:3–9).
- Ang pag-aayuno ay tinutulungan tayong magkaroon ng espirituwal na lakas (tingnan sa Esther 4:16; tingnan din sa Mateo 17:14–21).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Esther 1–10. Isang pagbubuod ng aklat ni Esther.** (30–35 minuto)

Hatiin ang klase sa apat na grupo at atasan ang bawat isa sa kanila ng isa sa sumusunod na mga grupo ng kabanata: Esther 1–2; 3–4; 5–7; 8–10. Ipaaral sa kanila ang kanilang mga kabanata at ipatanghal ang impormasyong nagmumula rito sa isang tatlong-minutong pagbabalita. Halimbawa, mapaghahalo nila ang isang mahalagang pag-uulat ng kasaysayan na iniinterbyu ang mga pangunahing tauhan—tulad ng pagkakaroon ng isang tagaulat sa labas ng palasyo na iniinterbyu si Reyna Vasthi kung bakit siya pinatalsik bilang reyna.

Matapos itanghal ng mga grupo ang kanilang brodkast, talakayin ang ilan sa mga alituntuning itinuro sa kuwento ni Esther (tingnan sa "Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin" at sa iba pang mga mungkahi sa pagtuturo).

**Esther 1–4. Ang katapangan ng kahit isang mabuting tao ay malaki ang epekto sa buhay ng marami pang iba. Ang pag-aayuno ay makakatulong sa atin na magkaroon ng gayong espirituwal na lakas.** (25–30 minuto)

Basahin ang sumusunod na pag-aaralang sitwasyon sa mga estudyante: Si Randy ay isa sa mga nangungunang estudyante sa klase niya sa matematika at huling pagsusulit na nila ngayon. Kaninang umaga, habang nasa mahabang biyahe sa bus papasok sa eskuwela, binanggit ng dalawang pinakamatalik na kaibigan ni Randy, sina George at Tom, na hindi sila nakapag-aral. Hiniling nila kay Randy na lakihan ang sulat sa pagsusulit para mas madali nilang makita ang papel niya at makopya ang mga sagot niya.

Itanong sa mga estudyante:

- Sa palagay ninyo, paano dapat tumugon si Randy sa hiling ng kanyang mga kaibigan?
- Ano kaya ang magiging mga bunga kung ipakita ni Randy sa mga kaibigan niya ang kanyang mga sagot?
- Ano kaya ang mangyayari kung piliin niyang huwag ipakita sa mga kaibigan niya ang kanyang mga sagot?

Talakayin kung paanong kadalasan ay mahirap gawin ang tama at may mga bunga rin ito. Ipabasa sa mga estudyante ang Esther 1:5–11 at itanong:

- Gaano katagal nang nag-iinuman ang mga lalaki? (tingnan sa t. 10).
- Ano kaya ang epekto ng pag-inom sa ginawa nila?
- Ano ang gustong ipagawa ng hari sa reyna?

Ipabasa sa mga estudyante ang Esther 1:12 at ipalahad kung bakit sa palagay nila tumanggi ang reyna na sundin ang hari. Ipabasa sa kanila ang Esther 2:1–4, 8–9, 15–20. Itanong:

- Ano ang ginawa ng hari matapos paalisin si Vasthi?
- Sino ang pinili niyang maging bagong reyna?
- Sa palagay ninyo, bakit hindi sinabi ni Esther sa hari na siya ay isang Judio?

Ibuod para sa inyong mga estudyante ang salaysay tungkol kina Mardocheo at Aman, na matatagpuan sa Esther 2:21–4:9. Basahin ang Esther 4:10–11 at ipapaliwanag sa mga estudyante ang mahirap na kalagayan ni Esther. Itanong: Ano ang maaaring mangyari kung humarap siya sa hari nang hindi tinatawag?

Ipabasa sa mga estudyante ang Esther 4:12–17. Itanong:

- Ano ang ipinasiyang gawin ni Esther, sa kabila ng maaaring ibunga nito?
- Sa palagay ninyo, bakit niya ipinasiya iyon?
- Ano ang itinuturo sa atin ng kanyang pasiya tungkol sa kanyang pagkatao at pananampalataya sa Diyos?
- Ano ang ginawa niya para mag-ibayo ang potensyal niyang magtagumpay? (Siya ay nag-ayuno; tingnan sa Esther 4:16.)

Basahin ang Esther 6:1–3 at itanong:

- Ano ang ginawa ng hari na maaaring naging epekto ng pag-aayuno ni Esther at ng kanyang mga tao?
- Anong uri ng mga pagpapasiya ang kinakaharap ngayon ng mga kabataan na nangangailangan ng uri ng katapangan nina Vasthi at Esther? Halimbawa: Kayo ba ay nakadalo na o naanyayahang dumalo sa isang kaganapang hindi angkop? Nagkaroon ba kayo ng tapang na hindi pumunta o umalis nang malaman ninyong hindi ito angkop? Kung umalis kayo, ano ang pakiramdam ninyo pag-alis ninyo? Paano kaya naapektuhan ng pag-alis ninyo ang mga nakakita?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Kawikaan 3:5–6 at ipahanap kung ano ang nagbibigay sa isang tao ng lakas na gumawa ng mahihirap na desisyon. Ipabasa sa kanila ang Mateo 17:14–21 at ipatukoy kung ano ang magagawa natin para lumakas ang ating pananampalataya sa Panginoon at ang kakayahan nating gumawa ng mabubuting pasiya.

**Esther 4:13–14. Noon pa man ay inorden na ng Diyos ang marami sa kanyang mga anak sa ilang mahahalagang tungkulin sa mortalidad.** (5–10 minuto)

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Harold B. Lee:

> “Maraming pinili, tulad ni Abraham, bago sila isinilang, ayon sa sabi ng Panginoon kay Moises at maging kay Jeremias. Ginawa pa itong mas makahulugan ng Propeta sa mga Huling Araw na si Joseph Smith, na nagsabing, ‘Naniniwala ako na bawat taong tinawag na gumawa ng isang mahalagang gawain sa kaharian ng Diyos, ay tinawag sa gawaing iyon at inorden na noon pa man sa gawaing iyon bago nalikha ang mundo’ ” (sa Conference Report, Okt. 1973, 6; o *Ensign*, Ene. 1974, 5).

Itanong sa mga estudyante:

- Sino sa palagay ninyo ang ilang taong inorden noon pa man sa isang mahalagang gawain? (halimbawa, tingnan sa Jeremias 1:5).
- Sa palagay ba ninyo mga propeta lamang ang inorden noon pa man?

Ipabasa sa mga estudyante ang Esther 4:13–14 at ipatukoy kung sino ang binanggit ni Mardocheo na maaaring inorden noon pa man para sa isang mahalagang layunin. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie:

> “Alam na alam natin na sina Joseph Smith at Jeremias at ang mga apostol at propeta, ang matatalino, dakila, at mabubuti ay inorden noon pa man sa partikular na mga ministeryo. Ngunit bahagi lamang iyan ng doktrina ng pag-oorden noon pa man. Ang dakila at maluwalhating bagay tungkol sa pag-oorden noon pa man ay inorden na noon pa man ang buong Sambahayan ni Israel, na milyun-milyon—kakaunti kung ihahambing sa lahat ng espiritu sa buhay bago sila isilang sa mundong ito—ngunit milyun-milyong tao ang inorden noon pa man para magtamo ng tiyak na mga pagpapala ng ebanghelyo” (*Making Our Calling and Election Sure*, Brigham Young University Speeches of the Year [25 Mar. 1969], 6).

Yaong mga hindi nagmula sa “buong sambahayan ni Israel” ay kinupkop nito noong sila ay mabinyagan (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, “Pagkupkop,” p. 188).

Ipaunawa sa mga estudyante na sila ay kabilang sa sambahayan ni Israel at, sabi nga ni Elder McConkie, sila ay inorden noon pa man na tumanggap ng mga pagpapala ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Itanong:

- Anong mahalagang gawain kaya ang inorden noon pa man na gagawin ng sambahayan ni Israel ngayon?
- Paano natin matitiyak na tayo ay tapat sa ating gawaing inorden noon pa man?

Repasuhin kung paano inihanda ng kanilang mabubuting pasiya sina Esther at Mardocheo para sa kanilang mahahalagang misyon. Talakayin kung paano nakakaapekto ang ginagawa nating mga pasiya araw-araw hindi lamang sa ating kinabukasan, kundi maging sa kinabukasan ng iba.

# Job 1–42

## Pambungad

Ang aklat ni Job ang una sa mga aklat sa bahagi ng mga tula o sulat sa Lumang Tipan (tingnan sa "Paano Isinaayos ang Lumang Tipan?" sa p. 9). Ang nilalaman ng halos buong aklat (Job 3–42:6) ay isinulat nang patula, at ang nilalaman ng aklat ni Job ay itinuturing na napakahusay. Nakatala sa aklat ni Job ang mga tanong, alinlangan, at pangamba ng isang nagdurusa. Makakatulong ito na palakasin tayo sa oras ng pagsubok at paghihirap sa pagpapaalala sa atin ng layunin ng Diyos para sa ating pagdurusa.

Ang aklat ni Job ay sumasagot sa dalawang mahahalagang tanong ng buhay:

- Bakit nagdurusa ang mababait na tao?
- Ano ang naghihikayat sa mabubuting tao na piliin ang kabutihan?

Ang aklat ni Job ay maaaring hatiin sa tatlong bahagi:

- Ang paunang salita (mga kabanata 1–2) ang nagpapasimula at nagbubuod sa pangyayari.
- Ang tula (mga kabanata 3:1–42:6) ang nagkukuwento ng mga pag-uusap ni Job at ng kanyang mga kaibigan kung bakit labis na nagdurusa si Job.
- Ang katapusan (42:7–17) ang nagtatala sa huling pagpapala at basbas ng Panginoon.

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Job" (mga pahina 95–96).


## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Totoong may Satanas. Narito siya sa lupa at tinulutan siyang tuksuhin tayo, ngunit kung lalabanan natin ang kanyang impluwensya at susundin ang Tagapagligtas, hindi siya magkakaroon ng kapangyarihan sa atin (tingnan sa Job 1:7, 12–22; 2:2, 6–10; tingnan din sa D at T 10:22–27, 43).
- Ang pag-unawa sa plano ng kaligtasan at nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo ay tutulungan tayong maunawaan at higit na matiis ang mga pagsubok at pasakit ng mortalidad (tingnan sa Job 1:21–22; 2:10; 5:6–11; 7:1–5; 19:25–26; 38:4–7; 42:1–6).
- Dapat tayong maging tapat sa lahat ng bagay, na ibig sabihin ay mamuhay ayon sa ating mga pamantayan at laging sumampalataya sa Panginoon, anuman ang mangyari (tingnan sa Job 2:7–10; 13:15; 19:25–26; 27:1–6; tingnan din sa Mosias 23:21–22; D at T 124:15, 20).
- Dapat nating damayan, aliwin, at palakasin ang mga nagdurusa (tingnan sa Job 2:11–13; 6:14; 30:25; tingnan din sa Mosias 18:8–9).
- Sa pagtanggap ng pagwawasto mula sa Panginoon, mas bubuti tayo at higit na liligaya (tingnan Job 5:17–18; 34:31; tingnan din sa Mga Awit 94:12; Mga Hebreo 12:6; D at T 136:31).
- Sa mortalidad, ang mabubuti kung minsan ay dumaranas ng matitinding pasakit samantalang ang masasama ay tila umuunlad. Malalaking pagpapala ang dumarating sa mga yaong matagumpay na natitiis ang kanilang mga pasakit at tatanggapin ng masasama ang gantimpalang nararapat sa kanila (tingnan sa Job 6:24; 10:15; 12:6; 20:4–5; 21:7–14; 24:13–24; 27:8–23; 28:12–13; 42:5–17; tingnan din sa Mga Awit 7:7–20; Malakias 3:14–18; D at T 101:4–5; 122:5–7).
- Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, lahat tayo ay muling mabubuhay matapos tayong mamatay (tingnan sa Job 19:25–27; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 15:21–22; Alma 11:42–44).
- Kung gagawin natin ang tama, ang ating mga pagsubok ay magiging malalaking pagpapala (tingnan sa Job 19:26–27; 23:10–12; 42:9–17; tingnan din sa D at T 98:1–3).
- Ang kaalaman at kapangyarihan ng Diyos ay walang hanggan. Ang mortal at may hangganang isipan ay hindi mauunawaan ang walang hangganang isipan ng Diyos (tingnan sa Job 38:1–42:3).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Job 1–42. Sa mortalidad, ang mabubuti kung minsan ay dumaranas ng matitinding pasakit. Malalaking pagpapala ang dumarating sa mga yaong matagumpay na natitiis ang kanilang mga pasakit.** (75–90 minuto)

Magdala ng isang pirasong uling sa klase o kopyahin sa pisara o sa overhead transparency ang mga larawan sa sumusunod na diagram. Sulatan ng tatak ang mga ito habang nagtuturo kayo.



Itanong sa mga estudyante kung ano ang kailangan para makalikha ng diamante mula sa uling. Punan ang gitnang bahagi ng diagram kapag tumugon sila. Itanong:

- Nagiging diamante ba ang lahat ng uling?
- Bakit hindi? (Ang ilang uling ay hindi sumasailalim sa o hindi kinakaya ang init, mataas na temperatura, at mahabang panahong kailangan para maging diamante.)

Isulat ang mga salitang *Sangkatauhan* at *Pagkadiyos* sa ilalim ng mga salitang *uling* at *diamante* sa diagram. Itanong sa mga estudyante:

- Kung kailangan ng init, mataas na temperatura, at mahabang panahon para maging diamante ang mga uling, ano ang kailangan para maging katulad ng Diyos ang isang mortal na hindi sakdal?
- Magiging katulad ba ng Diyos ang lahat ng tao?
- Bakit hindi?

Ipabasa sa isang estudyante ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Brigham Young:

> "Si Joseph [Smith] ay hindi maaaring nagawang ganap, kahit nabuhay pa siya nang isang libong taon, kung hindi siya tumanggap ng pag-uusig. Kung nabuhay siya nang isang libong taon, at pinamunuan ang mga taong ito, at ipinangaral ang Ebanghelyo nang hindi inuusig, hindi sana siya nagawang ganap na gaya noong siya ay tatlumpu't siyam na taong gulang" (*Discourses of Brigham Young,* pinili ni John A. Widtsoe [1954], 351).

Itanong sa mga estudyante:

- Bakit dinaragdagan ng mga weightlifter ang bigat ng mga barbel habang lumalaon?
- Mas nahihirapan ba silang buhatin ang barbel dahil sa dagdag na bigat nito?
- Makakasama ba sa kanila ang dagdag na bigat?
- Lalakas ba sila o hihina kung lagi nilang daragdagan ang bigat?
- Ano ang ilan sa mga dagdag na bigat, o mga pagsubok at pasakit, na kung minsan ay ipinababalikat sa atin sa buhay na ito na kailangan para sa ating espirituwal na pag-unlad? (Halimbawa, mga karamdaman, kabiguan, pagtira sa tahanan na iisang magulang lamang ang kasama, at kawalan ng hinahangad na mga kakayahan at talento.)

Sabihin sa mga estudyante na si Job ay isang lalaking nagdala ng maraming dagdag na pasanin. Paobserbahan sa kanila kung paano matagumpay na natiis ni Job ang kanyang mga pasakit.

Ipabasa sa mga estudyante ang Job 1:1–19 at 2:7–10. Itanong sa mga estudyante kung anong mga pagpapala ang tinamasa ni Job bago dumating ang kanyang mga pagsubok at ilista sa pisara ang mga ito. Pagkatapos ay itanong:

- Ilan sa mga pagpapalang iyon ang nawala sa kanya?
- Alin sa palagay ninyo ang pinakamahirap tiisin sa mga pasakit ni Job?
- Sa palagay ninyo, bakit bahagi ng plano ng kaligayahan ng Ama sa Langit ang mga pagsubok at pasakit?

Basahin ang Job 10:15–16 at 28:12–13 at sabihin sa mga estudyante na pinagtakhan ni Job kung bakit nangyari sa kanya ang lahat ng pagsubok na iyon. Magpaisip sa mga estudyante ng isang mabuting taong kilala nila na labis na nagdusa sa kanyang buhay. Itanong: Naisip na ba ninyo kung bakit hindi ginagamit ng Diyos ang kanyang kapangyarihang itigil ang lahat ng pagdurusa? Isulat sa pisara ang sumusunod na mga tanong:

- Bakit nangyayari ang masasamang bagay sa mabubuting tao?
- Ano ang mga kabutihang dulot ng tapat na pagtitiis sa mga pagsubok?

Ipasaliksik sa mga estudyante ang sumusunod na mga banal na kasulatan at ipatalakay ang mga dahilan kung bakit kung minsan ay dumarating ang mga pasakit sa mabubuti:

- Genesis 22:1–2; Abraham 3:24–25 (para subukan kung susunod sila)
- Job 1:14–15, 17; Alma 14:8–11; 60:12–13 (para mapanatili ang kalayaan ng masasama upang maging makatarungan ang paghatol sa kanila)
- Mga Hebreo 5:8; Doktrina at mga Tipan 122:7; 136:31 (para sa personal na pag-unlad at paglago)
- Job 1:18–19; Juan 9:2–3; 2 Nephi 2:11 (ang pagdurusa ay likas na bunga ng mortalidad)

Ipabasa sa mga estudyante ang Alma 62:41 at ipatukoy ang dalawang paraan ng pagtugon ng mga tao sa mga pasakit. Ipabasa sa mga estudyante ang sumusunod na mga reperensya sa mga banal na kasulatan at ipatalakay ang mga pagpapalang dumarating sa mga yaong matagumpay na natitiis ang kanilang mga pagsubok:

- Job 42:5; Mga Taga Filipos 3:8–10 (nagtatamo ng higit na pag-unawa tungkol sa Tagapagligtas)
- 2 Nephi 2:11 (nauunawaan ang tunay na kagalakan at kaligayahan)
- Doktrina at mga Tipan 58:2–4 (nagtatamo ng buhay na walang hanggan)

Basahin ang Job 42:10–17 at ihambing ang mga huling pagpapala kay Job sa mga pagpapala sa kanya noong una. Ilista sa pisara ang mga huling pagpapalang iyon sa tabi ng listahan ng mga pagpapala kay Job noong una. Ingatang hindi mabawasan ang tindi ng lungkot at sakit sa unang nawala kay Job. Dakila ang mga huling pagpapala sa kanya, ngunit nagdusa pa rin si Job.

Ipaunawa sa mga estudyante na kahit makakatulong sa atin na malaman ang mga dahilan at pagpapalang iyon para higit nating matiis ang ilang pasakit, may mga pagkakataon na nagdurusa ang walang-malay at tila walang sapat na paliwanag

para dito. Ngunit ang hindi pagkaalam kung bakit tayo nagdurusa ay maaaring talagang bahagi ng pagsubok. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Harold B. Lee, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Habang nagiging mas kumplikado ang buhay natin at ang kalagayan ng mundo, mas mahalagang manatiling malinaw sa atin ang mga layunin at alituntunin ng ebanghelyo ni Jesucristo. Hindi tungkulin ng relihiyon na sagutin ang lahat ng tanong tungkol sa pamamahala ng Diyos sa sansinukob ayon sa mga alituntunin ng tama at mali, kundi bigyan ng tapang ang isang tao, sa pamamagitan ng pananampalataya, na magpatuloy sa kabila ng mga tanong na hindi niya kailanman masasagot sa kasalukuyan niyang kalagayan" (sa Conference Report, Okt. 1963, 108).

Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 76:5–7. Itanong:

- Paano kaya mapapanatag ng mga talatang iyon ang mga yaong hindi alam kung bakit sila nagdurusa?
- Ano ang ipinahihiwatig ng mga ito na dapat nating gawin para matanggap ang kaalamang iyon mula sa Diyos?

Ipaisip sa mga estudyante ang huling hindi magandang nangyari sa kanila at kung ano ang reaksyon nila rito. Alamin kung ano ang reaksyon ni Job sa kanyang mga pagsubok sa pagbasa sa sumusunod na mga banal na kasulatan: Job 1:21; 2:10; 13:15; 19:25–26; 23:10; 27:4. Talakayin sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila naging maganda ang tugon ni Job sa gitna ng gayong pagdurusa. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Neal A. Maxwell:

> "Ang espirituwal na katatagan ay nangangailangan ng lakas para mapanatili—lakas na matatamo sa regular na pagpapakabusog sa ebanghelyo ni Jesucristo nang taimtim, at may pag-unawa. Kung kayo at ako ay hindi magpapakabusog sa ebanghelyo na bukas-palad na ibinigay sa atin ng Diyos, manghihina tayo sa halip na lumakas" (*"If Thou Endure Well"* [mensahe sa fireside sa Brigham Young University, 2 Dis. 1984], 5).

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 121:7–8 at itanong sa mga estudyante kung ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga yaong lubos na nakapagtiis sa gitna ng hirap at pasakit.

**Job 2:11–13. Dapat nating damayan, aliwin, at palakasin ang mga nagdurusa.** (15–20 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung may kilala sila na nagdanas ng labis na kalungkutan at ano ang ginawa nila o ng ibang tao para tulungan ang taong iyon. Repasuhin ang nangyari kay Job sa Job 1–2. Basahin ang Job 2:11–13 at alamin kung ano ang gustong gawin ng mga kaibigan ni Job para sa kanya. Basahin ang Mosias 18:8–9 at talakayin kung paano ito maiaangkop sa sitwasyong iyon.

Ipabasa sa iba't ibang estudyante ang sumusunod na mga talata at alamin kung ano ang sinabi ng mga kaibigan ni Job para tulungan siya: Job 4:7–8; 8:6, 20; 11:3–6; 15:20; 18:5–6; 20:5, 29; 22:5, 23; 34:35–37. Itanong:

- Ano ang sinabi ng mga kaibigan ni Job na dahilan daw ng kanyang mga kasawian?
- Makakaaliw ba sa inyo ang gayong mga pahayag mula sa mga kaibigan ninyo?
- Basahin ang Job 16:1–2. Ano ang nadama ni Job sa sinabi ng kanyang mga kaibigan?

Basahin ang Job 9:13, 17, 22; 12:6; at 21:7–13 upang alamin ang sinabi ni Job sa kanyang mga kaibigan na magpapaalam sa atin kung bakit hindi natin masasabi na ang mga kasawiang-palad ay bunga ng mga kasalanan. Basahin ang Job 1:1 at ipaalala sa mga estudyante kung anong klaseng tao si Job. Itanong:

- Ano ang matututuhan natin sa mga pagkakamali ng mga kaibigan ni Job?
- Ano sana ang mas mabuting ginawa at sinabi ng mga kaibigan ni Job?

Hikayatin ang mga estudyante na hanapin ang mga nangangailangan at aliwin at palakasin sila sa kanilang mga pagsubok.

**Job 19:25–26. Ang pag-unawa sa plano ng kaligtasan at nagbabayad-salang sakripisyo ni Jesucristo ay tutulungan tayong maunawaan at higit na matiis ang mga pagsubok at pasakit ng mortalidad.** (10–15 minuto)

Kantahin ang himnong "Buhay ang Aking Manunubos" (*Mga Himno,* blg. 78). Ulitin ang mga katagang "Kayligayang ito'y matalos!" Talakayin kung bakit naaaliw tayo sa kaalaman na ang ating Manunubos ay buhay.

Ipaalala sa mga estudyante ang mga pasakit ni Job at kung bakit niya kinailangan ng pag-aliw. Ilista sa pisara ang sumusunod na mga banal na kasulatan. Ipabasa ang mga ito sa mga estudyante at ipatukoy ang dahilang ibinigay ni Job kung paano niya matagumpay na natiis ang kanyang mga pagsubok.

- Job 1:20–21 (lahat ng atin ay nagmumula sa Diyos, hindi dahilan ang mga pagsubok para talikuran natin siya)
- Job 2:10 (ang mga pagsubok ay bahagi lamang ng mortalidad)
- Job 13:15 (dapat tayong magtiwala sa Diyos, lalo na kapag tila walang dahilan para tayo magdusa)
- Job 19:25 (dapat nating tingnan ang ating mga pagsubok sa mas malawak na pananaw ng plano ng kaligtasan)
- Job 23:10 (ang mga pagsubok ay para sa ating kapakanan sa bandang huli)

- Job 27:4–6 (ang katapatan natin sa Diyos ay hindi dapat ibatay sa ating mga sitwasyon)
- Job 42:7–12 (ang Panginoon ay makatarungan at pagpapalain ang mabubuti)

Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 11:28–30 at ipatalakay ang iba't ibang paraan na maaaring dumating ang mga pasanin sa mga tao. Basahin ang Alma 7:11–13 at ipasulat sa mga estudyante kung ano ang pakiramdam nila batid na anumang klaseng pagdurusa ang dinaranas nila, lubos na nalalaman ni Jesus ang kanilang pagdurusa.

**Job 19:25–26 (Scripture Mastery). Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, lahat ng mortal ay mabubuhay ring mag-uli.** (5–10 minuto)

Tulungang maisaulo ng mga estudyante ang Job 19:25–26.

Hatiin sa mga grupo ang mga estudyante at bigyan sila ng limang minuto para maghanap ng maraming banal na kasulatan hangga't kaya nila tungkol sa pagkabuhay na mag-uli. Ipahambing-hambing sa mga grupo ang mga banal na kasulatang nakita nila at ipabahagi ang natutuhan nila. Hikayatin ang mga estudyante na isulat sa kanilang Biblia, sa gilid ng Job 19:25–26, ang ilan sa mahahalagang reperensya sa mga banal na kasulatan na nakita nila.

# Mga Awit 1–150

## Pambungad

Bago pag-aralan ang aklat ng Mga Awit, basahin ang enrichment section G, "Hebrew Literary Styles," sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel* (mga pahina 303–6). Ang pag-unawa sa katangian ng tula ng mga Hebreo ay lubhang magpapaibayo sa pagpapahalaga ninyo sa mga awit. Ang Mga Awit ay koleksyon ng mga tula o awit ng mga Hebreo, ilan dito ay ginamit sa pormal at sagradong mga seremonya (liturhiya) sa tabernakulo at sa templo. Ang ilan ay isinulat bilang papuri sa Diyos; ang iba ay mga panalangin. Ang ilan ay halatang kinanta sa saliw ng mga instrumentong musikal, habang ang iba naman ay may mga ritwal na himig na walang saliw (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Awit," p. 16; tingnan din sa "Who Wrote the Psalms?" sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel,* p. 310).

Ang pamagat na *Mga Awit* ay nagmula sa Septuagint (ang pagsasalin ng Biblia sa wikang Griyego) at ibig sabihin ay "mga awitin." Ang pangalan ng Mga Awit sa Hebreo ay *Tehillim,* na ibig sabihin ay "mga papuri" o "mga awit ng papuri." Ang Mga Awit ay mga himno ng simbahan ng mga Hebreo. Maipapaliwanag nito kung bakit mas maraming beses binanggit ang aklat na ito sa Bagong Tipan kaysa sa iba pang aklat sa Lumang Tipan.


Noong araw, hinati ng mga Hebreo ang 150 awit sa limang magkakahiwalay na aklat. Sa Biblia ngayon nahahati ang mga ito ayon sa sumusunod:

1. Mga Awit 1–41
2. Mga Awit 42–72
3. Mga Awit 73–89
4. Mga Awit 90–106
5. Mga Awit 107–50

Sa dulo ng bawat hati, nagtatapos ito sa isang doxology (kinantang panalangin), o sa pormal na pagpapahayag ng kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos (tingnan sa Mga Awit 41:13; 72:19; 89:52; 106:48). Ang Mga Awit 150 mismo ay isang doxology, gamit ang salitang Hebreong *Hallelujah,* "Purihin ninyo ang Panginoon," sa simula at sa huli, gayundin ang salitang *purihin* nang labing-isa pang beses. Akmang pagtatapos ito sa Tehillim, o mga awit ng papuri.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Madalas ibigay ng Panginoon ang sumusunod na mga pagpapala sa mga yaong sumasampalataya at nagtitiwala sa kanya:
  a. Poprotektahan, ipagtatanggol, at ililigtas niya sila (tingnan sa Mga Awit 4:1, 3, 5–6; 5:1–3, 11–12; 7:1–2, 10; 18:1–6, 30–32; 20:6–9; 23:4–5; 37:39–40; 56; 71:1–5; 143:9–12; 145:18–20; tingnan din sa Mosias 7:33).
  b. Tatanglawan niya sila ng kanyang liwanag (tingnan sa Mga Awit 4:5–6; 18:28; 27:1; 37:3–6; 143:6–10; tingnan din sa Juan 8:12).
  c. Kaaawaan at patatawarin niya sila (tingnan sa Mga Awit 6:1–9; 13:5; 23:3, 6; 25:1–13; 51; 103:17–18; tingnan din sa Alma 12:33–34; 34:15–18).
  d. Uunawain at palalakasin niya sila kapag nagdurusa sila (tingnan sa Mga Awit 6:2–10; 22:1–5; 23; 25:15–22; 28:6–9; 38:8–15; 40:1–4, 11–13, 16; 57:1–3; 61; 63:1–8; 69:1–20, 29–36; 86; 130; 142; 146:5–9).
  e. Puputungan niya sila ng karangalan at kaluwalhatian (tingnan sa Mga Awit 8; 24:3–6; 73:24; 82:6; 84:11–12; 106:1–5; tingnan din sa I Ni Pedro 5:1–4; D at T 76:92–95; 109:76).
- Marami sa Mga Awit ang naglalaman ng mga propesiya tungkol sa mesiyas o mga paglalarawan ng buhay at ministeryo ni Jesucristo (tingnan sa Mga Awit 22; 110; 118).
- Ang kasalanan ay naghahatid ng pighati at kawalang-pagasa, samantalang ang pagsunod at pagtupad sa mga tipan ay naghahatid ng kapayapaan sa puso't isipan (tingnan sa Mga Awit 23–25; 34; 51).
- Maaari nating sambahin ang Diyos sa pamamagitan ng sagradong musika, na magpapasigla at magpapadama sa atin ng Espiritu.



## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Mga Awit 23; 42; 51; 73; 137; 145. Ang Mga Awit ay nagpapahayag ng iba't ibang damdamin ng tao.** (15–20 minuto)

Isiping magpatugtog ng iba't ibang uri ng musika para inyong sa mga estudyante (tulad ng malungkot na awitin, masayang awitin, martsang pang-militar, at sagradong himno). Habang pinatutugtog ang bawat kanta, itanong sa mga estudyante:

- Sa palagay ninyo anong damdamin ang sinisikap ipahayag ng musika?
- Ano ang pakiramdam ninyo kapag naririnig ninyo ito?

Ipaliwanag na maaaring pukawin ng musika ang iba't ibang damdamin natin. Itanong:

- Paano magiging mahalaga ang impluwensyang ito ng musika?
- May panganib bang kasama ang kakayahan nitong pumukaw ng damdamin?

Ipaliwanag sa mga estudyante na ang Mga Awit ay kinakanta noon. Wala tayong tugtog para sa Mga Awit, ngunit mauunawaan natin ang damdamin ng mga manunulat sa pagbasa sa mga salita. Ipabasa sa buong klase o sa mga grupo ng mga estudyante ang Mga Awit 23; 42; 51; 73; 137; at 145, at ipatalakay kung ano sa palagay nila ang mga damdaming ipinahahayag ng mga salita sa mga awit na ito. Magpaisip sa mga estudyante ng mga panahon na nakadama sila ng pag-asa, kawalang-pag-asa, pighati, alinlangan, galit, o kagalakan at pasasalamat. Itanong:

- Ano ang nangyayari sa buhay ninyo nang madama ninyo iyan?
- Paano kayo matutulungan ng mga mensahe ng mga awit na ito?

Ipabahagi sa mga estudyante ang kanilang damdamin tungkol sa isang awit na lubos nilang hinangaan o naging malaking pagpapala sa buhay nila.

**Mga Awit 24:3–4 (Scripture Mastery). Ang Panginoon ay nagtakda ng mga pamantayan ng pagkamarapat na susundin natin. Mas mataas ang mga ito kaysa mga pamantayan ng mundo at naghahatid ng malalaking pagpapala. Ang mga pamantayang ito ay hindi opsyonal ni nagbabago.** (15–20 minuto)

Basahin sa inyong mga estudyante ang sumusunod na panaginip na ibinahagi ni Pangulong Joseph F. Smith:

> "Napanaginipan ko na naglalakbay ako, at nadama ko na kailangan kong magmadali—magmadali nang buong tulin, sa takot na baka mahuli ako. Nagmadali ako sa daan sa abot ng makakaya ko, at ang alam ko lang ay may dala akong maliit na balutan, isang panyong bumabalot sa isang maliit na balutan. Hindi ko alam talaga kung ano ito, habang humahangos ako nang mabilis; sa wakas ay nakarating ako sa isang napakagandang mansiyon, kung matatawag nga itong mansiyon. Tila napakalaki nito, sobrang laki para magawa ng kamay, ngunit naisip ko na alam kong doon ako patungo. Habang papunta ako rito, nang napakabilis, nakita ko ang karatulang, 'Paliguan.' Dagli akong tumabi at pumasok sa paliguan at naligo ako. Binuksan ko ang maliit na balutang dala ko, at naroon ang isang pares ng puti at malilinis na garment, na matagal na panahon ko nang hindi nakita, dahil ang mga taong kasama ko ay hindi gaanong pinahahalagahan ang paglilinis na mabuti ng mga bagay-bagay. Ngunit malinis ang mga garment ko, at isinuot ko ang mga iyon. Pagkatapos ay humangos ako sa tila malaking pasukan, o pintuan. Kumatok ako at bumukas ang pintuan, at ang lalaking nakatayo roon ay si Propetang Joseph Smith. Tiningnan niya ako na medyo nanunumbat, at ang unang sinambit niya ay: 'Joseph, huli ka na.' Subalit nilakasan ko ang loob ko at sinabi kong:
>
> " 'Opo, pero malinis ako—malinis ako!'
>
> "Hinawakan niya nang mahigpit ang kamay ko at pinapasok ako, pagkatapos ay isinara ang malaking pintuan. Nahawakan ko ang kanyang kamay tulad ng paghawak ko sa kamay ng isang tao. Kilala ko siya, at pagpasok ko nakita ko ang aking ama, at sina Brigham at Heber, at Willard, at iba pang mabubuting lalaking nakilala ko, na nakatayo sa isang hanay. Ang tingin ko ay parang nasa kabila lang iyon ng lambak na ito, at tila puno ito ng napakaraming tao, ngunit nasa harapan ang lahat ng taong kilala ko. Naroon ang aking ina, at nakaupo siya na may kandong na bata; at marami pa akong mababanggit na mga taong natatandaan ko ang pangalan, na nakaupo roon, na tila kasama sa mga hinirang, kasama sa mga dinakila" (*Gospel Doctrine,* ika-5 edisyon [1939], 542).

Talakayin ang sumusunod na mga tanong sa inyong mga estudyante:

- Anong klaseng "malinis" sa palagay ninyo ang sinasabi ni Pangulong Smith?
- Bakit mahalaga ang kalinisan?

Basahin ang Mga Awit 24:1–5 sa inyong mga estudyante at itanong sa kanila kung ano sa palagay nila ang ibig sabihin ng "bundok ng Panginoon," "malinis na mga kamay," at "dalisay na puso." Ibahagi ang sumusunod mula kay Elder Dallin H. Oaks:

> "Kung gagawa tayo ng mabuti at iiwasan nating gumawa ng masama, malinis ang ating mga kamay.
>
> "Kung kikilos tayo para sa mga tamang layunin at iiwasan natin ang masasamang hangarin at pag-uugali, dalisay ang ating puso" (*Pure in Heart* [1988], 1).

Patingnan sa mga estudyante sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* ang mga paksang "malinis at hindi malinis," at "dalisay, kadalisayan" na nagpapaliwanag kung paano magiging malinis ang isang tao, o ilista sa pisara ang sumusunod na mga reperensya sa mga banal na kasulatan at ipasaliksik sa mga estudyante ang payo ng Panginoon kung paano tayo magiging malinis: Mga Awit 1; Isaias 1:18; Juan 15:1–4; Mosias 4:2; Helaman 3:35; Moroni 7:48; 10:32–33; D at T 88:74, 85–86.

**Mga Awit 1–150. Ilan sa mga awit ang naglalaman ng mga propesiya tungkol sa buhay at misyon ng Tagapagligtas. Ang katuparan ng mga propesiyang ito sa misyon ng Tagapagligtas ay itinuring na katibayan na totoong siya ang Anak ng Diyos.** (20–25 minuto)

Sabihin sa klase na may napili kayong isang estudyante at nais ninyong subukang hulaan ng klase kung sino iyon mula sa mga clue na ibibigay ninyo. Ipaliwanag na layon ng aktibidad na ito na tuklasin kung sino ang napiling estudyante sa paggamit ng pinakakaunting clue at isang beses lamang huhula ang bawat estudyante. Hikayatin ang mga estudyante na huwag manghula hangga't hindi nila tiyak kung sino iyon. Huwag ibunyag kung sino ang estudyante hangga't hindi naibibigay ang lahat ng clue.

Simulang ibigay ang mga clue na angkop sa maraming estudyante sa klase (tulad ng "ang estudyante ay lalaki," "mahigit limang talampakan ang taas niya," o "medyo brown ang buhok niya"). Pagkatapos ay magbigay ng mga clue na mas partikular pero hindi halata sa panlabas na hitsura ng estudyante. (Maaaring makatulong ang pagkausap sa mga magulang ng estudyante para malaman ang ilang clue na digaanong halata, halimbawa, mga libangan, tagumpay, o espirituwal na kalakasan nito). Pagkatapos ng aktibidad, itanong sa mga estudyante:

- Kailan kayo nakumbinsi na alam na ninyo kung sino ang taong iyon?
- Aling mga clue ang lubos na nakatulong? Bakit?

Sabihin sa mga estudyante na maraming propesiya, o clue, sa Mga Awit tungkol sa Tagapagligtas. Nilayon nitong matukoy ng mga tao kung sino siya at saan siya isisilang. Ilista sa pisara ang mga banal na kasulatan mula sa unang hanay ng sumusunod na tsart. Basahin ang ilan sa mga banal na kasulatan at ipatukoy sa mga estudyante ang ibinigay na mga clue tungkol sa Tagapagligtas. Habang binabasa ninyo ang bawat propesiya, talakayin kung gaano kalinaw ang clue na iyon sa mga tao sa panahon ng Bagong tipan sa pagtatanong ng:

- Kung nabuhay kayo noong panahon ng Tagapagligtas, sa palagay ba ninyo matutukoy ninyo siya mula sa mga clue sa listahang ito?
- Sa palagay ninyo, bakit hindi naunawaan ng napakaraming tao kung paano tinupad ng Tagapagligtas ang mga propesiyang ito?

| Mga Awit | Propesiya tungkol sa Mesiyas | Katuparan |
|---|---|---|
| Mga Awit 16:9–10 | Si Cristo ay mabubuhay na mag-uli | Mga Gawa 13:34–37 |
| Mga Awit 22:1 | Madarama niya na siya ay pinabayaan | Mateo 27:46 |
| Mga Awit 22:7–8 | Siya ay pagtatawanan | Mateo 27:43 |
| Mga Awit 22:16 | Bubutasan ang kanyang mga kamay at paa | Juan 20:24–27 |
| Mga Awit 22:18 | Magpapalabunutan ang mga nagpahirap sa kanya para sa kanyang kasuotan | Mateo 27:35 |
| Mga Awit 31:5 | Ihahabilin niya ang kanyang espiritu sa kamay ng Diyos | Lucas 23:46 |
| Mga Awit 34:20 | Walang mababali sa kanyang mga buto | Juan 19:31–33, 36 |
| Mga Awit 41:9 | Siya ay ipagkakanulo | Juan 13:21–27 |
| Mga Awit 65:7 | Papayapain niya ang dagat | Mateo 8:26; Lucas 8:24 |
| Mga Awit 68:18 | Aakyat siya sa langit | Mga Taga Efeso 4:7–10 |
| Mga Awit 69:21 | Bibigyan siya ng apdo at suka | Mateo 27:34; Juan 19:28–30 |
| Mga Awit 91:11–12 | Poprotektahan siya ng mga anghel | Mateo 4:5–6; Lucas 4:10–11 |
| Mga Awit 110:1, 4 | Uupo siya sa kanan ng Diyos—isang saserdote magpakailanman | Mateo 22:41–46; Mga Hebreo 5:1–6 |
| Mga Awit 118:21–22 | Tatanggihan siya ngunit siya ang magiging batong-panulok | Lucas 20:9–19 |

Basahin sa inyong mga estudyante ang mga reperensya sa tsart na nagpapakita ng katuparan ng mga propesiya. Ipasulat sa mga estudyante ang mga cross-reference na iyon sa gilid ng pahina ng kanilang mga banal na kasulatan sa tabi ng kaugnay na reperensya sa Mga Awit. Itanong:

Paano lubos na natupad ang mga propesiyang ito?

Bakit mahalagang matupad nang lubusan ang mga ito?

Magpatotoo tungkol sa misyon ni Jesucristo at sa kaalaman ng mga propeta noon pa man tungkol sa kanyang buhay. Itanong sa mga estudyante: Ano kaya ang maituturo niyan sa atin kung paano tayo matutulungan ng propeta natin ngayon na makapaghanda para sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas?

**Mga Awit 1–150. Ang mga himno natin ngayon ay gaya ng sinaunang mga awit.** (35–55 minuto)

Ang isang paraan para masamba natin ang Panginoon ay sa pamamagitan ng angkop na musika, na magpapadama sa atin ng Espiritu. Ipabahagi sa ilang estudyante ang paborito nilang himno ng Simbahan at ipapaliwanag kung bakit nila ito gusto. Kantahin o basahin ang ilan sa mga himnong iyon sa inyong mga estudyante at talakayin kung ano ang pakiramdam nila matapos kantahin ang mga himno. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 25:12 at itanong kung bakit ang pagkanta ng mga himno ay isang paraan ng pagsamba sa Panginoon. Sabihin sa inyong mga estudyante na ang Mga Awit ay parang mga himno ng sinaunang Simbahan.

Ihambing sa mga patotoo ng ilan sa Mga Awit ang mga patotoo tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo na ipinahahayag sa ating makabagong mga himno. Halimbawa, maihahambing ninyo ang Mga Awit 23 sa "Ang Panginoon ay Pastol Kong Tunay" (*Mga Himno,* blg. 62), na batay sa awit na iyon. O paghambingin ang isang awit at isang himno na gayon din ang mga layon ngunit hindi pareho ang mga salita, tulad ng Mga Awit 138 at "Ako'y Naniniwala Kay Cristo" (*Mga Himno,* blg. 76). Tingnan ang indeks ng mga banal na kasulatan sa *Mga Himno,* sa ilalim ng subheading na "Mga Awit" (p. 257), para sa listahan ng mga himno na ang tema ay kapareho sa partikular na mga awit. Itanong sa mga estudyante kung ano ang masasabi nila tungkol sa damdamin ng mga manunulat para sa Tagapagligtas mula sa mga salitang isinulat nila.

Ibinabaling ng mga himno ang ating puso't isipan sa Tagapagligtas, samantalang maaari tayong akayin ng ilang musika ng mundo palayo sa kanya. Basahin ang I Samuel 16:23 at itanong:

- Ano ang epekto ng mabuting musika kay Saul?
- Paano ipinamalas ng pagkanta natin ngayon sa klase ang kapangyarihan ng musika na magbigay-inspirasyon at magpasigla?
- Kung maibabaling ng angkop na musika ang ating puso sa Tagapagligtas, makatwiran bang isipin na makakapag-anyaya ng kasamaan ang ilang di-angkop na musika sa ating buhay?
- Paano natin masasabi kung anong musika ang angkop? (tingnan sa Moroni 7:15–19; D at T 50:23; Mga Saligan sa Pananampalataya 1:13).

Talakayin kung paano tayo matutulungan ng apat na sumusunod na alituntunin sa pagpili ng musikang magdaragdag sa ating espirituwalidad at maglalapit sa atin kay Cristo:

- Ang mga titik ay dapat maging positibo at nakalulugod.
- Ang ritmo, tiyempo, lakas, at tindi nito ay dapat mag-anyaya sa Espiritu at magpadalisay sa ating isipan.
- Ang pangalan ng banda o mga mang-aawit at mga paketeng ginamit sa pagbebenta ng musika ay hindi dapat makitaan ng pornograpiya o anyo ng kasamaan.
- Anumang materyal na ibebenta (tulad ng mga video) na ginamit na pangsuporta sa musika ay dapat maging angkop.

Ipaisip sa mga estudyante kung ang musikang pag-aari at pinakikinggan nila ay naglalapit sa kanila kay Cristo o hindi. Hamunin ang mga estudyante na makinig sa musikang magpapala sa kanilang buhay at umiwas sa anumang musikang magpapalayo sa Espiritu. Ibahagi sa mga estudyante ang susunod na pahayag ng Unang Panguluhan:

> "Ang nakapupukaw na himig ay mahalagang bahagi ng ating mga pagpupulong sa simbahan. Ang mga himno ay nag-aanyaya sa Espiritu ng Panginoon, nagdadala ng mapitagang pakiramdam, napapagkakaisa tayo bilang mga miyembro, at nagdudulot ng paraan para sa atin na makapag-alay ng mga papuri sa Panginoon.
>
> "Ang ilan sa pinakamagagandang sermon ay naipahahayag sa pamamagitan ng pag-awit ng mga himno. Ang mga himno ay naghihimok sa atin na magsisi at gumawa ng mabuti, nagpapalakas ng patotoo at pananampalataya, nagpapaginhawa sa mga nahahapo, nag-aaliw sa mga nagluluksa, at nagbibigay-inspirasyon sa atin na magtiis hanggang wakas" (*Mga Himno,* vii).

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks:

> "Ang pagkanta ng mga himno ay isa sa pinakamainam na paraan para makaayon tayo sa Espiritu ng Panginoon….
>
> "Ang pagkanta ng mga himno ay isa sa pinakamainam na paraan para matutuhan ang doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo….
>
> "… Dapat nating gamitin ang mga himno kapag kailangan natin ng espirituwal na lakas at inspirasyon.
>
> "Tayo na '[nakadamang] umawit ng awit ng mapagtubos na pag-ibig' (Alma 5:26) ay kailangang patuloy na kumanta nang higit tayong mapalapit sa kanya na nagbigay-inspirasyon sa sagradong musika at nag-utos na gamitin ito upang sambahin siya. Nawa'y maging masigasig tayo sa paggawa nito ang mapakumbaba kong dalangin" (sa Conference Report, Okt. 1994, 10, 13; o *Ensign,* Nob. 1994, 10, 13).

Maaari din ninyong ibahagi sa mga estudyante ang pahayag ni Elder Bruce R. McConkie sa pambungad sa Psalms sa *Old Testament: Genesis–2 Samuel*, p. 309).

# Mga Kawikaan 1–31

## Pambungad

Ang aklat ng Mga Kawikaan ay isang koleksyon ng maiikli at siksik na mga pahayag na nagsasaad ng mga katotohanan tungkol sa ugali ng tao. Ito ang pangatlo sa mga aklat na patula sa Lumang Tipan. Ang mga aklat na Job, Mga Awit, Mga Kawikaan, at Eclesiastes ay tinatawag kung minsan na literatura ng karunungan. Kakaunti ang nilalaman nito na patungkol sa banal na paghahayag at mas marami ang nauukol sa karunungan ng tao kaysa sa Batas, Kasaysayan, o mga Propeta (tingnan sa "Paano Isinaayos ang Lumang Tipan?" p. 9; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Kawikaan," p. 125; pambungad sa Proverbs sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 13).

Ang Mga Kawikaan karaniwan ay simple at tuwiran. Ang mga halimbawa ng mga makabagong kawikaan ay "Kung may isinuksok, may madudukot," "Huwag bilangin ang mga sisiw hangga't hindi napipisa ang mga itlog," at "Kung may tiyaga, may nilaga." Ang ilang kawikaan ay mas kumplikado at malalim. Ang salitang *kawikaan* ay nagmumula sa salitang Hebreong *mashal* at ang ibig sabihin nito ay "katawanin" o "maging katulad ng."

May ilang kawikaang matatagpuan sa ibang mga aklat ng banal na kasulatan (tingnan sa I Samuel 24:13; Job 28:28; Ezekiel 18:2). Gumamit din ng mga kawikaan ang Tagapagligtas sa kanyang pagtuturo (tingnan sa Lucas 4:23; Juan 16:25). Ang mga kawikaang matatagpuan sa Lumang Tipan ay maaaring pagmulan ng inspirasyon, payo, at tagubilin sa mga yaong nagbabasa at nagbubulay-bulay ng mga mensahe ng karunungan dito. Sa pag-aaral ninyo ng Mga Kawikaan, pagbulayan kung paano maiaangkop ang mga turo nito sa buhay natin ngayon. Kung papalitan ng makabago ang mga sinaunang paghahambing, matutuklasan natin na ang karunungan dito kadalasan ay angkop pa rin ngayon katulad noon.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Dapat ay masigasig tayong maghangad ng karunungan mula sa Diyos para mabigyan ng direksyon ang ating buhay (tingnan sa Mga Kawikaan 1:1–7; 2:1–12; 3:13–20; 4:7–8; 16:16).
- Gagabayan ng Panginoon ang buhay ng mga yaong nagtitiwala sa kanya (tingnan sa Mga Kawikaan 1:24–33; 3:5–7).
- Nasisiyahan ang Panginoon sa mga yaong nagpipitagan sa kanya nang may kabanalan, karunungan, at kasigasigan (tingnan sa Mga Kawikaan 31:10–31).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 19, "Magtiwala sa Panginoon," ay gumagamit ng tatlong analohiya para ipakita ang kahalagahan ng pagtitiwala sa Panginoon (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Mga Kawikaan 1–31. Ang karunungang matatagpuan sa aklat ng Mga Kawikaan ay makakatulong sa ating mga pagpapasiya, pagsagot sa mga tanong, at pag-unawa sa mahahalagang katotohanan.** (25–30 minuto)

Ipaisip sa mga estudyante ang malalaking krisis, desisyon, o problemang kinailangan nilang harapin. Pagkatapos ay itanong:

- Mas gusto ba ninyong haraping mag-isa ang gayong klaseng mga problema o makakatulong ang humingi ng payo o patnubay sa iba?
- Sino ang pinagtitiwalaan ninyo ng ilan sa pinakamabibigat ninyong problema? Bakit?
- Sinisikap ba ninyong sundin ang kanilang payo o binabalewala lang ninyo ito?

Ipaunawa sa mga estudyante na ang aklat ng Mga Kawikaan ay koleksyon ng matatalinong kasabihan, na ang marami ay binigyang-inspirasyon ng Panginoon, na makakatulong sa maraming problema natin. Basahin ang Mga Kawikaan 1:1; 10:1; 25:1; 30:1; at 31:1 at hanapin kung sino ang sumulat ng karamihan sa aklat ng Mga Kawikaan. Basahin ang I Mga Hari 4:29–34 at alamin kung ilang kawikaan ang isinulat ni Solomon.

Ibahagi sa inyong mga estudyante ang impormasyong nasa pambungad at talakayin kung paano naging mahalaga ang pag-aaral ng aklat ng Mga Kawikaan. Ipabasa sa kanila ang Mga Kawikaan 1:1–7; 2:1–12; 3:13–20; 4:7–8; at 16:16. Itanong:

- Ano ang sinasabi sa mga talatang ito tungkol sa kahagalahan ng karunungan?
- Bakit mahalagang gumamit ng karunungan sa araw-araw nating mga pagpapasiya?
- Bakit laging magiging matalinong payo ang mga tagubilin ng Panginoon tungkol sa ating mga problema?

Ang aklat ng Mga Kawikaan ay naglalaman ng maraming karunungan. Papiliin ang bawat estudyante ninyo (o maaari kayong mag-atas) ng ibang kabanatang babasahin sa Mga Kawikaan at papiliin siya ng isang kawikaang may makakatulong na ideya o doktrinang maibabahagi sa klase. Ipabasa nang malakas sa kanila ang kawikaan at ipalahad kung paano sa palagay nila nauugnay ito sa atin at ang mga pagpapalang maaaring dumating kung susundin natin ang kawikaang iyon.

**Mga Kawikaan 1–31. Lahat ay may kaunting karunungang sapat ang kahalagahan para ibahagi sa ibang tao.** (25–30 minuto)

Magpaisip sa mga estudyante ng isang paboritong siping-banggit na nagbibigay-inspirasyon na naisaulo o naisulat nila kahit saan. Itanong:

- Gaano kadalas ninyo naiisip ang kawikaang iyan?
- Paano ito nakatulong sa inyo?

Ipaliwanag na ang aklat ng Mga Kawikaan ay naglalaman ng maraming bantog na mga talatang makakatulong kapag ipinamuhay natin. Pasulatin ang mga estudyante ng sarili nilang mga kawikaan sa pagsunod sa simpleng huwarang inilarawan ni Elder Boyd K. Packer:

> "Si Jesus bilang guro ay nagturo sa mga mangmang tungkol sa hindi nakikita ni nahahawakang mga alituntunin ng ebanghelyo. Sa pagtuturo ng pananampalataya at pagmamahal at kapatiran at pagsisisi, ginamit niya ang pamamaraan ng paghahalintulad sa hindi nahahawakan ni nakikitang alituntunin sa isang bantog at karaniwang bagay na alam na ng Kanyang mga disipulo. Ang tawag diyan ay pagkaunawa, at narito ang pormula:
>
> "Ang ______________ ay parang ______________
>
> "Sa unang puwang isulat ang ideya o alituntuning dapat ninyong ituro. Halimbawa, sa unang puwang isulat ang PANANAMPALATAYA.
>
> "Ang pananampalataya ay parang ______________
>
> "Ngayon ay gamitin ninyo ang inyong imahinasyon at mag-isip ng isang bagay na nahahawakan na makikilala ng estudyante at maihahalintulad sa pananampalataya. Kapag mas nauugnay sa tahanan at mas karaniwan ang mga ito, mas gaganda ang paglalarawan ninyo. Siguro ay gagamitin ninyo ang isang ito: Ang *PANANAMPALATAYA* ay parang *ISANG BINHI.* Ang pananampalataya ay talagang parang isang binhi—kahit sa pag-aakala lang ni Alma…. (Alma 32:28–29).
>
> "Kapag naihalintulad ninyo ang pananampalataya sa isang bagay na nahahawakan, makakabuo kayo ng mga salitang naglalarawan dito, mailalarawan ninyo ito, masusukat ninyo ito; masasabi ninyo ang laki, hugis, kulay, at aligasgas nito" (*Teach Ye Diligently,* 28–29).

Hikayatin ang mga estudyante na maging malikhain sa pagsulat ng kanilang mga kawikaan. Ipabahagi sa kanila sa klase ang ilan sa mga kawikaang isinusulat nila.

**Mga Kawikaan 3:5–6 (Scripture Mastery). Pinapatnubayan ng Panginoon ang landas ng mga yaong nagtitiwala sa kanya.** (30–35 minuto)

Ipasulat sa mga estudyante ang mga pangalan ng tatlong taong lubos nilang pinagtitiwalaan na tutulungan sila sa oras ng matinding kagipitan. (Halimbawa, kung nasa panganib ang buhay nila o may kaso silang legal.) Ipasulat sa kanila sa tabi ng bawat pangalan ang dahilan kaya nila iniisip na mapagkakatiwalaan ang taong iyon. Mag-imbita ng ilang estudyanteng gustong ibahagi ang mga pangalan sa kanilang listahan at kung bakit nila pinili ang mga ito. Ipabasa sa klase ang Mga Kawikaan 3:5–6. Itanong:

- Sino ang sinasabi sa mga talatang iyon na dapat nating pagtiwalaan?
- Anong pangako ang ibinigay sa mga yaong nagtitiwala sa Panginoon?
- Ano pang ibang mga kinakailangan ang nakalista?
- Gaano ba kahalaga sa inyo na matanggap ang patnubay ng Panginoon?

Kung wala pa roon, ipasulat sa mga estudyante ang pangalan ni Jesucristo sa kanilang listahan. Ipabasa sa kanila ang sumusunod na mga reperensya sa mga banal na kasulatan at ipasulat ang mga dahilan kung bakit siya karapat-dapat sa ating pagtitiwala: 2 Nephi 2:5–8; Mosias 3:5–11; Alma 7:11–13; Moises 1:39. Itanong sa mga estudyante kung paano maihahambing sa ibang mga taong nasa listahan nila ang mga dahilang ibinigay para magtiwala tayo kay Cristo. Magpatotoo tungkol sa pagmamahal ng Tagapagligtas sa bawat isa sa kanila at na maaari nila siyang pagkatiwalaan.

Mahalaga sa pag-aaral ng Mga Kawikaan 3:5–6 na maipaunawa sa mga estudyante kung paano tinutupad ng Panginoon ang kanyang pangako na papatnubayan niya ang ating landas at ang pamamaraang ginagamit niya para maisagawa ito. Gamitin ang tatlong sumusunod na paghahambing para maipaunawa sa kanila na pinapatnubayan ng Panginoon ang ating landas sa pamamagitan ng Espiritu Santo, mga banal na kasulatan, at buhay na propeta.

1. Ihambing ang mga bulong ng Espiritu Santo sa payo at panghihikayat ng mga mahal sa buhay. Itanong:
   - Bakit kayo pinapayuhan ng mga nagmamahal sa inyo?
   - Nagbabago ba ang dalas ng pagtulong at panghihikayat nila sa inyo batay sa kung gaano kayo kahusay makinig at tumugon? Bakit?

   Ipabasa sa mga estudyante ang Juan 14:26 at Moroni 7:16–19, na hinahanap ang mga paraan ng pakikipag-usap sa atin ng Panginoon. Basahin ang Mosias 2:36–37 at itanong:

   - Ano ang sinasabi ng talatang iyon na mangyayari kung babalewalain natin ang Espiritu ng Panginoon?
   - Gaano kahalaga sa buhay ninyo ang patnubay ng Espiritu Santo?
   - Paano nakapagbigay sa inyo ng kapayapaan, proteksyon, at kaligayahan ang impluwensyang iyon?
2. Ihambing ang mga banal na kasulatan sa isang set ng mga tagubilin. Itanong:
   - Kung mag-eempake kayo ng sarili ninyong parachute sa unang pagkakataon, gaano ninyo susundin nang husto ang manwal ng mga tagubilin?

- Anong mga panganib ang darating sa pahapyaw lang na pagbasa sa mga tagubilin?
- Sa anong mga paraan nakatulad ng mga banal na kasulatan ang isang manwal ng mga tagubilin?
- Anong mga patnubay ang natanggap na ninyo mula sa Panginoon sa pamamagitan ng mga banal na kasulatan?
- Ano ang ginagawa ninyo na nakakatulong sa pag-aaral ninyo ng mga banal na kasulatan na mahigit pa sa pahapyaw?

3. Ihambing ang buhay na propeta sa isang giya sa kagubatan. Itanong:

- Gaano magiging kahalaga sa inyo na may kasama kayong giya sa paglalakbay sa Amazon?
- Anong mga katangian ang gusto ninyong taglayin ng isang giya sa kagubatan?
- Sa anong mga paraan nakatulad ng isang buhay na propeta ang isang may karanasan at marunong na giya?
- Paano dumarating sa atin ang patnubay ng Panginoon sa pamamagitan ng buhay na propeta?
- Anong mga panganib ang nakaamba kung hindi natin susundin ang kanyang payo?

Ipabasa sa mga estudyante ang Moroni 10:4–5; Doktrina at mga Tipan 1:14–18; at 33:16–18. Talakayin kung ano ang idinaragdag ng mga ito sa ating pag-unawa sa pagsunod sa Espiritu, pag-aaral ng mga banal na kasulatan at pagsunod sa propeta. Magpabahagi sa mga estudyante ng mga karanasan sa pagtanggap ng tagubilin mula sa Espiritu Santo, mga banal na kasulatan, o propeta. Itanong:

- Paano personal na nakatulong sa inyo ang mga impluwensyang iyon?
- Ano ang nakatulong na maging handa kayong tanggapin ang mga tagubiling iyon?

Magpatotoo kung paano pinagpala ng Panginoon ang buhay mo.

**Mga Kawikaan 31:10–31. Dapat tayong magpakasal sa isang taong may mga katangiang katulad ng kay Cristo.** (10–15 minuto)

Ipawari sa bawat estudyante na handa na siyang magpakasal sa templo at inaasahan nilang mamanhikan na ngayong gabi. Itanong: Anong mga katangian ang inaasam ninyo sa inyong mapapangasawa? Ilista sa pisara ang mga katangiang inilalarawan nila sa ilalim ng pamagat na *Listahan Ninyo.* Itanong kung bakit mahalaga sa kanila ang mga katangiang iyon.

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Kawikaan 31:10–31 at ipatukoy ang mga katangian ng isang mabuting babae. Itanong kung paano rin naaangkop ang mga katangiang iyon sa mabubuting lalaki. Talakayin kung bakit mahalaga ang mga katangiang iyon.

## Eclesiastes 1–12

### Pambungad

*Ang ibig sabihin ng Eclesiastes* ay "isang taong nagtitipon ng isang kongregasyon." Isinasalin ito kung minsan na "mangangaral." Ang aklat ng Eclesiastes, tulad ng Job at Mga Kawikaan, ay tinatawag kung minsan na "literatura ng karunungan" at kabilang dito ang mga turong nagpapakita ng kahigitan ng karunungan sa kahangalan. Bukod dito, Eclesiastes ang pang-apat na aklat sa bahagi ng Lumang Tipan na itinuturing na patula (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Biblia," mga pahina 28–29).

Ang pinakatema ng aklat ng Eclesiastes ay nagsasabing walang halaga ang buhay kung hindi nakasentro sa Diyos. Ayon sa sulat ng mangangaral, "Ito ang wakas ng bagay; lahat ay narinig: ikaw ay matakot sa Dios, at sundin mo ang kaniyang mga utos; sapagka't ito ang buong katungkulan ng tao" (Eclesiastes 12:13).

Para sa mas detalyadong buod ng aklat ng ito, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Eclesiastes" (p. 55; tingnan din sa "Ecclesiastes: The Message of the Preacher" sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 19).

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang kapayapaan at walang hanggang kaligayahan ay matatagpuan sa ebanghelyo ni Jesucristo, hindi sa mga makamundong tagumpay o pag-aari (tingnan sa Eclesiastes 1:1–3, 12–18; 2:1–11; 12:13–14).
- Nakabalangkas sa plano ng kaligayahan ang angkop na panahon o pagkakasunud-sunod para sa lahat ng layunin ng Diyos. Ang pagsunod sa kanyang plano ay nagdudulot ng kaligayahan (tingnan sa Eclesiastes 3:10–11).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Eclesiastes 1–12. Kung hindi tayo mamumuhay nang malapit sa Panginoon, magiging hungkag ang ating buhay.** (30–35 minuto)

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball:

"Kung ang paraan ng ating pamumuhay hindi tayo higit na inilalapit sa ating Ama sa Langit at sa ating kapwa-tao, magiging malaki ang kahungkagan sa ating buhay" ("The Abundant Life," *Ensign*, Hulyo 1978, 4).

Talakayin nang maikli sa mga estudyante ang tatlong sumusunod na ideya, gamit ang kalakip na mga tanong:

1. Mag-isip ng iba't ibang desisyong maaaring gawin ng mga tao kung naniwala sila na hindi sila pananagutin ng Diyos sa kanilang mga kilos o hahatulan sa kanilang mga piniling gawin.
   - Sa palagay ba ninyo magdudulot ng walang hanggang kaligayahan ang pinili nilang gawin?
   - May mas magagandang dahilan ba para piliing gawin ang tama kaysa umiwas lang na maparusahan ng Diyos?
2. Kunwari'y walang kabilang buhay at nagwakas na ang mga karanasan natin sa buhay nang mamatay tayo.
   - Ano kaya ang mangyayari sa mga taong tila hindi makatwitran, hindi makatarungan, o hindi tapat ang pakikitungo sa inyo?
   - Paano kayo natutulungan ng pagkaunawa sa plano ng kaligtasan na harapin ang mga bagay na iyon?
3. Isipin ang ilan sa mga paborito ninyong materyal na mga pag-aari.
   - Naniniwala ba kayo na mapapaligaya tayo ng materyal na mga pag-aari?
   - Karaniwan, gaano katagal ang kaligayahang batay sa mga makamundong pag-aari?

Ipaliwanag na ang inyong mga tanong ang uri ng mga tanong na tinalakay sa Eclesiastes. Sabihin sa mga estudyante na isinulat ng may-akda ng Eclesiastes ang karamihan sa kanyang aklat na para bang naniniwala siya na ang buhay na ito ay hindi nagtatapos dito. Ginamit niya ang salitang *walang kabuluhan* sa buong aklat para ilarawan ang walang kahulugan, pansamantala, o hindi kasiya-siya. Sa pagsulat ayon sa pananaw na iyon, ipinakita niya kung gaano kalungkot ang buhay na walang ebanghelyo. Ang kanyang estilo sa pagsulat ay nakatulong para makita na walang gaanong kahulugan o kaligayahan ang buhay maliban kung ating paglingkuran ang Diyos at paghandaan ang paghuhukom na tiyak na darating sa lahat ng anak ng Diyos.

Bagama't nahahati sa mga kabanata ang Eclesiastes, isang sermon lang talaga ito. Para maipaunawa sa mga estudyante ang mensahe nito, basahin ang aklat nang sunud-sunod.

Ipabasa sa mga estudyante ang Eclesiastes 2:1–10 at ipahanap kung ano ang sinaliksik ng may-akda sa pagsisikap na makahanap ng walang hanggang kagalakan at kaligayahan. Itanong sa kanila kung ano ang pakiramdam nila tungkol sa kanyang hinahanap. Basahin ang Eclesiastes 1:1–3, 14–15; 2:11, 17–18. Itanong:

- Paano naging magandang paglalarawan ng mga makamundong bagay ang mga katagang "sa ilalim ng araw"?
- Sang-ayon ba kayo sa kanyang patapos niyang salita na ang buhay ay puno ng walang kabuluhan—mga bagay na hindi nagdudulot ng walang hanggang kapayapaan at kaligayahan?

Ipabasa sa mga estudyante ang pambungad sa Eclesiastes 3 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Itanong: Anong kaaliwan ang makukuha ninyo sa itinuro sa Eclesiastes 3:1–8?

Itinuturo sa Eclesiastes 4–5 na ang paggawa ng kabutihan ay nagdudulot ng mas malaking kaligayahan kaysa paggawa ng kasamaan, kahit hindi naniniwala ang isang tao sa Diyos, sa kanyang plano ng kaligayahan, o sa kabilang buhay. Basahin ang Eclesiastes 4:13–5:6 at hanapin kung paano itinuturo sa mga talatang iyon ang ideyang iyan.

Ipabasa ang pambungad sa mga estudyante at ipagawa ang aktibidad para sa Eclesiastes 7–11 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Talakayin kung ano ang itinuturo sa mga kabanatang iyon.

Inihahayag sa Eclesiastes 12 na talagang naniniwala ang may-akda sa kawalang-hanggan ng buhay. Basahin ang Eclesiastes 12:13–14 at alamin ang tunay niyang layunin sa pagsulat. Itanong sa mga estudyante:

- Anong kaibhan ang magagawa kapag alam ninyong totoo ang mga talatang iyon?
- Paano nakakatulong sa inyo ang pagkaunawa sa "buong katungkulan ng tao" at sa paghuhukom sa paghahanap ninyo ng kaligayahan?
- Paano ipinauunawa sa atin ng pangaral sa Eclesiastes ang tatlong ideyang tinalakay sa simula ng araling ito?

Magtapos sa pagkanta ng "Mga Kautusan sa Tuwina ay Sundin" (*Mga Himno,* blg. 191). Magpatotoo kung paano nagbibigay ng kahulugan sa buhay ang pag-unawa at pagsunod sa plano ng Diyos.


# ANG AWIT NG MGA AWIT [ANG AWIT NI SALOMON]

Sinabi ni Propetang Joseph Smith na ang Awit ng mga Awit [Awit ni Solomon] ay hindi isang akdang binigyang-inspirasyon (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Awit ni Solomon," p. 16).

# ANG AKLAT NI ISAIAS

Si Isaias ay anak ni Amoz at isang propeta sa Jerusalem sa loob ng apatnapung taon, mula 740 hanggang 701 b.c. Malaki ang impluwensya niya sa relihiyon at pulitika noong naghahari si Ezechias, at siya ang punong tagapayo nito. Ang mga sinabi ni Isaias ang pinakamadalas banggitin ng lahat ng propeta, at mas madalas banggitin nina Jesus, Pablo, Pedro, at Juan kaysa sinumang propeta ng Lumang Tipan.

May di kukulangin sa tatlong dahilan kung bakit lubhang mahalaga sa atin ang aklat ni Isaias. Una, iniutos ng Tagapagligtas na masigasig na saliksikin ang mga salita ni Isaias (tingnan sa 3 Nephi 23:1). Ikalawa, mas binabanggit sa mga banal na kasulatan ang mga salita ni Isaias kaysa ninumang propeta. Labingsiyam sa animnapu't anim na kabanata ng Isaias ang binanggit nang buung-buo sa Aklat ni Mormon at, maliban sa dalawang talata, dalawang kabanata pa ang binanggit nang buo. Sa 1292 talata sa Isaias, mga 430 ang binanggit sa Aklat ni Mormon, na ang ilan sa mga ito ay binanggit nang mahigit isang beses (na umaabot sa halos 600 sa kabuuan). Kung lahat ng siping-banggit mula sa Isaias sa Aklat ni Mormon ay inilipat sa isang lugar at tinawag na aklat ni Isaias, ito ang magiging ikaapat na pinakamahabang aklat sa Aklat ni Mormon, tulad ng makikita sa sumusunod na tsart:




Binanggit din si Isaias nang 137 beses sa Bagong Tipan at 106 na beses sa Doktrina at mga Tipan. Dahil madalas ding magbanggit o sumangguni ang ibang mga propeta sa aklat ni Isaias, ang mga banal na kasulatan kadalasan ang pinakamainam na pagkunan natin ng tulong para maunawaan ang Isaias. Halimbawa, mahigit kalahati sa mga talata ng Isaias na binanggit sa Aklat ni Mormon ang naiiba sa King James Version ng Biblia. Ang mga pagkakaibang ito ay nagpapalinaw o nagbibigay ng karagdagang ideya sa kahulugan ng Isaias.

Ang ikatlong dahilan kung bakit napakahalaga ng mensahe ni Isaias sa atin ay dahil nakatuon ito sa pagtubos sa pamamagitan ni Jesucristo, na nakita ng propeta (tingnan sa Isaias 6:5; 2 Nephi 11:2). Piniling banggitin ni Nephi ang mga isinulat ni Isaias upang "lubos [na] mahikayat [ang kanyang mga tao] na maniwala sa Panginoon nilang Manunubos" (1 Nephi 19:23). Isinulat ni Monte S. Nyman, isang scholar na Banal sa mga Huling Araw, "Sa 425 hiwa-hiwalay na mga talata ng Isaias na binanggit sa Aklat ni Mormon, 391 ang nagsasabi tungkol sa mga katangian o misyon ni Jesucristo" (*Great Are the Words of Isaiah* [1980], 7). Ang isang pangunahing tungkulin ng propeta ay patotohanan si Cristo (tingnan sa Jacob 7:11), at napakahalagang pag-aralan natin ang mga turo ng mga propetang nagsalita tungkol kay Cristo. Ang tamang kahulugan ng pangalan ni Isaias ay "nagliligtas si Jehova."

Para sa iba pang impormasyon tungkol sa propetang si Isaias at sa aklat ni Isaias, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Isaias" (mga pahina 82–83). Para sa natatanging tulong sa pag-unawa sa aklat ni Isaias, tingnan sa enrichment section E sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi (mga pahina 131–35).*

## Isaias 1–12

### Pambungad

Nang simulan ni Isaias ang kanyang ministeryo (mga 740 b.c.), kapwa pinagbabantaan ng mga kaaway na tagalabas ang Israel at Juda. Gayunman, ang pinakamalaki nilang problema ay ang kanilang kakulangan ng kabutihan. Naghatid ng mensahe ng pagsaway sa mga tao ng Juda si Isaias mula sa Panginoon. Ngunit may pangako rin ng pag-asa ang kanyang mensahe—kung magsisi ang mga tao, muli silang magkakasundo ng Panginoon. Habang binabasa ninyo ang Isaias 1–12, humanap ng mga paraan na maiaangkop o "maihahalintulad" ang mensahe ni Isaias sa Juda sa inyong sarili (tingnan sa 1 Nephi 19:23).

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ipinropesiya ni Isaias ang buhay at misyon ni Jesucristo (tingnan sa Isaias 2:3–12; 6:8; 7:14–16; 9:1–7; tingnan din sa 1 Nephi 19:23; Jacob 7:11).
- Magagawa ng Panginoon na maging ganap na malinis at mapatawad tayo sa ating mga kasalanan kapag tayo ay nagsisi at sumunod sa kanyang mga utos (tingnan sa Isaias 1:16–18).
- Itinuturo ng Panginoon sa kanyang mga tao ang mga landas ng kabutihan sa bahay ng Panginoon (ang templo). Ang pagtanggap ng mga ordenansa sa templo at pagtupad sa mga tipang ginagawa natin doon ay tumutulong sa atin na maitatag ang Sion at maghandang humarap sa Panginoon sa kanyang pagdating (tingnan sa Isaias 2:2–5).

- Ang Aklat ni Mormon at ang Simbahan ay "mga sagisag" o mga pamantayang naghahanda sa mundo sa Panunumbalik ng ebanghelyo (tingnan sa Isaias 5:26; 11:10–12; tingnan din sa 2 Nephi 29:2).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Isaias 1–12. Sinasabi sa atin ng mga propeta ang kailangan nating malaman at gawin upang matamo ang buhay na walang hanggan.** (20–25 minuto)

Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Ang pagtugon natin sa mga salita ng isang buhay na propeta kapag sinabi niya sa atin ang kailangan nating malaman, ngunit ayaw nating marinig, ay isang pagsubok sa ating katapatan….
>
> "Kapag naghahayag ng katotohanan ang isang propeta nahahati ang mga tao. Dinidinig ng mga pusong tapat ang kanyang mga salita, ngunit binabalewala o kinakalaban ng masasama ang propeta" ("Fourteen Fundamentals in Following the Prophet," sa *1980 Devotional Speeches of the Year* [1981], 28–29).

Magpahanap sa mga estudyante ng mga kataga mula sa Isaias 1–12 na nananawagan ng pagsisisi o payo tungkol sa pamumuhay na tulad ni Cristo. Hikayatin ang mga estudyante na sundin ang payo ni Nephi at ipamuhay ang mga turong iyon para sa kanilang kapakinabangan at pagkatuto (tingnan sa 1 Nephi 19:23). Hatiin sa klase ang sumusunod na mga reperensya sa mga banal na kasulatan at ipahanap sa kanila ang ibinigay na payo ni Isaias:

| Banal na Kasulatan | Payo ni Isaias |
|---|---|
| Isaias 1:11–13 | Huwag maging mapagpaimbabaw. |
| Isaias 1:16 | Mangaghugas [magpabinyag] at mangaglinis kayo. |
| Isaias 1:17 | Maglingkod sa iba. |
| Isaias 1:18 | Magsisi (tingnan sa mungkahi sa pagtuturo para sa Isaias 1:16–19). |
| Isaias 1:28 | Huwag talikuran ang Panginoon; magtiis hanggang wakas. |
| Isaias 2:2–3 | Magpunta sa templo (tingnan sa mungkahi sa pagtuturo para sa Isaias 2:2–5). |
| Isaias 2:4 | Maging tagapamayapa. |
| Isaias 2:5 | Lumakad sa liwanag ng Panginoon; manatiling malapit sa kanyang Espiritu. |
| Isaias 2:7–8 | Huwag sambahin o idolohin ang biyaya sa atin ng Diyos. |
| Isaias 3:9 | Huwag magkasala nang hayagan at mapaghimagsik na katulad ng mga tao ng Sodoma. |
| Isaias 3:16–24 | Iwasan ang mga estilo at usong makamundo. |
| Isaias 5:11–12 | Mag-ingat sa pagsunod sa landas ng kapabayaan (tingnan din sa 2 Nephi 28:8). |
| Isaias 5:18 | Huwag matali sa mga kasalanan na gaya ng mga hayop na humihila ng mga kariton at kargada. |
| Isaias 5:26 | Tulungan ang Panginoon na matipon ang kanyang mga anak. |
| Isaias 6:8–10 | Sundin ang mga buhay na propeta. |
| Isaias 10:33 | Iwasan ang kahambugan at kasamaan, sapagkat lilipulin ang mga iyon sa Ikalawang Pagparito. |
| Isaias 12:2 | Sumampalataya kay Jesucristo (tingnan sa mungkahi sa pagtuturo para sa Isaias 1–66). |

**Isaias 1–12. Ang iba't ibang pangalang ginamit ni Isaias sa Panginoon ay itinuturo sa atin ang pagkatao, mga layunin, at misyon ni Jesucristo.** (20–25 minuto)

Ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad A para sa Isaias 12 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Talakayin ang nalalaman nila tungkol sa mga pangalan ng Panginoon.

**Isaias 1–66. Makakatulong sa atin ang ilang pangunahing ideya para mas maunawaan ang Isaias.** (5–10 minuto)

Isulat sa pisara ang anim na sumusunod na letra ng Hebreo: י ש א י א ה. Ipatuklas sa mga estudyante ang mensahe. Kung walang tulong, malamang na hindi nila ito matuklasan.

Ibigay sa mga estudyante ang dalawang sumusunod na clue:

- ה=H, א=A, י=I, ש=S
- Ang pagbasa sa Hebreo ay mula kanan pakaliwa.

Sabihin sa mga estudyante na tulad ng pagtulong sa kanila ng mga clue na iyon na maunawaan ang mensahe, nakakatulong din ang ilang mahahalagang clue para maunawaan ang Isaias.

Tinatalakay sa enrichment section E sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, mga pahina 131–35). ang sampung mahahalagang clue sa pag-unawa ng Isaias (halimbawa, " 'Have the 'Spirit of Prophecy' " at "Understand the Manner of Prophesying of the Jews". Ibahagi sa inyong mga estudyante ang alinman sa mga clue na iyon na inaakala ninyong makakatulong. Para sa bawat clue na tatalakayin ninyo sa klase, gumupit ng malaking hugis-susi sa papel. Bigyan ng mga reperensya sa mga banal na kasulatan ang mga estudyante na tutulong sa kanila na matuklasan ang bawat ideya at pagkatapos ay isulat ang ideyang iyon sa isang susing papel. Idispley ang mga susi sa buong pag-aaral ninyo ng Isaias.

**Isaias 1–66. Ipinropesiya ni Isaias ang buhay at misyon ni Jesucristo.** (20–25 minuto)

Ang isang paraan para mabilis na masaklaw ang isa sa pinakamakabuluhang mga mensahe ni Isaias ay saliksikin ang kanyang mga propesiya tungkol sa Mesiyas. Bigyan ang mga estudyante ng kopya ng sumusunod na tsart, na tanging hanay lamang ng mga reperensya sa mga banal na kasulatan ang napunan. Ipasaliksik sa buong klase o sa maliliit na grupo ng mga estudyante ang mga talata at ipahanap ang lahat ng makikita nila tungkol kay Cristo at sa una at ikalawa niyang pagparito. Bagama't hindi ganap, nakabuod sa tsart na ito ang ilan sa mahahalagang talata sa Isaias tungkol sa Mesiyas.

| Mga Banal na Kasulatan | Mga Mensahe ng Propesiya ni Isaias tungkol sa Tagapagligtas |
|---|---|
| Isaias 2:3–12; 4:4–5 | Sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon ang masasama ay lilipulin. Ang Panginoon ay maghahari sa lupa, kung saan ang mabubuti ay lalakad sa kanyang liwanag. |
| Isaias 6:8 | Ang "Narito ako; suguin mo ako" ay nagpapakita ng pagboboluntaryo ni Cristo sa kanyang banal na misyon bago pa siya isinilang. |
| Isaias 7:14–16 | Si Cristo ay isisilang ng isang birhen at tatawaging Emmanuel. Tatanggihan niya ang kasamaan at pipiliin ang kabutihan. |
| Isaias 8:13–15 | Pagdating ni Cristo, tatanggapin siya ng ilan at tatanggihan siya ng iba. |
| Isaias 9:1–6 | Si Cristo ay isisilang sa mundo sa panahon ng espirituwal na kadiliman. Siya ay maghahatid ng mga dakilang pagpapala sa mga tao sa Galilea. |
| Isaias 9:6–7 | Si Cristo ay tatawaging "Makapangyarihang Dios" at "Pangulo ng Kapayapaan" at uupo sa luklukan ni David magpakailanman. |
| Isaias 11:10–12 | Ang Panginoon ay darating nang may kapangyarihan at kaluwalhatian upang pasimulan ang Milenyo. |
| Isaias 12:6 | Ang Panginoon ay maninirahan sa piling ng kanyang mga tao pagsapit ng Milenyo. |
| Isaias 25:8 | Magagapi ni Cristo ang kamatayan sa pamamagitan ng kanyang pagkabuhay na mag-uli. |
| Isaias 28:16 | Si Cristo ang magiging "batong panulok," na sinubok upang maging matibay na saligan. |
| Isaias 32:1–4, 15–18 | Ang Panginoon ang maghahari sa Milenyo. Magkakaroon ng kaligtasan at kapayapaan. |
| Isaias 33:22 | Ang Panginoon ang ating hukom, tagapagbigay ng batas, hari, at tagapagligtas. |
| Isaias 40:3 | Ang Panginoon ay magpapadala ng sugo na maghahanda ng daan para sa kanyang pagparito. |
| Isaias 40:4–5; 42:1–4 | Sa Ikalawang Pagparito, si Cristo ay darating upang humatol, at "lahat ng [tao] ay makikita siya nang sabay-sabay." |
| Isaias 50:4 | Si Cristo ay magtataglay ng "dila ng nangaturuan." |
| Isaias 50:5–6 | Kusang-loob na susundin ni Cristo ang Ama at tutulutan ang kanyang sarili na magdanas ng pag-uusig. |
| Isaias 53:2–12 | Ipinaliwanag ang misyon ni Cristo na magbayad-sala. |
| Isaias 53:2 | Hindi maiiba ang hitsura ni Cristo sa ibang tao. |
| Isaias 53:3–4 | Si Cristo ay hahamakin, itatakwil, at magiging bihasa sa kapanglawan. Dadalhin niya ang kapanglawan at dalamhati ng lahat. |
| Isaias 53:5–6 | Babayaran ni Cristo ang ating mga kasalanan at pagagalingin tayo. |
| Isaias 53:7 | Hindi lalaitin ni Cristo ang kanyang mga maniniil. |
| Isaias 53:8, 11–12 | Si Cristo ay papatayin para sa mga kasalanan ng kanyang mga tao. |
| Isaias 53:9, 12 | Si Cristo ay ipapako sa krus kasama ng mga magnanakaw at ililibing sa libingan ng mayayaman. |
| Isaias 53:9 | Si Cristo ay hindi gagawa ng anumang masama. |
| Isaias 53:10 | Kalooban ng Ama sa Langit na mamatay si Cristo para sa atin. |
| Isaias 53:12 | Si Cristo ay luluwalhatiin. |
| Isaias 54:5 | Si Cristo ang Maylikha at Manunubos; ang Israel ay ipanunumbalik. |
| Isaias 59:19–20; Joseph Smith—Mateo 1:26 | Sa Ikalawang Pagparito, darating ang Panginoon mula sa silangan gaya ng sumisikat na araw. |
| Isaias 60:19–20 | Ang ningning ng kaluwalhatian ng Panginoon ang magiging liwanag ng mundo pagsapit ng Milenyo. |
| Isaias 61:1–2 | Si Cristo ang hinirang na tutulong sa mga yaong nasa espirituwal na pagkaalipin, kabilang na ang mga nasa bilangguan ng mga espiritu (tingnan din sa Lucas 4:16–21; I Ni Pedro 3:18–19; 4:6). |
| Isaias 63:1–6; 66:15 | Si Cristo ay darating nang may kapangyarihan at kaluwalhatian sa "araw ng paghihiganti," dahil kanyang "niyapakang mag-isa ang pisaan ng ubas." |

**Isaias 1:16–19 (Scripture Mastery, Isaias 1:18). Sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ng sarili nating pagsisisi, maaari tayong mapatawad at maging malinis.** (15–20 minuto)

Magdala ng malinaw na basong may tubig sa klase. Habang nakatingin ang mga estudyante, magdagdag ng isa o dalawang patak ng pulang food coloring. Habang kumakalat ang kulay, itanong kung paano naging katulad ng food coloring ang kasalanan. Basahin ang Isaias 1:16–19 sa kanila at itanong:

- Ano ang ipinangako sa atin ng Panginoon tungkol sa ating mga kasalanan?
- Ang pagsisisi ba natin ang naglilinis sa atin mula sa kasalanan o ang Pagbabayad-sala?

Ipahanap sa mga estudyante ang mga sagot sa tanong na ito sa Alma 42:12–15 at Helaman 5:10–11. Ipaunawa sa kanila na tinutulutan ng ating pagsisisi na malinis tayo ng kapangyarihan ng Pagbabayad-sala.

Patakan ng isang punong-takip ng chlorine bleach ang tubig at itabi ang baso. Magbabago ang kulay nang dahan-dahan. Ipaliwanag sa mga estudyante na matatagalan bago humantong sa kapatawaran ang pagsisisi. (Sa pagtatapos ng klase makikita na malinaw ang tubig na tulad sa simula.) Itanong:

- Gaano katagal bago umepekto ang food coloring?
- Gaano katagal bago umepekto ang bleach?
- Paano ito maihahalintulad sa kasalanan at kapatawaran?

Ibahagi sa inyong mga estudyante ang pahayag ni Elder Charles W. Penrose sa komentaryo para sa Isaiah 1:16–20 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* (p. 138). Basahin ang Alma 41:3–7 at talakayin ang mga pagpapalang dulot ng pagsisisi.


**Isaias 2:2–5. Ang mga ordenansa at tipan ng templo ay makakatulong sa mga miyembro ng Simbahan na mas ganap na matamasa ang mga pagpapala ng Pagbabayad-sala at mabago ang buhay nila at ng mga nasa paligid nila.** (25–30 minuto)

Ipadrowing sa bawat estudyante kung ano ang nakita ni Isaias sa Isaias 2:2–3. Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang mga drowing. Habang tinatalakay ninyo ang mga drowing, itanong:

- Sa palagay ninyo, bakit tinawag ni Isaias ang templo na "bundok ng Panginoon"?
- Sa palagay ninyo, bakit niya itinuro na ilalagay ang templo "sa taluktok ng mga bundok," sa madaling salita, sa isang lugar na mahalaga?
- Kung ang inilagay sa mahalagang lugar ay kumakatawan sa pinakamahalagang bagay sa ating sariling buhay, anong uri ng mga bagay ang maaaring makipagpaligsahan sa templo para mailagay roon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 2:6–9 at ipahanap ang mga halimbawa ng mga bagay na inuna ng sinaunang Israel kaysa Panginoon at sa kanyang bahay. Itanong: Ayon sa mga talata 3–5, ano ang mangyayari kapag inilagay ng sambahayan ni Israel ang templo sa mahalagang lugar na ito?

Para maipaunawa sa mga estudyante kung bakit napakahalaga ng templo sa atin, kopyahin ang kalakip na diagram at punan ito ng mga salita habang tinatalakay kung paano tayo tinutulungan ng templo na makabalik sa piling ng Diyos.




Repasuhin sa mga estudyante ang natutuhan nila noong mga unang buwan ng taon tungkol sa buhay bago sila isinilang at sa Pagkahulog (tingnan sa mga pahina mga pahina 13–15). Itanong ang ilan sa sumusunod at ipahanap sa kanila ang mga sagot sa mga banal na kasulatan:

- Matapos tayong isilang sa nahulog na kalagayang ito, ano ang mga unang hakbang na dapat nating gawin upang makatahak sa landas pabalik sa Ama sa Langit? Anong pasukan ang dapat nating daanan? (tingnan sa 2 Nephi 31:17–21; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:4).
- Matapos nating mapasok ang landas pabalik sa Diyos sa pamamagitan ng binyag, ano ang isa pang pasukan na dapat nating daanan? (tingnan sa Genesis 28:17).
- Ano ang ipinangako ng Panginoon sa kanyang mga anak kung dumadalo sila sa templo nang karapat-dapat? (tingnan sa Isaias 2:2–5; D at T 97:15–18; 109:14–19, 22–26, 35–38; 128:15; 131:1–3; 132:19–24).

Ipaunawa sa mga estudyante na para sa lahat ng may pananagutan, matatanggap lamang ang lubos na mga pagpapala ng ebanghelyo sa pamamagitan ng mga ordenansa sa templo. Sabi ni Pangulong Howard W. Hunter:

"Inaanyayahan ko … ang mga miyembro ng Simbahan na itayo ang templo … [bilang] dakilang simbolo ng kanilang pagiging miyembro at [ng] makalangit na lugar para sa kanilang pinakasagradong mga tipan….

"Maging mga tao tayong paladalo at mapagmahal sa templo. Humayo tayo sa templo nang madalas hangga't kaya ng ating oras at paraan at sitwasyon. Pumunta tayo hindi lamang para sa ating mga kamag-anak na namatay, kundi para din sa personal na pagpapala ng pagsamba sa templo, para sa kabanalan at kaligtasang laan sa loob ng mga pinabanal at inilaang mga pader na iyon. Ang templo ay isang lugar ng kagandahan, isang lugar ng paghahayag, isang lugar ng kapayapaan. "Ito ang bahay ng Panginoon" (sa "President Howard W. Hunter: Fourteenth President of the Church," ni Jay M. Todd *Ensign*, Hulyo 1994, 5).

Maaari ninyong anyayahang magsalita ang isang taong nagpunta sa templo kamakailan kung paano mas bumuti ang kanyang buhay dahil sa pagsamba sa templo. Hikayatin ang tao na huwag sabihin ang mga detalye tungkol sa templo, kundi kung paano naging pagpapala ang karanasan niya sa templo.

**Isaias 11. Ipinropesiya ni Isaias ang Panunumbalik ng ebanghelyo sa mga huling araw at ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo.** (10–15 minuto)

Magpakita sa mga estudyante ng larawan ng isang lobo [wolf] o ibang hayop na kumakain ng karne at ng hiwalay na larawan ng isang tupa. Itanong sa kanila kung ano sa palagay nila ang mangyayari kung magsama ang dalawang hayop na iyon sa iisang kulungan. Ipakita sa mga estudyante ang kalakip na larawan (na nasa p. 265 rin) at ipabasa sa kanila ang Isaias 11:6–9.



Itanong sa mga estudyante:

- Kailan magkakatotoo ang tagpong nasa larawan?
- Kailan magiging "puno ng kaalaman ng Panginoon" ang mundo? (Sa Milenyo; tingnan sa Isaias 11:9; tingnan din sa komentaryo para sa Isaiah 11:9 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 149).

Ipaisip na mabuti ang mga talatang iyon sa inyong mga estudyante at ipalahad kung ano ang pinakagusto nila sa pamumuhay sa panahon ng Milenyo.

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 11:1–5, at itanong:

- Sino sa palagay ninyo ang binabanggit sa mga talatang iyon? (Si Cristo.)
- Ano ang dapat mangyari bago sumapit ang Milenyo? (Ang paglipol sa masasama at ang Ikalawang Pagparito ni Cristo.)

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 113:1–4 at talakayin ang natutuhan natin sa mga talatang iyon. Basahin sa inyong mga estudyante ang Isaias 11:10–16 at talakayin kung ano pa ang mangyayari bago sumapit ang Milenyo. (Titipunin ang Israel; tingnan sa mga komentaryo para sa Isaiah 11 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 149–50). Basahin ang ilan sa sumusunod na mga banal na kasulatan at ipaunawa sa inyong mga estudyante kung paano sila natipon at na sila ay tinawag upang tumulong na tipunin ang iba pa: Jeremias 16:14–16; 1 Nephi 10:14; D at T 29:7–8; 45:9; 88:81.

# Isaias 13–23

## Pambungad

Tingnan sa pambungad sa Isaiah 13–23 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* (p. 153).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Kahit kung minsan ay ginagamit ng Panginoon ang masasama upang parusahan ang kanyang piling mga tao, sa huli ay lilipulin ang kasamaan sa lahat ng bansa (tingnan sa Isaias 13:6–11, 19–22; 14:24–26; tingnan din sa Isaias 10:5–27).
- Si Lucifer, isang espiritung mataas ang posisyon sa buhay bago isilang sa mundong ito, ay pinalayas sa harapan ng Diyos at naging si Satanas dahil hinangad niyang dakilain ang kanyang sarili kaysa sa Diyos at mamuno sa iba pang mga anak ng Ama sa Langit (tingnan sa Isaias 14:12–20; tingnan din sa D at T 29:36; 76:25–28; Moises 4:1–4).
- Bilang ipinangakong Mesiyas, hawak ni Cristo ang mga susi ng buhay na walang hanggan para sa buong sangkatauhan. Tinitiyak ng kanyang Pagbabayad-sala na ang buong sangkatauhan ay babangon mula sa libingan (tingnan sa Isaias 22:20–25; tingnan din sa I Mga Taga Corinto 15:22; Apocalipsis 1:18).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Isaias 13–14. Ang maunawaan ang pagkahulog ni Satanas at ang katangian ng kanyang "kaharian" (espirituwal na Babilonia) ay makakatulong sa atin na iwasan ang kanyang mga tukso.** (35–45 minuto)

Ipawari sa mga estudyante ang sumusunod na sitwasyon: Nakapaglakbay kayo sa hinaharap. Habang nasa hinaharap kayo nakita ninyo ang isang aklat ng kasaysayan na nagsasabi kung ano ang nangyari mula nang umalis kayo sa panahon ninyo hanggang sa dumating kayo sa hinaharap. Marami kayong naaalala sa nabasa ninyo nang maglakbay kayo pabalik sa inyong panahon.

- Ano ang gagawin ninyo sa impormasyong iyon?
- Paano kayo matutulungan nito sa paggawa ng matatalinong desisyon para sa inyong hinaharap?

Sabihin sa mga estudyante na ang propesiya ay parang pagsulyap sa hinaharap at pagbasa ng kasaysayan. Halimbawa, lalong kawili-wili ang Isaias 13–14 patungkol sa bagay na ito dahil dalawang pangyayari ang tinutukoy nito—ang mga naganap at ang mga magaganap sa ating hinaharap.

Ipahanap sa mga estudyante kung sino ang ipinopropesiya ni Isaias sa Isaias 13:1 at 14:4 (tingnan sa komentaryo para sa Isaiah 13:1 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 153). Isulat sa pisara ang *Ano ang Babilonia maliban pa sa pagiging isang sinaunang bansa?* at ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 133:14 para makita ang sagot. Ipabasa sa isang grupo ng mga estudyante ang Isaias 13:6–22 at sa isa pang grupo ang Isaias 14:4–23. Itanong:

- Ano ang sinabi ng Panginoon na mangyayari sa sinaunang Babilonia at sa hari nito? Bakit?
- Paano naaangkop ang mga talatang iyon sa espirituwal na Babilonia sa ating panahon?
- Mula nang matupad ang mga propesiya ni Isaias tungkol sa makasaysayang Babilonia, ano ang maaasahan natin sa kanyang mga propesiya tungkol sa ating panahon at sa espirituwal na Babilonia?

Gamitin ang mga ideya sa aktibidad A para sa Isaias 13–14 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral upang matulungan kayong ipaliwanag ang pagkahulog ni Lucifer (tingnan din sa komentaryo para sa Isaiah 14:12–15 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 154–55). Ipaalala sa mga estudyante na si Satanas ay palaging nasa ilalim ng kapangyarihan ng Diyos. Ipaalala rin sa kanila na laging poprotektahan ng Panginoon yaong mga nagtitiwala sa kanya. Basahin o kantahin ang ikatlong linya ng himnong "Manatili sa 'King Tabi!" (*Mga Himno,* blg. 96)

# Isaias 24–35

## Pambungad

Sa mga kabanata 24–35 pumaling si Isaias mula sa mga kahatulang ipinahayag niya para sa masasamang bansa ng kanyang panahon patungo sa pagpopropesiya tungkol sa mga huling araw at sa huling dispensasyong ito ng ebanghelyo. Kapag isasaalang-alang natin kung gaano kalinaw ang pagkakita ni Isaias sa sarili niyang panahon, ang ministeryo ng Tagapagligtas sa mundo, at ang mga huling araw na ito, hindi kataka-takang sinabi ni Jesus mismo, "Dakila ang mga salita ni Isaias," at iniutos na "masigasig [nating] saliksikin ang mga bagay na ito" (3 Nephi 23:1).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Lilipulin ng Panginoon ang masasama at ililigtas ang mabubuti sa Ikalawang Pagparito (tingnan sa Isaias 24–25; 33:15–17; 34:1–10).
- Nagapi ni Cristo ang kamatayan sa kanyang Pagkabuhay na Mag-uli at binigyang-daan ang pagbangon at pagkabuhay na mag-uli ng buong sangkatauhan (tingnan sa Isaias 25:8; 26:19; tingnan din sa Alma 11:44).
- Kung gagawin nating saligan sa buhay si Jesucristo at lagi tayong hihiling ng lakas mula sa kanya, hindi tayo babagsak (tingnan sa Isaias 28:16; 30:15–18; tingnan din sa Helaman 5:12).
- Ipinropesiya ng mga sinaunang propeta ang paglabas ng Aklat ni Mormon at ang kahalagahan nito sa Panunumbalik ng ebanghelyo (tingnan sa Isaias 29; tingnan din sa Ezekiel 37:15–17; 2 Nephi 3:11).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Isaias 24–35. Para sa mabubuti at handa, ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo ay magiging isang maluwalhating kaganapan. Para sa mga hindi, ito ay magiging kakila-kilabot na panahon ng mga kahatulan ng Diyos.** (40–50 minuto)

Ipakanta sa mga estudyante ang, "Tayo'y Magalak" (*Mga Himno,* blg. 3). Itanong sa kanila kung bakit tayo kakanta, tulad sa himnong iyon, ng mga salita ng kasayahan at kagalakan tungkol sa Ikalawang Pagparito ng Panginoon, lalo na't napakaraming itinuro tungkol sa mga kalamidad na darating bago maganap ito. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo:

"Ang mundo ay magpapakita ng isang tagpo ng labanan na hindi pa nararanasan kailanman. Gayunman, magiging matigas ang puso ng mga tao sa mga paghahayag mula sa langit. Maging mga mas dakilang mga palatandaan ay ibibigay upang ipakita ang papalapit na dakilang araw ng Panginoon.

*"At makakakita sila ng mga palatandaan at kababalaghan, sapagkat ang mga ito ay ipakikita sa langit sa itaas, at sa lupa sa ibaba.*

*"At makamamalas sila ng dugo, at apoy, at mga singaw ng usok.*

*"At bago dumating ang araw ng Panginoon, ang araw ay magdidilim, at ang buwan ay magkukulay dugo, at ang mga bituin ay mangagbabagsakan mula sa langit. [D at T 45:40–42]*

"Batid ko na hindi kasiya-siyang isipin ang paksang ito. Hindi ako natutuwa sa pagpapakitang ito, ni hindi ko inaasam ang araw ng pagdating ng mas maraming kalamidad sa sangkatauhan. Ngunit ang mga salitang ito ay hindi akin; ang Panginoon ang nangusap nito. Batid ang alam natin bilang kanyang mga lingkod, mag-aatubili ba tayong iparating ang babala sa lahat ng makikinig na paghandaan nila ang mga araw na darating? Ang manahimik sa harap ng gayong kapahamakan ay kasalanan!

"Ngunit may nakalulugod na bahagi ang malungkot na tagpong ito—ang pagdating ng ating Panginoon sa kanyang buong kaluwalhatian. Ang kanyang pagdating ay magiging kapwa maluwalhati at kaki-kilabot, depende sa espirituwal na kalagayan ng mga nananatili" ("Prepare Yourselves for the Great Day of the Lord," sa *Brigham Young University 1981 Fireside and Devotional Speeches* [1981], 66–67).

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 24:3–6 at ipahanap kung bakit dapat linisin ang mundo bago sumapit at pagsapit ng Ikalawang Pagparito ni Jesucristo. Itanong kung sino ang tinutukoy na lilinisin sa talata 5. Ipabasa sa kanila ang Isaias 25:9 at 26:2–4, 7–9, 13 at itanong kung anong klaseng mga tao ang hahatulan nang gayon. Basahin ang Isaias 25:3–8 at 26:12, 19–21 at pansinin kung ano ang gagawin ng Panginoon sa mabubuti, kapwa bago siya dumating at sa pagdating niya.

Ipaalala sa mga estudyante ang pahayag ni Pangulong Benson, lalo na nang bigyang-diin niya na "ang kanyang pagdating ay magiging kapwa maluwalhati at kakila-kilabot, depende sa espirituwal na kalagayan ng mga nananatili." Itanong kung paano natin mapaghahandaan ang Ikalawang Pagparito ng Panginoon. Basahin ang ilan o lahat ng sumusunod na mga banal na kasulatan at magpatulong sa kanila sa paglilista ng sinasabi roon na magagawa natin para makapaghanda: 1 Nephi 22:16–22; Doktrina at mga Tipan 1:12–14; 38:30; 45:32; 64:23. Ipaunawa sa kanila na hindi kailangang katakutan ng mabubuti ang Ikalawang Pagparito, ngunit maaari nilang asamin ang magagandang pangyayaring magaganap sa panahong iyon.

**Isaias 28:16–20. Kung gagawin nating saligan sa buhay si Jesucristo at lagi tayong hihingi ng lakas mula sa kanya, hindi tayo babagsak.** (20–25 minuto)

Magdala ng isang malaki at matigas na bato at isang kumot sa klase. Ipakita ang mga ito sa mga estudyante at bigyan sila ng oras na mag-isip ng mga paraan na magagamit ang dalawang bagay na iyon sa pagtuturo tungkol kay Jesucristo. Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang mga ideya. Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 28:16–20 at ipahanap ang mga paraan na ginamit ni Isaias ang mga bagay na iyon upang magturo tungkol sa Panginoon. Talakayin ang talata 16 sa pagtatanong ng:

- Bakit natin dapat gawing saligang bato si Cristo?
- Paano siya naging isang "matibay na [saligan]"?

Maaaring i-cross-reference ng mga estudyante ang Isaias 28:16 sa Mateo 7:24–27 at Helaman 5:12.

Sa pagtalakay sa Isaias 28:20, ipawari sa mga estudyante ang isang taong napakatangkad para sa kanyang kama, na may kumot na napakaliit para sa kanya. Itanong: Paano iyon naging katulad ng pamumuhay nang walang Pagbabayad-sala ng Tagapagligtas? Ipinaaalala rin sa atin ng talatang iyan na lubos na "sasaklawin" ng Pagbabayad-sala ang sangkatauhan kung tatanggapin nila ito.

Maaari din kayong sumangguni sa 2 Nephi 9:21; Alma 7:11–12; at Doktrina at mga Tipan 19:15–19 sa pagtalakay at pagpapatotoo ninyo tungkol sa kapangyarihan ng Pagbabayad-sala.

**Isaias 29 (Scripture Mastery, Isaias 29:13–14). Ipinropesiya ni Isaias ang paglabas ng Aklat ni Mormon.** (35–40 minuto)

Ang sumusunod na aktibidad ay maaaring isang magandang paraan upang maipaunawa sa mga estudyante ang propesiya ni Isaias tungkol sa paglabas ng Aklat ni Mormon. Pinagtutugma sa sumusunod na tsart ang mga kaganapang mangyayari na ipinropesiya ni Isaias kapag inilabas na ang Aklat ni Mormon at ang katuparan ng bawat kaganapan. Baguhin ang pagkakasunud-sunod ng mga reperensya sa mga banal na kasulatan sa pangalawang hanay at, paisa-isa man o grupu-grupo, ipasaliksik sa mga estudyante ang mga banal na kasulatan sa dalawang listahan at ipatugma ang propesiya sa katuparan.

| Propesiya ni Isaias tungkol sa Aklat ni Mormon | Katuparan ng Propesiya ni Isaias |
|---|---|
| Isaias 29:4 | Joseph Smith—Kasaysayan 1:29–34, 42, 51–52 |
| Isaias 29:10 | Joseph Smith—Kasaysayan 1:10, 18–19 |
| Isaias 29:11 | Eter 4:4–6 |
| Isaias 29:11–12 | Joseph Smith—Kasaysayan 1:63–65 |

Maaaring makatulong ang ilan sa sumusunod na mga tanong sa pagtalakay sa propesiya ni Isaias:

- Paano makakatulong sa mga tao ngayon ang malaman na alam at ipinropesiya ng mga sinaunang propeta ang tungkol sa paglabas ng Aklat ni Mormon?
- Paano makakatulong ang gayong mga propesiya sa Biblia para maihanda ang mga tao para sa Aklat ni Mormon?
- Sa palagay ninyo, bakit ihahayag ng Diyos ang gayon kadetalyadong kaalaman sa kanyang mga propeta?
- Ano ang itinuturo sa atin ng gayong mga propesiya tungkol sa kaalaman ng Diyos sa mula't mula pa?
- Paano nakakatulong ang pagkaunawa na alam ng Diyos ang lahat at siya ay makapangyarihan para magtiwala tayo sa kanya?

Ipinropesiya rin ng iba pang mga sinaunang propeta ang paglabas ng Aklat ni Mormon, tulad nina Ezekiel (tingnan sa Ezekiel 37:15–17), Jose sa Egipto (tingnan sa 2 Nephi 3:11), at Nephi (tingnan sa 2 Nephi 27:6–23).

Pamarkahan sa mga estudyante ang mga talata sa scripture mastery (Isaias 29:13–14) at i-cross-reference ang mga ito sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:19. Itanong:

- Paano iginagalang ng mga tao ang Diyos sa kanilang pananalita ngunit hindi sa kanilang puso?
- Paano naging "kagila-gilalas at kamangha-manghang gawain" ang Panunumbalik ng ebanghelyo at Aklat ni Mormon?
- Paano mapapawi ng Aklat ni Mormon ang mga taong sinasabing matalino sa mundo? (tingnan sa Isaias 29:11–14).

Maaari ninyong ipadula-dulaan sa tatlong estudyante ang isang investigator na nagtatanong sa dalawang misyonero tungkol sa Aklat ni Mormon. Makakatulong ang iba pa sa klase na magbigay ng mga reperensya sa mga banal na kasulatan sa mga estudyanteng gumaganap na misyonero. Maghanda ng mga itatanong ng estudyanteng gumaganap na investigator na gaya ng sumusunod—hindi nakikipagtalo, kundi tunay na naghahanap ng katotohanan:

- May sinasabi ba sa Biblia tungkol sa Aklat ni Mormon?
- Bakit natin kailangan ng iba pang banal na kasulatan maliban sa Biblia?
- Bakit hindi tinatanggap ng ibang mga simbahan ang Aklat ni Mormon?
- May iba pa bang nakakita sa mga laminang ginto maliban kay Joseph Smith?
- Paano ko malalaman na ang Aklat ni Mormon ay totoo at si Joseph Smith ay isang propeta?

Ipalahad sa ilang estudyante kung ano ang pakiramdam nila tungkol sa Aklat ni Mormon at ano ang epekto nito sa kanilang buhay.

**Isaias 28:23–29; 30–31; 36–37; 40. Ang kapangyarihan ng Panginoon ay higit na dakila magpakailanman kaysa sa tao. Kapag tayo ay "nangaghihintay" sa Panginoon—kapag matiyaga tayong nagtiwala at sumampalataya sa kanya—tatanggapin natin ang kanyang lakas upang tulungan tayong matiis at madaig ang ating mga pagsubok at paghihirap at sa huli ay matatanggap natin ang lahat ng ipinangako niyang mga pagpapala.** (35–40 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Sino ang ilang taong pinagtitiwalaan ninyo? Bakit?
- Sino ang pagtitiwalaan ninyong gumabay sa inyo nang ligtas sa mapanganib na paglalakbay patawid ng Amazon River?
- Sino ang pagtitiwalaan ninyo kung kailangan ninyong kumpunihin ang inyong kotse?
- Sino ang pagtitiwalaan ninyong mag-opera kung kailangan kayong operahan?
- Sino ang pagtitiwalaan ninyong umakay sa inyo sa landas ng kaligtasan?
- Bakit natin kailangang magtiwala sa Panginoon?
- Paano tayo natutukso kung minsan na huwag magtiwala sa kanya?

Sabihin sa mga estudyante na noong panahon ni Isaias, natukso ang Israel na magtiwala sa mga kalapit-bansa, tulad ng Egipto, upang iligtas sila sa kanilang mga kaaway sa halip na magtiwala sa Panginoon (tingnan sa Isaias 30:1–3, 7; 31:1–3). Dahil madalas sumamba ang mga tao ng Israel sa mga diyus-diyusan at umasa sa iba pang mga tulong, kailangan nilang matutong magtiwala at maglingkod sa Panginoon para maligtas.

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 30:15–17 at ipalahad sa sarili nilang mga salita kung ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga Israelita at paano niya sila binalaan tungkol sa mga bagay na pinagkakatiwalaan nila. Ipa-cross-reference sa kanila ang mga talatang iyon sa Helaman 4:13. Itanong:

- Ano ang itinuturo ng plano ng kaligtasan kung bakit kailangang-kailangan natin ang tulong ng Panginoon? (Lahat tayo ay nagkakasala, lahat tayo ay apektado ng Pagkahulog, at kailangan nating lahat ang Pagbabayad-sala ni Jesucristo.)
- Ano kaya ang magiging hinaharap natin kung hindi tayo nakatanggap ng tulong o lakas mula sa Panginoon?

Basahin sa klase ang Isaias 30:18, na pinapansin kung ano ang ginagawa ng Panginoon habang nagtitiwala tayo sa sarili nating lakas (at nabibigo). Itanong sa mga estudyante:

- Ano sa palagay ninyo ang kahulugan ng maghintay sa Panginoon?
- Bakit pinagpapala ang mga taong gumagawa niyon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 30:19–21 at ipatukoy ang mga pagpapalang ipinangakong ibigay ng Panginoon sa mga naghihintay.

Ibuod ang Isaias 36–37, na inilalahad ang panahon na natuto si Haring Ezechias at ang mga tao ng Jerusalem tungkol sa paghihintay sa Panginoon. Tulungan ang mga estudyante na maunawaan kung paano nauugnay ang salaysay na ito sa ating panahon, lalo na kapag hindi tayo nauunawaan o napipintasan tayo sa pagtitiwala sa Panginoon at sa kanyang mga utos. Itanong kung ano ang mangyayari kung tayo, tulad ni Ezechias, ay maghihintay at tunay na magtitiis.

Pinatotohanan sa Isaias 40:10–31 ang kapangyarihan ng Panginoon at na lilipulin niya ang masasama at gagantimpalaan ang mabubuting naghihintay sa kanya. Basahin ang mga piling talata sa inyong mga estudyante—ang mga talata 28–31 ay lalong mabuting basahin nang malakas. Magkuwento ng isang karanasan o magpakuwento sa mga estudyante ng mga karanasang nakapagturo sa kanila na ang mga talatang ito ay totoo.

Isa pang patotoo ni Isaias tungkol sa pagtitiwala sa Panginoon ang matatagpuan sa Isaias 28:23–29 (tingnan sa komentaryo para sa Isaiah 28:23–29 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 163–64). Ipaunawa sa mga estudyante mula sa mga talatang iyon na mapagkakatiwalaan nila ang Panginoon sa lahat ng sitwasyon.

# Isaias 36–39

## Pambungad

Ang Isaias 36–39 ay naglalaman ng pagbabago sa kasaysayan. Nakatala rito ang pagwawakas ng bantang pananakop ng mga taga-Asiria at ipinakilala ang Babilonia bilang tunay na panganib sa hinaharap ng Juda. Ang mga kabanatang ito ay halos kahalintulad ng salaysay sa II Mga Hari 18:13–20:19.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Maawain at mahabagin ang Panginoon, at naglalaan siya ng maraming paraan para matulungan ang kanyang mga anak na madama ang Espiritu at magsisi, upang makatanggap sila ng kapatawaran sa kanilang mga kasalanan (tingnan sa Isaias 38:17; tingnan din sa Santiago 5:14–15, 20; D at T 62:3).
- Ang kamatayan at pagdurusa ay bahagi ng plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Isaias 38:10–20).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Isaias 38–39. Ang kamatayan at pagdurusa ay bahagi ng plano ng kaligayahan ng ating Ama sa Langit.** (15–20 minuto)

Itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:

- Gusto ba ninyong malaman kung kailan kayo mamamatay?
- Anong kaibhan ang magagawa nito sa uri ng inyong pamumuhay sa nalalabi ninyong buhay?
- Paano nito babaguhin ang pagpapahalaga ninyo sa mga materyal at espirituwal na bagay sa inyong buhay?

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 38:1, at itanong:

- Bakit nabagabag si Ezechias sa mensahe ni Isaias?
- Matapos magdasal si Ezechias, ano ang mensaheng ibinigay sa kanya ni Isaias? (tingnan sa Isaias 38:4–6).
- Anong palatandaan ang sinabi ng Panginoon na ibibigay niya kay Ezechias upang ipakita na gagawin niya ang lahat ng ipinangako niya? (tingnan sa Isaias 38:7–8).

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 38:10–20 at ipahanap ang mga paglalarawang ginamit ni Ezechias sa pagbanggit sa kamatayan. Itanong: Ano ang kinalaman ng kapatawaran sa kanyang paggaling? (tingnan sa Isaias 38:17). Itanong:

- Dapat ba nating katakutan ang kamatayan?
- Anong pag-asa ang ibinibigay sa atin ng ebanghelyo na maaaring wala ang iba?

Basahin ang Isaias 38:15–17 para ipakita na naunawaan ni Ezechias na ang kaligtasan niya ay nagmula sa Diyos. Itanong sa mga estudyante kung paano naging bahagi ng plano ng kaligayahan ng Diyos ang pagtitiis sa pagdurusa. Itinuro ni Ezechias na ang ating buhay ay kaloob ng ating Ama sa Langit para isakatuparan ang kanyang mga layunin. Itanong sa mga estudyante kung paano nakakaapekto sa paraan ng pamumuhay ng mga tao ang pagkaalam niyan.

# Isaias 40–47

## Pambungad

Ang Isaias 36–39 ay mga kabanata ng kasaysayan na isinulat nang tuluyan [prose]. Ang aklat ni Isaias mula kabanata 1 hanggang 35 ay isinulat sa maganda at halos lahat ay estilong patula, na itinuloy mula kabanata 40 hanggang katapusan ng aklat. Ang pangunahing tema ng mga kabanata 40–47 ay ang pagkakaiba ng kapangyarihan ng Panginoon na iligtas tayo at

ng kahangalang ipagkatiwala ang ating buhay at kaligtasan sa sinumang tao o anumang bagay sa mundo.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Walang kapangyarihang magligtas o magpala ang mga diyus-diyusan at iba pang mga likha ng tao. Ang Ama sa Langit ang lumikha sa atin at ililigtas, pagpapalain, at palalakasin niya ang mga nagtitiwala sa kanya (tingnan sa Isaias 40:12–31; 41:8–29; 43:14–21).
- Binibigyang-inspirasyon ng Panginoon kung minsan ang mga lider ng mga bansa at mga tao na isakatuparan ang kanyang gawain. Nangyayari ito kapag ang mga lider na iyon ay handang tumanggap ng mga inspirasyong ibinibigay niya sa kanila, kahit hindi nila alam kung saan nagmumula ang inspirasyong iyon (tingnan sa Isaias 41:1–4; 45:1–4).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Isaias 40–47. Ang mga diyus-diyusan, anuman ang katangian ng mga ito, ay walang kapangyarihang magpala o magligtas.** (25–35 minuto)

Magdispley ng ilang bagay o larawang kumakatawan sa mga bagay na maaaring maging makabagong mga idolo, tulad ng pera, gamit ng militar, isang siyentipiko o kagamitang pangsiyensya, mga artista at atleta, o mga simbolo ng gobyerno. Magdispley rin ng isang larawan ng Tagapagligtas. Itanong sa mga estudyante kung ano ang karaniwan sa mga bagay na iyon. (Maaari nilang katawanin ang pinagtitiwalaan ng mga tao na magpapaligaya at magliligtas sa kanila mula sa kagipitan.) Basahin ang Doktrina at mga Tipan 1:12–16 at itanong kung ano ang sinabi ng Panginoon sa mga talatang iyon tungkol sa pagsamba sa mga diyus-diyusan. Basahin ang mga talata 17–23 at itanong kung ano ang ginawa ng Panginoon upang maihanda tayo para sa hinaharap.

Sa matitinding kataga, inihambing ni Isaias ang kapangyarihan ng Diyos ng Israel sa kawalan ng kapangyarihan ng mga diyus-diyusan. Igrupu-grupo ang klase at atasan ang bawat grupo ng isa sa anim na sumusunod na mga talata. (Kung napakarami ng mga scripture block na ito at kapos kayo sa oras o maliit ang inyong klase, gamitin na lang ang Isaias 40; 44; at 47.)

- Isaias 40:12–31
- Isaias 41:4–29
- Isaias 43
- Isaias 44:6–28
- Isaias 46
- Isaias 47

Ipaaral sa mga grupo ang kanilang mga talata at ipalista ang sinabi ni Isaias tungkol sa kapangyarihan at kaluwalhatian ng Diyos at sa kawalan ng silbi ng mga diyus-diyusan at panggagaway. Ipabahagi sa mga grupo ang nahanap nila, lalo na ang kaangkupan nito sa mga diyus-diyusan sa ating panahon. Sa Doktrina at mga Tipan ibinilang ng Panginoon ang pagsamba sa mga diyus-diyusan sa Babilonia (tingnan sa D at T 1:16). Talakayin ang tsart tungkol sa Babilonia na kasama sa komentaryo para sa Isaiah 47 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 188). Basahin ang sumusunod na karanasan ni Elder Melvin J. Ballard nang sikapin niyang lutasin ang ilang mahirap na hamon:

> "Sa pagkakataong ito hinanap ko ang Panginoon, … at noong gabing iyon tumanggap ako ng isang kagila-gilalas na pagpapakita at impresyon na nanatili magpakailanman sa akin. Dinala ako sa lugar na ito [sa Salt Lake Temple]—sa loob ng silid na ito…. Sinabihan ako na may isa pang pribilehiyong ibibigay sa akin; at inakay ako sa loob ng isang silid kung saan ipinaalam sa akin na may katatagpuin ako. Pagpasok ko sa silid nakita ko, na nakaupo sa nakaangat na entablado, ang pinakamaluwalhating nilalang sa lahat ng nakita ko, at inilapit ako para ipakilala sa Kanya. Habang palapit ako, ngumiti Siya, tinawag ang pangalan ko, at iniabot sa akin ang Kanyang kamay. Kahit umabot ako sa edad na isang milyon hinding-hindi ko malilimutan ang ngiting iyon. Nang ilapit Niya ako sa Kanyang dibdib, niyakap Niya ako at hinagkan, at binasbasan Niya ako hanggang sa mapuspos ng kagalakan ang buo kong katauhan. Nang matapos Siya napaluhod ako sa Kanyang paanan, at doo'y nakita ko ang marka ng mga pako; at nang hagkan ko ang mga ito, na nag-uumapaw ang matinding galak sa buo kong katauhan, pakiramdam ko'y nasa langit ako talaga. Ang damdaming sumapuso ko noon ay: Ah! sana ay mabuhay ako nang marapat, bagama't walumpung taon ang kakailanganin, upang sa huli kapag tapos na ako ay makatungo ako sa Kanyang kinaroroonan at matanggap ang damdaming nadama ko *noon* sa Kanyang piling, ibibigay ko ang buong pagkatao ko at lahat ng inaasam kong kahinatnan!" (*Melvin J. Ballard—Crusader for Righteousness* [1966], 66).

**Isaias 40. Itinuturo sa atin ng mga propesiya ni Isaias ang tungkol sa Ikalawang Pagparito at nagdudulot ito sa atin ng pag-asa na tutulong sa atin na tapat na magtiis hanggang wakas.** (15–25 minuto)

Ang Isaias 40 ay naglalaman ng ilang mahahalagang turo tungkol sa Mesiyas—si Jesucristo. Nilapatan ng musika ni George Frederick Handel ang karamihan sa mga talata 1–11 sa likha niyang awiting *Messiah*. Kung makakakuha kayo ng recording, patugtugin ang ilang awiting bumabanggit sa Isaias 40. (Kabilang sa mga awiting nagsipi sa Isaias 40 ang "Comfort Ye My People," "Ev'ry Valley Shall Be Exalted," "And the Glory of the Lord," "O Thou That Tellest Good Tidings to Zion," at "He Shall Feed His Flock like a Shepherd.") Anyayahang makinig na mabuti ang mga miyembro ng klase at pagkatapos ay hanapin ang reperensyang kinanta. Sabihin sa kanila na kinakanta ng mga tao sa buong mundo ang awiting ito tungkol sa Tagapagligtas at sa kanyang banal na misyon kahit

marami sa kanila ay ni hindi Kristiyano. Malaki ang impluwensya ng musika sa pagpukaw ng damdamin at espirituwal na pagtugon.

Gamitin ang aktibidad A, B, o C para sa Isaias 40 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral habang binabasa at tinatalakay ninyo ang kabanatang ito at iakma ang mga turo nito sa buhay ng inyong mga estudyante. Pagkatapos ng aktibidad, sabihin na pumili ang bawat isa ng isang nagbibigay-inspirasyong talata at ipaliwanag sa kanilang mga kaklase kung bakit nila pinili ito. Hikayatin ang mga estudyante na isaulo ang kanilang mga talata at bigkasin ang mga ito kapag kailangan nilang dagdagan ang kanilang espirituwalidad.

# Isaias 48–66

## Pambungad

Isinulat ng may-akda na Banal sa mga Huling Araw na si Sidney B. Sperry: "Ang pangkalahatang tema ng [Isaias] 40–66 ay pagtubos sa Israel. Ang mga kabanatang ito ay dapat ituring na pinakamakinang na mga hiyas ng mga propesiya sa Lumang Tipan. Sa mahusay at magandang wika, inaliw ni Isaias ang kanyang mga tao at ipinahayag ang panahon na sila ay matutubos at ang kaharian ng Diyos ay magtatagumpay sa mundo" (*The Spirit of the Old Testament*, ika-2 ed. [1980], 188).

Ang huling bahaging ito ng aklat ni Isaias ay naglalaman ng marahil ay pinakamagagandang talata tungkol sa buhay at misyon ni Jesucristo na matatagpuan sa Lumang Tipan. Habang binabasa ninyo ang mga kabanata 48–66, hanapin kung paano tayo mas lubusang hinihikayat ni Isaias na maniwala kay Cristo na ating Manunubos (tingnan sa 1 Nephi 19:23; tingnan din sa pambungad sa Isaiah 48–54 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 191).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Dahil sa kanilang kasamaan, nakalat ang mga tao ng sinaunang Israel (tingnan sa Isaias 18:2, 7). Sa mga huling araw tatanggapin ng Israel ang kabutihan at sila ay matitipon (tingnan sa Isaias 49:5–6, 11–12, 22; 51:11; 52:8; 54:7, 14).
- Si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Tagapamagitan sa Ama. Sa pagsasakatuparan ng Pagbabayad-sala, nagdusa siya sa mga pasakit at kasalanan ng buong sangkatauhan at nadaig ang kamatayan sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli. Ang Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa atin ng oportunidad na magtamo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng plano ng kaligtasan (tingnan sa Isaias 53; tingnan din sa Mosias 3:7–11; Alma 7:11–12).
- Hindi lubos na mauunawaan ng tao ang mga kaisipan at layunin ng Maykapal. Kung gayon, dapat tayong sumampalataya at magtiwala sa karunungan at payo ng Panginoon (tingnan sa Isaias 55:8–9).
- Ang pagsunod sa batas ng ayuno ay nagbibigay sa atin ng lakas na labanan ang kasalanan at tumanggap ng paghahayag at maglaan para sa pangangalaga sa mga maralita (tingnan sa Isaias 58:3–12).
- Ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay nagdudulot ng kaligayahan at pag-unlad (tingnan sa Isaias 58:13–14; tingnan din sa D at T 59:9–16).
- Ang kasalanan ay iwinawalay tayo sa Diyos ngunit, dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, makapagsisisi tayo at makababalik sa kanyang piling (tingnan sa Isaias 59).
- Sa Ikalawang Pagparito, lilipulin ng Panginoon ang masasama, ililigtas ang mabubuti, at pasisimulan ang Milenyo (tingnan sa Isaias 63:4–6; 64:1–3; 65:17–25; 66:15–23; tingnan din sa D at T 101:25–31).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

*Ang Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 20, "Ano't Kami ay Nangagayuno," ay gumagamit ng makabagong kuwento para ilarawan ang mga pakinabang ng pag-aayuno (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Isaias 49–54. Dahil sa kanilang kasamaan, nakalat ang mga tao ng sinaunang Israel. Sa mga huling araw tatanggapin ng Israel ang kabutihan at sila ay matitipon.** (20–25 minuto)

Ipabigkas sa isang estudyante ang ikasampung saligan ng pananampalataya (tingnan sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:10). Basahin ang Isaias 18:2, 7 at itanong:

- Ano ang tinukoy ni Isaias na nauugnay sa saligang iyon ng pananampalataya?
- Bakit ikakalat ang Israel? (tingnan sa 1 Nephi 21:1).
- Kung nakalat ang Israel dahil sa kasamaan, ano ang kailangan nitong gawin para matipon?

Ilista sa pisara ang sumusunod na mga banal na kasulatan. Ipabasa ang mga ito sa mga estudyante at ipatukoy ang mga salita at katagang nauugnay sa pagtipon.


- Isaias 49:5–6 *(dalhing muli, mapisan, ibangon, isauli ang iningatan)*
- Isaias 49:11–12 *(mga lansangan, nanggaling sa malayo)*
- Isaias 51:11 *(mga tinubos ay magsisibalik, magsisiparoon)*
- Isaias 52:8 *(bumalik)*
- Isaias 54:14 *(matatatag)*

Itanong sa mga estudyante:

- Paano naaangkop ang mga salita at katagang iyon sa pagiging mabuti, gayundin sa isang pisikal na pagtitipon?
- Saan inihahambing ang Sion sa Isaias 54:2–3? (Isang tolda.)

- Anong simbolo ang ginamit sa mga talatang iyon para patibayin ang tolda ng Sion? (Mga tulos [stake].)

Kopyahin ang sumusunod na larawan o idrowing ito sa pisara upang mailarawan ang Isaias 54:2–3.



Itanong sa mga estudyante ang sumusunod, at ilista sa pisara ang kanilang mga sagot:

Paano isinisimbolo ng pagtitipon ng Israel ang tolda?

Ano ang magagawa natin ngayon na makakatulong sa pagtitipong iyan? (Halimbawa, ipamuhay ang mga alituntunin ng ebanghelyo, magpakita ng magagandang halimbawa, ibahagi ang mensahe ng ebanghelyo sa mga kaibigan ninyong hindi miyembro, at maghandang maglingkod sa mga misyon.)

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

> "Napakaraming kabataang walang direksyon ang buhay at nalululong sa droga, barkada, imoralidad, at ng lahat ng problemang dulot ng mga bagay na ito. May mga balo na sabik marinig ang tinig ng mga kaibigan sa diwa ng pag-aalalang nagpapakita ng pagmamahal. May mga taong dati-rati ay aktibo sa Simbahan, ngunit nanghina ang pananampalataya. Marami sa kanila ang nais bumalik ngunit hindi alam kung paano. Kailangan nila ng mga kaibigang tutulong sa kanila. Sa kaunting pagsisikap, marami sa kanila ang maibabalik upang muling magpakabusog sa hapag ng Panginoon.
>
> "Mga kapatid, aasahan ko, idadalangin ko na bawat isa sa atin … ay magpapasiyang hanapin yaong mga nangangailangan ng tulong, na malungkot at mahirap ang mga kalagayan, at pasiglahin sila sa diwa ng pagmamahal tungo sa pangangalaga ng Simbahan, kung saan sila pasisiglahin, aaliwin, susuportahan, at aakayin ng malalakas na kamay at mapagmahal na mga puso sa landas ng maligaya at makabuluhang buhay" (sa Conference Report, Okt. 1996, 118; o *Ensign*, Nob. 1996, 86).

**Isaias 53 (Scripture Mastery, Isaias 53:3–5). Si Jesucristo ang ating Tagapagligtas at Tagapamagitan sa Ama. Sa pagsasakatuparan ng Pagbabayad-sala, pinagdusahan niya ang mga pasakit at kasalanan ng buong sangkatauhan at nadaig ang kamatayan sa pamamagitan ng Pagkabuhay na Mag-uli. Ang Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa atin ng pagkakataong magtamo ng buhay na walang hanggan sa pamamagitan ng plano ng kaligtasan.** (30–40 minuto)

Ipawari sa mga estudyante na nabihag sila ng malulupit at masasamang tao at pinatawan ng parusang kamatayan. Itanong:

- Ano ang inyong magiging huling habilin?
- Ano ang karaniwang pinaniniwalaan tungkol sa huling habilin ng isang tao? (Inihahayag nito kung ano ang mahalaga sa taong iyon.)

Ipaliwanag sa mga estudyante na bago pinatay ng masamang si Haring Noe at ng kanyang mga saserdote ang propeta ng Aklat ni Mormon na si Abinadi, bilang bahagi ng kanyang huling habilin, sinipi niya ang buong Isaias 53 (tingnan sa Mosias 14).

Ipagawa sa mga estudyante ang aktibidad A para sa Isaias 53 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral. Ipabahagi sa kanila kung ano ang lubos nilang hinangaan tungkol sa Tagapagligtas habang ginagawa nila ang aktibidad na iyan. Maaari din ninyong ibahagi sa kanila ang ilan sa impormasyong matatagpuan sa mga komentaryo para sa Isaiah 53 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (mga pahina 197–99).

- Basahin ang Isaias 53:11–12; Mga Taga Roma 8:16–17; at Doktrina at mga Tipan 76:92–95. Itanong sa mga estudyante:
- Ano ang tinanggap ni Jesus matapos pinagdusahan ang lahat sa mortalidad?

Sino ang handa niyang bahaginan nito?

Maaaring kantahin o basahin ng klase ang mga titik ng isa o mahigit pang mga himno na mababanaagan ng diwa, himig, at mensahe ng Isaias 53, tulad ng "Ako ay Namangha" (*Mga Himno,* blg. 115), "Dakilang Karunungan at Pag-ibig" (*Mga Himno,* blg. 116), o "Jesus, Hamak nang Isilang," (*Mga Himno,* blg. 118). Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Neal A. Maxwell:

> "Ang kahanga-hanga at maluwalhating Pagbabayad-sala ang pinakamahalagang kaganapan sa buong kasaysayan ng tao. Dito nakasalalay ang lahat ng bagay na walang hanggan ang kahalagahan" (sa Conference Report, Abr. 1985, 93; o *Ensign*, Mayo 1985, 73).

Ibahagi ang inyong damdamin para sa Tagapagligtas at sa kanyang sakripisyo. Bigyan ng ilang minuto ang mga estudyanteng gusto ring magbahagi ng kanilang damdamin.

**Isaias 55:1–7. Lahat ng lumalapit kay Cristo ay tumatanggap ng kapatawaran, kaligayahan, at kapayapaan.** (15–20 minuto)

Magpakita ng isang basong tubig at isang tinapay. Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 55:1–3 at ipahanap kung paano tinukoy rito ang tubig at tinapay. (Ipaliwanag na ang salitang *oh,* sa talata 1, ay maaari ding isalin bilang "halina.") Ipabasa sa kanila ang Juan 4:13–14 at 6:47–51 at ipatukoy kung sino ang kinakatawan ng tubig at tinapay. Itanong: Bakit magagandang simbolo ng Tagapagligtas ang tinapay at tubig?

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 89:14. Itanong sa mga estudyante:

- Ayon sa banal na kasulatang ito, ano ang "tungkod ng buhay"?
- Saan gawa ang tinapay?
- Kung mahalaga ang tinapay at tubig para mabuhay, ano, kung gayon, ang itinuturo ng mga ito, bilang mga simbolo ni Cristo, tungkol sa pinagmumulan ng espirituwal na buhay?

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Ezra Taft Benson sa pagtatapos ng isang pangkalahatang kumperensya:

> "Nawa'y umuwi tayong lahat na muling nangangakong maging tapat sa sagradong misyon ng Simbahan tulad ng ipinaliwanag na mabuti sa mga sesyon ng kumperensyang ito—na 'mag-anyaya sa lahat na lumapit kay Cristo' (D at T 20:59)" (sa Conference Report, Abr. 1988, 97; o *Ensign*, Mayo 1988, 84).

Ipasaliksik sa mga estudyante ang Isaias 55:3–7 at magpagawa ng dalawang listahan—ang isa ay kung paano lalapit sa Panginoon at ang isa naman ay ang mga pagpapalang natatanggap natin sa paglapit sa kanya. Bigyan sila ng oras na maibahagi ang natagpuan nila. Ipabasa sa kanila ang Mateo 11:28–30; Mosias 26:30; at Moroni 10:32–33 at ipatukoy ang mga karagdagang pagpapalang ibinibigay sa mga yaong lumalapit kay Cristo.

**Isaias 55:8–9 (Scripture Mastery). Hindi natin ganap na mauunawaan ang mga kaisipan at layunin ng Maykapal. Kung gayon, dapat tayong sumampalataya at magtiwala sa karunungan at payo ng Panginoon.** (15–20 minuto)

Bago magklase, gumawa ng isang obstacle course sa buong silid-aralan ninyo na pasikut-sikot sa mga hanay at silya. Maglagay ng mga aklat o iba pang mga balakid sa landas. Piringan ang isang estudyante ninyo at mag-atas ng ibang estudyanteng magbibigay ng direksyon sa estudyanteng nakapiring para malusutan ang obstacle course.

Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 55:8–9 at ipahanap kung paano nauugnay ang obstacle course sa mga talatang iyon. Itanong:

- Bakit alam ng estudyanteng nakakakita kung aling daan ang pinakamainam para sa estudyanteng nakapiring?
- Paano iyan naging katulad ng paningin ng Diyos kung ihahambing sa atin?
- Lagi bang alam ng estudyanteng nakapiring kung bakit doon siya pinadaan ng taong umaakay sa kanya o kung anong mga panganib ang nalagpasan niya?
- Bakit sinunod ng estudyanteng nakapiring ang mga tagubilin ng estudyanteng nakakakita?
- Paano naaangkop ang mga tanong na ito sa ating kaugnayan sa Panginoon?

Ipabasang muli sa mga estudyante ang Isaias 55:8–9 at pamarkahan ito sa kanilang mga banal na kasulatan.

Para maipakita ang pagkakaiba ng mga pamamaraan ng Diyos at mga pamamaraan ng tao, gawin sa pisara ang sumusunod na tsart:

| | Pamamaraan ng Diyos | Pamamaraan ng Tao |
|---|---|---|
| Kaligayahan | | |
| Tagumpay | | |
| Pagsamba | | |

Magpatulong sa mga estudyante na punan ang tsart ng payo ng Diyos at ng sangkatauhan para sa kaligayahan, tagumpay, at pagsamba. Pagkatapos ninyo, itanong:

- Ano ang mangyayari kung ang taong nakapiring ay tinatagubilinan ng isa pang taong nakapiring sa paglapas sa obstacle course?
- Paano kaya ito nauugnay sa mga bunga ng pagsunod sa payo ng taong hindi binigyang-inspirasyon?
- Ano ang mga bunga ng pagsunod sa payo ng Diyos?
- Ano ang pakiramdam ninyo batid na sumusunod tayo sa isang Diyos na nakikita at nalalaman ang lahat ng bagay?

Magpabahagi sa mga estudyante ng isang karanasan na ayaw nilang sundin ang payo ng isang magulang o lider ng Simbahan ngunit kalaunan ay natuklasan nila na pinakamainam para sa kanila ang payong iyon.

**Isaias 58:3–14. Ang pagsunod sa batas ng ayuno ay nagbibigay-lakas sa atin na paglabanan ang kasalanan at tumanggap ng paghahayag at makatulong para sa pangangalaga sa mga maralita. Ang pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath ay nagdudulot sa atin ng kaligayahan at pag-unlad.** (20–25 minuto)

Kung maaari, papuntahin sa klase ang isa sa mga lider ng priesthood ng inyong mga estudyante upang sagutin ang mga tanong tungkol sa pag-aayuno at pagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath. Bigyan siya ng listahan ng mga tanong sa ibaba at sabihin sa kanya na maaaring may iba pa ring mga tanong ang mga estudyante. Ipabahagi ang kanyang patotoo

tungkol sa mga alituntuning ito. (Siguruhing magplano nang maaga at bigyan siya ng ilang araw para makapaghanda).

- Mga gaano katagal dapat ang karaniwang pag-aayuno?
- Maaari bang uminom ng tubig habang nag-aayuno?
- Gaano kadalas dapat mag-ayuno ang isang tao?
- Anong uri ng mga bagay ang dapat ipag-ayuno ng isang tao?
- Magkano ang dapat ibigay na handog-ayuno ng isang tao? Gaano kadalas?
- Dapat ba kayong mag-ayuno kung maysakit kayo?
- Anong edad dapat magsimulang mag-ayuno ang mga bata?
- Ano ang dapat ninyong gawin kung hindi ninyo matagalan ang pag-aayuno?
- Ano ang kaibhan ng pag-aayuno sa pagpapakagutom lang?
- Ano ang ilang magagandang paraan para mapanatiling banal ang araw ng Sabbath?
- Ano ang dapat kong gawin kung pinagtatrabaho ako ng amo ko sa araw ng Sabbath?
- Puwede bang gumawa ng homework sa araw ng Sabbath?
- Bakit hindi na lang tayo bigyan ng Simbahan ng listahan ng mga bagay na maaaring gawin at hindi maaaring gawin sa araw ng Sabbath?

Kung hindi kayo nakapagpapunta ng isang lider ng priesthood sa inyong klase, kayo na ang sumagot sa ilan o lahat ng tanong. Magandang gamiting sanggunian ang *Mga Alituntunin ng Ebanghelyo* (item blg. 31110 893), mga kabanata 24–25. Bilang bahagi ng talakayan ninyo maaari din ninyong basahin ang bahagi tungkol sa pag-uugali sa araw ng Linggo mula sa *Para sa Lakas ng mga Kabataan* (mga pahina 32–33).


Basahin ang Isaias 58:3–14 at ilista at talakayin ang mga pagpapalang ipinangako ng Panginoon sa mga yaong taos-pusong sinusunod ang batas ng ayuno at ng Sabbath. Ihambing ang mga talatang iyon sa inihayag ng Panginoon tungkol sa araw ng Sabbath sa Doktrina at mga Tipan 59:9–14. Hikayatin ang mga estudyante na dagdagan ang kanilang espirituwalidad sa pamamagitan ng pagsunod sa mga alituntuning iyon ng ebanghelyo.

**Isaias 59. Ang kasalanan ay inihihiwalay tayo sa Diyos, ngunit dahil sa Pagbabayad-sala ay makapagsisisi tayo at makababalik sa kanyang piling.** (25–30 minuto)

Ipabasa sa mga estudyante ang Mga Taga Roma 8:35–39 at ipatukoy ang itinanong ni Pablo. (May makapaghihiwalay ba sa atin sa pagmamahal ng Diyos?) Ipabasa sa kanila ang Isaias 59:1–2 at ipahanap kung ano ang makapaghihiwalay sa atin sa kanya. Ipaunawa sa mga estudyante na ang pagmamahal sa atin ng Diyos ay hindi nagbabago tulad ng sabi ni Pablo, ngunit ang ating mga kasalanan ang naglalayo sa atin sa pagtamasa ng mga pagpapala ng pagmamahal na iyon (tingnan din sa D at T 95:12). Maaari ninyong gamitin ang paglalarawan sa Isaias 59 sa gabay ng estudyante sa pag-aaral para maipakita ang ideyang ito.

Sa Isaias 59:3, 7, ginamit ni Isaias ang isang di-malilimutang paraan ng pagsasabi sa mga tao na lubusan na silang nagkasala. Binanggit niya ang mga bahagi ng katawan bilang kapwa literal at simbolikong mga halimbawa kung paano nila nilabag ang mga batas ng Diyos. Iyan ang dahilan kaya nahiwalay ang mga Israelita sa Panginoon. Ipatukoy sa mga estudyante ang uri ng kasalanang iniugnay ni Isaias sa bawat isa sa mga sumusunod: mga kamay, daliri, labi, dila, paa, at isipan. Itanong sa kanila kung ano sa palagay nila ang sasabihin ng Panginoon tungkol sa bawat isa sa mga iyon kung inilalarawan niya ang isang mabuting tao.

Ipaunawa sa mga estudyante na hindi tayo maliligtas kahit ng pinakamaganda nating pag-uugali kung wala ang Pagbabayad-sala. Idrowing sa pisara o bigyan ng kopya ng sumusunod na diagram ang mga estudyante. Isulat ang mga reperensya sa mga banal na kasulatan ngunit huwag sulatan ang ibang mga pamagat.




Ipabasa sa mga estudyante ang Isaias 59 at ipahanap kung paano nauugnay ang diagram sa pagbalik sa piling ng Diyos. Tulungan silang pangalanan ang mga bahagi habang nagbabasa sila. Basahin ang 2 Nephi 25:23 sa inyong klase at ipaliwanag kung paano ito naging magandang buod ng Isaias 59. Ipasulat sa kanila ang cross-reference na 2 Nephi 25:23 sa gilid ng pahina sa tabi ng Isaias 59:1–2.

**Isaias 60–66. Ang pag-unawa sa mga kaganapan sa mga huling araw, sa Ikalawang Pagparito, at sa Milenyo ay makakatulong sa paghahanda natin para sa mga dakilang kaganapang iyon.** (25–35 minuto)

Magdrowing ng tatlong hanay sa pisara at pamagatan ang mga ito ng *Mga Huling Araw, Ikalawang Pagparito,* at *Milenyo.* Ipaliwanag sa mga estudyante na pag-aaralan nila ngayon ang mga bahagi ng Isaias na nagtuturo sa atin tungkol sa tatlong kaganapang iyon. Hatiin sa tatlong grupo ang klase at bigyan ang bawat grupo ng isa sa mga kaganapan at ng sumusunod na mga banal na kasulatan:

- *Mga huling araw.* Isaias 60:1–15, 22; 65:2–16
- *Ikalawang Pagparito.* Isaias 63:1–6, 15–16; 64; 66:14–18
- *Milenyo.* Isaias 60:16–21; 65:17–25

Ipaulat sa bawat grupo kung ano ang natutuhan nila sa iniatas na kaganapan sa kanila. Sabihin sa kanila na tingnang mabuti ang sinasabi sa mga banal na kasulatan na mangyayari sa mabubuti at sa masasama.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang magagawa natin upang makapaghanda para sa mga dakilang kaganapang iyon. Gamitin ang mga ideya mula sa mga komentaryo para sa Isaiah 60–66 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (mga pahina 206–10) na inaakala ninyong makakatulong. Ipabahagi sa mga estudyante ang damdamin nila na nabuhay sila sa panahon na natutupad ang ilan sa mga propesiyang may kaugnayan sa mga kaganapang iyon.

# ANG AKLAT NI JEREMIAS

Si Jeremias ay isang Levita mula sa Anathoth, isang bayan na ang layo ay ilang milya pahilagang-silangan ng Jerusalem sa teritoryo ng lipi ni Benjamin. Ginawa niya ang kanyang tungkulin bilang propeta mula nang maghari si Haring Josias hanggang maghari si Haring Sedecias—mga apatnapung taon. Kasabayan niya ang mga propetang sina Habacuc, Zefanias, Lehi, at iba pa (tingnan sa tsart ng "Ang mga Hari at Propeta ng Israel at Juda," mga pahina 259–60. Ibinadya ni Jeremias ang mangyayari at nabuhay siya hanggang bumagsak ang kaharian ng Juda sa Babilonia. Ang aklat ni Jeremias ang pinakamahabang aklat sa Biblia.

Isinulat ng scholar na Banal sa mga Huling Araw na si Sydney B. Sperry: "Nakita ni Jeremias … na laganap ang pagsamba sa mga diyus-diyusan, pagsambang nagaganap sa kaburulan, at mga gawing pagano ng kanyang mga tao tungkol sa relihiyon. Nakatayo ang mga diyus-diyusan ng mga pagano sa templo [Jeremias 32:34], nagsakripisyo ng mga bata kay Bal-Moloch (7:31; 19:5; 32:35), at nanawagan sila kay Baal bilang karaniwang diyos ng mga pagano…. Ang maling pagsamba ng bansa, mangyari pa, ay sinabayan ng lahat ng uri ng imoralidad at kasamaan, na kinailangang patuloy na tuligsain at patotohanan ng propeta. Nalimutan ang mga maralita. Halos ganap ang apostasiyang nakapaligid kay Jeremias" (*The Voice of Israel's Prophets* [1952], 153).

Si Jeremias, tulad ni Mormon, ay tinawag upang gumawa sa mga taong halos walang pag-asa dahil ayaw nilang magsisi. "Kaya't ganito ang sabi ng Panginoon, Narito, ako'y magdadala ng kasamaan sa kanila, na hindi nila matatakasan; at sila'y magsisidaing sa akin, nguni't hindi ko sila didinggin" (Jeremias 11:11; tingnan din sa Mormon 2:15).

Habang nagiging mas masama pa ang mundo at papalapit ang Ikalawang Pagparito, ganito rin ang mensahe ng mga propesiya tungkol sa ating panahon: Sundin ang propeta at magsisi o kayo ay lilipulin (tingnan sa Apocalipsis 9:20–21; 16:9, 11; D at T 1:11–16; 43:22–27).

Nabasa ng mga propeta ng Aklat ni Mormon na sina Lehi at Nephi ang ilan sa mga propesiya ni Jeremias, na nakatala sa mga laminang tanso (tingnan sa 1 Nephi 1:4; 5:13).

## Jeremias 1–19

### Pambungad

Sa Jeremias 1–19, inilatag ng propeta ang saligan para sa sumunod na mga kabanata tungkol sa mga propesiya at kasaysayan. Ang mga unang kabanatang iyon ay tungkol sa tungkulin at paghahanda ni Jeremias at sa kanyang matitinding pagtuligsa sa kasamaan ng Israel.

Hindi lamang sa mapanghimagsik na mga tao nanindigan si Jeremias kundi maging sa maraming bulaang propetang hayagang kumalaban sa salita ng Panginoon. Habang binabasa ninyo ang mga kabanatang ito, pansinin kung paano patuloy na sinikap ni Jeremias na iligtas ang kanyang mga tao, kahit alam niya na hindi sila magsisisi. Isipin kung ano ang natutuhan natin sa walang-takot niyang paggawa (ihambing sa Mormon 3:12).

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Namuhay tayo sa piling ng Ama sa Langit bago tayo isinilang. Marami siyang inorden noon pa man na tumupad ng mga natatanging tungkulin sa lupa (tingnan sa Jeremias 1:4–5; tingnan din sa Alma 13:3; D at T 138:53–56; Abraham 3:22–23).
- Sinusuportahan ng Panginoon ang kanyang mga lingkod, kahit tinatanggihan sila ng mga tao (tingnan sa Jeremias 1:6–10, 17–19; 15:15–21; 20:7–13; 26:12–15, 24; tingnan din sa Isaias 54:17; D at T 109:24–29).
- Madalas tayong parusahan dahil sa mga kasalanan natin (tingnan sa Jeremias 2:19).
- Malalaman ng mga yaong tumatalikod sa Panginoon para sa makamundong karunungan at mga kasiyahan na hindi sila maililigtas ng sarili nilang karunungan at hahatulan sila ng kanilang mga kasalanan (tingnan sa Jeremias 2:13–19).
- Habang patuloy tayong nagkakasala, mas mahihirapan tayong magsisi. Ang kakayahang magsisi ay maglalaho sa mga yaong patuloy na nagkakasala (tingnan sa Jeremias 11:1–11, 21–23; 13:23; 14:10–12; tingnan din sa Helaman 13:38; D at T 101:7).
- Pinagpapala at pinauunlad ng Panginoon yaong mga nagpapanatiling banal ng araw ng Sabbath (tingnan sa Jeremias 17:21–27).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Jeremias 1:1–11. Sa buhay bago tayo isinilang, inorden ng Ama sa Langit na maging propeta si Jeremias.** (20–25 minuto)

Isulat ang *Jerusalem—mga 600 b.c.* sa pisara. Sa ilalim, isulat ang *Lehi at* ____________. Ipabasa sa mga estudyante ang 1 Nephi 1:4. Itanong sa kanila kung ano ang sinabi ni Nephi tungkol sa bilang ng mga propetang nasa Jerusalem noong naroon si Lehi. Ipabasa sa kanila ang 1 Nephi 7:14 at ipatukoy ang propetang binanggit ni Nephi roon. Isulat ang *Jeremias* sa puwang na nasa pisara.

Ipabasa sa mga estudyante ang Jeremias 1:5 at ipalahad kung ano ang natutuhan nila tungkol sa tungkulin ni Jeremias bilang propeta. Itanong:

- Sino ang tumawag sa kanya na maging propeta?
- Kailan siya tinawag?

Sabihin sa mga estudyante na hindi nauunawaan ng maraming tao na nabuhay tayo bago tayo naparito sa lupa. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith:

> "Bawat tao na may tungkuling magministeryo sa mga tao sa mundo ay inorden sa mismong layuning iyon sa Malaking Kapulungan sa langit bago nilikha ang mundong ito. Palagay ko ay inorden ako sa mismong katungkulang ito sa Malaking Kapulungang iyon" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 365).

Itanong sa mga estudyante kung paano nila malalaman kung saang katungkulan sila inorden noon pa man. (Halimbawa, makakapamuhay sila nang marapat, mababasa nila ang kanilang patriarchal blessing, maaari silang mag-ayuno, manalangin, at maghangad ng mga basbas ng ama.)

Ipawari sa mga estudyante na may isang taong tumanggap ng tawag na magmisyon ngunit atubiling tanggapin ito dahil pakiramdam niya ay hindi siya nararapat dahil sa mga sumusunod:

- Hindi ko masyadong alam ang mga banal na kasulatan.
- Napakabata ko pa para mapalayo sa pamilya.
- Hindi ako mahusay magsalita—hindi ko alam ang sasabihin.
- Takot ako sa tao.

Ipabasa sa mga estudyante ang Jeremias 1:6 at patingnan kung ano ang nadama ni Jeremias tungkol sa pagtawag sa kanya na maging propeta. Itanong kung may maiisip pa silang iba pang mga propeta o lider ng Simbahan na nagsabi na nakadama rin sila na hindi sila karapat-dapat nang matawag sila. Basahin ang mga talata 7–10 at talakayin ang sumusunod:

- Ano ang sinabi ng Panginoon para mapanatag si Jeremias?
- Ano ang matututuhan natin mula sa mga talatang iyon tungkol sa mga propeta ng Panginoon? (tingnan sa komentaryo para sa Jeremiah 1:6–10 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 235–36).

Ipaisip sa mga estudyante ang mga nadama nila nang makatanggap sila ng isang tungkulin o atas sa Simbahan. Itanong: Palagay ba ninyo kilalang-kilala tayo ng Panginoon na tulad kay Jeremias?

Ipaunawa sa mga estudyante na hindi kailangang matawag na propeta ang isang tao para makaramdam ng panghihina at di-pagkamarapat. Maaari tayong mapanatag sa pagkaalam na nangako ang Panginoon na susuportahan at tutulungan ang lahat ng tatawagin niyang maglingkod sa kanyang kaharian. Sa pagsasalita sa sesyon sa priesthood ng isang pangkalahatang kumperensya, sinabi ni Pangulong Thomas S. Monson:

> "Kung dama ng sinumang kalalakihan na nakikinig sa akin na hindi siya handa, at ni hindi kayang tumugon sa tawag na maglingkod, magsakripisyo, pagpalain ang buhay ng iba, alalahanin ang katotohanan: 'Sinumang tawagin ng Diyos, gagawing karapat-dapat ng Diyos.' Siya na pumapansin sa pagkahulog ng maya ay hindi tatalikuran ang pangangailangan ng kanyang lingkod" (sa Conference Report, Abr. 1987, 54; o *Ensign,* Mayo 1987, 44).

**Jeremias 1–19. Malalaman niyaong mga tumatalikod sa Panginoon alang-alang sa makamundong karunungan at mga kasiyahan na hindi sila maililigtas ng sarili nilang karunungan at hahatulan sila ng kanilang mga kasalanan.** (35–50 minuto)

Magdala ng isang timba o pitsel na may ilang butas sa klase. Salinan ito ng kaunting tubig at ipakita sa mga estudyante na tumutulo ito. Itanong: Kung ang tubig ay simbolo ng ebanghelyo ni Jesucristo at ang timba o pitsel ay simbolo ng ating buhay, ano sa palagay ninyo ang kinakatawan ng mga butas? Ipabasa sa mga estudyante ang Jeremias 2:13 at ipahanap kung paano naging katulad ng tumutulong lalagyan sa pakay-aralin ang mga tao sa panahon ni Jeremias. Sabihin sa kanila na ang isang tangke ng tubig ay imbakan sa ilalim ng lupa na nakaukit sa malaking bato at ginagamit sa pag-iimbak ng tubig mula sa ulan o sa isang bukal. Hindi sa tangke mismo nagmumula ang tubig, at ni hindi malalagyan ng tubig na nagmula sa langit ang isang tangkeng may basag.

Sabi ni Elder Marion D. Hanks tungkol sa mga basag na tangkeng ito:

> "Ang ipinapalit natin sa lugar ng Diyos sa ating buhay ay tunay na hindi pinagmumulan ng tubig. Kapag tinanggihan natin ang 'tubig na buhay,' hindi natin matatamasa ang kagalakang maaaring mapasaatin" (sa Conference Report, Abr. 1972, 127; o *Ensign,* Hulyo 1972, 105).

Basahin ang Jeremias 2:14–23 at itanong:

- Ano ang ilan sa mga kasalanan ng mga taong ito kaya sila naging katulad ng mga basag na tangke?
- Sa palagay ninyo, paano naging napakasama ng mga piling tao ng Panginoon para hindi sila malagyan ng *anumang* tubig na buhay ng ebanghelyo?

Isulat sa pisara ang sumusunod na listahan at ipasaliksik sa mga estudyante ang mga reperensya at ipahanap kung ano ang karaniwan sa mga grupo:

- Mga Cananeo—1 Nephi 17:33–35
- Masasamang tao sa panahon ni Noe—Moises 8:17, 20
- Mga Nephita—Mormon 2:8, 12–15

- Mga Jaredita—Eter 15:6
- Mga Ammonihasita—Alma 15:15

Ipabasa sa mga estudyante ang 2 Nephi 26:11 at Eter 2:9–10, at itanong kung kailan nililipol ng Panginoon ang isang grupo ng mga tao sa daigdig.

Ipaunawa sa mga estudyante na sukdulan na ang kasamaan ng mga tao ng Juda. Ang mga kabanata 2–35 ng Jeremias ay puno ng mga babala ng mga propeta sa Juda na magsisi o malipol. Piliin ang ilan o lahat ng sumusunod na mga talata at ipahanap sa mga estudyante kung tungkol saan ang babala ni Jeremias sa Juda: Jeremias 2:5–8; 3:1–11; 5:1–8, 23–31; 6:10–15; 7:1–31; 9:1–9; 10:1–14; 17:19–27.

Habang binabasa ninyo ang mga banal na kasulatang iyon, ilista ang ilan sa mga kasalanan ng mga tao at talakayin kung bakit hindi sila nagsisi (tingnan sa mga komentaryo para sa Jeremiah 2–19 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, mga pahina 236–42).

Tulungan ang mga estudyante na ihambing ang panahon ni Jeremias sa ating panahon sa pagtalakay sa sumusunod na mga tanong:

- Paano natutulad ang mga kasalanan ng ating panahon sa mga kasalanan noong panahon ni Jeremias?
- Sa palagay ba ninyo binabalaan tayo ng mga propeta at apostol ngayon kung paano binalaan ni Jeremias ang kanyang mga tao noon? Bakit oo o bakit hindi?
- Tungkol saan ang babala sa atin ng mga propeta sa mga mensahe nitong huling kumperensya o sa mga artikulo sa magasin ng Simbahan?
- Paano lubos na nabibitag sa kasalanan ang mga tao kaya imposible na silang magbago? (tingnan sa mga komentaryo para sa Jeremiah 13:22–27 at Jeremiah 15:1–14 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (mga pahina 240).

Hikayatin ang mga estudyante na tapalan ang anumang butas na maaaring sumaid sa kanilang espirituwal na tubig sa pamamagitan ng pagsisisi sa mga kasalanan at pagdinig sa mga babala ng ating propeta.

**Jeremias 14–26. Nagpapadala ng mga bulaang propeta si Satanas upang ilayo ang mga tao sa mga tunay na propeta.** (40–50 minuto)

Bago magklase, butasan ng aspili o karayom ang ibabaw at ilalim ng isang itlog at alisan ng laman sa pamamagitan ng pag-ihip sa isa sa mga butas. Lalabas ang laman ng itlog at balat lang ang maiiwan.

Ipakita ang isang buong itlog at ang itlog na walang laman sa inyong mga estudyante, na tinatakpan ng mga daliri ninyo ang mga butas. Itanong sa kanila kung masasabi nila ang pagkakaiba ng dalawang itlog. Basagin ang dalawang itlog, at sabihin na ang mahalagang kaibhan ay nasa loob.

Sa pisara isulat ang *Isang lobo na nakadamit-tupa.* Itanong sa mga estudyante:

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin nito?
- Paano ito nauugnay sa dalawang itlog?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 7:15 at ipahanap kung sino ang tinukoy ng Tagapagligtas na mga lobong nakadamit-tupa.

Ilang beses nakaharap ni Jeremias ang mga bulaang propeta. Kopyahin ang sumusunod na tsart sa pisara o sa isang handout. Isama ang mga reperensya sa mga banal na kasulatan ngunit huwag lagyan ng mga sagot. Ipasaliksik sa mga estudyante ang mga reperensya para sa mga kaibhan ng mga tunay na propeta sa mga bulaang propeta.

**Mga Katangian ng mga Bulaang Propeta**

| | |
|---|---|
| Deuteronomio 18:20; Jeremias 14:14; 23:16 | Hindi sila isinugo ng Panginoon. |
| Isaias 30:8–10; Jeremias 23:25–27, 32 | Nagpopropesiya sila ng mga kasinungalingan at sinasabi nila ang gustong marinig ng mga tao. |
| Jeremias 23:14 | Nakikiapid sila sa hindi nila asawa. |
| Jeremias 14:13 | Nagbibigay sila ng mga maling pangako ng katiwasayan at kapayapaan. |
| Mga Panaghoy 2:14 | Hindi sila nangangaral laban sa kasalanan. |
| Jeremias 26:8–9, 11 | Tinatangka nilang lipulin ang mga tunay na propeta. |

**Mga Katangian ng mga Tunay na Propeta**

| | |
|---|---|
| Jeremias 1:5–9 | Sila ay tinawag ng Panginoon. |
| Jeremias 18:7–10 | Itinuturo nila na nasa pagsisisi at matwid na pamumuhay lamang ang tunay na katiwasayan. |
| Jeremias 24:9–10; 2 Nephi 9:40 | Nagpopropesiya sila ng katotohanan, kahit ito ay masakit. |
| Jeremias 23:1–2, 11–13 | Tinutuligsa nila ang mga bulaang propeta at saserdote at nangangaral laban sa mga kasalanan. |
| Jeremias 20:4–6; 25:8–12 | Natutupad ang kanilang mga propesiya. |

Itanong sa mga estudyante kung bakit maling sabihin ng

isang taong hindi isinugo ng Diyos na siya ay nagsasalita para sa Diyos. Ipasaliksik sa kanila ang Deuteronomio 13:5; Jeremias 14:15–16; at 23:9–40 at ipalista kung ano ang sinabi ng Panginoon tungkol sa mga bulaang propeta.

Maaari ninyong ipabasa sa inyong mga estudyante ang kuwento tungkol sa paghaharap ni Jeremias at ng bulaang propetang si Hananias sa Jeremias 28 bilang halimbawa ng damdamin ng Panginoon tungkol sa mga bulaang propeta (tingnan din sa D at T 121:11–24). Talakayin kung paano natin mapangangalagaan ang ating sarili laban sa mga yaong maituturing na mga bulaang propeta ngayon at sisira sa ating pananampalataya sa Diyos.

**Jeremias 16:16 (Scripture Mastery). Ang mga misyonerong tinatawag ng Panginoon ngayon ay ilan sa mga "mangingisda" at "mangangaso" na ipinropesiya ni Jeremias.** (15–20 minuto)

Isulat sa pisara ang mga salitang *mga mangingisda* at *mga mangangaso* . Ipapaliwanag sa mga estudyante kung ano ang ginagawa ng bawat isa, anong mga paghahanda at kagamitan ang kailangan, at gaanong pagsisikap, panahon, at konsentrasyon ang kailangan para mangaso at mangisda.

Isulat sa pisara ang salitang *mga misyonero* at gumuhit ng mga linya mula sa *mga mangingisda* at *mga mangangaso* hanggang sa salitang *mga misyonero.* Basahin ang Jeremias 16:16 at itanong:

- Ano ang ilang paraan na maihahambing ang gawaing misyonero sa pangingisda at pangangaso?
- Anong mga kasanayan ang kailangan ng mga misyonero na tutulong sa kanila na mahanap, maturuan, mabinyagan, at mapanatili ang mga nagbalik-loob?

Kung maaari, ipatalakay sa isang nakabalik nang misyonero ang mga karanasan niya sa paghahanap sa mga yaong naghahanap ng katotohanan. Isiping bigyan ang bawat estudyante ng kopya ng sumusunod na mga pahayag at talakayin ito sa buong klase.

Sabi ni Elder LeGrand Richards, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Saan ninyo matatagpuan ang mga mangingisda at mangangasong iyon na nabasa natin sa dakilang propesiyang ito ni Jeremias? Sila [ang] mga misyonero ng simbahang ito, at yaong mga nauna sa kanila mula nang matanggap ni Propetang Joseph Smith ang katotohanan at magpadala ng mga sugo para ibahagi ito sa mundo. Sa gayon ay humayo sila, nangisda at nangaso, at tinipon sila mula sa kaburulan at kabundukan, at sa mga bitak ng malalaking bato" (sa Conference Report, Abr. 1971, 143; o *Ensign,* Hunyo 1971, 99).

Sabi ni Elder L. Tom Perry, isang Apostol:

> "Ngayon ay lumaki pa ang pangangailangan sa mas maraming full-time missionary kaysa noon. At muli naming ipinaaabot ang panawagan sa bawat karapat-dapat na binata na dinggin ang tinig ng propeta na maglingkod bilang full-time missionary. Nananawagan kami sa mga bishop at branch president na tiyaking magkaroon ng pagkakataong makapagmisyon ang bawat karapat-dapat at may kakayahang binata….
>
> "Ipinarating ni Pangulong Kimball ang sumusunod na pahayag tungkol sa mga dalagang naglilingkod: 'Maraming dalagang nais maglingkod sa full-time mission, at maaari din silang maglingkod sa Panginoon. Ang responsibilidad na ito ay hindi sa kanila kundi sa mga elder, ngunit tatanggap sila ng saganang mga pagpapala para sa kanilang di-makasariling sakripisyo. Ang Panginoon ay nasisiyahan [sa] kanilang kahandaang magdala ng mga kaluluwa sa kanya' (*President Kimball Speaks Out* [Salt Lake City: Deseret Book Co., 1981], p. 30)" (sa Conference Report, Abr. 1992, 32; o *Ensign,* Mayo 1992, 24).

Sabi ni Pangulong Howard W. Hunter:

> "Muli at muli sa kanyang mortal na ministeryo, naglabas ang Panginoon ng panawagan na kapwa paanyaya at hamon. Kina Pedro at Andres, sinabi ni Cristo, 'Magsisunod kayo sa hulihan ko, at gagawin ko kayong mga mamamalakaya ng mga tao' (Mateo 4:19). Tayo ay nasa gawaing magligtas ng mga kaluluwa, mag-anyaya sa mga tao na lumapit kay Cristo, madala sila sa mga tubig ng binyag upang patuloy silang sumulong sa landas tungo sa buhay na walang hanggan. Kailangan ng mundong ito ang ebanghelyo ni Jesucristo. Ang ebanghelyo ang tanging daan para magkaroon ng kapayapaan sa mundo. Bilang mga alagad ni Jesucristo, hangad nating lumawak ang pagmamahalan at pag-uunawaan ng mga tao sa mundo. Itinuro ng mga unang propeta na dapat maglingkod sa full-time mission ang bawat may kakayahan at karapat-dapat na binata. Binibigyang-diin ko ang pangangailangang ito ngayon. Kailangang-kailangan din natin sa misyon ng mga mag-asawang may kakayahan. Sinabi ni Jesus sa kanyang mga disipulo, 'Sa katotohana'y marami ang aanihin, datapuwa't kakaunti ang mga manggagawa: kaya't idalangin ninyo sa Panginoon ng aanihin, na magpadala siya ng mga manggagawa sa kaniyang aanihin' (Lucas 10:2)" (sa Conference Report, Okt. 1994, 118–19; o *Ensign*, Nob. 1994, 88).

Sabi ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

> "May sasabihin ako ngayon sa mga bishop at stake president tungkol sa gawaing misyonero. Ito ay isang maselang bagay. Tila lumalaganap sa Simbahan ang ideya na dapat magmisyon ang lahat ng dalaga gayundin ang lahat ng binata. Kailangan natin ng ilang dalaga. Kahanga-hanga silang magtrabaho. Nakakapasok sila sa mga bahay na hindi mapasok ng mga elder….
>
> "… Nagkakaisa ang Unang Panguluhan at ang Konseho ng Labindawa sa pagsasabi sa ating mga dalaga na wala silang obligasyong magmisyon. Nawa ay masabi ko ang dapat sabihin sa paraang hindi ko masasaktan ang damdamin ninuman. Hindi dapat madama ng mga dalaga na may tungkulin sila na katulad ng sa mga binata. Gugustuhin talagang magmisyon ng ilan sa kanila. Kung magkagayon, dapat silang sumangguni sa kanilang bishop gayundin sa kanilang mga magulang. Kung talagang gusto nilang magmisyon, alam ng bishop ang gagawin" (sa Conference Report, Okt. 1997, 72–73; o *Ensign,* Nob. 1997, 52).

# Jeremias 20–29

## Pambungad

Ang Jeremias 20–29 ay naglalaman ng mga turo at babala ni Jeremias sa kanyang mga taong daranas ng pagkaalipin sa Babilonia (tingnan sa II Mga Hari 24–25). Ngunit hindi lamang ipinropesiya ni Jeremias ang pagbagsak ng masasama. Nakita niya ang pagdating ng Tagapagligtas at ang panunumbalik ng kanyang Simbahan sa mga huling araw (tingnan sa Jeremias 23). Gaya ng iba pang mga propeta ng Lumang Tipan (tulad nina Isaias, Ezekiel, Lehi, Oseas, Amos, Mikas, at Zacarias), nakita ni Jeremias na matitipon ang nangakalat na Israel balang araw, na mababalik ang Juda sa mga lupaing kanyang mana, at kalaunan ay magiging dakila ang buong Israel.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Sinasabi sa atin ng mga tunay na propeta ang kailangan nating malaman, hindi palaging ang nais nating malaman (tingnan sa Jeremias 21:1–7).
- Ang salita ng Panginoon ay laging matutupad (tingnan sa Jeremias 28; 29:24–32; tingnan din sa Jeremias 32:26–27; 36–37; 38:6–13; 39:15–18; D at T 1:37–38; 3:1–3).
- Yaong mga naghahanap sa Panginoon nang buong puso ay masusumpungan siya (tingnan sa Jeremias 29:13).
- Laging magkakaroon ng mga bulaang propeta na kakalaban sa mga tunay na propeta (tingnan sa Jeremias 28–29).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Jeremias 20–21. Sinasabi ng mga tunay na propeta ang iniutos ng Panginoon na sabihin nila.** (15–20 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na sinasabi sa atin ng propeta ang kailangan nating malaman, hindi palaging ang nais nating malaman. Itanong sa kanila kung ano ang ibig sabihin ng pahayag na iyon at kung paano ito naging totoo. Ipatukoy sa kanila ang ilang payo ng propeta na ayaw malaman ng ilang tao, o inaakala nilang mahirap o hindi madaling sundin.

Ipaliwanag na ang pagsasabi sa mga tao ng nais iparinig sa kanila ng Panginoon ay nagbibigay ng problema sa propeta kung minsan. Ipabasa sa mga estudyante ang Jeremias 20:1–2 at ipatuklas kung ano ang nangyari kay Jeremias dahil ipinropesiya niya na bibihagin ng Babilonia ang Juda (tingnan sa komentaryo para sa Jeremiah 20:1–6 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 245). Ipabasa sa mga estudyante ang Jeremias 20:3–6, at itanong:

- Ang parusa ba ang dahilan kaya binago ni Jeremias ang kanyang propesiya at sinabi ang nais marinig ng mga tao? (Para sa halimbawa ng nais marinig ng mga tao ng Juda, tingnan sa Jeremias 28:1–4.) Bakit hindi?
- Bakit pinalitan ni Jeremias ng Magormissabib ang pangalan ni Pashur? Ano ang kahulugan niyon? (tingnan sa komentaryo para sa Jeremiah 20:1–6 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 245).

Ipabasa sa mga estudyante ang Jeremias 21:1–7 at ipahanap kung ano ang gustong ipagawa ni Haring Sedechias kay Jeremias at kung paano sinagot ng Panginoon, sa pamamagitan ni Jeremias, ang tanong ni Sedechias. Itanong:

- Bakit hindi masabi ni Jeremias ang gustong marinig ng mga tao?
- Bakit hindi sinasabi ng buhay na propeta ang gusto lang nating marinig?

Sabi ni Pangulong Ezra Taft Benson:

> "Ang pagtugon natin sa mga salita ng isang buhay na propeta kapag sinabi niya sa atin ang kailangan nating malaman, ngunit ayaw nating marinig, ay isang pagsubok sa ating katapatan" ("Fourteen Fundamentals in Following the Prophet," *1980 Devotional Speeches of the Year* [1981], 28).

**Jeremias 23–29. Tulad sa sinaunazng Israel, dapat tayong makahiwatig sa pagitan ng tunay at bulaang mga propeta.** (20–25 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung paano sa palagay nila makakaiwas tayo sa panlilinlang ng mga bulaang propeta. Magdispley ng larawan ng kasalukuyang propeta at itanong sa mga estudyante kung paano natin matitiyak na siya ang hinirang na propeta ng Panginoon.

Sabihin sa mga estudyante na maliban pa sa pakikinig mula sa mga tunay na propeta, may mga bulaang propeta ring nangaral sa mga tao noong panahon ni Jeremias. Basahin ang Jeremias 23:9–34 sa inyong mga estudyante at talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang mga maling ginagawa ng mga bulaang propeta at saserdoteng iyon? (tingnan sa mga talata 9–17, 24–32).
- Ano ang mga katangian ng isang tunay na propeta ayon sa Panginoon? (tingnan sa mga talata 18, 21–22, 28; tingnan din sa komentaryo para sa Jeremiah 23 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* (p. 253).
- Ano ang mangyayari sa mga bulaang propetang iyon? (tingnan sa mga talata 12, 15, 33–34).

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith at itanong sa mga estudyante kung ano ang natutuhan nila rito:

> "Kapag lumilibot at nagpopropesiya ang isang tao, at inutusan niya ang mga tao na sundin ang kanyang mga turo, maaaring isa siyang tunay o bulaang propeta. Palaging kinakalaban ng mga bulaang propeta ang mga tunay na propeta at magpopropesiya sila ng napakalapit sa katotohanan na malilinlang nila maging ang mga hinirang" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* p. 365).

Para mailarawan ang pahayag na iyan, ipasaliksik sa mga estudyante ang Jeremias 27:6–14, 19–22 at ipahanap kung ano ang ipinropesiya ni Jeremias tungkol sa Juda at Babilonia. Ipabasa sa kanila ang Jeremias 28:1–4, 10–11 at ipatukoy ang bulaang propetang kumalaban kay Jeremias at kung ano ang kanyang mensahe.

Basahin ang Jeremias 28:5–9, 13–17 sa inyong mga estudyante at talakayin kung paano tumugon si Jeremias kay Hananias at ano ang ginawa ng Panginoon sa bulaang propetang iyon. Ipaunawa sa kanila na ang sagot ni Jeremias sa talata 6 ay hindi nangangahulugang sumang-ayon siya. Maaaring sinabi niyang "Siya nawa: gawing gayon ng Panginoon" nang patuya o bilang pagpapahayag ng pagnanais na magsisi ang mga tao at magtamo ng gayong mga pagpapala. Itanong:

Ano ang iminungkahi ni Jeremias na nagpapatunay na totoo ang propeta? (tingnan sa t. 9; tingnan din sa Deuteronomio 18:20–22).

Ano ang magagawa natin para makaiwas sa pagliligaw ng mga bulaang propeta ngayon?

Magpatotoo kung paano makakatulong ang pagsunod sa mga utos para makaiwas na malinlang tayo ng mga bulaang propeta. Ibahagi ang sumusunod na mensahe ni Elder Gordon B. Hinckley, na noon ay isang Apostol:

> "Nararapat tayong magpasalamat nang lubos, mga kapatid, nagpapasalamat tayo nang lubos, para sa isang propetang nagpapayo sa atin sa mga salita ng banal na karunungan habang tinatahak natin ang ating landas sa magulo at mahirap na mga panahong ito. Ang matibay na katiyakan sa ating puso, ang paniniwala na ipaaalam ng Diyos ang kanyang kalooban sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng kinikilala niyang lingkod ang tunay na batayan ng ating pananampalataya at gawain. Dapat tayong magkaroon ng isang propeta o wala tayong mapapala; at dahil mayroon tayong propeta, nasa atin na ang lahat" (sa Conference Report, Okt. 1973, 161; o *Ensign*, Ene. 1974, 122).

# Jeremias 30–33

## Pambungad

Nangako ang Panginoon na ipanunumbalik niya ang Israel at Juda sa mga huling araw. Inutusan si Jeremias na itala ang mga pangakong iyon (tingnan sa Jeremias 30:1–3). Habang pinag-aaralan ninyo ang Jeremias 30–33, hanapin ang kahalagahan ng tipang Abraham at ng lipi ni Ephraim sa panunumbalik o pagtitipong ito.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Sa mga huling araw lipi ni Ephraim, na lipi ng pagkapanganay, ang unang titipunin. Responsibilidad nilang tumulong na matipon ang iba pang miyembro ng sambahayan ni Israel, sa gayon ay matulungan ang Panginoon na isakatuparan ang kanyang walang hanggang tipan (tingnan sa Jeremias 31:1–14, 18–21, 31–34; 32:36–41).
- Sa Milenyo, susundin ng lahat ang ebanghelyo at makikilala nila ang Panginoon (tingnan sa Jeremias 31:31–34; 32:36–41).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Jeremias 30–33. Nagpropesiya si Jeremias tungkol sa maraming magagandang kaganapang mangyayari sa mga huling araw.** (55–65 minuto)

Ipagunita sa mga estudyante ang huling malaking palaro sa kanilang lugar at talakayin kung paano ituturing ng ilang tao na masaya ang kaganapang iyon samantalang malungkot ito sa iba. Itanong:

- Bakit may gayong iba't ibang damdamin ang mga tao tungkol sa iisang kaganapan?
- Ano ang iba pang mga kaganapan o panahong maituturing na kapwa mabuti at masama, ayon sa pananaw ng isang tao?
- Iniisip ba ninyo na ang Ikalawang Pagparito ay isang masaya o malungkot na panahon?

Sabihin sa mga estudyante na pag-aaralan nila ngayon ang ilan sa mga propesiya ni Jeremias tungkol sa mga huling araw at sa Milenyo.

Karamihan sa mga propesiya ni Jeremias ay tungkol sa pagkawasak at pagkabihag ng mga taga-Babilonia sa Juda, na naglalahad din ng mga pagkawasak sa mga huling araw. Ngunit nagpropesiya rin si Jeremias ng maraming magaganda at positibong kaganapan sa mga huling araw na nagpapaunawa sa atin kung paano magiging panahon ng malaking kaligayahan, para sa mabubuti, ang Ikalawang Pagparito.

Ang mga propesiya ni Jeremias ay maigugrupo sa ilang kategorya. Isulat sa pisara ang tatlong sumusunod na kategorya, basahin ang kaugnay na mga reperensya sa mga banal na kasulatan sa inyong mga estudyante, at ipatalakay ang bawat kategorya sa buong klase, gamit ang kalakip na materyal kung kailangan.

1. Ang Israel at Juda ay titipunin at maninirahan nang ligtas sa sarili nilang mga lupain.
   - **Jeremias 30:3, 8–11, 17–18.** Ang propesiya na ang Israel at Juda ay babalik mula sa pagkabihag ay hindi lamang isang beses matutupad. Tinutukoy nito kung paano binigyang-inspirasyon ng Panginoon si Haring Ciro na tulutang makabalik ang mga Judio sa Jerusalem pagkaraan ng pitumpung taon ng pagkabihag sa Babilonia (tingnan sa Ezra 1:1–2). Binanggit din dito ang panunumbalik ng mga Judio sa kanilang bayang sinilangan sa mga huling araw at ang pagbalik ng mga nawalang lipi mula sa mga bansa sa hilaga (tingnan sa D at T 133:11–35).
   - **Jeremias 31:1–20.** Paulit-ulit na nagpatotoo ang Panginoon sa mga talatang ito na siya mismo ang mamamahala sa pagtitipon ng Israel at Juda (tingnan sa mga talata 1–4, 8–11). Tumatawag ang Panginoon ng "mga bantay sa burol ng Ephraim"—mga stake president, bishop, misyonero, home teacher, at iba pa—para tumulong sa pagbabantay at pagtitipon sa kanyang mga anak (t. 6; tingnan din sa Ezekiel 3:16–21). Pinakamahalaga sa mga bantay na ito ang mga propeta sa mga huling araw, na nakatanggap ng mga susi ng pagtitipon ng Israel (tingnan sa D at T 110:11).

     Titipunin ng mga bantay na ito "ang nalabi sa Israel" mula sa "lupaing hilagaan" at mula sa "kahuli-hulihang [mga dulo] ng lupa" (Jeremias 31:8; tingnan din sa D at T 133:26). Ang "iyakan" at "mga pamanhik [pagsamo]" na tinukoy sa Jeremias 31:9 ay maaaring nagmula sa pagkaalam na ang kanilang mga pagdurusa sa maraming siglo ay dahil sa pagtanggi nila kay Jesucristo (tingnan sa Jeremias 50:4; Zacarias 12:10). Ihambing ang iyakang iyan sa galak at pagsasaya ng mga yaong nakikinig sa mga propeta at "magsisiparito at magsisiawit sa kaitaasan ng Sion" (tingnan sa Jeremias 31:12–14).
   - Ang Ephraim, bilang lipi ng pagkapanganay, ay may mahalagang papel sa pagtitipong ito (tingnan sa Jeremias 31:9, 18–20; tingnan din sa Deuteronomio 33:13–17; D at T 133:26–34).
   - **Jeremias 33:16.** Kapag tinipon ng Panginoon ang Juda at Israel, ligtas silang makapaninirahan sa kanilang mga lupain (tingnan din sa Jeremias 23:5–6). Maaaring tumukoy ito sa kaligtasan kapwa mula sa mga kaaway at mula sa mga epekto ng sarili nilang mga kasalanan.
2. Tatanggapin ng Juda at Israel si Jesucristo bilang kanilang Panginoon at Tagapagligtas.
   - **Jeremias 30:8–9; 33:15.** Isinulat ni Elder Bruce R. McConkie, nang magkomento siya sa mga talatang ito:

     > "Napakalinaw na ang Sanga ni David ay si Cristo. Makikita natin ngayon na tinatawag din siyang David, na isa siyang bagong David, isang Walang Hanggang David, na maghahari magpakailanman sa luklukan ng kanyang sinaunang ninuno" (*The Promised Messiah,* 193; tingnan din sa Isaias 11:1; Jeremias 23:5–8).

   - **Jeremias 32:37–42.** Sa mga talatang ito, ipinropesiya ni Jeremias na ang mga Judio ay magbabalik hindi lamang sa kanilang lupang pangako kundi pati sa tunay na Simbahan, at ang Panginoon ay "makikipagtipan [na]ng walang hanggan sa kanila" (t. 40). Kahit maraming Judio na ang sumapi sa Simbahan, at marami pang tiyak na sasapi sa mga panahong darating, ang kabuuan ng katuparan ng pangakong ito ay magkakatotoo pa lamang (tingnan sa 3 Nephi 20:29–46; 21). Isinulat ni Elder Bruce R. McConkie:

     > "Ang pagbabalik-loob ng maraming Judio, ang pagbalik nila sa katotohanan bilang isang bansa, ay nakatakdang sundan ang Ikalawang Pagparito ng kanilang Mesiyas. Yaong mga makapananatili sa araw na iyon, sa matinding kahirapan at pighati, ay magtatanong: 'Ano itong mga sugat sa iyong mga kamay at sa iyong mga paa? Pagkatapos ay malalaman nila na ako ang Panginoon; sapagkat sasabihin ko sa kanila: Ang mga sugat na ito ang mga naging sugat ko sa bahay ng aking mga kaibigan. Ako ang siyang itinaas. Ako si Jesus na ipinako sa krus. Ako ang Anak ng Diyos.' (D at T 45:51–52; Zac. 12:8–14; 13:6)" (*Mormon Doctrine,* 722–23).

3. Sa Milenyo, makikilala ng mga tao ang Panginoon at masusulat ang kanyang batas sa kanilang puso.

- **Jeremias 31:31–34.** Ang ibig sabihin ng kilalanin ang Panginoon ay unawain at sundin ang kanyang mga batas at ordenansa at mapasaatin ang Espiritu Santo. Itinuro ni Propetang Joseph Smith:

> "Saliksikin ang mga paghahayag na inilalathala namin, at hilingin sa inyong Ama sa Langit, sa pangalan ng Kanyang Anak na si Jesucristo, na ipakita ang katotohanan sa inyo, at kung gagawin ninyo ito nang nakatuon ang mata sa Kanyang kaluwalhatian nang walang pag-aalinlangan, sasagutin Niya kayo sa pamamagitan ng kapangyarihan ng Kanyang Banal na Espiritu. Sa gayon ay malalaman ninyo ito para sa inyong sarili at hindi para sa iba. Sa gayon ay hindi kayo aasa sa tao para sa kaalaman tungkol sa Diyos; ni walang magiging puwang para sa haka-haka. Wala; sapagkat kapag tumanggap ang mga tao ng tagubilin mula sa Kanya na lumikha sa kanila, alam nila kung paano Niya sila ililigtas" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 11–12).

Kahit maaari nating makilala ang Diyos ngayon, mukhang sa Milenyo ganap na matutupad ang mga talatang ito, kapag kapiling na natin ang Panginoon (tingnan sa D at T 84:96–100). Sinabi ni Pangulong Joseph Fielding Smith, patungkol sa Jeremias 31:31–34:

> "Para matupad ang propesiyang ito, maraming miyembro ng Simbahan ang kailangang magsisi at mas magsumigasig sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan at sa kanilang pagdarasal at pagsunod sa mga batas at kautusan ng ebanghelyo. Kung bigo silang gawin ang mga bagay na ito ihihiwalay sila sa kinaroroonan ng Panginoon sa dakilang araw na iyon na bababa siya bilang Panginoon ng mga panginoon at Hari ng mga hari upang angkinin ang kanyang lugar at umupo sa kanyang luklukan para mamuno at maghari" (sa Conference Report, Okt. 1963, 21–22).

# Jeremias 34–52

## Pambungad

Ang Jeremias 34–52 ay pagpapatuloy ng mga propesiya ni Jeremias laban sa Juda at sa mga lider nito, na naging dahilan upang siya ay usigin at ibilanggo (tingnan sa Jeremias 34–38). Natupad ang mga propesiyang ito nang bumagsak ang Jerusalem sa kamay ng mga taga-Babilonia. Maraming Judio ang dinalang bihag sa Babilonia, samantalang may ilang nakatakas patungong Egipto at isinama nila si Jeremias (tingnan sa mga kabanata 39–45).

Tulad ng ibang mga propetang Israelita, nagpropesiya si Jeremias tungkol sa mga bansang gentil sa paligid ng Israel. Nagsimula siya sa isang propesiya laban sa Egipto sa kanluran (tingnan sa Jeremias 46), pagkatapos ay nagpasilangan, na nagpopropesiya laban sa mga bayang mas malapit sa Israel (tingnan sa Jeremias 47–49), at nagtapos sa mga propesiya laban sa Babilonia sa silangan (tingnan sa Jeremias 50–51). Ang Egipto at Babilonia ang dalawang pinakamapangyarihang bansa na nagtunggalian sa pagkontrol sa Jerusalem noong panahon ng kanyang ministeryo.

Nagtapos ang aklat ni Jeremias sa mga detalye ng pagkabihag at pagkawasak ng Jerusalem (tingnan sa Jeremias 52). Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Jeremias" (p. 89).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Inihahanda at pinagpapala ng mga paghahayag ng Panginoon sa kanyang mga propeta yaong mga nakikinig (tingnan sa Jeremias 42–44).
- Tinatanggap ng Panginoon ang nagsisisi ngunit pinarurusahan ang mapaghimagsik, anumang angkan o lahi ang kanilang pinagmulan (tingnan sa Jeremias 46:1–2, 27–28; 47:1; 48:1–2, 47; 49:1–8, 23–39; 50:1–3, 17–19, 33–34; 51:5).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Jeremias 34–52. Inihahayag ng Panginoon ang hinaharap sa kanyang mga propeta upang ihanda at pagpalain yaong mga makikinig.** (40–60 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung may narinig na silang mga taong humihingi ng payo sa mga manghuhula, psychic, astrologer, at kung sinu-sino pa tungkol sa kanilang hinaharap. Itanong:

- Ano ang ipinahayag ng Panginoon tungkol sa gayong mga gawain? (tingnan sa Deuteronomio 18:10–14).
- Anong mga tulong ang naibigay na sa atin ng Panginoon na pinakamainam kaysa mga maling gawaing iyon? (Panalangin, mga banal na kasulatan, mga patriarchal blessing, at lalo na ang mga propeta.)

Sabihin sa mga estudyante na ibinadya sa ilan sa mga propesiya ni Jeremias ang mga bagay na matagal pang mangyayari kaya nakamatayan na ng maraming tao ang katuparan ng mga ito. Gayunman, marami sa kanyang mga propesiya ang natupad noong nabubuhay pa siya. Dahil ibinigay ang mga propesiya ayon sa kaalaman ng Diyos sa mula't mula pa, makatitiyak tayo na lahat ng ito ay matutupad.

Ipabasa sa mga estudyante ang Jeremias 34:1–3; 37:1–10; at 38:17–23 at ipalista kung ano ang sinabi ni Jeremias na mangyayari sa Jerusalem at sa mga lider nito. Sabihin sa

mga estudyante kung paano tumugon si Haring Joacim sa mga propesiya ni Jeremias (tingnan sa Jeremias 36:1–7, 14–16, 20–26). Basahin ang Jeremias 36:28–32 at itanong kung ano ang ipinagawa ng Panginoon kay Jeremias.

Basahin ang Jeremias 37:1–2, 15–21; 38:1–6 sa inyong mga estudyante at ipalista sa kanila kung paano tumugon si Haring Sedechias at ang kanyang mga prinsipe sa mga propesiya ni Jeremias. Itanong:

- Ano ang itinuturo ng mga talatang iyon tungkol kay Jeremias at sa mga propeta sa pangkalahatan?
- Anong mga hamon, pagsubok, at paghihirap sa palagay ninyo ang kinakaharap ng mga makabagong propeta sa paggawa nila ng gawain ng Panginoon? (halimbawa, tingnan sa D at T 122).

Tinanggihan ng karamihan sa mga tao sa panahon ni Jeremias ang kanyang payo at mga babala. Basahin ang Jeremias 39:1–9 (at Jeremias 52 kung gusto ninyo) sa inyong mga estudyante at repasuhin kung ano ang nangyari sa Jerusalem at kay Haring Sedechias. Itanong: Gaano kalapit sa ibinadya ni Jeremias ang nangyari?

Hikayatin ang mga estudyante na isipin kung paano maaapektuhan ng mga desisyong ginagawa o nagawa nila ang mangyayari sa kanila kalaunan.

Sabihin sa mga estudyante na kahit sa gitna ng lahat ng trahedyang iyon may magandang halimbawang ipinakita. Ipabasa sa kanila ang Jeremias 38:7–13 at ipatuklas kung sino ang sumagip kay Jeremias nang halos mamatay na siya sa gutom sa hukay. Ipabasa sa kanila ang Jeremias 39:15–18 at ipahambing ang nangyari kay Ebed-melec, ang lingkod na gentil na naniwala sa propeta, sa nangyari kay Sedechias, ang haring Judio na tumanggi sa propeta (tingnan sa Mga Gawa 10:34–35). Ipaliwanag na sinasabi sa atin ng Aklat ni Mormon na hindi lahat ng anak na lalaki ni Sedechias ay napatay nang bumagsak ang Jerusalem (tingnan sa Omni 1:14; Helaman 8:21).

Sabihin sa mga estudyante na kahit makaraang bumagsak ang Jerusalem, hirap pa ring sumunod ang mga tao sa payo ng propeta. Isulat ang sumusunod na mga tanong sa pisara o sa isang handout:

- Ano ang gustong ipagawa ni Johanan at ng iba pa kay Jeremias?
- Ano ang ipinangako nila kay Jeremias at sa Panginoon para ito maging para "sa ikabubuti nila"?
- Ano ang sinabi sa kanila ng Panginoon sa pamamagitan ni Jeremias?
- Ano ang reaksyon nila sa payong iyon?
- Paano napunta si Jeremias sa Egipto?

Basahin ang Jeremias 42:1–43:7 sa inyong mga estudyante at ipataas ang kanilang mga kamay tuwing maririnig nila ang sagot sa isa sa mga tanong sa pisara. Pagkatapos ay tawagin ang isang estudyante para sagutin ang tanong.

Itanong sa mga estudyante:

- Sa palagay ninyo, bakit humihingi ng patnubay ang mga tao sa Panginoon at pagkatapos ay hindi ito sinusunod kapag dumating?
- Ano ang maaaring mangyari sa mga yaong kusang sumusuway sa payo ng Panginoon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Jeremias 44:21–30 at patingnan kung tama ang mga hinuha nila sa mapaghimagsik na mga Judiong iyon.

Magpasulat sa mga estudyante ng isa o dalawang talata ng natutuhan nila tungkol kay Jeremias at sa pagsunod sa propeta. (*Paunawa:* Kung may oras pa kayo maaari ninyong pag-aralan ng inyong mga estudyante ang buong kabanata 44. Ang kabanatang ito ay magandang halimbawa kung paano pinangangatwiranan ng mga tao ang kanilang pagsuway.

**Jeremias 49:7–39. Tinatanggap ng Panginoon ang nagsisisi ngunit pinarurusahan ang mapaghimagsik, anumang angkan o lahi ang kanilang pinagmulan.** (20–30 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Saan ninyo gustung-gustong maglakbay kung may pera kayo o kasanayan sa pakikipag-usap sa ibang wika?
- May ilang bansa ba na maituturing ninyong pinakamainam na iwasan? Bakit?
- Ano ang ilang paraan na malalaman natin ang tungkol sa ibang mga bansa?

Sabihin sa mga estudyante na pag-aaralan nila ang ilan pang bansang umiral noong panahon ni Jeremias, titingnan ang kabutihan ng mga tao sa mga bansang iyon, at hahanapin kung ano ang ipinropesiya ni Jeremias tungkol sa kanila.

Iatas sa mga grupo ng estudyante ang sumusunod na mga scripture block, na tugma sa mga bantog na lugar noong panahon ni Jeremias:

- Jeremias 46:1–13 (Egipto)
- Jeremias 47 (ang lupain ng mga Filisteo)
- Jeremias 48:1–16 (Moab)
- Jeremias 49:7–22 (Edom)
- Jeremias 49:23–27 (Damasco)
- Jeremias 49:30–33 (Hasor)
- Jeremias 49:34–39 (Elam)
- Jeremias 50:1–14 (Babilonia)

Kung maaari, bigyan ng bagong mapa ng mundo ang bawat grupo o idispley sa pisara ang isang malaking mapa ng mundo.

Ipabasa sa bawat grupo ang kanilang scripture block at ipahanap ang pangalan ng lugar na tinalakay sa mga talata. Pagkatapos ay ipagamit sa kanila ang bahaging Mga Mapa at Talatuntunan ng mga Pangalan ng Lugar na nasa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* para makita ang lugar na iyon sa isa sa kanilang mga mapa sa banal na kasulatan. Ipahanap sa kanila ang katugmang lugar o bansa sa bagong mapa at pasagutan ang sumusunod na mga tanong:

- Nakabuti ba o nakasama ang propesiya tungkol sa mga taong iyon?
- Anong mga pagkawasak ang ipinropesiya ni Jeremias na darating sa kanila?
- Ipinahiwatig ba sa banal na kasulatan na masasama o mabubuti ang mga taong iyon?

Ipabahagi sa isang miyembro ng bawat grupo ang kanilang natuklasan sa klase. Ipalahad sa bawat isa kung para sa anong bansa ang propesiya ni Jeremias sa kanilang scripture block at ituro ang lugar na iyon sa bagong mapa ng mundo. Sabihin sa mga estudyante na bawat isa sa mga propesiya ay natupad ayon sa ipinropesiya ni Jeremias.

Iangkop ang araling ito sa panahon ngayon sa pagtalakay sa ating mundo. Itanong sa mga estudyante:

- Anong mga pagpapala ang maaaring dumating sa isang buong bansa?
- Paano naging patotoo ang paglaganap ng gawaing misyonero at pagtatayo ng mga makabagong templo na sinisikap ngang pagpalain ng Panginoon ang lahat ng tao sa lupa?
- Lahat ba ng tao ay sabik tumanggap ng kanyang mga pagpapala?
- Ano ang magagawa natin para maipalaganap ang ebanghelyo sa buong mundo?

# Mga Panaghoy 1–5

## Pambungad

Karaniwan noon sa sinaunang Juda ang kumatha at kumanta ng mga panaghoy tungkol sa pumanaw na mga kaibigan o kamag-anak. Ginawa rin ito ni Jeremias para sa pinakamamahal niyang Jerusalem. Inihayag sa aklat ng Mga Panaghoy ang kanyang kalumbayan sa pagkawasak ng Banal na Lungsod. Ang pamagat ng aklat sa Hebreo ay *'eikhah*, o "Ano't … !" mula sa unang talata ng aklat, "Ano't nakaupong magisa ang bayan …" (Mga Panaghoy 1:1; tingnan din sa 2:1; 4:1). Ang pamagat ay nagpapahayag ng magkahalong pagkabigla at kawalang-pag-asa sa sinapit ng Jerusalem. Halos lahat ng aklat ng mga propeta sa Lumang Tipan ay naglalaman ng mga panaghoy, ngunit Mga Panaghoy ang tanging aklat na lubos na naglalaman ng ganitong estilo ng pagsulat.

Ang mga tula ay ginagamit sa maraming kultura para magpahayag ng masidhing damdamin, at ang buong aklat ng Mga Panaghoy ay maingat na isinulat nang patula. Mga kabanata 1–2 at 4 ang bumubuo ng *acrostics.* Bawat isa ay may dalawampu't dalawang taludtod, bawat simula ay may isa sa dalawampu't dalawang titik ng alpabetong Hebreo, na nakaayos ayon sa alpabeto. Isinulat ni Ellis T. Rasmussen na "bahagi ng epekto ng naka-alpabetong mga tulang acrostic ang magpahayag ng ideya na saklaw ng tula ang iba't ibang damdaming ipinararating nito" (*A Latter-day Saint Commentary on the Old Testament* [1993], 577–78).

Ang kabanata 3 ay may animnapu't anim na taludtod (tatlong ulit na dalawampu't dalawa) at acrostic din. Sa kabanatang iyan ang unang tatlong taludtod ay nagsisimula sa unang titik ng alpabetong Hebreo, ang susunod na tatlo sa ikalawang titik, at kung anu-ano pa. Ang kabanata 5 ay may dalawampu't dalawang taludtod ngunit hindi acrostic (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Panaghoy, Aklat ng mga," p. 202).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Hindi tayo maliligtas sa pagiging miyembro lamang ng Simbahan; kailangan tayong maging tapat at magiting (tingnan sa Mga Panaghoy 1:1–8, 16–22; 2:1–7).
- Naaawa at nahahabag ang Panginoon at kanyang mga propeta sa mga makasalanan at handa silang tulungang magsisi ang mga ito (tingnan sa Mga Panaghoy 3:22–26, 31–32, 40, 58; 5:21; tingnan din sa II Ni Pedro 3:9; Alma 34:15–18).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Mga Panaghoy 1–2. Hindi tayo maliligtas sa pagiging miyembro lamang ng Simbahan; kailangan tayong maging tapat at magiting.** (20–30 minuto)

Isulat sa pisara ang salitang *mga panaghoy* at itanong sa mga estudyante kung alam nila ang kahulugan nito. Ibahagi ang impormasyon sa naunang pambungad sa Mga Panaghoy ni Jeremias at ipaunawa sa kanila kung bakit iyon ang pamagat ng aklat.

Ipasaliksik sa mga estudyante ang Mga Panaghoy 1:1–8, 12–20 at ipatukoy ang mga dahilan ng pagkawasak ng Jerusalem. Ilista sa pisara ang mga dahilang iyon. Ipaalala sa mga estudyante na inakala ng maraming Judio na dahil mayroon silang templo at batas ni Moises, hinding-hindi tutulutan ng Panginoon na masakop ang Jerusalem. Nagpropesiya pa ang mga bulaang propeta na ligtas ang Jerusalem (tingnan sa Jeremias 28:1–4, 15–17).

Basahin ang Mga Panaghoy 2:1–7 at talakayin ang nangyari sa templo, gamit ang mga tanong na tulad ng sumusunod:

- Gaanong proteksyon ang ibinigay ng pagkakaroon ng templo sa Jerusalem at mga Judio?
- Ano ang damdamin ng Panginoon tungkol sa templo noong napakasama ng mga tao? (tingnan sa mga komentaryo para sa Lamentations 1:12–22 at 2:1–10 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 250).
- Anong mga sagradong gusali at ordenansa ang naibigay sa atin ng Panginoon ngayon?
- Kung hindi tayo karapat-dapat na pumasok doon, sa palagay ba ninyo poprotektahan tayo ng pagkakaroon ng mga templo?
- Ano ang mas mahalaga sa Panginoon kaysa mga gusali at seremonya, kahit yaong mga sagrado? (tingnan sa I Samuel 15:22–23).
- Anong proteksyon ang ipinangako sa atin ng Panginoon kung tayo ay matwid sa gitna ng kadiliman? (tingnan sa D at T 45:66–71).

Magpatotoo sa inyong mga estudyante kung paano tayo mapoprotektahan at masusuportahan ng pagiging mabuting miyembro ng Simbahan sa mahihirap na panahon. Kailangan tayong magkaroon ng matitibay na patotoo at maging magiting upang matanggap ang lahat ng ipinangako ng Panginoon.

**Mga Panaghoy 1–5. Naaawa at nahahabag ang Panginoon at kanyang mga propeta sa mga makasalanan at handa silang tulungang magsisi ang mga ito.** (20–25 minuto)

Magpaisip sa mga estudyante ng isang panahon kung kailan nalungkot sila nang husto. Maglista ng ilang dahilan kung bakit tayo nakadarama ng gayong kalungkutan. Sama-samang basahin ang Mateo 23:37–39; Jacob 5:40–42; Doktrina at mga

Tipan 76:25–27; at Moises 7:28–29, 32–33 at ilista kung bakit malungkot ang Panginoon kung minsan.

Mapagmahal din ang mga propeta. Ipabasa sa mga estudyante ang Jacob 1:19–2:3; Mormon 6:16–22; 1 Nephi 8:37; at Moises 7:41 at ipatalakay kung ano ang nadama ng mga propetang iyon at bakit. Itanong:

- Sa palagay ninyo, bakit sila nalungkot sa halip na magalit, lalo na't kung minsan ay tinatanggihan at tinatangka silang lipulin ng mga tao?
- Ano ang hangad ng ating propeta para sa atin ngayon?

Ipaalala sa mga estudyante na nangaral ng pagsisisi si Jeremias ngunit hindi nagsisi ang mga tao, kaya winasak ang Jerusalem. Pagkaraan ng malungkot na pangyayaring iyon isinulat niya ang Mga Panaghoy. Itanong kung ano kaya ang nadarama ni Jeremias habang isinusulat ang Mga Panaghoy (tingnan sa pambungad sa "The Babylonian Captivity" sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 245). Papiliin at pabasahin ng isang kabanata ng Mga Panaghoy ang bawat estudyante at papiliin ng isa o mahigit pang talata na maaaring pinakamainam na naglalarawan ng kalungkutan ni Jeremias at kung bakit siya nalungkot. Ipabahagi sa ilang estudyante ang kanilang mga natuklasan. Basahin ang Mateo 23:33–38 at talakayin kung paano naging katulad ng mga ipinahayag ng Tagapagligtas ang damdamin ni Jeremias.

# ANG AKLAT NI EZEKIEL

Dinala si Ezekiel sa Babilonia noong mga 597 b.c. nang mapatalsik at mabihag ni Nabucodonosor si Haring Joacim (tingnan sa II Mga Hari 24:6–16). Doon natanggap ni Ezekiel ang kanyang tawag na maging propeta at nagturo siya sa mga bihag (tingnan sa Ezekiel 1:1–3). Noong 587 b.c. winasak ng mga taga-Babilonia ang Jerusalem at dinala sa Babilonia ang karamihan sa mga mamamayan nito (tingnan sa Ezekiel 24:21–27; II Mga Hari 25). Patuloy na nagpropesiya si Ezekiel sa mga ipinatapon nang hindi kukulangin sa labing-isang taon pagkaraan niyon (tingnan sa Ezekiel 29:17).

Sa pamamagitan ni Ezekiel ipinarating ng Panginoon sa Israel ang isang babala, kahatulan, at awa na tumiyak sa kanyang galit at hangaring sila ay magsisi. Itinuturo sa aklat ni Ezekiel na ang Diyos ang namamahala at hangad niyang lumapit sa kanya ang lahat ng kanyang anak. Kasama rito ang di kukulangin sa animnapu't limang reperensya (na may kaunting pagkakaiba) sa mga katagang "pagkatapos kanilang makikilala na ako ang Panginoon nilang Diyos." Ang sumusunod ay isang buod ng aklat ni Ezekiel:

1. Pambungad: Pagtawag at paghirang kay Ezekiel (tingnan sa Ezekiel 1–3)
2. Mga propesiya laban sa Juda at Jerusalem, na nagtapos sa pagbagsak at pagbihag ng mga taga-Babilonia sa Jerusalem (tingnan sa Ezekiel 4–24)
3. Mga propesiya sa nakapaligid na mga bansa ng Ammon, Moab, Edom, Filisteo, Tiro, Sidon, at Egipto (tingnan sa Ezekiel 25–32)
4. Mga propesiya ng panunumbalik ng Israel bago bumalik ang Tagapagligtas sa lupa (tingnan sa Ezekiel 33–39)
5. Mga pangitain tungkol sa templong itatayo sa Jerusalem at sa paraan ng pagsamba roon (tingnan sa Ezekiel 40–48)

## Ezekiel 1–3

### Pambungad

Ang Ezekiel 1–3 ay talaan ng isang pangitaing ibinigay sa propeta. Habang ipinangangaral ni Jeremias ang nagbabantang pagkawasak sa mga mamamayan ng Jerusalem, ipinarating ni Ezekiel ang gayunding mensahe sa Babilonia, na binabalaan ang mga tao ng Juda na baguhin ang masasama nilang ugali o malilipol sila.

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga lider ng priesthood, lalo na ang mga propeta, ay parang mga bantay. Pinangangalagaan at binabalaan nila ang mga tao sa nagbabantang panganib (tingnan sa Ezekiel 3:17–21; 33:1–9; tingnan din sa Jacob 1:19–2:11).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Ezekiel 3:17–21. Ang ating mga lider ng priesthood ay parang mga bantay. Pinoprotektahan nila ang kanilang mga pinaglilingkuran sa pamamagitan ng pagbabantay at pagbabala sa kanila sa nagbabantang panganib.** (35–45 minuto)

Ipawari sa mga estudyante na nakatira sila sa isang sinaunang lungsod na naliligiran ng malaking pader. Itanong:

- Ano kaya ang pangunahing layunin ng pader?
- Paano magbibigay ng proteksyon ang pader?
- Anong proteksyon ang maidaragdag kung may tore sa pader at may bantay roon maghapon at magdamag?
- Anong mga katangian ang nais ninyong taglayin ng bantay? (Halimbawa, alisto, malinaw ang paningin, malakas ang boses, malinaw makipag-usap, at may mabuting pagpapasiya kung ano ang mapanganib at ano ang di-gaanong makabuluhan. Ilista sa pisara ang ilan).



Larawang kuha ni Lynn M. Hilton

Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 3:16–17 at ipatukoy kung sino ang hinirang ng Panginoon bilang kanyang bantay. Basahin ang Ezekiel 1:1–3; 2:1–8; at 3:4–11 at hanapin ang pagtawag kay Ezekiel at ilan sa kanyang mga kwalipikasyon. Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 3:18–21 at ipatalakay ang mga responsibilidad ni Ezekiel bilang bantay sa sambahayan ni Israel sa pagtatanong nang ganito:

- Sa talata 18, ano ang sinabi ng Panginoon na dapat sabihin ni Ezekiel sa mga tao?
- Ano ang sinabi ng Panginoon na mangyayari kay Ezekiel kung hindi niya sila binalaan?
- Sa mga talata 19–21, ano ang sinabi ng Panginoon na mangyayari kay Ezekiel kung binalaan niya sila at hindi sila nakinig?
- Ano ang sinabi ng Panginoon na mangyayari sa mga tao? (tingnan din sa Jacob 1:19–2:11).

Hikayatin ang mga estudyante na tingnan kung paano tinupad ng propeta ang utos sa kanya ng Panginoon habang binabasa nila ang aklat ni Ezekiel.

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 1:4, 17, 19–28, 32–33, 37–38 sa inyong mga estudyante. Habang nagbabasa kayo, talakayin ang sumusunod na mga tanong (tingnan din sa komentaryo para sa Ezekiel 3:17–21 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 267):

- Sino ang mga bantay ng Panginoon ngayon? (tingnan sa t. 4).
- Ano ang dapat nating ibabala sa mga tao?
- Ano ang mangyayari sa atin kung hindi natin mabalaan ang iba?
- Ano ang mangyayari kung hindi pakinggan ng mga tao ang babala?
- Sino ang unang bantay sa dispensasyong ito? (tingnan sa t. 17).
- Ano ang nais ng Panginoon na gawin ng mensahe ng ebanghelyo sa mga huling araw na ito? (tingnan sa mga talata 19–28, 32–33).
- Paano magiging kakaiba ang mensahe kung ang Panginoon ang nagsalita sa atin? (tingnan sa mga talata 37–38).

Pagkatapos ay itanong:

- Mula sa nalalaman ninyo tungkol sa buhay ni Propetang Joseph Smith, naging mabisa ba siyang bantay?
- Ano ang sinasabi sa mga Doktrina at mga Tipan 135:3 tungkol sa kahusayan ni Propetang Joseph sa pagganap sa kanyang tungkulin?

Magpatotoo na ang kasalukuyang propeta ang ating bantay ngayon. Itanong sa mga estudyante kung ano ang babala ng propeta at ipaisip kung gaano nila lubos na pinakikinggan ang kanyang mga salita.

Repasuhin ang pinakahuling mensahe ng kasalukuyang propeta sa pangkalahatang kumperensya at ilista ang ipinagagawa niya sa atin. Basahing muli ang Doktrina at mga Tipan 1:14 at hikayatin ang mga estudyante na laging sundin ang payo ng propeta.

# Ezekiel 4–32

## Pambungad

Si Ezekiel ay isang taong pinagkalooban ng labis na talino, maraming kaalaman, at matinding pagmamahal at katapatan sa Diyos at sa kanyang mga tao. Ang matatapang na pahayag niya tungkol sa Jerusalem, mga Judio, at mga bansa sa paligid ang sumira sa anumang maling pag-asa na makakaligtas ang Jerusalem. Ang kanilang pagkabihag ay bunga ng mga kahatulan ng Diyos laban sa kanilang kasamaan (tingnan sa pambungad ng manwal na ito sa aklat ni Ezekiel, p. 219). Sa pagaaral ninyo ng Ezekiel 4–32, tingnan kung paano sinikap ni Ezekiel na kumbinsihin ang mga Judio tungkol sa kanilang mapanganib na sitwasyon.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Binibigyang-inspirasyon ng Panginoon (Jehova) ang mga propeta na gumamit ng mga talinghaga, alegorya, at iba pang mga simbolo bilang mabibisang kasangkapan sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo (tingnan sa Ezekiel 4; 5:1–5; 15; 16:6–34).
- Ang Panginoon ay may kapangyarihang lipulin ang masasama at iligtas ang mabubuti (tingnan sa Ezekiel 9; 25:6–7, 15–17; 26:1–6; 28:21–22; 29:1–16).
- Pinarurusahan tayo sa ating sariling mga kasalanan at pinagpapala sa ating kabutihan (tingnan sa Ezekiel 18; tingnan din sa Mga Saligan ng Pananampalataya 1:2).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Ezekiel 4–18. Binibigyang-inspirasyon ng Panginoon ang mga propeta na gumamit ng mga talinghaga, alegorya, at iba pang mga simbolo bilang mabibisang kasangkapan sa pagtuturo ng mga alituntunin ng ebanghelyo. Gumamit ng simbolismo si Ezekiel upang mabisang maiparating ang mensahe ng Diyos sa mga tao.** (25–35 minuto)

Magpakita sa mga estudyante ng dalawang prutas, isang hinog at isang hilaw. Ipabasa sa mga estudyante ang 1 Nephi 17:36–43 at itanong:

- Ano ang kinalaman ng mga talatang iyon sa prutas?
- Kapag inilarawan ng Panginoon ang isang lahi na "hinog na sa kasamaan," papuri ba iyon? Bakit hindi? (tingnan din sa 2 Nephi 28:16; Alma 10:19).
- Ayon sa petsa sa ibaba ng pahina sa Aklat ni Mormon, mga

kailan kaya binanggit ni Nephi ang pahayag sa 1 Nephi 17:36–43? (591 b.c.)

Patingnan sa mga estudyante ang *Gabay sa mga Banal na Kasulatan* sa ilalim ng "cronolohiya" at ipahanap kung mga bandang kailan sinimulan ni Ezekiel ang kanyang ministeryo (598 b.c.). Itanong sa kanila kung ano sa palagay nila ang magiging mensahe ni Ezekiel sa isang lahing hinog na sa kasamaan, o handa na para lipulin. Ipaunawa sa kanila na ang mga propesiya ni Ezekiel ay nakatuon sa pagkawasak ng Jerusalem at pagkabihag ng Juda.

Ilahad sa inyong mga estudyante na si Ezekiel ay nagkaroon ng inspirasyong gumamit ng ilang di-pangkaraniwang talinghaga, analohiya, at simbolo upang turuan ang kanyang mga tao. Hatiin sa anim na grupo ang mga estudyante at atasan ang bawat grupo ng isang kabanata mula sa Ezekiel 5–8; 13; at 15. Bigyan sila ng sampu hanggang labinlimang minuto para matukoy ang mga talinghaga, analohiya, at simbolong ginamit sa kanilang kabanata, mga partikular na kasalanang ginawa ng Juda, at mga parusang darating dahil dito. Bigyan ang bawat grupo ng mga materyal mula sa mga komentaryo para sa Ezekiel 5–15 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (mga pahina 269–72) para maipaunawa sa kanila ang mahihirap na scripture block. Ipabahagi sa bawat grupo ang natutuhan nila sa klase.

- Basahin ang Doktrina at mga Tipan 1:38; 18:33–36; at 85:6 at ilista ang ilang paraan na nangungusap ang Diyos sa atin. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:88–92 at itanong:
- Anong uri ng "mga tinig" ang gagamitin ng Panginoon sa mga huling araw?
- Alin sa mga tinig na ito ang naririnig natin ngayon?

Bakit gumagamit ang Diyos kung minsan ng matitinding paraan para mangusap? (Hindi nakikinig ang kanyang mga anak sa mga banal na kasulatan, sa kanyang mga lingkod, o sa tinig ng Espiritu.)

Paano naging katulad ng ibang mga tinig na ito ang tinig na iyon na ginamit ng Panginoon upang balaan ang Israel sa panahon ni Ezekiel?

Hikayatin ang mga estudyante na dinggin ang tinig ng Diyos tuwing mangungusap siya nang sila ay maprotektahan mula sa mga kahatulan sa masasama. Maaari kayong magtapos sa pagpapabasa sa isang estudyante ng sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley:

> "Ngayon, mga kapatid ko, dumating na ang panahon para tayo ay higit na manindigan, mag-angat ng tingin at magpalawak ng isipan sa higit na pagkaunawa sa dakilang misyon sa milenyo nitong Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Ito ang panahon para magpakatatag. Panahon na para sumulong nang walang pag-aalinlangan, na lubos na nalalaman ang kahulugan, lawak, at kahalagahan ng ating misyon. Panahon na para gawin ang tama anuman ang mga kahinatnan nito. Panahon na para matagpuang sumusunod sa mga utos. Panahon na para tumulong nang may kabaitan at pagmamahal sa mga yaong naliligalig at naliligaw sa kadiliman at pasakit. Panahon na para maging mapagbigay at mabait, disente at magalang sa isa't isa sa lahat ng ating pakikitungo—sa madaling salita, maging higit na katulad ni Cristo" (sa Conference Report, Abr. 1995, 95; or *Ensign,* Mayo 1995, 71).

**Ezekiel 18. May kalayaan tayong pumili ng mabuti o masama anuman ang piliin ng mga nasa paligid natin, at pananagutan natin ang ating mga pagpili.** (15–20 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung ano ang karaniwan sa sumusunod na mga pahayag. Ipaunawa sa kanila na lahat sila ay nahaharap sa maling palagay na ang ating espirituwalidad ay depende sa mga pasiya ng ibang tao.

- Hindi ako mahal ng Diyos. Tingnan ninyo ang teribleng sitwasyong kinasadlakan ko.
- Wala na akong pag-asang makasal pa sa templo. Parehong hindi aktibo sa Simbahan ang mga magulang ko.
- Pakiramdam ko ay hindi ako karapat-dapat manalangin. Buong pamilya ko ay naninigarilyo at umiinom ng alak.
- Hindi ko dapat ipag-alala ang aking kaligtasan. Napakatagal nang kasapi ng Simbahan ang pamilya ko.

Basahin ang Ezekiel 18:1–2 at itanong:

- Paano nauugnay ang kawikaang ito sa apat na pahayag na iyon?
- May mga tao bang gayon ang pakiramdam ngayon?
- Alin kaya sa Mga Saligan ng Pananampalataya ang makakaaliw sa isang taong ganito ang pakiramdam? (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:2.)

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Boyd K. Packer para maipaunawa sa mga estudyante ang Ezekiel 18:1–2:

> "May kilala akong ama na 'isinilang sa butihing mga magulang' na bantog sa larangan ng akademya. Medyo aktibo sa Simbahan, hindi siya kailanman hayagang nakipagtalo sa mga doktrina ng Simbahan. Pinagmisyon niya ang kanyang mga anak, kahit ang ilan lang sa mga ito. Ngunit may ilang bagay tungkol sa mga doktrina ng Simbahan na sa palagay niya ay kahangalang paniwalaan.

> "Umasenso ang kanyang pamilya sa mundo, ilan sa kanila ay nasa mahahalagang posisyon sa kanilang mga piniling larangan. Ngayon ay wala ni isa sa kanila na aktibo sa Simbahan. Sa buhay ng kanyang mga anak at apo nakikita natin ang katuparan ng propesiya na 'ang mga magulang ay nagsikain ng mga maasim na ubas, at ang mga ngipin ng mga bata ay nagsisipangilo.' (Jeremias 31:29.) Nagkagayon sila dahil sa kahangalan ng kanilang ama" (*Teach Ye Diligently,* 181).

Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 18:4–22 at ipalahad kung paano kaya tumugon si Ezekiel sa gayong mga pahayag. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Bruce R. McConkie:

> "Ang pansariling pananagutan sa kasalanan ay nasa pinakaugat ng plano ng kaligtasan. Bawat tao ay pananagutan ang sarili niyang mga kasalanan, hindi ang mga kasalanan ng iba. Ang mga tao ay hinahatulan ayon sa ginawa nila sa buhay na ito, hindi dahil sa ginawa ng iba. Pinagsisikapan ng mga tao ang sarili nilang kaligtasan, hindi ang kaligtasan ng iba. Ito ang kahulugan ng plano ng kaligtasan—bawat tao ay hinahatulan ayon sa sarili niyang mga ginawa at bawat tao ay pinagkakalooban ng sarili niyang lugar sa mga kahariang inihanda" (*A New Witness for the Articles of Faith,* 100; tingnan din sa "Kalayaan," p. 14 sa manwal na ito).

Ipaunawa sa inyong mga estudyante na hindi ang mga kasalanan ni kabutihan ng kanilang mga magulang ang nagpapasiya sa katayuan ng kanilang mga anak sa harapan ng Panginoon. Ni hindi ito ang nagpapasiya kung ano ang maisasagawa ng kanilang mga anak dito sa lupa. Lahat ng tao ay maaaring umunlad at maging katulad ng Ama sa Langit, anuman ang kanilang angkan o pinagmulang lahi sa lupa. Itanong: Paano naging halimbawa ng alituntuning ito ang buhay ni Abraham? (tingnan sa Abraham 1:5). Ipinaliwanag ni Pangulong Ezra Taft Benson, na noon ay Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol, kung paano ito magagawa:

> "Gumagawa ang Panginoon mula sa loob palabas. Gumagawa ang daigdig mula sa labas paloob. Hahanguin ng mundo ang mga tao mula sa kahirapan. Inaalis ni Cristo ang nakaaabang damdamin ng di-pagkamarapat mula sa puso ng mga tao, at sila mismo ang naghahango sa kanilang sarili mula sa kahirapan. Hinuhubog ng daigdig ang mga tao sa pamamagitan ng pagbabago ng kanilang kapaligiran. Binabago ni Cristo ang mga tao, na siyang nagbabago ng kanilang kapaligiran. Mahuhubog ng daigdig ang kilos ng mga tao, ngunit mababago ni Cristo ang ugali ng mga tao" (sa Conference Report, Okt. 1985, 5; o *Ensign,* Nob. 1985, 6).

# Ezekiel 33–48

## Pambungad

Nang mawasak na nga ang Jerusalem, ibinaling ni Ezekiel ang kanyang pansin sa hinaharap at nagbigay ng mensahe ng pag-asa sa pagpopropesiya ng pagtubos sa Israel sa mga huling araw. Ang mga sumusunod ay ilan sa mga kaganapang iyon sa mga huling araw:

- Ang pagtitipon at pagkakaisa ng mga tupa (ng sambahayan ni Israel) sa ilalim ng tunay na Pastol (tingnan sa Ezekiel 34)
- Ang pagtitipon ng nangakalat na Israel (tingnan sa Ezekiel 36)
- Ang pagbubuklod ng lahat ng lipi ni Israel (tingnan sa Ezekiel 37)
- Ang pagsasama ng Biblia at ng Aklat ni Mormon (tingnan sa Ezekiel 37:15–20)
- Ang Milenyo (tingnan sa Ezekiel 37:21–27)
- Ang digmaan ng Armagedon at ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo (tingnan sa Ezekiel 38–39)
- Ang pagtatayo ng isang bagong templo sa Jerusalem (tingnan sa Ezekiel 40–48)

Ang kanyang mga propesiya tungkol sa isang bagong templo, na matatagpuan sa mga kabanata 40–48, ay lalong kawili-wili dahil tungkol ito sa muling pagtatayo ng templo at pagsamba roon. Tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Ezekiel" (p. 64).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga lider ng Simbahan ay binigyan ng responsibilidad ng Diyos na ituro sa atin ang katotohanan at balaan tayo kapag gumagawa tayo ng mali (tingnan sa Ezekiel 33:1–9; 34:1–10; tingnan din sa Ezekiel 3:15–21; Jacob 1:18–19).
- Ang Diyos ay mapagtiis. Paulit-ulit niyang binibigyan ng pagkakataon ang mga tao na magsisi bago siya humatol, at magkagayunma'y naghahandog siya ng pag-asa at pagmamahal (tingnan sa Ezekiel 33:10–19; tingnan din sa Ezekiel 6:1–7; 7:1–15; 12:21–25).
- Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, ang buong sangkatauhan ay mabubuhay na mag-uli na may perpektong pisikal na katawan (tingnan sa Ezekiel 37:1–14; tingnan din sa Alma 11:43–44).
- Ang Biblia at ang Aklat ni Mormon ay magkasamang nagpapatotoo kay Jesucristo (tingnan sa Ezekiel 37:16–19).

- Ang digmaan sa pagitan ng mabuti at masama na nagsimula bago pa tayo isinilang ay aabot sa sukdulan sa isang malaking labanan sa Banal na Lupain (tingnan sa Ezekiel 38–39; tingnan din sa Zacarias 12:9–10).
- Inutusan ng Panginoon ang kanyang mga tao na magtayo ng mga templo (tingnan sa Ezekiel 40–47; tingnan din sa Exodo 25:8; I Mga Hari 6:11–14; 2 Nephi 5:16; D at T 124:39; 127:4).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Ezekiel 33–48. Ang Diyos ay mapagtiis. Paulit-ulit niyang binibigyan ng pagkakataon ang mga tao na magsisi bago siya humatol, at magkagayunma'y naghahandog siya ng pag-asa at pagmamahal.** (30–40 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Mayroon na bang namintas o nagwasto sa inyo sa paraang hindi maganda?
- Ano ang naramdaman ninyo?
- Ginusto ba ninyong magpakabuti? Bakit oo o bakit hindi?

Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 121:41–44 at ipahanap kung paano natin dapat iwasto ang mga nagkakamali. Ibuod sa pisara kung ano ang sinabi ng Panginoon sa mga talatang iyon. Maaari ninyong isama sa inyong buod ang mga sumusunod:

- Pagsabihan = mabuting paraan ng pagwawasto sa isang pagkakamali
- Sa tamang pagkakataon = maagap o hindi ipinagpapaliban
- May kataliman = malinaw at maliwanag
- Pagkatapos ay magpakita ng ibayong pagmamahal.

Ipaliwanag na nagpasensya ang Panginoon sa mga Judio sa loob ng maraming taon. Nang tumanggi silang magsisi, dumating ang panahon para pagsabihan sila nang mas matalim. Tinulutan ng Panginoon ang mga taga-Babilonia na sakupin at bihagin sila at wasakin ang Jerusalem at ang templo (tingnan sa II Mga Hari 25). Itanong sa mga estudyante:

- Ayon sa huwarang inihayag ng Panginoon sa Doktrina at mga Tipan 121, ano ang dapat gawin matapos makapagsalita nang may kataliman?
- Nagpakita ba ang Panginoon ng "ibayong pagmamahal"?

Gawan ng handout ang sumusunod na tsart o idrowing ito sa pisara. Iwanang blangko ang hanay na "Pagpapala sa mga Huling Araw" at ipabasa ang mga reperensya sa mga estudyante, nang paisa-isa o sa mga grupo, at isulat ang mga ipinangakong pagpapala.

| Problema | Mensahe ng Pag-asa | Pagpapala sa mga Huling Araw na Ipinangako sa Israel |
|---|---|---|
| Ang Israel ay ikinalat | Ezekiel 11:16–20; 14:22–23; 20:33–44; 34:13; 36:24 | Ang Israel ay titipuning muli. |
| Matigas ang puso at mapaghimagsik ang Israel | Ezekiel 11:18–20; 36:26–27 | Bibigyan ng Panginoon ang Israel ng bagong puso at bagong diwa. |
| Ang mga tao ay namatay | Ezekiel 37:1–14 | Sila ay mabubuhay na mag-uli (simbolo rin ng panunumbalik ng Israel). |
| Ang Israel at Juda ay nahati | Ezekiel 37:15–22 | Magiging isa sila sa kamay ng Panginoon (simbolo rin ng pagkakaisa ng mga banal na kasulatan). |
| Ang Israel ay kinubkob | Ezekiel 38:14–16; 39:1–7; Zacarias 12:9 | Tatalunin ng Panginoon ang Gog at Magog. Lahat ng kakalaban sa Sion ay malilipol. |
| Ang templo ay nawasak | Ezekiel 47:1–12 | Ihahatid ng mga templo sa mga huling araw ang pangako ng buhay na walang hanggan. |
| Ang mga saserdote at Levita ay tiwali | Ezekiel 44:10–24 | Tuturuan ng mga tunay na saserdote ang mga tao na makahiwatig sa pagitan ng banal at ng lapastangan. |

Para matulungan ang inyong mga estudyante na ipamuhay ang mga alituntuning ito, basahin at talakayin ang sumusunod na mga pahayag ni Elder Neal A. Maxwell:

> "Maaasahan ba nating maging katulad Niya, sa kabila ng ating mga kakulangan, maliban kung matututuhan nating tanggapin at sundin ang kailangang pangaral at pagwawasto … ? Napakahalaga ng kakayahan nating tumanggap ng pagwawasto at pangaral" (*Even As I Am* [1982], 63).

"Sa pagkastigo dumarating ang pagkakataong magpakabait, na, bagama't ayaw natin, kahit paano ay hindi natin ito tinatanggihan at ikinagagalit. Ang pagkastigo ay maaaring maganap sa pinakapribadong mga sitwasyon ng buhay o nang hayagan. Ano't anuman, karaniwan ay malaking hamon ito sa ating pagkatao. Ang mapagalitan nang husto, wika nga, tulad ng pagbibihis natin, para magmukhang ibang tao, ay hindi maliit na bagay. Tunay bang mahal natin ang liwanag 'para sumaya'—kahit ipinapakitang mali tayo, samantalang akala natin ay 'mali ang iba'? Matatanggap ba natin na pagsabihan tayo kapag tama naman ang sinasabi ng iba ngunit hindi maganda at walang-pakundangan ang pagkasabi nito—o kahit mali ang mga motibo nila? Papayag ba tayong umulit ng isang grado sa paaralan habang ang mga kasabayan natin ay pasado na—hanggang sa matutuhan natin ang isang aralin? Hindi mag-aatubiling gawin iyan ng ating Guro, kung kailangan" (*We Will Prove Them Herewith*, 118).

**Ezekiel 33:11–19. Kung minsan mas mahirap pagsisihan ang mga kasalanan dahil hindi na natin maisauli ang nakuha natin.** (5–10 minuto)

Sa pisara, isulat ang *Bakit mas mabigat ang pangangalunya kaysa pagnanakaw, at ang pagpatay kaysa pangangalunya?* Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 18:27 at 33:19 at ipabuod ang turo ni Ezekiel tungkol sa pagsisisi. Ipabasa sa kanila ang Ezekiel 33:15–16 at ipahanap kung ano pa ang dapat nating gawin maliban sa talikuran ang kasalanan at gawin ang tama (tingnan din sa Exodo 22:12). Itanong:

- Paano nakakatulong ang pag-unawa sa pangangailangang magsauli para masagot natin ang tanong sa pisara?
- Paano mapapalitan ng isang tao ang ninakaw niyang bisikleta?

Ibahagi sa mga estudyante ang pahayag ni Elder Spencer W. Kimball, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol, sa komentaryo para sa Ezekiel 33:12–19 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (p. 281).

**Ezekiel 34:1–10. Ang mga lider ng Simbahan ay binigyan ng responsibilidad ng Diyos na ituro sa atin ang katotohanan at balaan tayo kapag gumagawa tayo ng mali. Kung hindi nila gagawin ang lahat ng makakaya nila para mailigtas ang mga anak ng Ama sa Langit, mananagot sila sa kanya.** (10–15 minuto)

Itanong sa mga estudyante kung bakit sa palagay nila lagi tayong pinaaalalahanan ng mga lider ng Simbahan kung ano ang dapat at hindi natin dapat gawin. Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 34:1–10 at ipahanap ang dahilan kung bakit kailangang ipaalala sa atin ng propeta at iba pang mga lider kung ano ang tama. Isipin ding ibahagi ang ilang bahagi ng pahayag ni Pangulong Spencer W. Kimball sa komentaryo para sa Ezekiel 34:1–10 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (p. 282); tingnan din sa Jacob 1:18–19).

Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 88:81 at itanong sa kanila kung ano ang itinuturo nito tungkol sa kani-kanya nating mga responsibilidad.

**Ezekiel 37:1–14. Dahil sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, ang buong sangkatauhan ay mabubuhay na mag-uli na may perpektong mga pisikal na katawan.** (15–20 minuto)

Magpakita sa mga estudyante ng sirang pares ng sapatos. Itanong: Kung katawanin ng sapatos ang buhay ninyo, ano ang magiging pakiramdam ninyo? Sa pisara, isulat ang *Lahat ng bagay ay nasisira, naluluma, o namamatay.* Itanong:

- Ano ang pakiramdam ninyo kapag nawalan kayo ng isang bagay na mahalaga sa inyo o isang taong mahal ninyo?
- Paano kayang mabuhay sa isang mundong walang naluluma o namamatay?

Sabihin sa mga estudyante na naglaan ng gayong mundo ang Panginoon para sa atin. Basahin ang Ezekiel 37:1–14 sa kanila at talakayin kung ano ang ipinakita ng Panginoon kay Ezekiel. Itanong: Anong kaibhan ang nagagawa ng pagkaalam na kayo at ang inyong mga mahal sa buhay ay mabubuhay na mag-uli? Talakayin ang ilan o lahat ng sumusunod na mga tanong at banal na kasulatan para maipaunawa sa mga estudyante ang pagkabuhay na mag-uli:

- Ano ang magiging hitsura ng ating katawan matapos tayong mabuhay na mag-uli? Ano ang magiging hitsura natin? (tingnan sa Alma 11:43–45; D at T 88:27–32).
- Mamamatay ba tayong muli? Ano ang magpapasiya sa ating kaligayahan matapos tayong mabuhay na mag-uli? (tingnan sa Alma 41:1–7).
- Sino ang nagpangyari ng pagkabuhay na mag-uli? (tingnan I Mga Taga Corinto 15:22–23; 2 Nephi 9:10–13).
- Paano naaangkop sa Israel ang panunumbalik o pagkabuhay na mag-uli?

Magpatotoo na totoo at literal ang pagkabuhay na mag-uli. Ipaunawa sa mga estudyante na ang ating kaligayahan matapos ang pagkabuhay na mag-uli ay batay sa ating katapatan. Tiyakin sa kanila na bawat isa sa kanila, sa tulong ng Panginoon, ay maaaring maging karapat-dapat sa kahariang selestiyal.

**Ezekiel 37 (Scripture Mastery, Ezekiel 37:15–17). Ang Biblia at Aklat ni Mormon ay magkasamang magpapatotoo kay Jesucristo. Sa pamamagitan ng mga ito makakatulong tayong isakatuparan ang pangako ng Panginoon na maibalik ang sambahayan ni Israel sa pamamagitan ng pagpapahayag ng mensahe ng Panunumbalik.** (30–40 minuto)

*Paunawa:* Makakatulong na repasuhin ang mga komentaryo para sa Ezekiel 37:1–14; 37:15–20; at 37:15–17 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (mga pahina 282–84).

Magpakita sa mga estudyante ng isang kutsara at ipatukoy sa kanila ang iba't ibang gamit nito. Ipaliwanag na maraming paglalarawang ginamit sa mga banal na kasulatan na hindi lang iisa ang ipinararating na kahulugan at na pag-aaralan nila ang ilan sa mga paglalarawang iyon ngayon.

Repasuhin ninyo ng mga estudyante ang mga propesiya tungkol sa pagkalat ng Israel (tingnan sa enrichment sections D at J sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (mga pahina 113–16, 311–16). Ipaliwanag na sa isang pagkakataon, nang masaksihan ni Ezekiel sa pangitain ang patuloy na pagkalipol at pagkalat ng kanyang mga tao, nalungkot siya at tinanong ang Panginoon kung may "lubos na wakas" ang Israel (tingnan sa Ezekiel 11:13). Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 11:16–20 at ipahanap ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong (isulat sa pisara ang kanilang mga sagot):

- Sa talata 17, ano ang ipinangako ng Panginoon kay Ezekiel na gagawin niya? (Ibabalik ang mga tao ng Israel sa sarili nilang lupain.)
- Sa talata 19, anong dalawang pagpapala ang sinabi niyang ibibigay niya sa kanila? (Isang puso at isang bagong diwa.)
- Sa talata 20, ano ang dapat gawin ng mga tao sa mga pagpapalang iyon? (Ipamuhay ang kanyang mga tuntunin at isagawa ang kanyang mga ordenansa.)

Ipaliwanag na sa Ezekiel 37 itinuro ng Panginoon kay Ezekiel kung paano matutupad ang mga pangakong iyon. Sabihin sa mga estudyante na may dalawang halimbawa rin sa kabanatang ito kung paano nagkakaroon ng mahigit pa sa isang kahulugan ang isang propesiya. Ipabasa sa isang estudyante ang Ezekiel 37:1–10, at saka itanong sa klase kung ano ang inilalarawan sa mga talatang iyon. (Ang pagkabuhay na mag-uli mula sa mga patay.) Ipabasa sa isa pang estudyante ang Ezekiel 37:11–14, at saka itanong: Sino ang kinakatawan ng nabuhay na mag-uling mga taong iyon? (Ang buong sambahayan ni Israel.) Sabihin sa kanila na dahil hindi lamang sambahayan ni Israel ang mabubuhay na mag-uli, isa pang karagdagang kahulugan ang matatagpuan sa tanging pagkakita ni Ezekiel sa pagkabuhay na mag-uli ng sambahayan ni Israel. Itanong:

- Paglabas nila mula sa simboliko nilang mga puntod, saan sila dinala? (Sa sarili nilang lupain.)
- Ano ang sabi ng Panginoon na ibibigay niya sa kanila? (Ang kanyang Espiritu.)

Repasuhin ang listahan ng mga pangako ng pagtitipon ng Panginoon na nasa pisara at pansinin ang mga pagkakatulad. Itanong sa mga estudyante kung ano ang karagdagang kahulugan ng pangitain ni Ezekiel. (Ang pagtitipon ng Israel.)

Magpakita ng dalawang tungkod sa mga estudyante. Isulat sa isa ang *Juda* at sa isa pa ang *Ephraim*. Ipabasa sa isang estudyante ang Ezekiel 37:15–17, at saka itanong: Ano ang isusulat at gagawin sa mga tungkod na iyon? Ipaliwanag na ang ilang pagsasalin ng salitang Hebreong isinalin bilang "tungkod" ay isinalin bilang "kapirasong kahoy" (tingnan sa komentaryo para sa Ezekiel 37:15–17 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 283–84). Itanong:

- Ano ang tungkod ng Juda? (Ang Biblia.)
- Ano ang tungkod ni Ephraim? (Ang Aklat ni Mormon.)
- Ano ang kahihinatnan ng mga ito? (Magsasama.)

I-cross-reference ang Ezekiel 37:15–17 sa 2 Nephi 3:12 at hanapin kung bakit dapat magsama ang mga tungkod na ito. Itanong sa mga estudyante:

- Ayon sa 2 Nephi 3:12, ano ang limang pagpapalang darating sa mga tao ng Diyos sa pagsasama ng dalawang aklat na ito? (Malilito ang mga maling doktrina, mawawala ang mga pagtatalo, magkakaroon ng kapayapaan, makikilala ng Israel sa mga huling araw ang kanilang mga ama, at manunumbalik sa Israel sa mga huling araw ang kaalaman sa mga tipan ng Panginoon.)
- Paano maisasakatuparan ng pagsasama ng Aklat ni Mormon at ng Biblia ang mga bagay na iyon?

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Boyd K. Packer:

> "Natupad na ngayon ang propesiya ni Ezekiel.
>
> "Sa paglipas ng mga taon, ang mga banal na kasulatang ito ay lilikha ng sunud-sunod na henerasyon ng matatapat na Kristiyanong nakakakilala sa Panginoong Jesucristo at susundin nila ang Kanyang kalooban.
>
> "… Nasa mga kamay na nila ngayon ang mga tungkod nina Jose at Juda. Magkakaroon sila ng kaalaman sa ebanghelyo na higit pa sa kayang tamuhin ng kanilang mga ninuno. Magkakaroon sila ng patotoo na si Jesus ang Cristo at ng kakayahang ipahayag Siya at ipagtanggol" (sa Conference Report, Okt. 1982, 75; o *Ensign,* Nob. 1982, 53).

Ipaliwanag na katulad ng hindi lamang iisa ang kahulugan ng pangitain ni Ezekiel tungkol sa pagkabuhay na mag-uli, gayundin ang propesiya tungkol sa mga tungkod. Ipabuklat sa mga estudyante ang mapa 3 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Ipaalala sa kanila na ang Israel ay nahati sa dalawang kaharian matapos maghari si Solomon. Ang katimugang kaharian ay pinamahalaan ng sambahayan ni Juda, at ang hilagang kaharian naman ay pinamahalaan ng sambahayan ni Ephraim. Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 37:19–23 at ipahanap ang isa pang kahulugan ng mga tungkod. Itanong: Ano ang inihayag ng Panginoon kay Ezekiel? (Ang Ephraim at Juda ay magiging isang kaharian balang araw.) Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 37:24–26. Itanong:

- Sino sa palagay ninyo ang magiging hari sa nagkakaisang mga anak ni Israel? (Si Jesucristo.)
- Bakit sa palagay ninyo tinawag siyang David dito? (Si Cristo ay inapo ni David.)
- Gaano katagal magsasama ang Ephraim at Juda?
- Ano ang bahaging ginampanan ng Aklat ni Mormon sa ka-

tuparan ng propesiyang ito?

- Ano ang magagawa natin para makatulong sa pagsasakatuparan nito?

Hikayatin ang mga estudyante na gawin ang kanilang bahagi sa paghahatid ng mensahe ng Panunumbalik ng ebanghelyo sa nangakalat na Israel. Maaari ninyong sabihin na natanggap lamang ni Propetang Joseph Smith ang mga susi ng pagtitipon ng Israel nang maisalin na ang Aklat ni Mormon (tingnan sa D at T 110:11).

**Ezekiel 38–39. Ang digmaan sa pagitan ng mabuti at masama na nagsimula bago tayo isinilang sa mundo ay aabot sa sukdulan sa isang malaking labanan sa Banal na Lupain.** (35–45 minuto)

*Paunawa:* Makakatulong na repasuhin ang mga komentaryo para sa Ezekiel 38–39 at ang enrichment section I sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (mga pahina 284–86, 291–95).

Magpakita ng isang kalendaryo sa mga estudyante na may mga araw ng linggo ngunit walang mga petsa at ng isang relo na nawawala ang panuro sa oras. Ipabasa sa kanila ang Mateo 24:36–37 at itanong sa kanila kung ano ang kinalaman ng mga bagay na iyon sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Sabihin sa kanila na nagpropesiya si Ezekiel tungkol sa huling malaking digmaan ng Armagedon na magaganap bago ang Ikalawang Pagparito.

Gawan ng handout ang sumusunod na tsart o idrowing ito sa pisara. Hatiin ang klase sa mga grupo at atasan ang bawat grupo ng isa o mahigit pang mga paksa sa hanay ng "Tema" para pag-aralan at ipaulat ang kanilang mga natuklasan.

| Tema | Propesiya ni Ezekiel | Mga Suportang Reperensya |
|---|---|---|
| Isang malaking hukbo ang natipon sa pamumuno ni Gog. | Ezekiel 38:1–7 | Joel 1:1–6; Apocalipsis 9:16; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Gog" (p. 69) |
| Lalabanan ng hukbo ng Gog ang Israel sa mga huling araw. | Ezekiel 38:8–16 | Joel 2:1–9; Zacarias 14:1–3; Apocalipsis 9:7–11, 16–19 |
| Sasabayan ng malakas na lindol ang digmaan. | Ezekiel 38:17–20 | Zacarias 14:1–4; Apocalipsis 16:18–20 |
| Kakalat ang digmaan sa lahat ng bansa, at susundan ito ng salot, dugo, at pagbagsak ng malalaking granizo [hailstones] mula sa langit. | Ezekiel 38:21–23 | Jeremias 25:31–32; Isaias 3:25–26; 13:11, 15–16; Zacarias 14:12–13; Apocalipsis 16:21; D at T 29:15–19; 87:6 |
| Ipaglalaban ng Panginoon ang Israel at huhulugan ng apoy ang hukbo ng Gog. | Ezekiel 39:1–7 | Isaias 66:15–16; Mga Awit 11:5–6; 110:6; 118:10; Zacarias 12:1–9 |
| Gugugol ng pitong buwan ang Israel sa paglilibing ng mga patay at pitong taon sa pagsunog ng mga armas. | Ezekiel 39:8–16 | Isaias 34:1–3; Jeremias 25:33 |
| Mayroong hapunan ng Panginoon. | Ezekiel 39:17–21 | Apocalipsis 19:17–18; D at T 29:20 |
| Ang Israel ay ipanunumbalik sa tipan at ligtas na maninirahan sa kanyang lupain. | Ezekiel 39:22–29 | Jeremias 46:27–28; Joel 2:12–20 |

Kung may iba pang mga tanong matapos mag-ulat ang mga grupo, sagutin ang mga ito gamit ang mga banal na kasulatan. Ipaunawa sa mga estudyante na matwid na pamumuhay ang pinakamainam na paghahanda para sa mga huling araw at sa Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 115:5–6 at hikayatin ang mga estudyante na maging tapat sa kanilang mga tipan at gawin ang lahat ng makakaya nila upang mapatatag ang kanilang mga stake, ward, branch, at tahanan.

**Ezekiel 40–48. Lagi nang inuutusan ng Panginoon ang kanyang mga tao na magtayo ng mga templo. Nakita ni Ezekiel sa pangitain ang templong itatayo sa Jerusalem.** (50–60 minuto)

Magdispley ng larawan ng isang templo at itanong sa mga estudyante kung paano kumakatawan ang mga templo sa mga mensahe ng pag-asa. Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 37:25–28, at itanong:

- Saan tumutukoy ang mga salitang *tabernakulo* at *santuwaryo* sa mga talatang iyon? (Isang templo.)
- Saan itatayo ang templong ito?
- Kailan ito mangyayari? (tingnan sa komentaryo para sa Ezekiel 37:26–28 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 284).

Ipaliwanag na nakatala sa Ezekiel 40–48 ang pangitain tungkol sa malaking templong itatayo sa Jerusalem sa mga huling araw upang maghatid ng pag-asa at pagpapala sa sambahayan ng Israel. Pumili ng ilang talata mula sa Ezekiel 40–42 na nagbibigay ng mga detalye ng templo. Itanong sa mga estudyante:


- Sa palagay ninyo, bakit ipinakita ng Panginoon kay Ezekiel ang templo at bakuran nito nang gayon kadetalyado?
- Mayroon bang templo ng Panginoon sa Jerusalem ngayon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 43:1–9 at ipalahad kung ano ang dapat gawin ng mga tao bago manahan ang Panginoon sa kanyang templo. Ihambing ang Doktrina at mga Tipan 97:10–17 at hanapin ang inihayag ng Panginoon tungkol sa paksang ito sa ating panahon.

Ipawari sa mga estudyante na papunta sila sa templo o, kung nakapunta na sila, ipaisip sa kanila ang mga oras na ginugol nila roon. Pagkatapos ay pasagutan sa kanila ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang pakiramdam ninyo kapag nakakakita kayo ng templo?
- Ano ang makikitang nakaukit sa labas ng bawat templo? ("Kabanalan sa Panginoon—ang Bahay ng Panginoon.")
- Paano inilalarawan ng mga katagang iyon ang mga templo?
- Bakit mahalagang masabi na karapat-dapat ang bawat nagnanais na makapasok sa templo?

Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 44:6–9. Talakayin ang mga karaniwang kailangan para maging karapat-dapat sa pagpasok sa templo. Itanong: Bakit mahalaga kung sino ang pinahihintulutang pumasok? (tingnan sa D at T 97:15–17). *Paunawa:* Maaari ninyong ipatalakay sa isang bishop ang mga tanong sa temple recommend.




Ipaliwanag na may mga pagpapalang nakalaan para sa mga dumadalo nang karapat-dapat sa templo (tingnan sa D at T 109:10–15, 21–28). Sabihin sa mga estudyante na ang paglalarawan ni Ezekiel sa templo ay puno ng simbolismo. Ipabasa sa kanila ang Ezekiel 47:1–2 at itanong sa kanila kung ano ang aagos mula sa ilalim ng templong iyon. I-cross-reference at basahin ang Juan 4:10–14. Itanong kung ano ang isinisimbolo ng tubig na iyon. Ang tubig na umaagos mula sa ilalim ng templo ay literal din. Sabi ni Propetang Joseph Smith:

> "Dapat maibalik ang Juda, dapat maitayong muli ang Jerusalem, at ang templo, at ang tubig na umaagos mula sa ilalim ng templo, at mapagaling ang mga tubig ng Patay na Dagat" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 286).

Basahin ang Ezekiel 47:8–9 at itanong:

- Ano ang mangyayari sa lahat ng maagusan ng tubig?
- Paano iyan katulad ng impluwensya ni Jesucristo sa ating buhay?

Magpatotoo kung paano madarama ang impluwensya ng Tagapagligtas sa mga templo. Ipabasa sa mga estudyante ang Ezekiel 47:3–5 at ipahanap kung gaano kalalim umaabot ang ilog. (Hanggang bukung-bukong, hanggang tuhod, hanggang balakang, at sapat ang lalim para malanguyan.) Itanong:

- Ano kaya ang kinakatawan ng maging "hanggang bukung-bukong" sa impluwensya ni Jesucristo?
- Paano iyan naiiba sa pagiging "hanggang tuhod" o "nakalubog" sa impluwensya ni Jesucristo?
- Paano nakakaapekto ang mga pagpapalang ito sa inyong buhay?
- Paano nito maaapektuhan ang Simbahan?

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Howard W. Hunter:

> "Inaanyayahan ko ang mga Banal sa mga Huling Araw na ituring na simbolo ng inyong pagiging miyembro ang templo ng Panginoon. Pinakamarubdob kong hangarin na maging marapat ang bawat miyembro ng Simbahan na makapasok sa templo. Masisiyahan ang Panginoon kung bawat miyembrong may sapat na gulang ay maging marapat sa—at magkaroon ng—current temple recommend. Ang mga bagay na dapat at hindi natin dapat gawin para maging marapat sa temple recommend ang mismong mga bagay na tumitiyak na tayo ay liligaya bilang tao at bilang mga pamilya (sa Conference Report, Okt. 1994, 8; o *Ensign,* Nob. 1994, 8).

# Daniel 1–12

## Pambungad

Ang aklat ni Daniel ay isang talaan ng mga kaganapan sa buhay ng isa pang propetang naglingkod sa mga tao ng Juda noong bihag sila sa Babilonia. Taliwas sa payo ng Panginoon sa pamamagitan ng propetang si Jeremias, umasa sa Egipto ang mga Judio para maliligtas mula sa mga taga-Babilonia (tingnan sa Jeremias 27:12–13; 37:7–8). Tinalo ng mga taga-Babilonia, sa pamumuno ni Nabucodonosor, ang mga Egipcio sa Carchemis noong mga 605 b.c. Sa tagumpay na ito ay nagsimula ang wakas ng kaharian ng Egipto bilang makapangyarihang bansa sa mundo (tingnan sa Jeremias 46:2; II Mga Hari 24:7). Sinakop ni Nabucodonosor ang Jerusalem noong mga 597 b.c. at ipinatapon ang maraming sundalo, artisan, at miyembro ng mararangal na pamilya, kasama na si Daniel (tingnan sa II Mga Hari 24:8–14; Daniel 1:1–6). Muling naghimagsik ang mga Judiong naiwan, at noong mga 587 b.c. nagbalik si Nabucodonosor at winasak ang Jerusalem at ipinatapon ang marami pang ibang Judio sa Babilonia (tingnan sa II Mga Hari 25).

Ipinakita sa aklat ni Daniel kung paano ipamuhay ang ebanghelyo kahit hindi ito ipinamumuhay ng mga nasa paligid natin o mahirap ang kalagayan natin. Ipinropesiya rin nito ang tagumpay ng kaharian ng Diyos sa lahat ng iba pang mga kapangyarihan at kaharian sa mundo. Ang isang mahalagang tema sa aklat ay ang Diyos ay may kapangyarihan sa buong ibabaw ng lupa, kapwa sa mga tao at bansa (tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* “Daniel,” p. 42; pambungad sa Daniel sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (mga pahina 297).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang pagsunod sa mga utos ng Panginoon ay naghahatid ng temporal at espirituwal na mga pagpapala (tingnan sa Daniel 1:8–21; 2:16–28; 3:17–28; 4:18–27; 5:11–12; 6:10–28; 9:1–20).
- Ang mga propeta ay may kapangyarihang magpropesiya tungkol sa hinaharap at magbigay-kahulugan sa mga palatandaan at panaginip (tingnan sa Daniel 2:28–45; 4:19–26; 5:25–28; 7–8; 9:21–27; 10:5–12:4).
- Kailangan ang matinding katapangang moral para laging mapili ang tama (tingnan sa Daniel 3; 6).
- Ang Simbahan ang kaharian ng Diyos na naitatag sa lupa sa mga huling araw. Ang kahariang ito ay lalago at pupunuin ang mundo (tingnan sa Daniel 2:28–45; 7–8; 11; 12:1–3; tingnan din sa D at T 65:1–6).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Daniel 1. Ang pagsunod sa mga utos ng Panginoon ay naghahatid ng temporal at espirituwal na mga pagpapala.** (15–20 minuto)



Kung mayroon, ipakita sa mga estudyante ang larawang “Tinatanggihan ni Daniel ang Pagkain at Alak ng Hari (Daniel 1:3–21)” (item blg. 34730 893). Basahin ang Daniel 1:1–7 sa kanila at itanong:

- Bakit nasa Babilonia si Daniel at ang kanyang mga kaibigan?
- Bakit sila pinapunta sa palasyo ni Nabucodonosor?

Ipabasa sa mga estudyante ang mga talata 8–13. Itanong:

- Ano ang hiniling ni Daniel sa pangulo ng mga bating [eunuchs]?
- Bakit nagpakita ng katapangan ang hiling ni Daniel?
- Bakit ayaw kainin ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan ang pagkaing bigay ng hari?

Ipaunawa sa inyong mga estudyante na ang katapatan ni Daniel sa Panginoon ang naghikayat sa pagtanggi niyang kumain ng mga bagay na ipinagbabawal (tingnan sa komentaryo para sa Daniel 1:8 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 297–98). Basahin ang Doktrina at mga Tipan 89:5, 8–14 at itanong:

- Paano kaya nauugnay ang mga talatang iyon sa kuwento tungkol kay Daniel?
- Kung nabuhay si Daniel sa ating panahon, ano ang aayawan niyang kainin?
- Paano kaya makakatulong sa inyo ang karanasan ni Daniel kapag pinipilit kayong talikuran ang inyong mga pamantayan?

Ipabasa sa mga estudyante ang Daniel 1:14–20 at ipatuklas ang mga pakinabang ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan sa pagsunod sa Diyos kaysa sa hari. Ihambing ang mga pagpapalang iyon sa mga pangako ng Panginoon sa mga sumusunod sa Word of Wisdom ngayon (tingnan sa D at T 89:1–4, 18–21). Ibahagi ang sumusunod na tagubilin ni Elder Boyd K. Packer:

> "Nalaman ko na ang inspirasyon ay higit na nadarama kaysa naririnig.
>
> "Mga kabataan, maging handang tumugon sa inspirasyon.
>
> "Nalaman ko rin na ang pangunahing layunin ng Word of Wisdom ay may kinalaman sa paghahayag.
>
> "Maliliit pa kayo ay tinuturuan na namin kayong iwasan ang tsaa, kape, alak, tabako, droga, at anumang iba pang makakasama sa inyong kalusugan….
>
> "Kung halos ayaw makinig ng isang taong 'lasing' sa simpleng salita, paano sila makakatugon sa espiritwal na mga paramdam na aantig sa pinakasensitibo nilang damdamin?
>
> "Dahil ang Word of Wisdom ay singhalaga ng batas ng kalusugan , mas mahalaga ito sa inyong espirituwalidad kaysa sa inyong katawan" (sa Conference Report, Okt. 1979, 28–29; o *Ensign*, Nob. 1979, 20).

Maaari ninyong ibahagi ang inyong sariling damdamin kung paano napag-ibayo ng pagsunod sa mga utos ng Panginoon, lalo na sa Word of Wisdom, ang kakayahan ninyong tumugon sa mga panghihikayat ng Espiritu Santo.

**Daniel 1; 3; 6. Kailangan ang matinding katapangang moral para laging mapili ang tama.** (55–65 minuto)

Kung mayroon, idispley ang tatlong sumusunod na larawan: "Tinatanggihan ni Daniel ang Pagkain at Alak ng Hari (Daniel 1:3–21)" (item blg. 34730 893), "Tatlong Lalaki sa Nagniningas na Hurnuhan (Daniel 3:20–30)" (item blg. 34730 893), at "Si Daniel sa Yungib ng mga Leon (Daniel 6:11–24)" (item blg. 34730 893). Ipaisip sa mga estudyante kung ano ang karaniwan sa tatlong kuwentong iyon. Sabihin sa kanila na hihingin ninyo ang kanilang mga sagot sa pagtatapos ng aralin.

Lagyan ng bigas o trigo hanggang kalahati ang isang babasaging garapon (na isang quart o litro ang laki). Maglagay ng maliit at magaang na bola (gaya ng bola ng pingpong) sa garapon at takpan ang bunganga ito. Itanong sa mga estudyante kung nadama na nila na parang lubog sila sa mga problema at paghihirap. Ipakita ang garapon at mabilis itong ibaligtad para mapunta sa ilalim ang bola, at mapaibabawan ng mga butil. Sabihin sa kanila na pag-aaralan nila ngayon ang tungkol sa ilang kabataang lalaki na maaaring nakadama sila ay "lubog."

Basahin ang Daniel 1:1–7 at talakayin kung ano ang madarama ng inyong mga estudyante kapag dinala silang bihag sa ibang bansa. Basahin ang Alma 36:3 at itanong kung ano ang pangako ng Panginoon sa matatapat. Ipasaliksik sa inyong mga estudyante ang Daniel 1:8–20 at ipalahad kung ano ang ginawa ng Panginoon para matupad ang pangakong iyan kay Daniel at sa kanyang mga kasama. Habang tinatalakay ninyo ang pagsunod ng mga kabataang lalaking ito at kung paano sila pinagpala ng Panginoon dahil sa kanilang katapatan, alugin ang bote at ipakita sa mga estudyante kung paano pumaibabaw ang bola, kagaya ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan.

Ipabasa nang sabay-sabay sa buong klase ang Daniel 3:1–18. Ipasulat na muli sa mga estudyante ang mga talata 17–18 sa sarili nilang mga salita. Itanong: Ano ang sinasabi sa atin ng mga talatang iyon tungkol sa pagkatao ng mga kabataang lalaking iyon? Ibaligtad ang bote at alugin ang bola hanggang sa pumaibabaw ito habang tinatalakay ninyo ang mga talata. Ipalahad sa isang estudyante ang nangyari sa kuwento o sama-samang basahin ang mga talata 19–27. Itanong sa mga estudyante:

- Kung nasa gayong sitwasyon kayo, gaano kaya kahirap ang gumawa ng tamang desisyon?
- Ano ang nakakatulong sa paggawa natin ng mga tamang desisyon ngayon?
- Katumbas ba ng buhay ng tatlong lalaki ang pagtangging sumamba sa isang diyus-diyusan kung hindi sila iniligtas ng Panginoon mula sa apoy? Bakit? (tingnan sa Alma 14:8–11; 60:13; tingnan din sa mga komentaryo para sa Daniel 3:1–18 at 3:19–23 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, (mga pahina 299–300).

Itanong sa mga estudyante kung anong klaseng "hurnong nagniningas" ang kinakaharap nila kapag pinipili nilang huwag mamuhay ayon sa mga makamundong paraan at gawi ng ating panahon. Ilista sa pisara ang mga tugon kung gusto ninyo. Pansinin na hindi nag-iisa ang tatlong lalaki sa kanilang pasakit (tingnan sa t. 25). Basahin ang Doktrina at mga Tipan 20:77 at talakayin ang mga katagang "nang sa tuwina ay mapasakanila ang kanyang Espiritu upang makasama nila." Ipaunawa sa mga estudyante na, kagaya ng tatlong lalaki sa hurnong nagniningas, hindi nila kailangang mapag-isa.

Mababasa ninyo ang Daniel 6 sa pag-aatas sa iba't ibang estudyante na basahin ang mga bahagi ng isang tagapagsalaysay, isang kakatawan sa naninibughong mga pangulo at satrapa [prinsipe], kay Haring Dario, at kay Daniel. Matapos basahin ang mga talata 1–10 itanong sa mga estudyante:

- Ano ang ipinasiyang gawin ni Daniel sa kabila ng batas ng hari? (tingnan sa komentaryo para sa Daniel 6:10 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 303).

- Bakit magiging mahirap ang desisyong iyon?
- Ano ang pakiramdam ninyo tungkol sa mga taong nakagagawa ng tamang desisyon sa gayon kahirap na mga sitwasyon?

Magpatuloy sa natitira pang bahagi ng kabanata. Basahin ang 1 Nephi 1:20 at Alma 30:60 at itanong sa mga estudyante kung saang grupo ng mga tao sa Daniel 6 aangkop at paano ipamumuhay ang mga alituntunin sa mga banal na kasulatang iyon.

Ibaling ang pansin ng inyong mga estudyante sa tatlong larawang nakadispley at muling itanong kung ano ang karaniwan sa mga kuwentong iyon. Basahing muli ang pangako sa Alma 36:3 (tingnan din sa Mosias 23:21–22; Alma 37:37) at patotohanan ang kapangyarihan ng Panginoon na tulungan tayo sa oras ng kagipitan kapag inuuna natin siya sa ating buhay.


Bilang alternatibong paraan sa pagtuturo ng scripture block na ito, maaari ninyong isiping ihambing ang mga karanasan ni Daniel at ng kanyang mga kaibigan sa buhay ni Jose sa Genesis 37; 39–41.

**Daniel 2:1–23. Ang paraan ng paghingi ni Daniel ng pagpapakahulugan sa panaginip ni Nabucodonosor ay isang huwaran natin sa paghingi ng tulong sa Panginoon sa ating buhay.** (15–20 minuto)

*Paunawa:* Ang aklat ni Daniel ay kinabibilangan ng ilang panaginip at pangitain. Maliban sa panaginip ni Nabucodonosor, hindi susuriin nang detalyado ang mga ito sa manwal na ito. Higit na mauunawaan ang ilang bahagi ng mga pangitaing ito sa pag-aaral ng mga komentaryo sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (mga pahina 304–9.) Gayunman, isaisip na hindi inihayag ang buong kahulugan ng mga ito kahit kay Daniel (tingnan sa Daniel 12:4, 8–9). Itinuro ni Propetang Joseph Smith na "tuwing magbibigay ang Diyos ng pangitain ng isang paglalarawan, o hayop, o anumang klaseng larawan, lagi Niyang inaangkin ang responsibilidad na magbigay ng paghahayag o interpretasyon ng kahulugan nito, kung hindi ay hindi tayo responsable o mananagot sa ating paniniwala rito" (*Teachings of the Prophet Joseph Smith,* 291). Magtuon sa mga pangitaing iyon na ang mga banal na kasulatan at komentaryo ng propeta ay nagbibigay sa atin ng mga paraan para makaunawa.

Sabihin sa inyong mga estudyante na nanaginip kayo kagabi at gusto ninyong ilarawan nila ito sa inyo at ilahad sa inyo ang kahulugan nito. Itanong sa kanila kung ano ang madarama at gagawin nila kung buhay nila ang nakataya sa tumpak na paggawa nito. Sabihin sa kanila na ganito ang sitwasyon ni Daniel sa Daniel 2.

Magbuod at magbasa ng mga piling talata mula sa Daniel 2:1–13 upang maipaunawa sa mga estudyante ang salaysay. Ipabasang mabuti sa mga estudyante ang mga talata 14–23 at ipahanap kung ano ang ginawa ni Daniel para malutas ang problema niya at ng iba. Habang nagbabasa ang mga estudyante, idrowing sa pisara ang sumusunod na diagram, at huwag isulat ang mga salitang:




Habang pinupunan ninyo ng mga salita ang diagram, muling ipakuwento sa mga estudyante kung paano humingi ng tulong si Daniel sa Panginoon. Ipaunawa sa kanila kung paano ito nagbibigay ng huwaran sa atin sa paghahanap ng mga sagot sa ating mga problema. Talakayin ang bawat elemento at kung bakit ito mahalaga sa atin na katulad kay Daniel.

**Daniel 2; 4–5; 7–12. Binibigyan ng kapangyarihan ng Panginoon ang kanyang mga propeta at tagakita na magpropesiya tungkol sa hinaharap at magbigay-kahulugan sa mga panaginip at palatandaan.** (30–40 minuto)

Idrowing sa pisara ang outline ng ilang karatula sa daan. Pumili ng mga salita mula sa sumusunod na mga wika na *hindi* pamilyar sa inyong mga estudyante at isulat ang isang salita sa bawat karatula: *gevaar* (Dutch), *gefahr* (German), *peligro* (Espanyol), *fara* (Swedish), *perigo* (Portuges). Itanong sa mga estudyante kung may isa sa kanila na makapagbibigay-kahulugan sa mga karatulang ito. (Ang kahulugan ng lahat ng ito ay "panganib.") Itanong: Bakit mahalagang maunawaan ang kahulugan ng mga karatulang ito kung nakita ninyo sila sa isang di-pamilyar na daan? Itanong:

- Sino ang may karapatang magbigay-kahulugan sa banal na kasulatan para sa Simbahan ngayon?
- Paano naaangkop sa pakay-aralin tungkol sa mga karatula sa daan ang kakayahan ng isang propeta na bigyang-kahulugan ang banal na kasulatan?

Basahin sa mga estudyante ang sumusunod na mga banal na kasulatan: Daniel 2:47; 4:4–5, 8–9, 18; 5:10–12. Itanong sa kanila kung bakit paulit-ulit na hinilingan ng mga tao si Daniel na bigyang-kahulugan ang mga panaginip. (Alam nila na may kapangyarihan siya mula sa Diyos para maunawaan ang mga ito.) Ipaunawa sa kanila na biniyayaan din tayo ng Panginoon ng mga propeta na, tulad ni Daniel, ay may diwa ng propesiya na bigyang-kahulugan ang mga kaganapan sa kanilang panahon at magbigay ng angkop na payo. Dahil inihahayag niya ang kanyang kalooban sa kanyang propeta, masusunod natin nang may tiwala ang propeta. Ibahagi ang sumusunod na pagpapahayag ng Unang Panguluhan at ng Korum ng Labindalawang Apostol noong 1980:

> “Pinatototohanan namin na ang diwa ng propesiya at paghahayag ay nasasaatin. ‘Naniniwala kami sa lahat ng ipinahayag ng Diyos, sa lahat ng Kanyang ipinahahayag ngayon, at naniniwala rin kami na maghahayag pa Siya ng maraming dakila at mahahalagang bagay hinggil sa Kaharian ng Diyos’ (Mga Saligan ng Pananampalataya 1:9). Hindi nakasara ang kalangitan; patuloy na nangungusap ang Diyos sa kanyang mga anak sa pamamagitan ng isang propeta na binigyan ng kapangyarihang ipahayag ang kanyang salita, ngayon tulad ng ginawa niya noong una” (sa Conference Report, Abr. 1980, 76; o *Ensign*, Mayo 1980, 52).

Ipaalala sa mga estudyante ang kakayahan ni Daniel na bigyang-kahulugan ang panaginip ni Nabucodonosor (tingnan sa mungkahi sa pagtuturo para sa Daniel 2:1–23). Basahin ang Daniel 2:27–28 sa kanila at itanong: Anong katotohanan tungkol sa wastong pagbibigay-kahulugan sa mga panaginip ang itinuro ni Daniel sa hari?

Basahin at talakayin nang maikli sa mga estudyante ang tatlong sumusunod na halimbawa ng mga panaginip o pangitain ni Daniel tungkol sa hinaharap:

- Isang pangitain ng kaharian ng Diyos sa lupa sa hinaharap (tingnan sa Daniel 7:13–14; tingnan din sa mungkahi sa pagtuturo para sa Daniel 7:9–14)
- Isang pangitain tungkol sa pagdating ng Mesiyas sa Jerusalem (tingnan sa Daniel 9:25)
- Isang pangitain tungkol sa pagkakaiba ng masasama at mabubuti sa mga huling araw (tingnan sa Daniel 12:10)

Basahin ang 1 Nephi 22:2 at itanong sa mga estudyante kung paano nalaman ni Daniel ang mga mangyayari sa hinaharap. Ipabasa sa kanila nang tahimik ang Mosias 8:17. Ipabahagi sa isa o dalawang estudyante ang natutuhan nila tungkol sa mga tagakita mula sa talatang iyan. Ipaunawa sa kanila na binanggit sa ilang panaginip ni Daniel ang mga huling araw. Itinala ni Daniel ang mga paghahayag na iyon upang maingatan hanggang sa ating panahon. Ituro sa inyong mga estudyante na bukod kay Daniel, may iba pang mga sinaunang propetang nakakita sa ating panahon at itinala ang mga sagradong karanasan nila. Ang mga nakatalang paghahayag na ito ay tinatawag na mga banal na kasulatan, na nasa atin ngayon at mapag-aaralan natin. Tinutulutan tayo ng kaloob na ito na magpropesiya na basahin ang mga banal na kasulatan batid na angkop ang mga ito sa atin.


Sa pisara, ilista ang ilan sa mga turo ng kasalukuyang propeta mula sa pinakahuling pangkalahatang kumperensya, tulad ng nasa mungkahi sa pagtuturo para sa Ezekiel 3:17–21 (mga pahina 219–20). Ipaisip sa mga estudyante ang tungkol sa payo na pinakahirap silang sundin at hikayatin silang magtiwala sa pangitain ng ating propeta at magsimula ngayon na ipamuhay ang payong iyon.

**Daniel 2:28–45 (Scripture Mastery, Daniel 2:44–45). Ang Simbahan ang kaharian ng Diyos na naitatag sa lupa sa mga huling araw. Ang kahariang ito ay lalago at pupunuin ang mundo.** (25–30 minuto)

Sa pisara, isulat ang *ginto, pilak, tanso, bakal, putik, bato,* at *bundok.* Ipabasa sa mga estudyante ang Daniel 2:31–35, at ipadrowing sa kanila ang isang paglalarawan ng panaginip (puwede na ang stick figure) at pangalanan ang mga bahagi nito gamit ang mga salita sa pisara.

Basahin ang pagbibigay-kahulugan ni Daniel sa inyong mga estudyante (mga talata 36–45) at talakayin kung paano ito natupad (tingnan sa mga komentaryo para sa Daniel 2:31–45 at 2:44–45 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, mga pahina 298–99). Ipasulat sa mga estudyante ang mga kahariang kinakatawan ng mga item sa pisara habang tinatalakay ninyo ang pagbibigay-kahulugan sa panaginip. Gamitin ang kalakip na larawan bilang reperensya:

**Panaginip ni Nabucodonosor**




Talakayin kung paano ipinanumbalik ang Simbahan sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith “sa mga kaarawan ng mga haring yaon” (Daniel 2:44). Itanong sa mga estudyante:

- Paanong naging katulad ng bato sa panaginip ng hari ang paglago ng Simbahan—na mula sa anim na miyembro noong 1830 ay naging milyun-milyong miyembro na ngayon?
- Ano ang ibig sabihin ng ang bato ay “natibag sa bundok, hindi ng mga kamay” (Daniel 2:45)? (Ang bato, o kaharian

ng Diyos, ay hindi gawa ng tao; tingnan din sa D at T 65:2.)

- Ano ang ibig sabihin ng ang kaharian ay “hindi magigiba kailanman” o “iiwan sa ibang bayan” (Daniel 2:44)? (Sa huli, lahat ng kahariang gawa ng tao ay magwawakas. Tanging ang kaharian ng Diyos ang mananatili magpakailanman.)

Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Pangulong Gordon B. Hinckley tungkol sa magagawa nating tulong para matupad ang panaginip na iyon:

> “Sa aking mga kapatid sa lahat ng dako, nananawagan ako sa inyo na muling pagtibayin ang inyong pananampalataya, na isulong ang gawaing ito sa buong mundo. Mapapatibay pa ninyo ito sa paraan ng pamumuhay ninyo. Gawing espada at kalasag ninyo ang ebanghelyo. Bawat isa sa atin ay bahagi ng pinadakilang layon sa lupa. Ang doktrina nito ay nagmula sa paghahayag. Ang priesthood nito ay nagmula sa banal na pagkakaloob. May isa pang saksing idinagdag sa patotoo nito sa Panginoong Jesucristo. Ito ang literal na maliit na bato sa panaginip ni Daniel na ‘tinibag mula sa bundok, hindi ng mga kamay [upang] lumaganap, hanggang sa mapuno nito ang buong mundo’ (D at T 65:2)” (sa Conference Report, Set.–Okt. 1995, 95; o *Ensign*, Nob. 1995, 72).

Itanong sa mga estudyante kung ano ang magagawa nila para maipamuhay ang payo ni Pangulong Hinckley “na isulong ang gawaing ito sa buong mundo.”

**Daniel 7:9–14. Bago ang kanyang Ikalawang Pagparito, babalik si Jesucristo sa Adan-ondi-Ahman.** (25–30 minuto)

Kung mayroon, magpakita ng larawan ng lambak ng Adan-ondi-Ahman o isulat ang pangalang ito sa pisara. Itanong sa mga estudyante kung alam nila ang kinaroroonan ng Adan-ondi-Ahman (tingnan sa D at T 116:1 at ang mapa ng “Lugar ng Missouri-Illinois” sa Triple Combination). Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 107:53–57 at ipalarawan kung ano ang nangyari doon noong unang panahon. Sabihin sa kanila na nakinita ni Daniel ang isang mahalagang kaganapan doon sa hinaharap. Sa tulong ng paghahayag sa mga huling araw, maaari nating malaman ang iba pa tungkol sa kanyang propesiya.

Basahin ang Daniel 7:9–14 sa inyong mga estudyante at ipalarawan sa kanila ang mangyayari sa pulong ng malaking kapulungan sa Adan-ondi-Ahman (tingnan sa mga komentaryo para sa Daniel 7:9–14; 7:13–14; at 7:14 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 305–6). Itanong: Ilang tao ang dadalo roon? (tingnan sa t. 10).

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 27:5–13, na naglalarawan ng isang sacrament meeting na idaraos ni Cristo sa mga huling araw. Isinulat ni Elder Bruce R. McConkie na ang sacrament na ito “ay magiging bahagi ng malaking kapulungan sa Adan-ondi-Ahman” (*The Millennial Messiah,* 587). Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang mangyayari sa kapulungang ito at sino ang dadalo dito?
- Ayon sa Doktrina at mga Tipan 27:14, sino pa ang maaaring kasama?
- Paano ito magiging kakaiba sa lingguhang sacrament meeting?

Ibahagi sa mga estudyante ang paglalarawan ni Pangulong Joseph Fielding Smith sa pagtitipong ito mula sa komentaryo para sa Daniel 7:13–14 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (p. 305). Itanong:

- Paano maiiba ang daigdig na ito kapag ang Tagapagligtas ang namuno rito?
- Paano kayo magpapakabuti—ano ang mababago ninyo sa inyong mga ugali at asal?

**Daniel 9:1–19. Ang hiling ni Daniel sa Panginoon alang-alang sa kanyang mga tao ay isang halimbawa ng mabuting panalangin.** (15–20 minuto)

Itanong sa mga estudyante, batay sa natutuhan nila tungkol sa kanya, kung gaano kabisa sa palagay nila ang panalangin ni Daniel sa Diyos. Basahin ang Daniel 9:1–6, 9–11, 16, 19 sa kanila at ilista ang mga bahagi ng panalangin ni Daniel na makapagtuturo sa atin kung paano gawing mas mabisa ang ating mga panalangin (tingnan sa komentaryo para sa Daniel 9:1–19 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 307); tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* “panalangin,” mga pahina 202–3). Ituro na sinagot ang panalangin ni Daniel (tingnan sa mga talata 20–27).

Ibahagi sa mga estudyante ang tagubilin ni Pangulong Ezra Taft Benson tungkol sa panalangin:

> “Kapag nagdarasal kayo—kapag kinakausap ninyo ang inyong Ama sa Langit—talaga bang kinakausap ninyo Siya tungkol sa inyong mga problema? Ipinaaalam ba ninyo sa Kanya ang inyong damdamin, alinlangan, kaligaligan, kagalakan, pinakamatitinding hangarin—o nasanay na lang kayong manalangin sa paulit-ulit na mga salita at kataga? Pinagbubulayan ba ninyo ang talagang ibig ninyong sabihin? Hinihintay ba ninyong marinig ang mga panghihikayat ng Espiritu? Ang mga sagot sa panalangin ay kadalasang dumarating sa marahang tinig at nahihiwatigan sa kaibuturan ng ating puso. Sinasabi ko sa inyo na malalaman ninyo ang kalooban ng Diyos tungkol sa inyo kung kayo ay magdarasal at makikinig” (“To ‘the Rising Generation,’ ” *New Era,* Hunyo 1986, 8).

Ipabahagi sa mga estudyante, mula sa aralin ngayon o sa sariling karanasan, kung ano ang natutuhan nila para maging mas mabisa ang mga panalangin.

# ANG AKLAT NI OSEAS

## Oseas 1–14

### Pambungad

Ang aklat ni Oseas ay nagsisimula sa isang bahagi ng Lumang Tipan (Oseas hanggang Malakias) na tinatawag kung minsan na “mas maliit na mga propeta.” Tinatawag silang “mas maliit” dahil mas maikli ang kanilang mga aklat kaysa sa mga aklat nina Isaias, Jeremias, at Ezekiel.

Si Oseas ay kasabayan nina Isaias, Mikas, at Amos, at mahirap ang mga taon ng kanyang ministeryo (mga 755 hanggang 715 b.c.). Nagwakas ang kapayapaan at kaunlaran, nag-ibayo ang aklasan sa lugar, at sumalakay ang mga bansang dayuhan. Kumampi ang kaharian ng Israel sa mga bansang pagano, kaya naging mas madali para sa kanyang mga tao na tanggapin ang mga kaugalian nito. Nauwi sa pagsamba sa mga diyus-diyusan ang Israel, pati na sa mga imoral na ritwal.

Gaya ng iba pang mga propeta ng Lumang Tipan, gumamit ng mga metapora si Oseas upang ipahayag ang kanyang mensahe. Habang pinag-aaralan ninyo ang Oseas, hanapin kung paano gumamit ng simbolismo ng tipan sa kasal ang propeta para tuligsain ang Israel sa paglabag sa mga tipan nito sa Diyos at pagsamba sa mga diyus-diyusan. Pinatotohanan ni Oseas ang pag-ibig at kahandaang magpatawad ng Diyos sa kanyang mga tao at hindi sila “ihihiwalay” kung babalik sila sa kanya.

Hanapin din ang apat na sumusunod na temang ginamit ni Oseas sa pagtuturo ng kanyang mensahe:

- Pagsamba ng Israel sa diyus-diyusan
- Iba pang kasamaan ng Israel
- Napipintong pagkabihag ng Israel
- Pagtitipon at pagtubos sa Israel sa mga huling araw

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* “Oseas” (p. 171) at sa pambungad sa Hosea sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 103).

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang paglabag sa mga sagradong tipan ay naghahatid ng kahatulan ng Diyos (tingnan sa Oseas 2:6–13; 4:1–6; 5:1–7; 7:12–13; 8:7–8; 9:7–12).
- Mahal ng Panginoon ang kanyang mga anak at tatanggapin at patatawarin yaong mga nagsisisi at lumalapit sa kanya (tingnan sa Oseas 2:14–23; 6:1–3; 14).
- Ang katarungan at awa ng Diyos ay mga katibayan ng kanyang pagmamahal sa kanyang mga anak (tingnan sa Oseas 1–14).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Oseas 1–3. Tinutulungan tayo ng Panginoon na magsisi, at pinatatawad tayo kapag nagsisi tayo.** (25–30 minuto)

Idispley sa pisara ang larawan ng isang magkasintahang ikakasal. (Gumamit ng larawan ng isang magkasintahang walang nakakakilala, tulad ng nasa isang pahayagan o magasin.) Itanong sa mga estudyante:

- Bakit mahalaga ang kasal?
- Anong mga katangian ang maituturing ninyong mahalaga sa isang asawa?
- Ano ang inihayag ng Panginoon tungkol sa kahalagahan ng kasal? (tingnan sa D at T 131:1–4).
- Anong mga pangako ang ginawa niya sa mga ikinakasal sa templo at nananatiling karapat-dapat? (tingnan sa D at T 132:19–20).

Pangalanan ng “Gomer” at “Oseas” ang magkasintahan sa larawan.” Sabihin sa mga estudyante na ginamit ng Panginoon ang propetang si Oseas at ang simbolo ng tipan sa kasal para ituro sa mga tao ng Israel ang kasagraduhan ng kanilang mga tipan sa kanya. Basahin ang Oseas 1:1–2 sa inyong mga estudyante at itanong: Kung kinakatawan ni Oseas ang Panginoon at ni Gomer ang Israel, ano ang mensahe ng Oseas 1?

Ipabasa sa mga estudyante ang Oseas 1:3–11 at ipalista ang mga pangalan ng mga anak niya. Talakayin ang kahulugan ng kanilang mga pangalan at ang sinasabi ng Panginoon sa Israel (tingnan sa komentaryo para sa Hosea 1:4–11 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 105). Idagdag ang mga pangalang “Israel” sa nobya at “ang Panginoon” sa nobyo at ipabuod sa mga estudyante kung paano naaangkop ang mga pangalang iyon kina Gomer at Oseas.

Ipabasa sa mga estudyante ang Oseas 2:1–at ipatalakay kung paano naghatid ng matitinding kahatulan sa Israel ang pagsamba sa mga diyus-diyusan. Itanong:

- Mula sa mga talatang iyon, ano ang pakiramdam ng Panginoon sa hindi pagiging tapat ng Israel?
- Sa palagay ba ninyo gayon din kalungkot ang Panginoon kung hindi tayo tapat?

Basahin ang Oseas 2:6–13 at ilista ang mga parusang ipinahayag ng Panginoon sa hindi pagiging tapat ng Israel. Basahin ang mga talata 14–23 at ilista ang mga pangako ng Panginoon sa Israel kung nagsisi sila at nagbalik sa kanya.

Basahin ang Oseas 3:1–3. Ipaliwanag na sa kabanata 1 iniutos ng Panginoon kay Oseas na pakasalan (nang pasimboliko) ang isang babaeng lumabag sa batas ng kalinisang-puri, at

siya ay sumunod. Sa kabanata 2 hindi ito naging tapat kay Oseas, at inihambing ng Panginoon ang pangangalunya nito sa apostasiya ng Israel, inilarawan ang parusa rito, at nangakong patatawarin ito at ibabalik. Sa kabanata 3 iniutos ng Panginoon kay Oseas na tubusin ang kanyang asawa mula sa pagkaalipin, kaya't binili niya ito sa halagang labinlimang pirasong pilak.

Basahin ang Oseas 3:4–5 at itanong:

- Paano naging katulad ng ginagawa ng Panginoon para sa Israel at sa lahat ng kanyang mga anak ang ginawa ni Oseas para kay Gomer? (tingnan sa komentaryo para sa Hosea 3:2 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 106).
- Ano ang itinuturo nito sa atin tungkol sa kahandaan ng Panginoon na mahalin at tubusin tayo?

Bigyan ang bawat estudyante ng larawan ng Tagapagligtas o magdispley ng isang malaking larawan niya sa harapan ng klase. Sabihin sa inyong mga estudyante na tingnan ang larawan habang binabasa ninyo nang malakas ang sumusunod na mga banal na kasulatan: Oseas 2:14–15, 19–20; 3:2–3; 6:6; 13:14; at 14:1–9. Itanong:

- Ano ang pakiramdam ninyo kapag naririnig ninyo ang mga salitang iyon?
- Ano ang damdamin ng Tagapagligtas sa inyo?

Ipabahagi sa mga estudyante ang kanilang mga patotoo tungkol kay Cristo sa klase. Maaari din ninyong basahin o kantahin ang "Ako ay Namangha" (*Mga Himno,* blg. 115).

**Oseas 1–3. Ang simbolikong relasyon nina Oseas at Gomer ay nagtuturo ng pagmamahal ng Panginoon sa kanyang mga anak at katapatan niya sa mga tipan niya sa kanila.** (20–25 minuto)

Para mas maipaunawa sa mga estudyante ang kuwento tungkol kina Oseas at Gomer, ipagawa sa kanila ang mga aktibidad A at B para sa Oseas 1–3 sa kanilang gabay ng estudyante sa pag-aaral.

# Joel 1–3

## Pambungad

Malamang ay nabuhay ang propetang si Joel sa pagitan ng 850 at 740 b.c., ngunit hindi tiyak ang mga petsang ito (tingnan sa "Ang mga Hari at Propeta ng Israel at Juda," p. 257). Ang alam natin ay ipinadala si Joel sa katimugang kaharian ng Juda na may mensahe para sa kanila na magsisi o malipol (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Joel," p. 96). Inilarawan din ni Joel ang mga tagpo mula sa ating panahon, at angkop din sa atin ang mensaheng hatid niya sa sinaunang mga Judio (tingnan sa pambungad sa Joel sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 83).

Sa pag-aaral ninyo ng aklat ni Joel, hanapin ang mga turong makakatulong sa paghahanda ninyo para sa mga dakilang kaganapan sa mga huling araw.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang kahindik-hindik na mga digmaan, kapanglawan, at kalamidad ay lilipol sa mga yaong hinog na sa kasamaan bago ang at pagsapit ng Ikalawang Pagparito ni Jesucristo (tingnan sa Joel 1; 2:1–11, 28–32; 3:1–16).
- Dapat tayong bumaling sa Panginoon para mapaghandaan ang kanyang Ikalawang Pagparito (tingnan sa Joel 1:13–15, 19; 2:12–18, 32; tingnan din sa D at T 133:10–19).
- Darating sa mabubuti ang malalaking pagpapalang espirituwal at pisikal pagsapit at pagkatapos ng mga pagkalipol na kaakibat ng Ikalawang Pagparito (tingnan sa Joel 2:28–32; 3:15–21).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

Ang *Video ng Lumang Tipan* pagtatanghal 21, "Ang Ikalawang Pagparito," ay gumagamit ng dalawang analohiyang nagpapakita ng kahalagahan ng paghahanda para sa Ikalawang Pagparito ni Cristo (tingnan sa *Gabay sa Video ng Lumang Tipan* para sa mga mungkahi sa pagtuturo).

**Joel 1–3. Nakita ni Joel ang mga araw bago ang Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at nagpayo siya kung paano maghanda para dito.** (20–25 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na nang magpakita si Moroni kay Propetang Joseph Smith, binanggit niya ang Joel 2:28–32 at sinabing "hindi pa ito natutupad, ngunit malapit na" (Joseph Smith—Kasaysayan 1:41). Ipabasa sa kanila ang Joel 2:28–32 at itanong sa kanila kung ano ang pakiramdam nila tungkol sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo at sa mga mangyayari bago ito dumating. Basahin ang Joel 2:11. Ipahiwatig sa mga estudyante na ang salitang *dakila* ay malamang na tumutukoy sa matinding kaluwalhatian ng Ikalawang Pagparito, ngunit ang kaganapang ito ay maaaring kapwa masaya at kakila-kilabot.

Ipasaliksik sa mga estudyante ang Joel 2–3 at ipatukoy kung ano ang makabuluhan o makakatulong sa paghahanda para sa mga dakilang kaganapan sa mga huling araw (halimbawa, tingnan sa Joel 2:12–13; 3:16–21). Basahin ang Doktrina at mga Tipan 38:30 sa inyong mga estudyante at talakayin ang kaibhang magagawa ng pagiging handa sa Ikalawang Pagparito. Kung may oras pa, maaari ninyong isipin na ihambing ang Joel 2–3 sa Doktrina at mga Tipan 43:17–30 at 45:39–59.

Para maipaunawa sa mga estudyante na kailangang ipamuhay kaagad ang mga turo ni Joel, isaalang-alang ang sumusunod na mga tanong:

- Anong bahagi ng huling labanang iyon ng mabuti at masama ang pinaglalabanan na ngayon? (tingnan sa D at T 76:25–30).
- Paano naging katulad ng Armagedon ang labanang iyon?
- Sino ang mga bayani ng labanang ito?
- Sino ang mga nasawi?
- Dapat ba tayong sumalakay o magtanggol sa labanang ito? (tingnan sa Mga Taga Efeso 6:10–18).
- Paano tayo natutulungan ng payo ni Joel na makapaghanda para sa labanang ito?

# Amos 1–9

## Pambungad

Tinawag na maging propeta si Amos noong medyo maunlad ang Israel at Juda at kinailangan niyang ihatid ang mensahe ng pagkawasak na di magtatagal ay darating sa mga suwail at sumasamba sa mga diyus-diyusan. Ang aklat ni Amos ay isang napakaayos at maliwanag na tipon ng mga turo ng propeta. Ang kanyang mensahe ay patungkol sa hilagang kaharian ng Israel (tingnan sa Amos 2:6–9:15), ngunit nagpropesiya rin siya laban sa Juda at sa mga bansang sumasamba sa mga diyus-diyusan sa paligid nila (tingnan sa Amos 1:3–2:5).

Para sa iba pang impormasyon, tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Amos" (mga pahina 8–9) at sa pambungad sa Amos sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi* (p. 89).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Sasapit sa masasama ang mga kahatulan ng Diyos (tingnan sa Amos 1–2).
- Laging kumikilos ang Panginoon sa pamamagitan ng mga propeta upang ihayag ang kanyang kalooban at balaan ang kanyang mga tao (tingnan sa Amos 3:7; 7:1–9, 14–17).
- Ang Panginoon kung minsan ay gumagamit ng digmaan, taggutom, salot, o iba pang mga kapinsalaan upang hikayatin ang kanyang mga anak na magsisi at magbalik sa kanya (tingnan sa Amos 3:9–15; 4; 6; 8; 9:1–10).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Amos 1–3. Ibinuhos ng Panginoon ang kanyang mga kahatulan sa sinaunang Juda at Israel para din sa mga dahilan kaya siya nagbababala tungkol sa mga parusa sa mga huling araw na ito.** (20–25 minuto)

Bago magklase, gumupit ng walong piraso ng papel na mga apat na pulgada o sampung sentimetro kuwadrado ang sukat. Lagyan ng pangalan ang pito sa mga ito ayon sa sumusunod: Siria (Damasco), Filisteo (Gaza), Phoenicia (Tiro), Edom, Ammon, Moab, at Juda. Maingat na sunugin ang mga gilid ng bawat papel. Ganap na sunugin ang ikawalong papel, ilagay ang mga abo nito sa isang maliit at malinaw na bote, at lagyan ito ng pangalang "Israel."

Ipakita sa mga estudyante ang mga piraso ng papel na sunog ang mga gilid at itanong: Kung ipakita sa inyo ng isang propeta ang mga papel na ito, ano kaya ang kahulugan nito? Ipakita ang boteng may pangalang "Israel" at itanong kung ano kaya ang kahulugan nito kung ihahambing sa iba pang mga papel.

Ipasaliksik sa mga estudyante ang Amos 1:3–2:5 at ipahanap kung ano ang sinabi ng Panginoon sa pamamagitan ng propetang si Amos na nagpapaliwanag sa mga sunog na papel. Tulungan silang hanapin ang mga bansang iyon sa mapa 3 sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan.* Itanong sa kanila kung paano nagkaiba ang mga dahilan kaya pinarusahan ang Juda at ang mga dahilan kaya pinarusahan ang mga bansang gentil. (Para sa karagdagang tulong, tingnan sa mga komentaryo para sa Amos 1–2 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 89–91).

Sabihin sa mga estudyante na ang natitirang mga pahina ng aklat ni Amos ay naglalaman ng isang propesiya tungkol sa hinaharap ng Israel. (Ipakita ang bote.) Basahin ang Amos 2:6–16 at 3:1–2, 9–15 sa inyong mga estudyante at ipahanap sa kanila ang ilan sa mga dahilan kaya nagpataw ng mga parusa ang Panginoon sa Israel (tingnan sa komentaryo para sa Amos 2:4–16 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 91). Itanong:

- Bakit magandang simbolo ng ipinropesiya para sa Israel ang bote ng mga abo?
- Paano tayo tumatanggap ng tamang kaalaman?
- Kailan tayo nakikipagtipan sa Ama sa Langit ngayon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Doktrina at mga Tipan 82:3, 10 at ipatalakay kung paano nakatulad ng sinabi ng Panginoon sa sinaunang Israel ang sinabi niya sa mga talatang iyon.

**Amos 3:3–8 (Scripture Mastery, Amos 3:7). Inihahayag ng Panginoon ang kanyang kalooban sa kanyang mga propeta, na siyang nagpapahayag nito sa mga tao.** (10–15 minuto)

Sabihin sa mga estudyante na bibigyan ninyo sila ng maikling pagsusulit. Bigyan sila ng lima o anim na tanong na ang sagot ay malinaw na"hindi." Halimbawa: Sinasagot ba ninyo ang telepono kapag hindi ito tumutunog? o Bibili ba kayo ng pagkain ng pusa kapag wala kayong pusa? Iangkop ang mga tanong sa inyong lugar.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang karaniwan sa mga tanong. (Lahat ng sagot sa mga ito ay "hindi.") Sabihin sa kanila na ganito rin ang mga tanong ni Amos sa kanyang mga tao. Basahin ang Amos 3:3–6 at ipaliwanag na pito ang malalabong tanong ni Amos na may malilinaw na sagot. Pansinin na ang ibig sabihin ng huling tanong sa talata 5 ay "Magsasara ba ang isang bitag kung walang huli?" at na binago ng Pagsasalin ni Joseph Smith ng Biblia ang huling linya ng talata nang ganito, "magkakaroon ba ng kasamaan sa isang lungsod, at hindi ito *malaman* ng Panginoon?"

Ipabasa at pamarkahan sa mga estudyante ang Amos 3:7, at saka itanong:

- Ano ang kinalaman ng Amos 3:7 sa naunang mga tanong?
- Ano ang sinabi ni Amos tungkol sa mga propeta na malinaw rin?
- Anong iba pang malinaw na katotohanan ang idinaragdag ng talata 8 sa pag-unawa natin tungkol sa mga propeta?

Ipaunawa sa mga estudyante na ang pitong malilinaw na tanong ay humahantong sa patapos na salita ng Panginoon, na gayon din kalinaw: Laging ihahayag ng Panginoon ang kanyang kalooban sa kanyang mga propeta bago siya gumawa ng anuman sa lupa.

Nagdagdag ng dalawa pang tanong si Amos sa talata 8 na may malilinaw ring sagot. Tiyak na ihahatid ng propeta ang mensaheng ibinigay sa kanya ng Panginoon, tulad ng takot na udyok ng pag-ungol ng leon. Marahil ang tanong na hindi sinambit ni Amos ay: Sapat kaya ang kaalaman ng mga taong takot sa leon para matakot sa mga kahatulan ng Panginoon? Tumangging makinig at magsisi ang Israel at kailangan nilang pagdusahan ang mga bunga nito.

Sabihin sa mga estudyante na kapag nagsalita ang Panginoon, tiyak na ipararating ng propeta ang mensaheng iyan sa mga tao. Sabi ni Elder Mark E. Petersen, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

> "Kapag walang mga propeta, walang banal na patnubay, at kapag wala ang patnubay na iyon namumuhay sa kadiliman ang mga tao.
>
> "Isang tiyak na palatandaan ng tunay na simbahan ang pagkakaroon nito ng buhay na mga propetang hinirang ng langit upang gabayan ito, mga lalaking tumatanggap ng paghahayag ngayon mula sa Diyos at ang kanilang mga itinala ay nagiging bagong banal na kasulatan" (sa Conference Report, Abr. 1978, 95; o *Ensign,* Mayo 1978, 62).

*Paunawa:* Ang iba pang mga mungkahi sa pagtuturo para sa Amos ay nakatuon sa ilang karagdagang malilinaw na katotohanan na gusto ni Amos na maunawaan ng kanyang mga tao. Gamitin ang alinman o lahat ng ito para maipakita sa inyong mga estudyante kung gaano kaayos ang aklat ni Amos.

**Amos 4–5. Tumatanggap tayo ng tulong sa ating mga problema kapag bumaling tayo sa Panginoon at humingi ng payo sa kanya.** (10–15 minuto)

Ipahanap at pasalungguhitan sa mga estudyante ang mga katagang "gayon ma'y hindi kayo nanganumbalik sa akin" sa Amos 4 (mga talata 6, 8–11) at ang mga kataga sa kabanata 5 na nagpapayo sa mga tao na "inyong hanapin ang Panginoon, at kayo'y mangabubuhay" (mga talata 4, 6, 8, 14). Tulungan silang tuklasin na sinikap ni Amos na ituro sa kanyang mga tao na malulutas nila ang kanilang mga problema sa pagbalik sa mga utos at payo ng Panginoon, ngunit tumanggi silang gawin ito.

Ipalista sa pisara sa mga estudyante ang ilan sa mga problemang kinakaharap ng lipunan ngayon. Itanong: Alin sa mga problemang ito ang malulutas sa pagbalik sa mga utos at payo ng Panginoon?

**Amos 5:21–27. Hangad ng Panginoon ang kabutihan ng kalooban, hindi ang pagpapakitang-tao ng pagiging relihiyoso.** (10–15 minuto)

Magsuot ng costume o anumang balatkayo at itanong sa mga estudyante kung ano ang pagkakaiba ng panlabas na anyo ninyo sa tunay ninyong kalooban. Ipabasa sa kanila ang Amos 5:21–27. Itanong:

- Paano naging katulad ng ginagawa ng Israel ang pagsusuot ng balatkayo?
- Anong katotohanan ang sinisikap ituro ni Amos? (tingnan sa komentaryo para sa Amos 5:4–27 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 92).
- Ano ang ilang halimbawa na maaaring maulit ng mga tao ang gayong pagkakamali ngayon?
- Ano ang damdamin ng Panginoon sa mga nagkukunwaring disipulo ni Cristo ngunit hindi naman pala? (tingnan sa Mateo 6:1–6; 7:21–27).

**Amos 8. Kapag bihirang mangusap ang Panginoon, nagdurusa sa espirituwal ang mga tao katulad ng pisikal na pagdurusa nila sa panahon ng taggutom.** (10–15 minuto)

Magdala ng hinog na prutas sa klase. Basahin ang 1 Nephi 17:35, 43 at talakayin kung paano naging "hinog na sa kasamaan" ang mga anak ni Israel (tingnan sa mungkahi sa pagtuturo para sa Ezekiel 4–18, mga pahina 220–21). Basahin ang Amos 8 sa inyong mga estudyante at tulungan silang tuklasin ang mensahe ni Amos (tingnan sa talata sa Amos 8:1–9 sa komentaryo para sa Amos 7–9 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 93). Talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Paano natutulad ang Israel sa isang basket ng hinog na bunga?
- Anong mga kasalanan ang binanggit sa Amos 8:4–6?
- Ano ang magiging kaparusahan na sinabi ng Panginoon? (tingnan sa mga talata 9–14).
- Ano ang katibayan ngayon, halos sa buong mundo, na may taggutom ng "pagkarinig sa salita ng Panginoon"? (tingnan sa D at T 123:12–13).

**Amos 9:8–15. Nangako ang Panginoon na patatawarin at titipunin ang kanyang mga tao.** (10–15 minuto)

Ipabasa sa mga estudyante ang Amos 9:8–10 at ipalahad kung ano ang ipinropesiya ni Amos sa Israel na nangyari na. Basahin

ang Amos 9:11–15 at itanong sa kanila kung ano ang hindi pa lubos na nangyayari. Ilista at talakayin ang mga pagpapalang ipinangako ng Panginoon sa Israel kapag nagsisi at nagbalik sila sa kanya. Itanong sa mga estudyante kung paanong naukol din sa atin ang mga pangako sa Israel (tingnan sa talata sa Amos 9:1–6 sa komentaryo para sa Amos 7–9 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 94).

# Obadias 1

## Pambungad

Ang ibig sabihin ng pangalang *Obadias* ay "lingkod (o sumasamba) kay Jehova" at ito ang karaniwang pangalan sa panahon ng Lumang Tipan. Walang nakakaalam ng kasaysayan ng buhay ng propetang si Obadias maliban sa nakatala sa aklat na nasa pangalan niya. Isinulat ni Obadias ang pagkawasak ng Edom dahil sa kalupitan nila sa Juda at nagkaroon din siya ng pribilehiyong makita sa pangitain ang kaligtasan ng Israel at iba pang mahahalagang kaganapan sa mga huling araw. Ang kanyang aklat ang pinakamaikli sa lahat ng aklat sa Lumang Tipan.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang kapalaluan at kasamaan ay humahantong sa pagkalipol (tingnan sa Obadias 1:1–16; tingnan din sa D at T 64:24).
- Makakatulong tayo sa plano ng kaligtasan sa pagsasagawa ng gawain sa templo para sa mga patay (tingnan sa Obadias 1:21; tingnan din sa D at T 128:11–18).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Obadias 1. Dapat nating sikaping iligtas hindi lamang ang ating sarili maging ang mga nasa paligid natin.** (25–35 minuto)

Magdrowing sa pisara ng isang gusaling nakalutang sa hangin, o magsabit ng larawan ng isang gusali na hindi abot sa sahig. Sulatan ang gusali ng *1 Nephi 8:26–28* at ipalahad sa mga estudyante kung ano ang alam nila tungkol sa gusaling iyon. Ipabasa sa kanila ang 1 Nephi 11:35–36 at ipalahad kung ano ang kinatawan ng gusaling iyon at ano ang nangyari doon kalaunan.

Sabihin sa mga estudyante na sumulat si Obadias tungkol sa isang lugar na katulad niyon. Ipabasa sa kanila ang Obadias 1:1–9 at ipalahad kung paano naging katulad ng malaki at maluwang na gusali ang Edom. Talakayin ang mga pagkakatulad at ibahagi ang impormasyon mula sa mga komentaryo para sa Obadiah 1:1 at 1:3–9 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 258–59).

Ipabasa sa mga estudyante ang Obadias 1:10–14 at itanong:

- Ano ang ginawa ng mga tao ng Edom na katulad ng ginawa ng mga tao sa malaki at maluwang na gusali? (tingnan sa komentaryo para sa Obadiah 1:10–15 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 259).
- Bakit gayon ang ginagawa ng mga tao sa iba?
- Sa mga talata 15–16, paano natutulad sa kapalaran ng mga nasa gusali ang kapalaran ng mga tao ng Edom?
- May mga tao ba ngayon na parang katulad ng mga tao sa malaki at maluwang na gusali?
- Nanganganib bang maging katulad ng mga tao sa gusali ang mga miyembro ng Simbahan?
- Nanganganib ba ang mga tao sa gusali?

Magdispley ng mga larawan ng isang templo at isang misyonero. Basahin ang Obadias 1:16–21 sa inyong mga estudyante at itanong sa kanila kung ano ang kinalaman ng mga templo at misyonero sa pagiging mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion (tingnan sa komentaryo para sa Obadiah 1:16–21 at "Saviors on Mount Zion" sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 259).

Sabihin sa mga estudyante na sinasagip ng mga tunay na bayani ang mga taong nahuhulog. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 4 at 15:6. Itanong:

- Bakit mahalagang tumulong na sagipin ang mga taong nasa malaki at maluwang na gusali?
- Paano tayo makakatulong na mailigtas sila?

Basahin ang Obadias 1:17, 21 at itanong:

- Ano ang tawag ni Obadias sa mga tumutulong sa pagsagip?
- Ano ang madarama ninyo batid na kayo ay katuwang ng Tagapagligtas sa pagtubos sa isang tao?

Magpatotoo kung paano nakakatulong ang ating pagmimisyon sa mga buhay at ang ating gawain para sa mga patay sa mga templo ng Panginoon para matupad ang propesiya ni Obadias. Itanong sa mga estudyante:

- Ano ang mga pagkakaiba ng mga taong dumadalo nang marapat sa mga templo at ng mga taong pumapasok sa malaki at maluwang na gusali?
- Ano ang ilang kinakailangan para makapasok sa bawat gusali?
- Ano ang ilang pagpapala ng pagpiling pumasok sa templo?

Imungkahi sa inyong mga estudyante na magsaliksik sila para makita ang isa sa kanilang mga ninunong hindi pa nagagawan ng ordenansa sa templo at maging tagapagligtas ng taong iyon sa pagsusumite ng pangalan nito sa templo. Kung puwede sa lugar ninyo, imungkahing magtamo sila ng limited use temple recommend at sila mismo ang magpabinyag para sa mga ito.

# ANG AKLAT NI JONAS

## Jonas 1–4

### Pambungad

Ang ibig sabihin ng pangalan ni Jonas ay "kalapati." Siya ang anak ni Amittai at nagmula sa Gath-hepher sa teritoryo ng Zabulon, tatlong milya (limang kilometro) hilagang-silangan ng Nazaret (tingnan sa Jonas 1:1; II Mga Hari 14:25). Ipinropesiya ni Jonas ang matagumpay na kampanya ni Jeroboam II na ibalik ang Israel sa dati nitong mga hangganan pagkaraan ng maraming taon ng pagpapailalim sa Damasco noong mga 788 b.c. (tingnan sa II Mga Hari 14:25). Ngunit higit siyang kilala sa kanyang misyon sa mga tao ng Ninive at sa karanasan niya sa balyena.

Pinatotohanan ni Jonas ang katarungan ng Panginoon sa mga tao ng Ninive, at ang panalangin niya sa loob ng tiyan ng balyena ay isang nakaaantig na patotoo ng awa ng Panginoon. Tulad nina Abraham at Isaac, ang mga naganap sa buhay ni Jonas ay malakas na pagpapatotoo kay Jesucristo. Tinukoy ng Tagapagligtas ang sarili niyang kamatayan, libing, at pagkabuhay na mag-uli bilang "tanda ng propeta Jonas" at binalaan yaong mga kahenerasyon niya na ang mga tao ng Nineve, na naniwala sa babala ni Jonas, ay tatayong mga saksi laban sa kanila (tingnan sa Mateo 12:39–41; Lucas 11:29–30; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Jonas," p. 96).

### Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Hindi tayo makapagtatago sa Panginoon (tingnan sa Jonas 1; 2:9–10; 3:1–5; tingnan din sa Moises 4:13–25).
- Sa tulong ng Panginoon, makapaghihimala ang isang mabuting tao (tingnan sa Jonas 3; 4:11; tingnan din sa Alma 23:4–5).
- Mahal ng Diyos ang lahat ng kanyang anak at nais niyang maligtas sila (tingnan sa Jonas 3:10; 4; tingnan din sa Lucas 15:1–7, 25–32; D at T 18:10–13; 123:12).

### Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Jonas 1–4. Bawat may kakayahang binata ay dapat maging karapat-dapat at handang maglingkod sa full-time mission. Makapagmimisyon din ang mga karapat-dapat na dalagang gustong maglingkod. May pribilehiyo ang mga binata't dalagang ito na magturo ng ebanghelyo ni Jesucristo sa mga anak ng Ama sa Langit sa buong mundo.** (40–50 minuto)

Gumawa ng kunwa-kunwariang tawag sa misyon para sa bawat estudyante, na bawat isa ay sinulatan ng pangalan ng estudyante at may destinasyong lugar. Ibigay sa mga estudyante ang kanilang tawag sa misyon pagpasok nila sa klase. Ipabahagi sa kanila ang pangalan ng kanilang misyon at kung ano ang pakiramdam nila tungkol sa tawag nilang maglingkod sa misyon. Itanong:

- Ano ang ilang dahilan na maaari kayong kabahan tungkol sa anumang misyon?
- Ano dapat ang saloobin natin kapag pinaglingkod tayo ng Panginoon?

Isiping basahin o kantahin ang "Tutungo Ako Saanman" (*Mga Himno*, blg. 171).


Sabihin sa mga estudyante na pag-aaralan nila ngayon ang isang propetang ayaw magtungo kung saan siya pinapupunta. Ipabasa sa kanila ang Jonas 1:1–2. Itanong:

- Sino ang propeta, at saan siya pinapupunta?
- Ano kaya ang inaalala ni Jonas sa pagmimisyon sa isang lugar na tulad ng Ninive? (tingnan sa pambungad sa Jonah sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 97).

Ipabasa sa mga estudyante ang Jonas 1:3. Itanong:

- Paano tumugon si Jonas sa tawag sa kanya na magmisyon?
- Sa palagay ninyo, bakit nagtungo si Jonas sa Tarsis sa halip na sa Ninive?

Gamitin ang sumusunod na mapa para ipakita kung saan patungo si Jonas. Tingnan din sa komentaryo para sa Jonah 1:2–3 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 98).




Basahin sa mga estudyante ang Jonas 1:4–3:10 at talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Ano ang nangyari kay Jonas nang tangkain niyang takasan ang kanyang misyon sa Ninive?
- Sa palagay ninyo, bakit hindi hinayaan ng Panginoon na malunod si Jonas?

- Paano tinukoy ng Tagapagligtas ang karanasan ni Jonas sa "malaking isda"? (tingnan sa Mateo 12:38–40; 16:1–4).
- Paano tumugon ang mga tao ng Ninive sa pangangaral ni Jonas?
- Ano ang itinuturo ng kuwentong ito tungkol sa pagmamahal at pag-asa ng Ama sa Langit sa kanyang mga anak? (tingnan sa komentaryo para sa Jonah 3:5–9 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 99–100).
- Ano ang itinuturo nito tungkol sa pagkakaroon ng pag-asa para sa mga mahal sa buhay na naligaw ng landas?

Ipabasa sa mga estudyante ang Jonas 4:1–3. Itanong:

- Bakit nagalit si Jonas nang kaawaan ng Panginoon ang Ninive?
- Bakit nabahala si Jonas sa pagsisisi ng mga Ninivita?

Basahin ang Jonas 4:4–9 sa mga estudyante at talakayin kung paano itinuro ng Panginoon kay Jonas na mahal niya ang lahat ng anak niya. Itanong:

- Ano kaya ang mga pangamba ninyo sa pagpunta sa mga taong hindi ninyo kilala?
- Dahil mahal ng Panginoon ang lahat ng anak niya, paano din natin sila matututuhang mahalin?
- Paano makaiimpluwensya ang ating matibay na paniniwala sa ebanghelyo sa hangarin nating ibahagi ito sa iba? (tingnan sa Mosias 27:32–28:4).

Isulat sa pisara ang *Mga Makabagong Kikayon [Upo].* Itanong sa mga estudyante:

- Bakit mas nalungkot si Jonas para sa kikayon kaysa sa mga tao sa Ninive?
- Ano ang sinikap ituro ng Panginoon kay Jonas tungkol sa kanyang saloobin sa mga tao ng Ninive sa paggamit ng paglago at pagkamatay ng halamang kikayon?
- Paano iyan naging katulad ng mga tao ngayon na mas inaalala ang mga makamundong hangarin at sarili nilang mga pangangailangan kaysa pagliligtas sa mga nagpupunyagi nang walang ebanghelyo?

Ipalista sa mga estudyante ang mga posibleng "makabagong kikayon" na kung minsan ay sagabal sa paglilingkod natin sa mga anak ng Ama sa Langit (tulad ng mahirap ito o iba pang mga katwiran at pagkaabala). Ipabasa sa kanila ang Jonas 4:10–11, at itanong:

- Bakit handang maawa ang Panginoon sa mga tao ng Ninive? (tingnan sa 2 Nephi 26:33; Alma 26:37).
- Ano ang ibig sabihin ng mga katagang "hindi marunong magmunimuni ng kanilang [kanang] kamay at ng kanilang kaliwang kamay"? (tingnan sa komentaryo para sa Jonah 4:1–11 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 100).

# Mikas 1–7

## Pambungad

*Ang Mikas* ay maikling anyo ng pangalang *Micayah,* na ibig sabihin ay "Sino ang katulad ni Jehova?" "Tulad ng mga pangalan ng ilan sa iba pang mga propeta at patriarch, [ang pangalang *Mikas*] ay akma sa nagawa sa buhay ng taong ito, na nagpamalas sa maraming paraan bilang propeta na talagang wala Siyang katulad, at lahat ay dapat magsikap na tularan ang Kanyang pamumuhay. Walang katulad ang Kanyang kapangyarihan, at walang haring katulad ng Haring ito" (Ellis T. Rasmussen, *A Latter-day Saint Commentary on the Old Testament,* 664).

Si Mikas ay nanirahan sa isang munting bayan sa katimugang Juda (tingnan sa Mikas 1:1, 14; Jeremias 26:18) at nagpropesiya noong maghari sina Jotham, Achaz, at Ezechias, mga 740 hanggang 697 b.c. (tingnan sa Mikas 1:1; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Mikas," p. 157; tingnan din sa "Ang mga Hari at Propeta ng Israel at Juda," mga pahina 259–60). Dahil siguro nagmula sa isang munting bayan si Mikas kaya karaniwang nakikita sa kanyang pagsulat ang pagiging maawain sa mga kapuspalad. Kasabayan siya ni Isaias.

Ang mensahe ni Mikas ay palipat-lipat sa pagbabala sa darating na mga kahatulan at sa mga pangako ng pagtubos sa hinaharap. Sa mga kabanata 1–3 nagpahayag ng mga kahatulan si Mikas laban sa Israel (Samaria) at Juda (Jerusalem). Ngunit sa mga kabanata 4–7 ipinropesiya niya ang pagtitipon at pagtubos sa sambahayan ni Israel sa mga huling araw. Si Mikas ang tanging propeta ng Lumang Tipan na nagpropesiya na isisilang ang Mesiyas sa Betlehem (tingnan sa Mikas 5:2).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Dapat paglingkuran ng mga lider ang mga tao sa halip na ang mga makasarili nilang interes (tingnan sa Mikas 3; tingnan din sa Mateo 20:25–28; Mosias 2:12–19).
- Sa mga templo, itinuturo sa atin ng Panginoon ang kanyang mga pamamaraan at nakipagtipan tayong tumahak sa kanyang mga landas (tingnan sa Mikas 4:1–2; tingnan din sa D at T 109:11–16).
- Sa kabila ng mga kahatulan ng Panginoon laban sa masasama, aaliwin at pagagalingin niya sila kung sila ay magsisisi (tingnan sa Mikas 4:6–7; 7:8–9, 18–20).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Micas 1–7. Parurusahan ang masasama, ngunit kung sila ay magsisisi aaliwin at pagagalingin sila ng Panginoon.** (40–50 minuto)

Magdrowing sa pisara ng dalawang malaking kuwadro. Pamagatan ang isa ng *Bago* at ang isa naman ay *Pagkatapos*. Magpakita ng isang aklat at itanong sa mga estudyante:

- Nakapagbasa na ba kayo ng aklat na inuna ninyong basahin ang huling pahina?
- Nakasira ba ito sa kuwento?
- Ano ang mapapala natin kung unahin nating basahin ang huling pahina?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mikas 7:18–20 at ipahanap kung ano ang ipinropesiya ni Mikas sa katapusan ng kanyang aklat. Ilista sa pisara ang mga pangako sa loob ng kuwadrong "Pagkatapos."

Magpatulong sa mga estudyante na lumikha ng isang "salitang naglalarawan [word picture]" sa sitwasyon ng Israel noong panahon ni Mikas. Iatas ang sumusunod na mga reperensya sa mga grupo o sa bawat isa at paghanapin sila ng mga clue: Mikas 1:2–9; 2:1–2, 9–11; 3:2, 5, 9–12; 6:12–16; 7:1–6. Ilista sa pisara ang natuklasan nila sa loob ng kuwadrong "Bago."

Ang sumusunod na pagsasanay ay magpapaunawa sa mga estudyante kung kailan tatanggapin ng Israel ang ipinangakong mga pagpapala. Kasama ang inyong mga estudyante, basahin ang bawat isa sa limang banal na kasulatang nakalista sa ibaba. Kasunod ng bawat reperensya sa banal na kasulatan ang paglalarawan sa simbolong ginamit doon. Magdrowing o magdikit ng isang larawan ng simbolo o isulat na lang ang paglalarawan sa loob ng kuwadrong "Pagkatapos" at itanong ang sumusunod.

1. **Mikas 2:12–13** (isang tupang lumulusot sa bakod o tarangkahan). Paano kinakatawan ng larawang ito ang Israel sa mga huling araw na binubuo ng maraming miyembro ng Simbahan? Anong pangako kay Abraham ang tinutupad nito? (tingnan sa Abraham 2:9–11).
2. **Mikas 4:1–2** (isang templo sa bundok). Paano tayo matutulungan ng mga templo na dalhin ang ebanghelyo sa mga tao sa buong mundo? (tingnan sa Isaias 2:1–4).
3. **Mikas 4:12–13** (mga sungay na bakal at mga kukong tanso). Ano ang kinakatawan ng paglalarawang ito? Gaano katindi ang kapangyarihan ng Israel sa mga huling araw? (tingnan sa D at T 35:13; 133:59).
4. **Mikas 5:7** (ulan na marahang pumapatak sa damo). Sa anong mga paraan bibigyang-buhay at pauunlarin ng Israel ang mundo sa mga huling araw?

5. **Mikas 5:8** (isang leon na ikinakalat ang isang kawan ng mga tupa). Paano iminumungkahi ng paglalarawang ito ang di-mapigil na katangian ng kaharian ng Diyos sa mga huling araw?

Basahin ang sumusunod na pahayag ni Propetang Joseph Smith:

> "Ang ating mga misyonero ay humahayo sa iba't ibang bansa, … ang Pamantayan ng Katotohanan ay naitayo na; walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit, ang mga mandurumog ay maaaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magkatipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa lahat ng lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang Dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na" (*History of the Church*, 4:540).

Talakayin kung paano lumalaganap ang ebanghelyo sa buong mundo at ang mga balakid na kailangang malagpasan upang matupad ang propesiya ni Mikas. Itanong sa mga estudyante kung ano ang kanilang bahagi ngayon sa katuparan ng ipinangakong mga pagpapala para sa Israel sa mga huling araw.

Ipabasa sa mga estudyante ang sumusunod na mga reperensya at ipatukoy kung ano ang karaniwan sa mga ito: 3 Nephi 16:15; 20:13–17; 21:12–21; Mormon 5:22–24; Doktrina at mga Tipan 87:5. Ipabasa sa kanila ang Mikas 5:8–15, at itanong sa kanila kung ano pa ang karaniwan sa mga banal na kasulatang iyon. (Binabanggit o inuulit ng mga ito ang mga talatang iyon mula sa Mikas.)

# Nahum 1–3

## Pambungad

Si Nahum ay kasabayan nina Zefanias, Habacuc, at Jeremias (tingnan sa "Ang mga Hari at Propeta ng Israel at Juda," p. 259). Nagpropesiya siya sa Juda sa pagitan ng 663 at 612 b.c. Ang buong nakatalang mensahe niya ay nagpopropesiya ng pagkawasak ng Ninive, ang kabiserang lungsod ng Asiria. Ang propesiyang ito ay nagsisilbi ring uri ng pagkalipol ng masasama sa mga huling araw.

Natanggap ng Ninive ang babalang magsisi sa pamamagitan ng propetang si Jonas mahigit isang daang taon bago iyon. Ang mga tao ng Ninive noong panahong iyon ay nagsisi at pinatawad (tingnan sa Jonas 3). Gayunman, noong panahon ng ministeryo ni Nahum, muling naging masama ang Ninive at sa pagkakataong ito ay hindi na matatakasan ang kahatulan ng Panginoon.

Sinakop ng mga taga-Asiria ang hilagang kaharian ng Israel noong mga 721 b.c. at binihag ang mga mamamayan nito (tingnan sa enrichment section D sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, mga pahina 113–16). Mula noon ay lagi ring nanganib ang kaligtasan ng Juda sa mga taga-Asiria. Maaaring ang propesiya ni Nahum tungkol sa pagkawasak ng Asiria, na isinulat sa magandang tulang Hebreo, ang pinagmumulan ng pag-asa at aliw ng mga tao ng Juda. Ang ibig sabihin ng pangalang Nahum ay "mang-aaliw" (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Nahum," p. 164). Ipinangako niya na balang araw ay magdadala ng "kaaliwan" si Jehova sa Israel.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Lilipulin lamang ng Panginoon ang masasama matapos silang mabalaan. Ang mga miyembro ng Simbahan ay may pananagutang tumulong na ipahayag ang babalang iyan sa lahat ng anak ng Diyos (tingnan sa Nahum 1:1–7; tingnan din sa Jonas 3; D at T 88:81–82).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Nahum 1–3. Hindi sapat na naging tapat tayo noong araw; dapat ay tapat tayong magtiis hanggang wakas. Lilipulin lamang ng Panginoon ang masasama matapos silang mabalaan.** (35–45 minuto)

Bigyan ang bawat estudyante ng papel na may nakadrowing na lapida. Pasulatin sila ng isang pahimakas sa lapida na gusto nilang ipasulat sa sarili nilang puntod. Ipabahagi sa ilang estudyante ang isinulat nila, at talakayin kung bakit gusto nilang maalala sila sa gayong paraan. Ipabasa sa mga estudyante ang Alma 48:11–13, 17 at ipatalakay kung paano nakaiimpluwensya ang pamumuhay natin sa pag-alaala sa atin ng iba. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 14:7 at 101:35–38 at itanong:

- Paano makagagawa ng kaibhan sa alaalang maiiwan natin ang tapat na pagtitiis hanggang wakas?
- Paano naman ang isang taong suwail noong bata pa ngunit kalaunan ay nagsisi at naging tapat? (tingnan sa Alma 36:6–24).
- Paano naman ang isang taong tapat sa simula ngunit hindi nagpatuloy? (tingnan sa D at T 40:1–3).

Sabihin sa mga estudyante na pag-aaralan nila ngayon ang tungkol sa isang lungsod na ang pagkawasak ay isinulat ng propetang si Nahum sa isang pahimakas.

Itanong sa mga estudyante kung ano ang alam nila tungkol sa mga taga-Asiria at sa kabiserang lungsod nitong Ninive (tingnan sa enrichment section D sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 113–16). Repasuhin ang nangyari sa Ninive sa Jonas 3 (tingnan sa komentaryo para sa Jonah 3:5–9 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 99–100). Itanong: Anong klaseng pahimakas kaya ang maaaring naisulat tungkol sa Ninive noong panahon iyon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Nahum 3:1–5 at ipalahad kung ano ang hitsura ng Ninive mahigit isang daang taon kalaunan. Itanong: Anong klaseng pahimakas kaya ang angkop sa Ninive sa panahon ni Nahum? Sabihin sa kanila na ang Nahum 3:7–19 ay matatawag na pahimakas ni Nahum sa Ninive at isinulat bago ito winasak. Ipabasa sa mga estudyante ang mga talatang iyon at papiliin sila ng isa na sa palagay nila ay pinakaangkop na iukit sa lapida ng Ninive.

Ipa-cross–reference sa mga estudyante ang Nahum 1:1–7 at Alma 46:8. Itanong:

- Paano ipinauunawa sa atin ng mga talatang iyon kung bakit pinarusahan ng Panginoon ang Ninive? (Ang lungsod na pinatawad niya noong panahon ni Jonas ay agad nakalimot at bumalik sa masamang pamumuhay.)
- Paano naging katulad sa Ninive ang ating sitwasyon kung magiging masama rin tayo?

Basahin ang Nahum 1:8–10 at ihambing ito sa Malakias 4:1. Itanong sa mga estudyante kung ano pang kaganapan ang tinukoy ni Nahum nang ilarawan niya ang pagkawasak ng Ninive. (Ang Ikalawang Pagparito.) Ipaunawa sa kanila ang dalawang katangian ng maraming propesiya sa Lumang Tipan (tingnan sa komentaryo para sa Nahum 1:2–10 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 219–20). Itanong: Ano ang magagawa ng bawat isa sa atin para maipaalam sa iba ang katotohanan at maipamuhay nila ito?

# Habacuc 1–3

## Pambungad

Karamihan sa alam natin tungkol kay Habacuc ay makukuha sa kanyang mga isinulat. Si Habacuc ay kasabayan nina Jeremias at Lehi at malamang ay nanirahan siya sa Jerusalem (tingnan sa "Ang mga Hari at Propeta ng Israel at Juda," p. 259). Nagpropesiya siya bago ang unang pagpapatapon sa mga Judio sa Babilonia noong mga 597 b.c. (tingnan sa Habacuc 1:6; tingnan din sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Habacuc," p. 70).

Ang aklat ni Habacuc ay kakaiba. Karamihan sa mga aklat ng propeta ay naglalaman ng babala ng Panginoon sa kanyang mga anak, ngunit ang aklat na ito ay talaan ng sariling pakikipag-usap ni Habacuc sa Panginoon. Habang pinag-aaralan ninyo ang talaang ito, hanapin ang dalawang ikinaliligalig ni Habacuc (tingnan sa Habacuc 1:2–4 at 1:12–2:1) at ang mga kasagutang tinanggap niya (tingnan sa Habacuc 1:5–11 at 2:2–20). Pansinin din ang magandang awit ng papuri na ipinangwakas ni Habacuc sa kanyang aklat (tingnan sa Habacuc 3).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Bagama't kahit ang matatapat ay sinisikap maunawaan ang lahat ng kanyang pamamaraan, nangako ang Panginoon na ipaaalam niya ang kanyang mga misteryo sa mga masigasig na naghahanap sa kanya (tingnan sa Habacuc 1–3; tingnan din sa Isaias 55:8–9; 1 Nephi 10:17–19; D at T 76:1–10).
- Parurusahan ng Panginoon ang masasama sa sarili niyang panahon at sa sarili niyang pamamaraan (tingnan sa Habacuc 1:1–11).
- Kung minsan ay tinutulutan ng Panginoon ang masasama na parusahan o lipulin ang isa't isa (tingnan sa Habacuc 1:5–11; tingnan din sa Mormon 4:5).
- Inaasahan ng Panginoon na mamumuhay ang kanyang pinagtipanang mga tao ayon sa liwanag na natanggap nila (tingnan sa Habacuc 1:12–2:20).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Habacuc 1–3. Bagama't sinisikap nating maunawaan ang lahat ng kanyang pamamaraan, nangako ang Panginoon na ipaaalam niya ang kanyang mga misteryo sa mga masigasig na naghahanap sa kanya.** (25–35 minuto)

Itanong sa mga estudyante:

- Saan kayo hihingi ng tulong kung hindi ninyo alam ang ibig sabihin ng isang salita?
- Saan kayo pupunta kung kayo ay maysakit?
- Saan kayo pupunta para maunawaan kung bakit umuunlad ang masasama kung minsan samantalang nagdurusa ang mabubuti?
- Angkop bang magtanong sa Panginoon?

Ipabasa sa mga estudyante ang Genesis 25:22; Exodo 3:11; Job 3:11; at Doktrina at mga Tipan 121:1–3 at ipahanap kung ano ang karaniwan sa mga banal na kasulatang ito. Talakayin kung ano ang ginawa ng mga propeta at iba pa nang maharap sila sa matitinding pagsubok at mangailangan ng tulong at pag-unawa mula sa Panginoon. Basahin at talakayin ang Santiago 1:5.

Sabihin sa mga estudyante na nabuhay si Habacuc noong ang karamihan sa mga tao ng Juda ay masasama. Ipabasa sa kanila ang Habacuc 1:1–4. Itanong:

- Ano ang itinanong ni Habacuc sa Panginoon?
- Bakit kung minsan ay tila hindi napaparusahan at umuunlad pa ang masasama samantalang pinahihirap nila ang buhay ng mga yaong nagsisikap na magpakabuti?

Basahin ang Habacuc 1:5–11 sa inyong mga estudyante at talakayin ang sagot ng Panginoon sa tanong ni Habacuc (tingnan sa komentaryo para sa Habakkuk 1:2–4 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 227). Itanong:

- Makakatakas ba sa parusa ang sinumang masama? (tingnan din sa 3 Nephi 27:11; D at T 121:7–22).
- Paano kaya matutulungan ng sagot ng Panginoon ang mga tao ngayon na gayon din ang tanong?

Ang sagot ng Panginoon ay nagpasok ng isa pang katanungan sa isipan ni Habacuc. Ipabasa sa mga estudyante ang Habacuc 1:12–17 at ipahanap ang pangalawang tanong ni Habacuc. Gamitin ang mga komentaryo para sa Habakkuk 1:5–17 at 2 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 227–28). para matulungan kayong talakayin ang sumusunod na mga tanong sa inyong mga estudyante:

- Bakit kung minsan ay tinutulutan ng Panginoon ang masasama na pasakitan ang mabubuti? (tingnan din sa D at T 122).
- Bakit higit niyang inaasahan ang kanyang mga tao na sundin ang kanyang mga utos at tipan kaysa mga taong hindi nakatanggap ng gayon karaming katotohanan? (tingnan din sa Lucas 12:47–48; D at T 82:3).

Itanong sa mga estudyante kung ano ang pakiramdam nila batid na sinagot ng Panginoon ang mga tanong ni Habacuc. Hikayatin silang bumaling sa Panginoon at sa mga salita ng mga buhay na propeta habang hinahanap nila ang mga sagot sa sarili nilang mga tanong.

Kapag tumatanggap tayo ng mga sagot o pagpapala mula sa Panginoon dapat natin siyang pasalamatan. Basahin ang Doktrina at mga Tipan 59:7, 21 at itanong sa mga estudyante kung ano ang hangad ng Panginoon sa mga pinagpapala niya. Basahin ang Habacuc 3:17–19 at itanong kung paano naging pasasalamat ang mga talatang iyon. Hikayatin ang mga estudyante na pasalamatan ang Diyos kapag pinagpapala niya sila o binibigyan sila ng pang-unawa. Tiyakin sa kanila na siya ang namamahala sa kanyang mga nilikha, kahit hindi natin nauunawaan ang lahat ng kanyang pamamaraan.

# Zefanias 1–3

## Pambungad

Si Zefanias ay kasabayan nina Jeremias, Lehi, at Nahum at nagpropesiya noong panahon ni Haring Josias, mga 639 hanggang 608 b.c. Maaaring isa siyang inapo ni Haring Ezechias (tingnan sa komentaryo para sa Zephaniah 1:1 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 223). Malagim ang mensahe ni Zefanias tungkol sa higanti ng langit sa mga kasamaan ng Juda at mga bansa sa paligid nito. Binalaan niya ang mga tao, "Hanapin ninyo ang Panginoon … ; hanapin ninyo ang katuwiran, hanapin ninyo ang kaamuan: kaypala ay malilingid [mapoprotektahan] kayo sa kaarawan ng galit ng Panginoon" (Zefanias 2:3). Ito ay isang mensaheng nababagay kay Zefanias, na ang ibig sabihin ng pangalan ay "nagtatago ang Panginoon" (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Zefanias," p. 257).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Sa Ikalawang Pagparito lilipulin ang masasama (tingnan sa Zefanias 1:3–18; 2:4–15; 3:2–8) at maliligtas ang mabubuti (tingnan sa Zefanias 2:3, 5–9; 3:9–20).
- Ang ating kabutihan ay naghahanda sa atin na maligtasan ang mga pagkawasak pagsapit ng Ikalawang Pagparito (tingnan sa Zefanias 2:1–3, 9; 3:7).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Zefanias 1–3. Kabutihan ang pinakamainam na paghahanda para sa Ikalawang Pagparito.** (20–25 minuto)

Isulat sa pisara ang sumusunod na tanong: *Sino ang lilipulin sa Ikalawang Pagparito?* Pasagutin ang mga estudyante. Kung sabihin nilang ang masasama, itanong sa kanila kung sino ang kabilang doon, dahil lahat ay nagkakasala at kahit yaong mga maliligtas sa Ikalawang Pagparito ay hindi naman sakdal. Ipabasa sa kanila ang Zefanias 1:3–18; 2:4–15; at 3:2–4, 8, 11 at ipalista ang mga kasalanang binanggit ni Zefanias na hahantong sa pagkalipol ng mga tao. Narito ang mga posibleng sagot:

- Mga sumasamba sa mga diyus-diyusan (tingnan sa 1:4–5)
- Mga tumatalikod sa Panginoon (tingnan sa 1:6)
- Mga hindi naghahanap sa Panginoon (tingnan sa 1:6)
- Mga palalo (tingnan sa 1:8, 14; 2:10; 3:11)
- Mararahas (tingnan sa 1:9)
- Mga magdaraya (tingnan sa 1:9)
- Mga sumasandig sa kayamanan (tingnan sa 1:11, 18)
- Mga lasenggo (tingnan sa 1:12)
- Mga kampante (tingnan sa 1:12)
- Mga bansang kumakalaban sa Israel (tingnan sa 2:4–15)
- Mga suwail (tingnan sa 3:2)
- Mga sumisira sa mga batas ng Diyos (tingnan sa 3:4)

Sabihin sa mga estudyante na may mungkahi si Zefanias kung paano makaiwas sa pagkalipol sa Ikalawang Pagparito. Ipabasa sa kanila ang Zefanias 2:1–3 at ipabuod ang payo ng propeta. Itanong: Ano sa palagay ninyo ang sinikap na bigyang-diin ni Zefanias sa pag-uulit ng salitang *bago?*

Magpatotoo tungkol sa kahalagahan ng paghahanda *bago* pumaritong muli ang Panginoon. Basahin ang sumusunod na pahayag ni Neal A. Maxwell, na noon ay commissioner of education ng Simbahan:

> "Kailangang tanggapin ng lahat ng miyembro ng Simbahan ang katotohanang babalik si Cristo nang buong karingalan at kapangyarihan *bago* mangyari ito; sapagkat, tulad ng sinabi ni C. S. Lewis, walang gaanong buting idudulot sa mga tao ang pagluhod kapag hindi na maaaring tumayo pa, dahil kapag 'nagpakita na ang May-akda sa entablado, tapos na ang dula!' " ("Q&A," *New Era,* Ene. 1971, 9).

Kung may oras pa, pumili ng ilang talata mula sa Zefanias 3 na nagpapakita ng mga pagpapalang darating sa mga yaong mabubuhay sa Milenyo (tingnan sa komentaryo para sa Zephaniah 3:8–20 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 224).

# Hagai 1–2

## Pambungad

Ang propesiya ni Hagai ay para sa mga Judiong nagbalik mula sa pagkabihag sa Babilonia sa utos ni Ciro noong mga 537 b.c. (tingnan sa Ezra 1:1–8). Si Hagai ay kasabayan nina Ezra, Nehemias, at Zacarias.

Sinimulan ng mga Judio na muling itayo ang templo ngunit di nagtagal ay natigil ito dahil sa pagsalungat at pang-uusig (tingnan sa Ezra 4; tingnan din sa enrichment section J at sa komentaryo para sa Ezra 4:1–10 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 311–16, 320–21). Ang propesiya ni Hagai, na ipinahayag noong mga 520 b.c., ay naghikayat sa mga Judio na muling sikaping itayo ang templo, sa kabila ng kanilang mga paghihirap, upang matanggap nila ang mga pagpapalang ipinangako ng Panginoon (tingnan din sa Ezra 5:1; 6:14; *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Hagai," p. 70).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang mga tipan at ordenansa sa templo ay mahalaga sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit para sa sangkatauhan (tingnan sa Hagai 1; 2:7–9; tingnan din sa D at T 128:11–19; 132:7–19).
- Iniutos ng Panginoon na maging karapat-dapat ang mga taong nakikibahagi sa mga ordenansa sa templo (tingnan sa Hagai 2:10–19).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Hagai 1–2. Ang mga tipan at ordenansa sa templo ay mahalaga sa plano ng kaligtasan ng Ama sa Langit para sa kanyang mga anak.** (15–25 minuto)

Isulat sa pisara ang *Lahat ng daan ay humahantong sa* __________. Itanong sa mga estudyante kung ano sa palagay nila ang mga salitang dapat isulat sa puwang. Ipaliwanag na ngayon ay matututuhan nila ang isang napakahalagang paraan para mabuo ang pangungusap na iyon.

Basahin ang Hagai 1:1–14 sa mga estudyante at talakayin ang sumusunod na mga tanong habang nagbabasa kayo:

- Bakit tumigil ang mga Judio sa pagtatayo ng templo sa Jerusalem? (tingnan sa mga talata 2–6).
- Ayon sa Panginoon, ang kanila bang kahirapan at pang-uusig sa kanila ang dahilan ng kabiguan nilang muling itayo ang templo o bunga iyon ng kabiguang iyon? (tingnan sa mga talata 7–11).
- Ano ang ipinangako ng Panginoon sa kanila kung naging tapat sila sa muling pagtatayo ng templo sa kabila ng kanilang kahirapan? (tingnan sa t. 13).
- Sa palagay ninyo, bakit napakahalaga ng templo?

Ihambing ang mga tagubilin ng Panginoon sa aklat ni Hagai sa mga tagubilin niya tungkol sa mga templo sa makabagong Israel sa Doktrina at mga Tipan 95; 109:1–5; at 124:31–55. Ibahagi sa inyong mga estudyante ang sumusunod na pahayag ni Elder Boyd K. Packer sa mga lider ng Simbahan:

> "Maaaring mag-isip kayo kung paano ipatutupad ang misyon ng Simbahan sa buhay ng inyong mga miyembro…. Sinasabi sa atin ng pahayag ng misyon na inilahad ni Pangulong Kimball kung paano ito gagawin.
>
> "Dapat nating 'ipahayag ang ebanghelyo ng Panginoong Jesucristo sa bawat bansa, lahi, wika, at tao, **upang ihanda silang tumanggap ng *mga ordenansa* ng binyag at kumpirmasyon bilang mga miyembro ng Simbahan.'**
>
> "Dapat nating 'gawing ganap ang mga Banal **sa paghahanda sa kanila na matanggap *ang mga ordenansa* ng ebanghelyo at sa pagtuturo at pagdidisiplina upang magtamo ng kadakilaan.'**
>
> "Dapat nating 'tubusin ang mga patay **sa pamamagitan ng pagsasagawa ng *mga ordenansa* ng ebanghelyo para sa mga yaong nabuhay sa daigdig.'**
>
> "Dapat nating isakatuparan ang kawalang-kamatayan at buhay na walang hanggan ng tao sa pagtutuon sa mga ordenansa at tipang kaugnay ng mga ito….
>
> "Makabubuting tiyakin natin na sa pangangasiwa sa mga organisasyon ng Simbahan, *lahat ng daan ay humahantong sa templo.* Sapagkat doon tayo inihahanda sa lahat ng bagay upang maging karapat-dapat na makapasok sa kinaroroonan ng Panginoon" (seminar ng mga regional representative, 3 Abr. 1987, 4–5; idinagdag ang italics sa huling talata).

Kumpletuhin ang pangungusap sa pisara sa pagsulat sa mga salitang *ang templo,* at ipapaliwanag sa mga estudyante kung paano humahantong sa templo ang lahat ng daan. Ipakita ang isang larawan ng templong pinakamalapit sa inyong tahanan o isang larawan ng anumang templo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Itanong sa mga estudyante kung ano ang mga pagkakaiba ng mga templo sa mga lokal na meetinghouse kung saan sila nagsisimba. Tiyaking nauunawaan ng mga estudyante na ang templo ang lugar na itinalaga ng Diyos para matanggap natin ang mga ordenansa para sa ating kaligtasan.

Isiping anyayahan ang isa o mahigit pang mga estudyante na

nakapunta na sa templo upang magpabinyag para sa mga patay o mabuklod sa kanilang mga magulang na magbahagi ng kanilang mga karanasan at patotoo sa kahalagahan ng mga templo. (Pag-ingatin sila na huwag talakayin ang mga seremonya o ordenansa ng templo.)

**Hagai 2:10–19. Iniutos ng Panginoon na maging karapat-dapat tayo sa pakikibahagi sa mga ordenansa sa templo.** (10–15 minuto)

Itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:

- Ano ang distansyang tinatakbo sa isang marathon?
- Ano ang magiging pakiramdam ninyo tungkol sa pagtakbo sa marathon bukas?
- Ano ang makahahadlang sa inyo sa pagtakbo?
- Ano ang gusto ninyong gawin bago kayo makipagpaligsahan sa pagtakbo?
- Anong paghahanda ang kailangan para makatakbo sa marathon?
- Anong paghahanda ang kailangan para makapasok sa templo?

Ipabasa sa mga estudyante ang Haggai 2:10–19 (tingnan din sa komentaryo para sa Haggai 2:10–19 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* p. 326). Ipaunawa sa kanila na ang pagdalo sa templo ay hindi nagpapabanal sa isang taong hindi karapat-dapat at ang taong iyon na dumadalo nang hindi karapat-dapat ay nilalabag ang kasagraduhan ng bahay ng Panginoon. Ipabasa sa kanila ang Doktrina at mga Tipan 110:7–8 at ipatalakay kung bakit mahalaga ang pagkamarapat para maging makabuluhan ang gawain sa templo.

# Zacarias 1–14

## Pambungad

Si Zacarias ay kasabayan ni Hagai at nagsalita rin sa mga Judiong nagsibalik mula sa pagkabihag sa Babilonia. Ang pangalang *Zacarias* ay nangangahulugang "naalaala ng Panginoon (Jehova)." Hinikayat ni Zacarias ang Israel na magsisi at muling itayo ang templo (tingnan sa Zacarias 1:1–17; tingnan din sa Ezra 5:1–2; 6:14; at sa pambungad ng manwal na ito sa aklat ni Hagai, p. 248.

Ang aklat ni Zacarias ay naglalaman ng malilinaw na propesiya ng ministeryo ni Cristo sa lupa (tingnan sa Zacarias 9:9–12; 11:10–14), gayundin ng mga kaganapan sa mga huling araw tulad ng pagtitipon ng Israel, huling malaking digmaan, at Ikalawang Pagparito (tingnan sa Zacarias 3:8–9; 10:6–12; 12–14). Ang ilan sa mga mensaheng natanggap ni Zacarias mula sa Panginoon ay tungkol sa mga pangitain (tingnan sa mga kabanata 1–6), at marami sa mga simbolo nito ang hindi pa nabibigyang-kahulugan ng mga sinauna o makabagong propeta, kaya hindi malinaw ang kahulugan ng mga ito (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Zacarias," p. 257).

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang buhay at ministeryo ng Tagapagligtas ay nakita at ipinropesiya noon pa man ni Zacarias at ng iba pang mga sinaunang propeta (tingnan sa Zacarias 3; 6:10–15; 9:9, 11–12; 11:12–13; 13:6–7; tingnan din sa Jacob 7:11).
- Sa gitna ng digmaan ng Armagedon, darating si Cristo sa Jerusalem at ililigtas ang mga Judio mula sa pagkalipol. Malalaman nila na siya ang Tagapagligtas, na ipinako sa krus, at tatanggapin nila siya bilang kanilang Mesiyas at Hari (tingnan sa Zacarias 12:3–10; 13:6, 9; 14:1–5, 9; tingnan din sa D at T 45:42–53).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Zacarias 1–14. Maraming ipinropesiyang detalye si Zacarias tungkol sa mortal na ministeryo at Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas.** (20–25 minuto)

Bigyan ng kopya ng kalakip na tsart ang bawat estudyante at iwanang blangko ang hanay ng "Propesiya tungkol sa Tagapagligtas."

| Reperensya | Propesiya tungkol sa Tagapagligtas |
|---|---|
| Zacarias 2:4–5, 10–13 | Si Cristo ay mananahan sa piling ng kanyang mga tao (tingnan sa Apocalipsis 22:1–5). |
| Zacarias 3; 6:10–15 | Si Josue ay sagisag ng dakilang Mataas na Saserdote (tingnan sa Mga Hebreo 3:1). |
| Zacarias 3:8–9; 6:12 | Si Jesus ang Sanga na magbabayad-sala para sa atin (tingnan sa Jeremias 23:5–6). |
| Zacarias 9:9 | Si Jesus ay matagumpay na papasok sa Jerusalem bilang Hari, sakay ng isang asno (tingnan sa Mateo 21:1–11). |
| Zacarias 9:11–12 | Ang mga bilanggo ay palalayain mula sa bilangguan (tingnan sa D at T 138:32–35). |
| Zacarias 11:12–13 | Ang Tagapagligtas ay ipagkakanulo kapalit ng tatlumpung pirasong pilak (tingnan sa Mateo 26:14–16; 27:3–10). |
| Zacarias 13:6 | Tatanungin ng mga Judio si Jesus tungkol sa mga sugat sa kanyang mga kamay (tingnan sa D at T 45:51–53). |
| Zacarias 13:7 | Ang pastol ay hahampasin at ang mga tupa ay kakalat (tingnan sa Mateo 26:31). |
| Zacarias 14:1–15 | Ang Panginoon ay magpapakita at ililigtas ang mga Judio sa Jerusalem (tingnan sa D at T 45:47–50). |

Ipabasa sa maliliit na grupo ng mga estudyante o sa buong klase ang mga reperensya at papunan ang hanay ng "Propesiya tungkol sa Tagapagligtas." Talakayin ang kanilang mga sagot. Gamitin ang mga reperensya sa panaklong sa hanay ng "Propesiya" upang maipaunawa sa mga estudyante kung kailan natupad o matutupad ang mga kaganapang ipinropesiya.

Magpakita ng isang maruming basahan at itanong:

- Sa palagay ba ninyo, posible pang pumuti ang basahang ito?
- Ano ang kailangan para luminis ang basahan?
- Ano ang dapat nating gawin para luminis mula sa kasalanan?

Ipabuklat sa mga estudyante ang Zacarias 3. Talakayin ang sumusunod na mga tanong:

- Sa talata 1, ano ang nakita ni Zacarias na ginagawa ni Satanas? (Ang isang kahulugan ng pangalang *Satanas* ay "nagpaparatang.")

- Ano ang suot ng mataas na saserdoteng si Josue? (tingnan sa talata 3; pansinin na hindi ito ang Josue na sumunod kay Moises).
- Ano sa palagay ninyo ang inilalarawan sa talata 4?
- Sa anong kapangyarihan tayo nalilinis o nabibigyan ng malinis na kasuotan?
- Ano ang itinuturo ng talata 7 tungkol sa inaasahan ng Panginoon sa atin? (tingnan sa mga pangungusap na nagsisimula sa "kung").
- Sino ang Sanga na binanggit sa talata 8?
- Bakit siya darating? (tingnan sa talata 9; tingnan din sa Jeremias 23:5–6).

Ipaunawa sa mga estudyante na dahil sa pagdating ni Jesucristo, napasalahat ang kapangyarihang daigin ang mga kasalanan ng mundong ito. Isa itong kapangyarihang sasagot sa mga paratang ni Satanas at maglilinis sa atin kung hahangarin natin ito sa paraan ng Panginoon. Kung gagawin natin ang ipinagagawa ng Panginoon, sa pamamagitan ng kanyang Pagbabayad-sala ay kanyang "[mapaglalaho] ang [ating] kasamaan" (tingnan sa Zacarias 3:4).

Ipakita ang maruming basahan at ang isang malinis na basahan. Magpatotoo tungkol sa kapangyarihan ng Tagapagligtas na linisin tayo.

**Zacarias 12–14. Ang aklat ni Zacarias ay may nakakatulong na impormasyon tungkol sa Ikalawang Pagparito.** (35–50 minuto)

Isulat sa pisara ang salitang *Armagedon* at ipalahad sa mga estudyante kung ano ang alam nila tungkol dito. Itanong:

- Ano ang pakiramdam ninyo kapag naiisip ninyo ang mga kaganapan sa mga huling araw at ang Ikalawang Pagparito ni Cristo?
- Ano ang ilan sa mga kaganapang kailangang mangyari bago bumalik ang Tagapagligtas?

Ilista sa pisara ang ilan sa mga kaganapang iyon. Halimbawa, ipapangaral ang ebanghelyo sa bawat bansa (tingnan sa D at T 133:37) at magkakaroon ng mga huwad na Cristo at marami ang malilinlang (tingnan sa Mateo 24:24–27).

Sabihin sa mga estudyante na nakita at nailarawan ng propetang si Zacarias ang maraming kaganapang nauugnay sa Ikalawang Pagparito. Ipaliwanag na maraming beses niyang ginamit ang mga katagang "sa araw na yaon" sa Zacarias 12–14 para ipahiwatig ang mga kaganapang matutupad sa mga huling araw. Hatiin ang mga estudyante sa maliliit na grupo at ipasaliksik ang bawat kabanata, na hinahanap ang mga katagang iyan. Ipalista sa kanila sa isang papel ang bawat kaganapang inilarawan ni Zacarias at ang reperensya nito (*Paunawa:* Hindi lahat ng kaganapan ay nagsisimula sa mga katagang "sa araw na yaon.") Ang nagawa nila ay maaaring makamukha ng sumusunod na tsart:

| Reperensya | Mga Propesiya sa mga Huling Araw |
|---|---|
| 12:2–3 | Napaglabanan ng Jerusalem ang pagkubkob. |
| 12:4 | Isinumpang mabaliw ang kanyang mga kaaway. |
| 12:5–7 | Ang mga pinuno ng Juda ay parang apoy. |
| 12:8 | Ang mahihina sa Juda ay magiging kagaya ni David. |
| 12:9 | Giniba ang mga kaaway ng Jerusalem. |
| 12:10–11 | Nakilala ng mga Judio ang "kanilang pinalagpasan." |
| 13:1 | Nabuksan ang isang bukal para linisin ang mga tao. |
| 13:2–5 | Inihiwalay sa lupain ang mga diyus-diyusan at tumigil ang mga bulaang propeta. |
| 13:6 | Nakita ng mga Judio ang mga sugat ni Cristo. |
| 13:7–9 | Inihiwalay ang pastol; dalawang bahagi ng mga tao ang namatay. |
| 14:1–2 | Nagtipon ang lahat ng bansa laban sa Jerusalem. |
| 14:3 | Nakipaglaban ang Panginoon para sa Jerusalem. |
| 14:4–5 | Tumayo si Cristo sa Bundok ng mga Olivo, na nahati sa gitna. |
| 14:6–7 | Nakita ang isang kakaibang liwanag. |
| 14:8 | Nagsibalong ang mga buhay na tubig mula sa Jerusalem. |
| 14:9–11 | Ang Panginoon ang hari; payapa ang Israel. |
| 14:12–15 | Nilipol ng isang salot ang mga kaaway ng Israel. |
| 14:16–19 | Lahat ng bansa ay sumamba sa Jerusalem. |
| 14:20–21 | Nakaukit sa mga kampanilya at palayok ang "Kabanalan sa Panginoon." |

Kung gusto ninyo, magdagdag ng karagdagang impormasyon mula sa enrichment section I sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, mga pahina 291–95).

Basahin ang Zacarias 13:6 kasabay ng Doktrina at mga Tipan 45:48–53 at 133:17–20 para sa iba pang impormasyon tungkol sa pagpapakita ng Tagapagligtas sa Bundok ng mga Olivo. Itanong sa mga estudyante kung dapat ba tayong matakot sa Ikalawang Pagparito. Basahin ang 1 Nephi 22:16–17 at ipaliwanag na hangga't tayo ay matwid hindi tayo dapat matakot (tingnan din sa D at T 38:29–30). Ipalahad sa ilang estudyante ang kanilang damdamin tungkol sa Ikalawang Pagparito na natutuhan nila mula kay Zacarias.

# Malakias 1–4

## Pambungad

Ang ibig sabihin ng pangalang *Malakias* ay "aking sugo," na angkop na itawag sa isang propeta. Nagpropesiya si Malakias sa Juda pagkatapos ng mga propetang sina Hagai at Zacarias at maaaring kasabayan siya ni Nehemias. Isinulat ang kanyang aklat mga apat na raang taon bago isinilang si Cristo (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan*, "Malakias," p. 145; pambungad sa Malakias at komentaryo para sa Malachi 1:1 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 351).

Kinagalitan ni Malakias ang mga tao dahil nawalan sila ng pananampalataya sa mga pangako ng Panginoon. Itinuro niya ang panunumbalik ng kapangyarihan ng priesthood na magbuklod, kasal at diborsyo, at mga ikapu at handog. Nagpropesiya rin siya tungkol sa sugong darating bago ang Ikalawang Pagparito ng Tagapagligtas. Karamihan sa aklat ni Malakias ay tumutukoy sa mga huling araw. Hanapin ang mga propesiyang iyon habang pinag-aaralan ninyo ang aklat na ito.

## Ilang Mahahalagang Alituntunin ng Ebanghelyo na Hahanapin

- Ang tipan ng kasal ay mabigat at sagrado at hindi dapat labagin (tingnan sa Malakias 2:11–16; tingnan din sa D at T 131:1–4; 132:15–19).
- Ang pagbabayad ng ikapu ay pagbabalik sa Diyos ng kanyang pag-aari. Kung hindi tayo magbabayad ng ating mga ikapu at handog, ninanakawan natin ang Diyos at ipinagkakait sa ating sarili ang mga ipinangakong pagpapala (tingnan sa Malakias 3:8–12; tingnan din sa Levitico 27:30–32).
- Ang kapangyarihang magbuklod na ipinanumbalik ni Elijah ay nagbibigay-daan para mabuklod nang walang hanggan ang mga pamilya. Kung wala ito, isusumpa at gugunawin ang mundo pagdating ng Panginoon (tingnan sa Malakias 4:5–6; tingnan din sa D at T 2; 110:13–16; 128:17–18; 138:46–48).

## Mga Mungkahi sa Pagtuturo

**Malakias 3 (Scripture Mastery, Malakias 3:8–10). Kung babayaran natin ang ating mga ikapu at handog, pagpapalain tayo ng Panginoon kapwa sa espiritual at sa temporal.** (20–30 minuto)

Ipakita sa mga estudyante ang isang artikulo sa pahayagan tungkol sa isang panloloob o pagnanakaw. Itanong sa kanila kung naranasan na nilang manakawan at ano ang naging pakiramdam nila. Itanong: Ano sa palagay ninyo ang pakiramdam ng mamuhay sa isang lipunang walang krimen? Sabihin sa mga estudyante na may binanggit si Malakias na gayong panahon. Basahin ang Malakias 3:1–6 at 4:1–2 sa kanila at itanong kung ano ang mangyayari sa Ikalawang Pagparito na magpapatigil sa krimen.

Muling tukuyin ang balita tungkol sa nakawan at itanong sa mga estudyante:

- Ano ang magiging pakiramdam ninyo kung ang artikulong ito ay tungkol sa inyo at nahuli kayong nagnanakaw?
- Ano ang madarama ng mga magulang ninyo?
- Ano ang madarama ninyo kung sa Diyos pala ang ninakaw ninyo?
- Paano mananakawan ng isang tao ang Diyos?

Basahin ang Malakias 3:8–9 at itanong sa mga estudyante kung bakit parang pagnanakaw sa Diyos ang kabiguang magbayad ng ikapu at mga handog (tingnan sa komentaryo para sa Malachi 3:7–9 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi*, p. 353–54). Basahin ang Doktrina at mga Tipan 64:23–24 at talakayin kung bakit napakahalagang utos ang magbayad ng ikapu. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Dallin H. Oaks:

> "Ang pagbabayad ng ikapu ay katibayan na tinatanggap natin ang batas ng sakripisyo. Inihahanda rin tayo nito para sa batas ng lubos na paglalaan at iba pang mas matataas na batas ng kahariang selestiyal" (sa Conference Report, Abr. 1994, 45; o *Ensign*, Mayo 1994, 34).

Itanong sa mga estudyante:

- Bukod sa ikapu, sa paano pang paraan ninanakawan ng mga tao ng Juda ang Diyos ayon kay Malakias? (Sa pagbabayad ng mga handog; tingnan sa Malakias 3:8.)
- Anong mga handog ang iniutos na ibigay natin sa Panginoon sa ating panahon?

Ipakita sa mga estudyante ang isang resibo ng ikapu at mga handog at talakayin kung paano ginagamit ang mga handog-ayuno at pondo para sa misyonero. (Ang mga handog-ayuno ay ginagamit upang tulungan ang mga maralita, ang pondo para sa misyonero ay tumutulong sa mga misyonero mula sa lahat ng dako ng mundo na hindi makapagmimisyon nang walang tulong, at ang mga donasyong pangkawanggawa ay tumutulong sa iba pang mga pangangailangang pangkapakanan sa buong mundo.)

Ipabasa sa mga estudyante ang Malakias 3:10–12 at ipalahad kung ano ang ipinangako ng Panginoon sa mga tapat magbayad ng kanilang ikapu at mga handog. Ibahagi ang sumusunod na pahayag ni Elder Ezra Taft Benson, na noon ay miyembro ng Korum ng Labindalawang Apostol:

"Pinagpapala sa temporal ang isang tao sa pagsunod sa batas ng ikapu. Ngunit espirituwal naman ang pinakadakilang mga pagpapala ng Panginoon. Iyan marahil ang mas malalim na kahulugan ng pahayag na, 'Bubuksan [ko] sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan' (Malakias 3:10). Sinabi ng namayapang si Elder Melvin J. Ballard, isang Apostol, na 'nangako ang Panginoon na ang lalaki at babaeng nagbabayad ng tapat na ikapu ay paglalaanan, [ngunit] hindi Siya nangakong payayamanin sila, hindi sa mga materyal na bagay. Ang pinakadakilang mga pagpapala ng Panginoon ay espirituwal, at hindi materyal.' (*Crusader for Righteousness,* p. 124)" (*The Teachings of Ezra Taft Benson,* 472–73).

Ipa-cross-reference sa mga estudyante ang Malakias 3:8–10 sa Doktrina at mga Tipan 64:23. Talakayin kung ano ang karagdagang pagpapalang ipinangako ng Panginoon sa mga nagbabayad ng tapat na ikapu. (Hindi sila masusunog sa kanyang pagparito.)

**Malakias 1–4. Kung handa tayo para sa Ikalawang Pagparito ni Jesucristo, hindi tayo dapat matakot.** (25–45 minuto)

Ipawari sa mga estudyante na unang araw ng pasukan nila sa paaralan. Ipinapaliwanag ng guro ang iba't ibang takdang-araling magpapasiya ng huling marka nila ngunit hindi sinabi kung kailan nakatakdang ipasa ang mga iyon. Sinasabi lang ng guro na nakatakdang ipasa ang gawaing iyon anumang araw ng semestre. Bibigyan sila ng sapat na panahon para kumpletuhin ang lahat ng takdang-aralin ngunit isang araw, walang sabi-sabing hihingin ng guro ang lahat ng takdang-aralin para sa buong semestreng iyon. Ang mga estudyanteng nagdala ng mga ito sa klase sa araw na iyon, na kumpleto na, ang pasado sa klase at bibigyan ng huli nilang marka. Yaong mga hindi nakakumpleto sa anuman sa mga takdang-aralin ay bagsak sa klase.

Itanong sa mga estudyante ang mga sumusunod:

- Kailan ninyo sisimulang gawin ang mga takdang-aralin?
- Ipagpapaliban ba ninyo ang mga ito hanggang sa katapusan ng semestre?
- Kung nakumpleto ninyong lahat iyon, ano ang madarama ninyo sa araw-araw na pagpasok ninyo sa klase?
- Ano ang madarama ninyo kung hindi kayo handa?
- Kapag nagbibigay ng takdang-araw ang guro para sa isang mahalagang sulatin o takdang-aralin, kailan ninyo ito karaniwang ginagawa?
- Bakit mahilig magpabukas o magpaliban ang ilang tao sa paggawa ng takdang-aralin hanggang sa huling sandali?

Ipabasa sa mga estudyante ang Mateo 24:36–42, at itanong:

- Paano natutulad sa sitwasyong kalalahad pa lang ang mga talatang iyon?
- Sa palagay ninyo, bakit hindi sasabihin sa atin ng Panginoon kung kailan siya talaga paparito?
- Ano ang nais niyang gawin natin araw-araw?



Kung hindi pa ninyo nagagamit ang mungkahi sa pagtuturo para sa Zacarias 12–14 (p. 251), magandang gamitin ito rito. Kung nagamit na, repasuhin sa mga estudyante ang mga kaganapang humahantong sa Ikalawang Pagparito. Kapag naunawaan na ng mga estudyante ang malawakang pagkawasak na ipinropesiya para sa mga huling araw, ipabuklat sa kanila ang Malakias 3:2 at pasagutan ang tanong doon: "Sino ang tatayo pagka siya'y pakikita?"

Ipabasa sa mga estudyante ang Malakias 3–4 at ipahanap ang mga sagot sa sumusunod na mga tanong:

- Ano ang sinabi ni Malakias na dapat nating gawin para mapaghandaan ang Ikalawang Pagparito?
- Ano ang ibinabala niyang huwag nating gawin na magiging dahilan para hindi tayo maging handa?

Talakayin ang mga sagot ng mga estudyante. Gamitin ang impormasyon para sa Malachi 3–4 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi,* mga pahina 353–56). para maipaunawa sa inyong mga estudyante ang kanilang binabasa.

Ipabasa sa buong klase ang Malachi 4:5. Itanong sa mga estudyante:

- Ano sa palagay ninyo ang ibig sabihin ng Panginoon nang tawagin niyang "dakila at kakilakilabot na araw" ang Ikalawang Pagparito?
- Dapat ba nating katakutan ang Ikalawang Pagparito? (tingnan sa D at T 38:30).

Hikayatin ang mga estudyante na mag-isip ng isang bagay na magagawa nila upang higit na mapaghandaan ang Ikalawang Pagparito at simulang gawin ang bahaging iyan ng kanilang buhay.

**Malakias 4:5–6 (Scripture Mastery). Nangako ang Panginoon na isusugo si Elijah bago ang Ikalawang Pagparito, upang "ibaling ang mga puso ng mga ama sa mga anak, at ang mga anak sa kanilang mga ama."** (15–20 minuto)

Patingnan sa mga estudyante ang scripture mastery reference ng Lumang Tipan na nagsasabi sa atin kung ano ang "gawain" ng Ama sa Langit (Moises 1:39). Matapos basahin ang talatang iyon, sabihin sa mga estudyante na itinuro ng propetang si Malakias kung ano ang ginawa ng Diyos upang matiyak na tama ang kinahinatnan ng kanyang gawain.

Basahin ang Malakias 4:5–6 sa inyong mga estudyante at itanong sa kanila kung sino si Elijah (tingnan sa *Gabay sa mga Banal na Kasulatan,* "Elijah," mga pahina 57–58). Pansinin na matatagpuan din ang mga talatang iyon sa ibang mga pamantayang aklat ng Simbahan (tingnan sa 3 Nephi 25:5–6; D at T 2; Joseph Smith—Kasaysayan 1:36–39). Gamitin ang komentaryo para sa Malachi 4:5–6 sa *Old Testament: 1 Kings–Malachi, mga* pahina 355–56). para makatulong sa pagtalakay sa sumusunod na mga tanong:

- Bakit si Elijah ang isusugo at hindi ang ibang propeta? (Ayon kay Pangulong Joseph Fielding Smith, "Si Elijah ang kahuli-hulihan sa mga propeta sa sinaunang Israel na mayhawak ng kaganapan ng priesthood, ibig sabihin, ang huling propeta na nadamitan ng kaganapan ng kapangyarihang magbuklod. Hindi taglay ng mga propetang sumunod sa kanya ang kaganapang ito" [*Doctrines of Salvation,* 3:151]).
- Ano ang dadalhin ni Elijah? (tingnan din sa D at T 110:13–16).
- Ano ang ibig sabihin ng "ibaling ang mga puso ng … mga anak sa kanilang mga ama"?
- Ano ang mangyayari kung hindi isinugo si Elijah? (tingnan din sa D at T 2:2–3; 128:15, 17–18; Joseph Smith—Kasaysayan 1:39).
- Hinihintay pa rin ba natin ang pagdating ni Elijah, o dumating na siya? (tingnan sa D at T 110:13).

Magpatotoo na naipanumbalik na ang kapangyarihang magbuklod na ipinangako ng Panginoon na ipadadala sa pamamagitan ni Elijah. Hikayatin ang mga estudyante na sikaping maging karapat-dapat sa temple recommend at samantalahin ang lahat ng pagkakataong maging "mga tagapagligtas sa Bundok ng Sion" (tingnan sa Obadias 1:21) sa pamamagitan ng paggawa ng family history at pagpunta sa templo.

# ANG MAG-ANAK

## ISANG PAGPAPAHAYAG SA MUNDO

### Ang Unang Panguluhan at Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw

Kami, ang Unang Panguluhan at ang Kapulungan ng Labindalawang Apostol ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, ay taimtim na nagpapahayag na ang kasal sa pagitan ng isang lalaki at ng isang babae ay inorden ng Diyos at ang mag-anak ang sentro ng plano ng Tagapaglikha para sa walang hanggang tadhana ng Kanyang mga anak.

Lahat ng tao—lalaki at babae—ay nilalang sa larawan ng Diyos. Bawat isa ay minamahal na espiritung anak na lalaki o anak na babae ng mga magulang na nasa langit, at bilang gayon, bawat isa ay may katangian at tadhana na tulad ng sa Diyos. Ang kasarian ay mahalagang katangian ng pagkakakilanlan at layunin ng isang tao sa kanyang buhay bago pa ang buhay niya sa mundo, sa buhay niyang mortal, at sa walang hanggan.

Sa buhay bago pa ang buhay sa mundo, kilala at sinamba ng mga espiritung anak na lalaki at anak na babae ang Diyos bilang kanilang Amang Walang Hanggan at tinanggap ang Kanyang plano na naglaan sa Kanyang mga anak na magkaroon ng pisikal na katawan at magtamo ng karanasan sa mundo upang umunlad tungo sa kaganapan at sa huli ay makamtan ang kanilang banal na tadhana bilang tagapagmana ng buhay na walang hanggan. Ang plano ng kaligayahan ng Diyos ang nagpapahintulot sa mga ugnayan ng mag-anak na magpatuloy sa kabilang buhay. Ang mga banal na ordenansa at tipan na makukuha sa mga banal na templo ang nagbibigay ng pagkakataon sa mga tao na makabalik sa kinaroroonan ng Diyos at upang ang mga mag-anak ay magkasama-sama sa walang hanggan.

Ang unang kautusan na ibinigay ng Diyos kina Adan at Eva ay tungkol sa kanilang potensiyal na maging magulang bilang mag-asawa. Ipinapahayag namin na ang kautusan ng Diyos sa Kanyang mga anak na magpakarami at kalatan ang lupa ay nananatiling may bisa. Ipinapahayag din namin na ang banal na kapangyarihang lumikha ng bata ay nararapat lamang gawin ng lalaki at babae na ikinasal bilang mag-asawa ayon sa batas.

Ipinapahayag namin na ang paraan ng paglikha ng buhay na mortal ay itinakda ng Diyos. Pinagtitibay namin ang kabanalan ng buhay at ang kahalagahan nito sa walang hanggang plano ng Diyos.

Ang mag-asawa ay may banal na tungkuling mahalin at kalingain ang bawat isa at ang kanilang mga anak. "Ang mga anak ay mana na mula sa Panginoon" (Mga Awit 127:3). Ang mga magulang ay may banal na tungkuling palakihin ang kanilang mga anak sa pagmamahal at kabutihan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, turuan silang magmahalan at maglingkod sa isa't isa, sundin ang mga kautusan ng Diyos, at maging masunurin sa batas saanman sila naninirahan. Ang mga mag-asawa—ang mga ama at ina—ay pananagutin sa harap ng Diyos sa kanilang pagtupad sa mga tungkuling ito.

Ang mag-anak ay inorden ng Diyos. Ang kasal sa pagitan ng lalaki at babae ay mahalaga sa Kanyang walang hanggang plano. Ang mga anak ay may karapatang isilang sa loob ng matrimonyo, at palakihin ng isang ama at isang ina na gumagalang nang buong katapatan sa pangakong kanilang ginawa nang sila ay ikasal. Ang kaligayahan sa buhay ng mag-anak ay lalong higit na makakamit kapag isinalig sa mga turo ng Panginoong Jesucristo. Ang mga matagumpay na buhay mag-asawa at mag-anak ay itinatatag at pinananatili sa mga alituntunin ng pananampalataya, panalangin, pagsisisi, pagpapatawad, paggalang, pagmamahalan, awa, gawa, at kapaki-pakinabang na mga gawaing panlibangan. Sa plano ng Diyos, ang mga ama ang mangungulo sa kanilang mga mag-anak sa pagmamahal at kabutihan at ang may tungkuling maglaan para sa mga pangangailangan sa buhay at kaligtasan ng kanilang mga mag-anak. Ang mga ina ang may pangunahing tungkulin na mag-aruga sa kanilang mga anak. Sa mga banal na tungkuling ito, ang mga ama at ina ay may pananagutang magtulungan bilang magkasama na may pantay na pananagutan. Ang pagkakaroon ng kapansanan, ang kamatayan, o iba pang kalagayan ay maaaring magpabago sa mga takdang tungkulin ng bawat isa sa pagkalinga sa mag-anak. Ang mga kamag-anak ay dapat magbigay ng tulong kung kinakailangan.

Kami ay nagbababala na ang mga taong lumalabag sa mga tipan ng kalinisang-puri, nang-aabuso ng asawa o anak, o bigo sa pagtupad ng kanilang mga tungkulin sa mag-anak ay mananagot balang-araw sa harap ng Diyos. At gayon din, kami ay nagbababala na ang pagkakawatak-watak ng mag-anak ay magdudulot sa mga tao, mga komunidad, at mga bansa ng mga kapahamakang sinabi na noon pa ng mga sinauna at makabagong propeta.

Kami ay nananawagan sa mga responsableng mamamayan at mga pinuno ng gobyerno sa lahat ng dako na magtatag ng mga pamamaraan upang mapanatili at mapalakas ang mag-anak bilang pangunahing yunit ng lipunan.

*Ang pagpapahayag na ito ay binasa ni Pangulong Gordon B. Hinckley bilang bahagi ng kanyang mensahe sa General Relief Society Meeting na ginanap noong Setyembre 23, 1995, sa Salt Lake City, Utah.*

# Ang mga Hari ng Nagkakaisang Kaharian ng Israel

Paunawa: Gumawa ng ilang pagbabago at pagtatama sa mga petsa. Sa gayon ay magkakaroon ito ng kaunting pagkakaiba sa matatagpuan sa Bible Dictionary.

## Ang mga Hari at Propeta ng Israel at Juda

**Saul**
**David**
**Salomon**
**mga 1050–930 b.c.**

## Ang mga Hari ng Israel

**Jeroboam I:** Naghari nang dalawampu't dalawang taon (mga 930–909 b.c.). Pinili ng Panginoon si Jeroboam na maging hari ng sampung lipi sa hilaga ngunit hindi niya sinunod ang mga utos. Sa halip, inakay niya ang Israel sa pagsamba sa mga diyus-diyusan at naging huwaran ng halos lahat ng sumunod na mga hari ng Israel (tingnan sa I Mga Hari 12:25–14:20).

**Nadab:** Naghari nang dalawang taon (mga 909–908 b.c.). Ipinagpatuloy ni Nadab, anak ni Jeroboam, ang kasamaang sinimulan ng kanyang ama. Pinatay siya ni Baasa (tingnan sa I Mga Hari 15:25–31).

**Baasa:** Naghari nang dalawampu't apat na taon (mga 908–886 b.c.). Nakuha ni Baasa ang trono sa pagpaslang kay Nadab at paglipol sa buong angkan ni Jeroboam. Ipinagpatuloy niya ang kasamaan ni Jeroboam at ibinadya ng propetang si Jehu na malilipol ang kanyang sambahayan tulad ng paglipol niya sa sambahayan ni Jeroboam (tingnan sa I Mga Hari 15:32–16:7).

**Ela:** Naghari nang dalawang taon (mga 886–885 b.c.). Si Ela, anak ni Baasa, ay pinatay ni Zimri, ang kanyang punong kawal. Pagkatapos ay pinatay ni Zimri ang buong sambahayan ni Baasa, na naging katuparan ng propesiya ni Jehu (tingnan sa I Mga Hari 16:8–14).

**Zimri:** Naghari nang pitong araw (mga 885 b.c.). Nag-aklas ang militar laban kay Zimri, na sa huli ay nagpakamatay (tingnan sa I Mga Hari 16:9–20).

**Omri** (mga 885–874 b.c.) at **Thibni** (mga 885–880 b.c.): Pinagtalunan nina Omri at Thibni ang pamumuno sa kaharian nang apat na taon. Namatay si Thibni, at si Omri ang naging hari. Itinatag ni Omri ang lungsod ng Samaria at ginawa itong kabisera. Labindalawang taon pa siyang naghari, nang mas masama kaysa mga nauna sa kanya (tingnan sa I Mga Hari 16:16–28).

**Achab:** Naghari nang dalawampu't dalawang taon (mga 874–853 b.c.). Si Achab, anak ni Omri, ang itinuturing na pinakamasamang hari sa hilagang kaharian. Pinakasalan niya si Jezabel, isang prinsesang Sidonio na sumasamba sa diyus-diyusan na nagpasimula ng pagsamba kay Baal at umusig sa mga sumunod kay Jehova. Tinangka niyang ipapatay ang propetang si Elias. Ipinropesiya ni Elias ang pagkamatay nina Achab at Jezabel (tingnan sa I Mga Hari 16:29–22:40; II Mga Cronica 18).

**Ochozias:** Naghari nang dalawang taon (mga 853–852 b.c.). Ipinagpatuloy ni Ochozias ang kasamaan ng kanyang amang si Achab (tingnan sa I Mga Hari 22:51–II Mga Hari 1:18).

**Jehoram, o Joram:** Naghari nang labindalawang taon (mga 852–841 b.c.). Bagama't hindi kasingsama ng kanyang ama at lolo, nagpatuloy si Joram sa mga kasalanan ni Jeroboam (tingnan sa II Mga Hari 3:1–8:15).

## Ang mga Propeta

| Israel | Pareho | Juda |
|---|---|---|
| Ahias | | Iddo |
| | | Semeias |
| | Jehu | Azarias |
| | | Hanani |
| Obadias? | | Jahaziel |
| Elias | Micheas | Eliezer |
| Eliseo | | Joel? |

## Ang mga Hari ng Juda

**Roboam:** Naghari nang labimpitong taon (mga 930–913 b.c.). Si Roboam, anak ni Solomon, ay masunurin sa Panginoon kung minsan at kung minsan naman ay sumunod sa kasamaan ng mga kalapit-bansa. Bunga nito, nilusob ni Sisac, faraon ng Egipto, ang Juda at ninakawan ang templo (tingnan sa I Mga Hari 12:1–24; 14:21–31; II Mga Cronica 10:1–12:16).

**Abiam:** Naghari nang tatlong taon (mga 913–910 b.c.). Si Abiam, na tinatawag ding Abias, ay anak ni Roboam. Ipinagpatuloy niya ang mga kasalanang sinimulan ng kanyang ama (tingnan sa I Mga Hari 15:1–8; II Mga Cronica 13).

**Asa:** Naghari nang apatnapu't isang taon (mga 910–869 b.c.). Si Asa ay anak ni Abiam at "ginawa … ang matuwid sa harap ng mga mata ng Panginoon" (I Mga Hari 15:11). Nagpasimula siya ng mga reporma upang alisin sa lupain ang pagsamba sa diyus-diyusan. Pinalakas din niya ang militar at tinalo ang Israel at mga taga-Etiopia nang sumalakay ang mga ito (tingnan sa I Mga Hari 15:9–24; II Mga Cronica 14–16).

**Josaphat:** Naghari nang dalawampu't limang taon (mga 872–848 b.c.). Namuno si Josaphat nang tatlong taon kasama ng kanyang amang si Asa, at limang taon kasama ng kanyang anak na si Joram. Namuno siya nang matalino at matwid, maliban sa pagiging malapit na kaibigan nina Achab at Ochozias ng Israel. Kaya nga humantong ito sa hindi mabuting pagpapakasal ng kanyang anak sa anak na babae ni Achab (tingnan sa I Mga Hari 22:41–50; II Mga Cronica 17:1–21:3).

**Joram:** Naghari nang walong taon (mga 853–841 b.c.). Hindi tinularan ni Joram ang kabutihan ng kanyang amang si Josaphat. Pinaslang niya ang kanyang mga kapatid, pinakasalan si Athalia, anak nina Jezabel at Achab, at naghari sa kasamaan (tingnan sa II Mga Hari 8:16–24; II Mga Cronica 21).

**Ochozias:** Naghari nang isang taon (mga 841 b.c.). Si Ochozias ay pinatay ni Jehu, na siya ring pumatay kay Joram, hari ng Israel (tingnan sa II Mga Hari 8:25–29; 9:27–29; II Mga Cronica 22:1–9).

*may karugtong sa pahina 258*



*may karugtong sa pahina 258*

## Ang mga Hari ng Israel *may karugtong*

**Jehu:** Naghari nang dalawampu't walong taon (mga 841–814 b.c.). Si Jehu ay hinirang ng isang propeta na maging hari ng Israel at nilipol ang sambahayan ni Achab. Inalis niya ang pagsamba kay Baal ngunit hindi ang mga guyang ginto ni Jeroboam (tingnan sa II Mga Hari 9:1–10:36).

**Joachaz:** Naghari nang labimpitong taon (mga 814–798 b.c.). Muling pinasimulan ni Joachaz ang pagsamba kay Baal, na sinikap alisin ng kanyang amang si Jehu (tingnan sa II Mga Hari 13:1–9).

**Joas:** Naghari nang labing-anim na taon (mga 798–782 b.c.). Nagpatuloy si Joas sa mga kasalanan ng kanyang amang si Joachaz (tingnan sa II Mga Hari 13:10–25).

**Jeroboam II:** Naghari nang apatnapu't isang taon (mga 793–753 b.c.). Namuno si Jeroboam kasama ng kanyang amang si Joas, nang labindalawang taon. Hindi siya naging mabuti, ngunit isa siyang makapangyarihang haring ginamit ng Panginoon upang talunin ang mga kaaway ng Israel at bigyan ang mga tao ng huling pagkakataong magsisi (tingnan sa II Mga Hari 14:23–29).

**Zacharias:** Naghari nang anim na buwan (mga 753 b.c.). Si Zacharias, anak ni Jeroboam, ay pinaslang ni Sallum (tingnan sa II Mga Hari 15:8–12).

**Sallum:** Naghari nang isang buwan (mga 751 b.c.). Si Sallum ay pinatay ni Manahem (tingnan sa II Mga Hari 15:10–15).

**Manahem:** Naghari nang sampung taon (mga 752–742 b.c.). Pinaslang ni Manahem si Sallum upang maagaw ang trono. Pinagbuwis niya ang mga tao nang malaki para ibigay sa Asiria (tingnan sa II Mga Hari 15:14–22).

**Pekaia:** Naghari nang dalawang taon (mga 742–740 b.c.). Si Pekaia, anak ni Manahem, ay pinatay ni Peka sa isang pag-aaklas ng militar (tingnan sa II Mga Hari 15:23–26).

**Peka:** Naghari nang dalawampung taon (mga 752–732 b.c.). Nagsimulang mamuno si Peka sa isang karibal na kaharian sa silangan ng Ilog Jordan noong naghahari si Manahem. Maraming Israelita ang nabihag sa pangalawang pananakop ng mga taga-Asiria (tingnan sa II Mga Hari 15:27–31).

## Ang mga Propeta

| Israel | Pareho | Juda |
|---|---|---|
| Elisha | | Zacarias |
| Jonas | Amos | |
| | Oseas | Isaias |
| | Obed | Mikas |

## Ang mga Hari ng Juda *may karugtong*

**Reyna Athalia:** Namuno nang pitong taon (mga 841–835 b.c.). Si Athalia ay ina ni Ochozias at anak nina Achab at Jezabel. Pagkamatay ni Ochozias inangkin niya ang trono matapos patayin ang "lahat na lahing hari" (II Mga Hari 11:1), maliban sa isang apo, si Joas, na itinago. Pinasimulan niya ang pagsamba kay Baal at siya ay binitay (tingnan sa II Mga Hari 11; II Mga Cronica 22:10–23:21).

**Joas:** Naghari nang apatnapung taon (mga 835–796 b.c.). Iniligtas ni Josaba, kapatid na babae ni Ochozias, ang sanggol na si Joas mula sa mamatay-tao niyang lola na si Athalia. Itinago nila ng asawa niyang si Joiada, ang saserdote, si Joas sa templo nang anim na taon. Namuno si Joiada sa isang malaking pag-aaklas noong pitong taong gulang si Joas na siyang nagluklok kay Joas sa trono at nagpapatay kay Athalia. Pinatigil ni Joas ang pagsamba kay Baal at ipinaayos ang templo (tingnan sa II Mga Hari 12; II Mga Cronica 24).

**Amasias:** Naghari nang dalawampu't siyam na taon (mga 796–767 b.c.). Si Amasias, anak ni Joas, ay medyo tapat at medyo mangmang. Tinalo niya ang Edom sa pakikinig sa babala ng isang propeta, ngunit pagkatapos ay nakibahagi sa pagsamba sa diyus-diyusan at hiniya siya ni Joas, hari ng Israel. Namuno si Azarias kasabay niya noong huling dalawampu't apat na taon ng kanyang paghahari. Pinaslang si Amasias noong siya ay ipatapon (tingnan sa II Mga Hari 14:1–22; II Mga Cronica 25).

**Azarias, o Uzzia:** Naghari nang limampu't dalawang taon (mga 792–740 b.c.). Si Azarias ay mahusay mamuno sa kanyang mga kawal ngunit mahina ang espirituwalidad. Pinalakas niya ang Juda sa mga kalapit-bayan nito ngunit hindi niya inalis sa kaharian ang pagsamba sa diyus-diyusan. Nagkaroon siya ng ketong at namunong kasabay ng kanyang anak na si Jotham noong huling sampung taon ng kanyang paghahari (tingnan sa II Mga Hari 15:1–7; II Mga Cronica 26).

**Jotham:** Naghari nang labing-anim na taon (mga 750–732 b.c.). Si Jotham ay mahusay mamahala ngunit, tulad ng kanyang ama, hindi niya inalis sa Juda ang pagsamba sa diyus-diyusan. Namuno siya kasabay ng kanyang anak na si Achaz sa huling apat na taon ng kanyang paghahari (tingnan sa II Mga Hari 15:32–38; II Mga Cronica 27).

**Achaz:** Naghari nang labing-anim na taon (mga 735–715 b.c.). Taliwas man sa payo ng propetang si Isaias, nakianib si Achaz sa Asiria. Ibinaling niya ang Juda sa pagsamba sa diyus-diyusan at itinapon pa sa apoy ang sarili niyang mga anak na lalaki bilang sakripisyo (tingnan sa II Mga Hari 16; II Mga Cronica 28).


*may karugtong sa pahina 259*

*may karugtong sa pahina 259*

## Ang mga Hari ng Israel *may karugtong*

Oseas: Naghari nang siyam na taon (mga 732–722 b.c.). Noong si Oseas ang hari, ang Israel ay hindi nakaiwas sa pagbihag. Nabihag ng Asiria ang Samaria noong mga 721 B.C. at ipinatapon ang karamihan sa mga mamamayan. Pagkatapos ay nangakalat sila at naging "sampung nawawalang lipi" (tingnan sa II Mga Hari 17:1–34).

### Ang Wakas ng Hilagang Kaharian ng Israel




**Ang Pagpapatapon sa Asiria**

"Kaya't ang Panginoon ay totoong nagalit sa Israel, at inalis sila sa kaniyang paningin: walang naiwan kundi ang lipi ni Juda lamang" (II Mga Hari 17:18).

**ANG MGA PROPETA**

Israel | Pareho | Juda

- Juda: Mikas, Isaias, Nahum, Hulda (propetisa), Zefanias, Habacuc, Jeremias, Daniel
- Pareho: Lehi

## Ang mga Hari ng Juda *may karugtong*

**Ezechias:** Naghari nang dalawampu't siyam na taon (mga 715–686 b.c.). Si Ezechias, anak ni Achaz, ay kinikilalang isa sa pinakamabubuting hari ng Juda. Pinatigil niya ang pagsamba sa diyus-diyusan, nilinis ang templo, at ibinalik ang pagsamba kay Jehova. Dahil sa kanyang katapatan, pinigil ng Panginoon ang paglusob ng mga taga-Asiria at dinagdagan din ng labinlimang taon ang buhay ni Ezechias. Sa panahong iyon isinilang ang kanyang anak na si Manases (tingnan sa II Mga Hari 18–20; II Mga Cronica 29–32; Isaias 36–39).

**Manases:** Naghari nang limampu't limang taon (mga 697–642 B.C.), namuno nang labing-isang taon kasabay ng kanyang amang si Ezechias. Sa II Mga Hari 21, inilarawan si Manases na mas masama kaysa mga Amorrheo na nilipol ng mga Israelita. Lubos niyang binaligtad ang lahat ng mabuting nagawa ng kanyang ama. Ipinatupad niya ang pagsamba sa diyus-diyusan at pinatay ang mga propeta ni Jehova. Isinakripisyo rin niya ang sariling mga anak sa mga diyus-diyusan (tingnan sa II Mga Hari 21:1–18; II Mga Cronica 33:1–20).

**Amon:** Naghari nang dalawang taon (mga 642–640 b.c.). Ipinagpatuloy ni Amon ang kasamaan ng kanyang amang si Manases, at pinatay siya ng kanyang mga lingkod (tingnan sa II Mga Hari 21:19–26; II Mga Cronica 33:21–25).


**Josias:** Naghari nang tatlumpu't isang taon (mga 640–609 b.c.). Si Josias, na naluklok sa trono sa gulang na walo, ay kilala sa pagtatatag ng pinakamalawak na pagbabago sa relihiyon sa kasaysayan ng Juda. Ang batas ni Moises ay muling natuklasan at itinuro. Sa kasamaang-palad, napatay si Josias sa pakikibaka sa mga taga-Egipto at hindi nagtagal ang kanyang mga reporma (tingnan sa II Mga Hari 22:1–23:30; II Mga Cronica 34–35).

**Joachaz:** Naghari nang tatlong buwan (mga 609 b.c.). Inalis ng Faraon si Joachaz at iniluklok sa trono ang kapatid nitong si Eliacim (tingnan sa II Mga Hari 23:31–33; II Mga Cronica 36:1–4).

**Joacim, o Eliacim:** Naghari nang labing-isang taon (mga 609–598 b.c.). Pinalitan ng Faraon ng Joacim ang pangalan ni Eliacim. Paulit-ulit na tinanggihan ni Joacim ang payo ng propetang si Jeremias at tinangka niyang patayin ito. Napatay siya matapos maghimagsik laban sa Babilonia (tingnan sa II Mga Hari 23:34–24:7; II Mga Cronica 36:5–8).

**Joachin:** Naghari nang tatlong buwan (mga 598–597 b.c.). Si Joachin at marami pang iba ay dinalang bihag sa Babilonia (tingnan sa II Mga Hari 2:8–17; II Mga Cronica 36:9–10).

*may karugtong sa pahina 260*





Pinahintulutan ni Haring Ciro ang pagbalik ng mga Judio sa Jerusalem mga 537 b.c. Sina Hagai, Zacharias, at Malakias ay mga propeta sa mga Judio nang makabalik na sila.

# Ang mga Hari ng Juda


**Sedecias, o Matanias:** Naghari nang labing-isang taon (mga 597–586 b.c.). Tinanggihan din ni Sedecias ang payo ng propetang si Jeremias na magpailalim sa Babilonia. Nakianib siya sa Egipto, kaya winasak ng Babilonia ang Jerusalem at dinalang bihag ang mga Judio sa Babilonia (tingnan sa II Mga Hari 24:18–25:21; II Mga Cronica 36:11–21).

### Ang Pagpapatapon sa Katimugang Kaharian ng Juda




### Ang Pagpapatapon sa Babilonia


"Sino ang nagbigay ng Jacob na pinaka samsam, at ng Israel sa mga magnanakaw? di baga ang Panginoon? na laban sa kaniya ay nangagkasala tayo, at sa mga daan niya ay hindi sila nagsilakad, o naging masunurin man sila sa kaniyang kautusan" (Isaias 42:24).




**Ang light-year ay ang distansyang nilalakbay ng liwanag sa loob ng isang taon sa bilis na 186,000 milya kada segundo, na halos 9.5 trilyong kilometro (halos 5.9 trilyong milya).**











ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02345 89893 7
34589 893